

*The Despicable*

*Guy*

*Book 2*

By: [Leng de Chavez // shirlengtearjerky](#)

All rights reserved. © 2012

No part of this book may be reproduced or transmitted in any form or by any means, electronic or mechanical, including photocopying, recording or by any information storage and retrieval system, without the written permission of the Publisher, except where permitted by law.

**PROLOGUE**

JUNE.

Ano bang pwedeng i-connect sa buwan na yan?

Start ng bagong school year?

Mabagyo?

Independence Day?

Rizal Day?

Manila Day?

Para sakin, ano nga ba ang June?

Sige, may pop quiz ako sa inyo. Ano yung isa sa mga pangarap ko nung elementary ako? Na connected sa buwan ng June?

Hmmm..

Sirit?~

I want to be a June bride.

Yep. June bride.

Ang bata ko ba para magpakasal!? Sinong nagsabi ha!?!

Iba na kasi yung feeling pag alam mong.. yun na eh. Na sya na.

Wala nang makakapigil sayo!

Ganito talaga siguro yung feeling ng ganun! Sya na e! Tapos excited ka sa preparations.. invitations.. pagpili ng guests mula principal sponsors hanggang sa ring bearer.. pagpili ng cute na giveaways.. bridesmaid! Maiden of Honor! Wedding Song!

And who could ever forget the stunning wedding dress?! :DD

Hindi naman ako excited noh? :">>

Hell, I'm excited! Why?

Kasi kating-kati na kong sabihin ang mga salitang "I Do" sa groom ko. :">>>

Sa lalaking pinakamamahal ko :)

SO HEY. Let's open the book 2 of our story with a wedding.

And of course,

*You're cordially invited.*

## **CHAPTER 1**

TWO YEARS LATER.

(Pag sinabing 2 years later, after nung pagpunta ni Jersey sa Germany :P)

Pagawin nyo na sakin ang lahat, wag lang ang pagsusukat ng wedding gown.

"Bella! You look soooooo beyootiful! Thas eet! Smile! Thurn around! Magnificent! Gorgeous!" sambit ni Mimong. He's the owner of House of M, isa sa mga prestigious haute-couture houses dito sa Makati.

"Jersey naman! Smile!" pagchecheer ni Amae na nakaupo sa malambot na sofa sa harapan ko.

I sighed. "What the hell, Alyssa Mae. Nangangati na nga ako dito oh!"

"Mangati ka na dyan whatever, but that gown looks good on you! Photo op!" nilabas ni Sath ang iPhone nya at kinunan ako ng picture.

"Ugh. Can you please erase that picture?! Please?! It's not funny. I hate wearing wedding gowns."

Dun ko lang napansin na wala na si Mimong sa room. "May kinuha lang sa loob si Mimong. Namiss mo naman agad!" pang-asar ni Amae.

Tumayo si Sath sa harapan ko. "Bella, cmon! Do it again! Thas eeet! You look so beyooootiful! Magnificent! Gorgeous!" They bursted out laughing.

Ugh. Hindi ako natatawa sa mga kalokohan nila. Umupo ako sa mini-stage na kinatatayuan ko. "Kasi naman, hindi kayo nakakatuwa teh. Besides, why do I have to wear this.. this.. gown!? The fudge mehn! The fudge!!!"

"Eh model ka naman kasi! You can pull it off!" katwiran ni Amae habang kinukunan ako ng picture.

"So what kung model ako!? Hindi ganito ang sinusuot ko sa mga fashion spreads! Wedding gowns aren't my thing!"

"But you look very beyootiful sa wedding gown! Bakit ba ang kulit mo!?" – Sath

"Tsaka di ba dati nagdedesign ka na ng wedding gown mo!? Ayan, para may firsthand experience ka na! Malay mo pwede mo pa yang maging sideline!" - Amae.

"Anong konek ng pagsusuot ng wedding gown sa sideline ha?!"

Silang dalawa: KASI NGA BAGAY SAYO!!!!!!

AKO: SO WHAT KUNG BAGAY SAKIN!!! EH HINDI NAMAN AKO ANG IKAKASAL!!!!

Mas lumakas pa ang tawa ng dalawa. Define hagapak sa tawa.

"Quit laughing guys! You're not helping! Tsaka hello Sath! YOU should be the one who's wearing this asdfghkl gown in the first place! Ikaw tong ikakasal e!!!"

Tumigil si Sath sa pagtawa. Thank goodness! "Sorry naman Je! Ang cute mo kasi pag inaasar kita. Lalo kang gumaganda. :)"

"Shut up. Idadagdag ko yan sa bill mo! Sige ka!"

"Suuuus. Okay lang siguro yun. Sagot naman ni Papa Jerro lahat, di ba?!" supplied Amae.

Magsasalita na sana si Sath nang bigkang bumalik si Mimong.

"Bella! Yoo shud try theees next!" Binalandra nya samin ang isa pang light brown na wedding gown. Lechugas sinabing!!! UGH.

"Thanks, Mimong, but I'm already tired. Besides, Sath's your customer, not me. So.. just assist her, okay!?" UGH. Napagod ako dun ah!

"I'm sorry Bella! You really look beautiful in that gown. How come you're not getting married!?"

ISA PA TALAGA MABABANAS NAKO. I smiled at him, "I'm too busy with work right now.. And..that includes Sath's wedding. So can I change now!?"

Buti na lang at may pagkauto-uto tong si Mimong at pinaalis na rin ako. "Samantha, bella! You're neeeext!"

AFTER 3 hours sa shop ni Mimong, pumunta kami sa Seattle's Best Rockwell para magpahinga. And as expected, mainit pa rin ang ulo ko.

Sath: Hoy. Bakit ka na naman busangot dyan ha!? Grabe to!

Me: E sino bang hindi mabibwiset dun ha!? Pinagmukha nyo kong t@nga dun. And look at my skin!!! ANG PULA!!!

Amae: Ay ang tearts ni Ate! Kunwari pa! Kaya lang naman yan namula kasi kinamot mo nang bongga! Sapakin kita dyan e!

Me: Reaaaaally!? Can you do it?!?

Sath: Stop it! Ano kayo, highschool!? Ang ingay nyo! Pinagtitinginan na tayo ng mga tao dito oh!

Me & Amae: WEH SATH! MAGIGING MRS. TORRES KA LANG E!!! IKAW TUMIGIL DYAN!!!

Hmmm. Yes, you heard (or read. Whatever!) it right. Sath and Jerro are getting married. Yes, they are getting married.

Pano nangyari?! It all started last year, August to be exact. Since malapit na nilang i-celebrate ang kanilang 8th (YES. EIGHTH.) anniversary last year, they decided to go to US para manood ng WWE SummerSlam. Ayun, syempre bongga silang dalawa, nakaupo sa ringside. Kasama sa main event that night si Randy Orton, ang favorite wrestler namin ni Sath. So there, Orton won that night. Habang nagcelebrate si Orton sa loob ng ring, biglang kinalabit ni Jerro si Sath, lumuhod, tapos nagpropose. Si Ate naman, ayun masyadong na-excite, she said YES.

3 days after the proposal, bumalik sila sa Pinas at nagyayang magdinner. Ako, si Amae, Keith, Kat at Paolo lang ang nakapunta.

"Guys, we have an announcement to make," paformal-formal pang sabi ni Jerro samin habang hinihintay ang blueberry cheesecake na dessert namin.

"Sath and I are getting married."

Kaming 5: WEH. DI NGA!?!

Napanganga si Sath sa reaction namin. "Wow thank you ha! Alam nyo bang nagpractice pa kami para sabihin sa inyo yun tapos WEH DI NGA lang ang sasabihin nyo!? Mga bwiset!!"

"Kasi naman guys," si Kat lang ang nagkalakas loob na magsalita samin," Alam na namin na sa kasalan ang tapos nyo. Hellooooo!? 8 years! 8 YEARS!!! DUH!?"

"Tsaka obvious naman kasi kayo masyado. May dinner dinner pa! Kainis," dagdag ni Paolo.

Kaming dalawa lang ni Amae ang speechless. The hell! Our bestfriend's getting MARRIED. KASALAN. Oh my gosh. This isn't just a debut or whatever. Kasalan na to, a life-long commitment. Oh my gosh. My bestfriend's name would be Samantha Torres.

OHMY.

"And since.. nandito na rin lang tayo.. I would like to ask something.. Jersey?" para naman akong robot na napalingon sa kanya. "Can I ask you a favor?"

"Sure! Anong favor?" napakajolly ko pang sagot.

"Okay lang ba kung ikaw ang maging wedding planner ko?"

And I said YES.

Come on, pano mo ba matatanggihan ang bestfriend mo ha? Tatal babayaran naman nya ko dito. Hahahaha! :D

So yeah, ever since the day I said yes, sobrang busy ko na.

End of story.

Joke! :D

Sath: Jey, kamusta na pala yung checklist ko? Malapit ko na bang matapos?

Tinignan kong mabuti yung checklist na ginawa ko sa aking iPad. "Hmmm. As of now smooth pa naman tayo. Na-final check na natin yung gowns. Nacontact ko na yung para sa venue, okay na rin daw. Tapos.. the invitations okay na rin, three weeks ago pa. The salon and spa appointment okay na, dun na mismo sa venue. Then tomorrow may food tasting tayo, around 10am. Free ba kayo ni Jerro nun? You should check the food, alam kong pihikan ka sa pagkain. Then what else.. the flowers! Okay na rin. Tatawagan ko na lang ulit a day before the wedding. Soundsystem's okay. Guests are okay.. I told you, smooth lang ang ating preparations. Don't worry :)"

Dun ko lang napansin na na nakatitig sakim yung dalawang kasama ko, nakangiti pa. "Ano na naman!? Okay lang ba kayo?"

Amae: Y-yeah. Wala lang, natutuwa lang ako sa'yo. Kasi.. halatang nag-eeenjoy ka sa ginagawa mo e! :)

Sath: Grabe Jersey, what am I going to do without you?!?

Me: Hey Miss, kausap kita as a client, not as a friend. You should know that my hourly rate is P5,000 and may in-- OUCH!! Ano ba Sath!! Don't pinch me like that! Kadiri lang!

Sath: Eeeeehhhh! Natutuwa talaga ako! Grabe, kahit super busy ka, may oras ka pa rin para maging wedding planner ko! How sweet! :">>>

SWEET MY ASS.

Teka, hindi ko pa pala nakukwento sa inyo yung nangyari samin after Graduation. Let's start off with the couple, okay?!

Si Sath? She graduated with a degree of BA Sociology. After graduation, nag-masteral sya sa UP Diliman, Family and Child Development. And now, pa-graduate na sya sa MS nya. AND, she's a pre-school teacher na. O diba? Etong babaeng nangungurot na to, pre-school teacher!? JUSME!!!

Si Jerro naman, nagtatrabaho sa Star Cinema. O diba! Sya na!! =))

Si Paolo naman, ayun, Senior Manager na sa BDO Makati. Ewan ko ba dyan, puro numbers na ang nasa utak! Buti hindi sya dinudugo! :>>>

At makakalimutan ba natin ang Engineering couple na sina Amae at Keith? AHEEEEEEMMM. Engrs. Amae and Keith pala!? Yep, ENGINEERS NA SILA!! Pasalamat sila at walang board exam ang Industrial Engineering! :> Parehas silang nagtatrabaho sa isang multinational firm ngayon. SILA NA!!!

At ako? Anong meron sakín? :>

After grad? Ayun, nagturo ako sa UP Diliman ng Creative Writing for 1 year habang nagmamasteral ako ng Film. I'm a model now. O san ka pa, MODEL NA KO NGAYON! MODEL! :D Model ako for Folded and Hung and other fashion brands. AT.. ako rin ay isang photographer.

AT AT AT, ako rin ay isang wedding planner.

Sinong hindi busy ngayon!?!? /superiorvenacava

SA SOBRANG pagod, nakadalawang iced coffee ako at 2 slice ng banana cake. Lumuwa na namana ng mata ng mga kasama ko.

Amae: Oh gosh, sabi na nga ba. Masama talaga pag may model friend ka. Mga crash diet crash diet pa kasi! Tas kung lumamon parang hindi pinakain ng limang buwan!

Me & Sath: Ang OA mo teh!

Amae: Shut up nga! Hoy Samantha, limang araw na lang, ikakasal ka na! Bago-bago naman oh!

Sath: Wag ka ngang mag-countdown dyan! Mas kinakabahan ako e!!!

Tinignan ko yung oras sa phone ko. Shoot! "Amae, 7:30 na pala. We're already late!"

Sath: Late for what!? Kayo ha, hindi kayo nagsasabi sa kin ng mga gala nyo!

Amae: Hihihihhi. Don't worry, Mrs. Torres! Kasama ka naman sa lakad namin!

Sath: O, san tayo!? I'm beat. Let's go home.

Me: Oo nga, let's go home....



OR NOT!!!

Sath: Hey! Where are we going!?!?!?!?!?

Me: EEEEEHHH. Ano ba, Samantha! Mag-enjoy ka naman kahit saglit o!

Amae: Ah Jersey, feel ko dapat ikaw ang sabihan nyan :">

Me: Isa ka pa e!!!

SATH: TEKA TEKAAA! SAN BA TAYO PUPUNTA HA!?!?!?!?

Amae: SUS! KUNWARI KA PANG HINDI MO ALAM KUNG SAN! SA BRIDAL SHOWER MO TEH!!!

SATH: JERSEYYYY!!! DON'T TELL M-

ME: HAAAAY SHUT UP NA LANG TEH!!! Just this once, please. I-enjoy mo na lang to, okay?  
Mamimiss mo rin to pag naging Mrs. Torres ka na! :D

Kinaladkad namin si Sath papasok sa kotse ni Amae. Wala na syang palag.

COUNTDOWN BEFORE THE WEDDING?

*5 DAYS.*

## Chapter 2

### A DAY IN THE LIFE OF JERSEY SANTIAGO

8:30 - 10AM - Sa bahay; Kakagising lang; Morning rituals; check answering machine; meet up with Sath and Jerro for food tasting

10-12pm - Food tasting; check other wedding details

12-1PM - Meeting with Marlo; discuss next photoshoot

1-4PM - Attend MS at UPD; visit Sir Ramon @ CMC

4-6PM - Accompany Amae; buy dress for the wedding

6-8:30 - Dinner with Paolo and Kat (Eastwood)

8:30-9:30 - Visit Mimong; check gowns

9:30-12am - CALL A LOT OF PEOPLE (Guests, caterer, flower arrangers, photographers, church)

12-1am - check little details; check FB and Tumblr

1am – Sleep

THE NEXT DAY? REPEAT.

Nakakasawa ba ang schedule ko? Sorry naman ha! Sa totoo lang maluwag pa nga yan e! Mas hectic pa siguro ako today. Countdown before the wedding?

3 days.

3 days na laaaaang! I'm so nervous! Baka kasi maging epic fail tong wedding ng bestfriend ko. First time ko lang kaya gumawa ng ganitong event! Dati mga debut lang alam ko, tas ngayon kasal naaaa!? Shete naman oh.

The wedding's on Friday na. Shoot, I'm doomed! Haggard kung haggard na nga ako e. Buti na lang Tuesday ang pasok ko sa Diliman. Malapit na kong grumaduate sa Masteral ko! Gagawa na lang ako ng short film and voila, tapos na! XD

UGH. Hindi ko pa nga maasikaso yung short film ko. Script pa nga lang e! Intense.

By the way, I'm now living in a condo somewhere in Katipunan. Mas malapit sa university at sa mga trabaho ko. Lechugas, bakit pa kasi ito ang pinili kong career? Ang dami naman ata! ;/

In fairness, mamaya pang 2pm ang lakad ko ngayon. Kakausapin ko pa yung guests na di ko natawagan kagabi, and yung band na kakanta for the wedding. Teka, where's the invitation nga pala? Ay, nandito pala sa ilalim ng kama ko. Shoot, pano naman napunta to dito!?

I scanned the invitation. Si Jerro ang nagdesign nito ah! Ang cute nga e :) Bakit cute? Kasi sa cover nung invitation, nakalagay yung picture nilang dalawa, wearing our highschool uniform. Read: highschool uniform. With school ID.

Teka lang ha, teka lang. 6 years ago na nung grumaduate kami ng highschool, pero WTH, natago pa rin nila yung uniform nila!?!?

*Flashback; 2 Months ago*

Ako yung kinuha nilang photographer para sa wedding pictorial nila. Syempre, bestfriend ako e! Alangang hindi nya ako kunin! XD Sila na yung nagconceptualize ng theme for the shoot. At ayaw pa nila sabihin sakín kung ano yun! Kainis

Nung araw na ng shoot..

Define nganga ako nung tumambad sakín ang dalawa ng naka-uniform.

"What in the world is this!?" hindi ko napigilang sumigaw. Ayun, tumigil yung mga assistant ko sa pag-aayos ng ilaw ang backdrop.

Jerro smiled at me. "We want to have our picture taken like this."

"SAN NYO NAKUHA YAN!?! BAKIT KASYA PA RIN SA INYO!?!"

"Chill lang Je! Pina-adjust lang namin ng konti yung uniform. Tinago talaga namin to for this special occasion."

Kruu kruu. So alam talaga nila na sila na ang magpapakasal. "Yeahright."

Bakit nga pala nila sinuot yung uniforms? Simple. Kasi sa highschool daw sila nagsimula. They want to prove dun sa mga nagdududa sa kanila before na though they are highschool sweethearts, kinaya pa rin nila hanggang huli.

Sila na highschool sweethearts!

*\*END FLASHBACK\**

Yung invitation nga pala, unique. Bakit? Kasi cassette tape sya. O diba?! Ang bongga! Ako nagsuggest na cassette tape na lang ang gamitin. Hahaha! I scanned the Principal Sponsors and such. Nandito sina Mama at Papa, and dadating sila bukas. My brothers are invited too! Santiago family reunion baby!

At sino ako?

Ako lang naman ang Maid of Honor :">>>

Actually dapat si Amae yung MoH kasi sobrang busy ko na, pero binigay nya sakín.

"After all," she said to me when we had our nail spa date a month ago, "You're the real bestfriend. Okay na sakín yung sa candles " Kinilig naman ako dun!

Ang Best Man? Syempre, si Paolo! Aba, ever since naman talaga bestfriends sila ni Jerro! San ka pa!? XD

Magbabasa pa sana ako nang biglang magring ang answering machine ko. Shoot, I forgot to check it last night! Baka mamaya may nakalimutan akong gawin or what not! Ö

*You have 6 messages.*

Message 1:

Jersey!

(UGH. That voice belongs to my handsome but regrettably gay colleague, Jicker. Sya yung tumulong sakín para maging model. Oohhlala! We run the photography studio together. My better gay half! ?)

Where have you been!? Si Marlo lang ang kinausap mo yesterday. I hate you! Anyhoo, I can't come sa wedding. May emergency photoshoot ako sa Bali tomorrow. I told Jerro and Sath na, don't worry. I'll send Marlo na lang to accompany you. Nga palaaaa! WE HAVE TO SHOOT YOU ALREADY. AS IN. F&H's looking for you! Joke lang! They're looking for me! Joke lang ulit! Eto na serious na, we'll shoot tomorrow for Ann Li's brand. Remember her? Sa PBB? They want you to be their model! Tas the F&H's shoot will be on the 2nd week. July. Please please clear your schedule, arkeye? They need my beauty! Charots! Your beauty pala! Gotta go! Don't worry I'll buy you a violet sarong na lang. Tata!"

Grabe talaga tong baklang to! Hindi ko kaya ang powers!!

Message 2:

Heeeey Jeeey!

(Another UGH. Si Amae.)

Wala lang. Just wanna tell you na MANANG KA NA. HAHAAAAAAAA K. LOVE YOU!

Salamat Amae ha -.-"

Message 3

Jesh!

(Kuya Tops! :">)

Nakaalis na yung plane nina Mama sa New York around 30 minutes ago. I told them to go directly to Batangas na. Is it okay? Thursday evening na siguro ang dating nila. How's the prep? Still ngarag? Hoy. Alexa wants you to be her wedding planner too. Next year pa naman. JOKE!

So magpapakasal na rin si Kuya!?! OMG LANG! ö

Message 4:

Ms. Santiago, it's your employer.

(What the eff is this, Sath!? Biglang naging dictator?)

Please check your e-mail ASAP. Pronto.

Aba. Bwiset to ah!

Message 5:

Uy Jersey!

(At last, si Jerro! Buti namaaaan!)

Pagpasensyahan mo na si Sath ha. Why am I even marrying that creep? (Sa background: Hoy Jerome! Umayos ka dyan!!) Anyway, I can't reach your cellphone kaya dito ako tumawag. Thanks pala sa lahat ah? Grabeng pressure lang to sayo! Dapat kasi hindi ka nagpauto ka-ARAY SAMANTHA WAG MO KONG SABUNUTAN!!! See?! Your bestfriend is manic depressive! I'm marrying a psycho! Joke lang. Ayun. Maraaaaming salamat Je! Don't worry, you'll be rightfully compensated Sige, bye na. Puputulin na ata ni Sath yung cord dito. Baliw baliw talaga.

Isn't that cute? :!>

Message 6:

Hey Ms. Santiago, this is soon-to-be Mrs. Torres speaking. Ugh. I'm not used to this. Nasan na ba kasi yung cellphone mo ha?! Sapukin kita dyan eh! Anyway.. Can I ask you a favor?

Punta ka na ngayon sa Batangas oh!

Look, I know na dapat bukas ka pa pupunta dun, tayong lahat I mean. Pero I'm sooo nervous! Ö Baka kasi may mali na naman e. You know, perfectionist ako. Crap that! (-.-)"

So please please please go there now? Not now naman talaga, pwedeng mamayang hapon or gabi. Basta mauna ka dapat samin. Okay lang naman na hindi ka pumunta. But remember, I'm your employer. Kthnxbai

NAKO KUNG DI LANG NYA AKO BINABAYARAN ASDFGHJKL!!! NAKAKAINIS.

12pm pa lang naman. So I need to go there na?! Ugh. Saan ba yung wedding? Dun sa resort nina Sath, sa Batangas. Yep, the very same resort kung saan ako nagcelebrate ng debut ko. O diba? The memories! Whatever.

-----  
SINCE mabait akong bestfriend, pumunta na ako sa Laiya, Batangas. Lechugas naman! Ayaw ko ngang magdrive ngayon. Tsss. Mas ginagamit ko kasi yung motorbike ko kesa sa Hummer na regalo sakín nina Mama nung graduation ko. Ang laki kasi! XD

Haaaaay! I miss this feeling! Sa 6 months na preparation namin for this wedding, 5 times pa lang akong pupunta sa resort. Ang hectic talaga kasi ng sked ko! ;(( Buti na lang at di traffic! Around 11pm na ako nako nakarating dun. Actually bukas pa yung dating ng guests. Ano bang nakain ni Sath ha!? Kainis lang. T.T Ang aga pa ako pinabalik, tas sila bukas pa ng hapon! Whatever!

"Good Evening po Ma'am!" bati sakín nung receptionist pagpasok ko sa lobby. "Ms. Jersey Santiago, right?"

"Yes. May message ba sakín si Sath?"

"She called 10 minutes ago, Ma'am. Sabi nya magpahinga po muna kayo. Here are your keys. Jeboy, pabuhat naman ng gamit ni Ma'am Jersey oh!"

That's what I call life! Kasarap talaga pag may time kang magpahinga. Pero bukas at sa Friday... patayan naaaaa! XD Ang bait talaga ni Sath, dun nya ako nireserve sa favorite room ko dito sa resort nila. Haaaaay! Bubble bath nga muna bago magtrabaho!

Kyaaaaaaaa~ Inaantok na tuloy ako. Bukas na nga lang magtrabaho! Tatal mas hectic na bukas e. Hehehehehe katams! ;">

I WOKE up around 10 am. Yikeeees! Ö I'm late! Mabilis akong naligo at nag-ayos. OMG what in the world are you thinking, Jersey!? Today's the second big day!

SHUNGANGERS!!

Naka 12 na misscall na pala sakin si Sath. Patay tayo dyaaan! I called her.

Me: Hey.

Sath: Anong Hey ka dyan!? Why aren't you picking up my calls!?

Me: I overslept. Sorry.

Sath: Haaaay. Ano pa bang magagawa ko!? 11 ka na raw nakarating dyan?

Me: Yeah. Sorry naman ha! Pumunta pakong Diliman, nagpasa ako ng paper. Ugh. Ikaw na graduate sa masteral!! Ugh.

Sath: Hahahahahah labyu! Mamaya pa kaming gabi makakarating dyan.

Me: Okay I understand. It's your big day tomorrow, ano pang magagawa ko!? Kainis lang. Sige, I have to go. Bye :))

HAYNAKO HAYNAKO. Makakain na nga ng lunch!

To do:

- \* check garden
- \* check guestlist
- \* check sound system & lights
- \* check MPH (for reception)
- \* contact guests/pastor/caterers/band/soundsmen etc.
- \* call Mimong for the gowns/suits
- \* call Marlo and the gang \:D/

- \* call Vivian and her makeover crew!
- \* call Keith for the surprise video!
- \* CALL MAMA AND PAPA! DO THIS FIRST!!!

-----

DEFINE busy. Ugh. Ngarag nako dito!!! Nabaliw ako sa pagwewelcome ng mga maaagang guests. Hapit much!? Sheeesh!

Mga 4:30 pm na pala ngayon at nandito ako sa garden. Nagtatayo na sila ng tents at wooden benches. Ang cute kaya! Brown and gold yung seats nila. Hihhihi :> Favorite colors kasi yun ng ikakasal. Kaarte e! Ugh.

"Mga kuya!" tawag ko sa kanila. "Pahinga po muna kayo. Balik na lang po kayo dito bukas ng umaga. Hapon pa naman po yung wedding. Thanks po! May meryenda po sa may likod :))" Aba tong mga kuya, mabilis pa sa alas kwatro kung umalis! Ö

Haaay. Mas pagod naman siguro sila kesa sakin noh!? Kahapon pa silang nag-aayos dito e! Sige na ngaaa ;(

Ako naman, nilabas ko ang dSLR ko at kumuha ng pics ng venue. Maarte kasi si Sath, pati raw photos ng the making ng wedding nila dapat meron. Kaarte diba?! Todo kuha naman ako ng pictures! In fairness ang ganda na ng lugar ah, katulad ng ginawa kong sketch. Almost 150 guests ang invited sa wedding nila. Ang taraaay! :DD

Nag-ikot ikot ako saglit sa may garden. Tanda ko nung highschool kami, dito kami pumupunta para magswimming tuwing summer. Odibaaaa? :PP Then I heard something.. na parang.. grrrrrrrrr.

Ano yun?!

Shoot. It's my stomach na pala. I'm darn hungry.

Kinapa ko naman agad yung shoulder bag ko. Wait, I remember may isa pa kong pack ng marshmallows dito. Where's it!??.....

Damn! Kinain ko na pala kanina nung kausap ko si Marlo! Amp. Kung pupunta naman ako sa loob, pihadong ubos na yung meryenda. Duh naman, ang lalaking tao nina Kuya!! Wala akong laban dun.

Ano namang kakainin ko!? Damo?

\*isip isip\*

AHA! :DD



Nasan na kaya yun ngayon!? Kasi dati may inaakyat kami ni Paolo na puno ng mangga dito. Hmmmm.. Teka.. Hindi naman ata kalayuan yun. Hanapin ko nga! Lumabas ako ng garden at pumunta sa may maliit na orchard. Aha! Eto nga yun! \:D/ Hinanap ko talaga yung puno na may weird na sanga.. Sa may gitna ata yun e? Wait nga!!

AYUN!! THERE IT IS!! NASA GITNA NGA!!

Kinuha ko yung steel ladder sa may tabi ng isang puno. Patay ka saking mangga ka! :))) Aba, kung di nyo lang natatanong, expert akong umakyat sa puno nung bata ako! Nahiya lang ako kasi baka may makakita sakin. Si Jersey Santiago, parang unggoy kung maka-akyat sa puno!? WTF! Swerte, hinog na silaaaa! Party party! \m/ Kumuha na ako ng apat, sorry gutom! Binalatan ko na yung isa. Ang sarap na ng pagkain ko nang..

"Miss! Ano pong ginagawa nyo dyan!?"

Tumingin ako sa baba at nakita kong may matandang lalaki na dun. Gusto ko sanang sabihing 'Obvious ba, e di kumakain!'. Pero syempre baka ma-turn off naman sya sakin. "Aaahhh. Sorry po Manong! Gutom lang po ako :))"

Napakamot pa sya sa ulo. "Nako Miss, bawal pa pong pitasin yan e! Ako malilintikan ng may-ari."

"Nako naman Manong! Kilala nyo ba yung ikakasal bukas? Bestfriend ko po yung bride! Kaya okay lang naman sigurong kumuha diba? :)))"

"Bawal po kasi Miss e. Sorry po."

"Manong naman! Gusto nyo sa inyo na lang tong dalawa? Pleeeaaase?!" ihahagis ko na sa kanya yung mangga pero umayaw sya.

"Sige Miss, bahala na kayo dyan. Ingat na lang sa pagbaba."

ABA SUPLADO SI KUYA!!! NAKAKAINIS LANG AH! SYA NA NGA TONG BINIBIGYAN EH!!! It's his loss, not mine!

Noks :>> Balik pagkain ko ng mangga. Saraaaap! :)))

Okay na ulit sana nang..

"Miss, baba na po kayo dyan. Baka po makita kayo ng may-ari." UGH. UGH. ANG KULIT MO KUYA HAAAA!!

I smiled at him. "Manong, bakit na naman po?!"

"Sa inyo po ba yung camera?" tinuro pa nya yung dSLR ko. "Baka po manakaw yan, kunin nyo na po."

Lahat na lang talaga gagawin nya para bumaba ako dito! Ayoko nga. Belaaaat! "Mamaya na lang po Manong. Bababa na rin po ako."

Nahihiya na syang umalis. Aba, dapat lang! Nakakainis na e! If I know, gusto lang nyang humingi sa kinang mangga! Hiya pa sya XD Pumitas pa ako ng marami. Bakit ba kasi ang saraaap e! :DDD Nang.. may marinig na naman akong tunog. Tunog ngnadudurog na tuyong dahon.

Someone's here. And si Manong na naman yun. He's making himself quite a pest today ha!! Ugh. Hinagisan ko sya ng dalawang mangga. "Nako Manong, what is it now!? I told you na bababa nako dito. Wait lang ha, wait! Ang sarap ng mangga! Kung gusto mo, I could give you half of these. Just don't be so makulit. Oh wait, did you lose something?"

"Yes, as a matter of fact I did," said a very familiar male voice.

"My girlfriend."

### CHAPTER 3

Maraming lalaki sa mundo ang pihadong nawawalan ng girlfriend.

Pero.. isang tao lang sa Earth ang may boses na ganun.

"Good Lord please tell me I'm just hallucinating!" I muttered to myself. Okay Jersey, calm down. Calm down. Think. Think. First, pagod ka. Ngarag ka. 3 weeks ka nang walang maayos na tulog. Masakit na ang ulo mo. AT GUTOM KA. GUTOM LANG YAN. GUTOM LANG YAN GUTO-

Sh\*t. What in the world's happening? I am really hallucinating. Teka, baka naman may side effects tong mangga? Iba ata ang epekto sa kinang pesticide!

"Jersey."

Oh gosh if this is a dream, please don't wake me up.

All of a sudden, I felt ants biting my leg. Lecheng langgam! Ba't ba ang kakati nyo!!! Medyo lumayo ako dun sa pwesto na may maraming langgam nang..

naramdaman ko na parang nahuhulog nako. I shut my eyes tightly. Huhuhuhuhuhuhu <////3

Oh Lord. Please Lord. Kung eto na ang oras ko, I really really want to thank you. Thank you dahil kahit sa huling pagkakataon, narinig ko yung boses nya. Na parang totoo. Lord thank you!!!! :DDD

I was expecting to feel pain after 3 seconds. Tatama ako sa lupa, diba?! Pero bakit ako lumutang?!

Crap. Am I in heaven already?! Nagteleport na ba ako?

I am elevating! OHMYGOSH.

"Anong itsura yan?"

Lord, bakit kaboses mo sya?

"Jersey, come on. Quit it. You look so funny. Open your eyes."

"LORD KUNG IKAW MAN ANG BUMUBUHAT SAKIN PLEASE LANG PO WAG NYO KONG TORTURIN NG GANITO!!!"

"Hay. Sana na lang ako si Lord, para nababanggit mo ang pangalan ko."

I instantly opened my eyes.

Kevin. It's reaaaaaally him.

Kevin's back.

Oh my eff. He's here. He's here.. I can't believe this! He's here. The feel of his arms, the sight of his handsome face. I felt like weeping. I want to laugh. I want to kiss him for coming. I want to shake him for taking so long. I want to smack his head so hard, enough to make him bleed. The sight of him right now.. I never expected this. This soon.

Kevin stared at my eyes for almost 5 seconds then looked away. "Well.. here I was, missing a girlfriend, and now one has dropped into my arms. Hindi ko inakalang marami palang girlfriend dito sa Batangas to the point na nahuhulog sila sa mga puno. Ganito na ba ang GMOs sa Pinas? I should have come sooner." He flashed his patented panty-dropping smirk. @sshole.

Come on Jersey, say something! Heck, I'm still stunned. All I could say was, "Put me down."

He smiled wider. Bah, amused pa ang loko! "I come halfway around the world to see you, my girlfriend, and you tell me to put you down? Are you nuts?"

"Hah. Mas ayos pa yung ginawa ko kesa dyan sa ginawa mo. I stayed halfway here in the Philippines just to stay away from you."

"Oh. Really."

NAMBIBWISIT NA NAMAN SYAAAAAAA!

Me: John Kevin Santos, put me down.

Him: Jersey Santiago, I won't.

Me: Put me down! As in now na! Or else I'll scream or holler rape! KUYA JUN JUN!! KUYA JUN JUN! MAY RAPIS-

Him: JERSEY SHUT UP! I've been away for 2 years tapos eto lang ang ibubungad mo sakin? No jumping around? No wild cries of hello? Say something nice and assuring like "I miss you" or "How are you?" in a joyful and welcoming manner. Don't be such a bi-

Me: I'm a b\*tch, thank you. So, can you please put me down? Tsaka hello. Try to work 24/7 for 3 weeks. Plan a wedding. And pick mangoes for an hour, and see if you still have the energy to be the head of a welcoming committee.

Him: Oh-kay. Lika na. \*he started to walk\*

Me: SAN MO KO DADALHIN! YUNG MGA MANGGA KO!!!

Him: Sa loob. Bakit?

Me: PUT ME DOWN!!! PUT ME DOWN!!! \*I started to kick, as if matatamaan ko sya\*

Him: Ayaw. ko.

Me: WHAT THE HELL'S WRONG WITH YOU?! I'm not that stupid kid anymore, so could you please put me down? I'm asking nicely here!

Him: Is that what you call nice? You're screaming at me. It hurts my ears.

Me: Wow. I'm surprised ha. Does my lovely voice give you vertigo or something? Sometimes you have the mentality of a stupid sheep, know that?

Him: Haaa? Parang mali ata. I thought all sheep are stupid? Sabi mo dati yun, diba?

CRAP. He still remembers it? That sheep story? Eh ang tagal na nun ah! Freshmen pa kami sa UPLB nung sinabi ko sa kanya yun! AFGHJKLGAJD

Me: The stupid ones are even stupider, Kevin. (GRABE! I SAID HIS NAME!!!)

Him: (laughs) Haaay Jersey. What am I going to do with you?

Me: Are you dumb? Put me down, I suppose. I'm counting up to 10. Pag hindi mo ko binaba, I'll holler rape. One, tw-

Him: (puts me down) Here you go. Eskandalosa ka pa rin! Know what? I think I love you even more when you're angry.

Me: What did you say?

Him: Wala wala. I said you look like a minotaur when you're angry.

THE NERVE OF THIS GUY!!!!!! UGH! Pinulot ko yung pinakamalapit na mangga at binato ko sa kanya.

Him: OOOUCH! Anong problema mo?

Me: @sshole!!!

I stormed off. This is so unbelievable! Pano nya nagagawa tong ganito, umarteng parang walang nangyari!?!?! THIS... MAN!!!! UGH

Him: (shouting) JERSEY!!! SAN KA PUPUNTA!!

Me: JUST F\*CK OFF WILL YOU!?!?

Him: Are you free tonight? Dinner tayo sa Tagaytay!!

Me: HINDI AKO FREE! EXPENSIVE AKO!!!

Him: COME ON!! DON'T BE SUC-

I stopped walking. Humarap ako sa kanya.

Me: Don't be such a what, Mister?

Him: Don't be so pa-hard to get. Come on.

Me: Well Mr. Santos, let me clear one thing.

I'm not your girlfriend anymore.

You broke up with me, remember? So if you'll excuse me, marami pa akong gagawin for the wedding tomorrow. A favor lang, don't pester me. Please.

That left him hanging. That dumb@ss.

"OH MY GULAY. Kevin's already here?!?" gulat na gulat na sabi ni Amae. Wag ka, may matching kilay pa yang pagkagulat nya. Nasa kwarto ako ni Amae, naglalabas ng sama ng loob.

"Do you think I am joking? Pleaaase Amae. Alam mo ba kung anong nararamdaman ko ngayon? I AM STRESSED. Nafifeel ko na lahat ng stress ever!!! THIS SUCKS!!!"

"Chill lang, Jersey. Akala ko ba okay na kayong dalawa?"

"OKAY KA LANG BA? SINONG MAGIGING OKAY AFTER NUNG GINAWA NYA!!!!!!!!!!!!!!!"

Eh teka, ano nga bang nangyari dati? Hindi ko pa pala nakukwento sa inyo!

*FLASHBACK 2 YEARS AGO*

Agad akong nagpabook kay Sath ng ticket papunta ng Germay right after kong mapanuod yung videona sinend saakin ni Kevin. I am really reaaally excited to go there! I cancelled all my appointments and off to Cologne, Germany na ko! :D

Syempre, I want to surprise him. Kaya kahit sinabi nyang i-contact ko sya pag pupunta ako, hindi ko ginawa. What's the essence of surprise, diba? I endured for a year! At siguro excited na rin syang makita ako, kaya sasagarin ko na ang surprise!

Mga 6pm na nung nakarating ako sa Cologne at dun na rin ako sumakay ng taxi. Ang tapos kasi ng klase ni Kevin ay 5pm so.. baka nandun na sya. Buti na lang at malapit ang Phantasialand sa Cologne :) And since malapit na ang summer sa Germany, kahit gabi marami pa ring tao sa Phantasialand. Ang hirap hanapin nung Colorado Adventure ah! Sana nandun pa sya.

Nang marating ko na yung Colorado Adventure, agad ko syang hinanap. Sa malayo pa lang nakita ko na sya.

At last! It's him!

Palapit na sana ako nang...

may lumapit sa kanyang babae.

The girl's familiar.

Si Maxene?!?

Hinihingal pa nga sya nung tumabi sya kay Kevin. Si Kevin naman, parang atat na ewan. Then basta hindi ko na maintindihan yung pinagsasabi nila. Basta ang saya-saya nilang tignan. Ako naman, medyo lumalapit na. Aba, I'm the girlfriend for crissakes! Ang daming tao ang humarang sa dinadaan ko! Define siksik ang ginawa ko para mapuntahan yung entrance ng Colorado Adventure.

Nang makasingit na ko sa mob na yun....

I saw something.

Maxene kissed Kevin. On the lips.

He kissed back.

Nanigas ako sa nakita ko. Epekto ba to ng jetlag? No way. I'm just imagining things. This is not true.

I ran away.

Nakipagsiksikan ulit ako sa mga tao. Crap. Hindi ko na rin napigilang umiyak. How.. dare he.. After a year, ganun na lang kadali para sa kanya?!?!

Bumalik ulit ako ng airport at nagpabook ng flight papuntang Japan. Dun ako nagstay for a week. Pagbalik ko ng Pinas, tinanong ako ng barkada kung anong nangyari.

My reply?

"I'm too late."

It took me 2 months bago ko nasabi sa kanila kung anong nangyari. They were silent.

And it took him 2 months bago nya ako i-contact. Hindi ko sinagot yung tawag nya.

Then the series of f\*cked up things happened.

He deleted me on Facebook.

And he broke up with me by..

an e-mail.

Na nakalagay lang: "Siguro.. hindi bagay satin yung absence makes the heart grow fonder. Hindi kasi tayo tulad ng iba. Kaya.. do whatever you like. Feel free. Take care."

PUTANGINANG DAHILAN YAN.

Mas malala pa sya kay Paul. As in. Kasi ba namaaaaaaan, highschool lang kami ni Paul nun. 16 years olds! Tapos etong gagong to, 21 years old na GANYAN PA RIN ANG DAHILAN!!!!

Punyeta. Sinong niloko nya!?!

Kaya ayan, nagtrabaho na lang ako nang bongga. Nag-masters. Pinuno ko na ang sarili ko ng mga bagay na hindi connected sa kanya.

Tapos after 2 years, anong sasabihin nya sakin?

Na hinahanap nya ako, ang girlfriend nya?

TENGENE NYA.

BUMALIK na ko sa kwarto ko para magpahinga. Maaga pa bukas! Kahit gabi yung kasal nina Sath, 7am pa lang dapat gising nako. Putek so much for pahinga - \_\_\_\_\_ -

Matutulog na sana ako nang natandaan kong tignan yung checklist ko.

Hindi ko pa pala tapos tignan ulit yung invitation.

Wait a minute. Bakit may isang invitation dito?

Binasa ko.

Blahblahblahblah

Wait lang. Wait lang.

Bakit nawala yung pangalan ni Ken dito sa listahan ng Groomsmen?

SHET.

Imbis na pangalan ni Ken ang nakalagay..

John Kevin Santos na ang nandun.

Kaya pala sya nandito.

Crap.

## Chapter 4

---

I WOKE UP with a very very massive headache. Damn. Bakit ngayon pa!? My watch says it's already 7:30am. Shoot! Siguro nakarating na sina Mama & Papa dito ngayon! Wait Santiago, check your phone please? Baka may chorva na nagtext.

3 new messages

From: Paolo

04:32:16 am



Je. Dumating na pala sina Tita dito. Ayaw ka nila ipagising kaya tinext na lang kita. :)))

From: Marlo

06:39:59

Hoy babae. Nasan ka na? Dito pa lang ako sa Alabang, medyo traffic. 5pm pa naman yung wedding diba? Lunch nandyan nako.

From: Sath

07:18:10am

Jersey. I'm sorry about yesterday. I didn't know! Okay okay. Let's talk later, ayt? Before the wedding. Loveyou! ;\*\*

CRAAAAAAP!!! I HAVE TO HURRY! Pasok agad ako sa CR at naligo for 15 minutes (I know. Pero sorry naman guys, I am busy! Kastress kaya --") at kumuha na lang ako ng shorts and tshirt. Larga naaaaa! :DDD

Pumunta ako dun sa multi-purpose hall to check the place. Dito kasi gaganapin yung reception. Aba, ang dami na nag-aayos ah! Nakipagcoordinate ako sa reception head for some details. The place looks so elegant! Thanks to me, of course! ;>

I was pacing around when someone tapped my shoulder. "You dropped your pen," that someone said.

"Thank y-"

Dammit. Bakit sya na naman!?!?

Gulat na gulat na naman si Kevin sa kanyang nakita, which is ako. Ha, akala nya sya lang ang nagulat!? Nawindang nga ako e!! Sya na naman!!!

I hastily grabbed the pen from him and muttered "Thanks" before I left. Naiwan na naman sya dun, na parang hinihintay pang may sabihin ako. As if meron pa nga akong sasabihin! That @ss!!

Jersey, you are preparing a wedding. Your bestfriend's wedding. So please lang, wag mong pairalin ang init ng ulo mo ngayon. Please.

-----

THE REST of the morning went fine. Ayos na yung reception area! Ang hindi na lang ayos ay yung ceremony area. Mamaya pang 3pm ilalagay yung flowers and everything, baka kasi malanta agad. Haaaay! Thanks at hindi pa ako masyadong ngarag ngayon! At hindi ko pa pala nakikita sina Mama at Papa. San kaya sila?!

"Hoy Je, kumain ka nga. Feel ko matutumba ka na e," sabi sakin ni Kat. She's my lunch buddy for today.

"Opo, kakain na. Wait. Have you seen my parents today? Hindi nga nila ako tinatawagan e ;("

"Oh. Mas nauna silang naglunch satin! Around 30 minutes ata? Kasabay nila sina Pao and.." she trailed off. That only meant one thing.

Dammit.

Binilisan ko na yung paglamon kasi nagtext na sakin si Marlo na nasa resort na sya. We'll prepare our gears for the wedding. Syempre, salitan kaming dalawa sa photog job: sa kanya ang ceremony and reception tapos akin ang post-wedding pictorial. O diba gumaganon kami!?

Nakilala ko si Marlo thru a college orgmate (I was a member of UP Photographers Society back in college, remember?) about 3 years ago. Naghahanap kasi sya ng isa pang photographer na pwedeng maging co-owner ng kanyang studio. Of course, I volunteered since I need to focus on OTHER things. That time, friends na kami ni Jicker and model na rin ako. I didn't know na bestfriends pala silang dalawa: Marlo and Jicker, nung highschool. Kaya ayan, it ended up na kaming tatlo na ang magkakasama. And ever close na kami! FYI: Marlo's straight. Jicker's gay.

Todo reklamo si Marlo habang naglalakad kami papunta sa suite nya. "T@ngina Jersey. Ang traffic sa Cubao! Punyetang traffic enforcer, di man lang marunong. Kung pwede nga lang ako na pumalit sa kanya dun e!"

"Okay Marlo, that's OA na."

"Sisihin mo yang si Jicker. Dapat sya nandito ngayon."

"Hoy. Pasalamat ka nga na nakuha mo tong gig na to! What if kung sinong chumever lang kinuha ko diba? Isip naman please."

Natawa naman sya sa sinabi ko. "Oo na. I should be grateful sa inyong dalawa blahblahblah."

Dumaan kami sa lounging area ng hotel. Aba, dumating na pala yung ibang guests! Naeexcite na tuloy ako!

Then something caught my eye. Teka.. parang may familiar people dun sa loob ng lounging area. Tumigil muna ako sa paglalakad para tignan kung sino yung mga taong yon. Sinilip ko pa ah!

Sina Mama at Papa!

Sasabihin ko sana kay Marlo na saglit lang, pupuntahan ko lang parents ko. Pero I backed off.

May kasama pala sila.

Si Kevin!?!

Tengene. Kwentuhan galore pa ang tatlo! Wow lang ha. Wow. Mind blown. This scene is so.. surreal! Tuwang-tuwa ang parents ko kay Kevin, and boto talaga sila for him. Helloo parents! Alam nyo naman kung bakit kami nagbreak diba!? Bakit ang bait nyo sa mokong na yaaaaan! Ö

"Uhhh Jersey? Pwedeng pakibilisan? Gutom nako," reklamo sakin ni Marlo.

"Saglit lang," I said, sabay tingin sa ginagawa nila for the last time. Intense lang talaga ha. Hindi ko na to keribels! Ö

---

Around 3:30 pm in the afternoon nang sinimulan kaming ayusan. Medyo naexcite ako na ewan! You see, I really love weddings. I really do! Kahit nung bata ako, palagi akong kinukuha na flowergirl or Little Bride ng mga kamag-anak ko. Tapos naging bridesmaid na. Then now? Maid of Honor.

Grabe. Time flies so fast!

"Je!" tawag sakin ni Amae. "Pa-zipper naman oh!"

"Alyssa Mae, di ba sabi ko sayo wag na wag kang lalamon bago ang wedding? For creep's sake grabe lang ha!" reklamo ko habang todo hila ako pataas ng zipper nya. She's about to burst!

"Hala. Sino kayang may girdle dito? Ang sakit sa tagiliran! And look, mga bilbil ko!!!" Amae looks so mortified.

Pumasok naman si Kat sa kwarto to check us out. "Guys, double time. Malapit na matapos si Sath."

"Can't you see that I'm having a hard time here!? Grabe ah Kat. Thanks!!" Amae wiggled her hands in protest. Tinawanan lang sya ni Kat. So no choice kami, pumunta na kami sa kwarto ni Sath.

Nandun na si Marlo pagdating namin. "The bride looks stunning, Jersey," he whispered to me. I smirked in reply. Syempre, bestfriend ko yun e! Nagtaka pa sya! XD

Mga 7 kaming nasa kwarto: ako, Amae, Kat, Marlo, Mitch (make-up artist), Mimong and si Tita Jenny. Lahat kami medyo kabado sa itsura ni Sath. Duh Jersey, sabi nga ni Marlo ang ganda ni Sath. Tsaka duh, si Mitch ang nagmemake-up sayo sa pictorials. Wag kang kabahan!

"Bella! Are you readyyy?" hindi matago ni Mimong yung excitement nya. Favorite client nya ata si Sath.

"Sh\*t I look so.. not me!" sigaw naman ng bestfriend ko na nasa loob pa rin ng CR.

"Hi Miss pwedeng lumabas ka na dyan!? The suspense is killing us!" sorry na medyo excited kasi ako.

After 10 seconds, unti-unti bumukas yung pinto ng CR. Grabe magpasuspense to!!!!

"Do I look.. okay?"

Mind blown.

Ang ganda ng bestfriend ko. Err, change that. Super ganda ng bestfriend ko.

Grecian style yung damit nya, color white tapos may gold accents. Then natural pa yung make-up nya. Plus the curls! Sa 20 years ng friendship namin, ngayon lang ako natibo sa kanya. "Grabe Sath," sabi ni Amae. "Ang ganda ganda ganda mo ngayon!" Di namin napigilan na mag-group hug, kaming apat.

Hindi ko talagang mapigilan ang umiyak. Promise. Ngayon lang sakín nagsink-in na this is it, she's really getting married. Sath, a married woman? Nung highschool, palagi namin syang inaasar na unang magpapakasal samíng barkada. Then what now? It became true! Nakakaloko lang diba? XD

After our hug, the three of us excused ourselves for awhile. Re-apply ng make-up! Kakausapin din kasi nina Tito at Tita si Sath. Sila naaaaa! :))

After 30 minutes, Sath texted me.

From: Sath

Jey. Punta ka dito please? :))

Ako naman si punta. Ano kayang sasabihin nito?!

"Ano, ready ka na?" I asked as soon as I opened the door.

Ngumiti lang sya sakín and said, "Yep. Sobra! I want to enjoy this moment! An hour to go, goodbye singlehood na!"

"Crap. Ngayon ko lang narealize, of all the weddings that I've attended, I'm always the bridesmaid, but never the bride."

"Gaga. Natural! Alangan dati nung bata ka pa bride ka na agad. Isip-isip naman oy!"

"Sath, naiiyak ako."

"Wag mo kong dramahan."

"Can I ask you a question? Bakít sya nandito?"

She was taken aback by that question. Gets na nya agad kung sino tinutukoy ko. "Ken can't make it. And besides.. he was really in the invitation, Jersey."

"Ha? E di ko napansin yun ah! Bakít yung a-"

"Yung kopya mo lang yung naiba. Si Jerro na yung gumawa nung sayo. Kaya nga kami na yung nagdistribute ng invitations diba? Ayaw naming makita mo yung pangalan ni Kevin dun."

Nainis ako. "Tapos ngayong kasal ko pa malalaman na isa sya sa groomsmen? Wow, that's so cool. I'm surprised."

"Don't be sarcastic te. Sige nga. Kung pinaalam namin sayo na kasama sya sa entourage, pupunta ka pa ba sa kasal ko?"

"E sye-"

"Sus. I know you. We know you. Kung sinabi namin sayo ng maaga, 10 minutes before the wedding wala ka na dito sa Batangas. Duh Jersey, we did this for you."

"Kaya pala bigla nalang sya sumulpot dito kahapon. Did you know na muntik nakong mamatay dahil sa mokong na yun? I almost fell off that mango tree! Dammit."

"O, wag na mainit ang ulo. It's my day today, and eto na ang accumulation ng lahat ng pinagpaguran mo. Please be happy, puhleaaase?"

Minsan lang naman kasi humiling si Sath sakin. Oo nga naman, why paapekto kay Kevin, e matagal na kaming break? Almost 2 years na rin yun ah! At naka move-on nako. Please lang ha.

"Sure, Samantha. Para san pa na naging Madge ako dati?!"

-----  
TARANTELLA ako pagdating sa ceremony area. Ang dami nang tao and everything! 30 minutes before the wedding! I scanned my entourage list: the principal sponsors and the blahs. Inayos ko sila ng pila, then dun ko lang nakausap sina Mama. Aba ang taray nila, mamaya na raw kami magchikahan! Huhuhuhu disowned na ata ako </3

Tuwang-tuwa ako sa mga flowergirl and ring bearer. Yung isang flowergirl, si Gemi, pamangkin ko yun! Anak ni Kuya Tatan at Ate Anne. Ang kyuut nya talaga! :DD

Then napunta nako dun sa pila ng bridesmaids and groomsmen. Tengene lang.

I saw Kevin and Kat talking. Sila kasi yung partners sa candle chorva. Ano bang nangyari kay Ken!? At nasan si Jill? Yung mga taong ineexpect kong pumunta yung wala, tapos yung ayaw ko pang makita ang nandito!!!!

Me: Ahemm. \*lumingon sakin yung dalawa\* May posporo na kayo?

Kevin: Yep. \*pinakita yung posporo\*

Me: Good

Kat: Uhh Je. Papano pag di sumindi?

Me: Baliw. Kailangang may sindi yun!

Kat: Che. Ayos mong kausap ah! Thanks (-,-)

I immediately left their position. Shit naman kasi.

Ang gwapo ni Kevin.

Dammit. Why am I still attracted to him?! Intense lang. Ang gwapo nya sa suit, promise. Hindi kinakaya ng powers ko ang kagwapuhan nya! Bwisit na pheromones!!! >:)

Sumaglit ako sa harap para kamustahin ang man of the hour, si Jerro.

Me: Oy. Buhay ka pa?

Jerro: Sasabog na ata pantog ko sa kaba eh!

Me: Mag-CR ka nga! Matulad ka pa kay Tycho Brahe e. Kadiri.

Jerro: Wag ka ngang nerd. Kainis to.

Me: Pampawala lang ng kaba. To talaga!

Jerro: Elibs ako sayo, alam mo yun?

Me: Bakit naman?

Jerro: Kahit sobrang busy ka na, nagka-oras ka pa rin para ayusin tong kasal namin. And this is a very beautiful wedding, Je. Thank you talaga.

Me: Ano ka ba, wala yun! Basta ayusin nyo lang yung ba- Aray! Hey, I'm serious about the bayad! Pay me or else.

Jerro: Sige na sige na! Let's start!

Me: Pogi mo!

Jerro: Mas pogi yung isang groomsman ko.

Me: Ulul!

Pasalamat sya ikakasal sya kundi nasapak ko yan!!!

NAGSIMULA na ang wedding. Crap. Okay naman yung march ng cute kids, then ng bridesmaids/groomsman, tas principal sponsors.

Then ako na pala.

Shocks. First time ko lang maging Maid of Honor. Grabe lang. Naka-spotlight effect ata sakin e! Hirap pala pag soloist ka sa paglalakad, lahat nakatingin sayo. Of course, I need to flaunt my model stance here, parang runway lang to! Rakenrol!

I was smiling habang naglalakad. Uh, did I mention na nakasabit sa leeg ko ang dSLR ko? Isn't that weird?! Ö Nakangiti sakin yung mga tao habang naglalakad. Si Paolo nga natatawa sakin dun sa may altar e.

Then my eyes landed on him.

He's looking at me. Smiling.

Shete my gawsh why is he so handsome.

Then ako? I smiled back.

Come on. Hindi lang para sa kanya yung smile na yun noh. Katabi nya rin si Keith! Feeler sya ah. >:/

When I reached my post, tumugtog agad yung Grow Old With You ni Adam Sandler. Isa sa favorite movie ni Sath yung 'The Wedding Singer', and sabi nya sakin nung Grade 5, pag kinasal sya, gusto nyang yun ang kanta habang naglalakad sya papunta sa altar.

Then I saw Tita Jenny crying, tapos sina Amae at Kat. Punyeta, ganito pala yung feeling na nakikita mong ikakasal yung bestfriend mo. Umiiyak na rin nga si Jerro e! Kyaaaaa bakit ba nakakaiyak yung weddings? Nung kinasal si Kuya Tatan mas umiyak pako kesa kay Mama. Huhuhuhu <////3

Naloka ako kay Sath! Ayokong ipahalata na umiiyak ako kaya nagpicture na lang ako. Naman please Jersey (-\_\_-)"

Eto naaaaa! Ö

-----

I therefore conclude that I'm partly pissed, partly relieved after the wedding ceremony.

Relieved - kasi hindi umulan. June ngayon, and it's maulan season. At naisipan pa ng dalawa na gawin ang wedding sa isang garden na overlooking sa beach. Mga kaartehan e! Buti nalang talaga hindi umulan! At nakahinga ako ng maluwag sa part nina Kat at Kevin. Thank God at sumindi yung kandila ni Kat! Napa-Yes pa nga sya sa after nya masindihan. Loka talaga yun!

Relieved kasi natuwa ako sa outcome ng after ceremony pictorial ng dalawa. Ang benta lang sakin nina Mr. and Mrs. Torres!

Pissed? Nako. Tinanong mo pa.

Pissed #1: Kevin's staring at me during the ceremony. I caught him staring 3 times! At hindi pa nahiya ang loko, he kept on staring kahit nahuli ko na sya!!!! Bwiset.

Pissed #2: Magkatabi kami sa barkada picture. So nagmukhang couples picture ang picture namin. Todo asar ang inabot ko kay Marlo after the shot. Badtrip!

Pissed #3: Sa reception.

Pagpasok ko sa multi-purpose hall, sinalubong agad ako ni Amae.

Me: O, ba't ka tumatakbo?

Amae: Jersey we have a problem.

Me: What?

Amae: Yung wedding singer, inatake ng vertigo.

Me: WHAAAAAAT?!? WHERE IS HE?! KELAN?!

Amae: Around 30 minutes ago, sa CR. Nakita sya ni Pao sa CR. The staff rushed him to the hospital na.

Me: Oh my goodness! I need to go there!

Amae: Wag na. Nandun na yung staff mo. Sila na raw bahala.

Me: Whew! Intense ha. Kinabahan naman ako dun!

Amae: Uhh. And there's one thing.

Me: Ano?

Amae: Wala na tayong wedding singer.

Me: Bullsh\*t oo nga! Ayan nagpapanic nako!! Sinong wedding singer natin!?!

Amae: Sabi nung kasama nung wedding singer may isa pa raw syang kilala kaso matatagalan pa bago pumunta. I told him no thanks.

Me: Pano yan!? Eh sinong kakanta sa first dance nila?

Amae: Kaya nga e. Wait lang.

I was wondering if you could sing.

Me: Are you insane!? Why me?



Amae: Gaga, ikaw lang nasa isip ko ngayon. Naghahanap sina Keith ng pwedeng kumanta sa mga friends natin. Just sing the first dance song, please? Yun lang. Then okay na. Matotouch sina Sath kung gagawin mo yun.

Hala, this is bad. Ayoko pa namang kumanta ngayon! Craaaaap. Pero no choice e.

Me: Sige. Give me 20 minutes to prepare.

SINA PAOLO AT AMAE ang emcees ng reception. Nako, kaloka ang intro nilang dalawa kina Sath! Ayun, puro formalities chorvaness muna. Then syempre pinakain muna yung guests bago ang program proper. And guess what? Katable ko lang naman si Kevin. Duh, sa isang table lang naman kaming barkada e! At dulo-dulo kaming dalawa. As if naman tumabi ako sa kanya!?

Lumapit samin yung newlyweds for a picture.

Sath: \*whispering\* Bakit ang layo nyo?

Me: Gusto mong batukan kita!?

Sath: Hehehehe kasal ko today.

Me: Isa pang asar sasapakin kita after your wedding.

She backed off.

After kumain, dun na nagsimula yung sa cake and everything. Puro etchos ba. Then...

Amae: Now, may we call on Mr. and Mrs. Torres for their first dance.

Pao: And to sing the song for this dance, let us welcome, the Maid of Honor, Ms. Jersey Santiago!

Tengene lang I'm nervous!

Ano bang kakantahin ko? Isa sa mga favorite ni Jerro at Sath: Huwag Kang Matakot ng Eraserheads. Eto kasi yung themesong nilang dalawa. Crappers.

Jerro: Ikaw kakanta!?

Me: Ay hindi epal lang ako dito. Joke lang Jerome! :))

Since biglaan to, hinigit ko si Keith para magbeat box tapos ako naman sa gitara. Dibaaaa parang dati la- Shut up Jersey!

Me: Para sa mga hardcore kong kaibigan, Samantha and Jerome, best wishes!

*Huwag kang matakot*

*Di mo ba alam nandito lang ako*

*Sa iyong tabi*

*Di kita pababayaang kailanman*

*At kahit mahulog ka sa bangin*

*Ay sasaluhin kita*

*Huwag kang matakot na matulog mag-isa*

*Kasama mo naman ako*

*Huwag kang matakot na umibig at lumuha*

*Kasama mo naman ako*

*Huwag kang matakot*

*Aaaahhhh...*

Pagkatapos kong kumanta, I had this sudden urge to leave the reception. Wala lang. Bigla ko nafeel lahat ng pagod at stress dahil sa inorganize kong wedding. A number of people talked to me and said na maganda raw yung wedding, and parang professional para sa isang first timer na tulad ko. Meron ngang kumukontrata na sakin e! Bagong business na naman amp! ö

Eh san naman ako tatambay? Ayoko naman sa garden, baka pagkamalan na ikakasal din ako. San kaya?

Ay shoot. Sa maze! Dun na lang ako tatambay!!!

Habang naglalakad ako papunta sa maze, hindi ko mapigilang matandaan yung nangyari almost 5 years ago, nung 18th birthday ko. I can't forget that night. Isa yun sa mga super sayang araw ko. Swear! The surprises. The kili-

Shitbrix Jersey. What are you talking about!? Kinikilig ka sa ex mo? Thepak.

Ganun parin yung itsura nung gazebo, kaso iba na yung kulay ng pintura. Dati kasi olive green and gold yun. Ngayon naman, white and gold na. Pinapinturahan kaya to ni Tito? Matanong nga mamaya.

Umupo ako sa loob ng gazebo. Thanks kay Mimong at medyo maikli tong dress ko kaya di nakakailang. Hihihihi :>>

Tinignan ko ulit yung pictures nilang dalawa sa cam ko. Ang cute cute nilang tignan promise! :))  
Kukunin ko sana yung phone ko sa bag nang may maramdaman akong box. Nang kunin ko,  
isang kaha pala yun ng Marlboro Lights.

Heck. Pano napunta to sa bag ko!?! Ay shet, nakilagay nga pala si Marlo kanina bago kami  
magshoot. Ano ba yan! Actually, hindi talaga ako naninigarilyo. But I tried it once, nung  
highschool. Si Paul kasi, nacurious. Ayun, pinatry sakin. Isang puff lang! Nadala agad ako.

Pero ngayon, parang gusto kong itry. Isang stick lang! Pampatanggal stress! Ano kayang  
feeling? Si Keith medyo naninigarilyo (kahit ayaw ni Amae). Nacurious tuloy ako!

Kumuha ako ng isang stick, then hinanap ko sa bag ko yung lighter ni Marlo. Sisindihan ko na  
sana nang...

May umagaw ng sigarilyo ko.

"Hey! Who the he-"

Si Kevin pala.

He looked at me with an amused expression plastered on his face. Inagaw nya pati yung lighter  
sakin. "Wow. This is.. so not you. First time kong makita na may hawak kang sigarilyo ah." At  
ang loko, tumabi sakin. Of course, medyo lumayo ako sa kanya. Lumipat ako sa isang pillar.  
Tinawanan nya ko. "Do you mind?"

Ano raaaaw!? "Whatever."

Then he did something that shocked me: he lit the cigarette. And the rest is history.

"You're smoking!?" di ko napigilan yung gulat ko.

He puffed before he replied, "No."

"Oh. Sa lagay na yan hindi ka naninigarilyo?"

"I tried to," sabi nya. He exhaled the smoke through his nose. Aba di raw sya naninigarilyo!!!  
Pero hindi na sya nag-puff; pinabayaan na lang nya na nakasindi yung stick.

"Mas matapang yung mga sigarilyo sa Germany. I tried it once, this January. Pero naaah. I  
won't risk it. Smoking damages your health, you know?"

"Yeah. Loving you, too," I whispered.

"What?"

"Wala."

Awkward silence #1

Kevin: So.. Why are you here?

Me: I need a break. 3 months nakong pagod, you know.

Kevin: Yeah. Organizing the wedding. I know. You did a very great job, by the way.

Me: Wow. A compliment from you? Stop it, di na ako sanay.

K: Really? Ay oo nga pala, ayaw mo nga palang pinupuri ka.

Me: Yeah.

AWKWARD SILENCE #2

K: Jersey.

My heart skipped a beat. What the fudge na naman!?! Anong meron?

Me: What?

K: Did you receive my email? The one I sent you after grad?

Ohmygod. Yes. I received your email. Yes. I went to Germany. Yes. Yes. Yes.

Me: What email?

Nagulat sya sa sagot ko.

K: Are you serious? Nag-email ako sayon nun. Sabi ko pumunta ka ng Ger-

Me: Kevin, kahit mabasa ko man yung email mong yun, it won't change a damn thing. Hindi pa rin ako pupunta. Kasi ang pagkakaintindi ko, break na tayo nung hindi ka nagpaparamdam or what. Ni isang text wala akong nareceive. And voila, 5 months aftre Grad, you sent me that bullshit email. You broke up with me. So please do-

K: Let's go back. I think ihahagis na ni Sath yung bouquet. That's your favorite part, remember?

Tinapon nya yung sigarilyo sa damuhan at inapakan.

At naglakad palayo.

Damn this guy!

Pinauna ko muna sya para di obvious na nag-usap kami. Ayokong mahuli nila kaming magkasama. Please lang.

PAGDATING NAMIN, este ako pala, sa reception, may AVP na pinapanuod ang mga guest. Pictures ng evolution nina Sath at Jerro.

Natawa ako sa highschool pictures! Mukha pa kaming mga dugyot nun e. Tapos may couple shot pa kami nina Paul, Sath, Jerro, Pao at Kat. Then the college pictures. I dreaded them. Kasi may pictures kami ni Kevin dun: Pagudpud, Maroon 5 concert, 17th and 18th birthday, holidays etc. Napansin ko lang ah, bakit ang dami naming pictures?! Kami ba kinasal!?

"Aaaaahhhh. Those were the days." Dammit. Bakit na naman sya nandito.

I ignored his snide remark. The last thing I want him to know is that I'm bitter over those pictures.

Nasa likuran kami, right corner. Buti na lang medyo madilim, kundi napansin na kami ng mga tao. Crap.

Amae: And now..the most awaited part : the tossing of the bouquet! Lahat ng babae na wala pang asawa, on the dance floor please!

Amae please don't call me. Please don't call me. Please don- YEEEEEEEEESSSS!! Di na nya ko pinansin! :))

Pero may epal na naman na lumapit saakin.

"Bakit ayaw mo dun? Single ka naman ah."

"Three reasons: Tired. Don't care. I hate weddings."

He gave me his patented Oh-talaga-I-think-you're-lying look. "I thought you love weddings? You even arranged one!"

For the very first time since yesterday, I gathered all my courage and faced him, stared into his brown pools. "I hate them now. Because someone proposed to me but he left me with a bullcrap email. Such an ass."

"You can't blame that someone, Ms. Santiago."

"Oh really. Ang dali lang pala nun noh?! He made me believe that love is just a lie.

We stared at each other for sometime. And as if on cue, I heard a familiar scandalous scream from the crowd.

Amae's.

She got the bouquet.

Kevin broke the stare off first. "Wow. Mukhang susunod na sina Amae at Keith ah. Then Paolo and Kat. Ikaw? Forever alone. Always the bridesmaid but will never be the bride."

He left me before I could slap his face.

He's not the Kevin I knew and loved before.

## Chapter 5

4 WEEKS AFTER THE WEDDING, balik normal na naman kaming lahat. Normal, meaning BUSY.

Nasa Japan ngayon sina Mr. and Mrs. Torres for their honeymoon. Aba, wag kayo sa honeymoon nila. Alam nyo kung saan?! :)))

8 countries lang naman: Indonesia, Vietnam, India, Greece, Carribean, UK, Macau, and of course ang last leg, sa Japan.

Yan yung wedding gift ng barkada sa kanila. Wala lang, para maiba naman. Nahihirapan kasi sila kung saan pupunta for their honeymoon kaya kami na nagregalo. San ka!? XD

So there, malapit na atang bumalik yung newlyweds. Haaaaaay! \:D/ Kamusta naman kaya silang dalawa!?

Wait. Kamusta naman ba ako? Ayun, okay lang. After the wedding, I received a number of calls from couples. Yeah, gusto nila ako ang magplano ng wedding nila. Gusto ko sana, kaso I need to focus on my masteral thesis. Pero nag-Yes ako dun sa isa, since kinuha rin nila yung service ng studio namin nina Jicker. Hahahahaha! :DD

Nako Jersey, kung makatawa ka dyan parang di ka asar. Ugh. Hindi ko na nakita si Kevin after the wedding. Thank goodness! Maybe he went back to Germany already. Gosh, I hope so. Walangyang bwiset yan, kung anu-ano pinagsasabi sakin! Sarap batukan e! Grrrr :///

You knew what happened. That @ss. Ang kapal ng mukha nya ha! Nung araw bago magwedding ang ayos pa ng pakitungo nya sakin, then now? He's so... full of it.

\*beep beep\*

From: Amae

Hoy babae, where in the world are you?! Call me. Now.

O-kaaay. Anong meron!? Tinawagan ko na sya.

Me: What?

Amae: Please cancel all of your plans this weekend.

Me: W-wait lang. I'll check. \*checks planner\* Whoaaa. I'm planning to revise my script, Miss. I can't ju-

Amae: Babalik sina Sath bukas from Japan an-

Me: What!? Akala ko next next day pa?

Amae: Just let me finish, okay? There. Gusto nilang magreunion tayo.

Me: Isn't the wedding a reunion already?

Amae: Hindi naman tayo buo. Ken and Jill are coming. Ano, cancel or what?

Me: Ano ba Amae, kanina ko pa nacancel! So.. where are we going?

Amae: Puerto Galera.

Me: Wow. Tricky. Should we re-

Amae: No. Sagot na nung mag-asawa yung ticket. Gosh, mag-asawa. It's reaaaally creepy, don't you think.

Me: But you got the bouquet, silly.

Amae: Oh. I hate you. Goodbye.

What in the world!? Bakit nya ko binabaan?! Dammit. So.. Puerto Galera this weekend. A reunion, eh? Naeexcite nakong makita sina Ken at Jill! :>>

Wait. A reunion? Kasi hindi kami buo nung wedding? So.. does that mean.. kasama namin si Kevin?

Oh goodness. Not again

-----  
FRIDAY NIGHT ANG SCHEDULE ng flight namin papuntang Puerto, pero mas nauna silang umalis kesa sakin. And dammit, I'm late. Since color coding ako today (actually tinatamad lang akong magdrive) at galing akong meeting with Jicker, nagpahatid nako sa kanya. Kaloka lang ang traffic!

"P\*cha naman ba't traffic!?" bulong sakin ni Jicker.

"Uh. Why are you whispering? Tayong dalawa lang naman tong nasa kotse."  
"Riiiiight."

Ewan ko ba kung bakit ang gidgy ni Jicker ngayong araw. Seriously. He was smiling like a.. basta.

Me: Okay Jick please what in the world are you doing.

Jicker: What? I'm just smiling, you know.

Me: I know that smile. Spit it.

J: Wala lang. Been thinking. Puerto with your ex boyfriend. Isn't that ro-

Me: Thank you Jicker for reminding me that miserable fact.

J: Come on Jersey, smile! Sayang ang beauty mo! XD

Me: Whatever.

J: Do you think nasa airport pa yung ex mo?

Me: I don't know. Shut up.

J: I wanna see him up close and personal, te. I only saw few pictures o-

Me: You stalked him!? Kadiri ka Jickerson. I can't believe that you could do that!

J: Ay kung maka-react! Anyway, I've been itching to ask you this: Can't you just be a mature woman and face him as if nothing happened? Hello. Have you heard of the word: move-on?

Me: Hello, Jicker. Matagal nakong nakamoveon sa lintek na y-

J: Kung nakamoveon ka na, hindi mo na sya tatawaging lintek.

Me: Riiiiight. So. Whatever. As I was saying.. yeah. Kaya lang naman ako nagiging ganito coz he's being an @ss towards me. That pisses me off.

J: Oh. The old Ex-Syndrome?

Me: What?

J: The Ex-Syndrome. May ganyang complex yung mga ex, boy girl LGBT whatever. Pag nakita nila yung ex nila na you know, moved on na, there's this tendency na magiging bitter sila. And voila, mangagaspan lang naman.

Me: That's so ridiculous! Ex Syndrome? Talaga? Meganon?

J: Meron nga, ang kulit. Tignan mo lang ha, yung ex mo, before Kevin, may pagka-epal ba sya?

Hmmm. Si Paul? Epal after our break-up? Hmmm. Somehow. Tanda ko pa nung meeting for homecoming and the blahblahblah. Damn, may pagka-epal nga sya.

Jicker continued his mini-symposium about the Ex Syndrome. Wow, so that exists? Nako excuse me lang ha, para sa mga bitter lang yang Ex Syndrome na yan. And trifax guise, I AM NOT BITTER. JUST DAMN PISSED.



-----  
45 MINUTES LANG ang flight papuntang Puerto Galera. Oohh yeah this is what I really really need: A VACATION! Though saglit lang to, hindi naman siguro masama, diba? :))

Palakad nako sa labas ng airport nang may makita akong familiar na lalaki. Wait. Nakatalikod kasi e. I know this guy. I know this gu-

The guy turned around. "Wow. Jersey!"

"KEN!!!!!"

Grabe, parang walang tao sa labas ng airport. Todo salubong naman ako sa kabarkada ko! Ohyeaaaaah! :DD

Me: Kakarating mo lang din?

Ken: Yeeah. Super connecting flights, di ko kinaya yun. Sakit sa ulo.

Me: Man, I missed you! Almost 2 years din tayo hindi nagkita ah!?

Ken: Oo nga. Alam mo naman, medyo hassle sa New York, di ako makaalis e!

Well well well, ang blockmate at barkada kong to, hulaan nyo kung san nagtatrabaho? Sa New York Times lang naman, Associate Translator. Hoy wag ka, ang laki ng sweldo nitong mokong na to! Talo tayo dyan!?! XD

Kamustahan kaming dalawa habang nasa loob kami ng aming 'service', courtesy of Mr. & Mrs. Torres. Sa private resort kami nina Jerro magsstay for the weekend. Ano, san kayo? It's good to have friends like them! :PPP

Mga isang oras din yung travel namin bago makarating sa Villa Carmella nina Jerro. Yahoooooo! :)))

"Ken! Jersey!!!!" sigaw ni Sath habang pababa kami ni Ken sa sasakyan. Aba, tumakbo pa ang loka.

"Darn it, Samantha. You're already a married woman! Don't run like that," at nagawa ko pang maglecture.

"Heheheheheh miss ko na kayoooo!" She enveloped us in a group hug. So tight na nabitawan na ni Ken yung bag nya.

I saw Jerro approaching us. "Hoy Samantha, that's enough. Nandito sila para magrelax, hindi para sakalin mo."

Ken: Jerro! Musta na?! Sorry about the wedding, daming ginagawa e!

Jerro: No fuss, man. Okay lang! At least nandito ka ngayon, di ba? Ayos na yun!

Naputol yung kamustahan portion nina Jerro nang may dumating na sasakyan. At lumabas si....

Me: JILL!!!

Grabe. It's Jill, alright! Wohhooooo

Buo na rin ang barkadaaaaa!

Amae: Jilliaaaaaan! I miss you naaaaa! :)))

Parang napariwara si Jill nung nakita nya kami. Speechless si teh! Takbo kaming girls papunta sa kanya for a hug. Ang arteee!

Jill: Grabe! Miss ko na talagaaaa kayo! :>

Me: Hindi halata! Parang highschool ampf!

Then may sumingit..

Kevin: Yo Jill!

Jill: Kevin! \*sabay palo sa braso\* Nakanang, pogi pa rin ah!

Keith: Hoy. Bakit mo ko kinalimutan.. -,-

Jill: Yuck Keith. Emo ka pa rin!

Lahat kami nakamusta na ni Jill maliban sa isa...

Si Ken.

Si Ken na kinukuha yung bagahe namin sa sasakyan. Si Jill na ang lumapit kay Ken.

Jill: Kenneth.

Ken: \*lumingon kay Jill\* Oh. Jillian! Kamusta?

Jill: Eto, maganda pa rin. Ikaw?

Ken: Eto, mayaman na :DDD

Ay wait. May hindi pa pala ako nakukwento sa inyo.

Break na sina Ken at Jill.

Sarreh, I forgot to tell you that! Teka, medyo flashback muna tayo. New Year 2014 nang naging silang dalawa. Actually okay naman sila e, walang away and everything. But they

decided to break-up after 6 months kasi, as I quote Ken, they are 'friends, but pretending to be more than friends'. Meaning? Mas okay kung magiging magkaibigan na lang sila kesa magsyota. After that, pumunta si Jill sa Australia para magturo ng Theater Arts. Tapos si Ken naman sa US for New York Times. Dulo-dulo ba.

Tignan nyo ha, matagal nang break yang dalawang yan, pero ang ayos ng pag-uusap! San kayo!?

Sath motioned us to go inside the cottages. Syempre, 2 days lang kami dito kaya konti lang dala ko. Hindi tulad dati na parang isang buwan akong mawawala kung makapag-empake ako. Isang medium-sized trolley at backpack lang naman ang dala ko. Nauna na sakin sina Sath. Kainis, di naman ako tinulungang magbuhat!

"Need help?"

Of all people.  
Nasa bandang kanan ko pala si Kevin, na naka plain white shirt at jeans. He's looking at me.

"Uhh. No. I can manage." Dammit Jersey, halata namang nabibigatan ka sa dala mo. Ugh.

Akala ko aalis na lang sya bigla. But I was wrong. Kinuha nya yung trolley ko at naglakad na papunta sa cottage.

"Kaya mo pala ha. Ang bigat nito."

"Eh trolley naman yan! Kay-"

He stopped walking. "Bahala ka nga dyan. Tapos mamaya ikaw tong magreklamo na masakit likod mo."

Whoa. Wait a minute. What in the world is that!? Is he.. concerned about me? Nakanang Jersey, gutom lang yan. As in gutom lang yan (-,-)

-----  
(Sath's POV)

TODO KAMUSTAHAN kami sa patio ng cottage. Hindi naman halata na miss na miss na namin ang isa't-isa? XD

"Jeeeeeee!" pacute na tawag ni Paolo kay Jersey. "Matagal pa ba yan?!"

"Punyeta Paolo ha. Ano ako, Iron Chef? Wala pa nga akong 30 minutes na nagluluto eh! Baliw ka ba!?"

Yep. Jersey's cooking our late dinner. Anong oras na ba? 11 pm? Hahahaha :))) Nagrequest kasi sina Jill at Ken na ipagluto sila ni Jersey. Eto namang si Ateng, hindi matanggihan ang dalawa kaya ayun, nag-ala Iron Chef na sa kusina.

"Guys! Punta kayo sa sala dali!" sigaw naman ni Keith. Anong meron!?

Pagdating namin sa sala, aba bongga! Naka-flash sa TV yung wedding pictures namin, courtesy of Marlo and Jersey.

Jill: Wow! Ang cute pala ng wedding nyo!

Je: (galing sa kusina yan ha!) Syempre! Kaganda ba naman ng organizer! XD

Ken: Parang di naman!

Jill: Oh. Wow! That's so cool! Si Amae yung nakakuha ng bouquet? I'm soo excited naaaaa! When's the wedding?

Nagkatinginan sina Mr. and Ms. Engineer.

Keith: Please don't mention the W word to her.

Amae: Coz it's freaking me out.

Ay may ganon?! W word? As in wedding?! Naman tong dalawa! They don't have to get married ASAP naman ah! Grabe laaaang. After that brief commercial, pinagpatuloy namin yung pagtingin sa pictures. And the video clip. Todo tawa kami sa mga behind-the-scenes na nangyari.

Ken: Who edited this video? It's nice ha.

Je: Si Sir Ramon.

Jerro: Weh!? Di nga!?!

Je: \*lumabas sa kusina\* Oo nga ang kulet. Di sya nakapunta sa wedding nyo, remember? So he asked a copy of the footage about 3 weeks ago. There. Wedding gift.

Ohmigosh. Ohmigosh. Ano beyeeen kinikilig ako! :"> The Ramon Bautista, ang gumawa ng wedding video ko!? Unbelievable! :PPP Around 1 hour din yung footage, kasama na rin yung highlights ng reception. Napa-UGH sina Keith nang part na ng tossing of bouquet yung nakita. Then I noticed something sa video, bandang likuran. Wait a minute. Medyo lumapit ako sa TV. Is that.. Kevin and Jersey? Sa may likuran? Are they talking!? Ohmigosh. Ohmigosh. It's them. Wag kayo, medyo madilim pero nakita ko silang dalawa! Super malinaw ata mga mata ko noh! XD

"Hoy mga balahura, kain na tayoooo!" tawag samin ni Jersey galing sa dining table. Aba, ready na pala ang aming midnight snack!

Jill: Sh\*t@ss, ang bango! Nakakagutom!

Pano ba naman, ang daming niluto nitong babaitang to!? Kaldereta, sisig, bangus at kung anu-ano pa! Nilabas na rin ni Jerro yung stock namin ng beer & Tanduay Ice.

Je: Who wants sisig? Lalabas ko yung sizzling plate!

Ken, Jill, Keith, Kat: Ako!

Pinauna na kami ni Jersey kumain. Seriously, this woman is so talented. And busy. Aba, eto ang pang wife material! San kayo, magaling magluto! At natatawa ako, para syang expert magluto ng sisig sa sizzling plate. Kasi ba naman, nung college, nag-adik sa sisig! Di ko kinaya yun -,-

Naramdaman kong siniko ako ni Jerro. When I looked up, his eyes pointed to someone.

Kay Kevin.

Kay Kevin na halos kumuha na ng sariling bandehadong kanin para kumain. Suuus, alam nyo ba kung anong kakainin nya!?

Kaldereta lang naman ni Jersey. His all time favorite.

Paolo: Je, ang sarap. Swear!

Je: That would be P3000 per plate, guys.

Me: Whatever. Magpapadeliver na lang ako kung ganyan ang charge mo.

Je: Joke lang teh! Eto naman, maramdamin agad!

Ken: I missed these food! Grabe! Puro McDonalds and bagels na lang kinakain ko dun e!

Jill: Ugh. Buti ka pa McDo. In Australia, goodness. Organic and dairy. Yogurt here, cheese there. Tapos spare ribs! Grabe. And bread! Goodness. Namiss ko talaga to!

Amae: Wow ha, ang dami nyo palang namiss dito! Well duh Amae, it's been 2 years. T@nga lang.

Keith: Don't call yourself tanga, babe.

Amae: Ewww. Babe your @ss.

Me: So Kevin.. Since matagal ka ring nawala, anong namiss mo sa Pinas?

We all looked at him intently. Him? Ayun, todo lamon pa rin. His reply?

"Si Jersey," he said without a pang of hesitation or beat. As in diretso. Walang mintis. Kain lang sya nang kain dun. That made all of us smile. Sinilip ko si Jersey sa may kitchen. Abaaaa, tumigil ang loka sa pagluluto! And guess what?

She's blushing. Like a tomato.

Napansin ni Kevin na natahimik kaming lahat sa sinabi nya. "Syempre pati rin kayo guys," he added.

Keith: Ayan! Buti sinama mo kami! Magtatampo ako kung si Jersey lang namiss mo.

Je: Aysows. Dahil sa kaldereta lang yan kaya ako sinabi nyan. Am I right?

Kevin: \*tingin kay Je\* Probably.

Punyeta ako'y kinikiliiiiig! Kinikiliiiiig akoooooo! :"">

\*beep! beep!\*

1 New Message from Amae.

Napatingin ako kay Amae, na nasa harapan ko lang.

Hala. Alam na. XD

(Jersey's POV)

WHAT IN THE FREAKING HELL IS THAT!?!?! HE MISSED ME?! TALAGA LANG HA?! UGH. HE'S SO.. FULL OF IT. SWEAR. AT IKAW NAMAN SANTIAGO, BAKIT MO PINABAYAANG KILIGIN KA?! T@NGA KA RIN NOH!!!

Grabe. That was so.. unexpected. Nako, asa ka pang totoo yun. Remember, sya si Efren ng napakagaling kong si Madge. At Jersey, wag kang magpadala sa arte nya. Repeat that 1000000000000000000x.

Kakatapos lang naming lumamon, around 1am na. Oh diba? Badtrip lang. Then it started to rain. So much for the Puerto Galera beaches.

Sath: Oh. Nice one. Maulan pala ngayon!? Dammit.

Me: It's already the 3rd week of July, Sath. Expected na na maulan.

Jerro: So.. Let's just hope that hindi maulan tomorrow afternoon.

Jill: Anong gagawin natin ngayon? :))

Hmmm. Ayoko pa ngang matulog e! Mukhang di rin inaantok tong mga kasama ko. Hmmm..

Kat: Let's play Sinungaling! :)))

Umagree naman kaming lahat. Sinungaling or bluff ang palagi naming nilalaro nung highschool and college. Familiar naman kayo siguro dyan diba? Aba, kung di nyo natatanong, ako ang Queen of Bluff! Kagaling ko kayang magsinungaling! XD

Amae: Tekka teka. Lagyan natin ng twist! Yung dalawa na may pinakamaraming talo, may consequence. Parehas lang sila ng consequence. Ano, game?

12 rounds lang!

Humagilap naman si Sath ng papel at ballpen. Lahat kami magsusuggest ng consequence. Hmmm. Ano kayang isusuggest ko? Aha! Be the cook for the rest of the weekend! San kayo! Hahahahah sana hindi matalo si Keith, wala syang alam lutuin. Haaaaay :DDD

Our game proceeded. Syempre, ako na nauna.

Me: Dalawang King.

Sunud-sunod silang nagsabing may King sila. Nang si Kevin na..

Kevin: Isang King.

Me: Sinungaling!

K: Sure ka?

I flipped his cards. Damn, King nga.

Pao: Oooohhh! Ang Queen of Bluff, parang kulelat na ata ah!? XD

Me: Shut up! Okay fine, ako na talo! Isa pa lang naman!

Ayun. Ganun lang nang ganun ginawa namin. Leche tong mag-asawa, ginagaspang ako. Galing naman nilang malaman na nagsisinungaling ako! Halos lahat ng bluff ko alam nila. Ang score: Me - 5, Kevin - 4, Kat - 2.

Leche lang. Please. Sana si Kat na lang.

Si Kevin ulit nagstart ng 12th round.

Kevin: 1 Jack.

Putek. Wala akong Jack! Ako na yung kasunod.

Me: Sinungaling!

Kev: T@ngina ano ba yan! Kainis!

YEESSSSSSSS LAAAAANG! Nakaganti na rin ako sa kanya! Ang saya ko grabe! \:D/

Amae: Hoy Jersey. \*inabot sa kinang maliit na box\*

Me: What?

Amae: Bumunot ka na.

Me: Why?

Keith: Kasi talo ka? I mean, kayo ni Kevin?

My eyeballs almost flew out of my sockets. WEH?!

Me: What the?

Sath: 5-5 kayo ni Kevin. Our rules kanina, yung 2 highest yung magsashare ng consequence.

Napatingin ako sa floor, then kay Kevin. Medyo nagulat pa sya ha, pero di fake yung pagkagulat nya. Kaya pala napamura sya ng malakas.

Me: Hoy Kevin, ikaw bumunot.

Kev: Ikaw malapit kay Amae e.

Darn. E di bumunot na nga ako. Hinablot agad ni Amae yung papel.

Amae: What the heck!? Keith, anong kalokohan tong sinulat mo!!!

Keith: Ha? Sabi nyo kahit anong consequence!

Me: Anong sinulat ba?

Amae: Share a room for the whole weekend.

Me & Kevin: PUT\*NGIN\* YAN. DI NGA!?

I'm horrified. Swear. This is the last thing... Shete lang po!! Of all things!!!

Jerro: Okay, that's settled. Ganito ang room arrangements natin, kami ni Sath sa 1st room, tapos the couples magkakasama na.

Kat: I'll room with Jill tonight.

Me: Eeeehh! Kat, kay Paolo ka na lang! Kami na lang si Jill yung magshare please!?

Pero hindi nila ako narinig. Pumunta na sila sa designated rooms nila. Naiwan kami ni Kevin dun na speechless. He was the first to speak.

Kev: Come on.



Kinuha nya yung trolley ko at dumiretso na sa kwarto. Shet gusto ko nang umiyak, swear. I am so not ready for this. I am not. Pero hey, kung mag-iinarte ako dito, that would make me look like superduper bitter, right? And I don't want to look like that. I want to be the cool one. The moved on one. So I must do it.

-----

Hindi pa pala pumasok si Kevin sa room. Naghihintay sya sa may pintuan.

Kev: Keys?

Me: Riight. BRB.

Dali-dali akong nagpunta sa kitchenn nilapag kasi ni Jerro yung susi sa may counter.

When I got there, I saw Amae and Keith in front of the fridge.

Amae: Oh. Wait, I'm not thirsty anymore.

Eexit na sana yung dalawa pero nahigit ko yung braso ni Amae.

Me: What in the hell is that!? Of all people Amae! Why him!?

Amae: Coz he lost?

Me: Damn your stupid rules.

Keith: Oy Je OA na. That's a game. A game. Parang pinlano namin na matalo kayo?

Me: Well duh. Sa dami nyo ba namang nagawang kalokohan, ano pa bang imposible? And. Sh\*t. Siguro lahat kayo sinulat yung share a room noh!?

Pumunta si Amae sa sala at kinuha yung box.

Amae: See? This is what I wrote: Be the cook. And read the others.

Me: Keith.

Keith: What?

Me: Nakakainis ka.

Kei: Nako. Just be cool with it. Ano ka ba! Matagal na kaya kayong break!?

Me: Whatever. Look, kung may maririnig man kayong patayan, wag na kayong magtaka.

Kinuha ko na yung susi sa counter at iniwan yung dalawa.

NAKAUPO NA SI Kevin sa lapag nung bumalik ako.

Me: Sorry. Nauhaw ako.

Kev: Okay lang. The key?

Inabot ko sa kanya yung susi.

The door opened like.. voila. Damn. I like this room. Seriously.

Me: Wow. This.. is nice.

Kev: Yeah. A big room.

Wait a minute. Isa lang yung kama. Isa lang. May sofa ba?

Meron.

Nauna syang pumasok sa room at nilapag yung bag nya sa sofa.

Kev: Take the bed. I'll sleep here.

Me: Okay.

Tahimik lang kaming dalawa dun, parang tanga. Sa CR agad ako nagpunta para magpalit. Damn. Ang tanga ko talaga. Tanga tanga tanga. Masyadong sexy yung pantulog na dala ko. Hello, hindi naman ako naka-lingerie or whatever. Plain gross. So instead of wearing a tank top and boxers, sinuot ko yung oversized tshirt ko and jogging pants. The heck.

Paglabas ko ng CR, I saw him unpacking.

Me: You'll use the CR?

Kev: Yeah.

Tinignan nya ko ng weird. Dahil siguro sa suot ko.

Me: Okay. What's with that look?

Kev: \*grins\* Nothing. Nilalamig ka nga ata.

Mas lumakas pa lalo yung buhos ng ulan. Ay whatever Kevin. Shit@ss.

Okay Jersey, settle down. Settle down. Focus on your script. Don't let Kevin distract you. Kinuha ko yung Mac ko and started to work on my script and other things. At para masecure ang utak ko, siniksik ko na sa tenga ko ang earphones. Distraction? Ano yun!? XD

Sa sobrang engrossed ko sa pagtatatype, di ko napansin na tapos na pala syang mag-CR. Eto ang lay-out ng kwarto: nasa kanan ng kama ko yung sofa. The heck. So I can see what he's doing. The fudge.

Jersey ignore him.

T@ngina, how could I ignore him!? He's bagong ligo for crissakes. Naka gray shirt and medyo mahabang boxers. I was really oggling at him. Then he looked at me.

Okay let me rephrase it: He caught me staring at me.

Kev: What?

I removed my earphones.

Me: Ha?

Kev: Do you need something?

Me: Aahh. The aircon. Can you lower down the temp? Ang lamig na kasi.

Kev: Sure.

Napaka obedient nya ata ngayon. Ibang-iba dun sa Kevin na nakausap ko nung wedding. I continued to ignore him. Pero ano ba. Parang may magnet na.. pinipilit akong tumingin sa kanya. Looks like nahihirapan sya sa sofa. Hindi nga sya makatulog dun e.

Me: Hey. Everything okay there?

Kev: Yeah.

Me: Look. I'm not going to sleep naman, so I think you should take the bed. No big deal.

He shot me a look.

Kev: Come on, you're a girl. Dyan ka na.

Me: Wow. You, a gentleman? How-

Kev: Knock it off. Just do whatever you're doing. Goodnight.

Humiga sya sa sofa, nakatalikod sakin at natulog. Ugh. That crap!

Oh crap I'm soo dumb.

Parang binenta ko yung sarili ko sa kanya. I actually showed that I care about him. Which is eeewww, of course. I'm not supposed to do that!!! Before I knew it, I fell asleep. Sobrang pagod ko na siguro. At thanks talaga na wala akong napanaginipan na kung ano. It sucks.

NAALIMPUNGATAN AKO BIGLA. Parang may weird akong naramdaman sa paanan ko. Something na.. malamig. Kinuha ko agad yung phone ko: 6:35 am na pala. Great.

And I noticed it.

Nakakumot na ako. At nakapatay na ang Mac ko, na nasa tabi ko na.

Wait lang ha. Hindi ako nakakumot kagabi. I swear, coz I didn't plan to sleep right? And I left my laptop open.

Napatingin ako kay Kevin.

Oh shoot. Wala pala syang kumot. Ayun sya, nakajacket at nakuntento na lang sa fetal position nya.

Oh. Sya yung nagkumot sakin at nagpatay ng laptop.

Parang sinipa yung puso ko. The crap. Eh sino bang ibang gagawa nun, Jersey? May multo? G@ga. Sya na nga yung gumawa, silly. Nawala agad yung antok ko kaya naligo nalang ako and blahblahblah. At aba, ang sarap ng tulog ni Kuya, di man lang natinag sa ingay ng shower.

Lalabas na sana ako ng room nang mapansin kong nanginginig sya. Malamig? Naman. Malakas pa rin yung ulan at naka-aircon pa kami.

Okay Jersey. What are you gonna do? Kukumutan mo ba o hindi?

Syempre hindi noh. Mamatay sya dyan sa lamig.

Lumabas nako ng kwarto.

Oh shocks, I left my laptop. Bumalik ako sa loob.

My conscience's telling me na kumutan ko sya. Well, he's not being an @ss to me anyway.

So yeah. I got the blanket and placed it on him.

No big deal.

-----  
NAGLULUTO NA SI KAT nang dumating ako sa kitchen.

Kat: Good Morning! :))

Me: Where are the others?

Kat: Hiding from you.

Me: Oh. Buti naman at naisipan nilang magtago. Those creeps! Syempre joke lang. Heeeey guuys! I am not mad. Come out!

And true enough, nagtatago nga sila sa may sala. Naka-bee line pa ang mga mokong papunta sa dining table.

Sath: Did you sleep well?

Me: Yeah. Salamat sa sofa, guys. I mean, sa kama ako humiga.

Sath: Riiiight.

I spotted Ken and Jill talking outside, sa may patio. They're laughing. And mukhang masaya sila. Wow. Just like before! Ang cute pa rin nilang tignan.

Kumakain na kami nang lumabas si Kevin sa kwarto, bagong ligo. Naka-purple v-neck shirt and pants. Don't let him attract you, miss. Please lang (-\_\_-)

Pao: Oh! Napasarap ata tulog mo ah?

Kev: Ang lamig kasi e!

Umupo sya sa tabi ko, since yun lang naman ang available seat. The fudge lang.

Kev: \*to me\* Paabot naman nung peanut butter oh.

Inabot ko naman, with matching iwasa na dumikit yung kamay ko sa kanya. Please.

This is so awkward. Magkatabi na naman kami. Ajujujuju <////3

THE REST OF THE DAY went well. Mga 11 am tumigil yung ulan, and super araw naman ang sumunod. We hit the beach immediately. Enjoy naman, though hindi kami masyadong nag-uusap. Well, wala nang dapat pag-usapan diba? Civil naman kami. Pero alam nyo, medyo.. Aaaagh. Madalas akong napapatingin kina Jill at Ken ngayon. Wala lang. Parang.. okay sila sa isa't-isa ngayon. Define okay.

Parang walang break-up. Friends pa rin.

11PM na pero hindi pa rin ako makatulog. Ayun si Kevin, tulog na sa kwarto. Syempre, sa sofa pa rin. Lumabas ako sa may patio para magpahangin.

Saktong naabutan kong nag-eemo si Ken sa patio.

Me: Hey Kenneth.

Ken: \*medyo nagulat\* Oh Jersey! Ba't gising ka pa?

Me: Can't sleep.

Ken: Awkward room?

Me: And roommate.

Ken: Riiight. It must've been hard for you noh?

Me: Ang alin?

Ken: With Kevin.

Me: \*smiles\* Yeah. But it's still bearable pa naman.

Ken: Last night na to, matulog ka na dun.

Me: Shut the heck up nga! Hey. Can I ask you something?

Ken: Shoot.

Me: Alam mo bang pupunta si Jill dito?

Ken: Honestly? No. Why'd you ask?

Me: Wala lang. It's just.. naah. Parang casual lang kayong dalawa.

Ken: Ganun talaga e! :) Kayo ni Kevin?

Me: We barely talk. Para kaming business associates lang. Dammit. Ang awkward.

Ken: Boohooo. May hindi pa nakakamoveon.

Me: F\*ck it. Tapos nako dyan.

Ken: Really?

Me: Oo nga. Pero.. the truth is, I envy you and Jill. Kasi.. you still remained friends after the break-up. Alam nyo yun, you could still talk about things.

Ken: Ikaw, naiinggit samin? Bakit nga?

Me: Kasi.. this sounds so pathetic. Alam mo yun, I love to visualize the day na magkikita ulit kami ni Kevin. I calculated everything! Kung pano kami mag-uusap, pano ko sya ngingitian as if nothing happened. I'll be the forever cool and hip Jersey Santiago, and he'll be the swabeng Kevin Santos. Without the bitterness. Pero nung nakita ko sya the day before the wedding, I froze. And almost died. Hindi ako naging cool and hip na Jersey Santiago. That sucks.

Ken: Eto ha, tatanungin kita: Can exes be friends?

Me: Of cour-

Ken: Sa lagay nyo ba ni Kevin, kaya nyo ba maging friends?

Natahimik ako sa tanong nya. I never asked that question to myself.

Ken: Yan kasi yung ginawa namin ni Jill, 3 months after the break-up. Yeah, we follow that 3 month rule. Pinag-usapan namin lahat. We got angry, pissed.. basta ang daming nangyari between us that time. Then she asked me, "Can we still be friends?" Natigilan din ako sa tanong nya e. Sabi nya sakin, "Okay lang naman kahit hindi tayo maging friends ngayon, Ken. Natural lang naman sa mag-ex ang may bitterness. I can't blame you for breaking up with me. Seriously. I'm not saying na we can't be friends now ha. It's just.. yeah. I can't now. Kasi it will take us a long time para maging friends, na walang malisya. Just don't close your doors, okay?" After that, mas lalo kong minahal si Jill. Kasi iba yung atake nya sa situation namin e, walang bitterness. So we were civil bago ako pumunta ng New York. Then 6 months later, nagkasalubong kami sa Columbia University. We had coffee and poof, I felt something. Wala nang malisya. Sure, I still love her. Hindi naman magbabago yun e. Pero wala na ngang malisya. Ang saya ko nung moment na yun.

Ikaw Jersey, try to evaluate yourself. Ikaw lang naman makakasagot kung kaya nyong maging magkaibigan e. Kausapin mo, to set things straight.

Me: Wow. I'm..

Ken: We're cool. Nakita mo naman diba? And besides.. I'm telling you something.

Me: Ano yun?

May nilabas si Ken na maliit na red velvet box. When he opened it, I saw a ring. A diamond ring.

Me: Oh my gosh.

Ken: Pagbalik ko sa New York, I'm planning to propose to Marianne. Halos 2 years na rin kami ni Marianne e.

Me: You sure about this?

Ken: Yup. Very sure.

Iniwang nako ni Ken around 12am. I tried to think about what he said. Can exes really be friends?

Kami kaya ni Kevin kaya yun? Ö

-----

DUMATING KAMI SA MANILA AROUND 7PM, SUNDAY. Syempre, may trabaho pa kami diba?

Si Jicker ang taga-sundo ko ngayon since nasa kanya ang kotse ko.

\*calls Jicker\*

Jicker: Hi Babylove! How's your weekend?

Me: Quit it, Jick. Where in the hell are you?

Jicker: Ba't galit ka teh? May gig ako tonight, for Greenbelt. Why?

Me: WHAT?! YOU TOTALLY FORGOT ABOUT ME?

Jicker: Ha? What are you talking about?

Me: You. Are. Supposed. To. Fetch. Me. Tonight.

Jicker: Kapal mo ha. Wala kang sinabi!

Me: I did!

Jicker: When?

Me: I texted you! I texted you! Ano ka ba?!

Jicker: Wala ka ngang tinext. And kung may text ka man, I'll decline. Mas nauna tong gig kesa sayo. And don't dare to call Marlo, he's with me.

Me: And how am I suppose to go home!?

Jicker: Mag-taxi ka! Or better yet, pahatid ka kay Kevin loves mo.

UGH. That @ss!!!! I hung up.

Sath: O Je! What's wrong?

Me: Hindi pala ako masusundo ni Jicker ngayon. May gig daw sya.

Sath: Nako! Hatid ka na lang namin ni Jerro!

Me: Naaaah. Taga-Muntinlupa pa kayo. Totally out of the way. I'll score a cab later na lang :))

Jerro: Kina Pao, sabay ka!

Me: They're taking a cab din. Ano ba guys, I can go home alone :))

Ayun, todo paalam naman kami sa isa't-isa. Sumabay si Jill kina Amae pauwi, tas si Ken naman nag-taxi na rin. Haaaaay. Forever alone :((



Hinintay ko muna silang makaalis bago ako humanap ng taxi. Kaso badtrip, palagi akong nauunahan. Until....

"Oh. You're still here?"

So what do we have here?! Ampf. Nandito pa rin pala sya.

Me: Yeaah. Waiting for a cab.

Kev: San ka ba umuuwi? Sabay na kita.

Is this.. for real? Come on.

Me: Nako wag na. Maghihintay na lang ako ng taxi.

K: Mga buwaya yang taxi dito sa NAIA, ang laki magcharge. And besides, ang daming sumasakay oh. Pano ka makakasingit?

His power of persuasion pisses me off. Before I could say no, my right hand jerked towards him. "Dalian mo. Inaantok nako."

-----  
So this is what it feels like.

I remember watching One More Chance way back on highschool. Kasama ko si Paul nun sa ATC para manuod. Syempre, nakakaiyak. Then out of the blue he asked me, "Jersey, what if nagbreak tayo, magiging ganyan kaya tayo tulad nina Basha at Popoy?"

Tinawanan ko lang si Paul nun, at sabi ko hindi naman mangyayari yun kasi hindi kami magbebreak. But whatever happened to that. Nagbreak din kami a year later.

So.. ganito pala ang feeling nung car ride scene na yun. Ganito pala.

Spell awkward?

U-S.

Medyo mabilis yung byahe, wala kasing traffic. Haay leche naman oh. Say something! Say something!

Nag-eecho na naman sa utak ko yung sinabi saakin ni Ken last night. Kaya ba naming maging friends? Without any malice or anger? Haaaay kastress!

And he's not even talking to me. Aba, as if kakausapin ko sya noh! Tell me nga guys, alam nyo ba kung san makakahanap ng librong "How to be Friends with your Ex"? May libro bang ganun? Kung may makita nga kayo, please pakisabi nga agad saakin! Para makakuha ako ng tips for this situation!!!

Ugh. Para talaga kami sina Basha at Popoy ngayon. Ang awkward. Nakinig na lang ako ng music sa iPod ko. Punyeta. Sana hindi na lang pala.

First song?

*Minsan, di ko maiwasang isipin ka*

*Lalo na sa tuwing nag-iisa*

*Ano na kayang balita sa'yo?*

(Tengene lang please bakit Hiling ng Silent Sanctuary tong unang kanta. Lecheng shuffle yan oh!!)

Second song:

*Ngayo'y aking inuunawang pilit mga pagkukulang kong iyong ginigiit*

*Sana malaman mong tanging ikaw lamang ang aking iniintindi*

*Nakatanim pa saking alaala*

*Pangako mong mananatili ka*

*Kaya't paglisan mo'y naiwan ang pusong ito na ngayo'y bitin na bitin*

PUNYETA WAG NA NGANG MAKINIG NG MUSIC NABIBWISSET AKO

Kev: Hey. Sa Katipunan ka, right?

Wow. Tapang ni Kuya ha! Di na nakatiis na mapanis yung laway nya.

Me: Yeah. Pero can you drop me off sa may Quezon Ave? I'll get my car kay Jicker.

Kev: Okay.

Ay grabe ginawa ko naman syang driver. Hah, what can I do?! Sya tong nagprisintang ihatid ako. Eh di enjooyo lang! :DD

Nang malapit na kami sa Quezon Ave, inayos ko na yung sarili ko. Sasabihin ko sa kanya, "Thanks for the ride! Ingat pauwi!" and kazaaaam! Labas agad sa kotse, kuha gamit at poof diretso na sa parking lot. That's my plan.

Pero may plano pala ang loko. Paghinto namin sa tapat ng condo ni Jicker, before I could tell him my magnificent spiel, he spoke.

Kev: Jersey, pwede ba tayong mag-usap?

Shet whatamaygonnadooooo he wants to talkk

Me: About what? Look, I need to get going. Gagawa pa kasi ako ng lay-out for a shoot so.. yeah. Ano yun?

Ang tapang ko para tignan sya ha! Pero nung lumingon sya saakin, umiwas ako bigla. Baka kung ano pang mangyari.

Kev: Gusto ko lang magthank you, dun sa kumot yesterday.

Putek akala ko kung ano na!!! Kaines.

Me: Ah yun ba. No big deal. Di ko lang kayang makita na may roommate akong nagyeyelo na sa sobrang lamig. Yun lang ba? I ne-

Kev: And I want to say sorry.

Shet I'm so not prepared for this.

Kev: Okay. I know I've been a jerk nung wedding. I'm really really sorry for that. Kaya ako ganun kasi.. hindi ko alam kung anong gagawin ko. I'm completely clueless. I didn't mean to say those nasty things sa reception. You know, Freudian slip. Dapat kasi joke yun, kaso tinopak ako. And.. honestly.. after all this time, I realized something.

I need you back. I want you back....

as a friend.

Pucha. Akala ko kung ano na. As a friend lang pala. Heck Jersey, parehas lang pala kayo ng iniisip e. Kaya pala ang bait-bait nya saakin! He realized that he wants me to be his friend! A f\*cking friend!!

Kev: Naiinggit kasi ako kina Ken at Jill. They are so civil with each other. Gusto ko sana ganun din tayo. I mean, friends tayo dati diba? Bago maging tayo? I was thinking, bakit kaya hindi namin magawa yung ganun? Para sa future, kung may ganito mang mangyari, let's say a reunion or a car ride, nag-uusap tayo? Kasi tangina naman, napapanis laway ko dito. Seryoso.

Ansaveeeeeeh Jersey!?! Say something! Say something!! Say something!

I want to say that yeah we could try to be friends but that will take a long long time for us. A very long time. See, I'm not closing my doors, ayt?

Pero syempre, that's my mind talking.

Me: You know how people often remain good friends or stay close after they break-up?

I don't think I can do that.

He looked at me with a very pained expression. Aba, sorry sya. I am mad. The damage has been done, Kevin. I can't be friends with you coz you broke me into pieces. Kung kelan okay na ko, tsaka ka dadating? Punyeta.

Kev: Okay. I understand. Goodnight.

And with that, I proceeded to my plan: get out of the car, grab my bag and walk away.

Forget that "Thanks for the ride! Ingat pauwi!" line. The trip's not worth it.

## Chapter 6

### ALMOST A MONTH LATER

After that big WTF moment with Kevin, everything went back to normal. Again, wala na naman akong balita about him. It's more of ayokong malaman kung ano ang nangyari sa kanya ngayon. Hello, ako yung nagsabi na 'I don't think I can do that' di ba? I might as well live with it.

Normal means back to my ever busy schedule. Grabe lang! And it's already the 1st week of August. Ang bilis laaaaang! :DD At ako na masaya.

So, okay na ko ngayon. As in. Super. Until one day may nangyari sa office na di ko makakalimutan.

### FLASHBACK

Tuesday afternoon, nasa studio ako with Jicker. Umalis na si Marlo bago ito mangyari. Buti na lang nauna na sya! So as I was saying, kaming dalawa lang nandun ni Jick. Gumagawa sya ng photobook nung recent gig nya habang ako nag-eedit ng aking short clip for my masteral. Steady lang kami nun until I had this urge to check my e-mail. Nako, medyo nag-iingat nako sa e-mails na binabasa ko, baka may makikipagbreak na naman e! K di benta /wrist

\*scroll down scroll down\*

One caught my eye.

Re: Re: Re: Fw: PARL 10TH ANNIV!!!

From:

James Francisco <jfrancisco@gmail.com>

Subject: PARL 10th ANNIV!!!

Hello brods & sissies! It's been a long time! Nga pala, the UPLB Parliament Debate Society is celebrating its 10th anniversary this year. Oh san kayo! Parang kelan lang noh!? XD

We are all invited to the alumni homecoming, August 16. Ano, pwede kayo? Come on guys! Miss ko na LB! Kayo ba? Dali na! Tagal na rin nating di nagsama ah! Batches In Vino Veritas, Carpe Diem and In Utero! Ano na? Punta na tayo!

10th na ng Parl! See you! Contact na lang natin si Kim. Para mangarag sya

"Oh, ba't ganyan mukha mo? What happened?" tanong sakín ni Jicker.

I closed the window before replying, "Nothing. Nagkamali lang ako sa transition."

"Oh shut up!" lumapit sya sakín at tinulak ako palayo sa Mac ko. "Oohh Alumni Homecoming! This sounds fun!"

"Yeah, but I'm not going," tinulak ko sa palayo.

"Hoy mahiya ka naman. That's an org thing noh. Diba you were national debate champs before? Ba't ayaw mo pumunta to you know, cherish the glorious days? "

I gave him my ultra deadpanned look. "I just don't want to. I'm b-"

"T@nginang busy yan. Laspag ka na! Go out sometimes!"

"I CAN'T!!!"

"EXPLAIN!!!"

I can't say it. Kainis lang. So tinuro ko na lang sa kanya ulit yung email. "Read it again."

Jicker shrugged. "The UPLB Parliament Debate Soc- Oh. Now I get it. Orgmates kayo ni Kevin! And you're afraid to see him! Grabe ka."

"Of course I am! After wh-"

"Oh yeah. The 'I don't think I can do that' spiel. Siguro naman naisip mo yung consequences nun right? And hey, that's too dramatic. Have you been watching 90210 or One Tree Hill re-runs lately? Drama Queen!"

"More of Roswell/Dawson's Creek, Jick."

He rolled his eyes. "Whatever. You should. You must go."

"I don't want to. Don't need to."

"Then give me a reasonable lie. Convince me that I shouldn't pester you."

"First, I am busy. Second, I'm doing my thesis. Third, schedule. Fourth, I hate reunions or homecomings."

"Because of Paul?"

"Pakyu. Don't bring that up, will you."

"No Kevin-related reason?"

"Hell yeah."

"And why?"

"Because I don't think he's coming. I haven't heard about him since.. Puerto."

"Ay ang bitch. Bitterness won't do you any good."

He's really pissing me off! "I am not bitter. Just be-"

"Better? Kiss my arse, Jersey. I'm maybe gay but the heck, you are bitter."

"Leche ka Jickerson. Fine, you think that I'm bitter. I don't effin care. But that's not my point. I just don't like to go. Period."

Bumalik sya ulit dun sa desk nya. "Okay, Ms. Bitter of the Year. Pero pustahan, you will go. Ikaw pa, hahanapin ka ng orgmates mo. Ikaw na Ms. Friendly."

"I have a solution: mamumundok ako."

"As if kaya mong tumagal without technology. Pustahan pa tayo e!"

"Fine. Basta I won't go. Pag ako nanalo, I'll have your car for 2 weeks."

"And if I win, you should settle things between you and Kevin. Ano!? You said deal already. Bawal na back out."

END FLASHBACK

Ayun, medyo nag-lie low ako that week. Nagpakabusy talaga ako para di nila ako mahagilap. Sama ko noh!? Pero namaaaan, ayoko talagang pumunta.

Then this happened.

Naglalakad ako sa may CASAA sa Diliman nang may tumawag sa pangalan ko.

"Jersey! Jersey!"

\*looks around\*

"Kuya James!?"

Okay. So much for hiding. Patakpong lumapit saakin si Kuya James.

"It's you! Kamusta ka na?!"

Me: I'm doing great! Really. Ikaw Kuya? Pumapayat na tayo ngayon ah!

Kuya James: Syempre naman! Hectic trabaho e!

Me: So.. what brings you here? Nagulat talaga ako promise, akala ko kung sino na yung tumatawag saakin.

Kuya James: Oh. It's about my fiancée. Nagmamasteral sya dito, Socio.

Me: Oh really!? Nagmamasteral din yung bestfriend ko ng Socio dito! Wow lang, small world!

Kuya James: Oo nga e! Nga pala, nareceive mo yung email ko?

I'm doomed.

Me: Y-yeah. I received it naman. Puro Re: Re: na nga nakita ko. Ginawa ba namang thread!

Kuya James: Si Allan kasi pasimuno nun e! Anyway, makakapunta ka ba?

Shet naman ooooooh.

Me: I'm not sure eh. Busy ka-

Kuya James: Sabi kasi nila dapat every batch daw may rep. Sa batch nyo kasi, ikaw lang available e.

5 kami sa batch namin: Ako, Kim, Jam, Levi at Kevin.

Me: Sina Jam?

Kuya James: Si Jam, ayun malapit na manganak. Si Kim naman may fieldwork sa Ireland. Levi naman, nasa Hongkong for an exhibit. Si Kevin, I think he went back to Germany. That makes you the available one for your batch.

Nagulantang ako ha. Si Kevin, nasa Germany na ulit!? Ay ang drama ni Kuya! Talaga dapat meganong epek!! Sakit sa bangs! Well mas okay yun, I could go now.

Me: I'll check my schedule first.

Kuya James: Dali naaaa! Gusto ka na rin makita nina Mike at Borgs. You know, stories about modelling and blahs.

Grabe. Pag isa ka nga namang debater, malakas ang power of persuasion mo. And Kuya James is a very very good debater. BA Philosophy ba naman eh!

Me: Okay okay! I'll go. I'll go! Basta ayusin kamo nila.

Kuya James: YESSSSS!! Salamat talaga Je! Pano, kita kits next week!

Okaaaaaay. That's fine already. Pupunta nako ng Alumni Homecoming.

Ay p\*cha. Yung pustahan nga pala namin ni Jicker. Well what the heck, nasa Germany naman si Kevin. So that means we'll never see each other again.

-----

4 DAYS LATER, NANDITO ako sa SLEX papuntang LB. Using Jicker's car. Ang bait talaga ng baklang yun! XD At ang gaga, masyado atang nag-eexpect na makakapunta pa si Kevin sa homecoming. As if.

Medyo maaga akong dumating ng LB. Well sinadya ko talaga yun para makapaglibot pako sa campus. Ang drama ko talaga ever, nagawa ko pang magreminisce! XD 6:45pm ako pumunta ng SEARCA Hotel. Pagpasok ko sa lobby....

Mike: NAKANANG OH! MODEL NA MODEL!!

Me: Kuya Miiiiike! Ang taba mo pa rin!

Mike: Ay ang yabang na oh, model ka lang ha!! Teka. Borgs! Borgs! Si Jersey!

Borgs: Huzzzaah Jersey! Kamustaa?

Me: Ate Borgs! I'm doing good! Naks, ganda natin ngayon ah!

Borgs: Well well well!? San ka pa ba nagmana!? Hahahah ;))

Mike: Kahit kelan ang kapal mo talaga! Tara na, nasa loob na si James.

The function hall looks good! In fairness, pinaghandaan talaga to ng Parl!

James: Wow, saw your car. Asensado ka na!

Me: Wish that's mine. Sa friend ko yan.

Borgs: Friend!? Aysows!

Me: Oo nga! Kulit nito.

Mike: Wag mo na ngang intrigahin si Model Jersey!

Borgs: Che. Taba!

Me: Yiiieeee! :) Hanggang ngayon in denial pa rin kayo!?

Mike & Borgs: SHUT UP!!



James: Grabe! Lagpas bente na kayo pe-

Borgs: Pero ano!?

James: What a surprise!

Si Kevin oh!

I froze.

-----

(Kevin's POV)

Gulat na gulat si Jersey nung makita nya ako. Leche, anong meron?!

James: Wow! I thought you went back to Germany?!

Ako: Ha? Sinong nagsabi? Nasa Davao ako, business. Loko yun ah!

Borgs: Wow Kevin! Ang gara natin ngayon ah!

Ako: Hanggang ngayon ba naman Borgs?

Borgs: Haaa?

Ako: Hanggang ngayon ba naman di ka parin makamoveon sakin?!

Borgs: Pakyu!

Mike: Bro! You saved me from her!

Borgs: Ano!?!

Si Jersey naman pinansin ko.

Ako: Akala ko di ka pupunta. Haven't seen your car outside.

Je: I brought Jicker's car tonight.

Teka, Jicker? Diba yun yung gay friend nya? Hanep ah. Baka naman talaga... nevermind! Pano ko nga pala nalaman tong reunion? Sinabi sakin ni Paolo. Pero nakalimutan nyang sabihin na pupunta pala si Jersey. Shet.

Mike: Hoy Kev! Tabihan mo nga ako! Baka kagatin ako nung halimaw eh!

Borgs: Yabang mo ah!

So pwesto namin: Je-Borgs-James-Ako-Mike. Nagstart na yung program around 7:20pm. Puro blahblahblah lang naman yung ceremony. Then nung Batch Recognition na, si Jersey yung

kumuha ng plaque para sa batch namin, In Utero. Pagkatapos nung ceremony, as usual, kainan portion na. But knowing us, kwentuhan portion na ito. Drinks at konting pagkain lang kinuha namin. Hanep, nag-inuman! Hahahaha.

Ayos na yung kwentuhan namin eh nang...

Mike: So Kevin, dating someone?

Ako: \*nasamid\* Haaa? Tae ka Mike. From Java to dating? Lakas segue ah!

Borgs: Hey! I'm curious din!

Ako: Wala. Busy ako.

James: Pero you dated naman? Sa Germany.

Ako: Yeah. Dated 2 girls. Isang Brazilian tas isang Japanese-Brazilian. Saglit lang pareho.

Sinilip ko yung reaction ni Jersey. Ayun, kausap nya yung katabi nya. Pero napansin kong bumilis syang magsalita. Alam na! :PP

James: Eh ikaw, Ms. Model. Dating someone?

Je: Wala ah! Hectic sked ko e.

Borgs: But is it true that you and Mong dated?

Je: Yeah. We dated for about 3 months, pero decided to be friends. Less hassle.

Nagulat ako dun ah! She dated.. Mong!? Tae, crush na nya yun ever since Grade 6! Tas nagdate sila!? T@nginang yan!!!

Natapos yung homecoming around 10:30pm. Pinakaunang umalis samin si Jersey kasi may trabaho pa sya the next day. Ako naman may kinausap na prof.

11pm na nang magdecide akong umuwi. Sa Jamboree ako dadaan para mas mabilis. Eh pagpupunta ka ng Jamboree, madadaan mo yung University Library. Lalagpasan ko na sana yung lib nang may makita akong kotse na nakaparada.

Jicker's car.

So hindi pa sya umaalis. Wow, I'm surprised.

Hinanap ko sya sa lib. There she was, sa likod. Nakaupo.

A: Uuwi na pala ha.

Je: \*nagulat\* Ay p\*tangina! What's your problem!?

A: Nothing. Akala ko umuwi ka na.

J: Wala lang. Gusto ko munang lumanghap ng hanging LB bago bumalik ng QC.

A: Oh really.

J: Yeah.

This is it. This is my chance. You see, I've been trying to talk to her seriously. 3 beses na nga, diba? Pero palagi nalang may nangyayari: me being a jerk. At sya being a b\*tch. Eto na talaga yung oras na hinihintay ko.

Para saan?

To explain everything. To explain my side. I want to tell her everything. Para sana may chance na maging kami ulit. And that time is now.

Ako: Jersey.

J: Yeah?

A: I want to tell you something.

J: Look, you don't have to. We don't have to do this. Kasi Kevin, kahit anong explanation pa ang gawin mo, that won't change what happened.

A: Pwede ba munang pakinggan mo ko!? Ayan ka na na-

J: I'm tired of this. Ano ba sa "I can't be friends with you" ang di mo maintidihan? Gusto mo bang isalin ko pa sa German yun?!

A: Ako nga muna pagsalitain mo!

J: What for? Okay. So let's say na pinagexplain kita, sa tingin mo babalik tayo sa dati? Sa tingin mo magiging maayos tayo? Kevin, hindi lang basta candy inagaw mo sakin. Mas malala pa! L\*che.

Ako: Do you still have feelings for me?

Hindi sya sumagot.

Ako: Alam mo, once na minahal mo yung tao, hindi naman mawawala yun e. Pero pag yun nga, pag naghiwalay na, tatlo lang pwedeng mangyari sa feelings nila: magiging dormant, mas lalo pang mamahalin yung tao o di kaya may mas hihigit na iba. So.. alin dun ang sayo?

J: None of the above.

Tangina ang sakit.

A: Well.. I guess that's it. Sige, una nako. Bye.

Naglakad ako papunta sa kotse ko.

Then...

"Eh ikaw? Ano sayo?" she asked me, shouting.

Without looking at her, I shouted back.

"The third one. May humigit na kesa sayo."

-----  
(A WEEK LATER)

(Jersey's POV)

Windang pa rin ako sa sagot ni Kevin sakin. May humigit na? Sino, si Maxene?! Tangina!!!

At bakit ngayon lang sya mageexplain? Kasi nagugilty sya? Bwiset.

Wednesday afternoon today. Kakagaling ko lang sa Diliman, meeting. Pabalik nako sa condo ko sa Katips. Well, sa 9th floor yung unit ko. Malaki na syempre yung kinuha kong unit. Aba, sa dumadami ba naman yung damit ko e! XD

Actually, hindi ito yung trip kong condo unit. Mas trip ko yung condo na katabi nitong akin. Ang ganda kasi! Kaso nung naghahanap ako ng malilipatan, may occupant pa dun kaya nagsettle na lang ako sa unit ko ngayon. Pero di ako makamove on sa condo unit na yun, sinadya ko talagang kinuha yung unit 912. Bakit? Kasi katapat nun yung gusto kong unit! Everyday sinisilip ko yun ha. As in di ako makamoveon!

So laking gulat ko nang may makita akong moving truck sa harap ng kabilang condo.

"Kuya Pol!" tawag ko dun sa guard ng condo. Close kasi kami ;)) "May bakante pala dyan!? Anong unit?"

"Yung unit na gusto nyo, Ma'am."

"Eeeeh!?! Di ba may occupant pa?"

"Pumunta na sa Singapore eh! Binenta ata nya sa kakilala nya yung unit."

Ang sakit naman nun! Sana kinaibigan ko na rin yung dating may-ari nun, para sakin na lang binenta!!!

(The next day...)

8:30am ang gising ko tuwing Thursday. May klase kasi ako sa Diliman ng 1pm, at bago nun dumadaan ako sa studio for awhile. Nagtimpla ako ng kape at binuksan yung TV. Hmmm.. Ayos ang gising!

Then I remembered the other unit. Sino kayang yung bagong occupant? Ay, kakaibiganin ko talaga yung mokong na yun! Sana saglit lang sya dyan!!!

With my coffee on hand, lumabas ako sa veranda ko. Kunwari nagbabasa ng broadsheet. Shet, wala pa ata yung may-ari eh! Nakasarado pa kasi yung slide door.

After 5 minutes, wala pa ring lumalabas. Leche sayang sa oras!!! Babalik na nga lang ako sa loob!

I closed my sliding door and inaayos ko na yung kurtina nang.. may something na dun sa kabilang unit.

The door slided open

"Wow. What a beautiful sight. Good Morning, neighbor."

T@nginang yan. Pano ko kakaibiganin yan!?

Si Kevin yung bagong tenant!!!!

## **Chapter 7**

Advantage ng may malaking barkada: maraming makikinig sa'yo.

Disadvantage ng may malaking barkada: iba't-ibang advices, di mo alam kung sinong susundin.

Yan ang moral lesson ko ngayong hapon.

"KEVIN'S WHAAAAAT!?" sigaw ng napakaiskandalosang si Amae. Nasa McDo Katipunan kaming tatlo, kasama si Paolo. This is the same malas Thursday. Crap yeah.

Tinakpan naman agad ni Pao yung bibig ni Amae bago pa ito sumigaw ulit. "Alyssa! Wag ka ngang adik! The Ateneo guys might hear you!"

"And so kung marinig nila ako!? Excuse me, I am an industrial engineer now. Cum laude. Oha!," sabi nya with confidence. "Wait Je. Tama ba tong narinig ko!? Ulitin ko lang ha!? Yung unit na nasa kabilang condo building, yung gusto mo at katapat ng kwarto mo, si Kevin ang bagong tenant!?"

I rolled my eyes. "Pakshet Amae. Ulit-ulit!? Oo na. Sya nga."

At sa wakas, natahimik ulit si Amae. "Oh. Woooow. That's.."

"Funny?" Paolo supplied.

"Hindi sya nakakatawa guys. Swear."

Amae: Ang ironic lang noh?! Ang galing kaya!

Me: Shut up. Anong magaling dun!? Helloooo.

Pao: I researched about the former tenant right after you texted me. Friend sya ng kuya ni Kevin.

A: Ay bongga! Gumaganon!? Teka, alam ba nya kung san ka nakatira!?

Me: Hindi ko sinabi yun sa kanya, g@ga. Pwera na lang kung... may nagsabi sa inyo.

P: Hoy. Wala ako dyan ha!

A: Me too!

Me: Leche. Umayos nga kayo!! Sinong nagsabi?!

A: Gusto mo tawagan natin sina Sath? Wait. Si Keith muna. \*dials Keith's #\* Hoy Keith, sinabi mo ba kay Kevin yung address ni Jersey?\* Oh good! Buti na lang hindi ikaw!! K bye.

Me: Boyfriend mo ba yung kausap mo o driver? Ang harsh e.

A: Shut up!

P: Tinext ko sina Jerro. Hindi rin daw sila.

Me: Eh sino!?

A & P: Aba malay ko!!! Chill lang, pwede?!

Me: Pano ako magchichill!?! SABIHIN NYO NGAAAAA!?

Napatingin sa kin yung isang taga-Miriam sa kabilang table. I lowered my voice.

A: Ay ewan! Pero you know what, I think this is a sign.

Me: Nako Amae. The KevJe Forever fansclub nyo, matagal nang wala. Ano ba.

A: Wait lang ha! Isipin mo nga, ba't nya sinabi yun sayo? Yung 3 chorva?

Me: Just to piss me off?

A: No! T@nga ka talaga!

Me: Bakit na naman!?

A: Sa tingin ko ha, naintimidate na naman sya sayo. Di ba he wants to explain his side? Tapos ikaw tong t@nga na nagsabing wag na lang, that won't change anything. That's bullsh\*t. Kahit anong sabihin nya, may mababago pa rin teh! Di mo ba naisip yun!?

Me: Well para kasi sakin wala nang mababago!! Ano ba!

P: Pero Jersey sa totoo lang, may point si Amae. The ball's on your court na e. Kahit sabihin mo samin na ayaw mong malaman, kahit sabihin mo sa kanya na wag magexplain kasi walang magbabago, deep inside you, gusto mo pa rin malaman yung side nya. 2 years ka na nagtataka kung bakit ganun kayo natapos diba? Chance mo na yun e! Sya na lumapit sayo, sya tong ready na magexplain. Di mo pa pinagbigyan. What if the next time na magkita kayo, di na nya sasabihin?

So magsesettle ka na lang sa ganun? Na forever na may gap sa pagitan nyong dalawa? Tatanda ka, mag-aasawa ng iba, magkakaanak at apo, pero at the end of the day, babalikan mo parin yung araw ng August 16 na may malaking "What if?" What if pinag-explain ko sya? What if nagkaayos kami? E di sana sya na asawa ko ngayon! Diba? Naisip mo ba yun? Lahat ng bagay sa mundo, kayang gumawa ng something para magbago ang everything. Gets mo ba?

Sapul ako sa sinabi ni Paolo. He's right. The ball's on my court. The truth is, gustung-gusto kong malaman kung bakit ganun yung nadatnan ko sa Germany. Gusto kong malaman kung mahal pa ba nya ko. I want to know it all! Pero pinairal ko? Pride. Lecheng pride.

A: Natameme ka dyan? Sapul noh?

Me: But he said he loves somebody else!

P: Naniniwala ka ba dun?

Actually hindi.

Me: Kinda.

A: Kinda means what? Kinda naniniwala o kinda hindi?

Me: Ang gulo mong kausap Amae. Fine, naniniwala ako. Kasi he's serious! Kilala ko sya, ganun sya pag seryoso. And he even dated 2 BRAZILIAN GIRLS!!! Yung isa half Japanese pa!!! So that makes this mystery woman the 3rd one. All in all he dated 3. Baka in a relationship na sila e.

Nagkatinginan sina Amae at Paolo with a very pained expression.

A: T@nga ka talaga!!!

Me: ANO NA NAMAN!?!

P: Ang sabi mo, 3 babae?

Me: Yep! 3 girls. And me? I only dated Mong for crissakes.

A: Hoy. Wag mong kalimutan yung History guy mo sa Diliman! And Marlo!

Me: HINDI KAMI NAGDATE NI MARLO!!! At yung History guy? Ano ka ba Amae! Hindi rin!

P: You said Kevin dated 3 girls. Naniniwala ka ba dun?

Me: Oo nga! He said it with conviction!

A: Gosh Jersey! Of all people, hindi mo ba nagets yun!?

Me: Ang alin ba?!

Amae & Paolo: Duh! E di yung THE RULE OF THREE!!

Me: Ano yun?!

Muntik nakong mabato ni Amae ng tray.

A: Wow teh, di mo tanda? Eh halos kabisado mo na yung American Pie Series!

Me: Alin dun!? Ang dami kayaaaa!

P: Yung sa American Pie 2. The rule of three. Excuse yun! Kunwari sinabi ng lalaki na nagkaron sya ng 3 girlfriends, pero ang totoo, baka wala o isa lang. Multiplied by 3. Remember?!

Me: YEAAAAAH! Yan yung kay Kevin the character at sa ex nya diba?

A & P: NADALI MO RIN!

Me: Wow. He can never do that. That's so pathetic! Ano yun, gagawa sya ng kwento para asarin ako?

A: More of pagselosin?

Me: Eeww Amae. Wag kang mag-assume. I am not jealous.

P: Hindi nga ba? \*winks\*

Me: Whatever! Bahala ka na ngaaaa! So what am I gonna do?

A: Alam ko na! You should investigate!

Me: Abouuuut?

A: The mystery girl! Yung dinedate ni Kevin!



Me: What for? I don't need to do that!

P: Pero.. gusto rin nya!

Me: Asa ka. Paolo, anong gagawin ko?

P: Parehas lang kami ni Amae. Para matahimik ka na.

Me: Ewan ko sa inyo! I'll call Sath! \*calls Sath\* Samantha! Anong gaga-... WHAAAAAAT!?! HEY!  
He-hello?! Yooooohooo! Helloooooo!

A: Ansabe ni Sath?

Me: Landiin ko raw. Bwiset.

P: Oohhh. Eh anong gagawin mo? Lalandi o iimbestigahan?

Me: NONE OF THE ABOVE

-----

GRABE LANG HA. Sa tingin nyo ba may gagawin ako sa mga sinabi nila!? Of course, wala! Ang sakit sa bangs e! Sarap sipain!

Okay. Monday na ngayon and I'm with Amae. Nasa Glorietta 5 kaming dalawa, kumakain ng ice cream.

Amae: So.. san na tayo sunod?

Me: Pwede bang sa Landmark na lang teh? Para maraming mabili.

Amae: Sus! Kuripot ka lang e!

Me: I am not! Gusto ko lang talaga mamili ng marami.

Amae: Okay okay! Le- OMG OMG OMG!!!

Me: Whaaaat!? Mahiya ka naman! Daming tumitingin!!!

Amae: Is that.. Kevin?

Sabay turo sa red na Mercedes Benz.

Si Kevin nga.

Me: Oh-kay. Tara, let's go to Landmark na. I want to shop!

A: No!!! Teka lang. He's opening the door pa!

Me: Wala lan-

A: Dammit! The mystery woman!

Napatingin tuloy ako nang di oras.

Shet may kasama nga syang babae.

At eto pa ha, nagtatawanan pa silang dalawa ha. Ansabeeee! AT NAKAAKBAY PA SI KEVIN! LECHE!!!

Me: Tara na Amae! Ayan ha, nakita na natin si Mystery Girl. Can we shop now?

A: G@ga. Ang usapan natin, investigate. Hindi titignan lang. \*grabs my hand\*

Me: Oy! Teka laaaaang! San tayo pupunta!?

A: E di susundan natin!!! Dali!!!!

SO IN THE END, NAPUNTA KAMI SA ITALIANNI'S. KASI NANDUN DIN SILANG DALAWA.

Me: Amae! Kakakain lang natin kanina!!!!

A: Whatever. Ako magbabayad.

San kami nakapwesto? Syempre naman super layo kina Kevin, pero yung tipong kita pa rin namin sila.

Me: Alyssa Mae! We don't have to do this.

A: Ano ba! This is fun!!! Teh, ang ganda nung babae. Pero.. parang mas matanda sya kesa kay Kevin noh?

Sinilip ko silang dalawa, si Kevin medyo pa-side view sa pwesto namin, tas yung girl naman yung nakaharap. Hmmm. Sige na nga, ang ganda na nya! May pagka-Latina ang dating. Nako, ano to!? Nagbago na sya ng taste?! Bwiset.

A: Hoy. Okay na, I ordered you lasagna. Gosh. I can't believe this!

Me: Mas lalo naman ako!

A: At kung makatawa si teh, wagas! At may hampas factor pa!!!

Natatandaan ko tuloy yung times na ganyan din kami ni Kevin sa mga date at trip namin. Puro tawa at kwentuhan lang kami. I mi-

Oh come on Jersey. Your loss, remember?

6 minutes later dumating na yung order, at pinapanuod pa rin namin sila. Aba, etong si bwiset tumayo pa at sya naglagay ng table napkin dun sa babae! LECHE HINDI NGA NYA GINAWA SAKIN YUN E!!!! BWISET!!!!

A: Natameme ka ata dyan? Selos?

Me: That @ss. Never nyang ginawa sakin yun!!!

A: Oh. Got my answer \*grins\*

Me: No, I am not. I'm just comparing, you know.

A: Namaaaaaan. Don't deny it. Halata ko naman.

Me: Haaa?

A: Una, your nose is perspiring. Pangalawa, bumilis yang pagsasalita mo.

Me: Ewan ko sayo!

-----

(KEVIN'S POV)

"Nako Kevin, panalo pa rin talaga ang kapogian mo," pabirong sabi sakin ni Trina. Nasa Italianni's kami ngayong for lunch.

I shrugged. "Ano na naman!?"

"May dalawang babae kasing kanina pa tumitingin dito. Kasunod lang natin silang pumasok kanina."

Tinignan ko yung mirror sa may likuran ni Trina, hoping na makita yung reflection kung sino man yun. "Wala naman e!"

"Meron nga! At in fairness, ang gaganda nila ha. Yung isa medyo familiar. I think I've seen her somewhere.

"Hmmm. May isa ba sa kanila na nakaeyeglasses at medyo reddish yung buhok?"

"Uhuh."

"And yung sinasabi mong maganda, brown haired, may pagka-singkit na ewan, tapos.. medyo nakakunot na ang noo ngayon?"

Napa-aah si Trina sa pinagsasabi ko. "Wow ha! Saktong sakto description! Wait, di naman talaga sakto. Her mouth is slightly open now. And she's speaking very fast, I think. You know them?"

That made me grin widely. "Nope. Made a lucky guess."

Sabi na nga ba, sina Jersey at Amae yun. As expected. Aba, teka lang mageexplain ako about dun sa condo unit ha! Hindi ko talaga alam na si Jersey yung nasa kabilang condo! Well alam ko talaga na yun yung building nya, kaso katapat ko unit nya?

Hindi ko talaga alam, promise.

Nalaman ko lang na katapat ko sya nung nakita namin ang isa't-isa.

Hey guys, alam kong marami sa inyo ang may galit sakin ngayon (A/N: ANSABEEEEEE?! BUTI ALAM MO!!!!), pero hindi ko talaga sinasadya! Malay ko bang si Jersey talaga yun!!!

At mag-eexplain lang ako sa inyo. About sa nangyari samin dun sa library.

I was serious (Leng: Teka Kevin, ba't past tense!? Ö) that time. I really really want to explain my side, pero she pushed me away. Mararamdaman mo naman yung feeling na yun e, sa salita palang at kilos nya alam mo na. Nararamdaman mo na yun.

Yung feeling na nakamove on na sya.

Nung tinanong ko sya kung may feelings pa sya sakin, pinagdadasal ko talaga na sana sumagot sya. Na sana sumagot sya ng oo.

Pero hindi e, wala na. Nakakainis! That's why I told her those 3 possibilities. Seryoso din ako sa sinabi kong yon. As in. At ayun na naman ako, na nag-expect na baka piliin nya na yung pangalawa

At sabi nya?

None of the above.

Then it hit me. She already moved on. Ang ayos na ng buhay nya ngayon. She got everything that she wanted. At eto naman ako, after 2 years, babalik at mangugulo

Ang gago ko noh?!

So there, I decided to end my stupid quest to get her back. Simula pa lang nung una ulit kaming magkita, kitang-kita na masaya na sya at ayaw na nya sakin. Alangan namang ipagsiksikan ko pa sarili ko sa kanya?

Total, the best way to lose is to sacrifice, right?

Kaya sinabi ko na may mas humigit pa kesa sa kanya.

Kahit ang totoo nun, wala talaga.

Alam kong magagalit na naman kayo sakin dahil sa reason ko. Pero sige nga, kung kayo nasa posisyon ko, ipipilit mo pa ba ang sarili mo sa taong nakamoveon na? Ginawa na nya lahat para

limutin lahat ng nagawa mo sa kanya, tapos ikaw namang tong leche na gagawin syang apartment na rerentahan?

I don't want to be like that. Ayokong ganun ang isipin sakín ni Jersey.

"Hellooo?! Earth to Kevin!" sigaw ni Trina sakín habang winawagayway nya yung kamay nya.

"Sorry."

She laughed. "Grabe, nasabihan lang kita ng gwapo, natulala ka na. Wag ka ngang feeling please?"

"Baliw!!!"

Kwentuhan pa kami saglit ni Trina habang kumakain. After 10 minutes, natapos na kami and we decided to ditch the place.

"Hey," bulong nya sakín habang inaabot ko sa waiter yung bill. "Umalis yung babaeng nakaglasses."

"Where to?"

"Ladies' room. Wait, I'll go there too. Wag kang aalis!!!"

I took a quick glance at their table. Damn, si Jersey na nga lang mag-isa dun.

Nag-aaway yung utak ko: pupuntahan ko ba o hindi?

Kevin: Wag na! Kitang nagmove-on na e! Eepal ka na naman!! Tsaka malay mo galit sayo yan, sinabi mo ba namang may nakahigit na kanya! G@go mo!!!

Kevin's consciousness: Puntahan mo na! Try and try until you succeed, right? Here's your chance habang wala pa si Amae! Talk to her and explain everything!!! Dali!!

Sino ba susundin ko!?

Pucha! Mapuntahan na nga!!!

Mabilis akong naglakad papunta sa table nina Jersey, baka kasi biglang lumabas si Amae, lagot na. She's checking her phone ata nung malapit nako sa kanya.

"Jersey?"

She stopped texting in an instant. Without looking at me she said, "Yes?"

Ano!? Magsalita ka naman Kevin!!!!

"Uhh. May gagawin ka pa ba after this? Uhh.. Kasi..."

"Uy Jersey!" said a male voice not too far from us.

Sabay pa kaming napatingin ni Jersey dun sa nagsalita. Aba, sino tong epal na to!?

"Fernan!" sabi naman ni Jersey.

Eto namang si Fernan, lumapit sa table. "Hi Jersey!"

\*awkward silence\*

Jersey: Uy Fernan! Kamustaaaaa!? \*naalala na nandun pa ako\* Nga pala, Kevin si Fernan. Fernan, si Kevin.

Ako: \*extends my hand\* Nice meeting you, pre.

Fernan: Nice meeting you rin!

Ako: \*to Jersey\* Hey. About the thing I said ear-

Jersey: Oh sorry. I can't.

We have plans tonight

We?! Sinong we!?!

Medyo loading pa ako nun. Pero naging mabilis lahat nang tumayo si Jersey at hinawakan sa braso si Fernan.

Sakto namang lumabas sa CR si Trina.

"Kev! Let's go!"

I left the table without saying goodbye.

Ayan, nasagot na yung tanong ko.

Hindi pala talaga none of the above yung sagot nya.

She lied. May mas nakahigit na pala saakin.

-----  
THURSDAY

Nasa Diliman ako ngayon at kakatapos lang ng klase ko. I'm with Sir Ramon, at kumakain kami sa Rodic's, sa loob ng Shopping Center.

Wait laaaang ha. Let me explain!!!

Sa totoo lang, di ko alam kung bakit ko nagawa yun. Swear.

Nagsinungaling na naman ako!!!

Wala naman talaga kaming lakad ni Fernan that day e. Swear. Gusto ko lang makita kung anong reaction ni Kevin pag nakita nyang may kasama akong lalaki. Kasi ba naman sya!! May kasamang ibaaaa!

Sorry. Ang childish ko talaga. Nakakainis lang kasi. I was expecting na alam mo yun, wala talagang 'mystery woman'. As in wala talaga. Pero tengene, meron!! Meron!! Kaya out of impulse, nahila ko si Fernan. After umalis nina Kevin, todo sorry at explain ako kay Fernan. - \_\_\_-

Hey, okay lang naman ah. Gantihan!! He said na may mas nakahigit na sakin. Pero bakit ganun!?

Bakit parang nasaktan sya nung hinawakan ko yung braso ni Fernan?

That @sshole and his games again!

"Hoy. Masamang tumunganga sa harap ng pagkain. Kung ayaw mo, akin na lang," pabirong sabi ni Sir Ramon

Me: Ay kapal! Tapsilog to noh, at uubusin ko to

Sir: Nga pala, nandito pa ba si Kevin sa Pinas?

Pati ba naman sya

Me: Yep. He's still here.

Sir: Ba't mo alam?

Me: Narinig ko sa mga barkada ko. Please lang ha -,-

Sir: Hindi pa rin ba kayo ayos?

Me: Obvious ba? Susme kastress!!

Sir: Sorry naman ha! Sorry!! Nga pala, I have a favor to ask. Kaya mo bang gawan ng film review tong 3 films na to? Sample lang para sa Film 10.

Me: May bayad ba yan? \*sinamaan nya ko ng tingin\* Okay okay, fierce Ramon! Sure. Anong films?

Sir: \*inabot yung CD\* Indie films yan from my friends. 1 hour each. Yung mga title: Hers, Not What You See Everyday at The Realm of Possibility.

Me: Personal fave?

Sir: The Realm of Possibility. Galing lang nun! Try mo panuorin

Me: Can I give it to you next next week?

Sir: Okay lang! Teka, may problema ka ba?

Tumigil ako sa pagkain. Hay whatever, he could give me a good advice naman. I only told him about the Italianni's incident. Di ko na sinama yung sa library issue namin.

Sir: Nako. Yang impulses mo talaga, pahamak!!

Me: I know.

Sir: Eto lang masasabi ko sa'yo: don't conclude things easily. Baka mamaya hindi naman pala talaga yun ang totoo or something.

Sana tama sya

BAGO AKO UMUWI, nag-detour muna ako sa TriNoma to buy make-ups and towels. Medyo nahirapan na nga akong gawin to, ang magshopping mag-isa. Hindi naman sa feel na feel ko ang pagiging model or what, pero may nakakarecognize sakín from the ads and stuff. So I wear my nerdy eyeglasses

Aalis na sana ako nang makita ko yung National Bookstore. Okaaaay. Sige na nga! Titingin na nga ako ng libro!!! Buti na lang at sale sa National. Katuwa lang magbrowse ng books!

Nasa may magazine section ako nang may..

"Excuse me?"

\*lingon\*

Shet lang. Sya yung kasama ni Kevin nung isang araw.

Me: Yes?

Sya: Oh. I just want to say sorry about what happened at Italianni's. Nagmamadali kasi kami ni Kevin nun, malelate na kami sa showing nung film.

Oh. Ang b\*tch naman ni teh. Bakit pinapamukha pa nya!?!

Me: *\*in my calm tone\** Ay yun ba? No big deal! Paalis na rin kami nun e.

Sya: Oh. Ikaw ba yung model ng Folded and Hung?

Me: Yup

Sya: Kaya pala familiar ka sakín! Shocks, I haven't introduced myself pala. I'm Trina..

Kevin's sister-in-law.



Ano raw!? Sister-in-law?

Sister-in-law.

Sister-in-law.

Sister-in-law.

Sister-in-law.

T@ngina!! So hindi sya si Mystery Woman!!!! Oh my god.

Medyo loading pa ako nun ah -,-

Me: Jersey. Kevin's friend.

Tama nga si Sir Ramon. I shouldn't conclude things easily.

The ball's on my court, and I blew my chance again.

## **Chapter 8**

ONCE A UPON A TIME, SOMEWHERE IN KATIPUNAN, QUEZON CITY...

Sumisipol pang nilalagay ng mailman ang dalawang color gray na invitation sa magkaibang building. Ingat na ingat pa syang sinilid ang invitation sa mga mailbox.

Invitation? Para saan? Teka lang, hintayin muna natin yung dalawang receipt, pwede? ;))

9:30am

Nagising si Jersey. Natandaan nyang may papers syang deadline for her masteral. Pero bago yun, she decided to jog around the block. Stay fit ba :))

"Good Morning Kuya Nan!" she greeted the building's guard. Nagkakape na si Kuya.

"Hi Ma'am Jersey! Aga natin ngayon ah," bati naman ni Kuya.

Jersey: Syempre, kelangan maging fit! :))

Kuya Nan: Ay Ma'am, may sulat nga pala kayo dyan. Kakalagay lang kanina.

Pumunta naman si Jersey sa mailbox nya at nakita nya ang invitation.

MEANWHILE.. Sa kabilang building...

Kakagaling lang ni Kevin sa pagtakbo. Actually pumunta pa sya sa UPD para ikutin ang Acad Oval ng 2 beses. Di naman sya adik noh!? XD

Pinagbuksan naman sya agad ni Kuya Pol, ang guard ng building.

Kuya Pol: Ser Kevin! Kamusta jogging?

Kevin: Okay naman! Sakit sa balikat e.

Kuya Pol: Ay ser, may sulat nga po pala kayo, kakalagay lang.

Pumunta naman si Kevin sa mailbox nya at kinuha ang gray na invitation. Para san kaya yun?!

9 HOURS LATER..

Naglalakad si Sath sa living room ni Jersey, tinitignan ang photo wall nito.

Sath: So.. what are you going to do?

Je: \*sighs\* Di ko rin alam e! I am confused :@/

S: That's easy! You should go.

J: Asa!!

MEANWHILE.. SA CONDO NI KEVIN..

Jerro: Ba't ayaw mo namang pumunta?

Kevin: Hectic sked ko e.

Jerro: Hectic o dahil kay Jersey?

K: Hindi ah!!!

--

S: Dahil ba kay Kevin?

J: NO!!! Kapal mo please.

S: Then why?

Jerro: Bakit nga!?

Kevin: KASI NGA BUSY AKO!!

Jersey: KASI NGA BUSY AKO!!

Sath: SUS! NARINIG KO NA YAN!

Jerro: SUS! NARINIG KO NA YAN!

--

J: Hay whatevs. That wedding's 2 weeks from now. How should I prepare?

S: G@ga. You said yes diba? 2 months ago?

J: Yeah! Bu-

S: But what? Hindi mo alam na si Kevin kapartner mo?

--

K: Swear. Nung um-oo ako, di ko alam na si Je partner ko.

Jerro: Big deal ba yun?!

KEVIN: NAMAN!

JERSEY: NAMAN!!

--

S: That's not a big deal! Ganito lang naman gagawin nyo e, maglalakad kayo sa aisle together, with linking arms. Then pag turn nyo na sa candle, voila! Sisindihan lang! YUN LANG TEH!!

J: That's easy for you to say.

S: 'Coz that's the mature way to do it. Akala ko ba naka let go - move on ka na?

--

K: Naka move on na nga ako, kaso ewan ko sa kanya. I think she's still mad at me.

Jerro: Then magbati kayo! Kahit sa wedding lang. Nageexpect sina Denise and Levi sa inyo oh!

--

J: Fine, they're expecting. What if nataray-

S: Control yourself, Je. Show him na you already LGMO. Para walang stress.

Jersey: You think that I should go?

Kevin: Sa tingin mo pupunta ako?

Sath: Of course! You can do it!

Jerro: Naman! Yakang-yaka mo yan!

Je: Fine! I'll go.

K: Sige na nga! Pupunta na!

Sath: AYUN NAMAN PALA E! GOODLUCK JE!

Jerro: AYUN NAMAN PALA E! Walang bawian ah?!

Je: Oo na nga e!!! Kulit!!

K: Fine!!

--

Sath: Uhh Je, I need to go na. My class starts in 30 minutes.

Je: Oh. Do you need a ride?

S: Hindi na. I'll ride a trike na lang. Call me okay?

Je: Sure!

--

Jerro: Kev, una nako. May meeting pa kasi ako e.

K: Ah ganun ba? Sige. Ingat!

Jerro: Wag aatras ha? Sayang kapogian!

K: G@go! Malelate ka na!

--

Naunang dumating si Sath sa parking lot ng building nina Jersey.

Jerro: Hoy! \*lingon si Sath\* Anyare?

Sath: She's going. Si Kevin?

Jerro: \*smirks\* Ako pa?! Syempre pupunta!

Sath: That's why I love you, Jerro! Haha ;))

Jerro: Dali. Punta na tayo kina Amae para sa next step.

Sath: Naeexcite ako dito!

Jerro: Naman! Ang talino ni Master eh XD

--

(JERSEY'S POV)

Haaay. Why are they making this a big deal? The power of persuasion nga naman oh! I made up my mind that I won't go pero.. hindi ko matanggihan si Sath! VOILA! I'm going to Marinduque this Friday!

Excited? Naman! I love that place! The culture, people, sights.. everything! Heart of the Philippines nga naman! ;)

Heart of the Philippines ansaveeeh? Wow lang. That would be.. ugh. WTH, I'm with Kevin. Is that good or what?

Isa pang epal tong si Jicker. Kitang nagpeprepare ako ng photo mosaic, binwisit ako.

Jicker: Looks like someone's excited to go.

Me: Shut up.

J: Eeeeh Excited ka, I know. You even searched for tourist spots there! Sinong hindi excited?!

Me: That's for future reference. Ano ba. And it's a wedding for crissakes!

J: Oh. Another wedding? Jersey, I don't mean to be rude but.. pang-ilang wedding na tong pupuntahan mo? Starting after college.

Napaisip ako dun ah. Ilan nga ba? Wedding ni Sath.. then ilang blockmates.. and orgmates.. and relatives.

13. Pang-14th na tong kina Denise at Levi.

Me: So? Anong konek?

J: Wala lang. Kasi feeling ko malapit na pumatak sa bente eh. The numbers are piling up, Je. PILING UP.

Me: What are you implying ba?

J: Always the bri-

Me: NOW YOU'RE BEING RUDE!!!

J: Bat ka naman defensive teh? Di mo pa ako pinapatapos e!! Kaloka ka alam mo yun.

Me: Eh kasi naman alam ko na yang sasabihin mo. Ass.

J: Whatever. Basta you're going. No matter what happens, ayt?

Me: Oo na! Magbabarko na ako papunta dun. Di ko trip mag-eroplano. Amae reserved me tickets.

J: Need a ride?

Me: Thanks, but no thanks. Baka lecturan mo na naman ako about sa Ex Syndrome. You bored me for like 2 hours.

J: Aysows. Kunwari bored pero inisip nya rin yun =))

Me: Leche!

J: Hoy. Talk to Kevin pag may chance ka. Explain about that Italianni's thingy. I can't believe you, ginamit mo pa si Papa Fernan to be the pa-

Me: OO NA!! AKO NA!!! STOP RUBBING IT WILL YOU!?!

J: FRIENDLY ADVICE LANG NAMAN!

Me: Gusto mo bang salaksakin kita ng tripod dyan?

J: Okay okay! Just calm down! Ang fierce mo. Manic depressive!!!

He went back to his workstation. Bwiset, kung di ko lang to close friend kanina ko pa to sinapak!!!

-----

AAAAAAAAAAAAAAAAAAAAHHHHHH! This is the life! ;))) Nasa Fastcraft na ako papuntang Marinduque. Mga isang oras na lang, dadaong na kami! I'm so excited! Hoy, baka kung ano na naman yang isipin nyo. Excited ako sa wedding! Baliw.

Isang medium-sized trolley and backpack lang ang dala ko for this trip. Syempre, dapat turista feeling! Medyo konti lang kami dito sa Fastcraft, hindi kasi peak season. Mas okay nga to e!

At since maganda ang view ng dagat, I decided to take pictures around the boat. Wala lang, pandagdag memories ;) Umakyat ako sa upper deck para mapicturan ko yung islands. Nang...

BULLSHIT.

Siguro dahil sa init ng araw o gutom lang ako kaya nakakakita ako ng bagay na ganito. Ansaveeeeeeh!?!Yung lalaking nakaupo sa mga something something..

I think that's Kevin.

Hoy Jersey, baliw ka na ata. Ni hindi magbabarko yung mokong na yun! Imposible lang. He hates travelling via water. Ewan ko dun, pero trip naman nyang magswimming. Okay hinay lang sa pagrereminisce!!!

To avoid any paranoia, bumalik nako sa cabin. Shet, gutom lang talaga ako. Hahahahah ilusyon lang yon, Jersey. Isang malaking ilusyon!! Matulog ka na laaaaang! =))

AYUN NGA, natulog ako. Ang himbing na nga e! Kasi nagising ako kasi super nawindang ako sa lakas ng alon! Feel ko tataob na yung Fastcraft eh!

"Excuse me po," tanong ko dun sa aleng nasa likuran ko, "Ilang minutes na lang daw po bago pumundo?"

"Mga 10 minutes na lang, iha. Kaso medyo nahihirapan sila sa lakas ng alon. Mukhang may bagyo raw."

BULL. BAGYO!?! AUGUST!?!? HELLOOOOO natural namang may bagyo ngayong August! Nako. Hindi bagay sa weather yung damit na dala ko! Nooooooooooooo! /wrist

----

WINELCOME AKO ng malakas na hangin pagbaba namin sa dock. Oh crap crap crap! Kailangan kong makapunta sa bayan ng Boac para mameet ko si Levi! Susunduin nya raw ako dun around 6:30pm. I still have an hour and a half to go! Naghanap ako ng tagabuhat ng gamit..

Me: Kuya, san po dito yung sakayan papuntang Boac?

Kuya: Ay nako Miss, late na po kayo.

Me: Bakit po?

Kuya: Ang lakas po kasi ng ulan kaya hindi na sila pwedeng umakyat. Madulas na po yung kalsada, baka madisgrasya pa sa zigzag.

Me: So.. kelan po sila magreresume ng service?

Kuya: Bukas pa po siguro. Sabi po sa balita mas lalakas pa raw po yung ulan magdamag.

DAMN! So it means.. I have to stay here? Eh sa waiting area.. ang daming tao. Cancelled din yung byahe papuntang Lucena. Alangan namang magstay ako dito kasama ng sandamukal na tao!?!

Me: Wala po bang place na pwedeng tulugan na malapit?

Kuya: Ay meron po! Sa Trina's po. Samahan ko na po kayo!

DEFINE BAGYO NAMAN TONG LECHENG TO! ANG LAKAS!! DI KO KERI!! HALOS TANGAYIN NA YUNG PAYONG NA PINAHIRAM SAKIN NI KUYA. SANA PALA DI NA LANG AKO NAGPAYONG!!!  
BASA RIN AKO EH - \_\_\_\_ -

Maraming tao sa Trina's pagpasok namin. Shet, baka wala na kong makuhang room! Binigyan ko si Kuya ng 500php, ang laking tulong nya sakin! Hahah ;) Pagpunta ko sa frontdesk..

Me: Miss, may available room pa ba?

Receptionist: Naku Ma'am sor-

Then someone interrupted us..

"Yun na lang ba talaga available na room?"

\*looks around\*

OH DAMN. OH DAMN. Seriously!?!?

He's also here. Great :/

-----

(Kevin's POV)

SHET. Why is she here!?!

At basang-basa rin sya sa ulan?!

"Jersey," sabi ko with a pang of annoyance on my tone.

She stared at me blankly. Wow, look who's wet! Pero wala nang mas babasa sa kin kasi basang-basa talaga ako. Para akong hinulog sa pool. "What are you doing here?"

Sasagot na sana ako nang umextra yung receptionist. "Excuse po. Kayo po ba sina Kevin Santos and Jersey Santiago?"

Us: Yeah.

Receptionist: May room reservation po palang pinahanda sa inyo si Mr. Levi Tanchingco.

Jersey: Ayos! Can I get the key now? I'm freezing!

Ako: Oo nga! Yung susi ko rin.

Receptionist: Uhhh. Isa lang po yung susi.



US: WHAT?

R: Kasi po isang room lang po yung pinareserve para sa inyo.

LECHE. SERYOSO BA TO!?!

Hindi ko talaga maalis ang pagkainis ko. Eto na nga ako, sinisipon na at halos lagnatin na, kasama ko pa sya sa kwarto! Nananadya ba sila?

Ako: Fine. Give me the keys.

Naramdaman kong natense bigla si Jersey. Ano na naman? Kung ayaw nya e di wag! Di ko sya pipiliting sumama sakin. Bahala syang magyelo dyan!!!

Inabot sakín ng receptionist yung susi.

R: Room 214 po yung inyo. Anything you need?

Ako: Gamot. Biogesic, Neozep at tubig. Tapos dinner na rin. For two. \*sabay alis\*

Ba't ba ang taray ko ngayon? Wala lang. Masama bang magtaray? Eh basa halos yung ibang damit ko!!! Pano matutuyo yan?!?!

I heard her footsteps. Good, nahiya naman ang loka. Bayaan na nga sya, naiinis talaga ako!!! Shet. Di ko natanong sa receptionist kung ilang kama meron dun sa kwarto. Baka kasi kailangan na naman naming magsama, mas mabibwisit ako.

After 5 minutes nalocate namin ang kwarto. Here it goes.

\*opens the door\*

ISANG MEDIUM-SIZED BED. WALANG SOFA. DALAWANG TAO.

P\*tanginang yan. Malas!

I started to shiver because of the aircon. "So, anong gagawin natin ngayon? Ang liit nitong kama," I impatiently asked her. Sinadya ko talagang ipahalata sa kanya na naiinis ako, para malaman nya na ayoko syang katabi.

"E-ewan ko! I could check oth-" palabas na sya ng kwarto.

"May bagyo for crissakes. Puno na lahat ng motel or whatever dito."

Tumaas ang kanang kilay nya, meaning may nasesense syang kalokohan. "So Mister, anong gagawin natin ngayon? We can't share a be-"

HAYNAKO! MGA BABAE TALAGA, NAKAKAGALIT PAG TALAK NANG TALAK!!! LECHE. Para manahimik sya, I took off my clothes. In front of her.

Her eyes widened and she looked so apalled. "What the f\*ck are you doing!?"

Hindi ko sya sinagot. Pasalamat sya, nagsando at tshirt pako! Kung wala lang sya dito, nag-all the way na sana ako!

Sya? Ayun. Nakatayo lang, gulat na gulat. "HOY SANTOS! AT SAN MO NAMAN AKO PAPTULUGIN!?"

"Dito sa tabi ko. Wag ka ngang maarte, parang dati hindi tayo natutulog na magkatabi ah! Bahala ka dyan, mamatay ka sa lamig." Mas nainis sya sa sinabi ko. Pumunta na lang sya sa CR. Parang may magagawa pa sya ah! Saktong naiihi ako. Leche. Kinatok ko sya sa CR.

Ako: Hoy. Matagal ka pa ba dyan?

J: I'm going to sleep here.

A: WHAT?!?

J: Ayaw kitang kasama.

A: Sino ba naman may gustong kasama ka? Please lang ha.

J: Ewan ko sayo!!

A: \*katok\* NAIHI AKO!!! LECHE!!

Lumabas na sya ng CR, nakashorts at malaking tshirt. Siniringan pa nya ko. Arrrg. Paglabas ko ng CR.. naabutan ko syang nakahiga sa kama, malapit na matulog.

A: Oy. Dyan ako. \*turo sa right side ng kama

J: Ako dito.

A: Alis dyan!

J: AYOKO NGA SABI E!! DITO AKO!!! \*tumalikod\*

AH. Ganon pala ha! Humiga nako sa leftside, at todo siniksik sya para mahulog dun sa kabilang side.

J: WHAT IN THE WORLD ARE YOU DOING!!! \*siniksik din ako\*

A: AKO LANG HIHIGA DITO!

J: KAPAL MO!!!

At poof. Nahulog nga sya.

J: ARAAAAAAAAAAAAAAY! Masakit!!!

A: Buti nga sayo!!

Dun nako humiga sa right side, at para asarin sya, tinitigan ko sya habang nakaupo sa sahig.

A: \*grins\* Masakit?

J: Pakyu.

A: Oooh. Scary! Alam mo namang natuturn on ako kapag nagmumura ka!

J: \*blushes\* SHUT THE HECK UP!

A: Naaasar ka na sakin? \*pacute smile\*

J: Obvious ba?

A: Hinde. Iyak ka muna.

J: Leche.

A: Are you really testing me?

J: Tara, ketchup tayo.

At dahil dun kaya ako napaupo sa kama.

A: HAAAAAAAAA?

J: Ketchup! Eto naman napunta lang sa Germany nakalimutan na!

\*katok\*

A: Wait lang. Nandyang na yung room service.

Sa wakas dumating na rin ang gamot at kung ano pa dito! Wooohooo! ;)

Kinuha ni Jersey yung pritong bangus, sakin naman yung tilapia. Naubos namin yung pagkain around 7 minutes without talking. Define without talking.

J: Ano, ketchup na!

A: Asus. Gusto mo lang mahawakan kamay ko e.

J: I am just bored. Anong sa tingin mong gagawin natin dito? It's hell outside!

A: We can do other.. things.

J: WHAT IN THE WORLD!?!?!

A: Joke lang. Tara!

Ayun nga, naglaro na kami ng ketchup. Ano kayang pumasok sa utak nito!?!? Feel ko gusto lang nya ng tsansing. Pagbigyan nga! 1st round, sya unang pumalo. Gumanti ata!

A: ARAY!!! ANG SAKET!!

J: Good for you!

Ako naman gumanti, pinalo ko sya na parang di sya babae! Aba, babae ba talaga to?!? In the end, sya ang may pinakamapulung kamay saming dalawa. San kayo dyan!?!

J: You're mean.

A: \*grins\* I know.

J: Quit doing that please?

A: What?

J: Nothing! ;)

A: Baliw!

J: Hey nasan yu-

AT NAMATAY LAHAT NG ILAW!! Sabayan nyo pa ng nakakabinging kulog. Panalo.

J: AAAAAAAAAAAAAAH!! \*napatalon sa kama; super lapit sakin\*

OKAY. What is this? Takot ba talaga to o nagpapacute lang? Ang lapit talaga nya sakin. I can smell her strawberry shampoo. Wow, after almost 5 years di pa rin sya nagpapalit ng shampoo? Astig.

I placed my arm over her shoulder.

A: Takot ka?

J: Nagulat lang. \*tinanggal yung braso ko, lumayo pa sakin\* Feel mo naman masyado.

A: Ikaw ang unang lumapit, miss ;)

J: Then don't take advantage. Hey, I can't see a thing! Labas mo naman phone mo please?

A: \*opens phone\* Okay na?

J: Yeah.

\*katok\*

Ako na yung nagbukas ng pinto. Yung room service pala. Binigyan ako ng dalawang kandila, lighter at flashlight for the night. How cool.

J: Crap. Ang swerte ko talaga ngayon -\_\_\_-

A: Syempre, kasama mo ko.

J: Ha. Kapal.

A: Jersey, ang ganda mo pala pag madilim.

J: Ga-.. WHATEVER!

Natawa ako. Ewan ko kung bakit. Siguro dahil sa inaasar ko sya at napipikon sya. Haha! As expected.

J: Ang saya mo rin noh?

A: \*sinindihan yung kandila\* Medyo. Banas ako.

J: Bakit?

A: 1/4 of my clothes are soaked. Kainis.

Then she gasped. As in gasped na bongga Gulat ako dun ah.

J: Oh my god. No WAY.

A: Bakit? Anong meron?

J: MY HEELS!!!

She grabbed the flashlight from me at pumunta dun sa trolley. Lumapit ako sa kanya.

A: Anyare?

J: Yung heels ko! Oh my god! Baka may nangyari na dung masama!!!

Todo halukay sya sa gamit nya habang pinapanuod ko lang sya. Haha! Ang cute talaga nyang panuorin pag natataranta :>

J: BULLSHIT!!!

Oh. I get it. Naputol yung right heel ng pumps nya. Wow. How sad.

A: Teka, I'll ask kung meron silang Mighty Bo-

J: Hindi to kaya ng might bond! Shit what will I wear?

She started to cry. As in cry. What the hell is her problem? Sapatos lang iiyakan pa!

A: Akin na yung isa.

J: Anong gagawin mo?

A: Basta.

She reluctantly gave it to me. Ako naman, pumunta ako dun sa pintuan ng CR at tinukod sa doorknob yung takong.

J: ANONG GINAGAWA MO!?!

Konting pwera dito..

\*craaaaaaack!\*

AYAN. Tanggal ang takong!

J: YOU ASSHOLE! That's Jimmy Choo!

A: At least magagamit mo pa rin. Try it on.

Inagaw nya sa kin yung sapatos at sinuot. Aba, sya na nga tong tinulungan e! Sapak nito!

A: O diba, mas maayos?

J: Okay fine.

And I remembered something...

A: Hey. Nasayo pa ba yung niregalo ko sayong pumps?

She stopped moving. And looked at me.

J: I gave it away. We had this model auction last year.. Eh nagkulang ako. So..

A: Yeah. I get it. Mabubulok lang naman yon kasi ayaw mong suotin diba. Better give it to others.

J: Are you mad?

A: No.

J: \*sacraastic\* Oh I am convinced. Ganyan ka pag galit.

A: \*kinda amused\* Wow. So you still remember things about me. How cute.

J: Shut up.

A: Ain't even mad.

J: AAAAAAAGH!!! Ewan ko sayo!!!

At ang loka, dumeretso sa higaan, left side. Nagtampo.

Ako naman, tinabihan ko.

A: Alam mo ang arte mo.

J: Nakakabwiset ka kasi.

A: No, I'm not. I'm being sensible.

J: Sensible my ass.

A: Wait. Humarap ka nga sakin.

J: AYOKO

A: Isa! Hahalikan kita dyan!!

J: \*humarap agad\* WHAT?

A: Wow. Akala ko hindi ka haharap \*laughs\*

J: \*hinampas sakín yung unan\* Ulul!

A: Thank you.

J: Bakit ba? Matutulog nako!!

A: Ano ka, Kinder? 8:30 pa lang!

J: MAs mabuting matulog kesa kausapin ka.

A: Sarcasm ba yun?

J: \*hampas ulet\* EWAAAAAAAAAAAAAN! Ba't mo ba ko kausapin?

A: Look. Alam mo naman siguro na stuck tayo for tonight. Do you want us to be like this overnight? Nag-aaway lang?

J: Try not to be an ass, then our problems are solved.

A: You're not helping!

J: Eh what do you want me to do?

A: Certain things \*smirks\*

J: HELLO! I'M NOT GOING TO HAVE SEX WITH YOU!

kruuuu kruuu kruuu

kruuu kruuu

A: \*glares\* HOY ANG KAPAL MO. KAHIT TIGANG NAKO AT IKAW NA LANG ANG NATITIRANG BABAE SA MUNDO HINDI KITA GAGALAWIN!

J: Good. Cos ganyan din ang gagawin ko.

A: Grabe Jersey. May bagyo na nga pero nagawa mo paring mag-isip about sex. Di kita kinaya.

J: GET TO YOUR POINT NA LANG OKAY. SORRY HA MY MAGNA CUM LAUDE BRAIN ISN'T RESPONDING VERY WELL.

A: Fine. Ganito. I suggest that we should have a truce.

J: A truce?

A: More like we're not friends but we're not enemies. Ganun.

J: Oh. Bakit?

A: Bangag ka nga. Kasi naman feel ko kung mag-aaway lang tayo buong magdamag, sana pala nagpaanod na lang ako sa dagat.

J: I get your point. \*extends her hand\* Truce?

A: Truce. \*shake hands\*

J: Okay. So truce na. What are we going to do?

A: Wait here.

Kinuha ko yung flashlight at lumabas ng room. After 5 minutes..

J: Leche ka! Ba't mo ko iniwan?!?! ANG DILIM KAYA!!!

A: Chill lang! I borrowed this.

Hiniram ko lang dun sa receptionist yung gitara na nasa booth nya. Wala lang, pampalipas oras.

J: So. Kanina mo pa pinagpaplanuhan ang truce na to?

A: Parang ganun na nga. This will keep me sane.

J: Stop doing that.

A: ANO!?



J: That smile!

A: Hindi ako ngumiti!!

J: You just did! You're doing that smile ala Ian Somerhalder sa Vampire Diaries! Tanda ko nung nanunuod ako dati ginagaya mo sya. Eww.

A: Aysows, eeww daw. Kinikilig ka naman dun dati.

J: Dati yun. Ngayon naiinis ako.

A: Really? \*insert Ian Somerhalder smile here\*

J: AAAAAAAAAAAAAAGHH! Nagdadalawang isip tuloy ako sa truce.

A: Okay fine I'll stop. Ano na. Ikaw muna kumanta. I kinda miss your yucky voice.

J: My voice isn't that yucky. Ang sama mo. \*kinuha sakín yung gitara\*

Tinono muna nya yung gitara. Teka lang ha, may sasabihin ako pero wag nyong bigyan ng malisya. Parang ang ganda nya habang nagtotono. Kasi siguro dun sa effect ng kandila. Ganun yun diba, pag yellow light, lahat maganda? XD (Leng's Note: PALUSOT KA PA. KAINES.)

A: Ano na? Anyare?

J: Teka nag-iisip ako ng kakantahin...

A: Ako na muna. \*inagaw yung gitara\*

J: So pinagtono mo lang ako. Great.

A: Hahaha. Teka eto na nga.

*I know your eyes like the morning sun*

*I feel you touch me in the pouring rain*

*And the moment that you wander far from me*

*I wanna feel you in my arms again*

*And you come to me on a summer breeze*

*Keep me warm in your love and then softly leave*

*And it's me you need to show*

Sumabay na sya sakín sa chorus. Malamang, favorite song nya to :D

*How deep is your love*

*I really need to learn  
Cause we're living in a world of fools  
Breaking us down  
When they all should let us be  
We belong to you and me  
Sya na lang kumanta sa part na to.  
I believe in you  
You know the door to my very soul  
You're the light in my deepest darkest hour  
You're my savior when I fall  
And you may not think  
I care for you  
When you know down inside  
That I really do  
And it's me you need to show  
How deep is your love*

J: Nice. Haven't heard that song for a long time.

A: Grabe, I realized something.

J: What? Na ang hot ko kumanta?

A Baliw. Hindi.

J: Eh ano?

A: Yucky talaga boses mo.

J: SHET KA!!! \*binatukan ako\*

A: Totoo naman ah!

Ayun. Dun nagstart ang gabi namin na puno ng kantahan. Kaya siguro mas lumakas yung ulan. Haha! Pero nakakapagod pala ang ganon. Parang nakainom kami ni Jersey, na syempre hindi umiinom. At dahil dyan.. ako ang unang nakatulog.

Sorry naman ha!

-----

THE NEXT DAY

(JERSEY'S POV)

In fairness, ang sakit ng lalamunan ko sa kakakanta last night. Eto kasing epal na to eh! Ampf. At ang aga nyang natulog! Bwiset.

I woke up around 7:23 am na. Hey. Baka kung ano na naman yang iniisip nyo ha. May barrier kami ni Kevin sa higaan. Todo tagilid ako sa pagtulog! Sakit tuloy ng kanang braso ko! Haaay. Buti na nga tumigil na yung ulan! Woohooo! Medyo maaraw na ulit. Pwede nang pumunta ng Boac!

Sinimulan ko nang ayusin ang gamit ko bago maligo. Huhuhuhuh yung pumps ko <///3 Galing lang, maglalakad ako sa kasal bukas na ganito ang sapatos ko. Panalo lang! After kong maligo, tulog pa rin si Kevin. As in define tulog. Aba, sya na nga tong unang natulog!! Eh kung gisingin ko na kaya?

I sat beside him. Gigisingin ko na nga to!

Wait. Wag na lang kaya? Ang peaceful ng mukha nya e. Ang sarap pa ng tulog nya. Busy ba to? Mukha syang haggard e. Nanlait pa noh! Pero in fairness, nagulat ako nung sinabi nya about sa truce. Super gulat. Akala ko kasi magtatapat sya ng pag-ibig para sakin. Chos! (Leng's Note: ISA KA PA!! PANO KUNG GANON NGA NANGYARI!?!?) Tapos truce lang pala. Oh well. Okay na rin tong truce. Medyo keribels pa naman. Kaso hihiya pa rin ako dun sa nangyari. Sinabi kaya sa kanya ni Trina yung nangyari?! Oh noes.

He's... okay. I'm okay na rin.

Should I forgive him?

I accidentally nudged him, and voila, nagising si Kuya.

K: What time is it?

Me: 8:17am. The rain stopped. I think we could go na.

K: Sure. Ligo lang ako.

Hmmm. Mabait naman sya. Ano nga kaya?!?

----

K: AYAN KASI ANG BAGAL MONG KUMAIN!!!

M: KASALANAN KO PA!! SINO TONG LATE GUMISING!!

K: KASALANAN MO! HINDI MO KO GINISING!

M: HOY. KANYA-KANYANG TULOG, KANYA-KANYANG GISING!!!

K: AH BASTA KASALANAN MO PA RIN TO!

M: BWISET KA!!

Bakit na naman ba kami nag-aaway? Kasi ba naman, we missed the jeep. Isang jeep lang pala yung may byahe papunta sa Boac ng ganitong oras. Susunod na byahe raw e 12nn pa. May practice pa ng 1:30. Kamusta ka naman -\_\_\_\_\_ -

Banas na naman sya HUUHUUHUU

Receptionist: Excuse me po..

Us: \*medyo inis\* What? Sorry.

R: Uhhm. May owner jeep po kaming extra dito. Pwede po naming ipahiram sa inyo.

YUN NAMAN PALA EH!

----

And 15 minutes later.. nagdadrive na si Kevin papuntang Boac. Shet nakakatakot ang daan dito! Pwedeng icompare sa Baguio! /wrist Bawat sharp turn napapatili ako. Kaya inis na naman sakín si Kevin. Ampf

K: Quit screaming. Ihuhulog talaga kita dyan.

M: Tsss.

Ayun, tumahimik nako. Tapos.. naramdaman kong medyo bumagal yung takbo ng sasakyan...

M: Kevin, did you feel that?

K: Alin?

J: Tibok ng puso ko? :">

K: Gusto mong upakan kita.

M: Joke lang. Bumagal ba yung takbo natin?

K: Hindi n- SHIT. SHIT.

M: Why?

K: We're out of g-

Bago pa sya matapos sa sasabihin nya tumirik na kami.

Us: BULLSHIT.

Lumabas kami ng sasakyan. BAKIT BA ANG MALAS NAMIN - \_\_\_\_ -

K: Hindi ko na kasalanan yan ha!

M: May sinabi ba kong sinisisi kita?

K: Wala. Tawagan mo yung receptionist. Tell her na kunin nila tong owner, at magdala ng gas.

M: Kunin ang owner? Ibabalik natin to? How about us?

K: We'll find a way. Hindi kakayanin ng owner yung matarik na part. Let's walk.

M: WHOA SLOW DOWN MISTER. I AM NOT WALKING.

K: BAHALA KA DYAN!! TAWAGAN MO NA LANG TAS HINTAYIN MONG DUMATING YUNG LALAKI OR WHATEVER. PAHATID KA. I'll hitchhike.

M: Fine. Fine. \*calls the receptionist\* Ayan. Saglit lang daw. Tara, let's walk.

K: Akala ko ba ayaw mo?

M: Baka may dumukot saking NPA dito! Ayoko nga!

He started to walk fast. Pano ba naman, backpack lang dala nya. Ako may trolley pa. Ampf.

M: Hintayin mo muna ako please?

K: Bilisan mo!

Kinaladkad ko na yung trolley ko para makahabol sa kanya. Nang di ko mapansing may bato..

M: AY PUCHA!!!!!!

Natapilok ako. Ohnoes.

Nilingon naman ako ni Kevin. He rushed towards me.

K: Okay ka lang?

M: \*crying\* Tangina ang sakeeeeeeeeeeeet!!

K: Chill! Come on. I'll carry you.

M: Pano yung trolley ko?

K: Tara, sakay muna. Balik tayo sa owner.

Binaba nya ako. Grabe, nahihiya ako -\_\_\_\_\_ - Ang bigat ko kaya! Tapos may backpack pa sya. Pinapasok nya ko sa owner.

K: Piliin mo dyan yung mga importante mong gamit.

M: Why?

K: We'll leave it here. I'll get it later pag nakapunta na tayo sa Boac.

I endured the pain at nag-ayos nako ng gamit. Huhuhuhu trolley ko! 1/4 lang tuloy nadala ko!  
/wrist

Binuhat nya ulit ako. Syempre mas awkward na ngayon diba?!? HUHUUH SHET KILIG!

Oy joke lang. nahihiya ako! Di ako kinikilig. Sabaw na nga ako e! At ang tahimik nya. I knew it. Napipilitan lang tong buhatin ako!!!

Me: Hey. I'm fine. You can put me down.

K: Ayan ka na naman sa put me down put me down mo. Masakit pa yang pilay mo.

M: Ilang beses na saking nangyari yan sa runway. I could manage naman e.

K: Ah basta. Hindi. Wag kang makulit! Ihulog kita dyan eh!

HELLO AWKWARD!!! He's touching my leg. MY LEG!!! Anobenemenyen may electricity!  
Meganon!?! XD

M: Teka. Pwede naman tayong magpasundo kina Levi ah! We can call them! Ano ba Kevin.

Tumigil sya sa paglalakad.

K: Oh shit. Oo nga noh? Ba't di ko naisip yun!?

AT NAGLAKAD KAMI PABALIK SA OWNER. leche naman!

Tinawagan namin sina Levi, na saktong pupuntahan na kami sa Balanacan. WHEW!!!

M: Bakit mo hindi naisip yun kanina pa?

K: Malay ba.

M: Nako. If I know, gusto mo lang akong ibaba.

K: Baliw. Ang bigat mo kaya.

M: Thanks ha. Saya.

20 MINUTES LATER..

Nakita na rin kami nina Levi at Denise!!!

Denise: Jerseeeeeeeeey! \*takbo\* What happened?

K: Alam nyo naman yan, tatanga-tanga. Natapilok.

Levi: Come on! Stressed out na siguro kayo.

Kevin & Me; SINABI MO PAA!!!

-----

Pagdating namin sa hotel, hinigit ako ni Denise saglit.

Denise: Jersey, may kasalanan ako sa inyo ni Kevin.

Me: Ano yun?

D: Kanina ko lang nalaman na matagal na kayong break!

UH OH. Ano na naman to!?!?

M: Yeah. Months after ny graduation. Bakit?

D: Uhh. Kasi I only booked a room para sa inyo. I'm so sorry! I could make arrangements pa na-

M: Den, okay lang! We're friends. And last night we shared a room. So don't worry. We're cool.

D: whew! Akala ko magagalit ka e! But don't worry, 2 beds yung nasa room nyo :)

M: That's okay na! :D

Hinagilap ko naman si Kevin.

Me: Good news.

K: I have a good news, too.

M: Me first. We're sharing a room.

K: Oh, yan din dapat balita ko sayo. How did you know?

M: Denise.

K: Sucks to be with me, right?

M: Nah. You're tolerable anyway.

SHET. Am I flirting him? Hello, Earth to Jersey! Kapal mo rin noh - \_\_\_\_ -

We went to 'our' room together. Tawanan lang kami dun sa adventure kuno namin yesterday. Pagbukas namin ng pinto..

K: Wow. At least may sofa ;)

M: Dalawa naman po ang highaan ser.

K: Hmm. Okay. Sa kanan ako ha.

M: Whatever. Matutulog muna ako ha!

K: Sige, babantayan kita :)))

M: Ay wag na pala. Babangungutin ako.

K: Binabantayan kaya kita kagabi!

M: ASA! HINDI KAYA!!! Tulog kaya ako magdamag!

K: HULI KA! Binabantayan mo pala talaga ako kagabi noh!?!?

M: ULUL!! EWAN KO SAYO!!!

----

We spent the night with our friends. Sina Levi and Denise lang nakakaalam ng nangyari samin ni Kevin kahapon. Baka kasi kung anong isipin e. Haha! =)) Natulog kami ng maaga, around 10:30pm. 8am kasi ang kasal, call time namin for make-up and everything ay around 6am. Kamusta ka naman.

----

WEDDING DAY.

Nagising ako na wala na si Kevin sa kwarto. Oh. He left early? Ay. May usapan nga pala sila nina Jethro na tatambay kung saan. Bahala na nga! ;) Inayusan ako ng around 6am, so by 6:30 tapos nako. Bumalik ako sa room para magsuot ng aking bridesmaid dress. Grabe, pang 14th na wedding na to! Ba't ba sila atat magpakasal ha? We're only 22 for crissakes! Di ko to kinakaya - \_\_\_\_ -

I heard the door opened as I roamed around the room. Natural, si Kevin yun.



K: Hoy panget! Patulong nga sa nec-

We stared at each other.

Wow. Kevin wearing black longsleeves. Wow lang.

I broke the stare off first.

M: Yes?

K: Wow. Champagne gold looks good on you. Bagay sa hair color mo.

M: Talaga? Eh parang 30 seconds ago you called me..

K: Panget.

M: And now you're praising me.

K: Pero panget ka pa rin. Joke lang.

M: Oh ano na? Ba't mo ko hinahanap?

K: Ay. Paayos naman ng necktie ko.

Tss. Here we go again. Talaga tong si Kevin, mga pasimple! Dati nabiktima nako sa necktie chorva nyan. Ilang beses nya kong nanakawan ng halik pag inaayos ko necktie nya. Aba, subukan nyang agawan ako ng halik ngayon! Uupakan ko sya!

At mukhang nabasa nya ang iniisip ko.

K: Don't worry. I won't take advantage.

M: Yeah. Subukan mong gawin ulit yon.. nako.

K: Sus, waepek naman dati yang pananakot mo. Haha! Pero things are different now. I won't do anything. Promise.

Aray. Things are different now daw, Jersey. Riiiiight. Inayos ko na yung necktie nya. Takte talaga to, red necktie pa! Sinasadya na to!!! He knows that I like guys who wear black long sleeves and red necktie. Kainis!!!!

Habang inaayos ko necktie nya, napansin ko na nakatingala sya, sabay nakapikit.

M: Okay ka lang?

K: Oo naman.

M: Anyare sayo?

K: Wala. May iniwasan lang akong makita?

M: What?

K: Tawagin mo pakong manyak e. Titingala na lang ako kesa matukso pako.

What is he talk... OH. OH OH OH. He's talking about that!!! BWISET!!! At dahil dun, nahigpitan ko ang pagbira sa necktie nya.

K: ARAY! Shet muntik nakong di makahinga!!

M: Kung anu-ano kasi iniisip mo!!! Leche!!

K: Hindi ko nga tinitignan e!

M: Pero inisip mo rin!

K: At least pinipigilan ko. I respect you, okay. Para san pa pinagsamahan natin diba?

WOW LANG. Ba't ako kinikilig!?! Okay Jersey OA lang ha. Pero.. KYAAAAAAAAA!

M: Fine. Hindi lang siguro ako sanay na gentleman ka.

K: Okay lang. Hindi ka naman babae e.

M: Ulul!

Sabay kaming pumunta sa CR para manalamin. Syempre, sari-sariling purihan lang yan! Bago kami lumabas..

K: Hey.

M: Yeah?

K: Picture

Riiight. He's holding his dSLR. Well, model akech so strike a pose! ;)

\*after the shot\*

K: Ay. Ang panget ng kuha.

M: Uy! I look hot there! Don't erase!!

K: Syempre gaganda yan pag kasama ako :">

AY TENGENE GUMAGANON NA SYA!?!)

M: \*laughs\* Talagang meganon kang segue? Sana dineretso mo na lang na gusto mo ng picture!

He got his tripod habang nag-aayos ako ng buhok. Nang ready na..

K: Ayusin mo ngiti mo ah.

M: Okay okay.

1..2..3.. SMILE!

----

Overall, ang saya ng wedding! Sana ako na lang kinuha nila pero may inaasikaso rin akong wedding e. In fairness, walang nakapansin na sira yung sapatos ko. Natawa na lang kami ni Kevin nung may pumuri ng pumps-turned-to-flats ko. Halos mabulag ako sa mga flash and everything. WTH. It's all worth it!

And since Monday na bukas, may pasok ako ng 11:30. Kailangan ko na ring bumalik sa QC ng gabi. Mag-eeroplano nako pabalik, katakot bumyahe sa dagat e!

Hinatid ako ni Kevin sa airport, since tomorrow morning pa ang uwi nya. While driving, nirereview ko yung wedding photos. Kulitan and everything lang. So eto pala ang epekto samin ng truce. Walang ilangan and everything. Truce lang to guys, temporary. Though I want to forgive him, I still want to know why did he do that. Para matahimik naman ang kaluluwa ko noh -\_\_\_-

AIRPORT

Convo:

K: Wag kang matutulog sa trip mo. Delikado na, baka may matuluan ka pa ng laway.

M: Hahahaha funny thing. Naglalaway ka pa rin pala pag tulog.

K: HINDI NA KAYA!

M: I saw it last night. Binaligtad mo lang yung unan mo kaya di mo nakita ang drool marks.

K: YABANG! Wala lang akong pang-asar pag tulog ka ah -\_\_\_\_-

M: Kasi tulog prinsesa ako.

K: HAH! Meron pala! Kung mangdaklay ka!! Grabe nakakasulasok!!

M: Excuse me! Pag wala lang unan noh. Baliw.

K: Hoy mauna ka na nga. Baka malate ka pa.

M: Okay fine.

K: Hay sa wakas. Goodbye and good riddance!

M: Ang sama nito!

K: Joke lang. I really had a great time with this truce thing. I am serious.

M: Same here. So.. hanggang sa Manila ba tong truce or dito lang?

K: Let us see. Pano, ingat! Have a safe trip!

M: Ikaw din. Don't get lost okay? Tanga ka pa naman.

K: Leche mangaasar pa aalis na nga lang e

M: Whatever! Bye, pangs!

And he said the words I never thought I would never ever hear again.

K: Goodnight, Devil Woman ;)

What a way to end this weekend. Hate to admit, pero kinilig ako don :">>>

## Chapter 9

(Jersey's POV)

TUESDAY (aka a day after the wedding)

Usually pag Wednesday petix lang ako. Petix, meaning magcacram pa rin. Grabe, hindi na ako estudyante pero habit ko pa rin magcram! What's wrong with me -\_\_\_- I plan to stay here sa condo ko the whole day. May ieedit akong videos for my masteral chorva and plan the wedding. Namaaan! I am excited for that wedding! :> Close friend ko kasi yung ikakasal kaya dapat i-todo ko na.

Hmmm. Wait lang. So dito lang ako sa condo. Greaaaat! No distractions or everything.

Anong no distractions, Santiago? Eh kanina ka pa nga silip nang silip sa bintana eh! Sino bang tinitignan mo dyan?

HAHAHHA ano ba. Hindi ko hinanap si Kevin. Duh. Why should I look for him? Kayo talaga!

OKAY OKAY ano ba guys. Hirap magpretend dito na hindi ko sya hinahanap. WAG NGA KAYONG MAG-ISIP NG KUNG ANO!!! I'm just worried about our truce thing. So nag-expire na nga kaya yung truce namin? What happens in Marinduque stays in Marinduque ba ang drama namin? Ewww. I'm no Cameron Diaz puhlease.

And that sodding twat, ni hindi na nagtext!!! I was expecting na may text akong marereceive pagdating ko sa Manila. Pero waley mga teh! WALEY NA WALEY! Lechugas yan oh! At mukhang di pa sya bumabalik sa condo nya. Ooohh. So he stayed there. Great. NO DISTRACTIONS NA TALAGA. APIR!!!

Eh. Wala ba talaga sya dun? Duh Jersey, kitang nakababa yung blinds. As if makikita mo nga. Goodluck! Kung puntahan mo na lang kaya si Kuya Pol sa lobby, tanong mo kung nandun si Kevin? Naaah. Too obvious. Baka isipin pa ni Kuya Pol na item kami ni Kevin. Well, item naman talaga kami ni Kevin DATI. Hear that?

\*dingdong! dingdong\*

HECK. Sinong manggagambala samin ng ganitong kaaga!? 11am pa lang!

\*opens the door\*

"HI BABY! :D"

My face fell.

"Mga g@ga. Kung makatawag kayo ng baby. Pasok!"

Sino pa ba yun? E di sina Amae at Sath. Nako, masama kutob ko dito. As in define masama. Nagrehearse nako ng mga spiel na sasabihin ko para hindi na nila ako kulitin about sa Marinduque escapade namin. Hindi ko kasi sila kinontact kahapon kaya.. they're here to pester me. How nice.

Amae: Hoy. Ba't hindi ka nagparamdam samin yesterday! I sent you 10 voice mails yesterday. Leche ka.

Sath: Oo nga! Hindi mo kami pinapansin. We're excited pa naman to hear the details \*insert makahulugang smile here\*

Me: Mga bwiset. I'm busy yesterd-

A: Wala ka nga sa studio kahapon. Anong busy don.

Me: May appointment ako yesterday, sa Novaliches. For a debut. Sorry naman.

S: Okay fine ikaw na busy! \*tingin kay Amae, tas tingin sakin\* So... someone had a great weekend. At hindi tayong dalawa yun Amae, riiiight? \*winks\*

A: \*winks back\* Riiiight.

Me: No offense, pero para kayong epileptic pag kumindat kayo.

S: Kunwari wala tayong narinig, Amae. So.. what happened?

M: Okay naman. A great wedding. I cried. You know me, I cry on weddings. What's new?

A: Yun lang?

M: Oh. The food's good too! I love their roasted beef there. Yuuum.

S: Wala nang iba?

M: Teka nga you're irritating me na. I know that you want me to say something. But guess what? I don't want to. Okay?

A: Come on. We've been friends since Grade 6! Hindi mo ba kayang ishare samin yung nangyari?

M: WHAT IN THE WORLD WILL I SHARE!?! WALANG WALA MGA TEH. Uneventful, I must say.

S: Is it just me or she's lying?

M: I'm not! Ano ba kayo please. Gusto ko lang magsaya today coz I'm doing loads of paperworks. Ha. And hoy Amae, it's a Tuesday! May trabaho ka right?

A: 2 hours ang lunchbreak ko. Sa Cubao lang naman trabaho ko hello.

M: I think you should go back to Cubao and work. As for you, Samantha, go back to Diliman and study.

A: Eto naman kung paalisin kami parang tuta kami. Miss ka lang namin e :(

Me: Oh. That's so gasgas na. Doesn't affect me anymore.

S: Ganyan ka naman e. \*paawa effect\*

Me: OKAY FINE!! I'LL SPILL!

A: \*grins\* Sath, I love you.

Me: Tama na yang lesbo talk! Okay okay. Nothing happened. Really. But we.. kinda.. on a truce.

S: I can't really follow. What are you talking about?

Me: Truce. Dictionary teh?

A: We know the meaning. Pwede bang pakiexplain kung bakit kayo nagtruce?

S: AND WHY TRUCE LANG!?!? BAKIT TRUCE LANG HAAA!?

Me: He was the one who brought that up! No choice na lang ako. I said yes! Hello.

A: What made you say yes?

Me: Wala lang. Just for the fun of it :)

S: Ang landi mo!! So yun lang nangyari? A truce? May hindi ka ba sinasabi saakin?

Me: That's all. We spent the whole weekend talking. With orgmates. We never had a chance to talk alone.

OH SHIT WHY AM I LYING!?! Ugh laaaang. Pero mukhang bumenta sya sa kanila, hindi na sila nagtanong pa! YEEEEEEEEEEEEES! :DDD Papa Lord sorry po if I lied. Huhuhuhu. Ayun, nagpaikot-ikot silang dalawa sa condo ko. Until Sath saw something on my sofa.

S: UUY! You have this? \*tinaas nya yung 3 CD\*

Me: No, kay Sir Ramon yan. He asked me to make movie reviews. Di ko na nga nagawa ng maayos e.

A: \*lumapit kay Sath\* Wow. Napanood mo na to?

Me: Which one?

A: The Realm of Possibility.

Me: Oh that one. I haven't. Masyado kasing mahaba yang The Realm.

S: Anong mahaba? 30 minutes lang! And it's maganda. You should watch it!

Me: You've watched that? Talaga?

A: Yeah. Ikaw lang ignorante satin e! That's 2 years ago pa, the film! Directed by a German director. It won several awards abroad.

Me: How come I didn't know that?!? I am the film major here! Kayo na.

S: Cos you're ignorant. Hey Ms. Ignorant, alam mo ba kung anong meron sa Thursday?

Me: Paolo's birthday. Why?

A: DUH! Edi syempre may birthday surprise tayo for him! Gising ka na ba?

Me: What do you think?

S; Uh-uh. Drunk. Hoy be there around 8pm. Party tayo sa condo nya. His treat!

Me: Okay. Thursday night it is. Ayos na ba yun?

S: Yeaah! Hey. We're gonna leave na. Malapit na magstart class ko. Can't absent.

A: Oh. I still have work pa! Thursday ha. Thursday. Thurs-

ME: OKAY I GET IT YOU CAN GO NOW.

It took me 3 minutes to drive them away. Grabe lang silang dalawa ha! Di ko kinaya mga teh! Aalis na nga lang pinagpipilit pa na kung anu-ano sabihin ko! Sarap batukan e :/

WEDNESDAY.



As usual, nasa studio ako ngayon. Ineedit ko yung photos na kinunan ni Marlo last week sa isang wedding gig. Malapit na akong matapos nang natripan kong magcheck ng Facebook. Baka kasi naupload na nina Denise yung mga picture ng wedding. Oyyy ansaveeeh! Excited ba ako? Hindi ah! Asar.

Oooh. So our pictures are uploaded na nga! I decided to save some pictures, some = group pictures and the blahs. Nang dumating na dun sa picture namin ni Kevin, medyo tinitigan ko pa. Sana pala di ko na lang tinitigan. Si Jicker kasi, biglang sumilip sa laptop ko.

Jicker: Oooh. Ayan na ba yung susunod na ikakasal?

Me: \*sinarado bigla yung laptop\* Dammit. Mukha mo.

J: Huwaaay? The picture's cute! Lemme see it again.

Me: It's nothing.

J: Bonggang nothing yan ha! Kung titigan mo parang gusto mo nang tunawin e!

Me: Baliw. Working hours ngayon. Balik sa trabaho!

J: Oh. Working hours pero nagfFacebook ka? Soplalin kita dyan e!

Me: Haaaah. Whatever. Hello, wala naman tayong boss dito. We own the place! And where's Marlo? Tagal ko na di nakikita yun ah.

J: Aysows. Kung hanapin si Marlo oh. Parang dat-

Me: Okay. I assume he's busy.

J: So.. what happened? Anything eventful?

Me: Ba't ba ayan yang mga tanong nyo? Nakakairita lang ha. Wedding po ang pinuntahan ko guys.

J: I'm gay.

Me: I used the word guys para sa pangkahalatan. Baliw.

J: Kasi grabe naman kayo makablind item eh! Hahaha kruu

Me: Medyo okay na kami. Yun lang masasabi ko.

J: Did you kiss him?

Me: \*gulat\* NO! Asa ka dude. I'll never kiss him!

J: Never daw pero gusto nya. Yiheeee! :">

Me: Ulul. Umalis ka na nga dito!

J: You're mean! Hoy. This Saturday ha, may shoot ka for F&H. Don't be late.

Me: I know. My skinny arse will be there on time.

J: Mukha mo skinny ass! Hey. Can you accompany me tomorrow? Shoot?

Me: Pao's birthday tomorrow. I can't.

J: Tell him I said hi and happy birthday. Sige, skinny ass. Go na.

BAKIT BA KASI ANG BIG DEAL SA KANILANG LAHAT!!?!?! AMAAAAAAAAAARABDJJD.

-----  
THURSDAY

(Kevin's POV)

Pasakay na ako ng elevator papunta sa condo unit ni Paolo. Actually halos isang oras na akong late. Grabeng traffic kasi from Alabang to Magallanes, sumasakit ulo ko!

\*phone rings\*

Ako: Yeah?

Sath: San ka na?

Ako: Uhh. 3rd floor?

Sath: Oh. Okaaay. Just checking. Kbye

NAKO. Masama kutob ko dito. Tinawagan ako ni Sath. Ni Sath. Ni Sath. Bad vibes ito

-- Kinwento kaya ni Jersey yung nangyari sa Marinduque? Shet. Patay tayo dyan --

Sa 14th floor yung condo unit ni Paolo. Dapat pala nagstairs na lang ako para exercise!! Tsaka para saglit lang ako. Ayoko kasing inintriga e. Okay naman yung truce namin ni Jersey diba? Ayos na Yun. Kasi pag nakialam sila, baka mawala tong kung ano mang meron kami ni Jersey. Mahirap na.

\*katok\*

\*bukas pinto\*

Amae: GUYS! Nandito na si Kevin!

Ako: Kailangang sumigaw Amae?

Amae: Wala lang. That's my task today. Come on in :)

Ako naman si tanga pumasok. Kaming barkada lang ang nandito ngayon sa condo nya. Hoy. Baka isipin nyong loner tong si Paolo ha! Ewan ko ba sa kanya, ang daming kaibigan pero kami lang nililibre. Baliw baliw talaga!

Ako: Paolo! Happy birthday dre! \*abot ng Antonov\* Pandagdag sa stock :)

Paolo: Salamat! T\*ngina tagal ko na di nakakatikim ng Antonov!

Ako: Buksan ko na!

Paolo: Kitchen's there \*turo sa kanan\*

Teka. Nasan si Jers-

OH. Nasa kitchen din pala sya, nagmimix ng drinks. Aba, kelan pa sya naging bartender? Niiice.

Ako: Isa ngang Bloody Mary dyan :)

J: \*nagulat\* Dammit! You scared me!

Ako: Marunong ka palang magbartending?

J: Oh. Hindi naman masyado. Got interested last year, just for fun. \*glances at her watch\* Oh. Someone's late.

A: Sorry naman! Personal stuff.

J: Personal stuff meaning.. an imaginary girlfriend perhaps? ;)

A: \*smiles\* Yeeaah. We kinda met earlier.

J: Para kang DOM. No kidding.

A: At para kang si Mama. Creepy.

\*laughs\*

That laugh led into a stare off na naman, na parang sinasabi naming "Truce pa ba talaga to or ayos na talaga tayo? " Eternal stare off makes me uneasy, as if kailangan ko talagang magsalita.

J: Still want that Bloody Mary of yours?

A: Yeah. Sure.

-----

SHE MAKES A KICKASS BLOODY MARY. Walang bias yun ha! HAHAAAAHA! :D Ayun, we partied naman. The usual barkada stuff: karaoke. Okay na saking kumanta lang e. Kaso tong si Paolo tinopak na naman.

Paolo: UY! Since birthday ko ngayon. At sawa nako sa karaoke-

Jerro: Ang sabihin mo panget lang boses mo kaya ayaw mo na magkaraoke!!

Paolo: Lul! Ayos mo! De, ganito na lang. Maglaro naman tayo ng iba!

Kat: Honey, you're too drunk! Magpapatintero ba tayo sa rooftop?

Ako: Mukhang mas may amats ka na ata Kat kesa kay Paolo ah. \*tawanan\*

Paolo: GUYS BIRTHDAY KO NAMAN KASI DIBA AKO MUNA PLEASE

Sath: PALAKPAKAN!!

P: Salamat Sath, salamat. Ayun, as I was saying.. let's play a game!

J: And what kind of game is that? Nako Pao, lasing ka. You're too f\*cked up to think about a decent game.

P: Planado na to kanina pa, Je. So.. we're playing..

TWISTER!

Napalingon ako bigla kay Jersey. Hah, as expected. Kumunot na naman ang noo nya sa sobrang inis. Panalo lang.

-----

(Jersey's POV)

AYOKO TALAGA NG TWISTER. Seryoso. Ever. Ano bang point ng paglalaro nito, para mapatunayang elastic ang katawan mo?! Tsaka hello, nakakatanga kaya! Pati iba kasi trip ng barkada namin sa Twister. Normally, hands and feet lang ang ginagamit sa Twister. There's this spinning board na magdedetermine kung san mo ilagagay yung paa at kamay mo. But sa barkada namin, it's different. Panong different? Hindi lang basta kamay at paa ang gamit; pwedeng kahit anong parte ng katawan na feasible na maabot yung color. LECHE HINDI AKO CONTORTIONIST PARA MAGLARO NITO.

And voila, Paolo's serious about this game. Nagpacustomize pa sya ng tarpaulin ng Twister pad para saming lahat. Except sa kanya kasi sya yung magsspin. Take note, maeeliminate ka sa game na to kapag na out of balance ka. Ohaoha? :)

So let's fast forward a little. 4 na lang kaming natitira sa Twister pad: Ako, Kevin, Amae at Jerro.

(Leng's Note: May picture ng Twister pad sa may upper right side. Just imagine their positions ;>) Ang posisyon ko? Right foot sa blue, left elbow sa red. Si Kevin: right hand sa yellow, left foot sa blue (SAME CIRCLE AS MINE). Sina Amae? Ayun, puro kamay at paa lang. Leche.

S: WOOOHOOO! Contortionist talaga si Jersey! Nice one!

Kevin: So kung sya contortionist ano ako? Lechugas ka Paolo! Dapat kamay at paa lang to!

Me: I completely agree with you!

Paolo: Hala hala hala!! Eto na! Jersey: right hand on the blue circle. Kevin, left ear on the green circle.

Kevin: Pakyu ka Paolo! Nagloloikohan na ata tayo dito e!!

SHET. Our positions are so awkward. Define magkadikit na kami ni Kevin! Seryoso. Sina Sath naman todo picture sa pangyayari. Oh dear Lord, pag nakita to ni Jicker di ko na alam gagawin ko :?

Wait. Isipin nga natin. Pag napunta sakín yung right elbow on the green circle...

MAY CHANCE NA MAHALIKAN KO SYA IF EVER MA-OUT OF BALANCE AKO.

Tengene sagad 1000000000000000000000000000000000x times

NOOOOOOOOOOO!!

Paolo: Jersey! Right elbow on....

LECHE PAOLO PAG YANG GREEN CIRCLE MASASAPAK TALAGA KITA. SERYOSO.

Paolo: Right elbow on... the g-

Handa na talaa akong manapak e. Nang...

Amae: Oh bullshit!!! NOOOOOOOOOOOOOO!

Dahil sa kanina pa natitwist ang kanyang ankle, ayun, nasprain. Ayun, na out of balance sya.

AYUN NATIGIL ANG AMING LARO.

Bitin ba? Hah. Buti na lang hindi natuloooooooy! :D

-----

AFTER 40 minutes, medyo okay na ata si Amae. Nakahiga sya sa sofa katabi ni Keith.

Keith: Ikaw kasi wag mong masyadong karirin yang Twister. Nasaktan ka tuloy.

Amae: EEEEEH. I want to test if I'm still flexible.

Keith: Ayan, flexible ka nga. May sprain.

Amae: Chill lang kuya! I am fine. Medyo masakit but what the heck, okay lang.

Keith: Sa susunod nga wag ka na maglaro nyan, kinakabahan ako e. Baka di ka makalakad papuntang altar nyan \*grins\*

NASAMID KAMING LAHAT SA SINABI NI KEITH. WTF. IS HE PROPOSING!?!?!?

Amae: Hah. Proposal denied.

Keith: NOT AGAIN!!!!

Jerro: Wait.. did you just propose?

Keith: Ay hindi bugtong yon.

Amae: Guys just don't mind him. Ilang beses nang basted yan.

Kaming anim: O\_\_\_O SERYOSO BA YAN!?!?!?

Amae & Keith: HAHAHAAAAH! OF COURSE NOT!

Keith: Joke lang yun guys, ano ba kayo :)

Amae: Pero take note, if ever mang magpopropose yang epal na yan sakin, basted agad. Chukpakpuk! :P

Me: Dammit Amae! Akala ko totoo na! Titili pa naman sana ako!!!!

Keith: Hoy. Let's go to Tagaytay this Saturday! Kung free lang naman kayo.

Me: Don't change the topic Keith. Sapak you like? :)

Kat: Tagaytay sounds like a good idea! Come on! Dali na please?

Me: Aw. I can't. May pictorial ako for F&H. Zarreh.

Sath: Oh. Sinong kasama mo? Si John Lloyd?

Me: Err no. Si Atom Araullo. JOKELANG! I don't know. I can't come.

Paolo: Kevin?

Kevin: I'm free. What time?

Keith: Text text na lang! :D

---

## FRIDAY NIGHT

The party yesterday ended like a bang. Bang? Unahan lang naman kami sa CR para sumuka. Kung anu-ano kasi pinaghahalo namin sa drinks kaya hindi na pala namin kaya. HAHAH! Parang nung college kahit ilang bote ng Red Horse kaya namin. Tanda naaaa! Charots!

Excited for the big shoot tomorrow! Must sleep early.

\*phone rings\*

Si Jicker.

Me: Look Jick, I don't have time to tell you wh-

Jicker: Shut up please? I'm serious here.

Me: Hey. Okay. Anong meron?

Jicker: We have a major problem.

Me: What?

Jicker: Wala kang kapartner for tomorrow's shoot.

Me: I can do the shoot alone! Ba't nawala yung partner ko?

Jicker: Ewan! May pneumonia ata e.

Me: What do you want me to do? I could contact some of my male model friends. Seriously.

Sa background narinig ko si Marlo na nagsasalita.

Me: Wait. Is that Marlo?

J: Wait lang speakerphone ko lang.

Me: Marlo! What happened?

Marlo: Problem's fixed! May friend yung friend ko na pwede raw tomorrow. Kinda rush but I did it.

J: Grabe Marlo kung di lang ki-

Me: Okay.. Save your bromance later when this convo is over, okay? So.. ayos na? Nothing to worry about?

Marlo: Wala na Jersey. You could sleep now.

Me: You're the best!

Jicker: Hoy. Pano naman ako!?!

Me: Kbye. \*hangs up\*

-----

SA ISANG CONDO sa Taft ang pictorial namin the next day. Ang theme ng shoot ay: RETRO BLACK. Natandaan ko tuloy yung porma namin ni Kevin nung Lakan and Lakambini finals night. May pagkaganun kasi yung feel! Pero syempre sexiness na ngayon, di na college eh!

Pag may shoot, ako na ang nagmamake up sa sarili ko. Nasanay na kasi ako ng ganun, ayoko kasing pasakit sa mga makeup artists pag shoot! :D So there, nagmamake up akong mag-isa sa makeshift dressing room nang lumapit sakin si Jicker.

Me: What?

Jicker: I'm curious about the male model Marlo obtained.

Me: \*laughs\* Wow, obtained talaga! Winner!

Jicker: Shut the heck up. Okay ikaw na ang CommArts. Ako lang naman tong hamak na Fine Arts student.

Me: Hah. Diliman Gay.

Jicker: Yung eyeliner mo sana matusok dyan sa mata mo.

Me: Kunwari I love you na lang yung narinig ko :)))

Then lumapit kay Jicker yung assistant nya.

Assistant: Jick, nandyan na yung male model.

In an instant, kinuha ni Jicker yung compact powder ko.

Me: EEEWWW! Remind me not to use that sponge again -\_\_\_-

Jicker: Hah. Belo 3x a month ako teh. Kapal ng mukha mo.

We heard some people coming towards us. Nako, feeling ko isa tong napakayabang na model. HAH. Kapal ng fez nito! Pag pinormahan ako nito define sapak matitikman nito. Swear.

Si Jicker na yung humarap sa model. Di pa ako tapos sa pagmamake up dito tapos istorbo! AAAAAAAGH.

Jicker: Oh crap. You won't believe this.



Me: Won't believe what?

Oh my lord.

## **Chapter 10**

"Hi. Glad to be her-"

Are you effin' kidding me?!? SERYOSO BA TO!?!?

Okay Jersey. Keep calm. Keep calm. Keep calm.

Jicker: What the f\*ckery is this? Ikaw yung model?

Ako nga Marlo wag mong paglolokohin dito ha, Uupakan kita!

Napakunot naman ang ulo ni Marlo dahil sa sinabi ni Jicker. As in define nagtataka na ewan sya. "Hey. What's wrong? Anyare?"

Napatayo naman ako. "Anyare? Anyare? IKAW YUNG MODEL!?!? IKAW YUNG MODEL?"

"Yeah. I am the model," he said with a chuckle.

Nagtinginan kaming dalawa ni Jicker. Oh my Lord.

Jicker: Panong nangyari ito? How come you're the model?

Marlo: Eh nakausap ko yung agent ng F&H kahapon, sabi nya busy daw yung model. No choice na sila, kaya ako na lang kinuha. And I quote that agent, "You have naman the body of a model. So pwede na yan."

Kami ni Jicker: \*nganga\* WEH.

Marlo: Oo nga! Ang sama nyo namang dalawa. One time only lang to. So much for being a model, right? Malay nyo hindi makuha yung shots ko. That's okay.

Hay salamat! At least nakahinga ako nang maluwag! Buti talaga at kakilala ko tong kasama ko sa shoot. Hindi ako mailang or whatsoever! Babalik na sana ako sa pag-aayos nang.,

Me: Marlo wait lang. Di ba ikaw ang photographer nitong shoot? Sino na papalit sayo?

Jicker: You sodding twat! \*hinampas si Marlo\* Langya ka. SINONG PAPALIT SAYO!?!?! Don't tell me ako papalit sayo. T@ngina ka. Di ako prepared!!!

Marlo: Hoy Jickerson kung makahampas ka naman walang bukas!!! May nakuha silang replacement photograprer okay? Ayos mo nga! Sakit nun ah.

Me: Sinong replacement mo? Baka puchu-puchu lang yan ha.

Marlo & Jicker: \*taas ng kilay\* Puchu-puchu?

Me: Err. That means kung sinu-sino or kung anu-ano. Well whatever. Sino ngang papalit sayo?

Marlo: Ah. Yung agent na yung naghanap ng replacement ko. He's a photographer for Men's Magazine sa Europe. Magaling daw, may awards from different blaaahs.

Jicker: Feel ko DOM yang papalit sayo. Nako Jersey, be careful. Baka naman mamaya ibang lugar kinukunan nyan.

Me: \*binato ko ng used tissue\* Dammit! Just shut up okay?

Natawa na lang kaming tatlo.

-----

Nang ready na kami nina Marlo, pumunta na kami sa studio para kilalanin yung photographer. Okay, I kinda freaked out dun sa sinabi ni Jicker. What if nga tanders na yung photographer? What am I gonna do? Huhuhuhu - \_\_\_\_\_ -

J: Hey. Babantayan ko yang photog na yan. You know, I'm kinda protective.

Me: Too bad you're gay, Jick.

J: HAH. Salamat sayo ha. Appreciated. \*rolls eyes\*

Nakatalikod samín yung photographer pagdating namin. Hindi naman sya mukhang matanda e! Gagi tong si Jicker, pinakaba ako.

Marlo: Hey. I think I've seen this guys before. Di ko lang alam kung saan ko sya nakita. Basta I saw him already.

J: Whatever. Teka, I'll approach him. Hoy Marlo, I'm your temporary agent now ha. Alam na pag nakakuha ka pa ng bagong gig.

We watched him go to the photog. Grabe, natatawa talaga ako pag protective si Jicker! Ayun, sinundan na namin ni Marlo, baka kasi anong gawin e.

Mga 10 steps lang ang layo samin ni Jicker kaya rinig namin sya. Oh God, sana hindi sya naka-flirt mode. That would be a disaster.

"Uhhm excuse me," panimula ni Jicker. "Are you the photographer?"

The photographer stopped fixing his lens and turned around. "Yeah. I'm that guy. Ni-"

He stopped in mid sentence. Oh Lord. Are you kidding me. Are you kidding me. Are you kidding me.

"Jersey? Bakit ka nandito?"

It took me eternity, err not. It took me 3 seconds to reply.

"What on Earth, Kevin. Why are you here?"

-----

(Jicker's POV)

Hoy teh salamat naman at binigyan mo ko ng chance para umepal dito sa istorya mo! :D K tama na, OA na ako. So, where were we?

Yeah. Nandito tayo sa awkward moment na malalaman mo na yung ex-boyfriend mo (which apparently hindi ka pa nakakamove on, or in Jersey's case, pseudo-moved on chorva) ang photographer ng sexy (yeah, sexy. What the heck right?) photoshoot mo with your almost lover (that would be my bestfriend-turned-model na si Marlo).

This. Is. So. Wicked!

Define nganga ang itsura nina Jersey at Kevin ngayon. Why? Duh, nakanganga kasi sila. Hello?!?!? Si teh hindi makamove on sa situation nya ngayon. Kawawa naman, baka mapasukan ng langaw yung bibig nya. Eepal na nga ako.

Me: So.. you're Kevin.

Kevin: \*na bumalik na rin sa reality. Thank God!\* Oh.. yeah. And you must be..

May naisip akong magandang chepar for this one. This is going to be FUN!!! Para san pa't naging Master ako nina Amae at Sath para sa Operation: KevJe Reunited? :)))

Me: \*in my most manly tone. This is so hard!\* Jicker. Nice meeting you. \*shakes hand\*

Napakunot naman yung noo nina Jersey sa sudden shift ng tono ko. Sorry, this is my diabolical plan, mi amigos. Jicker's working here!

Jersey: So Kevin, back to my question.. What in the world are you doing here?

Kevin: I assume that I'll be the photographer for this shoot, Ms. Santiago.

Marlo: Aaah. So ikaw yung friend ni Maxxie? Marlo, by the way.

K: \*shakes hand\* Yeah. That would be me. Nice meeting you!

Umepal naman tong si Roxy, yung assistant ko.

Roxy: Uy! Ready na ba kayong dalawa? \*napansin na may something something sa atmosphere\* Hey, something wrong?

Kevin: Oh nothing. Just met someone here :)

Roxy: Si Jersey? Magkakilala pala kayo?

Kevin & Jersey: \*in unison\* We're blockmates nung college.

OH. ANSAVEEEEEEEEEEH NILA!?!? BLOCKMATES LANG!!! Ang LANDE NITONG DALAWANG TO SARAP PAG-UNTUGIN!!!! Pero bumenta naman kay Roxy yung alibi nila. Shunga di man lang napansin yung sexual tension!!!! Aynako - \_\_\_\_ -

Kevin: So.. ready na ba kayo? Can we start na?

Jersey: Oh. Wait lang. Can you give us a second? \*sabay higit sakin\*

Me: What?

J: ANONG GINAWA MO DITO

Me: \*gulat\* AKO!?! AKO!?!? Hoy babae, wala akong ginagawang masama ha! Promise! Swear! Cross my heart!! Wala talagaaa!

J: You sure? As in wala? Di ba kayo nag-ayos ni Marlo nito?

Me: DUH! Marlo fixed this one!!! Not me. Hello Jersey?!? Magagawa ko ba sayo yun!?

J: As if I don't know your intentions, Jick. Haha nakakatawa ka talaga.

Me: But hey.. that guy's smoldering hot! AS IN DEFINE HOT!!! Grabe. He reminds me of Ian Somerhalder and.. Ed Westwick. Not the appearance ha, but the vibe. That oohh s-

J: I get it. I get it. Don't lust over him, okay? It's creeping me out! Gotta go.

Napansin kong nakatingin samin si Kevin kaya may ginawa ako. Kinurot ko si Jersey sa pisngi.

Me: Go get them, Jer.

HAHAHAHAHA! I am really excited for what will happen right after this shoot ;))))

-----

(Jersey's POV)

WASAAAK NA WASAAAK. Yan lang masasabi ko. Yan lang talaga. Seriously. Nakita nyo yun? Nakita nyo yun? SI KEVIN YUNG PHOTOGRAPHER. TENGENE LANG YAN. Papano ako magpoproject con todo dito? Oh my gulaaaay I never expected this will happen to me. Promise.

Pero ansaveeeh? Sya na nga. Wala nakong magagawa. Joke, meron pa naman akong magagawa e! I could pretend na inaatake ako ng seizure or something. Basta makatakas lang sa harapan ni Kevin! Wait. Marlo said earlier na photog ng isang men's magazine yung papalit sa kanya. So does that mean...

Oh shit. Now I get it. Yung mga Maria at Rosario nya sa Germany, models nya. How awesome (note the sarcasm please).

The first few shots were fine, keribels pa naman. Medyo hindi pa daring. Nang dumating na sa 10th shot..

Kevin: Marlo, put your hand on Jersey's waist. Grip it.

Tangina. Grip it? GRIP IT?!?! Ano ako, llabe??? Eh kung tukuran ko kaya tong ugok na to! Pero syempre di ko gagawin yun, nahiya naman ako noh. Bait ko kaya! Pinabayaan ko lang si Marlo na i-grip ang bewang ko. That ass! Walang reaction sa nangyayari! Professionalism my ass.

Aba, ako sinusubukan nya ah! Sure ba. Professionalism? Na-PhD ko kaya yan! Leche. Anong ginawa ko for the next shot? I grabbed Marlo's collar and pulled him closer to me. Alam mo yun, medyo pa-cutesy pero grunge ang look? Ah basta getching nyo na yun! Akala ko magagalit sya sa drama kong yon kaso...

Kevin: Yan! Good Jersey! Closer!

WHAT THE FREAK! I saw Jicker's eyes widened from my peripherals. Closer? Okay po, sir. I will. Closer pala ang labanan ha! Edi closer!!! The pose was very sexy, I must say. Marlo gripping (Did Kevin run out of adjectives earlier? Masyado akong bothered sa word na grip. That ass!) my waist and me, grabbing his collar. Ansaveh mo dyan, nakashort shorts lang ako with matching cute polo. Saveeeh mo tol, maglaway ka dyan!!

After the shot...

Kevin: Retouch muna. Kakai, run these shots please.

In fairness ha, mukhang may tama yung ginawa ko. Ano ka ngayon!?! :D

-----

SINCE I WENT TO THE VENUE WITH JICKER, I HAVE TO LEAVE WITH HIM. Hindi ko kasi dinala yung kotse ko, hassle kasi. Tsaka coding. Joke, gusto ko lang sumakay sa kotse ni Jick, pangmayaman kasi. Natapos naman yung shoot nang matiwasay, In fairness, bongga ang shots ni Kevin. Wa me masabi! Oh well, he had plenty of practice back there, with those Brazilian models. Hah not bitter mind you. We casually said our goodbyes and thank you's, as if walang chance na magkita kami sa Katips.

So there. Nagtatanggal ako ng make-up sa may pintuan ng dressing room, habang sya ay nag-aayos ng kanyang camera sa di kalayuan. Medyo magkalapit lang kami, guys. But no convo. Truce pa kami, mind you.

As I was saying, I was there removing my make-up nang nilapitan ako bigla ni Jicker.

Jicker: Are you okay?

Me: A minute!

Jicker: \*inagaw sa kinang tissue na may Cetaphil\* You missed this part \*at pinunasan yung mukha ko\*

Me: I'm not done yet! Eepal ka na naman!!

Jicker: Ganda mo kasi. \*winks\*

OKAY. THAT'S WEIRD. Jicker's creeping me out! Mas kinilabutan naman ako sa susunod nyang ginawa.

Jicker: Tara na. Sa kotse mo na lang yan tuloy. \*sabay buhat ng bag ko\*

OH DEAR LORD. ANONG GINAWA NYO KAY JICKER!?!? BAT NYA BINUHAT ANG BAG KO!?!? Sorry, speechless ako. Kasi sa almost 4 years naming magkaibigan ng baklang to, first time lang syang nagbait-baitan. Uh oh, this is not good. May kalokohan na naman syang iniisip! Pagsakay ko sa sasakyan, di ko na sya natanong. Inatake nako ng stress at pagod eh! Ugh. Sabeeeee.

-----

The sudden halt of the car woke me up.

Me: \*medyo inaantok\* Leche! Ano ba Jicker! Dahan-dahan naman please?

Jicker: Hah. Whatever. Wag mo ngang gawing motel tong kotse ko. Hala, akyat na dun sa condo mo at matulog na. Rest in peace, honey ;)

Me: SALAMAT SA REST IN PEACE HA! Bye na nga. Next time na lang natin pag-usapan to ha? As in define next time!

I got out of the car with my small trolley on tow. Haaay buhay. It's already 11pm for crissakes! I AM SO TIRED! Dun ko lang napansin na sa kabilang building pala ako binaba ng hinayupak na

yun. Sa building nina Kevin. How great. :/ I started to walk fast, baka kasi maabutan ako ni Kevin. Apparently, naabutan nga nya ako. Kasi papunta pa lang sya sa parking lot. Winner lang /wrist

And what happened next? Ayun, he stopped in front of me. Kunwari di ko napansin na tumigil sya kasi I am tired and haggard, no time for socializing blahblah.

Kevin: Ngayon ka pa lang nakauwi?

Me: \*kinda grumpy\* Technically hindi pa ako nakakauwi 'coz nandito pa ako sa kalsada.

Kevin: Oooh. Jersey on bitchy mode. Creepy.

Me: Not in my best mood today, so stay far away from me. Kkkk?

K: Look. About the thing earlier, hindi ko talaga alam na dun ako mapapadpad. My friend just told me that he needs a filler photo-

Me: Can we fill in the excuses some other time? Coz frankly, I am beat. Swear. Kung hindi lang nakakahiyang matulog dito sa kalsada kanina ko pa ginawa kasi you keep on stalling me. Which is by the way the main reason why I am mad right now.

K: \*laughs\* Nakakatawa ka talaga. Ang dami mong sinabi, hindi mo pa ako diniretso sa "Shut the f\*ck up and leave me alone, okay?"

Me: AAAAAAAAAAAGH why am I having this nonsensical conversation with you?

K: Kasi gusto mo akong kausap?

Me: \*stopped walking\* I do not want to talk to anyone at this moment. You know me when I am tired. I could go on bitching about it.

K: Yeah, I know. That's why I'm abusing your tiredness.

Me: That's not funny, Kevin.

K: But you are. Know what, you look really seductive when you're haggard and tired.

Me: G@go. Isa pa matatamaan ka na sakin.

K: Speaking of seductive, nice angles earlier. And that closer blah is epic. Almost got me.

Pinigilan ko ang sarili ko sa pagbublush. So he noticed. Hahaha strike one Jersey!

Me: I work like that \*smirks\*

K: So.. sino yung kasama mo kanina?

Me: Ha? Marami akong kasama kanina Kevin. Try to be more specific.

K: Yung naghatid sayo dito? I mean, the car's familiar t-

Napa-AH na lang ako sa sinabi nya. At kelan pa sya naging possessive? I mean, possessive naman talaga sya dati pa.. pero earth to Kevin! Wala na kami, so why put on that possessive tone?

Me: Someone you don't know.

K: Ka-date mo? Grabe naman pala ang Saturday night sched mo, napagkakasya pa ang date sa trabaho.

Aba, halatang natetense sya sa lagay na to. Mapagtripan nga!

Me: Yeah, we're dating. Bakit? What's wrong with that? I mean.. I am single. So.. blaaah.

K: Ayos ng ipapalit mo sakin ah. Ayos. Your colleague. Proximity nga naman.

Now he's pissing me off. Anong problema ng butse nito ha? Nako Kevin, baliw baliw talaga! Di ko alam kung maiinis o matatawa ako. What the hell. Then he started to do this eye thing, basta malikot yung mata nya. A sign na badtrip sya.

That was my cue to laugh.

Me: Wait. Don't get me wrong here.. Are you jealous?

Napa-AH rin sya sa sinabi ko. Parang sinabi na rin nya na "Wow kapal mo Jersey!"

K: Hahahahah. Ayan ka na naman dyan sa mga akala mo. FYI: Hindi na ako madaling magselos. Leche. Umuwi ka na nga. Your bitchy mode isn't funny anymore.

At ayun, lumakad na sya pabalik sa kotse nya. Can you believe that? Ang tanga talaga nun, naniwala agad! AND TO THINK NA SI JICKER ANG PINAGSESELOSAN NYA. Oh my god, this is so hilarious!! Nagseselos sya sa bading!! OH MY GULAAAAAAAAY! Must chika this to Jicker ASAP!!!

-----

#### MONDAY NIGHT

As usual, hindi na naman ako mapakali. Tumawag kasi si Marlo kanina, biglaan. Meet daw kami nina Jicker sa Blue Wave Macapagal ngayong gabi para pumartey. Ano kayang meron? :O Di naman basta-basta magyayaya pumartey yun e. Kinikilabutan tuloy ako.

Si Jicker yung unang dumating sa Blue Wave, which really surprised and scared me. What's happening maygas.



Me: Ba't ang aga mo ata. Hindi rin kita naabutan sa studio kanina.

Jicker: Kita mo naman siguro yung sked ko, may photoshoot ako for ABS. Pamatay lang.

Me: So.. why are we meeting here? Where's Marlo?

Jicker: On his way na raw. Pero alam mo naman ang on his way nun.. sobrang layo pa nya. That creep.

Me: Jick, may ichichika ako sayo ;)

J: Parang may clue na ata ako dyan =)))

Me: Ha? Teka.. are you..

J: HAHAAH! Ano ka ba teh. Hindi ka ba nagtaka kung bakit superkaduper bait ko sayo?!?

Me: \*gasps\* YOU SODDING TWAT!!! BWISET KA!!! Akala ko pa naman kung ano na nangyari kaya nagselos si Kevin sayo. Planado mo pala lahat!

J: Well biglaan naman kasi yun. O, kamusta? He got jealous?

Me: Yeah. Ewan ko ba dun, nagwalk out na lang bigla. Kainis! And he even said na "Ayun pala ang ipapalit mo sakin" chepar. That ass! I hate him.

J: Hate ka dyan. Ang sabihin mo, kinikilig ka lang kasi ye know.. he got jealous. So that means he has this itsy-bitsy feelings for you.

Me: And I quote him: "Pag minahal mo naman yung isang tao, di rin naman agad mawawala yun e" blahblahblah.

J: That, in my humble opinion, applies to you as well =)

Me: Lul. Kapal mo please :/

J: Just my opinion, no need to bad mouth me ha.

Me: Zarreh darlin'!

After few minutes, dumating na si Marlo.

Marlo: Drinks on me tonight!

J: Wow! Ano namang nakain mo para ilibre mo kami ngayon? \*laughs\*

Me: Model na kasi sya, Jick. Ye know. Just like that =))

Marlo: Order na! Abusuhin nyo ko while it lasts! ;)

WE WENT ON TO DRINKING AND BLAAAHS. Sila kasi yung madalas kong kasama sa mga inuman escapades na to, since busy na sa mga trabaho ang orig kong barkada. Haaaynako! Medyo inaanok na talaga ako maygaaas - \_\_\_\_\_ -

Jicker: So.. bakit biglaan kang nanlibre? Anong meron?

Marlo: I have something to tell you guys.

Me: What? Na kinuha ka na for New York Fashion Week? :)

J: Marlo, may isang bitter dito oh. Nagngangalang Jersey :)

Me: Shut up.

Marlo: NY Fashion Week? Hmm. Try harder.

Me: OMG. Don't tell me nag-audition ka for an international movie and you got in!!!

Jicker: Nakabuntis ka? \*napatingin kami kay Jicker with that seriously-Jickerson look\* Malay mo lang diba? Kasi he downed us with this drinks! Lasing na tayo halos para madigest natin kung anuman to. I'm your bestfriend, Marlo. You can't hide secrets from me.

Marlo: That's why I asked the both of you to come here. I need to tell you something.

Nawala bigla yung kalasingan ko sa sinabi nya. So this is serious stuff. Anong meron? :O

Me: Is this really that serious kaya mo kaya mo kami nilasing?

Marlo: Yeah. Very serious.

I got a job offer sa Bali, Indonesia. A huge photography deal. For 6 months. And I'm leaving this Friday.

**BITCHES. ANO BA 'TO.**

## **Chapter 11**

(Jersey's POV)

TUESDAY AFTERNOON

Parang biniyak ang cranium ko sa sobrang sakit. Hah, hangover like a bitch. After kasi sabihin ni Marlo yung big announcement nya, todo lagok kami ni Jicker ng tequila at Antonov. That's our way of coping to that situation kasi, drinking. Okay na saking masira ang atay ko, wag lang makita ni Marlo na naluluha ako. Ba't ako naluluha? 'Coz I hate goodbyes like this.

I grabbed my phone to see if someone cared to text me. Buti naman meron! Pero mostly si Jicker lang ang nagtext sakin.

Text #1: 4:17am

That @ss. Ni hindi man lang nya sinabi satin. Leche sya. I'm mad at him.

Text #2: 4:19am

But I can't afford to lose my bestfriend!!! Tho I still have you.. but this isn't the same. :(

Text #3: 4:20am

BAKIT HINDI KA NAGREREPLY!!! HELLO IT'S MARLO WE'RE TALKING ABOUT YOU TWAT!!!

Text #4: 11:43 am

Shet sorry Jersey. Ngayon ko lang narealize na ang drama ng texts ko. Don't worry, I'll talk to him ASAP. ASAP means later. Don't come. I'll handle this.

Text#5: 2:57pm

Done talking to him. Wants to see us this Thursday daw blahblah. Ako na bahala maghanap ng replacement photog for him. He's an ass.

Bestfriend nya yung tinutukoy dyan ha!! Di ko kinaya ang pagiging protective ni Jicker kay Marlo. Parang asawa na ewan! OH DAMN! May meeting pala ako kay Sir Ramon ng 4:30!! Must rush!!!

---

(Kevin's POV)

Nasa Gold's Gym kami ni Keith ngayon para magwork-out. Haha, sorry naman kung vain. Di lang maiwasan ;)

Keith: \*while lifting weights\* So.. is it true?

Ako: Ang alin?

Keith: Ikaw daw yung photog nina Jersey nung Saturday?

Ako: Kaya nga ako wala dun sa Tagaytay trip diba? Yeah.

Keith: Parang galit ka ata? Nag-away ba kayo?

Ako: Hindi kami nag-away. Nainis lang ako sa kanya. That's all.

Keith: Ayan daw ang nakamove-on na =)))

Ako: Nahawa ka na kay Amae noh? Grabe - \_\_\_\_ -

Keith: Natatawa lang kasi ako sa inyo. Close friends naman kayong dalawa before maging kayo diba? Ba't di nyo mabalik yung dating ganun.

Ako: Alam mo naman ang sagot dyan diba?

Keith: Eh ba't hindi mo kasi sabihin? Isa ka pang baliw e.

Ako: She doesn't want to hear it. Malinaw nyang sinabi yun. Swerte na nga akong may truce kami e. Ayos na ko dun.

Keith: So.. does that mean you're seeing somebody else?

Ako: Ba't ba tayo papunta sa usapang to Keith? \*laughs\*

Keith: Wala lang. Kasi parang nung college, baligtad tayo ng situation. Ikaw yung tumutulong sakín about Amae and stuff. Returning the favor ba.

Ako: No offense bro, but I want to deal with my lovelife alone. Hindi naman sa naasar ako or what, pero personal space.

Keith: Yeah, I get it. Ewan ko lang kina Amae at Sath. Masyado pa rin silang KevJe Forever fanatic. Di ko kinaya!

Ako: They're women, so imaginative. Nakakatuwa na nakakairita minsan. Pero okay na yun, at least they're pre-occupied with something else.

Keith: Hey! Malapit na pala birthday mo ah. Any plans?

Ako: 3 weeks pa naman eh! Wala pa kong plano actually. Maybe a small get together sa condo na lang, just like Paolo's.

Keith: Turning 23.. ain't that bad huh?

Ako: Yeah. But somehow, turning 23 without lovelife sucks.

---

WEDNESDAY NOON

(Jersey's POV)

Pupuntahan ko si Kat ngayon for our scheduled lunch date. Wala lang, kailangan ko rin kasi ng ibang makakausap ngayon. Busy kasi si Jicker sa paghahanap ng kapalit ni Marlo ngayon. Haggard months namin ang September and October kaya WTF lang oh. Mahirap pag kaming dalawa lang ang kumikilos -\_\_\_\_-

Ano ba to, ang hirap namang maging Lone Ranger sa panahong to. Driving alone, eating alone, shopping alone.. Ay nagdrama!? Haha! Nako alam ko naman ang isusuggest nyo sakín para hindi na ko Lone Ranger: maghanap ng boyfriend. Or yung iba dyan.. alam ko kung anong iniisip nyo. Hah, imposible pa yan ngayon! ;)

\*phone rings\*

The hell. Sino na naman to? Kitang nagdadrive ako e! Arrrrggh. Good thing for speakerphone! Hay.

Me: What?

Jicker: Ba't galit ka?

Me: I am driving.

Jicker: Fine. Found a replacement already.

Me: Weh?

Jicker: Pakilala ko sayo this Saturday, okay? Text you the details! Oh. Studio's yours until Friday. Pupunta pa kong Bohol for a shoot. Be back by Friday.

Me: Eh papano si Marlo? Pano natin sya ihahatid?

Jicker: Chill lang. Gabi pa naman flight nun. I'll be back ng Friday morning. Pwede pa natin syang konsensyahin, okay? Bye.

----

ALABANG TOWN CENTER; BROOKLYN PIZZA.

While killing ourselves with high-cholesterol snacks, eto ang pinag-usapan namin ni Kat.

Kat: So.. this Saturday nyo pa lang makikilala yung bago nyong colleague?

Me: Well.. Jicker knows.. Crap. Hindi ko natanong kung babae o lalaki ba yung bago naming katrabaho. Tanga ko talaga :/

Kat: Kakilala ni Jicker?

Me: Hindi ko rin natanong! I was driving when he called me! Alam mo namang ayaw kong may tumatawag sakin while driving diba?

Kat: Oo na Ma'am, I know.

Me: But I'm really really nervous about this.

Kat: So kasama dyan sa kaba mo ang pag-alam kung babae o lalaki yang kinuha ni Jicker?  
\*laughs\*

Me: Hahahaha shut up. Oo na kasama na yun.

Kat: Lemme guess. Pag babae, medyo mailang ka kasi baka yeknow, mas maganda sayo. Pag lalaki, macoconscious ka kasi feeling mo type ka.

Me: Kapal mo rin ha! \*sabay kagat sa Cheeseburger pizza\* Sapakin kaya kita!

Kat: What? Pwede rin kaya! Nako, ayan ka na naman sa trust issues mo.

Me: Si Marlo kasi e. Ba't pa kasi tinanggap nun?!? Arrggg.

Kat: Career nya yan teh, wag pakialaman. Uuuyyy! May natandaan ako \*winks\*

Me: Ano na naman?

Kat: Gusto ko talaga tong itanong sayo to dati pa.. kaso sabi ni Pao wag na raw ako maki-usi--

Me: He said that?! Kapal nya ha! Sure, ano yun?

Kat: Di ba.. muntik na maging kayo ni Marlo? What happened?

OH. That one. Nagulat ako sa tanong ni Kat ha! Akala ko kung ano na eh!

Me: Aaah. Yung sabi ni Marlo? Wala na yun. Parang katulad lang kina Ken at Jill: we're friends, but pretending to be more than friends. Parang highschool ba, more than friends but less than lovers. Ganun.

Actually, that's half-truth. Hindi talaga ganun yung buong kwento. Di ba friends kami ni Marlo before ko pa makilala si Jicker? Nasa Diliman na kasi ako nun for my Masters, tapos si Marlo naman professor ng Film. One thing lead to another kaya naging magkasundo kami. You know, hang out stuff na pangbarkada. Enter Jicker, voila business! Pero in between nun, he admitted that he likes me. Big time.

Ako naman? I like him. But I don't like him that way. Gets?

So we spent this getting-to-know-each-other period.. and we concluded na things won't work out if magiging kami. Oh what the f\*ckery. After ng aming confusing stage ni Marlo, enter naman ako sa dating period with Mong. Gulo ko noh? :)

Kat: Sayang naman! Marlo's a good catch...

Me: Buti ka pa nasasabi mo yan na walang kasunod na "but Kevin's the better catch" chorva. You know, kagaya nina Amae and Sath.

Kat: Actually dudugtungan ko sana kaso hindi bagay sa usapan natin. Joke lang! Buti naman at civil kayo ni Marlo. Wala bang you know.. factor si Kevin kaya hindi natuloy yang sa inyo ni Marlo?

Me: Hmmm. I guess meron. Kasi nga nakakatrauma naman kasi yang si Kevin. Nako speaking of.. alam mo bang pinagselosan nya si Jicker? If you only saw his face! ANG EPIC!! \*iyak-tawa\*

Kat: Tawa ka naman dyan! Ang sabihin mo, kinikilig ka lang kasi nagseselos pa rin si Kevin. Mga pakulo mo!

Me: HAH. Kapal lang please ;/

----

SATURDAY

Wag na lang nating pag-usapan yung eksena sa airport kagabi, medyo naloloka kasi ako kay Jicker. Alam kong topakin yun pero.. HAHHAHAHA! Nagdrama ba naman sa NAIA kagabi!!! Talo pa nanay ni Marlo kung makapagbilin e! XD

Eto nalang balikan natin from last night's dramahan. Yung part na ihahatid nako ni Jicker pauwi.

\*FLASHBACK\*

Me: Jick. Hindi ko ba talaga pwedeng malaman kung sino yung kapalit ni Marlo?

J: Nope. Ayaw pa nyang ireveal ang identity nya.

Me: \*kinurot sya sa braso\* ANG ARTE MO!! EH NAKILALA MO NA NGA SYA!!!

J: Eh pake mo ba sa kanya Jersey? Kung makapag-ano to parang NBI eh!

Me: Masama bang malaman? Hello, I'll be working with him/her for six months! Bawal ba muna akong magbackground check or something?

\*the condo thingy (Aba, sinong nagsabi na si Kevin lang ang may friend dun sa dating may-ari ng condo na tinitirhan nya ngayon? FYI: college friend ni Jicker yung dating may-ari. ALAM NA.)

\*Jersey's run-in with Trina (Yeah, alam ng barkada na sister-in-law ni Kevin si Trina. Sinadya lang nila na pagselosin si Jersey.)

\*Parl Alumni Homecoming sa LB (Actually hindi naman talaga si Jersey ang batch rep for that night. Pinilit lang ni Amae si James na gawing si Jersey para pumunta ito. Si Kevin naman, pinilit din ni Keith, kinukulit daw kasi sya ni Borgs na pilitin si Kevin. Ayan.)

\*stranded thingy sa Marinduque (Sath told Denise na kunwari di nito alam na break na sila para iisang room lang sa hotel; then Amae and Jicker arranged the barko chorva)

\* the photographer thingy and colleague fiasco ni Kevin (YEAH YEAH YEAH Jicker's the one behind this. Sya talaga yung kumontak kay Kevin para maging photog sa shoot nina Jersey and para pumalit kay Marlo), at kung anu-ano pang chepar na hindi natin alam.

Yeah. Ang Secret Society ang may pakana sa lahat ng kalokohan na yun. Pinagplanuhan nila lahat nang yan.

Para magkabalikan na ang KevJe duo.

But what the hell. What happened?!?!? Hindi nila expected na ganun ang mangyayari sa birthday ni Kevin. Ni hindi nila naisip na gagawin ni Jersey yun. That talk ruined everything they've planned. As in. Sirang-sira ang plano nila.

Sath: \*medyo inis\* Bakit kasi sya pumunta pa ng Saguijo? Dammit. Kung di lang sya pumunta dun, edi sana hindi sya nalecturan ni Mong. Sana magagawa natin yung plano ngayon! Dammit!

Jerro: Calm down Sath! Kilala mo naman yang bestfriend mo, bigla-bigla kung magdecide.

Kat: She turned off her phone that night. Wala na tayong magagawa dun guys.

Keith: At least I did something. I called Kevin before Jersey arrived.

Amae: That doesn't contribute anything, Babe. Please.

Keith: Trying to help here! \*rolls eyes\*

Jicker: Teka lang! WAG MUNA MAINIT ANG ULO!!!! Para tayong nasa Face to Face nito, di ko kinaya!!

Paolo: Eh kamusta naman sila sa studio?

Jicker: Ayun.. surprisingly they're okay. I was shocked to see them earlier talking. Can you believe that! Kinaya pang kausapin ni Jersey si Kevin after nung ginawa sa kanya! Di ko kinaya yun!!! To think na nung nakipagbreak si Paul sa kanya, ni anino nun ayaw nyang makita! Grabe. Kamikaze na nya yun -\_\_\_-

Amae: F\*ck it. I AM MAD AT HIM. Seriously.

Keith: Hey, that's my friend you're cussing at.

Amae: Jersey's my friend, too.

Keith: So's Kevin.

Amae: I'm doubting about that now.

Sath: Alyssa, Keith. You're not helping us here.

Amae: Wait lang.. ako lang ba ang galit kay Kevin dito? Kayo ba, ni katiting hindi nagagalit dun sa lecheng yun?

Jerro: Me? I'm not that mad.

Sath: \*shocked\* Jerome!

Jerro: Okay, medyo asar ako pero what the hell. Don't look at the gl@ss half-full okay? May reasons si Kevin, and I respect that. That's why I'm not mad at him. End of story.

Amae: Oh hey, parang 7 years ago talo mo pa si Jersey sa galit kay Paul. May mura effect ka pang drama dyan. Inangyan.

Kat: Amae.. calm down.

Amae: \*super frustrated\* ANO BA GUYS!!! Ano nang nangyari sa inyo? Parang hindi kayo affected sa nangyari sa kanila ah! Hello, ano ba tong kalechehang ginagawa natin ever since

June? Wala lang ba to? WE'VE BEEN TRYING SO HARD TO GET THEM BACK TOGETHER!!! Eh ano to, titiklop na lang kayo bigla kasi umamin na si Kevin sa kagaguhang ginawa nya? WHAT'S WRONG WITH YOU GUYS!!! Imposibleng nakamove on na agad si Kevin!!! Kung nakamove on na sya dati pa, e di sana hindi sya nagselos kina Marlo at Jicker. Hindi nya sana sasabihin kay Keith yung "I want her here. Right now." sabay yung look na may gusto pa rin sya dito. TELL ME, GANUN BA KABILIS MAKAMOVE ON??? WALA PANG SIX HOURS!!! That's cowardice!

Wala sa kanilang naglakas-loob na magsalita. Nakakatakot kasi si Amae eh, nakatayo na parang ready manuntok. Creepy sight, guys.

After almost 2 minutes na katahimikan, nagsalita si Keith.

Keith: Umupo ka nga.

Amae: Wow, nice one Keith. You're really helping us right now.

Keith: IKAW NGA TUMIGIL KA NA!! NAIIRITA NAKO EH!!

\*silence\*

Keith: Fine. \*sighs\* Sige, ako na nagsabi na nakita ko sa mata nya yung "look" na yun. But guess what? Yesterday, when I went back there to get my jacket.. wala na. Nung tinanong ko kung dumating ba si Jersey, kinwento nya lahat ng nangyari na parang kwentong inuman lang. Ganun. Wala na yung "look" sa kanya pag binabanggit yung pangalan ni Jerse-

Amae: How can you be so sure na wala na yun, Keith? HA?

Keith: Hindi mo naging roommate si Kevin for 3 years, Amae. I've seen his transition from Maxene to Jersey. Alam nyo ba kung anong nakita ko sa kanya kahapon? Yung look na nakita ko sa kanya 6 years ago na.. nakamove on na kay Maxene. Yung tipong mabanggit yung pangalan e wala lang. Ngingiti pero walang kilig. Di nyo ba naisip na baka yung nangyari e closure for Kevin? Ewan ko lang kay Jersey, pero I'm pretty sure na closure na yun for him.

Tsaka hindi ba kayo napapagod? We've done our part to get them back together. Siguro sila naman gumawa ng part nila diba? That is kung gusto pa nilang magkabalikan sila. Guys, may buhay din naman tayo oh. Kung papakialaman lang natin sila, kung tayo gagawa ng paraan para sa kanila, pano sila matututo? Malay nyo, hindi talaga sila. Nagawa na natin lahat ah! If they're for each other, they'll find a way to be together again. Tama na tong Cupid act natin. To be honest I am tired of this. We've done ev-

\*paaaaaak!\*

Nganga ang lahat nang sampalin ni Amae si Keith.

"Apparently Keith, hindi pa natin nagagawa lahat," then she stormed out of Jicker's condo without saying goodbye.



-----  
(Jersey's POV)

TUESDAY

Nagising ako dahil sa lecheng alarm ng phone ko.

Craaaaaaaaaap. Hindi ba'to marunong makiramdam? Kakauwi ko lang kaninang 2am. May gig kasi si Ebe Dancel sa 19 East Sucat, ayun, nagkayayaan manuod kasama ang MA friends from Diliman. May amats pa nga ako e! UGH DAMMIT.

Nako. My phone alarm rang. Hindi yung alarm clock ko. That only means I have a very hectic schedule today. Tinignan ko yung sked sa corkboard ko.

NO SH\*T.

I can't help but to grimace when I saw the date today.

OCTOBER 4.

Ugh. Ganito naman talaga ang feeling nun diba, pag dumarating yung anniversary/monthsary nyo ng ex mo. Nakakainis! Yung tipong may flashbacks ka dyan nung mga sweet moments nyo, kung pano nyo sinelebrate ang monthsary nyo.

DEFINE BULLSH\*T GUYS.

The last 2 years were.. bearable. Syempre, wala naman yung ex na tinutukoy ko dito. Pero naman guys! Kevin's already here. ALREADY HERE. Nandun lang sya sa kabilang building, siguro natutulog o God knows what. AAAAAAAGH.

And what makes this day worse?

We're going to spend it together. THE WHOLE DAY.

May nakaschedule kaming photoshoot for a debut, Team Manila and Myx Mag. And dahil kay Jicker, magkasama kami si Kevin. Badtrip! I checked my phone.. aba. Walang text! Sa almost 1 month naming maging magkatrabaho, nagtetest naman sya kung aalis na ba kami or what. Ang sked namin:

1pm - PS for debut

4:30pm - Team Manila

7:30pm - Rico Blanco for Myx Mag

SHET. 1 and a half hour na lang bago ang first shoot namin. Thank goodness sa Teacher's Village lang yung shoot kaya okay lang! Text na nga lang!

To Kevin:

Hey. You ready for the shoot? 1pm Teacher's Village?

\*sent\*

Subukan lang nyang di magreply! Lagot talaga sya sakini!!!

After 35 minutes.. nakaligo, bihis, kain at ready nako pero wala pa ring reply sakini si Kevin. As in define wala. That @ss.

I called Jicker.

Me: You accompany me.

Jicker: HAPPY 5th ANNIVERSARY LOVE!

Me: P\*tangina Jickerson wag mo kong badtripin ngayon.

Jicker: \*nervous laugh\* Sorry naman ha! Oh. Wait, accompany you?

Me: Looks like the ex's ditching me today.

J: Why?

Me: HE IS NOT REPLYING.

J: Maybe he's suffering from the pretending ex syndrome. Yekno.

Me: HAHAAH Jicker we're fine now.

J: Sus. If I know...

Me: Shut the heck up. Samahan mo naman ako! Teacher's Village lang naman e.

J: Wait. Check my sked. \*mumbles something\* Okay fine. I can accompany you. Pero the rest? Hindi na ko pwede ah.

Me: Thank you! I reaaaaally love you Jicker! Kung lalaki ka lang...

J: HA. Hindi kita papatulan. That would be incest noh. I'll pick you up now. Dito lang ako sa McDo e.

After 10 minutes, nandun na nga si Jicker sa may labas. Iba yung tingin nya sakini e.

J: Ha-

Me: If you want to end this shoot peacefully and no scratches, tumahimik ka lang. I'm not in the mood for some reminiscing now. Professionalism at its best.

J: \*evil grin\* Ohkey Ms. Santiago. Roger that!

AND THE REST OF THE AFTERNOON WENT WELL. AS IN DI SYA NAGBANGGIT NG KUNG ANO ABOUT KEVIN. I checked my phone for messages. WALA PA. Shet. Tinawagan ko rin yung cell nya pero walang sumasagot. What the hell? Looks like I'm the one na lang mag-isa sa Team Manila shoot.

----

Okay naman yung Team Manila shoot with me alone. No news from Kevin. NASAN NA BA YUN? Don't tell me he's still affected with that October 4 thingy. Kainis! Sya tong nagsasabing moved on na sya pero anong chepar ang drama nya ngayon? Leche.

Nagdadrive nako papuntang Buendia para sa shoot ni Rico Blanco nang tumawag sakin si Zsaris, @ssoc ed ng Myx Mag.

Zsaris: Jersey! Nasan ka na?

Me: I'm on my way Charet! Why?

Zsaris: Oh. About the shoot.. hindi makakarating si Rico ngayon teh.

Me: Why? What happened?

Zsaris: Amoebiasis. He's rushed there earlier. Late na rin kaming nainform eh! Sorry for the short notice!

Me: Sige! Okay lang. I had a rough day too. Text me na lang kung kelan ang resched. Ingat Charet! \*hangs up\*

OHKAAAAAY. Early night off! Nagdetour na ko pabalik ng Katips. Pero.. dammit. Bakit hindi sya sumasagot? Kastress lang!

Hay shet. One last call and I'm done.

\*dials Kevin's number\*

\*ring ring ring\*

SA WAKAS MAY SUMAGOT!!!

"Okay Kevin. You better give me a good reason about this ditching drama of yo-"

"Hello? Who's this?"

OH MY GAAAAAAAAD.

Babae. An unknown girl answered his phone.

PUCHA. KAYA PALA FRIENDS HA.

"Uhh.. I'm Jersey. Kevin's colleague. Is he there?" Muntik ko na ngang masabing ex-girlfriend para ma-threaten tong si teh. Ha, sorry sya.

"Ay salamat naman! Kanina pa kami naghihintay ng tawag dito!"

Nagtaka naman ako. "Excuse me?"

"Ay sorry po. Kasi naghihintay po kaming tumawag kayo ulit."

WHAT THE FUDGE IS THIS?!?! Wait... nakidnap ba si Kevin? Seriously? Sa tono nitong babae parang tuwang-tuwa sya na ewan eh. Kinabahan naman ako!!!

"Nasan si Kevin?"

"Yun na nga po itatanong namin sa inyo. Naiwan po kasi nung Kevin yung phone nya sa taxi ng tatay ko kagabi. Inaabangan po naming may tumawag na kakilala nya, kaso walang tao nung tumawag kayo kanina eh."

NAIWAN NI KEVIN YUNG PHONE? ABA, THIS IS NEW. Isa sa hindi halos binibitawan ni Kevin ay yung phone nya. Masyado nga syang fixated sa phone nya, imposibleng iwawala lang nya yun.

"Naiwan nya? Uhh. Can I pick up the phone? Nasan ka ngayon?"

"Sa may New Manila po kami. Kukunin nyo na po ba ngayon?" Sinabi nya sakín yung address nya at pumunta na ko dun.

Halaaaa. What happened to him? Hindi naman ganito si Kevin. Nagagalit pa nga yun dati pag sobrang burara ako eh! Anyare dun? That's not him. Hundreds of possibilities flooded my mind. Crap Jersey, don't let him inside you again.

Nakaabang na sa labas si Mae, yung kausap ko kanina nang dumating ako sa bahay nila.

Mae: \*medyo nahihiyang inabot yung phone\* Naku, pasensya na po sa abala. Dapat po bukas na lang ninyo ki-

Me: Oh it's okay. Kanina ko pa kasi sya kinocontact pero di sya sumasagot. Uhh. Nasan sina Kevin nung naiwan nya yung phone kagabi?

Mae: Sya po yung last pessenger ni Tatay kagabi. Ang pagkakatanda ko po.. sa Sazi's UST nya binaba yung katrabaho nyo.

Me: Is he alone?

Mae: Yup. Mukha nga raw pong problemadong ewan yun e.

That made me suspicious. Si Kevin, problemado? Talaga? Bakit naman? After kong magthank you umalis agad ako at pumunta sa Sazi's. Buti na lang at may kakilala akong nakakita kay Kevin. Wala pa raw isang oras na nagstay si Kevin dun, tas sumibat na. At nagulat ako, Franco ang tumugtog kagabi, eh favorite band nya yun. Wow. Kakaiba talaga!

SAN KO NAMAN SYA HAHANAPIN? Nakainom daw sya kagabi bago umalis. Wala pa syang kotse! This is bad. Where did he go?

---

IN THE END, I decided to go home na lang. May bukas naman para ibigay to. Kaso.. bakit bukas yung ilaw sa may terrace nya? Is he home?

Dammit. I know that I don't have any right to be the girlfriend type, pero I am damn worried about him. Bahala na kung anong isipin nya, sya naman tong paimportante buong araw. UGH.

Pinapasok ako ni Kuya Pol sa building, mukhang may clue na sya sa pakay ko. Uh-oh. Parang.. may maki akong nararamdaman dito ah! Pagdating ko sa condo ni Kevin.. dun ko lang natandaan na de-p@ssword pala ang lock nito. Shoot.

3 tries lang ang pwede, then 30 minutes ulit bago magtry. Halaaaa. Pagod na pagod nako and I want to sleep! Iaabot ko na lang to sa kanya and poof.

I must have an intelligent guess now.

His birthday. 09231993.

ERROR.

Ano pa kaya?

Yung p@ssword nya sa ATM. 7778881

ERROR.

SH\*T. Last one. Ano kaya?

Bahala na nga.

123459876.

UNLOCKED.

Di ko mapigilang mapangiti. Eto yung p@ssword sa SystemOne account nya. ABA!! Winner lang, natandaan ko pa ;))))

Nagulat naman ako sa bumungad sakín. Isang lampshade lang yung bukas sa sala. Yung ibang throwpillow nakakalat sa sahig. Muntik ko pang matapakan yung bote ng Jack Daniels.

Ay shet, di lang pala bote ng Jack Daniels ang meron sa floor.

Nagkalat ang bote ng Red Horse, Gran Matador at gin. May dalawang bote pa nga ng Antonov na hindi nagagalaw.

I'm scared. Really scared.

"Kevin?"

No answer.

"Kevin! Are you home? I got your phone back!"

Still no answer.

Ay bahala na. Hahanapin ko na sya dito. No one can accuse me of tresp@ssing naman siguro at this time noh!! Kainis.

Wala sa kitchen. Wala sa sala.

His room.

His room got ransacked.

Parang tinapon halos lahat ng damit sa cabinet nya. Tanggal ang bedsheet. Amoy alak sa paligid.

Dun ko lang napansin yung ilaw sa CR. It's open.

Tears started to well up on my eyes. Please lang.. tell me this is...

I opened the door.

Kevin's insHis body was sprawled over the bath tub. Naka boxers lang sya. May nakita na naman akong bote ng Jack Daniels dito. Woaah. 2 bottles of Jack Daniels? Are you effing me? This is.. not good.

Puro suka yung toilet so I flushed it. I can't even look at him like this.

Nung malapit nako sa kanya, I started to cry when I saw his face.

Magkahalong suka at luha yung natuyo sa mukha nya. I think he's asleep. Clutching him close to me, I could feel his light breathing.

WHAT IN THE WORLD HAPPENED!?!?!

"K-kevin.. Hey.. Wha..t'.. happened?" I asked with a croaking voice.

He stirred a little. "S..so.."

Di ko na talaga napigilang humagulgol. "A-ano yun? UY! Sumagot ka naman!!"

"S..sorry.. I'm.. very.. sorry.."

"Just answer me please.. Why did you do this?"

Wala akong nakuhang matinong sagot sa kanya. Puro I'm very sorry na lang narinig ko. Paulit-ulit.

Sinabi nya yun habang umiiyak.

Sh\*t, he's in pain. Bakit? Anong nangyari? I could tell na hindi sya sakin nagsosorry. I am certain about this. Hindi sya sakin nagsosorry. Seryoso. Kanino?

"Sorry talaga.. Sorry.. Sorry.."

I can't take this anymore. I hugged him.

"Kevin.. tama na.. I am here.. Sssshhh.."

Di talaga bagay sakin tong ganitong eksena. Mabilis tumulo luha ko e! I am confused! Anong meron Kevin? /wrist

"Teka lang ha, aayusin ko lang yung kama mo. Hold on, please?" bulong ko sa kanya. Napahiga ako saglit sa kama nya, nagmoment saglit bago ayusin. Binalikan ko sya at inalalayan humiga sa kama. Found some clean clothes and got wet face towels. Medyo kalmado na sya, at last! Habang pinupunasan ko yung mukha nya, di ko mapigilang isipin kung ano ba talagang meron. I AM F\*CKING CONFUSED!!! Shet lang. Pinalitan ko sya ng damit at nung komportable na sya, I cleaned his place. Grabe, parang may rave dito sa kanya!!

Natapos akong mag-ayos around 11pm na. Pinagluto ko pa sya ng soup bago ako umalis. Wala na kong note na iniwan.

Baka kasi kung ano pang isipin nya e.

-----

(Kevin's POV)

*I was only looking for a shortcut home*

*But it's complicated*

*So complicated*

*Somewhere in this city is a road I know*

*Where we could make it*

*But maybe there's no making it now*

*Too long we've been denying*

*Now we're both tired of trying*

*We hit a wall and we can't get over it*

*Nothing to relive*

*It's water under the bridge*

*You said it, I get it*

*I guess it is what it is*

*I was only trying to bury the pain*

*But I made you cry, and I can't stop the crying*

*Was only trying to save me*

*But I lost you again*



*Now there's only lying*

*Wish I could say it's only me*

*Too long we've been denying*

*Now we're both tired of trying*

*We hit a wall and we can't get over it*

*Nothing to relive*

*It's water under the bridge*

*You said it, I get it*

*I guess it is what it is*

*Here it comes ready or not*

*We both found out it's not how we thought*

*That it would be, how it would be*

*If the time could turn us around*

*What once was lost may be found*

*For you and me, for you and me*

*Too long we've been denying*

*Now we're both tired of trying*

*We hit a wall and we can't get over it*

*Nothing left to relive*

*It's water under the bridge*

*You said it, I get it*

*I guess it is what it is*

*I was only looking for a shortcut home*

*But it's complicated*

*So complicated*

-----

FRIDAY

(Amae's POV)

I arranged a brunch date with Jersey at Gilligan's. Wala lang, gusto ko lang maka-brunch si Jersey. We talked about usual stuff nang..

Jersey: Hey.. I heard about you and Keith.

Me: \*shrugs\* May mga Twitter birds talagang di matahimik noh?

Jersey: Jerro told me earlier. He dropped by sa studio kanina. Don't worry, Kevin's not there.

Me: Can you please not say his name right now? I am mad at him.

Jersey: Amae..

Me: Can't help it, Jey. He's an @ssface. Sorry for the word.

Jersey: \*smiles faintly\* I know. But please accept the fact that I already forgave him.

Me: Hindi ko talaga maisip kung bakit mo nagawang patawarin yung taong yun. Swear. He's so.. heartless! Di man lang ba nya inisip yung pain na mararamdaman mo sa ginagawa nya? And he did that for what? That selfish and heartless bastard!

Jersey: Alam mo.. naisip ko rin yan. Actually galit ako sa kanya pero I opted not to let my anger overrule my feelings. Di ko rin alam kung bakit ang dali lang para sakin na patawarin sya. Kahit sumasabog na yung lahat ng pwedeng sumabog sakin nung sinabi nya lahat ng lecheng yun, I actually felt better. Yun na siguro yung closure na hinihingi ko after all these years. Reasons lang naman nya ang hinihintay ko para completely makamove on e. Guess what? I'm doing great on that part.

Me: Eh bakit mo sinabi na gusto mo pa rin sya?

Jersey: \*laughs\* Hindi ko rin alam. Siguro para matest kung nakamove on na ba sya? O.. kasi magandang pakinggan na ganun, para mas magulo ang kwento namin? That's why I took it back. Maayos na e, why screw things up again? I mean.. gagatungan ko pa yung kakapatay lang na apoy. I'm starting to erase my masochistic side, Amae. Nakakapagod ding maging masokista. Life is beautiful! Sabi nga ni Jicker, there are many fish in the sea, but pick out the blue marlins. Wag magsesettle sa mga bisugo kahit masarap sila.

Me: And you're telling me Kevin's the bisugo? Nice analogy there, Miss.

Jersey: Gaga.Me: So.. Kevin's not the better?

Jersey: Let's just say.. he's the best I've ever had.. pero who knows? Someone might be better than Kevin's best. I don't know. I'm so f\*cked up right now. Parang contradicting yung sinasabi ko right? Sorry. I suck.

Me: \*grins\* I love it when you're f\*cked up. Don't worry.

Jersey: Kaya.. kung ano man ang nangyayari at meron samin ni Kevin ngayon, pwede bang maging masaya na lang kayo for us? This is better than nothing right? Amae, I am happy with this. \*squeezes my hand\* Believe me. Konti na lang makukuha ko na yung super moved on state. Who knows, next year I'll start dating again. Pati wag ka nang magalit kay Kevin. Medyo mabigat yung ginawa nya pero.. understand him please?

Me: I'll try my best to do that. Give me a week, tops. Tatandaan ko na lang ang aming good moments together :)

Jersey: And about Keith.. goodness! Wag nyo naman kaming gawin ni Kevin na subject ng misunderstanding nyo. Wala na nga kami ni Kevin, pati na rin ba kayo? NO PLEASE! I am a Kemaie shipper yeknow. So please.. sana magkaayos na kayo ni Keith. For me :)

Me: I don't know.. I did something to him. Guess he won't forgive me that easily.

Jersey: And what did you do?

Me: I kind of.. slapped him? Hard?

Jersey: \*shocked\* OH NO. Jerro forgot to tell me that part! WHY DID YOU SLAP HIM!!!

Me: Look! It was so sudden! Di ko na talaga napigilan sarili ko! Naiinis kasi ako eh. And he's been an @ss over this.

Jersey: As if you're not being an @ss to Kevin earlier. \*rolls eyes\*

Me: OKAY FINE! I did the biggest damage. As in. Pano na yan? Huhuhu. This is our first biggest fight ever.

Jersey: Oh yeah. The other ones were the "ooh-our-first-pseudo major-but-minor-fight" fights right? Dammit. I should've known!

Natapos yung brunch namin na nag-iisip ako kung pano magsosorry kay Keith. Dammit, Amae! You screwed up big time. So.. as I was walking towards my car, and busily thinking about my "seduce-Keith-again" plan, I smelled something.

Isa sa mga bagay na gusto namin ni Jersey ay donuts. Yeah. I can't resist that whiff of yummy goodness! I remembered back in college, I flunked this Engineering drawing exam, and because of depression, I bought 2 boxes of Krispy Kreme original glazed donuts. I ate them all. Damn right, I am a donut addict.

Guess what? That's what I smelled. Wow, weird lang. Nasa parking lot ako and.. wala namang malapit na Krispy Kreme outlet dito. Wh-

"Haaaay. 2 boxes of Krispy Kreme donuts. And Starbucks cafe americano. Sayang naman, wala akong kahati dito."

\*looks around\*

Ah. Kaya pala! Keith's standing behind me, with 2 boxes of donuts on his right hand, and a Starbucks coffee tray on the other.

"Oh. Anong meron?" Grabe lang Amae, ngayon ka pa nagtaray!? Kunwari hinahanap ko sa bag yung keys, para makalapit naman sya saakin. And yes, he did.

"Wow. Ngayon ka lang ata tumanggi sa donuts. Hello, original glazed donuts here! Not tempted?" medyo nang-iinis nyang sagot.

DAMMIT!! DONUTS ARE MY KRYPTONITE YOU TWAT!!! Kahit ang dami kong kinain dun gusto ko pa ring ubusin yang 2 box!!!! "I am full. I thought we are on 'no speaking terms', remember?"

"Yeaaah.. About that.." pinatong nya yung mga dala nya sa bubong ng kotse ko at humarap saakin. Fine, I pulled this tough stint so I should go with it. Humarap din ako sa kanya. "Stop doing that tough stint of yours. It sucks."

"Hello Keith, I am not pulling that stunt thing you're talking about."

"Listen.. about what happened 4 days ago... I am sorry. I am really really sorry about that. I shouldn't have shouted like that. Minsan lang ako magalit, and that was a really really wrong time to be mad. It's just that.. as much as I want them to be together again.. f\*ck it. You know the rest. I am sorry, Amae." then his eyes started to do this fluttering thing which really freaked me out before but now? Hmmm.. I don't mind it at all.

"I am sorry, too. Dapat hindi pala kita sinampal nun. Too immature and impulsive for me. Jersey and I just talked earlier.. and naliwanagan na ko."

He smiled. "So.. are you giving up on them?"

"Who says I'm giving up on them? As long as Jicker thinks new diabolical plans.. I won't stop. They're like my most favorite couple!"

"Awww. So.. hindi mo favorite ang KeMae couple?"

"Oh good Lord! I told you not to call us that!!"

"PERO IKAW TONG GUMAWA NG KEVJE COUPLE THINGY! I have the right to make KEMAE if I want to!!"

"Dammit you're so screwed up."

"And that's why you find me irresistible."

"No, Keith. Try harder."

"And that's why you love me."

I grabbed his collar and kissed him. Sh\*t@ss, sinong sumampal kanino? :D

"God I missed that!" he said after pulling away. "T@ngina. 4 days tayong di nagkita pero araw-araw tayong pumapasok sa iisang firm."

"I know right, babe. Hey. San ka naglunch these past 4 days? Haven't seen you sa usual stuff."

"Oh. I sneaked out to Burger King."

Pinalo ko sya sa balikat. "YOU CHEATED! Nakakainis ka, magkagalit lang tayo, tinake advantage mo na agad yang sort of freedom mo."

"Oh yeah.. Eh ano to?" pinakita nya sakín yung resibo ko from McDonalds. "3 cheeseburger meal in a day? Ano ka, di pinakain buong araw?"

"Shut up! Sige na, I cheated to. So what? Hoy. We only cheat on food, okay? FOOD LANG. Pag tao yan, lintek ka sakín."

"Ooohhh. Scary. Come on, let's go. Malamig na yung kape.."

"And the donuts are so tempting right now.. Hey.. Can I have them all?"

"Sure. For payment, cook me that kick@ss four-cheese omelette of yours."

"Uhhh. I forgot to shop so.. Eden cheese lang meron ako."

"Cheddar. Okay, cheddar omelette it is."

"You drive."

"Most certainly, madam."

----

FRIDAY EVENING.

JERSEY'S APARTMENT.

(Jersey's POV)

Busy ako sa pagsosort out ng damit ko sa living room. Meron kasing bazaar tong friend ko and nanghihingi sya ng ilang items na pwedeng ibenta. Aba, swerte sila, marami ako nyan! I took out few boxes of my old clothes and voila! Meet mini ukay-ukay :)

Binuksan ko yung box na may label na HEHEHEHE. Shet, lasing siguro ako nung naglabel ako ng boxes. Hmmm... puro tshirts ko pala to nung college eh. No.. I can't give away my org shirts! UP shirts also.. no no no no.. Then.. my eyes landed upon this..

Kevin's highschool basketball jersey.

I never expected to see it down here.

May kung anong sumapi saakin para sautin yung jersey nya. Wow Jersey. Ang ganda mo talaga pag color green ang suot mo! Nagfashion show ako sa harap ng full-length mirror ko sa kitchen. Konting pose.. Tinitigan ko yung reflection ko sa mirror. Wow, Santos #23. Nice.

\*ding dong! ding dong!\*

Darn! Kanina pa tong Pizza Hut na to ah! They're late so it means my pizza is FREE b\*tches!

\*opens the door\*

*Something always brings me back to you*

*It never takes too long*

*No matter what I say or do*

*I still feel you here 'til the moment I'm gone*

"Hey."

Guess who?

"Hey Kevin. What.. brought you here?"

"Papapasukin mo ba muna ako or what?" sabi nya. At.. dun lang nya napansin na suot ko yung jersey nya nung highschool. "Oh. You still have that?"

Jersey, cool ka lang. Cool lang. "Oh. I'm sorting out clothes for a bazaar. Saw this box HEHEHE labeled on it. Didn't know it's there. Sinukat lang eh!" hinubad ko yung jersey. "All yours again. Come on in!" I waved him inside, tapos sumilip pako sa labas para tignan kung parating si Pizza Hut guy. Wala.

*You hold me without touch*

*You keep me without chains*

*I never wanted anything so much*

*Than to drown in your love and not feel your reign*

I accidentally touched his arm nung pupulutin ko yung tshirt ko sa floor. Turns out kukunin din pala nya.

"Nice. Natago mo pa pala to," referring to the tshirt I was holding. No sh\*t. Eto yung Peanuts tshirt na binigay nya sakín nung first year. Yung may text na "Can-you-cure-deep-down-loneliness"

"Nasa HEHEHE box yan e. Sorry naman, college clothes ko yung laman nun," tinuro ko pa yung box na nasa tabi ng side table.

"Pwedeng tignan? Baka may makita akong.. interesting."

"SHUT UP. Wag na, I'm done anyway. Wait, yung mga pinili ko na lang ang tignan mo okay. Ayun, nasa BAZAAR box."

Defeated, Kevin went to the BAZAAR box. Comment sya nang comment dun sa mga damit na pinili ko. Ako na? Di ako nakikinig. Iniisip ko.. ano yun? Anong nangyari? Ano yung chepar na naramdaman ko nung.. nahawakan ko yung braso nya? Shet langs Jersey! Get a grip!

Eto ang problema sakín pag sobrang nag-iisip, kung anu-ano lumalabas sa bibig. Tulad nito.

"What are you doing here?" I suddenly blurted out.

Tumigil sya sa pagsalansan ng damit. "Bibigay ko sana yun sa'yo," sabay turo dun sa side table. May box dun. Medium-sized box. SH\*T. Bigla akong kinabahan. Ano na namang charade to, Kevin?

*Set me free, leave me be*

*I don't wanna fall another moment into your gravity*

*Here I am and I stand so tall*

*I'm just the way I'm supposed to be*

*But you're on to me and all over me*

INANGYAN. Chocolate cake lang pala.

I can't help but to smile. Sakto, kanina ko pang gustong kumain ng chocolate cake! "Thanks. But.. para saan naman to?"



He stared at me for a moment. Uh oh. I don't like that stare. Sa tagal kong kilala tomay kahulugan yang titig na yan. Masama to, guys. May pinapahiwatig!!

*You loved me 'cause I'm fragile*

*When I thought that I was strong*

*But you touch me for a little while*

*And all my fragile strength is gone*

Ayaw ko nang gumalaw nung naglakad sya papunta saakin. Well, may option naman akong lumayo.. pero paki ba? Gusto kong itest yung OFF SWITCH nya. Kung permanently off na ba? Bakit? Para sure na ko. Para di nako umasa pa. Para makamove on. Yun naman talaga ang goal ko diba?

"Are you a mind reader? Coz kanina pa akong nagccrav-"

He hugged me. Define super hug? AYUN.

*Set me free, leave me be*

*I don't wanna fall another moment into your gravity*

*Here I am and I stand so tall*

*I'm just the way I'm supposed to be*

*But you're on to me and all over me*

That moment... ewan. Bakit ganun? Bakit.. nadisappoint ako? Bakit.. parang friendly hug lang to na sobrang higpit? Yung tipong mapapayakap ka rin sa kanya. ANO NA NAMANG CHARADE TO!!!!

K-kevin.. I.. You're crushing my lungs..." buti pa nasabi ko yun.

But he's not listening.

*I live here on my knees*

*As I try to make you see*

*That you're everything I think I need*

*Here on the ground*

"Thank you. Thank you," he whispered onto my ear. That made my spine tingle and give me chills. Thank you? For what?

Siguro, that hug lasted for about 4 minutes. We really savored the moment and silence, ignored the fact that my condo looks like an ukay-ukay or trashbin. And I got my answer

*But you're neither friend nor foe*

*Though I can't seem to let you go*

*The one thing that I still know*

*Is that you're keeping me down*

*You're keeping me down*

Sya yung kumalas sa super hug. Kevin's smiling at me. Eto yung smile nya kapag sobrang tuwa at thankful sya. I've seen this a lot before. Nakakarefresh lang makita syang ganito, after nung nangyari days ago.

Nagising na rin ako. "Thank you for what?"

"For what you did last Tuesday."

Oh crap. Pano nya nalaman? Eh di ako nag-iwan ng bakas?? "Ha? Hello, hindi ka nga nagpakita nung Tuesday e! Sinong niloko mo? Baka multo yang nakita mo!!"

He gave me his "ows-talaga" eyebrows and said, "Basta. Thank you so much. Kulang pa nga yang cake eh, bahala na sa susunod."

"Ha? I have no clue what you're talking about!" ACTING PA JE!!! WAG PAPATALO!!!

"Pano, una nako ha? May gagawin pa kasi ako for my thesis." Hinatid ko sya sa pinto, at hanggang doon pinagpipilitan kong di ako yung nakita nya, whoever that is. Todo yes!! hindi ako nabuko naman ako nung sinarado ko yung pinto.

Pero bago ko pa mabalikan yung cake, may kumatok na naman.

\*opens the door\*

"Kevin ano ba! Wag ka n-"

"Oh I almost forgot. You left this the other night."

Anong hawak nya?

Yung isang pares ng hikaw ko. Na suot ko nung Tuesday.

Busted.

*You're on to me, on to me and all over  
Something always brings me back to you  
It never takes too long*

## **Chapter 15**

(Jicker's POV)

Ano? YUN LANG? YUN LAAAAAAAAAAAAAAAAANG!!!!" hindi ko mapigilang magwala dito sa kinauupuan ko. Muntik na ngang mahulog yung lomo camera ko sa sobrang pagwawala e.

Jersey shushed me. "Oo, yun lang. As in yun lang. After that.. nothing."

"EH ANONG NOTHING!?! SARAP NYONG PAG-UMPUGIN!!! Ang aarte nyo!" binato ko pa sya ng crumpled paper.

"Ano ba Jick! Okay na diba? Ano pa bang gusto nyo?"

Hindi na lang ako umimik. Susme, kung sasabihin ko ba sa kanya kung anong gusto namin, gagawin ba nya? Isa pa tong timang e! Sumasakit ang ulo ko sa dalawang to! AS IN SUMASAKIT!!! Alam nyo ba kung gano kahirap isipin ang lahat ng diabolical plan na ginawa ko para magkabalikan sila? HELLOOO. Mas pinag-isipan ko pa yung kesa sa mga projects ko nung college sa Fine Arts noh! TAPOS ANSAVEEEH, hanggang ano lang daw? Hanggang friendly hug?

T@nginang friendly hug yan! Kevin at Jersey, gusto nyong sapak?

HAAAAAAAAAAAY. Ewan ko. Naguguluhan nako. Ang hirap i-spell nitong si Kevin. Puro mixed signals ang drama e. Tulak ng bibig, kabig ng dibdib? Inangyan. Oldies na drama natin Kuya? Nagselos nga sya sa kagandahan ko e! DUH HELLO KEVIN!!! Baka naman nabading ka na sa Germany ha? Hindi kita kinaya!! Well.. ilang buwan pa lang naman kaming magkakilala. Ah ewan!

AT ETONG SI JERSEY. Kadramahan ng pagtest sa OFF SWITCH! Sinong nanonood ng How I Met Your Mother sa inyo? Season 1? HELLO HINDI NAGWORK KINA ROBIN AT TED YANG OFF SWITCH!!! Naging sila rin sa last episode ng Season 1!!! ANO SINA JERSEY, FEELING TED AND ROBIN? AY HINDI BAGAY!!!!

"Jick!" tawag nya sakin. Dun ko lang namalayan na nagsspace out na pala ako.

"Yes?"

"Galit ka ba sakin?"

"Hindi ba obvious? Drama mo teh."

"HA. Excuse me. I did the right thing!!!!"

"Yeah right. Right thing your @ss. Sarap mong batukan. Pustahan, di matatapos tong taon na to, naka-off na yang OFF SWITCH nyo. Mga talanders! Wag na nga kayong maglaro ng Trip To Jerusalem! HINDI NA KAYO TEENAGER!!!! Magbibirthday ka na nga sa Sunday eh!!! Ewww. 23 ka na!"

"NAGSALITA ANG 25 YEARS OLD!!! Kainis. Wag nyo na nga kaming pakialaman!!!!"

Babanat pa sana ako nang marinig kong bumukas yung pinto. Si Kevin.

"O, anong meron?" tanong nya samin.

Mabilis tong si Jersey, alam na si Kevin naman ang bibwisitin ko. "Nothing. You're doing the shoot later right? Tumawag yung head nila, call him ASAP daw."

Tinignan ako ni Kevin. "Okay ka lang Jick? Parang.. problemado ka ata."

\*rolls eyes\* "PROBLEMADO NGA AKO! PINOPROBLEMA KO KAYO!!! GRABE!! CAN'T YOU FEEL IT?"

"Feel what?" sabay pa silang dalawa.

Lumuluwa na mga mata ko sa dalawang to!!! (O\_\_\_\_O) "LIKE REALLY!?!?! CAN'T YOU FEEL IT? My goodness naman guys! THE SEXUAL TENSION!!! THE SEXUAL TENSION BETWEEN YOU GUYS!!! Parang nuclear explosion sa Hiroshima!! DI NYO FEEL?"

Nagkatinginan pa silang dalawa. At unang tumawa si Jersey. "Sexual tension? Please lang ha. As far as I'm aware of.. I don't feel anything. Ikaw ba Kevin?"

"Nothing. Nako Jicker, pagod lang yan."

PUNYETA TONG DALAWANG TO!!! DENIAL PA!!! SHET!!! KAINIS!! "WHATEVER GUYS. WHATEVER!! Bahala na nga kayo dyan! SANA LAMUNIN KAYO NG LUPA DAHIL DYAN SA KAARTEHAN NYO!!! DRAMAQUEEN AND DRAMAKING!!! AAAAAAAH EWAN!!!!"

At syempre, ang taray statement ay may kakambal na taray walkout. Lechugas!!!

(-\_\_\_\_-)

-----

THE NEXT DAY..

THURSDAY

(Kevin's POV)

Tambay lang kami ni Jicker sa studio that afternoon. Buti na lang at parehas kaming busy sa photosets at kung anu-ano pang pwedeng gawin. Kakatapos ko lang sa photoset ko kaya yung thesis ko naman ang inaayos ko.

"Kevin," tawag sakín ni Jicker.

"Yup?"

"Alam mo ba kung nasan si Jersey? No hidden meaning. Just asking."

"Di ko alam e. Pero wala naman syang gig ngayong araw. Baka nagtatago somewhere."

"Meditating? Nagdrama naman si teh sa birthday nya. Grabe lang."

SHOOT. Oo nga pala, birthday na nya sa Sunday. So it means.. one month na pala kaming ayos ni Jersey. Hey, sinong galit sakín dyan? Taas ng kamay! Sorry naman, sabi nyo kasi gusto nyong malaman yung totoo, yun lang naman binigay ko. Guys, the truth hurts, but you must live with it. Hindi lahat ng bagay ay aayon sa gusto nyo. At hindi unfair ang buhay, sadyang mahirap lang maintindihan at bumagay sa rules nya.

So yeah, I did all of those things. Call me selfish or what, I don't care. Magalit kayo. Fine. Kahit anong sabihin nyo, may bagay kayong hindi magagawa.

Yun ang bumalik sa nakaraan at baguhin ito.

At isa pa, masama na bang magmove on ngayon? May rule ba ang pag-ibig na hindi na pwedeng makalimot at maghanap ng iba? Don't you think that's somehow unfair? Bawal na bang maging masaya sa piling ng iba? Guys, hindi ako yung tipo ng lalaki na magpipine sa ex. Bakit ko pa ipagpipilitan ang sarili ko sa taong nasaktan ko na? Ano yun, para saktan sya ulit? Hindi kasi ganun kadali yun e. Kahit itaga mo sa bato na hindi mo sya sasaktan ulit, may point na masasaktan mo sya. Tapos mauulit na naman. Hindi ba nakakapagod yun?

Sige, magalit lang kayo. Pag nagalit kayo, parang sinasabi nyo na bawal nakong maging masaya sa iba. Na magiging masaya lang ako kay Jersey. Kung natumbok ko man yang nasa isip nyo, pwes mali kayo. Sige, palit tayo ng pwesto. Ipagpilitan ko kayo sa ex nyo na nasaktan nyo, gogora ba kayo? Aba, kung sino mang sumagot ng oo sa inyo, sadista kayo. Ayoko ng ganun.

Ayoko maging unfair kay Jersey. Tama na yung mga ginawa ko.

5:45pm na sa wristwatch ko. L\*che, may imimeet pa pala ako ng 7pm. Must finish this before 6:30! Goodluck na lang sakin, nahihilo nako dito :@

\*door opens\*

Jicker: \*tumayo\* At san ka galing?

Oh nice. Nandito na si Jersey.

Jersey: \*pumunta sa station nya\* Meeting, Jick. Cavite. Why?

Jicker: With?

Jersey: Secretary kita? \*to me\* Oh. How's the thesis?

Me: \*shrugs\* Dugo ilong. Sarap ibato ng laptop.

Jersey: Can relate with that. My thesis' killing me too!

Jicker: Hoy di pa tayo tapos mag-usap! Buong araw kitang hinahanap! I left 3 voicemails!

Jersey: Ewan ko sayo Jick. Drama mo.

Jicker: \*pouts\* Masama na bang magcare ngayon ha?

Jersey: Pag galing kasi sayo yung care hindi ako naniniwala eh.

Jicker: Don't b\*tch me.

Ako: \*laughs\* Kanina ka pa nga hinahanap nyan Debs. Grabe to, walang affection e.

Jersey: Matanda nako, di ako mawawala.

Jicker: Fine! Bahala ka na sa buhay mo.

\*beep beep beep\*

Jersey: \*groans\* Oh no.

Ako: Bakit?

Jersey: Nothing. Ang kulit kasi ni Sath. May nirereto na naman sakin. This is the fourth time already! Kainis lang.

Ako: Kelan ba blind date?

Jersey: Well.. it's kinda half-blind date. The guy knows me raw. Heck I don't even know him!

Jicker: \*excited\* What's his name?

Sinabi samin ni Jersey yung pangalan ng lalaki. Teka.. parang..

Ako: Saw that guy already.

Silang dalawa: WEH?

Ako: Affirmative.

Jicker: \*medyo nangingiti\* San mo nakita?

Ako: Esquire Ball two weeks ago. Seems nice. You should go for it.

Jersey: \*kinuha yung make-up kit sa bag nya\* Hmmm. If you say so.. di nga? Mabait ba? Pag yan mukhang hukluban.. nako.

Ako: Well.. he's okay. Alam ko naman mga taste mo eh.. pero syempre, mas gwapo ako dun. Dapat may standards ka.

Jersey: :O \*laughs\* Shut up! Fine! I'm going.

Jicker: I saw a picture of him on the internet. Pretty scary.

Kami ni Jersey: (o\_\_o)" HAAA?

Jicker: He's.. not photogenic!

Jersey: Jick, I'm meeting up with the person, not a picture. Malay mo, mas maayos sya sa personal!

Jicker: Seriously! A friend of mi-

Jersey: Luma na yang a friend of mine na yan. I guess ikaw lang yan.

Jicker: But Jersey!!! Kevin, help me here !

Ako: What? She has a right to go out with guys, Jick. Cool lang :D

Jicker: \*exasperated\* FINE! Bahala ka na nga. Kunwari wala na lang akong sinabi sayo. Leche.

Nag-ayos na si Jersey habang nagtatatalak si Jicker sa tabi nya. Ako? Aba, cool lang. Thesis muna ba! Mas importante to!

Mas nauna akong umalis kay Jersey, around 6:30 nga. Susunduin daw sya nung date nya sa studio. Pero around 7pm, habang nasa byahe ako, nagtext sakín ng sabay sina Jicker at Jersey.

From: Jersey

Crap. He backed out. That jerk.

I replied:

Okay lang yan :) Baka nga tama si Jicker. Yaan mo, may susunod pa yan.

From: Jicker

HAH. I won. Kala mo, I am powerful.

Napailing na lang ako. "Si Jicker talaga! Lahat gagawin e. -\_\_\_--"

-----

SATURDAY

(Jersey's POV)

Kinwento sakín ni Kevin yung text ni Jicker nung Thursday habang nageset-up kami ng lights for our shoot.

"What the hell? He did that!?!?"

"Yep. Tinanong ko pa nga kung pano nya nagawa yun e. Kaso he didn't reply. Grabe, he creeps me out!"

"Di rin nagreply sakín si Sath kagabi e. Magkasabwat na naman yung dalawang yun! Kainis. Oh w-"



Haaa? Nasan na yun? Ba't nawala yung kausap ko? Wow, nice lang ha. Kainis. Nice talking. Ayun, nasa may sulok. May kausap sa phone. Sana nagexcuse man lang sya noh? Kabwisit lang e!! Bahala na nga. Magseset-up na lang ako!

\*ring ring ring!\*

Kanina pa ko naririndi sa ringtone ni Kevin! Pang 6 na tawag na nya yan sa loob ng dalawang oras!!! Nakakadistract lang e!!! At ano to, may palayo-layo effect pang nalalaman? As if may pakialam ako dun sa kausap nya e!! KAASAR!! Kitang nasa gitna ng photoshoot tapos lumalandi!!! Inoobserbahan ko sya. Hmmm. Medyo magaling ako sa lip reading guys. Kaso leche naman si Kevin, ayaw atang ipabasa kung ano man ang sinasabi nya!! Basta ang nabasa ko lang ay tonight, I can't at see you soon. Lechugaaaaas anong meron.

Nang di nako makatiis sa kalandian nya..

"Kevin!" sigaw ko sa kanya. "Mamaya ka na lumandi!!!"

"Ha? Can't you see? Important call!" winagayway pa nya sakín yung phone nya.

"Eh sino namang important call yan ha? May shoot tayo hello!!"

"My fiancée."

Tameme ako dun ah. Balik na lang ako sa ginagawa ko.

Eh gago pala sya e. Tamang pangbirthday gift lang sakín bukas. Happy 23rd Birthday, Santiago.

--

That was the last call he received. Buti naman at nakaramdam yung fiancée nya! Nasa trabaho tapos.. AAAAAAAAAGHHH breeding teh! Ye know breeding and work ethics? Goodness.

Napansin nya na tahimik ako habang tinitignan namin yung shots.

Kevin: Oy. Are you okay?

Me: \*monotone\* Yeah.

Kevin: Parang hindi e.

Me: Jusme okay lang ako! \*click click click\*

Kev: Talaga?

Me: AY LECHE!! PANO BA KO MAGIGING OKAY EH HANGGANG NGAYON NAKA-LOOP SA UTAK KO YANG RINGTONE MO!!! LECHE, 6 CALLS IN AN HOUR? HAPIT NAMAN YANG FIANCEE MO AH. Next time nga, i-vibrate mo na lang yang phone mo. Or palitan mo ng ringtone na hindi nakakairita at nakakaLSS. Kainis lang.

Kev: \*insert weird na natatawa look\*

Me: What?

Kev: Fiancee?

Me: Don't mock me, Santos. Masakit ulo ko.

Kev: No no no no. I am not mocking you. Fiancee?

Me: Yes YOU ARE MOCKING ME. Now shut up.

Kev: Haaaa. I don't have a fiancee.

Lalong uminit ang ulo ko.

Me: Nako Kevin, you don't have to hide it from me. I am completely okay with it. Kung iniisip mo na may weird something something sakín, guess what? Wala. Naka-on pa rin ang Off Switch, buddy. No worries. Naiinis lang ako ng ganito dahil sa pagtawag-tawag effect nyang fiancee mo. Pakisabi nga na pag nasa shoot ka wag syang tumawag? Please.

Dun sya natawa.

Kevin: Chill lang Debs! Anong fiancee ka dyan?

Me: IKAW NAGSABI NA MAY FIANCEE KA! Leche gagawin mo pakong sinungaling e.

Bongga, humagalpak ng tawa si Kuya.

Me: What's so funny?

Kevin: \*hinihinal\* Ehh.. w..wala.. nga akong.. fiancee.. HAHAHAAH!

Me: EH SINO YUN!!!!

Pinakita sakín ni Kevin yung call log nya sa phone.

Oh dear Lord.

Sinong kausap nya? Sinong nakita ko sa call log nya?

Mama nya.

Kevin: Eto naman, di mabiro. Fiancee? Naniwala ka naman!

At nag-grand exit si Kuya, with matching kurot sa pisngi ko.

Shet, baka isipin nya na nagseselos ako! HINDI KAYA!!!!

----

THE NEXT DAY...

It's official, I am 23 years old today.

And guess what? Ang ganda ng bumungad sa kininang. Si Jicker.

FLASHBACK; 12:22 am. October 23

Matutulog na sana ako nang.. may tumawag sa landline ko. Di ko na sinagot, direktso voicemail na sana nang..

"HOY SANTIAGO! Happy Birthday! Anyway, hindi ako tumawag sa'yo para i-greet ka. May emergency photoshoot kayo ni Kevin mamayang hapon sa Antipolo, debut. Hindi kasi ako makakapunta, kinuha akong sub sa wedding ng pinsan ko mamaya sa Cebu. Hindi ko mareach yung phone ni Kevin kaya ikaw na lang kumontak sa kanya okay? Happy Birthday! PS: Details sinend ko na sa email mo. Love you!"

WOW. GREAT. WORKING ON MY BIRTHDAY. How cool is that.

-

END FLASHBACK

Okay lang sa kininang na magtrabaho sa birthday ko. Last year ganito rin drama ko e, NU Rock Awards naman. Ngayon photoshoot. Okay lang talaga e. Kaso may maliit na problema.

NAWAWALA YUNG KASAMA KO.

Bakit ba ang daming drama sa buhay nitong si Kevin? Ewan ko lang ah, pero ever since bumalik sya dito, dami nyang drama. Pansin nyo rin ba yun? Kanina pa ko nagtatanong kung nasan sya. Wala sa condo. Wala sa studio. Di rin daw nakita nina Keith. Si Jicker nakapatay ang phone, kasal na ata.

San ko hahanapin yun?

Tumambay muna ako saglit sa studio, nag-iisip kung anong gagawin pag hindi sumipot si Kevin. AAAAAAAAAAAAAAGGGGGGGGGGGGGGGGGGGHHHHHHHHHHH NAMAN YAN OH!!! Kainessssss!

Natripan ko tuloy na pakialaman yung table nya na halos walang laman, baka sakaling may clue kung saan sya.

AHA! Sakto, meron nga! :)))

May post-it dito sa desktop. Kaso 3 weeks ago pa to. Hmm.

To do:

- thesis

- stuff

- stuff

- Visit Leinz (Tagaytay)

Hmmm. Teka nga. Sinasabi sakín ng instinct ko na pumunta dun sa Leinz. AAAAAAAH bahala na nga! Baka nandun nga sya! Leche pag kami nalate sa debut.. upakan ko sya!!

---

So it turned out na medyo lagpas pa ng Picnic Grove tong Leinz. Shet, saan ba to? Loveshack nina Kevin? HAHHAHAHA ayan ka na naman Jersey. Mga iniisip mo.

OH WAIT! I am here!

Leinz..

BAKIT PURO HALAMAN TO!?!?!?!?

At kelan pa nahilig si Kevin sa halaman? Ni ayaw nga nyang magtanim! Kinausap ko yung Ate sa may gate.

Me: Uhhmm. Excuse me po.. May Kevin Santos po bang pumunta dito?

Ate: \*nag-isip pa saglit\* Kevin.. Ay oo! Nasa loob! Hanapin mo na lang sya. Kakarating lang nya e, mga 30 minutes na siguro.

AY LINTEK. SAN KO NAMAN SYA HAHANAPIN DITO!?! /wrist (O-Q) Nalulula na nga ako sa dami ng halaman e! Bahala na nga, hindi naman siguro ako maliligaw dito! And feel ko naman madali lang syang hanapin kasi walang tao. Basta, dire-diretso lang ako. Lakad lang nang..

Umabot ako sa may likuran.

Wow.

Ang ganda.

Rose orchard!

Grabe, ang lawak! As in. Kasing-laki ng SM Foodcourt! K OA pero ang lawaaaaak! Alternate columns ang red and white roses! ANG GANDAAAAA!!!!!! Di ko mapigilang hawakan yung roses. Ang cute!

"You liked them?"

I froze.

\*looks around\*

"HOY SANTOS!!! KANINA PA KITA HINAHANAP!!! MAY SH-"

"Do you like it?"

"Ang alin?"

"This place?"

"The orchard? Of course! I love roses! Hep hep hindi yun ang point ko okay. Come on, sa Antipolo pa yung debut ka-"

"This is all yours."

"What?"

Kevin sighed. Ano, sya pa ngayon ang banas? Sapakin ko kaya to!!! "6 years ago, may nagakala na nagbigay daw ako ng bouquet of roses sa isang girl. I told her no, at kung magbibigay man ako ng roses, isang garden ang ibibigay ko.."

OH GOD.

"And.. hindi ka ba nagtataka kung bakit di kita binigyan ng flowers nung tayo pa? Kasi.. I'm saving it all for this. Happy Birthday, Jersey. Happy 23rd Birthday, Debs."

OH MY GOODNESS. Etong rose orchard.. sakin? As in sakin lahat to? SERIOUSLY???

"Oh goodness thank you Kevin!!!!" di ko napigilang tumakbo papunta sa kanya. I even hugged him! My goodness! This is the sweetest thing ever!

"You're welcome, Debs. Happy B-"

\*swish swish swish\*

AT BUMUKAS LAHAT NG SPRINKLER!!! OH MY GOD! Bumitiw tuloy ako sa yakapan ever namin.

"Sh\*t! My clothes!!" sigaw ko. Natawa naman si Kevin dun. Kainis!!

"Swear to God hindi ako nagpabukas ng sprinklers!" he equipped.

"HAPPY BIRTHDAY JERSEY!!!!"

At nasa gate ng orchard ang barkada. Ayun, sumama sila samin sa loob, tampisaw sa sprinklers. Naghabulan pa nga kami e! Parang timang lang! :DDDD

---

TURNS OUT, hindi pala totoo yung shoot. Jicker planned everything again! Pumunta kami dun sa nipa hut sa may likod ng orchard. Of course nagpalit muna kami ng damit. Ang lamig kaya! Buti na lang may pagkain dito, kaya masayaaaaa! ;D

Me: \*sniffs\* Leche ka Jickerson, pinaghanap mo pa ko!!! KAINIS KA!!!

Paolo: Ni hindi ka man lang natouch sa surprise namin :((

Kat: Pao swear hindi bagay!!!

Jicker: Eh syempre, kailangan kong magdrama nang onti diba. \*smirks\* O ano, galing kong umarte noh?

Me: Heheheheh hindi bagay Jick.

Sath: So Jersey.. anong masasabi mo sa surprise namin?

Me: Okay lang.

Kevin: Ay grabe, okay lang! Alam mo bang kinidnap pako ni Jicker kagabi after ng shoot para dito tapos okay lang sayo? Baliw ka ba?

Me: K fine. Nasurprise ako, promise. Kaso parang halata na e. Next time na isusurprise nyo ko, sagutin nyo naman phone nyo para di ako maghinala. Obvious kasi guys e.

\*ring ring ring\*

Dammit! What now?

"Hello?... Yeah... WHAT! Seriously?... Ohh..wow!.. Thank you po!!!.. Thank you po talagaaa!.. See you soon!!! Promise po.. Thanks po talagaaa!" SH\*T I AM HYPERVENTILATING HERE!!! OH MY GOD!!!

Nakatingin na pala silang lahat saakin. "Hoy Jersey, kalma lang aba!" asar ni Keith.

"Anong meron? Parang nanalo ka ng lotto dyan?" - Jerro

Syempre, nagdramatic pause muna ako bago ko sabihin. "You guys won't believe this!"

SILANG LAHAT: ANO NGA!!!

"I got it. I'm going to be a professor!! PROFESSOR NAKO SA UPLB!!! OH MY GOD!!!!!"

At.. taob si Jicker sa sinabi ko. Damn right, magtuturo ako sa UPLB. Like a boss.

--

## **Chapter 16**

NOVEMBER

(Jersey's POV)

Hmmm. Let's review, shall we?

Jersey Santiago.

(still a) Student? Check!

Photographer? Check!

Model? Check!

Errand Girl? Check!

Wedding Planner? Check!

And now..

Professor? BIG CHECK!!!

Grabeng career shift sakin to! Hindi ko talaga pinangarap na maging professor. Kahit sinasabi nilang magaling naman ang social and speech skills ko, never ko talagang napicture ang sarili

ko na magiging teacher. Aba, hindi lang ako basta teacher, prof pa. Sa aking alma mater pa! Patay tayo dyan!! Ang takot ko lang, baka may nakakakilala pa saakin. May batchmates pa akong di nakakagraduate e, at kilala nyo naman ako, aheem.. Maganda. Joke lang!

Seriously. Kaso hindi ko rin matanggihan yung fave prof ko nung college nang inalok nya saakin yung slot para magturo for 1 semester. 5 months lang naman e! Okay na to!

Ayan, okay saakin yan ha. Pero nung inannounce ko sa barkada ang balita.. I got mixed reactions.

Jicker: T@ngina naman Jersey! Wag ka ngang magbiro! Ikaw, professor? Ulul! Lokohin mo lelang mo! Ikaw, kukunin ng UP na maging prof? Nako, kulang na nga ng mga teacher sa Pinas, pero it doesn't mean na kailangan nilang kunin ka! \*hagapak sa tawa\*

Sath: That's so nice! Yayayaman ka na naman! Kaso kaya ba ng sked mo? I mean.. you're working sa studio, then masteral. Yung thesis mo pa!

Jerro: Nakanang! Prof. Jersey Santiago! Never kong naimagine yun ah!

Paolo: Psst Jerro! Tanda mo nung si Jersey yung Student Principal nung highschool? HAHAAAAHA! Shet naiimagine ko na first day ni Jersey!

Kat: \*pinalo si Paolo\* Hoy! Eto hindi supportive eh! \*to me\* Je, congratulations! This is a sudden paradigm shift but what the hell, you can pull this off!

Keith: Nayswan! Magkakabahay na naman sa LB! Miss ko na ang eLBi nights, bro!

Amae: WHY DIDN'T YOU TELL US ABOUT THIS?! HELLO!!! You can't take this job! Kelan ka pa nagdecide na hindi nagsasabi saakin? This is unfair!

Kevin: \*smiles\* Wow, that was.. surprising. So kaya ka pala madalas nawawala? Anong subject ka?

Me: (o\_o) (-\_-) (-\_-) (o\_o) (x\_x) Shet blackout ako dun ah! Kainis. Salamat ha. Kunwari lahat ng narinig ko ay positive vibes. \*to Kevin\* Hmm. DEVCN 140 (Basic Photography) and DEVCN 143 (Basic Scriptwriting). So sa CDC ako.

Jicker: Okay can't relate here guys, Diliman Rep here.

Ako: Oh shut up Jick. Ewan ko sayo.

Amae: Eh hindi ba masyadong late yang pagtanggap sayo? 2 weeks na lang bago magstart ang sem!

Me: Okay lang! I have everything in control. May apartment nako sa LB kaya.. lilipat nako dun sa November 5.

Jerro: How about your condo? Ibebenta mo na?



Me: Nope. Actually maluwag ang sked ko. Tuesdays and Wednesdays lang ang classes ko, kaya gorabels na!

---

SO.. Since malaking shift to.. may major adjustments din kaming ginawa. For instance, mas malaki na yung workload nina Jicker at Kevin ngayon. I could only take gigs kapag Thursdays to Sundays. And Jicker's not a happy camper about this.

(sa studio; Tuesday afternoon)

Jicker: \*without looking at me\* So.. you're serious about this?

Me: Do you think that I'm joking?

Jicker: Well yeah. You being a professor is such a big joke! Laughtrip lang e.

Me: Shut the heck up. At least my career's taking a serious turn here. Hindi kagaya ng isa dyan na Fine Arts g-

Jicker: Whoa whoa whoa no need to be personal here! Visual arts naman kasi ang major ko noh. Shut up.

Me: I'll miss this place.

Jicker: Mamamatay ka na teh? Drama kills you? Kainis.

Me: EEEEEEEH SHATTAP NGA

Jicker: Leche ka! \*pumunta sakin\* Yakap naman dyan oh!

Me: EEEEWWWW. No thanks, Jick. \*hugs him/her\* Hey, I have this bizzare question: anong pronoun ang gagamitin ko referring to you: her or him?

Jicker: Hmmm. Hier.

Me: I'll miss you, Jick.

Jicker: Yuck. Magkikita pa naman tayo after mong magturo right? Ay, I won't expect that because you'll have new colleagues. You'll forget about me.

Me: SHET KA TUMIGIL KA NGA!! NOT FUNNY.

Jicker: Eh that's inevitable! Hoy, wag kang lumalovelife dun ah. Sapakin kita.

Me: Masama na bang maging masaya?

Jicker: Masama maging masaya kung ipagpipilitan mong hanapin sa ibang tao ang kasiyahan na sa iba mo naman talaga matatagpuan. Hindi fulfilling yun, I tell you.

Me: \*rolls eyes\* Kunwari cryptic message na lang yang sinabi mo. Can't relate.

---

(November 7; MONDAY)

So.. balik LB na naman ako. I MISS THIS PLACE! Aba, four years din akong nagstay dito! Nakakamiss tuloy maging college! =)))

Pero pagbalik ko dito sa LB, may naramdaman akong iba. Parang.. may something na mangyayari.

For starters, ang daming nagbabalik. Anong ibig kong sabihin?

Bumalik lang naman lahat ng lalaki na nalink sakín nung college ako.

At pano ko naconclude yan? Unang araw ko palang dito nagkandaleche-leche na e!!!

Una kong nakita?

Si Glenn.

Still remember him from Book 1? Sya yung nameet ko nung epic fail na campus tour na inulan kami. Yung lalaking nagsabing "Jersey! Parang may naiwan ata ako sayo? My heart." At yung lalaking sinabi ni Kevin na bading kasi nagsabi ba naman ng "TUHMAAAAAH! Bakit pre?"

Whatever happened to him?

Actually nakikita ko pa sya sa campus dati, kaso di na kami nagkakausap kasi may pagka-aktibista pala si Kuya. He transferred to UP Manila para mag-aral ng Speech Pathology. Ngayon.. guess what? He's teaching at UP Rural High School.

At pano ko sya nakita? Nagkasalubong kami sa may KFC. Good thing na hindi nya ko napansin kasi he's busy talking with a friend. Hoy, babae naman kausap nya. Up to this day hindi namin alam kung bading ba talaga sya o nakikiuso lang sa TUHMAAA phase nung 2010.

Next?

Si Fernan.

OH. Eto, bago-bago lang tong si Fernan. Still remember him? Yung guy na ginamit ko para pagselosin si Kevin dun sa Italianni's incident with Trina? Goodness, mas nahihiya pako kay Fernan kesa kay Trina e! I met Fernan sa Diliman nung nagsummer classes ako bago mag-3rd year. Magkaklase kami sa PanPil 19 and whoa.. he's so funny. Naging close kaming dalawa hanggang magmasteral kami pareho, ako Film tapos sya naman History.

Pano ko sya nakita dito sa LB? Simple, sa tapat ng Registrar's Office.

Nagpark kasi ako ng sasakyan dun, saktong galing sya sa Humanities building. At first nilagpasan lang nya ko, at di ko alam na sya pala yung dumaaan sa harap ko. Then... sya tong bumalik.

Fernan: Jersey!

Me: \*gulat\* Shet! Oh sorry! \*tingin\* UY FERNAN!!!! KAINIS KAAAAAAA!

Fernan: \*yakap\* Kelan ka ba hindi nainis sakín ha? Kamusta!? Short time no see!

Me: Lul! Eto, okay lang naman. Akala ko.. isang sem ka lang dito?

Fernan: Alam mo naman kung bakít ako nagstay diba? Mahirap na. Baka..

Me: Don't flatter yourself, Sir. History pa rin ba tinuturo mo?

Fernan: Yep. Ano pa bang ituturo ko, Math? Pakamatay na lang ako! \*laughs\*

Me: Kastress nga, sa Dev Comm ako napunta. Buti na lang hindi nagtampo sakín yung mga prof ko sa Hum. Hello, Comm Arts kaya ako!

Fernan: Ay di halata. Swear.

Me: AHAHAHA funny. Ano, kelan mo ko ililibre?

Fernan: Kapal mo! Ikaw tong full-breed eLBizen dito ah. Isang sem na nga akong nagtuturo dito pero medyo di pako familiar sa lugar. Ang lawak kaya!

Me: Parang dati sinasabi mong mas malawak yung Diliman nyo kesa dito.

Fernan: Layu-layo kasi buildings dun. T@ngina Jersey, ang mura pala ng beer dito! Tas ang saya ng eLBI Thursday nights! Tara inom tayo minsan!

Me: Wag lang this week! Aalis kasi ako ng Wednesday afternoon dito e. Alam mo naman, kailangan ng QC ang kagandahan ko \*winks\*

Fernan: Hangin mo rin noh? Sige, una nako. May meeting pa kami with Sir Dwight. Nalintikan na.

Me: He's still here? Grabe alamat na yang si Sir! Naging prof ko pa yan sa HIST 1 & 2 eh! Sige na nga! See you when.. basta. Call me!

Fernan: Sure! \*leaves\*

AT.. sinong makakalimot kay.. JM?

Review: si JM yung kaklase ko sa Math 17 class nung sophomore year, 1st sem. Sya yung bugnutin na pinagselosan ni Kevin kasi hinatid ako sa bahay one time nung hindi nya ko

nabalikan sa library. Eventually naging friends din sina Kevin at JM. Di ba, sa kanya pa nga binigay ni Kevin yung graduation gift nya sakin?

Anyareh na sakanya?

Ayun. Nagmeet kami ni JM sa IC's Bar, Monday night. Lakas ko rin noh, first day of classes bukas tapos iinom ako? Gujab, Prof. Jersey!

OH WAIT. Bago kayo mag-assume ng something..

JM's already married. Actually, sya yung 7th wedding na inattendan ko after graduation. So sa mga nag-eexpect na may something, pinangungunahan ko na kayo guys. WALA. Instructor na pala sya sa Economics Department ngayon. Grabe, whatever happened to us?

(kalagitnaan ng convo namin)

JM: \*takes a sip of his beer\* I can't really believe na magtuturo ka dito. Nung narinig ko tong balita, natawa ako. Sobra.

Me: Kanino mo naman nabalitaan?

JM: Kay Trits, kaklase natin sa Math 17. She's taking up her doctorate degree here. Akala ko nga joke.

Me: Ano ba yan! Nakakainis kayo eh, Walang sumeseryoso sa pagiging prof ko. Hindi ba convincing?

JM: Hindi naman sa hindi convincing. More of hindi bagay sayo.

Me: Can you please enlighten me?

JM: Let's just say.. hmm.. Mataas kasi ang standards mo e. And you're doing a great job sa mga career mo! Wala lang. Nakakapanibago lang. Parang dati sinasabi mo na ayaw mong maging boring na pr-

Me: Hey! Ang sinabi ko kaya dati kung magiging prof ako, gusto ko ako yung cool type. KUNG. Leche, nagkatotoo naman yang kung na yan.

JM: Regrets?

Me: I'll reserve that later :)

JM: So Jersey.. since single ka naman, I would like you to meet my friend. Instructor din sya dito.

Me: Nako JM, alam ko na yang mga modus nyo. Sabihin mo na lang na ikaw yan, para masumbong kita kay Louise.

JM: G@go hindi ako to. Ireto raw ba ang sarili? Nice.

Me: Hay ewan. Alam mo bang 10 lalaki na ang nirereto sakin ng bestfriend ko? Sucks right?

JM: Not that bad. Ano, wanna meet him?

Me: Pogi ba? Mabait? Mayaman? Matalino?

JM: Yup. Better than Kevin.

Nung binanggit nya yung pangalan ni Kevin, parang may kung ano sakin na sinasabing "Je come on! Meet up with this guy! Malay mo, eto na!" Wala lang. Ang weird. Seems like I'm looking forward to meet this guy.

Me: Hmm. Okay fine! Pero hang-out muna tayong tatlo. Titignan ko pa kung papasa sa saakin.

JM: Wow, naging choosy si Ateng Maganda.

Me: So.. when will I meet him?

JM: Actually.. papunta na sa dito.

Me: (O..o) (-////-) OH MY GOD!! NAKAKAINIS KA!!! BAKIT HINDI MO SINABI!! MUKHA AKONG DUGYOT!!!

JM: Relax! Akala ko ba hang-out lang? Ba't nataranta ka naman agad!

Me: Hello! LOOK AT ME! I look hideous!

JM: Eh ganyan ka naman talaga e. Natural mo na yan :)

Me: UGH. Ewan ko sa'yo!

JM: \*tingin sa phone, then sa pinto\* OH. He's here. BRO! DITO!

My goodness! Nilabas ko agad yung mirror at lipgloss ko. Instant retouch! Come on, bakit bigla ata akong na-enganyong mag-ayos bigla? Lumalandi agad? XD

JM: Jersey, meet..

Me: \*turns around\* Hello! I-

NO WAY. My jaw dropped when I saw the guy in front of me.

Me: IS THIS A JOKE?

JM: Anong joke? He's my friend. Instructor sa dito, sa Humanities. Jersey, meet..

Prof. Kevin Santos.

Me: (O.O) \*gulp\* (O-O) (O,O) /superiorvenacava ANONG KALOKOHAN TO KEVIN!!!!

Napangisi na lang si Kevin sa harapan ko.

Kevin: Hindi mo ba narinig si JM? Instructor nga ako dito. Bingi ka na ba?

Yeah. Bingi na ata ako. Pano ba naman, ang lakas ng tawa nina Kevin at JM.

SERIOUSLY? HANGGANG DITO? SERIOUSLY!!!

Kevin: Nakakainis noh, akala mo kung sinong lalaki na ipapakilala sayo ni JM. Epic ng itsura mo, Devil Woman. Sarap picturan!

DAMMIT.

## **Chapter 17**

FRIDAY

(Jersey's POV)

Tahimik lang ako sa backseat ng sasakyan ni Jicker. As in. Sa studio pa lang wala nakong imik. ABA. Leche kasi! Until now di pa rin ako makamove on dun sa surprise sakín nina Kevin at JM. Sige na nga, balikan natin yung nangyari last Monday!

FLASHBACK

Nang makamove on na silang dalawa sa kakatawa, turn ko naman para magtatatalak.

Me: \*shouting\* WHAT THE F\*CK IS THIS!!!

Kevin: \*tinakpan yung bibig ko\* Tahimik naman dyan onti, Jersey! Iskandalosa ka naman masyado noh?

Me: \*tinanggal yung kamay nya\* HELLO NAMAN O. SINO BANG DI SISIGAW SA GINAWA NYO?!!! AT ANONG KAGAGUHAN NA NAMAN TO KEVIN!!! Instructor ka dito?

JM: Ilang beses ko na sinabi sayo yan Je. Loading?

Me: \*to JM\* AT ISA KA PA!! May pa-"Better than Kevin" ka pang nalalaman dyan! UPAKAN KAYA KITA!!!

Kevin: Whoa whoa whoa! Maaga kasi ang April Fools namin ni JM. Diba bro? \*apir\*

JM: Sorry Jersey. Ako ang mastermind sa lahat ng to. Wag kang magalit kay Kevin please.

Me: Wapakels nako kung sino man ang mastermind or what. THE DAMAGE HAS BEEN DONE!!!

Kevin: \*sa bartender\* Scotch soda nga dyan, para dito kay Ateng mainit ang ulo.

Me: TUMIGIL KA NA NGA!!! \*tungga sa Red Horse\*

JM: Hinay naman onti oh! May pasok bukas!!

Me: First day naman kaya okay lang na di ako magpakita!! KAINIS KA!!! KAINIS KAYO!!! Hoy Santos, explain mo nga. Papano ka naging instructor dito? Namiss mo naman ata agad ako.

Kevin: (o.o) ASA. Mas nauna akong na-hire kesa sayo.

Me: WEH.

Kevin: Oo nga. This is one of the reasons why I came back.

Me: WEH.

Kevin: Uupakan na kita.

Me: \*lagok ng scotch soda\* Fine. Naniniwala nako. Anong subject?

Kevin: COMA 101. Tapos Fil 150.

Me: WEH. Fil150 ka? Papalitan mo si Sir Dumlao?

Kevin: May ibang load na si Sir Dumlao kaya sakín pinasa.

Me: Wow. I thought.. ComSci related ang subjects mo.

Kevin: \*laughs\* Ayaw ni Sir Bulalacao e. Kidding. Walang opening sa ComSci e. Sayang.

JM: Sa wakas! Hindi na rin ako nag-iisa dito!

Me: Ang saya mo naman masyado, @sshole.

JM: Salamat ah - \_\_\_\_ - Nga pala Kevin, so that means medyo maluwag ang schedule mo?

Kevin: Yup. Tuesdays and Wednesdays lang.

Me: You've got to be kidding me. Gaya-gaya ka ng schedule!

Kevin: Feel na feel mo naman masyado Debs! Yan ang binigay sakin ni Sir Dumlao e! Reklamo ka.

Me: AAAAAAAAAACCCCCCCK. Akala ko pa naman malalayo nako sayo.

JM: Just live with it, Jersey. Hindi ka talaga malalayo samin \*winks\*

Me: I AM NOT HAPPY ABOUT THIS.

END FLASHBACK

-

So yeah. Pumasok ako sa first ever class ko na may hangover pero what the hell! Nakaraos din ako sa first week! Syempre introduction week pa lang naman. Eto ang gusto ko sa pagiging prof sa UP, hawak ko ang oras ko. Kung wala ka nang klase, you're free to go!

Friday na, so no classes. Balik ako sa buhay QC ko. Buhay QC = Studio. Studio = Kevin and Jicker.

San na ba ako? Ayun. Tahimik nga lang ako sa sasakyan. San ba kami pupunta? May photoshoot kasi kami for Preview Mag, si Andreau Cortez yung cover. Sino si Andreau Cortez? Teen idol. Ugh. Basta, baka makilala nyo sya this Summer 2012, depende kay Leng :) Actually si Jicker talaga ang photog dito, kaso kailangan nya ng assistants. As if magiging diva si Andreau sa shoot!

Jicker: \*silip sa mirror\* Hi teh. Panis na laway mo teh?

Me: \*no reaction\*

Jicker: Ay, nagmaldita? Di bagay!

Kevin: Galit pa rin yan, Jick. Bayaan mo na.

Me: EH SINO BANG DI MAGAGALIT HA!!! JICKERSON ALAM MO NAMAN PALANG MAGTUTURO SI KEVIN SA LB DI MO MAN LANG SINABI SAKIN!!!!

Jicker: Sorry naman ah! Kailangan lahat na lang ireport ko sayo? Bayan Mo I-Patrol Mo teh? Ay drama!



Me: I deserve to know such facts!

Jicker: Shattap na nga! Si Andreau ang star dito, hindi ikaw. Shoo! Drama mo. Mag-audition ka na lang sa PBB!

Me: Wala na kayang PBB, Jicker. Baliw.

MAAYOS naman ang shoot kay Andreau. Wow, nashock ako. So chismis lang talaga yung write-ups sa kanya sa tabloids and gossip sites. Eto, bakla? Come on guys! Kung hindi lang ako matanda sa kanya ng 4 years, sinunggaban ko na to!!!

Ay joke. Kahit pala magkasing-edad kami bawal ko syang sunggaban. May girlfriend na nga pala tong tao, si Zade.

Si Zade na nakilala ko kasi nakita ko syang umiiyak sa may fire escape.

Nung una akala ko may multo dun sa fire escape nang mapadaan ako. Pagbukas ko ng pinto.. sya una kong nakita.

Me: Uhh.. \*kalabit\* Miss? Okay lang ba kayo?

Zade: \*looks up\* Y-yeah. Okay lang ako.

Me: Oh my god. Zade Pascual? Ikaw ba yan?

Zade: \*smiles bitterly\* Ewan ko kung matutuwa o mahihiya ako Miss. But yeah, I am Zade.

Me: Anyareh sa'yo teh?

Zade: Long story e! Teka, ikaw yung sa Everywhere We Shoot right? Bakit ka nandito?

Me: Kaya na nilang dalawa yun sa taas. Tara, coffee tayo sa labas. I have the whole afternoon to listen :)

--

AND OH BOY. I REALLY HAVE A WHOLE AFTERNOON.

Nagkwento lang naman sya sa buhay nya as a celebrity girlfriend. Ang hirap pala! Wag ko na ngang ichika, baka wala na makwento sa susunod si Leng :P Anyway, nung pinagkwento naman nya ko.. todo elaborate naman ako sa story namin ni Kevin.

Zade: (:O) Like really? Colleague mo yung ex mo?

Me: Yep. Sya yung lalaking nakasalamin na kasama namin. Not only he's my colleague, katapat ng bintana ko yung bintana nya sa kabilang condo building. How unfortunate is that? \*inom ng kape\*

Zade: \*amused\* Wow. Akala ko sa chick lit books lang galing yan! How do you feel about that set-up?

First time na may nagtanong sakín kung anong nararamdaman ko about samin ni Kevin. Napaisip tuloy ako nang bongga.

Me: Hmmm. I find it really really weird. Kasi hello naman, halos lahat na lang! Condo, studio, LB... Parang pinaglalaruan kaming dalawa! Nung una ko syang nakita nung bumalik sya, I told myself na iiwasan ko sya. But what the hell, halos lahat na ata ng gawin ko ngayon umiikot sa kanya. Dammit!

Zade: I think the universe has something to do with it.

Me: \*laughs\* Universe? More of my barkada. They're doing weird and annoying things para magkabalikan kami. That sucks.

Zade: Alam mo ba yung tatlong klase ng soulmates?

Me: Wow.. you're a romantic! Nice.

Zade: Literature major e! Anyway.. yung tatlong klase ng soulmates.. Number one, yung soulmates na unang beses palang sila nagkita, alam na nilang sila na para sa isa't isa, at di na nila pinakawalan ang isa't isa forever. Number two, yung soulmates na never magtatagpo, kasi kahit sila ang para sa isa't isa, may nangangailangan naman sa kanilang iba. Sila yung mga taong kuntento na malaman na may soulmate sila pero alam nilang magiging mas fulfilled sila pag sa iba sila sumama. At yung number three, yung soulmates na kahit anong tanggi o deny mo, alam mo sa sarili mo na kayo talaga para sa isa't isa. Akala nyo may ibang humahadlang pero ang totoo sarili nyo lang yung gumagawa ng barriers, kasi may unresolved issues pa.

Me: So.. kami ni Kevin ang soulmate number three?

Zade: Parang ganun na nga. Yung number three ang pinakaexciting sa lahat, unpredictable kasi. Pero sila yung madalas na nasasaktan, napaglalaruan kasi sila ng tadhana. Matagal pa bago sila maging masaya.

Me: \*tameme; nag-iisip\*

Zade: Nako Ate Jersey sorry! Masyado atang weird yung pinagsasabi ko. Pati si Andreau nawuweirduhan sakín e!

Me: Ano ka ba! I love your soulmates theory! Napapaisip tuloy ako. Thank you, Zade :)

Zade: Wala po yun. Sorry for my crazy idea! \*tingin sa phone\* Crap, hinahanap na pala ako ni Andreau! Maga pa ba mata ko?

Me: Sure. Let's head back na, magalit pa si Andreau.

---

Natapos yung shoot ng matiwasay. Yung shoot ha, pero kaming tatlo nina Jicker? No no no no.  
(habang nag-aayos ng gamit...)

Kevin: Oy. San mo dinala yung girlfriend ni Andreau kanina? Bigla na lang kayong nawala e!

Me: Dyan lang sa Starbucks! Eto naman.

Jicker: Ikaw ha! Dumadamoves like jagger ka dyan kay Zade! Anong chika teh? May nasagap ka?

Me: \*glares\* Meron, pero my lips are sealed.

Kev: WEH.

Me: Oo nga. Artista na yan noh, I don't wanna mess with them.

Jicker: MEGANON! Model ka lang ah - \_\_\_-"

Me: Grow up nga Jicker! Not funny!

Kev: \*pasimple\* Hoy Debs, tara dinner.

Me: Where to?

Kev: Hmmm. Flaming Wings? Libre ko.

Me: Oh great! Salamat naman at natandaan mo na ilibre mo ko. 2 months na halos oh!

Kev: Oo na! Eto na nga e! \*lakad palabas ng building\*

Me: Teka pano tayo pupunta dun?

Kev: Ha?

Me: Eh wala ka namang sasakyan ah!

Kev: We're with Jicker, Jersey. Alangan namang masosolo mo ako ngayon. Delikado na...

Me: \*nervous\* Delikado na alin?

Kev: Baka kasi kainin mo ko ng buhay, gutom ka pa naman.

Me: Pakyu! Jicker!! DALIAN MO NA DYAN!!! GOD I'M STARVING!!

Heeeheee. Jersey Jersey Jersey.. at ano namang inassume mo dun?

--

NEXT WEEK; Wednesday

IT IS OFFICIAL! Eto na ang first lecture ko bilang professor. Buti na lang small class lang tong DEVCM 140! Hindi ako kakabahan dito! Actually, nagulat pa nga ako e. May ilan sa kanila ang nakakakilala saakin, kapatid kasi sila ng batchmates ko. Wow, feel ko tuloy Jurassic nako! Nayswan (-.-)

Ang Wednesday sked ko ay:

DEVCM 140 V1: 8:30am-10am

DEVCM 142 C : 10am-11:30am

Yan lang klase ko for that day! :) Diba, luwag ng sked? HAHAHAAH kruuu.

After ng 10-11:30 lecture ko..

\*beep beep\*

From: Fernan

Hoy! San ka? Tara lunch tayo! Sunduin kita dyan sa CDC ;)

And true enough, sinundo nga ako ni Fernan sa CDC. Bongga tong si Fernan! Ang daming fans! Hanggang sa labas ng campus inulan kami ng "Hi Sir Fernan!" blahblahblah. Fangirls! Been there, done that ;) Pumunta kami sa Selina's for lunch.

Me: \*malandi tone\* Hi Sir Fernaaaaan! Goodness! Di ko kinakaya tong mga estudyante mo! Lalandi!

Fernan: \*laughs\* Hoy. Ang sama mo! Bait ko kaya sa kanila.

Me: Aysus, anong ginawa mo? Nagpaulan ka ng uno?

Fernan: Yep! Ako pa!

Me: Eww. Masyado ka namang pa-cool sa kanila! Kung alam lang nila ang hangover nights mo nung summer...

Fernan: Sige, i-brought up pa! Pramis, di na ko iinom ng ganung karami. Ang tanda ko na kaya!

Me: Wag ka nga!ay Di pa naman matanda ang 23!

Fernan: \*kunot noo\* Sinabi mo e! So.. how's the teaching job? Okay ba?

Me: Hmm. Okay lang. Puro juniors and seniors na halos tinuturuan ko e. Yung iba sa kanila, kapatid ng batchmates ko. So much for starting a clean slate here.

Fernan: Buti nalang isa akong estranghero galing sa Diliman...

Me: Whatever. Tama na nga! I am starving!! \*kain kain kain\*

Fernan: Nga pala.. nakita ko yung friend mo.

Me: \*napatigil sa pagkain\* Friend? Sino?

Fernan: Tall guy. Black glasses.. I've met him before. Saw him sa NCAS kanina.

Me: Aaahh. Si Kevin? Yeah, he's working here too. CommArts prof.

Fernan: Wait. Kevin? Yung..

Me: Yep. Kevin as in my ex. \*raises an eyebrow\* Why?

Fernan: Nothing. Aha! Tanda ko na! I met him sa Italianni's!

Me: Oh shut up! I told you I was sorry okay? Everything's kinda weird back then. Okay na kaya kami ngayon. \*he raises an eyebrow\* HA. Shut up.

Fernan: 'Tay tayo dyan! Delikado na...

Me: I won't, okay? Mark my words.

Fernan: \*whispers\* Heard that one before, Jersey.

----

(JM's POV)

SAME TIME PALA KAMING NAGLUNCH NINA JERSEY, pero magkaiba ng lugar at kasama. As usual, sinong kasama ko? Si Kevin. Pano ko nalaman na magkasabay kami? Mamaya onti, dadating tayo dun :)

Sa usual kami kumain ni Kevin, sa Ken's. Nakakatawa nga e, nung college ayaw sakin nito ni Kevin. Inamin naman nya sakin yun dati, after maging sila ni Jersey. Gulat nga ko dun e hindi ko naman pinopormahan si Jersey! May girlfriend kaya ako nun! Eventually naging close kami ni Kevin, minsan pa nga sumasama ako sa barkada nila. Okay naman tong si Kevin! As in, okay.

It has been 3 years since the last time we saw each other. Huli kong kita sa kanya nung bago sya pumunta ng Germany e. Tapos.. puro chat and whatever na. Taena, bromance!

Ako: Grabe, sakit sa ulo ngayong araw na to!

Kevin: \*snickers\* Tell me about it. Dalawang subjects lang tinuturuan ko pero t@ngina, nakakastress! Sa 6 na sections na hawak ko, 80% of them are female. Intense.

Ako: That's CommArts for you, Bro. Kanina, first time kong maglecture sa Econ 100, large class! Muntanga lang e.

Kevin: Akala ko ba second year of teaching mo na?

Ako: Yep, kaso yung last year and a half, basic Econ subjects lang ang tinuturo ko. Ngayon puro major na! Nakakasakal eh (-\_\_\_\_-)

Kevin: And I am looking forward to that one too. Panalo. Nga pala, si Sheena? Kamusta?

Ako: Ayun, okay lang naman. Nagtuturo sya sa Manila, Biology. Pero she's planning to transfer here next year.

Kevin: Hirap mawalay sa asawa bro?

Ako: Yep. Hate to admit it but mas paranoid ako kesa sa kanya. Alam mo naman sa Manila, a very scary place. Di tulad dito..

Kevin: Lahat ng hinahanap mo, lahat ay nandito? \*laughs\*

Ako: Maiba naman tayo. Ano na nangyari kay Jersey? Is she still mad at us?

Kevin: Madrama pa rin as usual. Ayaw nya nga akong kausapin e!

Ako: Aahh. The classic Jersey Santiago "I'm a bitch maniac" state. Front row seats for that! \*laughs\* You seem very composed about this thing. It really surprises me.

Kevin: About what thing?

Ako: You and Jersey. Rough 3 years right?

Kevin: \*smugs\* Yeah. Tough 3 years. Buti na nga lang naayos namin on time. Kung last sem kami parehas pumasok dito, World War 3.

Ako: Naiimagine ko na. Hey, tagal ko na tong guston itanong sa'yo. Bakit mo pala sakín pinadala yung grad gift mo dati kay Jersey? I mean, pwede naman kasi kina Keith or Sath..

Kevin: That's the reason. Yung barkada. Alam mo naman sila, masyadong fans ng lumalabtim namin ni Jersey. Naisip ko na kung sa kanila ko ipapaabot yun, gutay-gutay na yun pagdating kay Jersey. Hyper kasi sila masyado e.

Ako: Mahal lang nila kayo. KevJe.

Kevin: Ayos mo.

-

At eto na, pumunta na tayo sa part na kung saan nagkasabay kaming apat na pumasok sa campus.

Sa magkabilang side kasi kami galing. Kung titignan mo yung view galing sa palabas ng campus, nasa left side sina Jersey (sa may KFC) at kami naman ni Kevin sa right side (sa may

McDo). Ewan, basta naglalakad lang kami ni Kevin habang kumakain ng silvanas, tumatawid at walang pakialam sa mundo nang...

"Guys!"

Kami ni Kevin: \*lingon lingon\*

Ako: May tumawag ba satin Kev?

Kev: Generic ang term na guys. Baka mamaya hindi naman para satin yun.

"JM! Kevin!"

Galing sa kanan namin. \*lingon sa kanan\*

Boom. Si Jersey... at may kasama sya? Wow. Impressive!

Medyo binilisan naming dalawa lumakad. At eto namang si Je, masyadong masaya.

Jersey: Hi, traitors.

Kevin: \*mocking a salute\* Hello, Ms. Gullible.

Ako: \*laughs\* Sorry. Natawa lang ako.

Jersey: \*glares\* Very funny, JM. Wala talaga kayong remorse noh?

Kevin: Bakit naman?

Jersey: Ay whatever! Nga pala.. guys, si Fernan. Fernan, si JM.. and Kevin. You met him before.

Fernan: \*to me\* Econ right? Saw you earlier sa CEM. From DSS.

Ako: \*shake hands\* Nice meeting you!

Kevin: \*shake hands\* You're teaching here? Anong subject?

Fernan: History. Pano, una na ko. May lecture pa kasi ako ng 1. Patay na kay Sir Dwight! Nice meeting you guys!

Jersey: Wait! Pano na yun-

Fernan: Dinner next Monday. Deal?

Jersey: \*smiles\* Deal.

\*exit Fernan\*

Natigang kami sa katahimikan sa may CPark for a minute. Grabe, tama ba yung nakita at narinig ko? He asked her out for dinner? IN FRONT OF THE EX BOYFRIEND! That was.. courageous of him! Kung ako yun, nako. Awkward syempre!

Jersey: Okay that was awkward.

Kevin: Not as awkward as the Italianni's incident, Debs.

Jersey: \*blushes\* SHUT UP! Please move on already!

Ako: Okay guys anong meron sa Italianni's?

Kevin: \*mouths\* Mamay-

Jersey: At bakit ko naman ikukwento sayo, traitor?

Ako: Aww come on Jersey! Ano ka, elementary? Baka mamaya may estudyante ka dyan, marinig ka pa!

Jersey: Don't care! \*to Kevin\* Wag kang magkakamaling ikwento dyan kay JM yung nangyari! Uupakan kita!

Kevin: Eh wala naman akong dapat ikwento e. Looks like nagkatotoo na yung sinabi mo sa Italianni's.

Jersey: (OO) (@@) (OO) AAACCCKK SHUT UP!! You're not helping!

Kevin: May pa "Dinner Monday night. Deal?" pa kayong drama dyan. Amin na, Jersey!

Jersey: \*insert amused smile here\* Ooohhh. Somebody's jealous.

Kevin: And somebody's assuming.

Jersey: At least magaling akong mag-assume.

Kevin: And look where it got you.

Ako: Grabe pwede bang isali nyo ko sa convo nyo! OP e!

KevJe: Not a chance. \*laughs\*

---

THURSDAY MORNING

(Sath's POV)



May brunch date ako ngayon with Jicker, Jersey and Amae before my masteral class. Talaga tong si Jersey, bigla na lang magyayayang kumain! As if libre nya noh. - \_\_\_ - Brunch? Nako, sa pad lang naman nya, she'll cook for us daw. Eerrrgggh.

(Jersey's kitchen)

Jicker: \*binuksan ang ref at kumuha ng Cadbury\* Ano teh, suko ka na?

Jersey: Ha? \*halo\* Suko saan?

Jicker: Natural! Sa pagiging prof! Hello, wrinkles abot mo nyan sa summer.

Jersey: Shut up.

Amae: Oo nga Je! Kamusta pala first two weeks mo? Anything great happened?

Jersey: Loads of great things happened! Isama mo na dyan ang Return of the Jedis.

Me: \*tingin kina Amae at Jicker\* Ansaveeh?

Jersey: \*sighs\* Maraming nagbabalik mga teh. Di lang si Kevin.

Jicker: (:O) Omaaaygas! SINONG NAGBABALIK TEH!! SI ANAKIN SKYWALKER BA YAN??

Amae: Okay please don't use Star Wars metaphors or chuchaks. I can't relate.

Jicker: Missed half of your life, sweetie.

Jersey: Sige. Una, si Glenn.

Me: Oh no. The TUHMAAAA guy? Don't hook up with him please!

Amae: At bakit naman? He's good-looking ah!

Me: But he's kinda gay.

Jicker: HEY! \*pouts\*

Me: No offense Jick! Pero ugh lang noh. I hate that guy! Kung makalait parang ang ayos pumorma! Inangyan.

Jersey: Tama na nga! At guys, I won't go out with him. Mukhang di na nga ako kilala nun e! Dinaan-daanan lang ako last week.

Jicker: Panget ka na kasi teh.

Jersey: Ulul.

Amae: Okay okay okay! Sinong next?

Jersey: Hmmm. Si JM.

Me: DEFINITELY NOT JM!!! HE'S MARRIED ALREADY!!!

Jicker: Hoy wag ka. Challenge ang married men!

Me, Je & Amae: \*mortified\* JICKER!!!

Jicker: \*laughs\* Eto namang mga teh! Di na mabiro! O, what's the deal with this JM guy? Is he cute?

Jersey: Well yeah.. Okay he's not counted. Seriously, we're frien-

Jicker: Narinig ko na yaaaaan.

Jersey: Isa pa Jicker isasampal ko sa mukha mo tong kawali.

Jicker: Joke lang naman teh!

Amae: So that only means si Glenn lang ang nagbabalik? Akala ko MGA?

Jersey: Meron pa ngang isa! Wait lang tapos nako? Expired na?

Me: Bagal kasi magkwento!

Jersey: And there's.. Fernan.

Nagkatinginan kaming tatlo. UHOH

Jicker: Changed my mind. You go after Glenn, wag lang kay Fernan!

Me: I agree.

Amae: Haaa? Why naman? Fernan seems to be a great catch!

Jersey: Oo ng-

Jicker: Ay teh wag. Ihaharang ko ang Bundok Tala at Bundok Buntis wag lang si Fernan. Hindi na ba sapat yung damage na ginawa mo sa kanya? Hello, Italianni's ring a bell?

Jersey: SHET NA ITALIANNI'S YAN! Ako lang ba ang nakamove on dun? \*we nodded\* Ay t@ngina. Kaya nga nahihya ako kay Fernan e! Plus Kevin. Alam nyo bang iisa lang sila ng building, but different departments? Grabe.

Amae: Kamusta naman kayo ni Kevin?

Jersey: Okay lang naman. And look who's the new faculty hottie guys \*smirks\*

Me: Oh no. Kevin?

Jersey: YEAH RIGHT! Grabe. I heard sa kanya raw ang may pinakamaraming nag-prerog for Fil 150. At babae lahat. Raging hormones.

Jicker: Ay nako, nagselos pa sa estudyante! Prerog ka rin.

Jersey: Jick isa pa tatamaan na kita.

Jicker: Wait lang ha. Tagal ko na tong gustong itanong.. pero like duh. Nahihiwagaan ako dito kay Kevin e! Di ba sabi nya na nakamove on na sya.. pero wala naman akong napapansing girl or something? Amae, is he dating anyone?

Amae: Hmm. Sabi sakín ni Keith wala raw e. Oo nga noh! Etong si Jersey, nagsisibalikan ang mga nakaraan, tas si Kevin.. wala? Impossible.

Me: Baka naman career mode muna si Kuya, and hello, mahirap kaya ang masteral thesis ng ComSci!

Jersey: Hey I remember something! Madalas syang may kausap sa phone. I noti-

Jicker: Yeah right. Nung pinagselosan mo yung nanay nya last time? Heard about that. Fiancee? \*laughs\*

Jersey: UGH JICK.

Me: Ayan tuloy, nabother ako! Kasi kung may iba na sya, mapapanatag na loob ko.

Amae: What do you mean?

Me: If he's with somebody else, wala na tayong magagawa dun. Dun na sya masaya e! So wala nang point kung pagpipilitan natin sina Jersey at Kevin.

Amae: Maybe Kevin's gay.

Jicker: Nope, he's not. Bading ako, alam ko mga kauri ko teh.

Jersey: Besides, I really don't care if he's dating. Good for him.

Me: Pero weird talaga! Knowing Kevin? May babae yan.

Jicker: Baka nga wala kasi nga di pa sya nakakamoveon! \*siniringan ni Jersey\* ASSUMPTION KO LANG NAMAN YUN. MAKATINGIN TO!!!

Jersey: Basta eto lang ang stand ko: I'm happy for him.

Jicker: ALAM KO NA!!! Pustahan tayo!

Jersey: Aba, ako pa hinamon mo ng pustahan Jick. Magsisisi ka.

Amae: Ooohh! That sounds fun. What are the stakes?

Jicker: Pagpustahan natin ang love life ni Kevin.

Jersey: \*shocked\* JICKER! Mahiya ka naman!

Jicker: What's the matter with you, woman? Di naman nya malalaman to eh!

Me: Go on Jick!

Jicker: Aheemm. Here it goes. I bet magkakagirlfriend si Kevin bago matapos tong taon na'to.

Amae: I'm with him!

Me: So that leaves us Jersey. Are we betting on this?

Jersey: THIS IS AWKWARD! Betting on my ex's love life? Baliw na ba kayo?

Jicker: Eh kasi ang arte nyong dalawa e!!! Ayaw pa umamin!!!

Jersey: WHAT!!!

Jicker: Ano pusta ba o hindi?

Me: Come on Jersey, nothing to lose right? And sabi mo, whatever happens, you'll be happy for him.

Jersey: Yeah but.. fine! Pero sating apat lang to okay? Wag nyo sasabihin sa mga syota nyo. Alam nyo naman sila.

Kaming tatlo: Whatever you say, Jersey. Whatever you say.

---

## **Chapter 18**

(Jersey's POV)

MONDAY AFTERNOON.

Maaga akong bumalik sa LB para magprepare ng lecture slides ko sa DEVCM 140. Inasikaso ko muna kasi yung masteral thesis ko kaya medyo busy ako nung weekend. How busy? Hindi lang naman ako nagpakita sa barkada buong weekend. Yep, ermitanyo ang drama ko! =)))

Dumaan muna ako sa Humanities Department para kausapin yung isang prof ko sa CommArts before, si Sir Dumlao. Yep, sya yung nagtanong kay Kevin kung pwede syang magturo ng COMA majors this sem. Actually isa sya sa favorite profs ko, mabait kasi pati ang galing nyang magturo about writing. Ba't ko sya kakausapin? Papatulong lang ako sa script ko.

Wait. Humanities. So pwedeng nandito si Kevin! OMG hello Jersey ba't di mo naisip yun!?! Ninja moves na naman to! WHAT TO DO WHAT TO DO!!!

Buti na lang may bulletin sa loob ng department na kung saan pwede mong makita ang cubicle numbers ng professors. Hmmm.. Si Kevin ay... Cubicle #31. Tapos si Sir Dumlao... Cubicle #14. AYOS! Dulo-dulo yung cubicles nila! No more ninja moves! ;)

Di ko na masyado ikukwento yung pinag-usapan namin ni Sir Dumlao, masyado kasing technical pati boring yun eh. Mga 20 minutes din yun! Nastress ako! Bago ako lumabas ng department..

"Ms. Santiago?"

\*tigil; silip sa Cubicle #7\*

"SIR MARQUEZ!!!!"

Flashback: si Sir Marquez ay isang prof from Literature Department. And kung matatandaan nyo, sya ang nagsulat ng Minsan Ako Si Madonna, yung play na pinagbidahan namin ni Kevin. Yep, sya ang nagsulat ng script na binago namin ni Kevin. Hello, remember the Shawarma line? Grabe, kung alam nyo lang ang pagkaloka ko nung nabanggit ko yun! :O

Sir Marquez: \*smiles\* Uy kamusta na? Tagal na nating di nagkita ah! \*yakap\*

Me: Okay naman po Sir! I'm teaching here, sa DevComm po.

Sir Marquez: Ay ba't sa DevComm? Alam mo namang.. joke! Wala akong sinabi ha!!

Me: Kamusta na kayo Sir? Grabe, it's been almost 5 years!

Sir Marquez: Eto, buhay pa naman. Finished my PhD couple of years ago. Ngayon lang ako bumalik kasi namiss ko na ang Pinas! Di ko kinayang mag-aral sa Columbia!

Me: Kayo na pong nag-PhD sa Columbia!

Sir Marquez: At least ikaw grumaduate ng magna cum laude! Congrats nga pala!

Me: Thanks po Sir!

Sir Marquez: Nagtuturo na rin pala si Kevin dito? Sya yung una kong nakita dito sa department last week. Akala ko hindi pa sya nakagraduate eh.

Me: Oo nga po eh. Never expected na magtuturo pala sya. I mean hindi kasi sa kanya bagay maging prof!

Sir Marquez: Nagsalita! Wait, may ibibigay pala ako sa'yo. \*halungkat ng gamit\* Here it is!

Me: \*kinuha yung flash drive\* Anong meron po dito?

Sir Marquez: Nakalimutan ko kasing ibigay yan kay Sir Binas bago ako umalis. Footage ng Madonna yan! Baka wala kang kopya kaya ayan. Sa'yo na.

Tinitigan ko lang yung flash drive sa kamay ko. Wow, footage ng Madonna? Never pa akong nakakita ng video ng play namin! Kasi ba naman si Amae puro picture at tili ang ginawa. Haaaay -\_\_\_\_-

---

MONDAY NIGHT.

Dahil sa sobrang excitement ko, I decided to watch the footage sa may likod ng library. Tambayan ko na kasi to ever since freshman days ko. Kahit creepy ang lugar, aba! Peaceful



Kevin: UNO. Wag na mayabang! \*tinignan yung laptop\* Hey. Ano yan?

Me: \*taranta\* E-eto? Wala! Folio ng classmate ko sa masteral.

Kevin: Wow! Indie film? Panood naman!

Me: NO!

Kevin: Eh bakit ka defensive?

Me: EH BAKIT KA MAKULIT!

Kev: AAAAH. I get it. I get it. Sige, okay lang. I know that you have certain sexual needs..

Me: Yeah ri- WAIT! ANONG SABI MO?

Kev: Okay lang sakin Jersey, naiintindihan ko yun. Mas okay pa nga na yan na lang ang pagpantasyahan mo kesa sakin diba? Mas safe yan, at less guilt :)

Me: WHAT ARE YOU TALKING ABOUT!!!

Kev: Cmon. Sa Germany marami nakong nakitang indie films na ganyan. Don't be shy. Just go on and watch your porn.

Me: (O.O) (><) (O.O) (-/////)- TENGENE KA HINDI TO PORN!!!!

Kev: Eh ano yan?

Me: I lied! Sorry naman ha!

Kev: Kung hindi yan porn, ano yan?

Me: Yung footage ng Madonna.

Natigilan si Kevin sa pang-aasar. Bigla sya naging seryoso.

Kev: Where did you get that?

Me: Sir Marquez. Pumunta ako sa Hum para kausapin si Sir Dumla-

Kev: Nasa Hum ka? Ba't di ka dumaan sa cubicle ko? #31

Me: KASI HINDI NAMAN IKAW ANG HINAHANAP KO DUN!!! Let me finish please? Ayun. Nagkausap kami ni Sir Marquez and voila! He gave me this flash drive.

Kev: Tignan mo tong si Sir Marquez! Kitang nandun lang ako sa department (-\_\_\_-) Mas favorite ka nya talaga!

Me: \*smiles cockily\* I know right.



Kev: Tara! Panoorin natin :>

Me: Fine. \*tinanggal yung earphones sa jack\* Happy?

Kev: Wait lang. \*labas ng yosi and lighter\*

Me: OH NO. Don't smoke.

Kev: \*nilagay sa bibig yung yosi\* Occasional cigarette lang to.

Me: No. \*steals the cigarette\*

Kev: Hey! That's mine!

Me: Kelan ka pa nanigarilyo ha?

Kev: Give me that! \*sinubukan agawin\* Jersey!

Me: No. Ikaw tong pasabi-sabi ng "Smoking damages your health you know" dati. Sabay ikaw tong!!! Grabe.

Kev: Isa lang. Please?

Me: NO. \*inapakan yung yosi\* Lighter?

Kev: Leche. \*bigay ng lighter\*

Me: Kung galit ka pwede ka nang umalis.

Kev: \*fake smile\* Nope. I'll watch.

Sumandal kaming dalawa sa pader ng lib. Of course, dumistansya ako from him. Baka kung ano pang mangyari e! I played the video. T@ngina. The memories! Super nostalgic panoorin nitong Minsan Ako Si Madonna! After kasi nito todo theater pa rin kami ni Kevin, kaso di kami yung main actors. Ajujuju! I MISS THIS!!!

Tahimik lang kaming dalawa, parehas pa ngang nakangiti e. Konting comments dito blahblahblah. Tumawa sya dun sa opening number ko, nung sumayaw ako ng Like A Virgin. Okay lang naman ang panonood. Pero may isang bagay akong nakalimutan:

SCENE 9.

T@NGINAAAAAAAAAAAAA! SCENE 9!!! Eto yung scene na sumasayaw kami with Crazy For You sa background. Eto yung nakalimutan ko yung next line.

ETO YUNG HINALIKAN KO SI KEVIN. First kiss for the night.

SH\*T. WHAT TO SAY WHAT TO SAY?? OMG THIS IS SO AWKWARD!!! Here we are, watching ourselves kissing. KISSING MGA TEH. Hindi basta pacute kiss or what. KISS TALAGA. Anong gagawin ko? Tatahimik na lang ba ako or magcocomment ng kung ano? Shet Jersey be cool!

Then he spoke.

Kev: Tanong ko lang. Kaya mo ba ako hinalikan kasi nakalimutan mo yung line or gusto mo lang talaga?

SHET. ANONG SASABIHIN KO EH PAREHAS TOTOO YUN!!!

Me: I forgot the line. Asa ka naman dun sa last part Kuya.

Kev: \*smirks\* Really?

Me: \*eyeing him\* Really. Wag na kaya tayong manood noh?

Kev: Sorry! Go on.

KAINIS!! Hindi ko na sya pinansin after that. Kunwari wala akong naririnig na tumatawa nang dumating kami sa Act 2, kung saan may Material Girl prod ako. Leche! Galak na galak si Kuya ampf!!! SARAP SUPALPALIN!!!

Kaso tumigil sya sa kakatawa nung scene na namin. Yung sa dressing room. Yung scene na binago namin yung lines.

Ang daming chorva tuloy ang pumapasok sa isip ko. HALAAAAA OMG LANG. Nadocument pala ang aking jealous streak! Akala ko tatahimik na si Kevin, kaso umepal pa! Ginagaya ako!

Kev: \*in his pseudo-Jersey voice\* I'm tired, Efren. Just go.

Me: \*slaps his arm\* Shut up! Wag mo nga akong gayahin!!!

Kev: Tumigil ka nga! Sa lahat ng ayaw ko ay ang nagsisinungaling! Tumigil ka na!

Me: KEVIN!!

AT ETO PA ANG PINAKAEPIC NYANG GINAYA:

Kev: \*todo emote\* May kasama kang iba.. At masaya pa kayong kumakain ng shawarma!

Me: \*binato yung tumbler\* LECHE!!!

Kev: \*todo tawa\* T@ngina Jersey ang benta talaga! Alam mo bang pinipigilan ko tawa ko dyan? HAHAAAAHA!

Shet. Di ko rin mapigilan ang tumawa! Grabe kasi tong tawa ni Kevin, nakakahawa e! Yung mga sumunod na scenes? Tinawanan na lang namin. Yung bloopers na lang ang pinakialaman namin. HAAAAHA! EH KASI ANG BENTA TALAGA!!

Sa kakatawa namin, di namin namalayan na tapos na yung pinapanood namin. Tawa lang kami ng tawa until naubusan na kami ng laughing gas. Then nagkatitigan na lang kami.

Kevin: Those two.. they were so happy right?

Me: \*smiles weakly\* Yeah. Whatever happened to them?

Kevin: Things are not meant to be for them, I guess.

Me: Harsh realities. Dammit!

Kevin: Aba, parang nagreregret ka ah! Hoy, ang pogi kaya ng ex mo!

Me: LUL! \*laughs\* Pero seriously.. Ay nevermind!

Kevin: Uy dali! Binitin pa ako eh!

Me: Teka lang, pause muna. Ako talaga nahihiwagaan sayo ah. Minsan nakikita kitang naka-eyeglasses. Tapos ngayon naman nakacontacts ka. Ano ba talaga?

Kev: Wala lang! Masama bang magpapalit-palit? Hoy. Ituloy mo na yung sinasabi mo.

Me: Alam mo ba dati, pag magkasama kami nina Jicker sa Saguijo, nagpapakalasing, he would always ask me, "What if naging kayo ni \*insert random guy's name here\*, ano kayang mangyayari?" One time si Mong yung sinabi nya, and I answered, "Siguro mas masaya." That's what I've been fantasizing for almost 8 years na! But you know what? When I woke up the next morning, and every morning pag natatanong ni Jicker sakin yun, napapatulala na lang ako sa sinagot ko. And I would scold myself: Damn. Masaya? Ako, nakuntento lang sa masaya?! Ano ako, bata? Sure, I would love to be in a very happy relationship. Pero... that's not me. I'm not contented by just being happy. Mas gusto ko yung frustrating, nakakainis pero nakakakilig, masakit sa ulo't puso, mapapamura ka na lang bigla na relationship. And guess what? I only experienced that with you. I don't want those boring couple stories like they're from The Night of the Living Dead, Kevin. Gusto ko mala-The Fast and The Furious meets Pride and Prejudice & Love Actually. That's us, for me. And I missed that.

Pero.. our time's up. We had our moments together right? I am contented with that.

Kev: Are you telling me that you have a new boyfriend?

Me: Ulul! Wala ah! What I'm saying is.. naah. Sometimes I don't believe in standards. Mahirap kasi yun, palagi kang maghahanap ng katulad nung tao. Pano naman yung iba? Siguro yun ang di nila maintindihan, nina Jicker.

Kev: Please lang wag mo kong itutulad sa ulam or something.

Me: Actually muntika- \*pinalo nya ko\* OW! Shet ka!!!

Kev: I'm really glad to know that. \*smiles\*

Me: Hey. Did you ever regret.. us?

Kev: \*sighs\* There are things I miss.. But if I didn't have you, I'd miss more.

We stared at each other for a minute. Oh God. Eto na talaga. Swear.

Me: Well.. we had our time. What the hell!

Kev: Can I ask you something?

Me: Sure!

Kev: Whatever happens, be happy for me okay?

Me: I can't promise that.

Kev: Why?

Me: Pano kung yang whatever mo yang e mamatay ka? Happy for you? Ulul!

Kev: Okay okay. Sorry naman!

Me: Linawin mo kasi!

Kev: Ano.. Hindi ka naman magagalit kung maging committed ako in the future right?

ANO RAAAAAAW?

Me: You mean girlfriend?

Kev: Yeah. Sakto.

SHET. Natandaan ko tuloy yung bet namin nina Jicker. Anti-girlfriend pa naman ako! OHNOES.

Me: Ako? Magagalit? Ulul. Hindi ako magagalit kung mas maganda ako sa magiging girlfriend mo. Kidding! It's your life naman ah, why ask for my opinion?

Kev: Wala lang. Magaling ka kasi sa mga bagay na ganyan e ;)

AT DI KO NA TALAGA NAINTINDIHAN.

---

FRIDAY.

Since wala masyadong trabaho sa studio, sa Alabang muna ako dumiretso galing ng LB. Miss ko na kasi tong bahay namin, caretaker lang ang nakatira dito. HAAAAAAAAAAAAAY! Sana eto na lang yung bahay ko sa Katips, mas okay pa! :D

Matutulog sana ako nang natandaan ko yung convo namin ni Kevin nung Monday. Kwento ko na nga kay Jicker!

\*dials Jicker's number\*

\*ring ring ring\*

Jicker: ANO NA NAMANG KAGAGAHAN ANG GINAWA MO.

Me: Haaa? Wala pa nga akong sinasabi eh!!!

Jicker: \*laughs\* GOTCHA! Meron nga! Ang galing ko!!!

Me: Very funny Jick. Nasan ka?

Jicker: Bahay. Matutulog.

Me: GAYA-GAYA!!!

Jicker: ULUL! Kapal mo. O ba't nga?

Me: May kwento ako sa'yo.

So yeah, I told Jicker what happened that night. In fairness, tahimik sya habang nagkukwento ako! Ang weird..

Me: JICKER!!!!

Jicker: AY P\*TA!!! GISING PAKO!!!

Me: Oh. What do you think?

Jicker: First of all: LECHE KA. Bakit sinabi mo kay Kevin yung ginagawa natin pag lasing!!! HELLO!!! SIS CODE NATIN TEH! Hoes before bros!!!

Me: Eh. Kelan pa tayo nagka-sis code? Bro code? Dammit! Be serious naman!

Jicker: FINE! Hmmm. Ang masasabi ko? No offense ha, pero based dun sa spiel mo kagabi, I gotta say you want him back.

Me: No, I don't. I only said that to reminisce!

Jicker: You don't reminisce sweet moments with your ex for nothing! Hello teh! Baka iniisip nun ngayon na you want him back. At ikaw tong denial d-

Me: Jicker shut up.

Jicker: Mmmkkay.

Me: Just focus on what he said! Yung last part? Anong meaning nun?

Jicker: He's asking for your permission, dammit. Di ba obvious? Pero ang weird lang nya. Kasi usually ginagawa yan ng mga lalaki sa ex boyfriend nung liligawan nya. Pero sya? Imba, SAYO PA NAGPAALAM! Hindi ko madecipher yung chorva na yun.

Me: AAAWWW DAMMIT!!! Para ngang iniimply ko dun sa sinabi ko na I want him back!!!

Jicker: E diba yun naman ta-

Me: HINDI KO NGA GUSTONG MAKIPAGBALIKAN DUN!!! ANO BA!!!! What am I gonna do Jicker? Baka magmukha akong naghahabol or something!

Jicker: Hmmm.. Alam ko na! Tomorrow night, Bar Night!

Me: Sheeeet! Oo nga! Bar Night nga pala bukas! Oh, anong meron?

Jicker: Heard from Kat na invited si Kevin, which is duh of course kasi barkada sya diba? May solution nako for that.

Me: Ano?

Jicker: ELASTOSEAL BOYFRIEND!

Me: No, Jicker. I won't do that. AGAIN. Tama na yung experience natin kay Marlo. That scarred me forever.

Jicker: Eto naman teh! Once lang naman gagawin eh! Ako hahanap ng guy! Anong gusto mo, may kamukhang artista? Matangkad? Mabango? Ma-

Me: You sound like a pimp. And no thanks Jicker. No Elastoseal boyfriend tomorrow. Feeling ko mas magugulat pa si Amae kesa kay Kevin eh.

Jicker: Payong kaibigan lang naman teh! Eto naman atribida e! Just text me if you change your mind. Osha, beauty sleep!

NO ELASTOSEAL BOYFRIEND TOMORROW. ROGER THAT.

---

SATURDAY NIGHT. November 19.

Special para kina Paolo and Kat ang November 19. Bakit? It's their 5th anniversary! And that's not all! May tradition din kaming ginagawa pag November: ang Bar Night. Aside from being a dentist, magaling na bartender si Kat. That's right! Since highschool pa sya nagsimulang mag-aral ng bartending, at kaming barkada nya ang naging test subjects. Every November kasi natatapos yung lessons nya kaya dun nya kami nilalasing sa mga mix nya. So nastuck na sya samin, Bar Night. The tradition went on hanggang sa lumaki ang barkada namin. And to prove her awesome skills, may sarili na syang bar ngayon sa Makati, ang Mako's. 3 streets away lang from Saguijo. Sosyal diba? :>

3 hours before Bar Night...

\*phone rings\*

"Hello?"

"JERSEYY!!! WHERE IN THE HELL ARE YOU?"

Halos mabingi naman ako sa sigaw ni Sath.

"Haaaa? Nasa Alabang pa ko. Why?"

"We have a major major problem here." Teka, ba't super natataranta to?

"Ano?"

"We lost the bet."

"What? Funny, Sath. Kung anuman tong kalokohan nyo nina Jicker, please lang. Spare me."

"I am darn serious! I checked Jerro's phone earlier. Nagtext si Paolo sa kanya."

"So?"

"We lost the bet. Kevin's with his girlfriend tonight."

I almost dropped my phone.

Is this for real? Shet lang! Tama si Jicker, dapat naghanap nako ng Elastoseal Boyfriend ko kanina pa.

I grabbed my car keys and sped out of the house. "I'm on my way."

---

PAGDATING KO SA MAKO'S, hindi ko mapinta ang mukha ni Amae. Sabayan pa yan ng malakas na club music and sigawan.

Me: Okaaaay. Anong meron?

Amae: I swear to Buddha na pag nakita ko yang si Kevin masasapak ko sya!

Me: Wait lang.. bakit ka galit? Di ba you're supposed to be happy? Panalo kayo sa bet ah! Kevin has a girlfriend!

Keith: \*shocked\* Pinagpustahan nyo si Kevin!?!

Me: Teka lang Keith. Hindi nyo ba to pakulo? Where's Jicker?

Jicker: Looking for me teh?

Me: Okay Jicker, knock it off.

Jicker: \*smiles widely\* Ang alin teh?

Me: This girlfriend stuff! Ikaw talaga, hindi lang ako pumayag sa Elastoseal boyfriend kay Kevin mo naman inalok ang services mo! Seriously!

Jicker: \*naguluhan\* Ha? Girlfriend? Kevin? Haaaaa? \*to Amae\* Anyareh?

Amae: T@ngina Jicker panalo tayo sa bet!

Jicker: (O.O) (O.O) THAT CAN'T BE.

Me: GUYS! HELLO!!! KNOCK IT OFF! ANNIVERSARY NINA PAOLO AND KAT & BAR NIGHT NGAYON!!! Just this once pwede bang ipagpaliban nyo muna yang Operation KevJe or something nyo! Nakakainis na talaga.

Jicker: Jersey, wala kaming kinalaman dito.

Me: \*scoffs\* Tsss. Oh really?

Amae: We're serious, Jersey. The truth is, ang plano namin talaga e pilitin ka na magdala ng Elastoseal boyfriend para magselos si Kevin. Nung hindi ka pumayag, wala na kaming ginawa ni Jicker. Petiks na lang kami. Kanina ko lang din nalaman to. Promise.

Jicker: Seryoso to Jersey. Ni wala kaming alam! PROMISE!!! Hindi ko pa nakakausap si Kevin since Wednesday teh. Promise.

Sh\*t. They are not lying. Really. They are serious.

May girlfriend na nga si Kevin.

Me: Hay ewan ko sa inyo! Basta, hindi ako maniniwala na may girlfriend sya hangga't hindi ko nakikita ng dalawang mata ko. \*tinignan sina Jicker, na currently nakanganga sa kawalan;\* Jicker? Amae? YOOHHOOO!! \*waves\* HELLO!!! RINIG NYO BA KO!!! ANG LAKAS NA NG MUSIC!!!

Jicker: T@NGINA JERSEY!!! YOU WANT PROOF? TURN AROUND.

Me: HAH. FUNNY JICKER! \*turns around\* AS IF NAMA-

Putragis. Seryoso nga.

Ayun, kausap nina Paolo and Kat...

si Kevin at yung girlfriend nya.

Tameme ako dun ah!



Bago pa sila makapunta sa table namin, umalis agad ako para kunwari kumuha ng drinks. OH NOES OH NOES BA'T AKO KINAKABAHAN?!?!?!? Kaya mo yan, Jersey! Elastoseal girlfriend lang yan!!! SHET JERSEY NAUNAHAN KA NA NI KEVIN!!!! Sinilip ko sila from a distance. Shet pinapakilala na ni Kevin yung girl kina Jicker! At todo plastic naman ang friends ko. GUJAB BEBES! >:D

I decided to go back nung umalis saglit si Kevin, papuntang CR. YES!!!

Me: \*casual lang\* Jicker! Bourbon.. Amae, absinthe.. \*kunwari dun ko palang napansin yung girl\* Heeey! Who's this pretty girl?

Jicker: Ay Je, si Tracy nga pala :)

Napatingin sakin tong si Tracy, then is it just me o bigla syang natuwa nung nakita ako!?!?

Tracy: OH! You're Jersey. Hello! I'm Tracy. \*extends her hand\*

Me: \*shake hands\* Hello!

Tracy: Oh wow. You look.. so beautiful!

Me: Thank you! Same to you :) (SERIOUSLY MAGANDA SI TEH!)

Tracy: At last, nameet na rin kita! Ang daming kwento sakin ni Kevin about you eh! I'm really glad that I've finally met Kevin's bestfriend.

Narinig kong nasamid sina Jicker at Amae. Ako rin, napatigil for a moment. Tama ba ako ng narinig? O baka imagination ko lang? O baka.. lasing nako?

Me: \*smiles\* Sorry? Didn't hear you!

Tracy: I said masaya ako na nameet ko na ang bestfriend ni Kevin.

Me: \*medyo irritated\* Best..friend?

Tracy: Yep! His bestfriend.

T@NGINA AMAE JICKER PIGILAN NYO KO. BAKA MASAPAK KO TO.

## Chapter 19

(Jersey's POV)

I love meeting new people.

Yeah. I still remember the day when I was voted as Ms. Friendly back at highschool. Wala lang. Maybe I'm too confident that this fortunate stranger will notice me, and after minutes of talking like we're BFFs, oh. We click.

But I have my limitations,too. I don't want to meet my exes' current girlfriends.

Oo na. That sounds super babaw or what, hello?! I just don't like meeting their new girlfriends? What's the point, anyway?! If they're thinking that I'll be jealous, HELL NO. It'll be a waste of time. Baka ma-insecure pa yung girl sakin at balikan pa ko ni Ex. Haha.

Sa scenario na'to, hindi ko alam kung magiging mabait ba ako o magiging b\*tchy kay Tracy. As in.

Me: B-bestfriend? Really? \*laughs\*

Natawa na rin sina Amae. Yung tawa na "Malilintikan-satin-si-Kevin-Santos-pagbalik-nya-dito" laugh. Yes way.

Tracy: Wait.. You're Jersey... Oh crap! Sorry! Mali pala! Si Maxene nga pala yung bestfriend ni Kev! Sorry! \*smiles nervously\*

Sasabihin ko na sana na "It's okay" kaso tong si Jicker, umentra na naman ang pagiging epal.

Jicker: Actually Jersey's Kevin's ex.

Me: \*glares at Jicker\* Jick.

Tracy: That's okay. I know about Jersey. Kevin told me. \*smiles\*

T@NGINA. KEVIN TOLD HER WHAT? EVERYTHING!!!! EVERYTHING!!! Eh g@go pala sya e! As if on cue, dumating sina Sath, Jerro at Kevin sa table. Tumahimik na lang muna ako, kunwari nagtetext.

"Trace," I heard Kevin shouted. "Drinks?" His girl obliged and left the table.

Dun na nagsimula ang talakan nina Amae at Jicker.

Jicker: P\*tangina please!! LOOK AT THAT!!!

Amae: I am not convinced with this. Seriously.

Jicker: ME TOO! Elastoseal girlfriend lang yan!!

Amae: At nagkamali pa sya!! Si Jersey daw si Maxene? Oh please. Di hamak mas maganda naman ang bestfriend natin kesa kay Maxene!!! Yung babaeng yon!!!

Jicker: Lintik lang ang walang ganti Kevin!!! \*to me\* Tara teh!

Me: What? Where?

Jicker: Hahanap tayo ng Elastoseal boyfriend mo!!! Umuulan na ng competition teh! Tumutulo na yang luha mo!! PANAKIP BUTAS ANG KAILANGAN DYAN!!!

Me: I can't believe you're thinking about that!

Jicker: Boy Scout ata ako. Laging handa.

Me: You're never a boy scout, Jick.

Jicker: Nagbabayad ako ng scouting fee nung elementary at highschool. Upakan kaya kita dyan.

Me: NO.

Amae: Jick, let her. Yung Tracy na lang pahirapan natin.

Sath: What? No. She's nice!

Jerro: Hold your horses, Amae. Patay ka kay Keith. Speaking of, nasan yun?

Amae: Kasama nina Paolo. Heck!! Kevin can't just bring a girl here!!! It's our tradition dammit!! Kung sinu-sino na lang pinagdadala nya!!

Jicker: Hey! Jersey brought me here nung Bar Night nyo 2 years ago ah!! Sama nito!!

Amae: But Jick, you passed the front porch test. That's why you're in.

Me: Oh no Amae, don't. Not Tracy.

Amae: Oh yes, Jersey. I don't want that girl spoil our tradition. If she passes, she can stay.

Jicker: Can I help you with the test?

Amae: Most certainly, Master.

Me: W-what? Master?

Amae: Nothing Je! Excuse lang, hahanapin ko lang ang boyfriend kong pakalat-kalat. Baka may kasayaw nang iba e.

--

Teka, siguro may nagtataka sa inyo. Ano nga ba yung front porch test? Nakuha lang yan ni Amae sa How I Met Your Mother. Test lang yun para makita kung compatible ang isang tao sa group. So far si Jicker pa lang naman ang nadagdag samin kaya isang beses pa lang nasusubukan ang front porch test.

At teka nga, bakit parang ang bipolar ko ata ngayon?! Kanina nung pinaplastic nina Jicker si Tracy, tuwang-tuwa ako. Tapos ngayon naman may pinaplano silang masama, parang okay lang sakín. What's wrong with me? AHA, I know na!

Kung magiging b\*tch ako kay Tracy, magkakagulo na naman kami ni Kevin. Okay na e! Tapos nagpromise pa ko.. Wait! Hindi naman ako.. Joke! Sabi ko hindi ako magagalit if ever magkakagirlfriend sya.. MAGKAKA!!! Hindi MAY!!!! T@NGINA I HAVE THE RIGHT TO BE MAD!!!

So yeah, I'll be the bitchy Jersey. You just wait.

-

PAGBALIK NINA AMAE sa table, kasama na nila sina Pao, Kat at ang bagong KeAcy couple. EEWWW. That.. eewww.

Front porch test begins!

Eto ang pwesto namin: Me-Amae-Keith-Jerro-Sath-Kat-Pao-Kevin-Tracy-Jicker. Nakaupo kami sa circular sofa or something. Heck, I don't know kung anong tawag dito (-\_\_\_-)

Tahimik lang silang dalawa.. at katabi pa nila si Jicker so.. ALAM NA! After naming i-greet sina Pao at Kat ng Happy Anniversary (at nakakadalawang shot nako ng tequila), mukhang start na ng initiation. Haha! Jicker gave a a final look before starting the front porch test. Dammit! I gave him my kinda assured smile. Hindi ko talaga gusto tong front porch test. I mean, what if sakín mangyari to? Di ba nakakastress? Akala mo maayos yung pakikitungo ng mga tao sa'yo tas yun pala.. you failed a stupid test. What the hell, Jicker's creating a sublime havoc right now. Nice.

Jicker: So Tracy.. tell me more about yourself.

Kev: \*laughs\* Dali, Trace. Kahit mukhang nakakatakot yang si Jicker, trust me. He won't bite.

Tracy: \*smiles\* I know. He seems nice naman e! Teka lang.. don't you have specifics? I mean, there's a lot to tell.

Jicker: (Pinipigilan nyang siringan tong babaeng to. As in pigil. Halata ko yun!) The usual stuff.. NASL, kung tanda mo pa yung text clans and whatever's way back in highschool.

Tracy: Oh. That! Ummm. I'm 22.

Jick: Oh really? But you look older!

Trace: I know. I get them with that all the time ;)) I'm an old soul.

Jick: So where did you study.. blahblahblah you know what's next. \*drinks\*

Trace: I graduated from La Salle actually.

Amae: La Salle main or Dasma?

Trace: Main. Computer Engineering.

Amae: Wow.. you don't look like an engineer to me. No offense, but I'm an industrial engineer. In fairness, mukha kang Liberal Arts major.

Trace: \*laughs\* Akala rin ni Kevin liberal arts major ako.

Kev: Eh kasi sino ba namang magsasabi na Com Eng sya? If you only saw her sa Germany, palagi syang may dalang canvas and paints. Everyday.

Jick: \*shocked\* You're into painting?

Trace: Yeah. A little hobby of mine since elementary. Actually therapy ko na ang painting, lalo na sa Germany. Kastress kasi masyado mga tao dun, parang palaging galit!

Jick: Oh gosh, I'm a Fine Arts graduate! Well I didn't major in Painting.. but yeah. Fine Arts.

Trace: \*delighted\* Really? Kaya pala parang familiar ka! Did you take classes under Sancho Cruz? '07?

Jick: You kidding me? Nandun ka?

Trace: Yup! Kaya pala medyo familiar ka sa kin. Must've seen you there.

Jick: Naaah. I sucked that lessons. That's why hindi nako nagpursue ng Painting.

Trace: Ano yung painting mo dun?

Jick: Uhhh.. Lachrymose.

Trace: Seryoso ka?!?

Kev: Bakit? Anong meron?

Trace: You painted that? Ikaw kaya nanalo ng first place!!

Napatingin kaming lahat kay Jick. Wow. Jicker the Painter? I never.. expected this. Alam kong magaling na artist si Jicker pero he never told us about this. Nice one, braaah.

Amae: Really? Ikaw Jicker ah! You haven't told us!!

Jick: Eeeh.. That's a thing in the past ah! Besides..

Trace: Ano ka ba, you're art's good! I loved that painting! I even have a picture of that in our house in Makati! Sayang, hindi mo pala pinursue yung painting. You inspired me with Lachrymose, Jicker. Nice job. \*smiles\*

Jicker warmly smiled back at her. To me? Well.. let's just say that he waved the white flag.

--

THE NEXT 30 MINUTES.. went by fast. Panong mabilis? Sabihin na lang natin na nakuha ni Tracy ang loob ng barkada. She likes wrestling (that made Keith and Pao really happy. And Shawn Michaels is her all-time fave wrestler, just like Jerro), loves sisig (Sath's delighted by this. Halata sa mukha nya na tuwang-tuwa sya na may kapalitan na sya ng sisig secrets), big fan of John Legend (Amae pretended that she's not that thrilled pero the way she asked questions! Obvious na obvious na gustong na nyang tumabi kay Tracy), seen Shakespeare in Love at least 30 times (Kat shared the same obsession, too) and Jicker? I guess he's pretty engrossed to her.

Me? I kept my mouth shut for 30 minutes. I have nothing to contribute to this.. talk. And to make things more awkward for me, saktong may tumawag sakin nung ikukwento na nila ang How They Met story. Nagmukha tuloy akong bitter dun! Pero hello, this call is very very important for me! Work, hello? The call lasted for 15 minutes, long enough to make Jicker and Amae worried about me. Bago pa ko makapasok ng Mako's, lumabas na pala silang dalawa para kausapin ako.

Me: \*sighs\* What're doing here?

Jick: Jersey, that call's so pathetic. Hindi mo na kailangan gumawa ng st-

Me: Cut it out, Jicker. \*shows phone\* See that? That's a client. I have a wedding to plan. This is not a scapegoat okay? Grabe ka.

Amae: Look Jersey.. about the front porch test..

Me: I know, Tracy passed. You don't have to tell me about it.

Jicker: Eh bakit ka galit?

Me: I am not mad, okay? Sheesh, cut me some slack here.

Amae: FYI she did-

Me: Amae, you don't have to lie to make me feel better. Come on, I've seen the look on your faces earlier when you talked to her. And Jicker gave me the white flag about 50 minutes ago.

Jicker: \*blushed\* Hey! Amae I'm sorry pero nadala ako sa sinabi nya about my painting.. Actually.. I have a problem.

Amae: Oh no Jicker, don't tell me you fell in love with her!

Jicker: Really, Amae? Really? Hello, I'm gay as hell! I hate her hair!!

Amae: Tell me about it! And the clothes! Grabe.

Me: What the hell?!?

Jicker: The problem is.. I'm having a hard time to hate her, Jersey.

Amae: Yeah, me too.

Jicker: Kasi naman! It's her fault. She's too.. likeable. I mean.. narinig mo naman yung usapan namin diba? She totally clicked with the group! I can't dismiss her in just a snap!

Amae: She's really nice. As in super nice nice. And she loves John Legend!!!

Me: I don't get this.

Jicker: Look, mahirap to para sa'yo. To see the one you love with somebody else. And whatever happened to the "You'll be happy for him" thing you said yesterday?

Me: And whatever happened to the "Bring the bitch down" look the two of you planned 10 minutes before they arrived earlier?

Amae: Gosh Jersey! Try to talk to her. Tracy is nice.

Me: I know. But I'm too tir-

Jicker: Too tired or too hurt? Come on, Jersey. You're better than this. Sa'yo na rin nanggaling, be happy for him. Live with it. Talk to her.

AND BOY, DID I TALK TO HER.

It just happened. First, I accidentally bumped into her on the dancefloor. The next thing, we're talking to each other. Like BFF's.

And they're right. It's really hard to hate her. Wow. Sinabi ko ba yun? Heck yeah. Actually ang saya ko nga habang kausap sya. Nagulat nga ako na marami pala kaming in common. Oh, I

know what you're thinking. Na kaya sya niligawan ni Kevin kasi marami kaming similarities. Naisip ko rin yan nung kausap ko sya. Pero alam nyo, I'm glad that I talked to her. Dun ko nalang napagtanto kung bakit pinili sya ni Kevin: she brought out something new from him. Yung something na never ko nalabas sa kanya. Yeah, that sucks pero.. Sometimes ganun talaga e. Kahit mahal mo yung tao, may isang part pa rin na hindi mo mailalabas sa kanya, na ibang tao lang ang makakagawa.

Hindi lang pala ako ang masaya dahil kinausap ko si Tracy.

Pati rin pala si Kevin. Pano ko nalaman? Ayun. Nagkasalubong kami sa McDo Katips. Mas nauna sila ni Tracy na umalis samon kasi "May business pa si Tracy bukas" thing. Ako naman, sadyang PG kaya napadpad sa McDo. Papasok sya, palabas ako. He was the one who stopped me.

Kev: Hey! Tara, samahan mo naman ako kumain.

Me: Eh.. I ordered to go.

Kev: Pwede naman siguro kainin yan dito diba? Come on.

I obliged.

Wala lang. Kwentuhan lang kami about sa mga nangyari kanina. Everything except Tracy. Alam nyo yung feeling na nanonood kayo ng movie with your parents and suddenly may kissing scene or love scene, tapos may awkward silence, na susundan ng talk about.. school. Basta sa kalagitnaan ng movie! Alam mo namang di tungkol sa school yung gusto nilang itanong, kasi ang totoo gusto nilang tanungin kung may syota ka na o alam mo na ba ang safe sex or something. The awkward things to talk with your parents.

Ganun ang feeling nun kapag inihiwasan nyong pag-usapan ng ex mo ang bago nyang karelasyon. Ganun ka-awkward.

It's him who broke the ice.

Kev: So.. I saw you and Tracy talking earlier.

Me: Yeah. And she even thought that I'm Maxene. Please, clear that with her.

Kev: \*laughs\* Sorry about that! Medyo madali syang makalimot sa mga bagay e.. I'm working on that.

Me: I still couldn't believe that you never told us about her. Seriously. I thought we're friends.

Kev: Yeah. I'm sorry for that.

Me: Yeah, you'd better be. And you owe me an explanation.



Kev: Gusto ko na sanang sabihin sa inyo nung kasal nina Jerro ang tungkol kay Tracy kaso.. they've been meddling with us. They're trying to get us back together. Inisip ko na pag sinabi ko agad sa inyo, lalo na kay Amae, yung tungkol kay Tracy, they might do something crazy. Alam mo naman sila, super unpredictable. Marami silang kayang gawin, and I'm afraid about that. Baka kasi may gawin sila para mawala si Tracy saakin. You think that I'm harsh to think about that, but it's a possibility, right? Masyado silang hung up satin, eh wala na yun. So.. inayos ko muna tayo. Sorry about that.

Me: That's okay.. So tell me, pano kayo nagkakilala?

Kev: Met her a year after we broke up. She spilled paint on my coffee.

Me: She what? \*laughs\* Really? How did that happen?

Kev: May cafe kasi dun na pwede kang magpaint. Ayun, we shared a table kasi puno na. Di ko sya pinapansin tas nung iinumina ko na yung kape, hinablot nya saakin bigla. Then I saw yellow paint on the cup. The rest is history.

Me: And you've been together ever since?

Kev: December last year, actually.

Me: \*slaps him playfully\* You stud! Malapit na kayong mag-anniversary! Kainis to!

Kev: Hey! You promised you'll be happy for me.

Me: Whaaat? Never said that! Kidding. Alam mo namang kahit hindi ako magpromise, gagawin ko eh. Ano ba. Bestfriend.

Kev: Ayos mo nga!

Me: Well.. What can I say, Tracy's.. quite a catch.

Kev: \*smiles\* I know.

Umalis din kami agad after naming kumain. Bago ako sumakay sa kotse ko, he said something.

"Jersey?"

"Yeah?"

"You're the best."

I just smiled. After all, that didn't matter to me that much anymore. Coz all of us know the real score: Tracy's the best for him now. Not me.

---

(JM's POV)

UUNAHAN KO NA si Jersey sa pagsasabi nito, kasi POV ko naman to. Eto na ang pinakamahabang linggo sa buhay nya.

Panong pinakamahaba? Sige, sisimulan ko ah. Tandaan nyo na Saturday night - Sunday morning yung Meeting the Girlfriend scenario.

Sisimulan ko ang kwento sa Monday afternoon, na kung saan pinuntahan ko si Jersey sa apartment nya sa Los Baños. Actually kakarating lang nya eh. Eto na nga!

-

(MONDAY)

So.. sa apartment nga ni Jersey. Bakit ako pumunta? Kinwento sakin ni Keith kahapon yung nangyari, at gusto nilang bantayan ko ang dalawa. Grabe, parang may mangyayaring masama sa kanila noh!?

Mukhang okay naman si Jersey, todo smile pa nga nung pinagbuksan ako ng pinto. Nakakagulat, medyo maliit yung apartment nya. Naman, 2 days lang naman sya nagtuturo dito, ba't kukuha sya ng malaking apartment? Di wais.

-middle of conversation-

Jersey: Hey.. alam mo bang may girlfriend si Kevin?

Ako: \*medyo nagulat, kasi di pa rin ako nakakamove-on\* WEH?!? Seryoso?

Je: Oo nga. We met her nung Bar Night. She's quite a catch. From La Salle. Computer Engineering.

Ako: \*smirks\*

Je: What?

Ako: Nothing. I'm surprised you're not ticked by this.

Je: Well he asked me to be happy. Pero kahit hindi man nya sabihin yun, I'll do that for him.

Ako: Talaga? No hard feelings?

Ako: It's been 3 years, JM. I'm fine.

Ako: Really?

Je: Yup. What's there to be bitter about? Busy ako ngayon, at ayaw kong i-risk ang energy ko sa kung anu-anong bagay. That sucks noh.

Ako: Hey. Wanna grab some dinner? Dun na lang natin pag-usapan. I'm starving.

Je: Aaaahh.. I'll pass. May ka-dinner na kasi ako.

Ako: Si Fernan?

Je: Yup. And no, it's not what you think. We're just friends.

Ako: Asus, sinabi mo na yan! That's the same excuse you told me about you and Kevin nung Math 17.

Je: Really, JM. It's not what you think it is.

Ako: Fine fine. I'll ask Kevin na lang for dinner. Tomorrow, brunch?

Je: Merienda. Can't do brunch, classes.

Ako: Fine. I'll text you.

--

So si Kevin na nga kasama ko magdinner. Pumunta kami sa Palaisdaan, kung saan napakalayo mula sa campus (kasi nasa Bay, Laguna na yun) pero ang sarap sarap ng pagkain! Dun nya sakin sinabi ang tungkol kay Tracy, at kunwaring nagulat ako.

Joke, nagulat talaga ako. Alam nyo kung bakit?

Kasi halata sa kanya na gusto nya si Tracy. Sorry guys, observation ko lang naman.

Pero mas nagulat ako nang makita ko (o ni Kevin; di ko na matandaan) sina Jersey at Fernan, na naghahanap ng table.

Nilapitan namin sila.

Ako: \*to Jersey\* Parehas lang din pala tayo ng pupuntahan eh!

Je: Aba malay ko ba!

Kevin: Nagkita kayo kanina?

Ako: Yup. 2 hours ago. May pinabibigay lang si Louise.

Kevin: Si Sheena.

Je: Si Louise.

Ako: Okay okay okay! Si Sheena Louise! Grabe. Hanggang ngayon ba naman pagkakaguluhan nyo pangalan ng asawa ko!?

KevJe: Sorry!

Je: Guys! Remember Fernan?

Ako: Duh of course! Musta pre? \*shake hands\*

Fernan: Okay naman pre! Tara, upo na tayo!

Hindi naman masyadong awkward ang first 5 minutes naming nakaupo. Balanced naman kwentuhan, hindi tumataas ng isang octave ang mga boses namin at lalo na.. okay kami.

Sabi ko first 5 minutes diba? Pagdating ng 6 minutes, ayon na. Awkward na para sakín, ewan ko sa love triangle. Nagsimula yan nung inabot ng waitress kay Fernan at Kevin yung menu.

Fernan: \*to Jersey\* Grabe, nakakalula naman pagkain dito! Hmmm.. anong gusto mo?

Je: Kahit ano, ikaw na pumili. Ikaw naman magbabayad e! \*laughs\*

Fernan: Kahit ano ah?! Hmmm. Uhh miss, isang order nga ng sinigang na hipon, grilled squid at alimango, yung malaki ah. Dalawa.

Kev: Whoaa. Wait lang dre.

Fernan: Ha?

Kev: Hindi kumakain si Jersey nung mga iorder mo. Allergic sya sa seafoods.

Fernan: \*to Jersey\* Seryoso?

Je: Yup. I'm kinda allergic to them. Pero okay na sakín yung liempo at tuna belly. Winner na yun!

Fernan: Sige ate, padagdag ng tuna belly at liempo. Tas syempre kanin.

Je: Plano mong papakin lang?

Fernan: Pwede rin. \*laughs\*

Matagal bago dumating yung pagkain namin so usap-usap muna. Shet, ako lang ba yun o may weird sa sinabi ni Kevin? Alam ko, he's looking out for Jersey. Nakakatawa naman kung aatakin si Jersey ng allergy nya dito. At ano naman to si Jersey, sinasadya ba nyang di sabihin kay Fernan na allergic sya para si Kevin yung magsabi? For what? To see if he still cares? Aba Jersey, hindi pala bitter ah! Talaga lang!!!

Medyo tahimik lang kami habang kumakain. Usap ng isang topic for 3 minutes, kain, usap ulit. Routine ba.

Pero pag nag-uusap sina Kevin at Fernan, parang.. may something e. Di ko mapoint out!

Wow, para akong nanonood ng action movie ngayon. Mala- FPJ vs, Paquito Diaz ang dating! Okay JM, ang OA mo naman. Pero hindi talaga e!! PARANG GANUN NA NGA!!!

Sinong naglalaban?

Kevin vs. Fernan lang naman.

"So Kevin, sabi sakín ni Jersey naglalaro ka rin ng lawn tennis?" tanong ni Fernan habang kumakain kami. Aba, casual lang ah!

"Yep. Actually ako nga yung first ever champion ng Boston Lawn Tennis Tournament, wayback 2010. Why?"

"Wanna play sometime? Matagal na kasi akong naghahanap ng kalaro eh."

"Sure! Name the place and time, I'll be there."

Reaction ni Jersey? Ayun, mukhang torn between two lovers.

--

(Jersey's POV)

ANG PLACE AND TIME? Ayun, naging Tuesday afternoon, sa tennis court malapit sa Freedom Park. Katabi lang nun nung volleyball court kung saan kami nag-PE nung 1st sem namin sa LB.

Hindi ako kasali sa game, pero mas nauna pa ako sa players. Tambay muna ako dito sa may Grandstand, papunta na rin naman si JM kaya okay lang.

Wala lang. Sarap magreminisce. Dito sa Grandstand.. ano nga bang nangyari dito? Ah! Dito ako sorta ginamot ni Kevin, after akong batuhin ni Charlie ng bola sa mukha. Tanda ko pa yung araw na yun! Kinantahan ako ni Kevin ng Wonderwall.

Okay okay Jersey. Anong meron? Ba't ka nagrereminisce dyan? Hello, may Tracy na po sa kwento. Bakit nga ba?

Kinakabahan kasi ako sa Kevin vs. Fernan. Trust me, pag nagsimula tong 'away' nila, malaking damage to samin ni Fernan. Kasi hindi lang naman ako ang madadamay :((((

"Ba't ka emo?"

Me: AY LECHE!!!

\*lingon\*

Me: Inangyan Kevin!! JM isa ka pa!!!

Tumawa na naman sila nang wagas.

Kevin: Dapat pala palagi natin syang ginugulat noh?!

JM: Sarap tawanan eh!

Me: Ay ang funny nyo. Ba't nga pala kayo magkasabay?

Kevin: Actually magkakasabay kami nina Fernan dumating. May kinakausap lang sya sa may court.

Nawiweirduhan talaga ko pag sinasabi ni Kevin yung pangalan ni Fernan. Parang may something na ewan eh! O ako lang yun? Ewan!! After a minute sinenyasan kami ni Fernan na okay na raw ang court. Naglakad naman kaming tatlo papunta.

(habang naglalakad)

Me: Hey, Mr. Champion. Take it easy.

Kev: \*grins\* Bakit?

Me: I know how you play. Be gentle.

Kev: Wag kang ganyan, never ka lang nanalo saakin.

Me: I did win! Once!

Kev: Nagpatalo lang ako nun noh. Ano ka ba.

Me: That's pathetic.

Kev: Yeah, I know. Pathetic. Pero alam mo naman ang taong in love, minsan pathetic.

Me: Shut up.

Kev: Aaah. Things people do for love. \*winks\*

Di ko mapigilang maiinis.

-

AS EXPECTED, hindi naging mabait si Kevin kay Fernan sa court. Fine, magaling si Kevin sa tennis.

Pinakamagaling sya sa tennis, followed by basketball, volleyball, chess and soccer. Kainis. Sya na athletic!

JM: \*whispers\* T@ngina ba't ang galing nila pareho.

Me: G@go tong si Kevin! Sabing wag pahirapan si Fernan e!!

JM: Relax lang Je! Game lang yan.

Me: Kilala ko si Kevin pag namemersonal na. And he's doing it!!!

JM: Ba't naman nya gagawin yun?

Me: Ewan!! That twat!!!

-

HULAAN NYO KUNG SINONG NANALO.

Natural, si Kevin.

Fernan: \*pants\* Shet dre, ang galing mo. Champion ka nga.

Kev: You're good. Tara, next time ulit?

Fernan: Sure! \*shake hands\*

I am not happy about this. Obvious naman na sinasadya ni Kevin na pahirapan si Fernan! Ganun din yung ginawa nya sa kaklase namin sa lawn tennis nung 3rd year! Pinahirapan din nya. P\*cha talaga!!!

Nang umalis na sina JM at Fernan, I confronted Kevin.

Me: What was that?

Kev: Ang alin?

Me: Hah. Stop doing that.

Kev: What? Ano na namang ginawa ko?

Me: I told you to be gentle!

Kev: Yeah, as if 70 years old ang kalaro ko, Jersey.

Me: Ayos mo!!!

Kev: Teko, ano na namang pinuputok ng butse mo ha!? Lalaki si Fernan, alangan namang magpakalambot ako sa laro? It's just a game, Jersey. Kung di ka satisfied sa results, fine. Next time papatalo ako kay Fernan, just like what I did for you before. Happy?

Me: Don't be so stupid, Kevi-

Kev: No, shut up. I'm not stupid, you are.

Me: Take that back.

Kev: I won't! Grabe Jersey, pwede bang tanggapin mo nalang na ako panalo? May susunod pa naman, malay mo manalo na si Fernan.

Me: I know you! Gagawin mo lahat para talunin sya! I've seen this be-

Kev: \*laughs\* Wow. Slow down, Jersey. Bakit naman magiging atat ako na talunin si Fernan? Wala kasi akong maisip na pwedeng dahilan. Baka ikaw meron? Supply me a reason, will you?

Wala akong maisip.

Kev: That settles it. Sa susunod nga Jersey, bago mo ko awayin at sigawan, gamitin mo naman yang magna cum laude intelligence mo. Akala mo kasi lahat ng ginagawa ko e para sa'yo. Wag ka ngang ganyan.

And with that, he left me.

Nakakainis! Bakit ba palagi na lang syang tama!?

## **Chapter 20**

(Jersey's POV)

Yeah, inunahan na nga ako ni JM. Eto na talaga ang pinakamahabang linggo ko this year. Dammit! Daig pa nito ang isang linggong pag-aayos ng wedding! Sheeeeet ://

So, ituloy na natin ang longest weekend ko ever.

THURSDAY.

Nagstay ako sa LB for a day kasi may favor na hiningi sakin yung isa kong student, si Shai. May theater production kasi sila ng Rizal X, and since naging close agad kami (and dati rin akong umaarte sa theater), she asked me to watch the prod sa DL Umali.



Okaaay. So si Shai ay isang 3rd year CommArts student. So that only means one thing.

Professor nya si Kevin sa Fil 150.

So that means she invited us together.

"And she even gave me his tickets! Bummer," reklamo ko kay JM, Thursday morning, habang nagbbreakfast kami sa Boston.

JM: Alam ba nya...

Me: No. She's my student in DEVCM 140. Di kasama sa course ang magkwento about sa tennis game gone wrong.

JM: Whatever you say. Pero you should go. Shai's expecting you.

Me: I am going. Ewan ko lang kay Kevin. Ang bitch nya sakin nung Tuesday! Can you believe that!

JM: Well.. may point sya sa sinabi nya...

Me: You didn't just say that!

JM: Then why are you acting like that?! Shut up, Jersey.

Me: I can't shut up!

JM: Alam mo, minsan hindi ko kayo maintindihan. The both of you aren't that exciting anymore. First, may girlfriend na si Kevin. Second, hindi ka pa rin makamove on sa kanya. Third.. bakit hindi na lang maging kayo?

Me: And what do you want me to do? Agawin si Kevin kay Tracy and voila, forever live with guilt?

JM: Wala akong sinabing ganun ha!

Me: You're implying that. Tama na nga, this sucks.

JM: Hmmm.. I can say you're disappointed.

Me: I am not.

JM: All this time you thought he's available but it turned out.. not so well.

Me: What! \*palo sa braso\*

JM: O! Ayan o! Halatang-halata!

Me: Okay okay! You don't need to sound so much.. bwiset! Well yeah! Hello, he gave me signs ever since he came back! Bawal bang mag-assume?

JM: Hindi naman. Pero pag nasaktan ka, kasalanan mo rin.

Me: I know. Sucks to be me, right?

JM: Yeah. Sucks to be you. Something's off with him. I don't know.. Ang weird lang. How come he didn't us about Tracy?

Me: He explained that to me already.

JM: Not enough to me. Believe it or not guys are supposed to tell stories like that. Call us highschool or girly.

Me: For 2 years hindi nya tayo kinontact. That was the weird part.

JM: Wanna play detective?

Me: Whaaaaat! No!

JM: Aysuuus. Curious ka rin.

Me: Well of course! Pero privacy naman kay Kevin. People change, you know. Kung naging secretive sya, well bahala na. Magkukwento naman yun kung gusto nyang ikwento e. Hintayin na lang natin na sya na lang magkwento.

JM: Gusto rin nyang usisain :>>

Me: Justin Marion tumigil ka.

JM: Fine, Mom. At least I got you thinking \*winks\*

Me: Lul! Umayos ka nga. At dahil curious ka, eto. \*inabot yung tickets\* Ikaw na magbigay sa kanya ng tickets. Para masimulan mo na yang detective thing mo.

JM: He left last night.

Me: AT NGAYON MO LANG SASABIHIN SAKIN YAN!!!! COME ON JM!!!! Ano ba!!!

JM: Eh nakalimutan ko e hehehehe =))))

Me: Not funny! Now call him!! At kung di sya makakapunta, sya na lang magexplain kay Shai. Bahala sya sa buhay nya.

---

(JM's POV)

Bakit ko ba kasi sinabi kay Jersey yung detective thing?!? Ako pa tuloy hahagilap sa mokong na to! Baka kasama nya yung girlfriend nya ngayon. I did some research about this Tracy Villanueva. Maayos naman, walang bakas ng kung ano. Kaso hindi lang sila naka-in a relationship ni Kevin sa Facebook. Yep, may pictures pero ba't walang relationship status? Daig pa sila ng mga magsyota sa highschool, MARRIED na nga ang status nung iba. Tapos tong si Kevin, wala? At least hindi nakalagay na Single. Dun talaga ako magtataka.

\*calls Kevin\*

\*ring ring ring\*

Ako: Hello! Kevin!?!

Shet. Ba't ganun yung kabilang line? Ang ingay!!! 1:30pm pa lang, at kung nasa bar sya, di naman ganyan ka-ingay. At sinong iinom ng 1:30pm?! Baliw.

Kev: JM!

Ako: Kevin! Di kita marinig!!! Nasan ka!?!

Blahblahblah ang daming maingay!!! Seryoso ang sakit sa ulo!!! Puro bata halos. Kainis.

BG: At SM.. we got it all for you!

HAAAAAAAAA!?!?! NASA SM SYA!!! ANO TO, CHRISTMAS SHOPPING?!?! Well 4 weeks na lang bago magpasko... KAHIT NA!!!

Ako: Kevin!!! Naririnig mo na ba ako!?!

Kev: Y-yeah! Sorry about that. What's the problem?

Ako: Nasan ka?

Kev: SM Makati. Toy Kingdom.

Ako: Ha? Anong ginagawa mo dyan?

Kev: Looking for Matchbox. Tapos Transformers! Shet ang ganda nung bagong model ni Optimus Prime!!

Ako: Di ng- Wait lang!

Kev: Bakit?

Ako: Free ka raw ba mamayang gabi?

Kev: Depende sa nagpapatanong.

Ako: Si Jersey.

Kev: O bakit daw?

Wow lang ha. Walang halong galit or something. Sabi na nga ba, pagod lang si Kevin kaya nya nasigawan si Jersey nung Tuesday!

Ako: Aaah. Binigay kasi sa kanya ni Shai yung tickets mo for Rizal X. She's asking if you'll go.

Kev: Yup. Actually babalik din naman ako ng LB after ko dito. Paiwan na lang sa pintuan ng apartment ko yung ticket.

Ako: Hoy siguraduhin mo na pupunta ka! Mauupakan ka ni Jersey. Tsaka dalhin mo dito si Optimus Prime. Patingin!

Kev: Sige. Bye!

Hmmm. Wala namang masyadong weird kay Kevin e! Ganun pa rin naman sya, mahilig sa robot at action figures. Ha? Yun ba yung changes na hinahanap ko? Parang hindi ata yun!

---

(Jersey's POV)

WHERE IN THE WORLD IS HE?!

Okay. Ako na medyo tense! I wasn't expecting that he'll go! Hello. Ang awkward kaya! At hello Jersey, pwede naman syang umupo sa ibang upuan, bakit mo sya pinagsave ng seat!?!

Ay ewan. Basta dun ako umupo sa fave spot ko sa Audi: center, super backrow, middle seat. Dito ako palaging umuupo since freshman. Fine, dito kami palaging umuupo ni Kevin. Ang ganda kasi ng view mula dito eh! Kahit malayo okay lang, kita pa naman. Wag nga lang pansinin ang butas na upuan at spring na bumibiktima ng pantalon. Heck, this is the best spot here!

Kanina pa ko tingin nang tingin sa phone ko. Nasan na yun? Ayaw ko naman itext, baka galit pa sakin. Baka sabihin na ang needy ko masyado. At feel ko ako pa ang magsosorry!

May narinig akong naglalakad palapit sa pwesto ko. Akala ko si Kevin! Yun pala...

"Miss, is this seat taken?"

Hindi pala sya.

"Yup!" (Gusto ko sanang barahin ng "Kitang may nakalagay na bag e! Hello!!!" kaso baka maoffend naman. Wow lang)

7:15pm na at di pa rin nagsisimula. Oh great. Palagi na lang ganito!! Makatulog nga muna. Magigising naman ako pag tumayo na silang lahat para sa Lupang Hinirang or something.

Ewan. Nakatulog nga ata ako. Basta. Nakatulog ako. Seryoso. Nakatulog ako.

Pano ko nalaman?

May gumising kasi sakin.

"Hoy." \*alog alog\* "Jersey! Ano ba!!! Tapos na yung National Anthem! Grabe ka. Tinulugan mo yung Lupang Hinirang!"

\*yawns\*

\*blink blink blink\*

Oh great. He found me alright.

--

(Kevin's POV)

Di ko inexpect na isang tulog na Jersey Santiago ang nakita ko pagpasok ko ng Audi.

Pano ko nalocate kung nasan sya nakaupo?

As usual, instincts. Ayaw nya umupo sa may gitna, masyadong malapit. Sa mga gilid naman, sasakit daw leeg nya. Kaya dito sya sa pinakalikod umuupo. Ganyan din yan sa sinehan. Trust me, she's crazy.

Actually naghehesitate pa nga ako kung anong gagawin ko pag upo ko e. Kung tatawanan ko ba muna sya o gigisingin. At ang t@nga, iniwan lang yung bag sa tabi! Baka mamaya may nanakaw na sa kanya e.

Aba, ang sarap pa ng tulog nya! Ano naman kaya pinaggagawa nya buong araw? Ah, baka kasama si Fernan. Teka gisingin ko na nga to!!

"Hoy." \*alog alog\* "Jersey ano ba!!! Tapos na yung National Anthem! Grabe ka. Tinulugan mo yung Lupang Hinirang!"

Jersey: \*blink blink\* \*yawns\* Start na ba?

Ako: Hindi pa naman. Just in time.

Umayos kaming dalawa ng upo. Teka, familiar tong.. Aaaah. Eto yung fave seats namin dati. Nice lang. Pero ang awkward. She's not talking to me. Problema nito?!

Ako: Nga pala, thanks dun sa tickets.

Je: It's nothing. \*pero nakatingin pa rin sa stage\*

Ako: Sabi nga pala ni JM tambay tayo sa Dairy Moor mamaya after this. Pwede ka?

Je: Hmm. Yup.

ANO BANG PROBLEMA NITONG BABAENG TO!?! PMS? Leche. According Jersey Leetspeak, galit to sakin. Kainis.

"Don't ignore me."

"I'm not ignoring you!!"

"Talaga? We've been sitting here for 20 minutes at hindi mo ako kinakausap."

"Kasi nanunuod ako."

"Ano ba, Jersey. Galit ka pa rin ba?"

"SSSSSSSHHHHHHHHHH! Pwedeng tumahimik?"

"Ayan, napagalitan na tuloy ako."

"Kasalanan ko?" she gave me that drop dead look. Dati pag tinitignan nya ko ng ganun, natatakot ako. Pero ngayon...

"Ayan ka na naman eh."

"Ano na naman?"

"Please, wag mo nga akong tignan ng ganyan, nagkakasala ako e!"

"That's why you called me Devil Woman, right? I'm tempting."

Ngumiti na lang ako. Tracy. Tracy. Tracy. Tracy. Jers- Tracy. Tracy. Tracy. Jersey.

T@ngina Kevin Santos, umayos ka. May girlfriend ka na.

Je: \*stares at me\* Hey. You're creeping me out.

Ako: You're the one who's creeping me out! Umayos ka nga!

Je: \*whispers\* Ano na naman bang ginagawa ko sayo?

Ako: Just.. don't look at me like that.

Je: You mean like this? \*insert Jersey's THE LOOK\*

Ako: \*tingin naman sa stage\* Dammit! Stop doing that!!!

Je: At bakit naman?!!

Ako: You're smoldering me.

Je: I'm so not smoldering you! Ikaw lang yan, Kevin. Umayos ka nga!

Ako: Ikaw ang umayos!

Random Girl: SSSSSSHHHHHH!!!

Kaming dalawa: Sorry!

Ako: Kasalanan mo yan. Wag mo nga akong titignan ulit ng ganun.

Je: Kasi malulunod ka na naman sakin? \*smirks\*

Ako: Di pa rin nawawala yan weird humor mo, Jersey. Nice one!

Je: Beats me. So can we watch the play now? Baka mamaya manghingi ng reviews si Shai tas ang masabi lang natin: "Ay nag-away lang kami ni Kevin throughout the play. We barely noticed your performance nga e! Sorry!" Wow. Just wow.

Ako: Ako nanonood ako. Ikaw kaya tong tingin nang tingin sakin.

Je: \*hampas sa braso\* Don't be too self-absorbed, Santos. Please lang. Nood na tayo please?

Ako: Fine. Whatever you say.

TINAPOS NAMAN NAMING dalawa yung play na hindi masyadong nag-aaway. That and masama pa rin yung tingin samin nung ateng kanina pa kami sinisitsitan.

(palabas ng Audi)

Je: \*shouts\* Hey! Dairy Moor, right?

Ako: Ano ka may amnesia? Oo sa Dairy Moor.

Je: Nagtatanong lang! See you in a bit! \*punta sa kotse nya\*

Wala pa si JM nung dumating kami sa Dairy Moor. I knew it. Umakyat kami sa 2nd floor at dun tumambay.

Je: Hey. JM texted. He's still checking Econ exam papers pa raw. Pero malapit na raw syang matapos.

Ako: Sabihin mo libre nya lahat ngayon. Upakan ko sya e. \*labas laptop\*

Je: Grabe, lahat gagawin para makalibre. Whatcha doing?

Ako: Thesis?

Je: Oh.. right. Kamusta thesis?

Ako: Sucks. Ngayon ko lang ulit ginalaw to. Since last week.

Je: Wow. Slacker.

Ako: Aba, nagsalita ang tamad.

Ako: Hey! Sa January na ako magsshoot ng thesis ko. Tsaka maikli lang naman yun. Di kagaya ng sayo, nakakabaliw.

Ako: Sorry naman ah, ComSci.

\*awkward silence\*

Je: Hey.

Ako: Hmmm? I'm busy.

Je: I'm sorry about last Tuesday. I shouldn't have lashed on you like that.

Ako: \*closes laptop\* Sorry din. I was way out of line. Ikaw naman, wag kang paranoid.

Je: \*blushes\* Eh kasi naman! Ang taray mo kaya since Monday!! Tanong ko lang, okay pa ba ang mental state mo?

Ako: \*laughs\* Lul Jersey. Di ako baliw! Stressed lang. Baka ikaw tong siraulo na. Oh wait, matagal na pala.

Je: \*hampas\* Walangya ka!! Leche to.

Ako: Kung makahampas parang bati na tayong ah!

Je: Bati na nga ba tayong?

\*1 minute stare-off\*

Ako: Naaah.

Je: Anong 'naaaah' ka dyan!?! Hello ako na nga tong unang nagsorry!

Ako: Nako. Bakit ba pag nagsosorry ang magkaaway sa isa't isa, palagi na lang tinitignan kung sino ang unang nagsorry? Porke ba mas nauna syang magsorry, sya yung dehado o pinakagUILTY? O pinapamukha lang nya dun sa isa na sobrang bait nya na sya na tong nauna para makonsensya yung isa? Hindi na lang nakuntento sorry. Palagi na lang ba natin irarank ang lahat ng bagay?

Je: Tapos na po ba kayo sa word, Pastor Kevin?

Ako: Hey, I'm not joking.

Je: Fine. So.. does that mean we're okay?



Ako: Hmm. Sige na, we're okay. May shoot tayo tomorrow afternoon kaya dapat buddies tayo.

Je: Eewww. Buddies.

Ako: O di kaya chums. Kung ayaw mo ng buddies.

Je: You're making me vomit.

Ako: Ay nasusuka ka? Sige tuloy lang. Sabihin ko pa lang kay JM na umorder ng blueberry cheese-

Je: Fine! Di ako nasusuka! Pwede bang wag mo kong pagtripan?

Ako: Sorry ka, enjoy akong pagtripan ka e! Deal with it.

Je: Then deal with this! \*hampas ng bag sa ulo\*

Ako: Aaah pucha! Nakaka-lalaki ka na ah!

Je: What! Baliw!!

"Hey guys!"

\*lingon\*

Kaming dalawa: JM!

Nakangisi samin si JM habang papunta sa table.

Je: It's not what you think.

Ako: Ha? Anong pinagsasabi mo dyan?

Je: What! Oh no. Wala akong sinabi! \*glares at JM\*

JM: \*todo tawa\* Baliw ka na ata Jersey!

Je: Hey! What did I do?

JM: Nothing. It's cool guys.

Ako: Ha? Teka wala nakong maintindihan sayo. Sabaw ka na ba sa macroeconomics?

JM: Yeah. It is. And I get it. You're just one of those couples. Even when you're not a couple, you'll always be a couple.

Kami ni Je: WHAT ARE YOU TALKING ABOUT!!

JM: Tignan nyo ha. Guy and Pip. Romnick and Sheryl. Sharon and Gabby. Marvin and Jolina. Hindi naman sila in real-life pero para sa iba sila pa rin. Gets nyo?

Je: Di ba kanta ng Sugarfree yan?

JM: Yeah.. I was listening to that al- Shut up.

Ako: Ano kami ni Jersey, loveteam? \*laughs\*

JM: Exactly!

Kaming dalawa: Eeww.

JM: Pa-eeww pa kayo dyan, gusto nyo rin naman.

Je: Actually JM gusto namin ng blueberry cheesecake, frenchfries and frappe. If you don't mind :)))

Ako: Nice segue, miss! \*apir\*

JM: Pasalamat kayo nalate ako. We should do this again, kung sinong malate sya manlilibre.

Je: Aba, matutulog nako kung san man tayo kakain!

Ako: OA!

Je: Che!

JM: Kev, nasan na si Optimus Prime?

Ako: In the car. Mamaya na lang, precious yun.

Je: You bought a robot? Grabe. Ano ka, bata?

Ako: Pasensya na ha, nerd kasi ako sa robot.

Je: What happened to the ac-

Ako: Alin? Sa Dawn of the Dead action figures? Sa condo. Di mo nakita?

Je: \*medyo natigilan\* Wow. I'm surprised. Tinago mo pa pala yun.

Ako: Special Limited Edition ba naman, ba't di ko itatago? \*smiles\*

JM: \*whispers\* You'll always be a couple...

Je: Che!

JM: So Kevin.. since nandito na rin lang tayo.. Tatanungin na kita. Kelan mo naman ipapakilala samin ni Sheen si Tracy?

Je: Sheen? Eeww JM.

JM: Married thing. You'll get that later on. \*to me\* Ano na?

Ako: Si Tracy? She's not in the country eh.

Je: Ha? Eh nung Sunday ka-

Ako: She went back to Paris nung Monday. Her lessons resumed kasi.

JM: Lessons?

Ako: She wants to be a patissiere. Weird noh, Computer Engineer na mahilig sa painting at gustong maging patissiere. \*snickers\*

JM: Aww sayang! Gusto pa naman sya makilala ni Sheen.

Je: That nickname creeps me out.

JM: Asawa mo sya?

Je: Fine! No need to be scary..

JM: Eh kelan balik ni Tracy?

Ako: Sometime in January? I'll ask her.

JM: So someone's a member of SMP huh.

Ako: Lul pre! Ayos nga!

Je: Kevin, tama ka nga. Sabaw na to sa macroeconomics. Kung anu-ano na pinagsasabi eh!

JM: Oy iniiba ang usapan!

Je: Ha? Ano na naman bang ginawa ko?

JM: Ikaw naman, Je. Kamusta ka?

Je: Uhhh we ate brunch earlier.. so?

JM: I mean, kamusta kayo ni Fernan? \*grins\*

Je: We're fine.. thanks for asking.

JM: Nothing else?

Je: Come on, guys. There's nothing between us! We're colleagues who hang ou-

Ako: Narinig na namin yan :>>

Je: Pati ba naman ikaw!!! Please lang guys ha. Fernan and I are friends. That's it.

JM: Parang di ako convinced.. Ikaw ba?

Ako: Same here, pre. May so- \*hampas sa ulo\* T@ngina! Kanina ka pa ha!!!

Je: Eepal nyo kasi! \*hampas kay JM\*

JM: Grabe ka!!! Parang highschool na inasar sa crush eh!

JM: Dyan nagsisimula yaaaaaaan! :DDD

Je: Isa pa, Justin Marion. Uupakan na talaga kita!

-

Inabot kami ng 3 hours sa kwentuhan at asaran. Nagdecide lang kaming umuwi nung nagyaya na si Jersey. May important brunch daw kasi sya ng 10:30 am. Busy talaga sya!

(bago makasakay ng kotse)

Ako: Jersey!

Je: Yup?

Ako: Uuhh.. Bukas?

Je: Bukas? Do you mean later or Saturday?

Ako: Tsss. Later.

Je: Why?

Ako: Tara pizza! I mean.. if it's okay.

Je: Ahaa. Baka kung okay sayo. With Tracy and stuff..

Ako: We can always call Jicker to join us.

Je: Works for me! Wait. Roxas Boulevard tomorrow right?

Ako: Affirmative. See you?

Je: Not if I see you first ;))

---

(Jersey's POV)

Stressful ang Friday ko. First, isang stressful na meeting/planning with friends over brunch, then yung photoshoot sa Roxas Boulevard with Kevin nung hapon. Buti na lang nanlibre si Jicker sa Brooklyn Pizza. Aaaah! I love my friends!

Sabay kaming umuwi ni Kevin. Of course, hindi iisang kotse yung gamit namin. Mas nauna pa nga sya kesa sakín e! Kainis

Pagdating ko sa building, I noticed something wrong. As in something wrong. May trucks sa parking lot. Parang ngayon lang ako nakakita ng ganung karaming truck noh!?! Pero ang weird talaga e. Ang weird. Tsaka ba't ang onti ng sasakyan? Must ask the guard.

Me: Kuya Bill!

Kuya Bill: Ma'am Jersey! Musta ho?

Me: Okay lang po! Kumain na kayo?

Kuya Bill: Naman, Ma'am! Kakatapos lang ng break ko.

Me: Uuhh Kuya.. Ano pong meron? Bakit ang daming truck?

Kuya Bill: Aahh. Di nyo po alam?

Me: Ang alin po Kuya?

Kuya Bill: Naku po! Ngayon lang po ba kayo uuwi?

Me: Opo. What happened?

Kuya Bill: Uuhh. Actually po Ma'am pinaparelocate po kayo for 2 weeks. Isasara po tong buong building.

Me: WHAT. THE. HELL.

Kuya Bill: Marami po kasing nagrereklamo dun sa water pipings at wirings. Tapos nasakto pa po sa overall renovation every 5 years.

Me: So ibig sabihin.. I need to move all of my things away?!

Kuya Bill: May lugar po na pwede nyong ipalagay yung furnitures nyo at kung anu-ano pang malalaking gamit. Nung Saturday pa po binigay yung notice. Hindi nyo po nakita?

Oh. My. God. This. Isn't. Happening. Where. Am. I. Suppose. To. Go. Now?!?

Me: Ilang weeks daw po tong.. renovation?

Kuya Bill: 3 weeks po Ma'am. 37 floors po tong building, di biro ang renovation.

Me: And.. kelan po start..

Kuya Bill: This Sunday po.

OHMIGOD OHMIGOD OHMIGOD OHMIGOD OHMIGOD OHMIGOD!!!! BAKIT ANG BILIIIIIISSSSSS!!! NOOOOOOO!!!!

I immediately grabbed my phone and dialled Jicker's number.

Me: P\*tangina Jicker!!!

"Jersey! This isn't Jicker."

Sinilip ko yung phone ko.

F\*ck.

Si Kevin pala natawagan ko. Teka, kelan pa sya naging Speed dial #3 ko!?!?

Me: S-sorry. I must've dialled the wrong number.

Kevin: Hey. Are you okay? Nasan ka?

Me: Building lobby.

Wala pang 3 minutes nasa lobby na sya.

Me: Wow. You're fast.

Kevin: I'm on my way to Ministop.. Ah leche. What's wrong?

Me: I-rerenovate raw tong buong building. This Sunday. And they ask us to move out ASAP.

Kev: At ngayon mo lang to nalaman!?!?

Me: Well nasa LB ako the whole week.. and I forgot to give them my new number.. Dammit! Anong gagawin ko!?!?

Kev: First, you should calm down. Take a deep breath. Think clearly.

Me: I AM CALM!!!

Kev: Okay okay! Chillax lang. You should find a temporary place to stay.

Me: THAT'S MY PROBLEM!!! How in the world can I find a place that fast!?! I should move out starting tomorrow!!!

Kev: Uuhh.. How about Sath and Jerro?

Me: Ang layo ng Alabang!!! Masters hello?

Kev: Amae?

Me: With her parents.

Kev: Kat?

Me: With her parents, too.

Kev: Jicker?

Me: Oh no. Not there. Party central no way.

Kev: Eh kung magiging mapili ka eh sa kalsada ka na lang. LB?

Me: Too far. Magiging busy ako dito sa Manila this week and the following weeks.

Kev: Oh. How ab- Wait. I'm going to suggest something. You may not like this.. \*stares at me\*

Me: \*stares back\* What?.. Oh no. No Kevin. No no no no no no.. Not that. I know what you're thinking! NO CHANCE IN HELL!!!

Kev: Think about it! Malapit sa UP. Walang kasamang parents. Hindi party central.

Me: Thanks but no thanks Kevin. Plea-

Kev: Aww come on Jersey! It's not that bad!

Me: ANONG NOT BAD!!!! HELLO!!! ARE YOU EVEN THINKING!? ARE YOU SERIOUS?!!?

Kev: Yup. I am darn serious. Friends right?

Live with me. For 3 weeks. Come on, 3 weeks won't hurt, right? Ano, are you in?

Me: Are you sure about this?

Kev: Yup. Very sure. Friends, right?

Me: So.. \*sighs\* when can I move my stuff?

## Chapter 21

(Jersey's POV)

SUNDAY MORNING

Siguro baliw nako. As in. Hindi pala ako baliw, desperado lang pala ako. Ikaw ba, if ever ikaw ang aalukin ni Kevin na tumira kasama sya for 3 weeks, papayag ka? Ako? HINDI KO ALAM KUNG BAKIT PUMAYAG AKO. WHAT HAPPENED TO ME!!! Desperate times, desperate measures ://

I spent the whole Saturday packing my things. Shems, ang dami ko palang gamit! Buti na lang kokonti lang ang furnitures ko. Puro damit, papers at kung anu-ano pa ang inayos ko. Tinabi ko na rin muna ang desktop ko at ang pinakamamahal kong flatscreen. Teka, flatscreen din naman ang TV ni Kevin diba? Ay choosy! ;P

AY SHET. Magagalit sakin si Kevin nito. Sabi pa naman nya na kahit kalakihan ang condo nya, dapat dalhin ko lang yung kailangan ko for 3 weeks. Winner lang! Ayan. Buong Saturday morning akong nag-isip kung ano ba talaga ang dadalhin ko. Of course, nahiya naman ako kay Kevin! Sa dami ba naman ng gamit ko, baka ako na ang may-ari ng condo!

Wait.. nga pala.. Hindi namin sinabi sa barkada ang arrangement namin ni Kevin. This is a super kaduper dark secret. Alam nyo naman sila, masyadong hapit! Baka isipin na naglilive-in na kami ni Kevin! Crap Jersey, what in the world are you thinking (-\_\_-)

After a day of packing, 3 huge trolleys ang dala ko. Damit lang yan ha! Wala pa yung ibang anik-anik, 2 balikbayan boxes yun. Nako, patay tayo nito kay Icelot!



\*dingdong dingdong\*

Shocks. Ba't pa ko magdodoorbells e alam ko naman yung password nito! Oh wait. Now I know why. Kaya nya siguro nalaman na ako yung pumunta last time kasi ako lang naman ang nakakaalam ng Systemone Password nya. Shet, pahiya naman ako! Todo tanggi pa naman ako :///

\*opens the door\*

Kevin: Wow. 10am. You're.. 24 minutes late.

Me: \*shrugs\* Sorry naman ah! I had a hard time sleeping. And ang dami ko kayang dala!  
\*tinuro sa kanya lahat ng dala ko\*

Kev: \*nganga\* T-t.. Pano mo naakyat yan dito!?!

Me: Patulong ako kina Kuya Pol! OA ko naman kung ako pa nag-akyat dito.

Kev: Di ba may usapan tayo? Tsss. Pano tayo magkakasya nyan!

Me: Relax! As if may dala akong furniture or something! Pwede bang sa loob na lang natin pag-usapan to? Ang awkward kaya!

Tinulungan nya kong ipasok lahat ng gamit ko sa loob. Wait a second.. naglinis sya? In fairness kay Kevin, mas maayos pa talaga mga gamit nya kesa saakin. Seriously. Amoy Ambi-Pur pa nga e!

Me: Wow. Talagang naglinis ka pa.

Kev: Kapal mo. Di ako naglinis para sa pagdating mo. Exercise ko kaya yan.

Me: Household chores? Really? You should clean mine next time.

Kev: Mahal ang service fee ko.

Me: Fine, Mr. VJ.

Kev: Shut up.

I examined the place. Kasya naman kami dito eh! Mas malaki pa nga to kesa dun sa condo ko. Huhuhuhu this is my dream unit! Kainis ://

Kev: At last, makakatira ka na rin sa dream unit mo noh!? \*grins\*

Me: Shut up.

Kev: Nice. Nag-improve rin pala ang vocabulary mo. Dati puro "Really?" ang sinasabi mo. Ngayon naman "Shut up". What's next?

Me: Ulul na magiging kasunod. Wag kang mantrip.

Kev: Fine. I'll rest my case.

Me: San mo ko papatulugin?

Kev: Here.

Me: ARE YOU KIDDING ME!! Papatulugin mo ko sa sofa?! Wow naman Kevin, salamat at ang gentleman mo ah! Very appreciated! Mag-aalok ka ng matitirhan tapos sa SOFA!! ANO AKO LALAKI!!! GRABE KA!!!

Kev: \*laughs\* Sira! Tara, dito ka.

Aba! Loko to ah! May kwarto pala!! Kainis. Naglakad sya papunta dun sa mini-hallway, opposite ng kwarto nya. Di ko to napansin dati ah! Sa dulo nung hallway, may pinto. May pasuspense pa syang pagtigil bago buksan yung pinto.

Kev: Hephep! Since makikitira ka lang, walang angal sa kwarto ah! As in walang angal!

Me: Anong akala mo sakín, choosy?

Kev: Uhh yeah. Ayaw mo nga matulog sa sala e!

Me: Shu- Fine! Please sana may mattress dyan or whatever. Ayoko sa banig.

Kev: Choosy ka talaga. O yan! \*opens the door\*

SH\*T@SS. Okay yung room! As in! Hindi naman kalakihan pero ayos na! May mattress, may CR.. Basta! Parang dorm!!

Kev: A thank you would be nice.

Me: T@NGINA SALAMAAAAAAT!!!! Grabeeeee! I love it!

Kev: O wag masyadong mainlove sa kwarto. 3 weeks ka lang dito.

Me: Please. \*umupo sa mattress\* Ang lambot!

Kev: \*laughs\* Para kang bata, alam mo yun.

Me: Eh madali naman kasi akong matuwa sa ganitong bagay. Salamat ulit ha!

Nagtatalon ako sa kama na parang bata. Bakit ba, enjoy kaya! Sa super enjoy ko, di ko napansin na may tao na pala sa likod ni Kevin.

"AND WHAT IS THE MEANING OF THIS!?!?"

Lingon naman agad kami sa likuran ni Kevin.

There stood Amae and the whole barkada. Masama ang tingin samin.

"Pwede bang paki-explain ang pangyayaring ito!? Pwede?" pahabol nya.

---

PARA TULOY KAMING BATA na pinapagalitan ng parents sa sala. Pinaupo ba naman nila kami dun, as if tumakas kami para pumarty o lumagpas kami ng curfew. Syempre, ang nanay si Amae. At ang tatay? Si Jicker. I know, di bagay. (O\_O)

Jicker: So.. \*palakad-lakad sa harap namin\* Anong meron sa inyo!?!

Me: M-meron? W-wala naman e!

Amae: Anong wala! Care to explain those bags and boxes?

Me: I-it's nothing pating.

Jicker: I like your humor, Jersey. So shut up.

Kevin: It kinda felt right.

-

Jicker: (-/////-) SHOCKS MY BOOTS!!! SERYSOSO!!!! IT FELT RIGHT OMG!!! OMG!!!!

Kevin: \*medyo nahiya\* Is that a bad thing? Kasi ewan. Ang gulo e.

Jicker: What's the kiss like? A peck? French? To-

Kevin: Jicker, seryoso naman.

Jicker: Sorry!!! Excited lang ako!!!!

Kevin: A quick kiss on the lips. Goodbye kiss ba. Just like...

-

Jersey: ..before.

Amae: \*super overwhelmed\* Oh my.. I cannot believe this! Seryoso lang!!! After all these years na avid fan ako ng loveteam nyo.. it came to this! Hindi ganto yung iniimagine kong the return nyo ah. But this is really epic!!! I'm happy for you!!!

Jersey: Happy? Really!?

Amae: \*frowns\* O bat ka naman ganyan

Jersey: To be honest, yung una kong naramdaman after that is happiness. Then nung narealize ko na, I got scared.

Amae: Scared!?! Bakit naman? Hello, si Kevin yan!!! The love of y-

Jersey: That's what I'm scared of! Amae, hindi na kami yung Kevin at Jersey na ginawan mo ng fansclub or whatever. That was almost 6 years ago! We've changed a lot!! Then came this stupid kiss! Okay na e!!! Okay na!!

Amae: Ha? Di kita gets!!

Jersey: \*breathes deeply\* Ang akin lang kasi.. I'm kinda scared na makaapekto tong kiss na to sa kung anong meron kami. That's really inevitable pero.. I don't think it would be good for the "us now" na bumalik yung "us before" feelings. The equations changed.

Amae: You're being such a pessimist! Ni hindi nyo pa nasusubukan e!

Jersey: Amae, di pwedeng i-apply sa lahat ng bagay ang trial and error method, lalo na sa dalawang sample the second time around. At hindi lahat ng second trial e magiging successful. Lalo na samin.

-

Jicker: Seryosong tanong: anong plano mo ngayon?

Kevin: I don't know! \*sighs\* Look, our situation is really really complicated. As in.

Jicker: Kaya nga kayo sina Kevin at Jersey, diba? Gusto nyo palaging complicated.

Kevin: Hindi sa ganun. Sobrang kumplikado talaga. We've changed. Kung sana nasa college kami e di sana mas madali.

Jicker: Sa tingin mo anong gagawin ni Je?

-

Jersey: I really don't know.

Amae: Fine, I agree with you. Sino bang may manual para dito diba? Dammit!

Jersey: Know what? If this happened earlier, siguro magiging mas madali para samin.

Amae: Kasi may sabit ka na ngayon?

Jersey: \*smiles\* You really know me that well huh.

Amae: Haaaay. \*hugs Jersey\* Bakit kasi hindi na lang kayo?

Jersey: I don't want to answer that question right now.

-

Jicker: So wala kang gagawin? Ganun lang yun, nanakawan mo ng kiss yung ex mo tas wala lang? As if nothing happened?

Kevin: Minsan kasi mas mabuti pa na di planado e. Ewan ko, sakin ganun yun. Ayoko kasi ng planado, parang scripted na buhay ko. Nasan ang thrill dun diba?

Jicker: Ginawa mo namang rollercoaster ride ang pag-ibig.

Kevin: And that ride is worthwhile, Jick. I'm willing to risk anything for that.

--

Pero sadyang epal ang tadhana. Panong epal?

Minsan kasi (o depende sa situation ng tao) pag sinumpong ang tadhana, nagpapakadiva eto. Kung kelan critical ang moment, dun nya iunleash ang kanyang "in yer face, bits!" moments. Yung tipong gulung-gulo ka na tapos may hihirit pa. Parang gusto mo nalang lamunin ng lupa.

At yan ang wish nilang dalawa nung Tuesday afternoon, 2 days after that kiss. Tuesday.

-

Who: Kevin and Jersey

When: Tuesday afternoon

Where: Vega Center, UPLB

What: The meeting

Why: Kasi ang b\*tch lang ng tadhana sa kanila. Gets?

--

Dahil December na, uso na naman sa LB ang Faculty Follies. Eto ang isang gabi na para lang sa faculty ng colleges sa campus. Ang gabi kung san kakalimutan muna ng mga prof na prof sila.

Gabi na pwedeng tawanan/kutyain/sigawan/tilian ng mga estudyante ang mga prof nila. One stage, one night nga. Kaya ang mabenta ang Faculty Follies, pabonggahan ng prod number ang bawat departments.

Profs, di ba? Patay tayo dyan. Prof Kevin and Prof Jersey? Ready? :DD

So eto na ang kwento. Since sa College of Development Communications si Jersey, at College of Arts and Sciences naman si Kevin, magkalaban sila sa Follies. May meeting sila that fateful Tuesday afternoon sa Vega. And of course, di nila alam na parehas silang may meeting dun. Si Jersey, sa Black and Brew (2nd floor) ang meeting. Si Kevin naman sa Ristretto (1st floor). Mas nauna si Kevin dun. Sa sobrang engrossed nila sa pagpaplano, naparami ang inom ni Kevin ng mocha frappe. Malas naman nya, sa rooftop pa ng Vega ang available na Male CR. No choice sya kundi mag-elevator.

Si Jersey naman saktong naihi rin. Walang available na CR sa 2nd floor kaya nag-abang sya sa elevator.

Imagine their surprise nang makita nila ang isa't-isa pagbukas ng elevator door.

Thoughts:

Jersey: Oh my goodness. Oh my goodness. Of all places?!?! OF ALL PLACES!!!

Kevin: Why.. here!?

FLASHBACK SA BOOK 1: February 18 ang first kiss nilang dalawa. Hindi pa nga sila nun e! Jersey kissed Kevin for about.. 12 seconds? Basta, from rooftop up to 1st floor! Tanda nyo na ba?

Oyana ah. Balik na tayo sa kwento!!

NAKATANGA lang si Jersey sa harap ng elevator. Hindi nga nya alam kung bakit di sya makapasok sa loob (MALAMANG!!!KAINIS!!) Yung ihi nya? Teka, ba't parang natulog ulit?

Si Kevin ang unang natauhan sa dalawa.

Kevin: Hoy. Sasakay ka ba?

Jersey: \*naalimpungan\* Y-yeah. Hold on.

Ang nakakatawa lang: pumwesto sila sa magkabilang dulo ng elevator, kaliwa si Kevin tapos kanan naman si Jersey. Hindi sila nagpapansinan. Langitngit lang ng elevator ang sound nun.

\*TING!!!\*

\*elevator door opens\*

Nagkasabay pa sila sa paglabas.

Jersey: You go first.

Kevin: You go first.

Jersey: Tsss. Fine. \*labas sa elevator\* Thanks.

Kevin: Welcome.

Akala ng dalawa dun lang matatapos yon. Syempre parehas silang pupunta ng CR kaya... magkasabay pa rin sila maglakad! :)))

Thoughts:

Jersey: Shocks laaaaaaaaang! What in the world's happening!!! Amae nasan ka?!?! Ayoko talaga ng weird situations like this!!! Ohnoes!!! Anong sasabihin ko?

Kevin: Ba't ang tahimik nito? Nako, nailang na talaga sakin! Kaso may off switch pa naman diba? The last time I checked naka-full alert pa rin ang off switch nya. Tsaka di naman sya ganto ah!!!

Jersey: I need to say something!!!!

Kevin: Kevin magsalita ka!!!

REALITY:

Jersey: Nice weather, isn't it?

Kevin: Nice weather, isn't it?

\*kruuu kruuuu\*

Kevin: \*awkward laugh\* Sorry about that.

Jersey: About what?

Kevin: The weather, I mean.

Jersey: Ah. It's okay.

Nakaabot sila sa CR na yun lang ang nasabi sa isa't-isa. Ang tipid!!!! Pagpasok nila sa CR (of course magkahiwalay!!!), eto lang ang nasa isip nila:

Kevin & Jersey: PANO AKO LALABAS AT BABABA NITO!?!?!??

Jersey: I could go out now! Sa KFC na lang ako magcCR. Pero crap, ang sikip naman ng CR dun e! O kaya naman sa stairs na lang ako dadaan. Ayun na lang!!! Para safe!!!

Kevin: Nako, no stairs. No stairs. Take the elevator, Kevin. Kung dun man sya ulit dadaan, wag mo na lang pansinin. Mas mailang sayo si Jersey.

And that's the last thing I want to happen now.

But things are... simply sketchy. Yung plano nila? Ayon. They both went for the stairs. Nauna lang si Kevin lumabas kay Jersey ng CR. Sa side stairs dumaan si Kevin kasi mas malapit ang babaan sa Ristretto.

Jersey's reaction nang makita si Kevin: (!') (-.-) REALLY?!? HANGGANG DITO?!

Kevin: Whoa. I was here first!

Jersey: Fine, Mister. Take the stairs and I'll take the elevator.

Kevin: Fine with me.

\*Jersey exits\*

Nasa 3rd floor stairs na si Kevin nang may marinig syang boses ng babae na parang galit na galit. ALAM NA.

---

TUESDAY EVENING

(JM's POV)

Busy ako masyado sa work kasi last week na ng classes, puro exam bago mag-Christmas break ang plano namin dito sa Econ. Pero nang mapansin kong di ako pinapansin ni Kevin at ni Jersey? Kinalimutan ko muna ang pagkabusy ko.

\*calls Kevin\*

Kevin: Yup?

Ako: San ka?

Kevin: Apartment. Bakit?

Ako: Tara, LB Square tayo.

Kevin: Just in time!

Bihira lang akong magyaya ng inuman, pag masinsinang usapan lang. At ayan ang setup namin ni Kevin. Pumwesto kami sa pinakasulok ng Square para uminom at magkwentuhan. And guess what? May pagkukwentuhan nga.

Reaction ko sa kiss? (O.o) (O.O) (-.-)

Kevin: Ba't ganyan naman mukha mo?

Ako: One way of telling you "I told you so"?

Kevin: Sige na, tama na ang theory mo about us. Ikaw na panalo.

Ako: Ano namang kinakagalit mo dyan Kev? Sinabi ko lang naman yung possible outcome nyo ah! Pero kasi di naman yun ang intensyon ko. Ano ba.

Kevin: E anong intensyon mo? And what the \*!?!@ gave you that idea?

Ako: Kilala ko kayong dalawa kaya ko nasabi yun. At.. have you heard of the word "sexual tension"?

Kevin: Umayos ka.

Ako: What? Face it, yun naman talaga ang meron sa inyo e! Pero over that tension, may isang obvious na bagay.

Kevin: Don't start with me.

Ako: I'm serious! At anong don't start with me ka dyan! You started this! Things are going so well between the two of you, right? Then you offered your unit. That's the tipping point.

Kevin: Ha? I only did that beca-

Ako: Because a friend in need needs a friend indeed? Come on. I don't buy that one, neither the others.

Kevin: Wala akong hidden agenda or whatsoever that time. I did that because she needs help. And besides, she accepted it right away! Kung di okay sa kanya edi sana kay Fernan sya tumira.

Ako: Tsss. Sige, wala ka nang hidden agenda. But why did you kiss her?

Kevin: \*sighs helplessly\* IT WAS AN ACCIDENT!!!

Ako: Lahat na lang ng awkward & fail moments sinisisi sa word na "accident". Kawawa naman masyado yung word, mali ang pagkakagamit.

Kevin: Ha?

Ako: Kasi may mga bagay na binabrand nating accident kahit hindi naman talaga kasi takot tayo sa consequences. "Ay Ma, accidentally ko pong natabig yung vase. I was scared" , "Sorry I slept with your girlfriend. It's an accident." Mga takot sa commitment or responsibility lang ang gumagamit ng "accident" as an excuse, lalo na sa love and relationships.

Kevin: Aksidente nga lang yun!!!



Ako: Defensive? Alam mo, lahat ng kiss may meaning. Kasi ibang level na ng intimacy yun e. Tignan mo, sabi mo natural na natural lang yung nangyari. As if kayo diba? Ayun lang yon.

Kevin: Seriously JM this isn-

Ako: You don't just kiss a person without a reason. Kisses are special, Kevin. And it opens a hellhole of what-if's.

Kevin: Not me.

Ako: Sige, magdeny ka pa. Dyan kayo magaling e, to the point na pati sarili nyo kumbinsido sa acting nyo. Sa totoo lang? Sa dulo kayo rin kawawa. Bahala ka.

--

(NORMAL POV)

Hindi lang si JM ang agitated sa nangyari kina Kevin at Jersey. Nang kinwento ni Jicker kina Sath and Jerro ang nangyari, Sath went ballistic. Bakit? Una, di sa kanya sinabi ni Jersey ang nangyari at pangalawa, narealize nya na they should stop this chase part.

Kaya eto ang nangyari nung Wednesday Afternoon. Sumugod sina Mr. and Mrs. Torres sa LB. Plano nilang isettle ang gulong to once and for all.

Una muna nilang pinuntahan si Kevin sa apartment nito.

Kev: \*confused\* T-teka.. ba't kayo nandito?

Sath: \*serious\* Obvious naman siguro noh. You're coming with us.

Kev: \*to Jerro\* Ha? Anong meron?

Jerro: Please cooperate bro. Importante lang.

Sath: Don't do anything stupid. Oh wait, you already did. Kung ayaw mong masaknan, sumama ka na lang samin.

Kev: Where to?

Sath: Just go with us, please? Now shut up.

--

Sobrang kabado si Kevin sa inaasta ng mag-asawa. What the hell's happening? Nako, they know about the kiss. Nalintikan na!! Serious nga ang dalawa, umabot pa sa point na pinirangan na sya. Scary.

Kev: San nyo ba ko dadalhin?

Sath: Shut up, please? Basta malapit na tayo.

Wala pang 2 minutes tumigil na ang sasakyan. Inalalayan ni Jerro si Kevin pababa ng sasakyan.

Kev: San nyo ko dinala!?

Jerro: Chill lang, we're not going to kill you.

Parang pumasok sila sa isang room or something.. na mabango. Ano to, spa?

Sath: \*opens a door\* Here we are. Remove the cover.

Nagulat si Kevin sa nakita nya pagkatanggal ng piring sa kanya.

Isang gulat na gulat na Jersey.

Je: WHAT IN THE WORLD!!! SATH!!!

Sath: Now pumasok ka dyan. \*tulak kay Kevin papasok\*

Je: You witch!!! Kinulong mo ko sa sarili kong CR!!!!

Kev: SATH NABABALIW KA NA BA!? Get us out of here!! \*sinubukang lumabas\*

Jerro: \*hinarangan si Kev\* No bro. You can't.

Je: \*nganga\* Why are you doing this!?!

Sath: KAMI DAPAT ANG NAGTATANONG SA INYO NYAN!!! ANO BANG GINAGAWA NYO!!! TO BE HONEST NAKAKAIRITA NA AH! WE'RE SICK AND TIRED OF YOUR GAMES! Kung kayo oblivious pa sa nangyayari pwes kami hindi! And voila, you kissed her. Dun lang yon? AYUSIN NYO NGA!!! HINDI KAYO MAKAKALABAS SA CR NA TO HANGGA'T DI NYO NAAAYOS TO. GET IT?

Jer: SAMANTHA YOU CAN'T DO THIS TO ME!!!

Sath: Sorry, bestfriend. I have to. \*closes the door\*

Kev: Nasa loob kaya lock ng pinto!!! Nag-iisip ba kayo!?!

Je: Jerro installed some padlock thingy earlier. We can't go out. \*sighs\*

Kev: \*sits on the toilet\* Pano ba kasi tayo napunta sa ganto.

Je: Why are you asking me? It's your fault. You kissed me!

Kev: Kasalanan ko na nga!!! You don't need to rub it on my face.

Je: Well I need to!! You violated me. You're.. a kiss stealer!

Kev: What are you, 12? Kiss stealer ka dyan!

Je: EH KASI GANUN KA NGA! Goodness! You caused this accident!!

Kev: Kelan ka pa nakakita ng accident na mapapangiti ka after?

Tameme si Jersey dun. Shoot, Kevin saw her smiled. Wrong move.

Je: I didn't smile. \*looks away\*

Kev: Sige, convince yourself with that. Pero sigurado ako sa nakita ko.

Je: Why are you so serious about this? Nakakainis!

Ke: At bakit ka OA makareact dyan? Kiss stealer ka pang nalalaman!

Je: BECAUSE THAT KISS WASN'T SUPPOSE TO HAPPEN. THAT KISS WAS A BIG BIG MISTAKE AND AN ACCIDENT!!

Kev: You're just scared.

Je: I am not scared! I'm pissed!

Kev: You're scared! JM's right. Aksidente lang yun? Talaga Jersey? You're pissed kasi alam mo na di aksidente yun. Takot ka lang sa pwedeng mangyari after kiss. Takot ka kasi di mo alam kung may meaning ba yun para sa-

Jersey: IT DIDN'T MEAN ANYTHING FOR ME!!! You know what? I am disgusted with that kiss. I feel violated. Kevin, off switch!! May off switch!! We agreed to that, right? Ikaw tong epal e!

Kevin: \*smirks\* Wow. It didn't mean anything.. to you. But you know what? It meant a lot to me. Sabi ko, kung aksidente man talaga yon, yun na siguro ang pinakamaganda at pinaka worth it na aksidente sa lahat. But after hearing you said those things? I'm hurt. Kasi for the first time, someone's disgusted at me after doing a thing that I'll never regret. You're too harsh, Santiago. I almost forgot, kaya nga pala kita tinawag na Devil Woman. You're the only person who can rip my heart into pieces in just a snap. Tumindi ka after 3 years.

Jersey: This is all BS! Ano bang pag-uusapan natin dito ha? Wala naman diba? Aayusin? Look at us! Mas gumulo nung nag-usap tayo. Ba't di nila magets yun? And you! Kiss lang yon Kevin, a simple kiss. Para makamove on ka, think of it as a kapatid kiss or something. O di kaya isipin mo na si Tracy na lang yon. Don't make such a big deal over a kiss!

Kevin: A kiss is not just a kiss. Alam mo, nagreregret na tuloy ako na pinatira pa kita sa bahay ko.

Jersey: Me too. I should've stayed with Fernan.

Kev: Yeah. You should have. Look at us! We loved each other and now.. after 3 weeks, we became habits.

Je: Bad, rotten habits.

Kev: Nakakapagod na, Jersey. Suko nako.

Je: \*alarmed\* W-what?

Kevin: I'm done with this. \*stood up, kumatok\* TAPOS NA!!! PALABASIN NYO KAMI DITO!!! MAY PRACTICE PA AKO PARA SA FOLLIES!!!

Bumukas yung pinto.

Sath: \*smiles\* Ano, okay na? Anyareh?

Kevin: Just like what you wanted. It's over. \*exits\*

Naiwan na lang si Jersey sa CR na tulala. For the second time, it's her fault.

--

#### THURSDAY NIGHT

Eto na ang gabing pinakahihintay ng mga estudyante sa UPLB: ang Faculty Follies. Ikukwento ko pa ba in details?

Wag na. Nanalo naman sina Jersey sa presentation nila e. Tapos 2nd ang Engineering Faculty and 3rd ang Humanities Dept. nina Kevin.

Masaya naman ang Follies e, kaso di ko na lang ikukwento. Kasi may mas interesting pang nangyari nung gabing yon.

This happened 2 hours after Faculty Follies. Sa ICs Bar.

Siguro curious ka noh? Anyareh? Hmmm. Siguro yung iba sa inyo gusto tong makita (maimagine o mabasa or whatever!). Ako rin, medyo excited dito! Ano bang meron?

Confrotation lang naman.

Nina Kevin at Fernan.

Di naman talaga sinasadya ni Kevin na magpunta sa ICs that night. Gusto lang uminom ni Kevin, si Fernan naman, pangchill lang.

Di rin nila namalayan na magkatabi sila sa bar counter. Nagulat na lang si Fernan nang makita si Kevin sa tabi nya.

Fernan: \*surprised\* Wow. Ikaw pala yan.

Kev: \*medyo nagulat\* Kanina ka pa ba dyan?

Fernan: Yep. Mas nauna ka lang sakin.

\*awkward silence\*

Fernan: Nice performance kanina. Ganda pa ng gitara mo ah.

Kev: Bought it from Germany last year. Tagal ko na rin di naggigitara e.

Fernan: Niiiiice.

\*awkward silence\*

Parehas nilang gustong i-bring up si Jersey. Kung ano bang meron sa kanila etc. Matagal na kasi silang naguguluhan sa nangyayari e.

Si Kevin na ang nagsalita.

Kevin: Look, I really want to ask you this a long time ago. Anong meron sa inyo ni Jersey?

Fernan: I don't want to comment about that.

Kevin: Come on. I am just curious.

Fernan: And I am curious as well. Anong nangyari sa inyong dalawa? She's distracted this week. Akala ko dahil sakin kaya ganun.

Kevin: Wala ka na rin dun saming dalawa dre.

Fernan: Kung ganun, di ko sasagutin yang tanong mo.

Kevin: Ikaw may sabi nyan. Basta, she's all yours.

Fernan: \*nasamid\* What!?

Kevin: Di ko rin alam pinagsasabi ko dre. May tama na ata ako. Pero ayusin mo. Ikaw na bahala kay Jersey, tatal ikaw naman bukabibig non.

Fernan: Okay ka lang ba?

Kevin: Eto? Mukhang okay? Tsss. Kalokohan lang. Nakakairita alam mo ba? You look good together. Be happy with that.

Fernan: Lakas na nga ata ng tama mo Kevin. Awat na.

Kevin: I'm not yet done! Ang akin lang.. wag na wag mong sasaktan si Jersey. Ha? Tandaan mo na allergic sya sa seafoods. Di rin sya marunong magdefrost ng ref. Magaling syang magluto, pero wag kang magrerequest ng kaldereta sa kanya kundi uupakan kita. Pakituruan din pala

sya kung pano magpalit ng gulong, isa pang t@nga yun. Mahilig syang kumanta ng U2 songs, pero wag na wag mo syang sasabayan sa Stuck in the Moment, para sa kanya lang yun. Basta.. ingatan mo si Jersey. Kasi ako.. di ko sya naingatan e. Ikaw na lang dre.. Tatal ikakasal naman kayo..

Fernan: \*inagaw yung phone ni Kevin\* Tama na Kevin. I'm calling JM.

Kevin: Hoy! Di pa tayo tapos! Seryoso ka ba kay Jersey? Ha? Sasaktan mo ba sya? Wag kang pupunta ng Germany!! Masisira buhay mo dun!!

Fernan: Kevin, kung anong meron kami ni Jersey samin na lang yun. Dun kami masaya e. Sige, para matahimik ka gagawin ko yang habilin mo. Eto lang, sana kahit lasing ka matandaan mo to: Alam nating pareho kung kanino sya sasaya. Pero si Jersey pa rin ang magdedesisyon kung sino ang pipiliin nya.

Hindi na nakasagot si Kevin sa sinabi ni Fernan. Tumba na kasi sya. Buti na lang dumating agad si JM para sunduin si Kevin.

JM: \*to Fernan\* Pasensya na Fernan ah. Nadamay ka pa dito.

Fernan: Okay lang :)) Si Jersey kasi e.

JM: Sadyang mahirap magkaron ng kaibigan na tulad nila. Nakakastress.

-

Alala ni Fernan hindi matatandaan ni Kevin ang pinagsasabi nito sa kanya. Kaso ibahin nyo si Kevin, dakilang tomador yan. Sa kanya na mismo nanggaling dati na di mapapakinabangan ng kung sino ang atay nya kasi sobrang abused ito. Konek? It means sanay na sya nun, at narinig nya lahat ng sinabi ni Fernan.

Kaya paggising nya ng Friday noon, medyo okay na sya kahit may hangover pa. Paulit ulit sa utak nya yung sinabi ni Fernan. And hell, alam na nya kung sino ang sagot.

By the looks of it, she chose Fernan.

Okay naman sa kanya e. Medyo matagal nga lang bago sya makakamove on dun. Tatal, sya na rin naman nagsabi na "It's over" nung nag-usap sila.

Kaso may nangyaring di maganda. Rather, may nakita syang di maganda that fateful Friday night.

Kung kelan ready na syang isurrender lahat, saka pa nya nakita yun.

Curious? Since you deserve to know, I'll let you know.

Pumunta ng SM North si Kevin that night. Bibili sya ng groceries for the week. Habang nagsostroll sya sa mga aisle, dun nya nakita yon.

Tanda nyo pa ba yung pinagsasabi nya kagabi kay Fernan? Lahat ng "habilin" at "pauubaya" nya? Seryoso sya dun.

Kaso sa nakita nya, parang gusto na nyang bawiin lahat yun. Ay, di pala parang. Babawiin nya pala talaga. Seryoso.

Anong nakita nya?

Tanda nyo pa ba yung kwento ni Kevin kay JM dati about Fernan? Yung nakita nya ito sa mall na kasama ang kapatid and nanay nito?

Kasama nya ulit yung kapatid nya sa supermarket. Ang pagkakaiba nga lang, they're holding hands. Sus, magkapatid naman e! Normal lang ang holding hands!

Kaso ang sumunod ang di normal.

The next thing Kevin knew, he saw Fernan kissing the girl. On the lips.

## **Chapter 25**

NOTE: Ang chapter na ito ay umiikot lamang sa 48 hours.

(Jersey's POV)

Nasa studio ako with Jicker that afternoon. Nagpeprepare kami ng gamit for a photobooth para sa isang company Christmas Party. Actually, si Jicker lang ang nagpeprepare. Tumitingin lang ako sa Facebook :)

Jicker: \*nag-aassemble\* Really, Jersey? Really?

Me: What?

Jicker: Nagpapakahirap ako dito tapos ikaw!! Anong ginagawa mo dyan!?

Me: Uhh.. Researching?

Jicker: Kelan pa naging search engine ang Facebook ha? Sino na namang sinastalk mo dyan?

Me: My students. Baka may feedback sila about Follies.

Jicker: Self-centered! Gusto mo lang malaman kung anong masasabi nila sa performance mo! Kung nagmukha ka bang timang or what!

Me: Whatever.

Todo tingin lang ako ng profiles nila. Wait, dati kaya ginawa ng profs namin to? OMG lang. Nakakahiya!

Pinuntahan ko yung wall ni Shai, yung common student namin ni Kevin. Baka me-

What the fudge is this?

Si SIR KEVIN!!! wrote on Tanya Velasco's wallpost.

Ano to?! Matignan nga tong wallpost!!

Tanya Velasco: OKAY GUYS! Now we'll settle this! Dapat matapos na ngayong taon tong debate: sino mas sa lahat, si Sir Fernan o si Sir Kevin? Comment! :)

Comment 1: Sir Fernan! Hahahah biased XD Di ko pa naging prof si Sir Kevin. But I heard magaling siya magturo!

Comment 2: SIR KEVIN ALL THE WAY!! Parang barkada lang turing samin. Kinakantahan pa niya kami!

Comment 3: SIR KEVIN SIR KEVIN SIR KEVIN SIR KEVIIIIIIIN!

Comment 4: Sir Fernan! Ang gentleman nung tao, lalo na nung nasa Corregidor kami! :>

Comment 5: Mas pogi si Sir Kevin, pero mas kwela si Sir Fernan for me :)

Comment 6: SIR KEVIN!! Bagay sila nung prof sa DevCom. Yung palagi nyang kasama?



Comment 7: Si Ma'am Santiago? Ex nya yun e!

Comment 8: TALAGAAAAA?!?

Comment 9: Yeaaaaah! Batchmate nila yung ate ko. Sila daw yung nag-top sa UPLB Top 100 tapos Lakan and Lakambini! Campus couple daw sila, daming naghahabol sa kanila!

Comment 10: Yeah, kwento rin nung orgmate ko. NF daw sya nung 3rdYear sina Sir. Nakakatuwa raw yung ginawa ni Sir nung Feb Fair! Kumanta sa Ferris Wheel! :">

Comment 11: Eh kasama rin ni Sir Fernan si Ma'am Jersey? Last week nakita namin sila sa Dairy Moor e.

Comment 12: Baka naman boyfriend ni Ma'am Jersey si Sir Fernan tapos friends lang sila ni Sir Kevin! Conclusions nyo talaga guys!

Comment 13: Exes as friends? Wow lang. Bilib nako sa kanila! Sila na!!

Comment 14: Wag kayo! Dati nakita namin silang tatlo na magkadinner! Kasama yung recit prof natin sa Econ, si Sir JM!

Tanya Velasco: Grabe, san na napaunta tong usapan natin!? Di ba kina Sir Fernan lang? Layo ah!

Medyo loading pa ako dahil sa nabasa ko. What the heck is that?! Oh my gosh lang ://

Jicker: Oy ano na namang nangyari sa'yo? Namumutla ka ata.

Me: I can't believe this. Students are talking about.. us.

Pinabasa ko kay Jicker yung wallpost. Hindi ko maexplain yung facial expression nya.

Jicker: \*shakes head\* Tay tayo dyan.

Me: Putek. I.. I d-

Jicker: See? Ayan ang reaction sa inyo ng tao. Naloka ako dun ah! I knew it!!

Me: Sana pinost na lang nila to sa groups or what. Masyado tong lantad!

Jicker: Reklamo ka pa!! Kung hindi ka nagbigay ng motibo e di sana di ka natsismis ng ganyan! Kalokah!

Tinignan ko ang oras, malelate na pala kami ni Jicker.

Me: Tara na, magseset-up pa tayo.

Jicker: Ano, may gagawin ka pa ba?

Me: Of course. I have to. Bahala na kung anong sabihin nila.

---

(NORMAL POV; Same time kina Jersey & Jicker)

Gulung-gulo na si Kevin. Since nung makita nya si Fernan at yung babaeng yun, medyo may naramdaman syang kung ano. Teka, ano nga ba yun? Shemay naman o! Ba't biglang gumulo?

Sasabihin ba nya kay Jersey? Teka, kung sasabihin ko naman.. ano ba Kevin! Ano na naman bang nangyayari sayo!? Sabi mo wala ka nang pakialam ah! Pinaubaya mo na kay Fernan!

Eh lech\*, anong klase yon? Kitang-kita mo sa dalawang mata mo (plus contacts) na may kahalikan na iba si Fernan. Alam kaya to ni Jersey? Sasabihin ba nya?

\*beep beep\*

From: Jicker

Hey. Sama ka ba samin? Tara!

Reply:

Busy ako, Jick. Thesis. Bawi na lang ako next time :))

Kasama si Jersey dun e. Teka ano bang nangyayari sa kanya? Medyo natitimang na sya! Bakit ganito?

\*beep beep\*

From: Amae

Hey. Are you okay? Heard about the CR thing. Reply please. I'm worried.

Buti pa si Amae nag-aalala. Tinawagan nya ito.

Amae: \*relieved\* Thank God! Akala ko irereject mo kami buong linggo!

Kevin: Sorry for not calling. I'm a little busy.

Amae: Busy with what? Moping?

Kevin: If you can call my thesis moping.. pwede rin.

Amae: Kamusta ka na?

Kevin: Kaya pa naman. \*sighs\*

Amae: Sure? Anything bothering you besides.. this?

Hindi alam ni Kevin kung dapat ba nyang sabihin kay Amae yung nakita nya. Bakit pa nya idadamay ang kaibigan?

Amae: Look Kevin.. Alam kong hindi ito madali para sa inyong dalawa.. lalo nyo lang kasing ginawang kumplikado e. Pero tandaan nyo, hindi lang kayo ang nasasaktan. Kami rin naman. Kaya.. share the pain. This may sound so weird pero.. mahirap kasing ikaw lang ang naghahandle e. Kung ma-

Kevin: I saw Fernan kissing a girl.

Napa-nganga si Amae for awhile. Hindi nya maprocess ang sinabi ni Kevin.

Amae: You.. what!?

Kinwento ni Kevin lahat kay Amae, simula nung confrontation nila sa ICs hanggang sa supermarket. Nawiwindang naman ang kausap nya sa kabilang linya.

Amae: Sinabi mo na ba to kay J..

Kevin: We're not talking. I said it's ov-

Amae: What the hell's wrong with you? It's over? MAY GINAWA KA BA? Look, no offense but this is b\*llsh\*t. Panong over e wala ka pa ngang ginagawa! Wala!! Bakit ba ang dali nyong sumuko? Kasi nasaktan kayo? Hello, tao tayo! Nasasaktan! Nadapa ka naman siguro nung bata ka diba? Masakit oo, pero pipilitin pa rin nating maglakad kesa sabihing "Shet may sugat ako sa tuhod! Hindi nako makakalakad ever!"

Kevin, alam kong masakit. Pero hindi mo ba kayang tiisin? Tiis lang! Tiis! Susuko ka kasi ano, sinabi nya sayong may off switch? Forget that damn off switch! Wala yan!! Kung tutuusin kayang-kaya mong buksan yan e!! Lahat tayo nasasaktan, hindi lang ikaw, hindi lang kayo. Alam mo sa sarili mo kung anong totoo Kevin. Kung natatakot kang masaktan, e ano ngayon? Sacrifice! Yan diba yung sinulat ni Jersey dati? Sacrifice! My goodness!! Hindi lang kayo ang natatakot masaktan! Pero alam mo.. minsan okay din masaktan kahit sabihin sayo ng tao na t@nga ka na. At least you risked something, kahit ano pa ang outcome nito. Lahat tayo risk takers sa pag-ibig, Kevin. Matitigang kayong dalawa kung ayaw nyong mag-risk.

Hindi nakapagsalita si Kevin pagkatapos magmonologue ni Amae. Halos 5 minutes silang di nag-imikan.

Amae: Kevin, may 7 billion na tao sa mundo. Yung iba kasama na yung para sa kanila, marami pa ring nahihintay. Yung iba nawalan na ng pag-asang dadating, iba imbis maghintay sila na mismo ang humahunting. 7 billion people, Kevin. 7 billion. Yung sa'yo, nahanap mo na. Nandyan lang. You should be happy that you're lucky. Hindi ka kasama dun sa mga naghihintay. 7 billion people, and sometimes, all you need is one.

Kung si Jersey na ang one na yon para sa'yo, then risk it. If not.. e di maghintay ka. It's not a win-win situation. You should decide.

Buong magdamag na pinag-isipan ni Kevin ang sinabi ni Amae.

DAY 2

Normal POV

Magkasama na naman sina Jicker at Jersey nung umaga. Nasa Fully Booked The Fort ang dalawa, naghahanap ng librong mababasa. Habang tumitingin si Jicker ng photography books, napadpad naman si Jersey sa part ng CDs. Wala lang, namimiss lang nya yung feel ng CDs. 11:30am na nun, saktong nakaramdam sya ng gutom.

She decided to text Jicker.

To: Jicker

Went upstairs. Need dose of caffeine.

Tahimik lang na umupo si Jersey sa Starbucks sa itaas ng Fully Booked. Bad move. Madalas sila dito ni Kevin dati, kahit nung hindi pa sila. Great. Just plain.. great.

Need to distract myself! sabi nya sa sarili. Nilabas nya ang iPad nya at nag-net na lang. YouTube. Nood ng konting music videos hanggang may makita syang video.

Strangers, again.

Natandaan ni Jersey yung time na naging viral ang video na to sa net nung college sila. Syempre, ang ganda nga naman ng video. Totoong-totoo. Di nga nya naiwasang icompare yung sarili nila dun sa dalawang bida e!

Napanood nyo na ba yung video? Tama naman diba, dun nagsisimula ang lahat. Sa Meeting. Tapos tuluy-tuloy na.

May kung anong pumasok kay Jersey na idea. At napamura na lang sya.

\*dials Jicker's #\*

Jicker: Anong drama na naman to

Jersey: Taas ka!! Dali!!!

Pinapanood ulit ni Jersey kay Jicker yung video pagdating nito sa taas. Naweirduhan naman si Jicker. Anong konek? Sorry si Je, di nya dig ang Chinese guy na bida. Nang natapos ang video, isang nagtataas ng kilay na Jicker ang nagtalak.

Jicker: Ang ganda na ng binabasa ko dun e!! Tapos ayan lang? Anong meron!!

Jersey: It fits!!! It fits!!!

Jicker: Fits what?

Jersey: What's.. happening to us. It fits.

Jicker: Haaaa? Di ko knows yang sinasabi mo!!!

Jersey: \*sighs\* Balik tayo nang onti ah! First step, The Meeting. Sa timeline namin ni Kevin, nagmeet ulit kami nung June, wedding. Next step: The Chase. After the wedding up to.. before ako tumira sa condo nya, that's the chase. Well.. mukhang chase talaga diba? First, yung sa condo. Second, sa studio. Third, teaching job sa LB. Isabay pa lahat ng pinaggagagawa nyo, that's the chase. Then.. The Honeymoon. Yun na yung tumira ako sa condo nya. Everything's perfect blahblahblah... Then.. Comfortable.. Masyado kaming comfortable sa isa't-isa. Ayon nga sa inyo.. "parang kami". Then we're now on the tolerance stage. Nag-aaway kami.. Basta!!! Gets mo?

Jicker: So you mean the bottomline.. Nag-uundergo kayo sa stages na applicable lang sa magboyfriend/girlfriend?

Jersey: What!?? NO!

Jicker: Eh ano yung pinag-eexplain mo dyan? Upakan kaya kita! Hello!! Fine, sakto sa inyo ni Kevin yung stages na yun. Pero may isang maliit na maliit na problema: HINDI NAMAN KAYO!!! ILUSYONADA KA!!!

Jersey: Okay fine! Kung yan iniisip mo!!! Goodness!!

Jicker: Teh, tigang na yang Tolerance stage nyo. OA na.

Jersey: Ano ba. Hypothetical lang naman lahat ng pinagsasabi ko.

Jicker: Sige, hypothetical na kung hypocheper na. What if.. dumiretso na yan? Umabot kayo ng Downhill.. Breaking-u-

Jersey: Jicker, we're not a couple.

Jicker: Sabi nga sa inyo ni JM, na kwento sakin ni Kevin "You're not a couple but you'll always be the couple" something something. What if dumiretso na? Hanggang umabot kayo sa Strangers, again stage? Ha?

Jersey: This is absurd.

Jicker: It's an absurd idea to compare your lovestory to these stages, Jersey. Do you really want that to happen? You and Kevin, strangers again? Ha?

Hindi na makasagot si Jersey.

Jicker: Hoy. You have to choose. Fernan or Kevin. Take it or leave it.

Jersey: I need to go somewhere.

Naiwan si Jicker sa Starbucks na may ngiti sa mukha. Sana pinili ni Jersey yung tama.

--

Normal POV

3:30pm na nang magising si Kevin. Inabot sya ng 6am sa kaiisip. Alam nyang kahit anong gawin nya, may katapat na masakit na consequences. Tinitimbang na lang nya kung ano ang mas kaya nyang tiisin.

After that, he decided.

He will risk it.

Pinuntahan nya si Jersey sa condo nito, walang sumasagot. Sinubukan nyang tawagan ito sa phone, wala rin. Di rin daw nagparamdam kina Amae si Jersey nung araw na yon. He tried to call Jicker pero nakapatay ang phone nya. Anong meron?

Hinanap nya si Jersey sa kung saan, sa Starbucks, UP Diliman, sa Rodic's, McDo, Trinoma.. Kulang na lang libutin na nya ang buong QC sa kakahanap. Nasan ba sya?!?!

Tinawagan nya yung caretaker ng garden sa Tagaytay, wala raw si Jersey dun. Si JM naman walang nasabi, wala si Jersey sa LB. Pumunta sya ng Alabang para icheck sa bahay nila pero wala.

Nakakapagod. Inabot sya ng 11pm sa kakahanap.

Tama kaya si Amae? T@nga Kevin, tama sya. Nasa harap mo na, katabi mo lang! Sasabihin mo na nga lang kaso isa ka pang tanga.

NASAN NA SI JERSEY?!

--

(Jicker's POV)

Gabi na pero nasa studio pa rin ako. Inaayos ko pa kasi yung shots ng previous gig namin ni Jersey. Masyado kasing hapit yung client kaya eto, todo effort ako.

I can't wipe this stupid smile off my face. Ewan, ang weird weird ko lang ngayon. Ang saya ko lang after nung nangyari sa Starbucks kanina. Hello mga teh?! THIS. IS. IT!!! Jersey's choosing naaaaaa! At last! After almost 6 months of working our asses off, eto na!! Pipiliin na nyaaaaa! I am so excited!!

:DD

Kaso nawala yung excitement ko nang bumukas yung pinto. Si Kevin, na halatang pagod na pagod. Di ko matago sa mukha ko yung lungkot, yung gulat.. How come? Eh nasan si Je-

Oh no. This can't be. Oh no.

Ako: \*kunwari chill\* Kevin!! Bat nandito ka?

Kev: \*punta sa workstation ni Je\* May hinahanap lang ako. What happened to your phone?

Ako: Charging. \*lapit ako\* Anong ginagawa mo?

Kev: Alam mo ba kung nasan si Jersey? \*halughog ng drawer\*

Ako: Nope. Haven't seen her.

Tuluy-tuloy lang sya sa paghahanap. Ano bang drama nito?! Nako, konti na lang mawawala na rin ako sa sarili!! Nasan si Jersey!

Kev: F\*ck!! Where is she!!! \*hampas sa table\*

Ako: Baka naman...

Tumigin sakin si Kevin, at dun ko nakita sa mata nya na kanina pa nya hinahanap si Je. Na may gustong sabihin ito.

"WHERE IN THE WORLD IS SHE, JICKER!?!"

Di ko alam kung sasagutin ko si Kevin. He's mad.. really really mad. "I swear, di ko alam!"

"Please Jicker, tell me. I'm begging you!" Nagulat ako sa ginawa ni Kevin: lumuhod sya sa harap ko. "This isn't fair. This isn't fair."

I sighed. Wala nakong magagawa dito. "Kevin, I'm sorry."

"Sorry for what?"

"She.. she already did it. I'm sorry, but you're too late."

Kev: Did.. what?

Ako: The right thing. Okay. I was with her earlier. We talked.. tapos umalis sya. Hindi nya sinabi kung san sya pupunta. Sorry, Kevin. I didn't know.

Napatulala sya saglit, mukhang iiyak na. Tapos bumalik sya sa paghahalughog. Nakita nya yung mini-planner ni Jersey na nakatago sa ilalim ng keyboard.

Ako: Ano yan?

Kev: Her schedule.. Sh\*t. She's there. \*takbo paalis\*

Ako: Kev sagl-

Grabe naman makatakbo yun, ala Flash!! Dinampot ko yung planner at binasa.

Shocks.

She's with Fernan.

--

#### NORMAL POV

Kinakabahan si Kevin sa kung anumang mangyayari sa kanya that moment. Ano kaya? Bakit.. nasa Mako's sila? Anong meron?

Conspiracy na naman ba to ng barkada? Naiinis na si Kevin. Masyado nang maraming kalokohang ginawa ang barkada kaya medyo hindi na sya naniniwala sa ibang pinagsasabi nila. Pati ba naman dito may kinalaman sila?

Nagtataka sya nung nakarating sya sa Mako's. Teka.. bakit ang tahimik ata ng lugar? Wala yung usual club music or anything? Hindi naman sarado yung lugar, may mga sasakyan pa nga sa paligid e. He got out of his car with a very confused expression on his face. What in the freaking world is going on!?!?

Papasok na sana sya sa loob nang saktong lumabas si Jersey ng Mako's. Parehas silang nagkagulatan. Nagulat si Kevin kasi.. nakacocktail dress si Jersey. Si Jersey naman, nagtataka kung bakit nandun si Kevin.

Jersey: K-kevin?

Di na lang nagsalita si Kevin. Hinigit nya si Jersey papunta sa sasakyan. Wala na ring nagawa si Je kasi.. gulat na gulat sya. Pano nya nalaman na nandun sya?

Nagdrive papalayo si Kevin. Basta drive lang, di nya alam kung saan sya pupunta.

Jersey: Kevin, I have to go b-

Kevin: Shut up.

Ginawa naman ni Jersey yung sinabi sa kanya. Tumigil si Kevin sa.. may Manila Bay. He got out of the car first, then Jersey.

Jersey: \*binato yung plastic bottle kay Kevin\* WHAT THE HELL'S WRONG WITH YOU!!! BAKIT BIGLA-BIGLA MO NA LANG AKONG HIHIGITIN AH!?!?!?

Kevin: ....



Jersey: HOY KINAKAUSAP KITA!!! ANO BA!!!

Kevin: Sabihin mo nga, anong meron sya na wala ako.

Jersey: WHAT KIND OF QUESTION IS THAT!?!?

Kevin: Just answer, dammit!

Jersey: I'm not. This is ridiculous.

Kevin: Ano yun. Tss. Jersey, kung anuman yang meron kayo ni Fernan please itigil mo na. Please.

Jersey: You don't have any idea what you're talking about!!

Kevin: I TALKED TO HIM. SABI NYA IKAW NAMAN ANG PIPILI KUNG SINO BA TALAGA SAMING DALAWA E. KUNG KANINO KA SASAYA. SABI KO SA KANYA OKAY LANG SAKIN NA SYA PILIIN MO. PERO NGAYON? WAG, JERSEY. I CHANGED MY MIND. DON'T MARRY HIM.

Jersey: ANO BANG PAKIALAM MO SA BUHAY KO AH?!? KEVIN, KAIBIGAN LANG KITA! HINDI KITA BOYFRIEND OR WHATSOEVER NA MAY KARAPATAN PARA MAG-INARTE!!! BUHAY KO TO! PIPILIIN KO KUNG SAN AKO MAGIGING MASAYA!!

Kevin: NILOLOKO KA LANG NYA!!! JERSEY, CONCERNED LANG NAMAN AKO SA-

Jersey: L\*CHE!! MASAKTAN NA KUNG MASAKTAN!!! KAKAMBAL NAMAN YAN NG PAGMAMAHAL DIBA? SO WHAT KUNG MASAKTAN AKO? BUHAY KO TO!! WALA KANG PAKIALAM AT GAGAWIN KO LAHAT NG GUSTO KO!!! I DON'T NEED YOUR DAMN PERMISSION!!

Kevin: I SAW HIM KISSING ANOTHER GIRL THE OTHER DAY! HE'S CHEATING ON YOU!! YOU DON'T DE-

Jersey: WOW!!! CHEATING! KAPAL MO RING SABIHIN YANG CHEATING CHEATING NA YAN!!! KASI EXPERT KA DUN!!!

Kevin: BAKIT MO BA TO GINAGAWA HA?!? DI MO BA INISIP YUNG MGA TAONG MASASAKTAN MO? BARKADA? FAMILY MO? MAGPAPAKASAL KA NANG PATAGO!!! ANO KA BA!!! MAG-ISIP KA NGA!!!

Jersey: HOW WILL I MARRY FERNAN IF HE'S ALREADY MARRIED IN THE FIRST PLACE!?!

Natigilan si Kevin dun. Parang sinuntok sya sa baga.

Jersey: Fernan's.. already married, Kevin. I'm helping with the church wedding preparations. He wants to surprise Nancy, his wife with this church wedding kaya I'm being secretive. Sina Paolo and Kat lang ang may alam ng totoo, kaya ko nakuha yung Mako's. Fine, it's my fault! Akala nyong lahat may something samina ni Fernan. Sinadya ko yun para.. layuan mo ko. There, that's the truth. Can I go back now?!?

Ayaw iprocess ng utak ni Kevin ang lahat ng narinig nya. She's not.. getting married? Lahat ng evidences na nakuha nya, di totoo?

Kevin: This.. this.. Oh f\*ck. What am I doing?

Jersey: Natigang ka na dyan!! Masaya ka na ha?!? Hindi ako ikakasal Kevin!! Pwede mo na naman akong paglaruan kagaya ng da-

Relieved na relieved si Kevin sa narinig nya. Sa sobrang.. tuwa..

Di nya napigilan na halikan si Jersey. Sa lips.

Jersey: K-kevin.. Let.. me.. go!!

Sinampal nya si Kevin sa mukha, natauhan naman dun si Kevin.

Jersey: THAT WAS SO UNCALLED FOR!!! BAKIT KA BA GANYAN!?!

Kevin: I.. I'm sorry. I didn't mean to..

Jersey: SORRY?!? SORRY LANG!!! EH G@GO KA PALA E!!! ANO BANG NANGYAYARI SAYO AH!?!? HA!!! ANG GULO MO!!! NAIINIS AKO SAYO!!

Kevin: \*sinubukang lumapit kay Jersey\* Jersey I'm so-

Jersey: \*crying\* Kevin.. bakit ka pa kasi bumalik dito? Okay na ko e, okay na. Hindi na kita iniisip. Ang saya-saya ko na nga e!!! Masaya na ko!! Kuntento nako sa buhay ko.. Tapos ayan ka, dumating ka.. Ginulo mo na naman. P\*cha, may choice naman ako na iwasan ka e. I tried so hard to forget you!!!

But you know what? Everytime I try to move on, you're right there. You screwed things up! Akala mo walang epekto tong pagbalik mo ha?!? Guess what? MALAKING EPEKTO, KEVIN!! MALAKING-MALAKI!!! KASI SINIRA.. SINIRA MO YUNG BUHAY NA KAKAKAAYOS KO LANG! GANYAN KA BA KAMANHID? HA?!? Kevin, sinira mo na ako isang beses! Gagawin mo na naman?! Ano ka ba!!!

Ngayon lang nakita ni Kevin na galit na galit si Jersey. Ni hindi nya alam kung anong sasabihin o gagawin.

Jersey: \*sighs\* What do you want from me, Kevin? Tell me, kasi I'm not going through y-

Kevin: I just want you. I want to have everything with you. I want it all. I want us, Jersey.

Jersey: No! YOU HAD ME! Bakit ka ganyan, kung kelan magulo.. kung kelan.. Gusto mo lang ako kung kelan challenging! Kung kelan.. lumalayo nako sayo!! Why are you doing this? I can't u-

Kevin: Basically, I got jealous. Kay Marlo, Fernan, Mong.. even kay Jicker! Wanna know why?

Because I am still in love with you, and I always be. And that's gonna make me do stupid things sometimes because love is crazy.. and I've been crazy.

Jersey: Yeah, you're crazy! Kevin, you don't love me! Natakot ka lang kasi akala mo magpapakasal kami ni Fernan! Natatakot ka lang na.. na.. mawala yung comfort zone mo sakin. This.. oh goodness.. Why now..

Kevin: Jersey, gusto ko na sabihin nung una kitang nakita nung June kaso.. it's very complicated. I got scared.. I just got scared that if I went too fast, things won't work out. And I really really don't want that to happen.. Because I've waited.. I've waited a really really long time for this.

Nagtatalo ang utak at puso ni Jersey kung maniniwala ba sya sa sinasabi ni Kevin o hindi. Oo, ramdam naman nya na sincere si Kevin sa sinasabi nya pero.. the damage has been done. It's too late.

Pero sa kasunod na sinabi ni Kevin, mas.. mas.. hindi nya naintindihan ang feelings nya.

Kevin: It's always been you, Jersey. Always.

Nagkatitigan lang ang dalawa. Hinihintay na lang ang sagot ni Jersey.

Jersey: This isn't supposed to be that easy. Why can't you just leave it alone?

Tumalikod si Jersey at naglakad palayo. Si Kevin? Naiwang nakatayo sa harap ng sasakyan nya, tulala. He took.. the risk. Then this? Eto lang?

Ang nagregister na lang sa utak ni Kevin ay ito:

4 days before Christmas, he was rejected.

## **Chapter 26**

### **NORMAL POV**

It's December 23, merely 2 days before Christmas. Sobrang busy ng malls sa Metro Manila dahil sa mga last minute Christmas shopping. Well, sobrang dami ng tao! Siksikan na sa department stores, halos bagsakan na ang presyo ng mga pangregalo.

Last-minute Christmas shopping ang drama ngayon nina Jicker at Jersey sa Glorietta. Dapat kasi sa Trinoma sila para mas malapit, kaso sobrang dami ng tao. Baka magka-stampede.

Okay, alam na ni Jicker yung nangyari, so does the barkada. Eto nga yung pambungad nina Jersey sa bagong uwing sina Paolo at Kat. Di na muna nila kinausap si Jersey about this one, kasi una, naiinis sila dito. Pangalawa.. she needs to understand herself first.

Ayan, ikot lang sila sa G5, bumibili ng regalo para sa mga bibigyan nila. Napadaan sila sa Aldo, pero dapat daan lang. Nagulat si Jicker nang pumasok si Jersey sa loob.

Jicker: Hoy! Nakabili ka na para kina Amae ah!

Jersey: \*kunwari walang narinig; may kinuhang brown boots\* This is cute, diba?

Jicker: Yeah yeah cute na. Can we please go now? Gutom na talaga ako. Promise!

Jersey: This is such.. a cute pair of boots. Expensive pair. I really really love the color.. the texture. I even have toned calves to wear this! Kaso.. bakit ko naman bibilhin to? Una, ang mahal. Tapos di ko rin naman magagamit. Alangan namang mag-boots ako sa summer diba? Kahit parang sumisigaw sya na "Buy me, Jersey! Buy me!", I can't. Mas maraming cons kesa sa pros. So.. I have to let go of this.. this awesome pair of boots.

Hindi magets ni Jicker kung anong pinagsasabi ni Jersey. Boots? Eh ayaw nga nitong mag-boots! It's either heels or flats lang naman tong si Jersey. Aba, baka nagpaparinig si Ate! Gustong magpabili ng boots! Asa sya!! Wala na nga syang pera e!!

Pero aba.. natahimik si Jersey. Hindi ito umimik habang kumakain sila sa North Park. Kahit si Jicker na halos ang kumain ng yangchow, wapakels pa rin ito. Oo, knows ni Jicker na medyo nakakagulat yung nangyari 2 days ago. Pero hello?! Move on saglit teh! Give love on Christmas Day!!!!

Hindi na kinaya ni Jicker ang drama ni Jersey. Pagkasakay nila sa sasakyan, agad nya tong kinausap.

Jicker: Hey.. What's wrong?

Jersey: \*smiles\* Nothing.

Jicker: We can.. talk about this.

Jersey: Galit sila sakin, diba?

Jicker: Hindi naman sa galit! A little bit.. disappointed though. Teka wag ka ngang magdrama!

Jersey: \*cries\* Of all people! Bakit sila magagalit sakin? Ano ba to! Kainis!

Jicker: Look, intindihin mo sila, Je. Upset din sila kagaya mo. Ako rin medyo upset e. Masyadong gumulo ang sitwasyon nyong dalawa. Sinong di maiinis dun?

Jersey: Nabigla ako okay!?! It's too sudden.

Jicker: O baka masyadong matagal. At anong move on move on spiel ang pinagsasabi mo sa kanya? Lul! Never kang nakamove on! Upakan kita dyan e!

Jersey: But I'm trying! Pero kung kelan naging kumplikado tsaka sy-

Jicker: Sino bang nagpakumplikado ng lahat? Di ba ikaw din? Ikaw tong hindi nagsabi na tinutulungan mo pala si Fernan! Kami tong nag-alala na baka ikakasal na kayo. Sana sinabi mo na lang samin, kay Kevin! Isa ka pang baliw e!

Jersey: I made a promise to Fernan!

Jicker: Sus promise ka dyan! Hoy, okay na kayo ni Kevin e. Okay na! Kung ibang tao yang nakakita sa inyo ni Fernan malamang sasabihin nun may something kayo.

Jersey: Pero wala nga!!!

Jicker: Umamin ka nga sakin. Tinake-advantage mo yung situation nyo ni Fernan para magseelos si Kevin noh?

Natigilan si Jersey sa sinabi ni Jicker. Yun na yung sagot.

Jicker: I knew it. Anong gagawin mo ngayon?

Jersey: I really.. really don't know.

Jicker: Pasko na. Magkaayos naman kayo!

Jersey: The boots don't want me anymore, Jick.

Boots? Anong bo- AHA! Si Kevin pala yung boots! Shemay naman yan o. Di nya naintindihan kanina! Ang slow!!!

Jicker: \*niyakap si Jersey\* Pano mo naman nasabi e hindi mo pa natatry?

Jersey: I just.. can feel it.

Jicker: Sa susunod kasi wag masyadong.. Basta. You should talk to him. Please?

Jersey: Do you think he w-

Jicker: Tanga ka na lang Je kung ayaw mo kay Kevin. Sinabihan ka na nga ng "It's always been you!" grabe ka!!! Kung babae lang ako e di sana.. pinatulan ko na yang si Kevin. Chars!

Jersey: Funny, Jick. Funny.

Jicker: Osha tara na! May wedding ka pang aayusin! Dumating na ba si Nancy?

Jersey: Oo nga. Nung unfaithful night na yun dumating si Nan. Please hatid mo na ko?

Jicker: As if I have a choice.

--

Remember Christmas 5 years ago? Yung nag-away sina Kevin at Jersey dahil susundan ni Kev si Maxene sa Germany?

Ganun ulit ang scenario ng dalawa, but this time it's waaaaay different.

DECEMBER 25

Hiwa-hiwalay ang barkada sa pagcelebrate ng Pasko. Ni wala nga silang Christmas Party this year e! (Actually meron, kaso post-Christmas party). Pero syempre sa KevJe tayo nakatuon ngayon!

Si Kevin? Sa Davao sya nagPasko. Well right after his rejection, bumili agad sya ng ticket to Davao. Umuwi kasi ang family nya from abroad at dun magpaPasko.

Si Jersey? Sa Alabang, syempre. Dumating ang parents and kuya nya. Masaya naman, kasi 3 years din silang di nagsamang 5.

Walang nabanggit ang families nila kung anyareh na sa kanilang dalawa.

Pero it doesn't mean na wala silang regalo sa isa't isa. Sila pa?! Actually nabilhan na nila ang isa't isa ng regalo bago pa sila mag-away. Peace offering nga sana yun e, kaso.. anyareh diba :///

BAGO PUMUNTA si Kevin sa airport, dumaan sya sa condo unit ni Jersey. Ilalagay nya sana sa may pintuan yung gift, kaso narinig nya na nasa loob ng unit si Je. So di nya nalagay :(((

Kaya nilagay nya sa drawer ni Je sa studio. At yun ang nakita nila ni Jicker, nung mismong araw na nagshopping sila (and the boots chorva, aka yung first part ng Chapter 26).

FLASHBACK

Dumaan sila saglit sa studio bago ihatid ni Jicker si Je kina Fernan. Nagulat si Jersey nang buksan nito ang drawer nya.

Jersey: \*confused\* Ang aga mo naman magbigay ng Christmas gift Jick! No element of surprise?

Jicker: Lul. Di ko pa nga nababalot yung regalo ko sayo!

Jersey: Eh kanino ga-

Dun lang nagsink in sa dalawa na kay Kevin galing yung gift. Naghesitate tuloy si Jersey.

Jicker: Bakit ayaw mo buksan? Baka wedding ring or something something yan ah!!

Jersey: Siraulo! Ayoko nga. Baka bomba.

Jicker: Really, Jersey?

Jersey: Fine!!! Bubuksan na ho!!!!

Medium-sized yung box na nasa harapan nila, with matching green and red ribbon. Dahan-dahan tinanggal ni Jersey yung ribbon.

Jicker: Uy may card!! Basahin mo kaya!!

Jersey: Mamaya na nga!!

Jicker: Ako magbabasa!!!

Jersey: Fine!!! Kainis!!! \*kinuha yung card\*

Merry Christmas, Jersey. Sana hindi mo to ibato.

- Kevin

PS: Don't worry, hindi to sapatos.

Yun lang nakalagay sa card pero naluluha na si Jersey. What more kung buksan nya yung box!?

Nagulat sya sa regalo ni Kevin...

Isang vintage na polaroid camera.

Jicker: \*shocked\* OMG. OMG. Is this for.. real!?! Jersey!!! BONGGA KA!!!! ALAM MO BANG LIMITED EDITION MODEL YAN!!!! 15 PIECES LANG YAN EVER!!! OMG OMG OMG!!! AND HE GAVE IT TO YOU!!! ALMOST 250K!!! SHEEEEEEEEEET!!!

Di alam ni Jersey kung ibabalik ba nya kay Kevin yung regalo. Natandaan nya yung first day ni Kevin sa studio, nung tinanong sya nito kung original Polaroid camera ba ang gamit nya. Ang galing talaga nyang makaalala!

Jicker: Tameme ka noh!! Ikaw di ka pa maniwala!! Chepar ka!!! Ikaw, may regalo ka ba kay Kevin?

---

MAY REGALO SI JERSEY KAY KEVIN. Dumating si Kevin sa Manila around 10pm ng Dec 25. Masama pa rin yung loob nya dahil dun sa nangyari. Teka, sino bang di sasama ang loob dun? Umamin ka na, binabaan mo na ang pride mo, kinalimutan mo na lahat ng sakit.. tapos wala?

*Mahirap bumangon*

*Anong nangyari kahapon*

*Pano umabot dito*

*Kumikirot ang ulo at puso*

Since sya lang mag-isa, kumuha sya ng beer at nanood ng 500 Days Of Summer. Nang.. may kumatok.

*\*opens the door\**

Janitor: Sir! Good evening po. May nag-iwan po nito sa lobby kahapon. *\*inabot yung 2 box\**

Kevin: S-salamat.

Dalawang regalo? Teka. Isa galing kay Jicker tapos..

Kay Jersey yung isa. Syempre, yun ang una nyang binuksan.

At ang laman?

Picture nilang dalawa.

*Sa dinami dami pa naman ng gustong kalimutan*

*Ikaw pa ang naiwan*

*Sa puso at isipan*

Kuha yun nung second week ni Jersey sa condo nya. Actually nakalimutan na nya yun e.. tapos eto. Ano ba to, nananadya si Jersey?!? Nang-aasar ba sya?

*Lumangoy sa ala ala ko*

*Lumangoy hanggang malunod saiyo*

*Kung ang gamot sa aking sakit ay pagibig*

*Ako ay nauuhaw at ikaw ang aking tubig*

*Ako'y uhaw at ikaw ang aking tubig*



Ibabalik na nya sa box yung frame nang may masamdang ito sa likuran nito. May post-it.

I'm sorry. Hope you'll understand.

- Jersey

T@nginang yan. Hope you'll understand? Magpapadala ng picture tapos may sorry note sa likod!?! Anong meron?

*Buong araw nahihilo*

*Ang mundo ay slow-mo*

*Dahan dahang buksan ang aking mata*

*Ang sikmura ay sumisirko sirko*

Pasko ngayon, bawal mainis. Sunod naman nyang binuksan yung regalo ni Jicker. Inuna muna nya yung greeting card.

"Sometimes people play hard to get because they need to know if the other person's feelings are real."

*Sa dinami dami pa naman ng gustong kalimutan*

*Ikaw pa ang naiwan*

*Sa puso at isipan*

*Lumangoy sa ala ala ko*

*Lumangoy hanggang malunod saiyo*

*Kung ang gamot sa aking sakit ay pagibig*

*Ako ay nauuhaw at ikaw ang aking tubig*

*Ako'y uhaw at ikaw ang aking tubig*

Gusto na lang nyang umiyak.

---

DECEMBER 26

Kasal nina Fernan at Nancy ng 26. As usual, umattend si Jersey. Malamang, sya wedding planner e! Okay lang naman yung program, ayos naman. Kaso.. medyo distracted si Ate. Nung reception, hindi sya nakipaghalubilo sa mga kakilala nya. Dun lang sya sa labas ng hall, sa garden to be specific. Nakaupo lang sya sa isang bench dun. Iniisip nya kung tama bang binigay nya kay Kevin yung picture na yun. Wala lang.. gusto nya kasing sabihin na.. masaya na sila dati, dapat maging kuntento na sya dun.

Naabutan sya ni Fernan sa labas.

Fernan: Malas daw sa newly-weds ang may wedding planner na nakasimangot.

Jersey: \*laughs\* Baliw!

Fernan: \*umupo sa tabi ni Jersey\* You okay?

Jersey: Nagsisinungaling ako kung sasabihin kong oo. Congrats, bro.

Fernan: Salamat talaga ng marami, Je. Pasensya na nadamay pa kayong dalawa ni Kevin sa kalokohan ko.

Jersey: It's actually my fault. Masyado akong..

Fernan: Masyado kang nagpapaselos?

Jersey: Sorry about that.

Fernan: Pasalamat ka nga wala si Nancy dito nung mga panahong nila- Joke lang! Ano na.. ano nang gagawin mo?

Jersey: I really don't know what to do :((

Fernan: Life's a b\*tch sometimes. Inembento pa ang concept ng soulmates. You can't choose who you love crap.

Jersey: You're right.. but you can choose whether or not you open your heart to love.

Fernan: You still love him, right?

Jersey: I don't k-

Fernan: I get it, I get it.. You're scared, you're in pain. Ikaw lang ba? Realize now that when your heart breaks, you got to fight like hell to make sure you're still alive. Because you are. And that pain you feel? That's life. The confusion and fear? That's there to remind you that somewhere out there is something better, and that something is worth fighting for. If Kevin's worth fighting for.. then risk it. Part of the game, Jersey. Comply with the rules.

Naiinis na si Jersey. Bakit lahat na lang sila pinagpipilitan na mahal pa rin nya si Kevin? Nakakainis lang ah!

--

DECEMBER 27

Since wala nang raket si Jersey, nagdecide syang maglibot sa QC. Kain lang sya nang kain kung saan.. hanggang makaabot sya sa Gong Cha sa SM North EDSA.

8pm na nun, at nagdecide sya na yun na ang last stop nya for the night. Milk tea para makatulog na sya.

Habang hinihintay nya yung order nya..

"Jersey?!"

\*lingon si Jersey\*

Lo and behold! Look what we have here!

Si Maxene.

Uminit bigla ang ulo nya. Wow, kapal ng mukha!!! Nasa harapan lang naman nya yung babaeng nanira ng relasyon. At nakangiti pa sya ah! Nakangiti pa!!!

"Jersey?" lumapit sa kanya ni Maxene. Napansin nyang medyo tumaba ito.

"What?" di nya napigilang mainis.

Nahalata naman ito ni Maxene. "Hey.. what's wrong? Okay ka lang?"

"Okay? Excuse me? OKAY!?!?"

Nagtinginan na lahat ng tao sa Gong Cha. Pati si Maxene naguguluhan na. "What are you talking about?!?"

"THIS IS ALL YOUR FAULT!!! KUNG HINDI KA LANG NAGING MAARTE E DI SANA DI MAGULO BUHAY NAMIN NGAYON!!! YOU SL\*T!!!!!"

And Jersey did the unthinkable.

SHE SLAPPED MAXENE.

Pati sya nagulat sa ginawa nya. What.. happened? Dun lang nya napansin na umiiyak sya. Medyo natagalan naman si Maxene sa pagrerecover. Nang makarecover ito..

"HOW DARE YOU!!! WAG KA NGANG MAGMALINIS JERSEY!!! WALA KANG ALAM SA TOTOONG NANGYARI!!! YOU MADE KEVIN'S LIFE MISERABLE!!!! YOU DON'T KNOW A SINGLE THING!!!"

And with that, Maxene stormed off.

Nagtataka naman si Jersey. She made.. Kevin's life miserable? Eh sya nga tong gagong nakikipaghalikan sa iba!!!

Kahit hindin nya isipin, nagtataka pa rin sya kung bakit sinabi ni Maxene yon.

## **Chapter 27**

DECEMBER 28

(Jersey's POV)

Nagising ako dahil sa text ni Amae.

From Amae:

GUYS!!! I NEED YOUR HELP! Tara punta tayo sa Sta. Rosa! I need to know kung ano yung tinatago sakin ni Keith!! Kita tayo sa McDo Katips, 3PM!!

Oh great. Plano ko pa naman ngayon e maglupasay lang buong araw. 12nn pa lang naman e! No need to rush!

Fine. Sinampal ko si Maxene. So what? E ang laki ng galit ko dun sa tao e!! Kunwari walang nangyai sa kanila ni Kevin? Lul nya!! Nakakainis! Bah, sorry sya. Nasaktong masama ang mood ko at galit ako sa mundo kagabi. Kung di lang ako nahiya sa mga tao dun kinaladkad ko pa sya e!!! Uuggggghhhh!!!

Pero.. medyo natakot ako sa sinabi nya. Ako, ginawa kong miserable ang buhay ni Kevin? Talaga? Eh hello, sila ngang magbestfriend ang gumawa nun sakin! May kissing scene pa silang nalalaman!! I'm sure, kasama lang to sa plano ni Kevin. Pag natatandaan ko ngayon yung confession nya sakin sa may fire exit, naiirita ako!!! MAGSAMA SILA!!!

(3 hrs later..)

Nasa isang van kaming lahat: ako, Pao, Kat, Jerro, Jicker, Sath and Amae. Ewan ko ba kung anong sumanib sa kaluluwa ni Amae at nagyaya sya pumunta ng Sta. Rosa.

Sath: Ano Jick? Wala pa rin?

Jicker: \*shakes his head\* Nope. Tried it 5 times. Waley pa rin.

Kunwari di ko narinig yung usapan nila. Kanina pa kasi nila tinatawagan si Kevin para sumama samin ngayon. Kruuuu kruu na lang ako.

Me: Amae, pwede bang paki-enlighten ako sa kagagawan mong to? Kakatapos lang ng Christmas!!

Amae: Wala lang.. kasi Keith's acting weird these past few months. May nakuha kasi syang project sa Sta. Rosa, and pag tinatanong ko sya ayaw nya kong sagutin.

Kat: Sus Amae! Alam mo naman yang si Keith, may pagkatopak!

Amae: I can sense something else!

Jicker: (o.o) OMG MAY OTHER WOMAN!!!

Me: JICKER!!! \*hampas sa balakang\*

Jicker: Aray!!! Kung galit ka sa mundo wag mong iunleash sakin lahat!!! Kainis to!!!

Sath: \*tumingin kina Paolo and Jerro\* Wala ba kayong alam sa project ni Keith?

Pao: Wala! Medyo di na namin siya nakakausap e.

Jerro: Wala naman syang nababanggit.

Sath: Jerome...

Jerro: (--.) WHAT!?! I'M NOT HIDING ANYTHING!!

Sath: \*himas sa tiyan nya\* Baby, sana hindi mo mamana ang pagiging bad liar mo ah. Dapat good kid ka!

Jicker: Grabeng pangaral naman yan! Kung ako yung baby kakapit nako ng mahigpit sa matris mo!!

Kat & Me: WHAT!!! \*dies\*

Almost 2 hours din ang biyahe namin papunta sa Sta. Rosa, pero ni isa walang nagtanong kung anong meron samin ni Kevin. Buti na lang at ganun, kasi wala naman akong masasabi sa kanila.

Pagdating namin sa Sta. Rosa, nagulat ako nang dumiretso kami sa Bel-Air. Aba, big time tong si Keith ah! Mayaman ang client!!

Jicker: \*bulong sa kin\* By the looks of it, mukhang may rich benefactor tong si Keith. Lumelebel!!

Amae: TUMAHIMIK KA DYAN JICKERSON UUMBAGAN KITA!!

I can see that Amae's nervous and scared. Nakita ko tuloy yung sarili ko sa kanya 3 years ago, habang naglalakad sa Phantasialand, hinahanap si Kevin. I mean, bestfriends nga sina Kevin at Keith, pero I am sure na di kayang gawin ni Keith yung ginawa sa kin ni Amae. Nasubaybayan ko kung pano nya pinahirapan suyuin si Amae, na ang taas taas ng standards pag dating sa lalaki. Naka-jackpot na kamo si Keith nung nadulas si Amae nung isang lecture class nung college. Sasayangin nya yun for this?

Tumigil yung van sa harap ng isang ginagawang bahay. Grabe, ang ganda nung bahay! Tama nga siguro si Jicker, mayaman ang client (benefactor his @ss!) ni Keith. Yaman talaga nila!

Bumaba na kaming lahat, maliban kay Amae.

Me: Amae, tara na!!

Amae: \*medyo naiiyak\* I can't.. do this.

Me: \*lumapit ako sa kanya\* Don't be scared, teh! Kanina ang tapang ng text mo samin tapos ngayon, titiklop ka!

Amae: Nagsalita! \*laughs\*

Me: Look, don't be scared. Hindi katulad ni Keith si.. Kevin. He can never do that to you.

Amae: What if i-

Me: Just go for it. Please?

She smiled at me. Nako, ako naman, feel na feel ang pagbibigay ng advice pero.. di ko naman magawa sa sarili ko. What's wrong with me?

Pumasok kami sa may gate. Nagtinginan nga samin yung mga nagtatrabaho e. Unexpected visitors! Whaaaaat ://

May lumapit saming lalaki, at mukhang sya yung head ng workers.

Kuya: Ano ho yun?

Pao: Aahh. Hinanap lang po namin si Keith Romero. Nandyan ba sya?

Bago pa makasagot si Kuya, may lumabas na magandang babae na may hawak na maraming papel. Halata sa mukha nya na nagulat ito.

Amae: Oh. My. God. Clara?

Clara: Amae!?!

Define nganga naman kami sa reactions nila. They.. know each other?

Amae: What.. are you doing here?

Clara: Oh gosh. I-i...

"Clar! Nasan na yung d-"

Si Keith yun, lumabas ng bahay. Gulat kami.

Di ko mapinta yung itsura ni Amae. Ganito rin kaya yung itsura ko sa Germany? She looks so devastated and hurt.

Amae: What.. is.. the meaning of this..

Keith: \*kinabahan\* Look, Amae. I can expl-

Amae: HINDI AKO AALIS DITO HANGGA'T DI KA NAGPAPALIWANAG!!!

Shocks intense! Pati si Jicker natameme sa sobrang kaba! First time kong makita si Amae na sobrang galit. Naiiyak na nga e!!

And dun lang nag-sink in sakin. Bakit di ko ginawa yung ginagawa ngayon ni Amae? Bakit di ako lumapit kina Kevin nun?!

Lumapit si Keith samin, pero umatras si Amae.

Amae: Dyan ka lang. Wag na wag kang lalapit sakín kundi papalamunin kita ng semento!!

Keith: Kalma lang Amae!!

Amae: PANO AKO KAKALMA KUNG DI KA PA MAG-EEXPLAIN!?

Keith: NATATAKOT AKO SAYO EH!!! PWEDE BANG WAG MO KONG SIGAWAN!?!

Hala. Medyo kinakabahan nako dito ah! Pati yung mga trabahador tumigil na rin sa paggawa. OMG scene stealer!!

Huminga muna ng malalim si Keith.

Keith: First of all, I'm sorry. Sasabihin ko dapat sayo to but di pa right tim-

Amae: Ang ba-

Keith: TUMAHIMIK KA NGA MUNA!! \*sighs\* This is supposed to be a secret. I even asked the office na wag sabihin sayo to o ipahalata man lang. 5 months ko na tong tinatago sayo.. pero nandito ka na e. Nandito na kayo.. wala nang surprise.

Amae: NAKO KEITH KUNG MAY BENEFACOR KA DYAN SABIHIN MO LANG OKAY LANG SAKIN!! IDADAMAY MO PA SINA CLARA DITO!!! BALIW KA RIN NOH!!! MAGKANO BA BINAYAD SAYO NUN HA!?

Intense na yung scene pero nagawa pa rin ni Keith na tumawa.

Keith: S-sinong benefactor? \*tingin kay Jicker\* Ikaw nagsabi nun noh!?

Jicker: Hoy di ko knows yang sinasabi mo ah!!

Keith: Alyssa Mae! Grabe to. Benefactor? Seryoso ka? Baliw.

Amae: Eh para san to? Sinong client mo dito ha!?!

Keith: Clara, akin na nga yung envelope.

Binigay nung Clara kay Keith yung envelope, at may kinuhang papel.

Keith: \*inabot yung papel kay Amae\* Basahin mo nga.

Amae: ANONG GAGAWIN KO SA TITULO NG LU-

OMG. IS THIS.. SERIOUS?

Keith: May eyeglasses ka na nga, di mo pa rin mabasa?!

Sayo tong bahay, baliw.



OMG TAMA BA KAMI NG RINIG?! KAY.. AMAE TONG BAHAY NA TO!! AS IN TO!?! SHEEEEEET LANG!!! DEFINE NGANGA KAMING LAHAT!!!! Ö ö

Amae: For.. me? Are you kidding me?

Keith: Well.. ikaw lang naman ang kilala kong Alyssa Mae Cruz sa buong mundo ah! Unless alien ka or.. something.

Amae: Keith.. what is the meaning of this?

Keith: \*sighs\* Kainis, dapat di ngayon to e! Masyado ka kasing NBI!! Pasalamat ka dala ko ngayon or else.. nako..

And he did something that shocked all of us.

Lumuhod sya sa harap ni Amae, at may nilabas na red box mula sa bulsa nito.

Keith: Hoy. Pasensya kung eto lang ah. Laspag savings ko sa pagpapagawa ng bahay e! Buti na lang pinamana sakín nina Lola tong lupa..

Dapat sa New Year pa to kaso.. nandito na e.

\*opens the box\*

Alyssa Mae Cruz..

Will you marry me?

Kaming lahat (as in lahat! Including the construction workers): (O.O) (O.O) (OO.) (-/////(-)

Si Amae, ayun napayuko na lang. THIS IS A SUPER OMG MOMENT!!! OmayGAAAAAAAAAH!!!! SHOCKING ITEY!!!

Keith: \*napakamot sa ulo\* Hoy Amae, wag mo naman ako ipahiya dito o!

Amae: AND WHAT DO YOU WANT ME TO DO?!?

Keith: Pwede mo rin sagutin kasi.

Medyo natagalan si Amae sa pagsagot.

Amae: 2 conditions.

Keith: O..kay?

Amae: Number 1: I can pick the design of the gown. And two...

I can retain my surname.

Keith: Sus yun lang pala e! Agreed!!!

Teka, pumayag ka na ba?

Amae: Duh. Kay Jicker ako papakasal, you like?

Keith & Jicker: WAG KA NGA!!!

Amae: Oh well.. since it looks like you want me to say it..

Yes, I will marry you, Mr. Romero.

PWEDE BANG MAMATAY SA SOBRANG KILIG!?!? OHMG!!!! THEY'RE GETTING MARRIED!! THEY'RE GETTING MARRIED!!! OMG OMG OMG!!!! Di namin mapigilan na humiyaw sa sobrang tuwa. Yezzzzzz, this is it!!! May ikakasal na naman samini!!! Ayun, masaya kaming lahat. Kitang-kita sa mukha nina Amae at Keith na ang saya-saya nilang dalawa. Shocks, they're getting married!

Sa sobrang tuwa ko, di ko mapigilang umiyak. Ikakasal na rin sa wakas yung isa ko pang bestfriend! Oh my goodness!! Iyak lang ako nang iyak dun, di ko na namalayan na humihikbi na pala ako. Hanggang sa tuluyan nakong umiyak.

Jicker: Je.. okay ka lang?

Me: O-okay lang ako, Jick. I'm too happy for them!

Kat: \*umiiyak na rin\* Jersey!!! Fudge lang!!!

Sath: Aaaaaahhhhh!! \*to Jerro\* Alam nyo to noh?!?

Jerro: Di ah! Pramis!!! Nice one, Keith! Nalalabi na ang single days mo!!!

Keith: Lul! \*to Amae\* Hoy, walang magbaback-out ah?

Amae: Hah. Pag di natupad yung dalawang kondisyon ko, I will divorce you agad.

Jicker: Talaga to, e wala namang divorce dito sa Pinas ah!! Baliw baliw!!

Amae: Tumigil ka nga dyan, Jick! \*blushes\*

At dahil dyan.. nanlibre si Keith! Umorder sya ng kung anu-anong pagkain para samini ("Bagong sweldo kasi ako, kaya feeling mayaman!")

Naramdaman nyo ba yun? Yung feeling na ang saya-saya ng mga tao sa paligid mo, tapos ikaw parang di ka belong? Ikaw lang yung di contented, di buo. Nakakasuka tuloy! Ang hirap magpretend na wala kang problema kahit pinuputakte ka na nila. Life's a b\*tch, I know. Pero nakakainis lang, kung kelan ko gustung-gustong sumaya tsaka puno ng BS ang buhay? Sarap mamato!

Nagpaalam ako sa kanila na may kukunin lang ako sa van. Pero syempre joke lang yun. Iiyak muna ko dun sa loob, mag-eemo.

Mga 3 minutes pa lang ako sa loob ng van nang..

\*van door slides open\*

Si Paolo.

Paolo: O, anyare sayo? \*upo sa tabi ko\*

Me: Nating pating.

Paolo: Ows?

Me: \*sighs\* Ano ba, wala nga eeee

Paolo: Ikaw pa nagsinungaling sakin. What's wrong?

Me: Same old, same old.

Paolo: Mind telling me?

I gave up. I told him everything. Every excruciating detail. Kung pano ko sinampal si Maxene, kung anong inisip ko. Na naiinggit ako sa kanila dahil masaya sila and everything. And to top all these, I finally realized that this is really my fault. Nakinig lang sakin si Paolo, hindi nga sya nagsalita. Ang nakakagulat pa, hindi na ako umiiyak habang nagkukwento ako. Feel na feel ko na talaga to.

Nang natapos ako, eto lang ang sinabi nya sakin.

"Then talk to him. Ang dami mong tanong na sya lang makakasagot. Mas mabuti pang puntahan mo na ngayon kesa matuluyan kang mabaliw dyan."

----

4 HOURS LATER...

Di ko alam kung ba't nasa labas ako ng condo unit ni Kevin. I don't even know what to say. Fine, tama na si Paolo. As always! Pero.. anong gagawin ko? I am so messed up! Bahala na nga!

\*knocks\*

\*door opens\*

"Jersey?" Oh gosh. This is it. This.. I am scared. Biglang sumigla yung aura nya.

Ano ba, magiging mabait ba ako o cold? Ano?!?! Bahala na nga! "Hi Kevin. We need to talk."

Hindi ko maintindihan yung mukha nya bigla. Kinakabahan ba sya? Pinapasok na lang nya ako sa loob. Aba, ilang linggo lang ako nawala dito pero.. parang iba na yung ambiance. Ay, ang arte ko naman! Ambiance pa kong nalalaman!

We stood there in silence for about 3 minutes. Fine, hintayan? Di ko na to kaya. Ako na nga magsasalita.

Me: Kevin, we need to talk about what happened last week.

Kevin: I know. That's why you're here, right?

Me: And.. other things.

Kevin: \*umupo sa upuan\* Tss. Ano na naman, paasa ka na naman?

Me: W-wait lang ah. Wag mo nga akong daanin sa init ng ulo mo!

Kevin: Fine. Ano bang pag-uusapan natin?

Me: I don't really know where to start with this. Ang hirap e! You surprised me! And.. and..

Kevin: Madali lang yan, Jersey. Isang tanong: mahal mo pa ba ko?

Me: Hah. Akala mo ang daling sagutin nyan?!?

Kevin: Madali la-

Me: KEVIN! EH SIRAULO KA PALA E!!! Bakit mo ko pinepressure!?!

Kevin: I'm not pressuring you! Tinatanong ko lang kung mahal mo pa ako o hindi na. Kasi kung hindi n-

Me: Kasi kung hindi na, ano? Kukulitin mo pa rin ako hanggang sa bumigay ulit ako sayo? Ganun ba yun?

Kevin: Hindi.

Kasi kung hindi na, ititigil ko na tong kabaliwan ko sayo.

Me: AYAN ANG PROBLEMA SAYO!!! PALAGI KANG GANYAN!! ATRAS-ABANTE!! NAKAKAPAGOD NA ALAM MO BA YUN!!! IKAW TONG NAGTATANONG KUNG MAHAL PA KITA E IKAW TONG SIRAU!!! PANO KO MALALAMAN KUNG SERYOSO KA KUNG GANYAN KA? Please lang Kevin, wag mo naman akong paglaruan. Please lang.

Kevin: Bakit ako atras-abante? Jersey, hindi lang ikaw ang takot. Ako rin! Kung alam mo lang sana kung gano ako natatakot ng-

Me: ISA PA!!! NANDITO SI MAXENE!!! SIGURO MAGSASAMA NA KAYO KAYA SYA NANDITO!!!

Kevin: \*shock\* Nandito sa Pinas si Maxene? Nagkita kayo?

Me: Hoy. Wag mo kong dramahan na parang wala kang alam! Oo, nandito sya sa Pinas. Sa SM North ko sya nakita. Alam mo sayang e, wala ka dun! Sana nakita mo kung gano kalakas yung sampal ko sa kanya kasi 3 years kong tiniis na gawin sa kanya yun! At sayo rin!!

Kevin: YOU SLAPPED HER!?!?

Me: Ay hindi! Hindi halata! Sinampal ko yang malandi mong bestfriend! At ang kapal pa ng mukha nya para sabihin na sinaktan kita! Na ginawa ko raw miserable yang buhay mo? EXCUSE ME!! Kung may naging miserable ang buhay sa ting dalawa, ako yun Kevin! Never naging ikaw kasi ikaw ang nang-iwan! You cheated on me! Tapos ngayon may pa- I love you ka pang nalalaman dyan! Eh g@go ka pala e! Ikaw tong nang-iwan!! HINDI AKO!!!

Imbes na magalit sakin, huminga muna ng malalim si Kevin. Dun ko lang napansin na umiiyak sya. What is happening to him!?

Kevin: Ako.. yung nang-iwan? Talaga? Seryoso ka dyan?

Me: I saw you and Maxene kissing, Kevin! I am not dumb!! I was there!

Kevin: Jersey, hindi mo alam yang sinasabi mo.

Me: Ayan, dyan ka na naman magaling e. Hindi ko na naman alam kasi wala ka namang sinasabi!!! ANO BA YANG HINDI KO ALAM AH!!! AT GUSTUNG-GUSTO KO NANG MALAMAN PARA DI NAKO MABALIW!!!

Kevin: Gusto.. mo talagang malaman?

Me: BINGI KA BA!!! OO NGA!!!! KEVIN 3 YEARS NAKONG GANITO!!! KUNG LILINAWIN MO E DI SAN-

Kevin: \*tumingin sakin ng seryoso\* You know what? I used to think of you as somebody that would never, ever hurt me. I believed in that ever since I met you, Jersey. Ever since. Pero.. t@ngina. Bakit mo nagawa sakin yun?

Me: WALA AKONG ALAM DYAN SA SINASABI MO!!! At wag na wag mo ngang baligtarin ang sitwasyon, Kevin! Ako ang nas-

Kevin: TUMIGIL KA NGA! WAG KANG UMARTE NA IKAW LANG ANG NASAKTAN LALO NA PAG IKAW NAMAN TALAGA ANG UNANG NAKASAKIT!!!

Teka.. naguguluhan nako sa sinasabi ni Kevin. Mukhang.. what's happening to him? Seryoso sya sa lahat ng sinasabi nya. Oo, magaling syang umarte pero.. right now? He's not acting. He's telling the truth.

Me: Kevin seriously. I don't know know what you're talking about.

Kevin: You.. you don't have any reason to be mad at me Jersey.

You broke my heart.

Me: W-what? Kev-

Lumapit sya sakin at hinawakan ako ng mahigpit sa braso. I am so scared. I've never seen Kevin like this. He looks so helpless, so scared.. and so hurt.

At ang finale nya? He gave me this stare that would forever haunt me.

**"You're the one who broke up with me, Jersey."**

## **Chapter 28**

(Jersey's POV)

It took me a day to digest what he said. I.. broke up with him? AKO!?! EH SIRA PALA SYA EH!!!! AKO?! PANONG AKO?

Baliw ka na rin Jersey. Bakit hindi mo tinanong kay Kevin yan nung nandun ka pa sa condo nya? Ikaw tong baliw na umalis right after nyang sabihin yung epal na statement na yun. Ako?! Ako?! PANONG AKO!?!?

Goodness. Ako lang ba ang naguguluhan? For sure kayo rin naguguluhan! Pano ako (I mean tayo!) maliliwanagan nito? Ayokong makita si Kevin ngayon. Naiirita ako sa kanya!! Promise!!!

Pinaulit-ulit ko sa utak ko yung nangyari samin 3 years ago. What went wrong? What did I do? Meron nga ba?!

Then a thought hit me.

Maxene could explain this.

--

### **DECEMBER 30**

Madali kong nahanap kung nasan nakatira si Maxene ngayon sa Pinas. Nagtanong-tanong ako sa ilang friends and.. nasa Bellevue Alabang pala sya.

Actually kinakabahan ako. May something kasi sa sinabi saakin ni Kevin na parang.. totoo. Hindi ko mapaliwanag yung feeling e. Parang.. naguilty ako na ewan. Kaya kahit anong kaba ang meron ako ngayon, I need to do this. Para maliwanagan nako.

Pinacontact ko sa receptionist si Maxene, at naghintay na lang ako sa café. I am really really scared. Ano ba talagang meron?

After 15 minutes..

"Jersey?"

I jumped a little. Gosh Jersey, calm down a bit!

"Maxene."

Oh. What is this..

"Oh my god. You're pregnant?" di ko napigilan ang sarili ko. Oh my.. she's wearing a not-so obvious maternity dress! I slapped a pregnant woman!!! How pathetic of me ://

Maxene smiled at me. "Yeah. 5 months."

"Wow.. I.. I did-"

"Don't worry, kokonti pa lang naman ang may alam. Si Kevin din di pa alam e," sabi nya. Tinignan nya muna yung paligid then.. "Do you mind kung dun tayo sa may sulok mag-usap? Privacy."

"S-sure."

Sumunod na lang ako sa kanya. This is bad. May sasabihin syang malaman sakín. Oh goodness. Mga 3 minutes din kaming nakaupo dun na di nagsasalita. Talk about awkward! Hello!!! Ano bang magandang sabihin sa pagkakataong ito?! I don't really know!!

Sya na yung unang nagsalita.

Maxene: So.. anong atin ngayon?

Oh great. Is this the right time to ask this? Baka mistress si Maxene sa mga itatanong ko sa kanya. Lord naman! Ba't ganito?

Me: Uhh.. Maybe this is not a good ti-

Maxene: Let me guess. Kevin told you something, right?

I froze. So she knows something. Dun ko lang napansin na may dala syang iPad. Para san? Ano ba Je, pati iPad pinakialaman!

Me: Yeah. He told me things that.. really really confused me. And I think ikaw lang ang makakasagot nun ngayon.

Maxene: Ano muna yung sinabi nya sayo?

Me: \*deep breath\* He said that I was the one who broke up with him.

Maxene clenched her jaw after I said that. Oh no. So she knows something!! She knows!

Maxene: Oh. So he finally told you that huh?

Me: What?

Maxene: Jersey. \*sighs\* Are you sure you want to know everything? Every detail?

Me: Y-yeah. No matter how much it scares me.

Maxene: Are you sure?

Me: Pwede bang diretsuhin mo na lang ako Maxene? Ang dami pang detour e!

Maxene: Fine. But please, don't interrupt me. Mahirap para sakín sabihin tong lahat. This isn't easy for me, Jersey.

Me: Fine.

Maxene: So.. to start off.. Nung last na pagbalik ko dito sa Pinas, yun yung dinala ko dito yung letter galing sa Bonn, diba? So there.. Actually alam mo, pinagsisisihan ko ngayon kung bakit



dinala ko pa dito sa Pinas yung balitang yon e. Pero you're not here to know about that. Sakin na lang yon.

Jersey, pangungunahan na kita. I know that you don't trust me right now. Halata naman sayo na hindi ka naniniwala sa sinasabi ko eh. Pero believe me, lahat ng sasabihin ko sayo ngayon ay totoo. This is my bestfriend we're talking about. I can't afford to lie about what happened. He asked me not to tell this to anyone, especially to you. Almost 3 years kong tinago to.. At ang hirap non, Jersey. Nakakatakot na.. basta. So eto na nga. Kung eto talaga ang gusto mo e.. Of course, you deserve to know this. Everything.

Ako yung sumundo kay Kevin nung dumating sya sa Frankfurt. Naiiyak pa nga sya nung nakita ko sya. Sabi nya binato mo raw sya ng Havs tapos nag-iiyak ka raw sa NAIA. Natatawag naiiyak pa sya nung kinukwento nya yun. I asked him kung nagbreak kayo, he said no. Di nya raw magagawa yun, pakamatay na raw sya if ever mangyari yun.

Medyo nahirapan syang mag-adjust sa culture at weather nung first 2 weeks nya. Pero in fairness ang galing nyang mag-German nun ah! Ang laking tulong nun :)) Marami syang naging kaibigan dun in just a month, mapa-foreigner or Pinoy. Pero syempre, di ka pa rin nun kinalimutan. Kahit ang daming umaaligid dun, wala syang pake. Pinagmamalaki ka pa nga nya sa friends namin dun e! Sabi nya one time, "I will marry this girl 2 years from now."

Sa studies? He's doing great. Pinagbubutihan talaga nya yung pag-aaral. Para maka-catch up agad sya at matapos yung degree nya. Plano pa nga nyang mag-take nun ng advance classes para 1 & 1/2 years lang sya mag-aaral e. Jersey, gustung-gusto na nyang umuwi dito that time. Yung times na busy ka sa thesis mo tapos di kayo nakakapagusap sa Skype? Sira agad araw nya dun. Pupunta yan sa likod ng old building, mag-eemo. Makikita ko na lang sya dun na nakatalungko habang tinitignan yung pictures nyo. Nakakaawa nga sya e! Gusto nyang umuwi nung Christmas, kaso hindi pwede. Sinabi naman nya sayo na may special project sya diba? For 3 days di sya halos natulog para matapos nya yung project. Kaya nung Christmas haggard na haggard sya. Pero nag-pay off naman. Sya yung top ng class that term. Of course, you know that.

*Time in Time I thought through it all  
How we loved and loved  
and how we fought each other  
pushing one another  
to be somebody else*

January nung kinausap nya kami ni.. Anton. Remember Anton? Yung barkada namin ni Kevin? Ayun. Kinausap nya kami one night habang nasa town kami, umiinom ng beer. Sabi nya, gusto ka raw nya padalhan ng video. Wala lang, para inggitin ka lang nya. Tapos.. gusto lang nya ishare yung happenings dun sa Bonn. Kaso.. we didn't finish the video. Nasa kalagitnaan kami ng shooting nang.. nagdecide sya na wag na ituloy. That was mid-February, I think. Sabi nya, "Gagawa pa ko ng video e pwede naman ako umuwi sa Graduation nya?" So hindi na namin tinapos yung video. Tapos, 2nd week of March, umalis ako ng Germany papunta ng UK. May internship kasing inoffer sakin dun kaya kinuha ko na. That same week sinabi sayo ni Kevin na hindi sya makakapunta sa graduation mo kasi nga may conference sya sa Paris. Actually that was a lie. Pupuntahan ka dapat nya sa LB nun, mismong grad. Kaso.. something happened.End

of December naging sakitin si Kevin. Madalas syang may trangkaso, and napansin mo naman siguro na pumayat sya. At first normal lang naman yun, kaso pagpasok ng February medyo dumadala na. Grabe naman kasi syang magpuyat e! Sagad kung sagad! One time habang naglalakad sila ni Anton sa hallway bigla na lang syang hinimatay. Over fatigue daw, kasi finals week nun. Stressed out lang sya, yun ang akala naming lahat. Pero nung April, dun na. Wala nako nito, nasa UK nako nang tumawag sakin ni Anton. Nasa apartment daw sila ni Kevin nang.. hindi raw to makahinga. Then he's jaundiced. So dinala sya sa hospital. Dun namin nadiscover na.. na..

May lupus si Kevin.

*and time in time for the rest of my thoughts  
I certain if the end was right or wrong  
and wether we so should be together with somebody else*

May ganung sakit yung lola ni Kevin, kaya namatay to sa Australia. Ayun.. Unang nadamage yung liver.. then slowly, his other systems started to shut down. Kidneys.. lungs.. At dahil sa lupus, he had tuberculosis. All of that in just a span of 4 days.

Akala ni Anton mamamatay na nun si Kevin. Kawawa na nga sya e! He's in pain! Kaya.. the doctors decided to put him into a chemically induced coma. Para maminimize yung pain ng sakit nya. At that time gusto kong bumalik sa Bonn para sa kanya, kaso hindi pwede. Pero si Kevin, mukhang may clue na ata sya sa mangyayari sa kanya. May nakitang note si Anton sa mga gamit ni Kevin, tungkol sa grad gift nya sa iyo. Nandun yung letter and instructions kung kanino ipapadala etc. He planned it beforehand. Almost a month din syang naka-coma, naabutan ko pa nga nung bumalik ako dun ng May. Eventually gumaling din naman sya nung tinanggal sya sa coma. I was about to call you that time, actually dapat tatawagan kita right after akong tawagan ni Anton kaso.. sabi ni Anton sakin.. sabi raw ni Kevin habang nasa ambulance sila.. wag daw sabihin sayo. Kasi.. gagraduate ka na that time. Ayaw naman nyang agawin sayo yung chance na kunin yung diploma mo, magna cum laude ka pa naman. Sabi pa raw nya, ikaw na raw yung gagraduate para sa inyong dalawa. Di nya raw natupad yung promise nya sayo na sabay kayong gagraduate e. Kaya di nya pinasabi sayo. Pero.. gustung-gusto kitang tawagan nun kasi awang-awa ako sa kanya e. It's obvious that he needs you pero.. ayaw nyang makita mo syang nasasaktan. That @ss.

Me: Y-you.. you should've told me that! Akala ko he's mad at me!! Kaya nya ko di tinatawagan!

*a lost memory  
she had water in her eyes  
she cried stay with me  
say how can this be loved  
if you are leaving me  
but darling love's to blame*

Maxene: Ayaw nya ngang ipasabi yun sayo eh! Pati kahit sabihin ko man sayo, gagawa at gagawa sya ng paraan para di ka makapunta sa Germany. Anyway.. just 3 days after syang lumabas sa hospital, balik agad sya sa pag-aaral. Nagpass na sya ng papers for summer classes. Then last week ng May, a German friend of ours.. asked him a favor. Film major kasi

yung friend naming yon.. actually.. that friend's my husband right now. Richmond asked Kevin to be the lead actor for his film project that time. Sabi ko nga di pwede, kakagaling pa lang ni Kevin sa sakit. 5 gamot ang iniinom nya; 3x a day! Pero.. ang kulit lang ni Kevin. Sabi nya ang tagal daw nyang nasa coma, gusto nyang may gawing something. And that's how The Realm of Possibility started.

Me: The.. Realm of.. Possibility? Are..

Maxene: Jersey, hindi ako yung babae na bida sa Realm. Kevin told me about this nung birthday nya, yan daw sinabi mo sa kanya. Hindi ako yung hinalikan ni Kevin nun.

Me: Oh.. oh my god.. Th..that's why.. pinapanood sakin.. ni Sir.. Who.. wh-

Maxene: Schoolmate namin yung babae, Pinay din. Sa totoo lang nagulat ako nung sinabi ni Kevin na akala mo ako yung kahalikan nya sa Phantasieland. I can never do that! And hindi papayag si Richmond nun, to think he's the director.

Oh. My. God.. so that was.. just a film? For a film? Are you.. kidding me?

Maxene: Realm won several cult awards sa Germany, including an acting award for Kevin. Dahil dun nadiscover sya ng MTV Europe. At that time.. he tried to contact you.. lahat kayo sa Pinas.. pero hindi nyo raw sinasagot lahat ng tawag nya. Emails.. You even blocked him on Facebook! Nagtataka sya kung bakit ganun ang treatment nyo sa k-

Me: Kaya kami ganun kasi I thought he cheated on me!!! Ibang impact samang lahat nung nangyari e. Hindi ko nga sinabi agad sa barkada yung nangyari pero nakaramdam na rin sila. Tinatawagan ko rin si Kevin nun! But he's not answering my calls!

*and i can't see you right now  
'cause my heart just can't take it  
can't be near you right now  
'cause i know you're no longer mine  
I can't see you*

Maxene: You called him? Talaga? Jersey, ni isang tawag walang natanggap sayo si Kevin. Gusto na nyang umuwi sa Pinas nung August kaso may exams sya. He's worried about you. Paranoid na nga sya that time, baka raw may sakit or kinalimutan mo na sya. But.. he set aside those thoughts. He believed in you, as in believed. Kahit kakagaling lang nya sa sakit todo pa rin sya sa pag-aaral. Balik na naman sya sa routine nya: aral aral aral. Ang iniisip na lang nya that time, kaya mo sya hindi pinapansin kasi busy ka sa work or something. That made him to strive more. Grabe lang yung willpower nya that time.

Me: I can't belie..this. Y-you're lying! He told me that he planned everything! He.. he.. \*cries\*

Maxene: Jersey, wala pako sa climax ng story. Walang-wala pa. Kasi eto na yung part mo.

Me: W-what?

Maxene: Sabi sakín ni Kevin.. ang alam mo raw e sya ang nakipagbreak sayo. Na sya ang nagsend ng email sayo. He was shocked to know that. Wanna know why?

**Cos you're the one who sent that e-mail.**

My mind went blank.

Me: A..ko? AKO!! Ako yung nagsend ng e-mail? AKO!? Are you f\*cking kidding me?! SYA ANG NAGSEND SAKIN NG EMAIL!!! SYA!!! ON OUR ANNIVERSARY!!! AKO?! TALAGA!!! THAT'S BULLSH\*T!!

Maxene: Then prove it to me. Show me the email.

Inabot nya sakín yung iPad nya. Nanginginig ako habang tinatype ko yung email address and password ko sa Gmail. Eto pa rin yung ginagamit kong email hanggang ngayon, kaso.. sinave ko sa isang folder yung e--

Me: It's.. here.. I.. I saved it.. here!!! In this folder!!! Here!!!

Maxene: I don't see any email from Kevin. \*inagaw yung iPad\*

Me: I-it's.. there.. I even saved it!!! Swear!! He's the one who sent it!! Not me!!

Maxene: Fine. But can you explain this to me? \*shows her iPad\*

Nganga ako sa pinakita nya sakín.

10/04/14 00:23 am

From: jerseeey23@gmail.com

**Subject:** duknbghuei

HEY IDIOT!!!

F\*CK YOUUUU F\*CK YOooooioi FOR CHEATING ON ME YOU SCUMBAG F\*CKYOU KNOW WHAT? IDONYTLOVE YOOU ANYMOR!!! BREAK NA TAYOOO BREAK NAA! WALA NA GANUN NAMAN TALAGA EH HANGGANG DITO NA LANG I DONT WANT TO SEEYOU AGAUN GETR THAT? I DONT WANT TO SEEEYUI AGAIN!! WALANATA YO KEVIN WAGKA NANG BABALIK KELANMAAN!!! DI NA KITA MAHAAALL

*it makes me ache that we had to break  
even though i knew your heart so well  
we're strangers in different places  
thought we're livin mile apart*

Me: I.. didn't type this.. I.. I d..

Maxene: Tell me, among ginagawa mo nung sinend mo yan? Cos I can't think of a reason wh-

Me: To be honest.. I can't remember what.. happened that night. I was.. drunk bec-

Oh. My.. I.. remember it now.. Snippets of memories came flashing inside my head: bottles of wine.. my laptop.. me typing..

Oh god. I.. I..

Maxene: \*galit\* YOU ARE DRUNK!?! YOU ARE.. Oh my gosh. Oh m-

Me: \*stands up\* TAMA NA NGA MAXENE!!! I CAN'T TOLERATE THIS BULLSH\*T OF YOURS!! ANG GALING NYO RIN GUMAWA NI KEVIN NG KWENTO!!! BAKIT NYO BA BINABALIGTAD LAHAT!? AKO YUNG NADEHA-

Maxene: SHUT UP!!! DO YOU REALLY THINK I'M LYING!? JERSEY.. IT'S HELL THERE!! HELL!! When you sent that e-mail.. that was night of my engagement!!! ALAM MO BANG ANG SAKIT SAKIN NON HA!? ALAM MO BA!?!?

Me: WOW. ISASAMA MO PA YANG BUHAY MO!!! I DON-

Maxene: HE ALMOST DIED, JERSEY! KEVIN.. ALMOST DIED.

I fell back on my chair.

Me: W-what?

*I still think of you  
I pray that you were save  
I'm still missing you  
but it has to be this weakest  
I'm not right for you  
and that's why love's to blame*

Maxene: \*cries\* That night.. was my engagement party. Kevin left early kasi.. kasi aalis sya ng Germany.. Uuwi sya that night dito sa Pinas, Jersey.. On your anniversary.. He's planning to surprise you.. he \*laughs\* even bought a ring.. Plano na nyang magpropose sayo nun, Je. Also that day he.. he received a news.. 1 sem na lang sya sa Bonn coz he complied w/ the reqs.. Sobrang excited sya nun.. gustung-gusto na nya umuwi!!

He left our party early, kasama si Anton. 1am ang flight nya papuntang Pinas. Sabi ko kanya.. goodluck. Sana magkaayos na kayo and.. sana maging masaya kayo. The look on his eyes, Jersey.. I can never forget that..

The following events.. I.. I.. 30 minutes before the flight.. he decided to e-mail Keith na uuwi sya. That's when he.. he read your email..

At first hindi sya naniwala sa email. But nung binasa nya ulit.. he felt that you're sincere.. So.. he ran out of the airport.. hinabol sya ni Anton.. Si Kevin naman, ayun.. nagmamadaling sumakay sa motor nya.. He said he can't.. face you.. like that.. and he forgot his meds at his apartment.. So he decided to go back.. umangkas si Anton.. then habang nasa kalsada sila..

Inatake si Kevin ng seizure.

Hindi nila napansin na may.. kasalubong silang delivery truck..

And.. th.. they smashed right into that truck.

*and i can't see you right now  
'cause my heart just can't take it  
can't be near you right now  
'cause i know you're no longer mine  
I can't see you right now  
'cause my heart just can't fake it  
can't be near you righth now  
cause I know you're no longer mine*

Hindi.. na ako makahinga.. hi.. hindi.. na..Maxene started to cry so hard.

Maxene: When.. when I received that call from.. the hospital.. my whole body froze. Parang ilang oras lang nakakalipas, ang saya-saya ko.. tapos.. tapos..

Me: Maxene.. tigil na.. pleas-

Maxene: No! I won't stop telling you this because you deserve to know!! No matter how it scares you, right?

Jersey.. Kevin almost died. Narevive lang sya pagdating sa ER.. The police said tumilapon sya 10 meters away from the motorcycle. His skull was cracked.. nadamage ang internal organs.. and..

for the second time.. na-coma sya.

Me: I don't wanna hear it anymore!! Stop it please!!! Please Maxene.. tigil na.. please tigil na.. Please tell me you're joking!!

Maxene: Kevin can never joke about death, Jersey. Kung sa tingin mo joke lang lahat ng pinagsasabi ko.. my god. He can't joke about death! Maraming mahahalagang tao na ang namatay at nawala sa kanya.. His grandmother died nung Prom namin, Jersey. No matter how much he liked me before iniwan nya ko because of his grandmother.

Me: I don't be..

Maxene: \*may ginawang something sa iPad\* Sana after this.. maniwala ka na.

She showed me pictures.. of Kevin.. with bandages.. ang daming IVs sa katawan nya.. his skin's.. purple and red.. ang daming sugat.. The next one is Bonn University's newspaper.. headline yung accident.. Ni hindi ko na binasa yung article.. h-hindi.. ko na talaga kaya..

Me: W-what about.. Anton?

Maxene: He's dead on arrival. Nakaladkad yung katawan nya ng truck, for about 20 meters..

3 months naka-coma si Kevin.. and at that time wala na talaga akong planong sabihin sayo kasi.. I'm really really mad at you. No, I loathe you that time, Jersey. Everyday habang nandun ako sa ICU, habang hinihintay kong magising si Kevin.. halos pigain ko na utak ko sa kakatanong kung bakit mo nagawa yun sa kanya. Kung bakit.. well.. January 7 nung.. nagising sya from coma.. Alam mo ba kung anong unang sinabi nya?

He called out your name.

And few minutes later, natandaan nya yung accident.. he wailed like a child inside the ICU. Hindi ko nga masabi na wala na si Anton.. 2 days later ko lang sinabi sa kanya.. and.. he blamed himself.. kasalanan daw nya kung bakit.. bakit namatay si Anton.. Isang buwan syang di makausap.. ayaw nyang magsalita kahit nilipat na sya ng room.. We all thought nabaliw sya.. Nagtherapy sya kasi malaki yung damage ng accident sa legs nya.. Suki na rin sya ng plastic surgeons sa Frankfurt.. Ang galing noh? Hindi halata ngayon na.. na.. naaksidente sya. Galing ng derma nya!

His parents tried so hard to cover this accident. Kami-kami lang ang nakakaalam na nangyari to. Ayaw na naming ipaalam sa inyo sa Pinas kasi.. malaking gulo lang.. But they're not mad at you, Jersey. Promise. April nung.. nung.. nakapagsalita ulit sya. Then.. tuluy-tuloy na yung recovery nya from the accident. Pero may bakas pa rin sa kanya yung accident, he can't ride on motorcycles anymore. Natatandaan nya kasi yung.. accident.

He tried to forget you. After the accident hindi na sya nagbanggit ng kung ano tungkol sa'yo or what. He focused on his studies and.. MTV. Kinuha nya yung offer ng August.. kaya nakapaghost pa sya ng EMAs last year. He tried to live a normal life, pero the accident still haunts him. Gigising na lang sya bigla sa gabi dahil sa bangungot. Then nung October 4.. bigla na lang syang nawala. Nakita na lang sya ni Richmond na lasing sa cabinet ng apartment nya. First.. death anniversary kasi ni Anton non. He was his bestfriend there, Jersey. A brother. Nahirapan talaga syang magcope dun sa accident.

He met Tracy nung June. At first.. hindi ako naniniwala na may gusto sya kay Tracy kasi.. alam ko namang ikaw pa rin yung mahal nun. Pero.. naging okay naman si Kevin pag kasama nya si Tracy. Kahit alam ni Tracy na.. never ka nyang mapapalitan sa puso ni Kevin.. nagstay pa rin sya sa tabi nito.

Summer this year nung.. nagkasalubong si Kevin at Sir Dumlao sa Paris.. and that's when he received the offer to teach sa LB. Tracy and I are against it, baka kasi mistress si Kevin. Pero he assured us na okay lang.. na kaya nyang harapin kayo dito.. He even assured me na.. hindi na sya papaapekto sayo.. Pero tignan mo ngayon diba? Anong nangyari? Lakas pa rin ng tama sayo eh!

Jersey.. sana naiintindihan mo kung bakit.. nagsinungaling sayo si Kevin.. kung bakit inako nya yung sa break-up. Ayaw nya lang kasing i-bring up pa yung nangyari sa Germany. Ayaw na nga nyang bumalik dun e! For him, Germany's hell. He loves you. Nothing changed that! Kahit nung mga panahong pilit ka nyang kinakalimutan, pareho naming alam na niloloko lang nya ang sarili nya.. kasi alam namin pareho na at the end of the day, ikaw pa rin yung laman ng puso't isip nya.

Hindi ko na talaga napigilang humagulgo. All this time.. akala ko ako lang yung nasaktan at nahirapan.. Akala ko na saming dalawa ako yung pinakadehado.. Yun pala.. si Kevin. Tapos.. ako tong si timang, kung anu-ano pang ginawa sa kanya.. I.. I..

Me: Wait.. I don't understand.. The reason kung bakit ako pumunta ng Germany.. may natanggap akong email from Kevin.. I.. i received a link to a video..

Maxene: \*confused\* Video? What video?

Me: T-the one you shot.. yung sinasabi nyong ginawa nyo nung January. May 3, 2014 yung.. date ng email.

Maxene: Jersey, nasa coma pa nun si Kevin because of lupus. May 17 nung ginising sya from his chemically induced coma. And.. what video? I c-

Me: The surprise video! Nabasa ko na lang yun ng June!! May pa nung sinend sakin ni Kevin yung link.. That's why I went to Germany.. He said na maghihintay sya sa Phantasieland everyday. Then nasaktong.. nakita ko syang may kahalikan na iba.. That led to my rage blackouts and.. the email.

Maxene: Are you sure about this? May nareceive kang link? Kasi.. we scrapped the project. Ni hindi nga tapos yung video e! Oo, sinabi nya sa video na.. maghihintay sya sa Phantasieland but that never happened. Nagkasakit na si Kevin nun.

Me: Then who sent that link?

Maxene: Baka si Anton.. sya kasi yung may hawak ng files. I really don't know, Jersey. Promise. Sinabi ko na lahat ng alam ko. About that video? I know nothing.

Inaatake nako ng migraine. Eto na siguro ang pinakamabigat na information na nareceive ko.. ever.

Maxene: So.. I told you everything I know.. Ikaw na ang bahala kung anong next step na gagawin mo. But one thing's for sure: he's still in love with you, and he'll always be. Nothing can ever change that.

--

Pumunta ako sa studio right after naming mag-usap ni Maxene. Sinubukan kong di isipin yung revelations nya but.. I can't. So lahat ng pinaniwalaan ko for 3 years.. hindi totoo? Ang.. sakit sa ulo!



Inabutan ko sina Jicker at Amae sa studio.

Amae: \*shocked\* Oh my god Je! What happened to you!?

Jicker: \*natataranta\* OMG OMG OMG ARE YOU RAPED!?!

Hindi nako nakasagot. Umiyak na lang ako nang malakas. I told them everything I heard from Maxene. Di na rin nila napigilang umiyak. After kong magkwento..

Then a weird thing happened.

Jicker: A-amae.. I think we should.. tell her.

Amae: Jick!!

Me: W-what? Ano yun?

Amae: Jicker! Not now!!

Jicker: She deserves to know!!

Me: \*galit\* What's going on? Pati kayo? May kinalaman din kayo dito?

Amae: Look Jersey.. This isn't the right time for this..

Jicker: Amae, habang masakit pa sabihin na natin.

Amae: And then what? Torture her? Ano!? Thi-

Me: CAN YOU JUST TELL ME WHAT HAPPENED!???

Nagkatinginan silang dalawa, unsure sa sasabihin nila.

Jicker: Jersey.. hindi to kasing bigat nung sinabi ni Ma-

Me: DIRETSUHIN NYO NA KASI AKO!!!

Amae: Alam namin yung tungkol sa movie ni Kevin.

....

....

Me: Wh-what?

Amae: Nagkasalubong kami ni Sir Ramon sa Trinoma nung May.. Kakagaling lang nya sa Europe that time.. Then he gave me a DVD copy of The Realm.. He said that.. I should watch it. Di ko akalain na si Kevin yung bida dun, swear. Nagulat na lang kami ni Keith habang

pinapanood namin. We told the whole gang about it.. pinanood pa namin.. and that's how we formed the Secret Society.

Jicker: We planned.. everything. Lahat ng pagsasama nyo ni Kevin, mula nung wedding hanggang.. nung birthday nya. We stopped there kasi we thought there's no hope for the both of you.. Kaya..

Me: Alam.. nyo yung tungkol sa movie.. and tinago nyo sakin?.. PANO NYO NAGAWA SAKIN YUN!?! KAYA PALA HINDI KAYO GALIT KAY KEVIN NUNG BUMALIK SYA DITO!!! KAYA ANG COOL NYO LANG!!!KAYA PALA!!! I.. trusted you guys.. How could you do this to me?

Amae: Gusto mo bang malaman kung bakit? Kasi inis na inis na kami sayo!!

Jicker: Amae!!

Amae: She needs to hear this, Jicker. I can't hold this anymore! Jersey, ilang beses naming pinain sayo yung movie? Ang daming beses! Hindi m-

Me: SANA SINABI NYO NALANG SAKIN NG DIRETSAO!!!

Amae: At anong natutunan mo dun? WALA!!! Ganyan ka naman e!!! PALAGI KANG TAKOT!! Alam mo ba na nagalit ako sayo nung sinabi mo samin yung nangyari sa Germany two months after? Kasi hindi ikaw yung kilala kong Jersey!! Ang kilala kong Jersey palaban! Susugurin mo pa sina Kevin habang naghahalikan, magwawala ka dun.. mananampal. KAYA KA NGA DEVIL WOMAN E!!! Kahit masakit lalaban ka!!! Eh anong ginawa mo? WALA!! UMALIS KA NA LANG BIGLA!!! NI HINDI MO MAN LANG KINAUSAP!!! At pagbalik mo dito sa Pinas anong ginawa mo? WALA!!! ANG TAGAL MO PA BAGO SABIHIN SAKIN!!! AT WALA KA NANG GINAWA PARA AYUSIN YUNG GUSOT NYO!!! Alam kong nasaktan ka sa nakita mo but what the eff!? Dapat pinaglaban mo ang sayo! Pero ang ginawa mo? Wala! Pinabayaan mo na lang si Kevin!! You can't just cut yourself off from a person, pretend your whole relationship never happened. Well, you can, but it makes you a heartless, soulless monster!

Oo na, kami na yung masama dahil hindi namin sinabi sayo. Gusto lang namin na ikaw yung makaalam, na hindi namin sinasabi sayo. Para.. malaman mo talaga yung totoo. Pati maliwanagan ka na rin sa feelings mo kay Kevin. Kasi Jersey.. naging palaasa ka na e. Ginawa na namin lahat para magkalapit kayo pero.. wala. Tapos eto.. nung kayo na gumawa ng paraan.. nagkanda leche-leche pa. Hindi ko na talaga kaya tong.. lahat. Wala na atang natirang energy sa katawan ko! Sunud-sunod na pasabog.. Ang bigat sa loob.

Jicker: Jersey, I'm sorry. Gusto lang namin na maging masaya kayo. Oo, mali kami pero.. kung di namin ginawa yun e di sana.. hindi mo marerealize kung gano sya kahalaga sayo.. at kung gano mo pa rin sya kamahal. To be honest, nakakapagod na e. Nakakasawa na makita ka naming dinedeny yang nararamdaman mo. Kunwari masaya ka pero hindi.. para kang nagsusuicide e. Okay lang na magalit ka samin, tatanggapin namin yun.. pero sana.. ang gusto lang namin.. magkaayos ka-

Hindi ko na hinintay matapos ang monologue ni Jicker. Umalis agad ako ng studio.

## DECEMBER 31

Pinatay ko lahat ng bagay na pwedeng maging paraan para macontact nila ako. Bumalik din ako sa bahay namin sa Alabang para mag-isip. T@ngina, mababaliw nako sa nangyayari sa paligid ko!!!! Daig ko pa ata ang teleserye sa sobrang drama ng buhay ko e!!!

Pero.. ano nga ba talagang gusto ko?

Actually.. natatakot ako. I never thought na masasaktan ko ng ganun si Kevin. Pero.. hindi ko naman talaga kasalanan e! Someone sent me a video!!

Shut up Jersey! Hindi eto ang panahon para dyan. You must know what to do right now..

Ang hirap.

Pagod na ang utak ko kakaisip sa kung anumang gagawin ko. Hindi pa nga ako nakakatulog e!!! I need to rest. So I decided to take sleeping pills. Hoy, kahit problemado ako hindi ako mag-oOD! Gusto ko lang makatulog...

-

Ewan ko na lang kung anong nangyari. Basta paggising ko.. nasa isang wedding reception nako. Nakatayo ako malapit sa refreshment stand, nagtataka. Kanina lang..

Nagpalakpakan bigla yung mga bisita.. teka.. nasan ba ko? Kaninong wedding to? Pihadong di sakin! Nakabridesmaid dress ako!! Oh my..

"Please welcome, Mr. Keith and Amae Romero!"

\*crowd applause\*

Nasa.. kasal ako nina Keith? Weh?! Talaga?!? OMG.. Kasal nga nila to!! Oh my god!!! They got married!!!

Nagpunta silang dalawa sa gitna ng stage.. first dance na agad?

"Sa mga couple dyan! Pwede nyo kaming sabayan!" sigaw ni Keith. Nagsitayuan naman sina Sath & Jerro, Pao & Kat. Si Jicker, tuluy-tuloy lang sa pagkuha ng picture. Teka, bakit di nila ako k-

"Do you want to dance?"

\*lingon\*

Si Kevin. He's smiling at me.

"S-sure."

He led me towards the dancefloor, pinagtitinginan kami ng mga tao. Kumindat pa nga si Jicker e!

"Tell him!! Tell him!!" Amae mouthed to me.

Tell him what? Di ko naman alam sas-

Para akong nakuryente nung pinatong nya yung left hand nya sa bewang ko. What is this?

Swear. Iba yung kanta na pinapatugtog ng DJ pero eto yung kantang nasa utak ko.

*Nilibot na ang buong mundo  
Di pa rin ako nakukuntento  
Makakahanap ng ipapalit  
Nang walang babala  
Lumipas ay nagbabalik pala*

"So.." bulong ni Kevin saakin. "Kamusta na?"

"Y-yeah. I'm.. fine. Ikaw?"

"Everything's great! Nakakapagod nga lang ang byahe."

"S-san ka galing?"

He looked at me with a confused expression. "Sa Germany. Okay ka lang ba?"

*Nalilito na ako hindi na dapat gan'to  
Nakaraan ay natapos at napagdaanan na  
Bakit na sisindak pa sa t'wing naaalala  
Matatauhan na wala ka na pala*

"Y-yeah.. I'm fine."

"Look.. this may sound so weird.. but.. I need your advice."

"About what?"

Kevin stared at me intently. And that moment, I realized...

***I'm still in love with him.***

*Ako sila'y nandito na  
Ikaw na lang ang kulang  
Anong lunod o lalim ba't 'di na lang lumutang  
Anong pait ang matamis at aking susubukan  
Anong silbi ng narito  
'Di mo na kailangan*

"Kevin.. Wait.. I have to t-"

\*ring ring\*

It's Kevin's phone. "Oh. Si Tracy!"

*Hindi nga nagtagal ang pagpapanggap na 'to  
Kaliwa at kanan harap at likod ano mang anggulo  
Titigan ay bumibigay ako*

ARAY. DUROG PUSO NAMAN AKO DUN <////3 Lumayo ako sa kanya para makapagusap sila ng matino. Pero.. tinawag ulit ako ni Kevin.

"Jersey wait! You of all people know how much I suck at this. You gotta help me."

\*sighs\*

*Damdamin ay kay bigat  
Naisip na ang lahat  
Wala na ba talaga akong magagawa pa*

"Please Jersey? Just once I want to feel what it feels like to not screw things up."

"S-sure."

*Ako sila'y nandito na  
Ikaw na lang ang kulang  
Anong lunod o lalim ba't 'di na lang lumutang  
Anong tamis ang mapait at aking iiwasan  
Walang silbi ang narito  
'Di mo na kailangan*

Sinagot na nya yung tawag. "Tracy! Hi! Sorry kung di nako nakapagpaalam sayo days ago.. You see.. the reason that I called you -"

"To tell you how I feel about you," I supplied. Inulit lang ni Kevin ang sinabi ko.

*Wala na bang makakapantay at di na ba dapat pang maghintay  
Ako lang ba ang nagkasala?  
Kumakapit sa natitirang sana.*

Kami ni Kevin: I know that we didn't work out the first time.. and I know it doesn't make any sense but.. I still love you. I feel that we belong together. Is there any part of you that wants to try again?

ANO NA NAMAN TONG GINAWA KO!?! Lahat ng gusto kong sabihin kay Kevin.. ginawa kong advice para magkabalikan sila ni Tracy.

Kevin gave me a thumbs up, a sign that my idea worked. I gave him my half-assured smile and walked away.

"Jersey!"

I looked back. "Yes?"

*Kung babalik ka pa hanggang kailan kaya?  
Ako dito mag aabang na magdutong na ang patlang  
Ang kulang ay mapupunan wala nang makahahadlang  
Wala na yatang hihigit sa pangungulila ko  
Iba na bang nagbibigay ng mga kailangan mo?*

"You had your chance. Bakit di mo pa masabi?"

AND WITH THAT, I WOKE UP.

GOOD LORD!!! Buti na lang panaginip lang yun! Hindi ko keru kung totoong mangyayari saakin yun. I.. still love him. I can't lose him again.

Tinignan ko yung oras.

It's 10:28 pm.

I grabbed my keys and went out of the house.

There's no turning back.

## Chapter 29

### DECEMBER 31

(Kevin's POV)

10:30PM na sa wristwatch ko. Ilang oras na lang, New Year na. Haaaaay ://

Mag-isa lang ako ngayon sa condo. Himala ngang tumigil na sa kakakulit sina Jicker at ang barkada sakin ngayon. Anong meron? Walang New Year Party? Marami nagyaya saking pumunta sa parties, kaso ayaw ko. Nakakatamad magpanggap na masaya ka pag may problema. Hindi mo lang niloloko ang ibang tao, pati rin sarili mo.

Ginagawa ko ngayon? Wala lang. Nood lang ng Boardwalk Empire. Bored. Ganito ko sasalubungin ang New Year, matutulog na lang ako.

So.. I think alam nyo na. Sorry for hiding such information. Medyo.. magulo kasi. Ayoko kasing kaawaan, lalo na ni Jersey. Mas nanliliit kasi ako pag ganun. At ayoko talagang makikita na ang daming umiiyak sa paligid ko. Parang mas feel ko na mamamatay nako. Tsaka gusto happy lang diba? :DD

Sa mga nag-aalala dahil may lupus ako, wag kayong ganyan! I'm perfectly fine! :) Every 3 months may check up ako sa St. Luke's. Puro lab tests etc. Gamot. Namana ko ata sa lola ko tong sakit na to. DI PA AKO MAMAMATAY. Treatable ang lupus. ABA, papayagan ba ni Leng na mamatay ang gwapong ito? \*kruu kruu\*

Ayan, walang iiyak ah. Tama na drama! Wag na lang nating pag-usapan yung tungkol sa accident. Masyadong... gory. Ayoko na talagang maalala. Nako, para san? Para kaawaan?

Actually hindi ko talaga inaasahan na magiging ganito ang mangyayari pag bumalik ako. Ineexpect ko na magiging okay lang kaming lahat, tutal wala nakong feelings kay Jersey at may girlfriend na ako that time. Kaso.. malakas yung kapit e. Akala ko after almost 2 years na hindi pag-iisip tungkol kay Jersey, isang kita ko lang sa kanya, binaha agad ako ng kung anu-ano. Kaya hot and cold ako sa kanya. Minsan gusto ko sya, minsan hindi. Natatakot kasi akong pagkatiwalaan sya ulit, after nung nangyari. Tapos nung panahong alam ko na na.. mahal ko pa rin sya, natakot na naman ako. Baka kasi hindi ganun yung feelings nya sakin. Na pag nareject ako, feel ko babalik lahat ng sakit.

True enough, bumalik na nga.

When she rejected me.. medyo mahirap. Di ko alam kung anong gagawin ko pag nakita ulit sya. It took me a long time to compose myself that I can deal with her, as if nothing happened.

Kaso wala rin. Dun din pala punta nun. Medyo nanghihinayang ako ngayon na bumalik pa ako ng Pinas.

Bakit di ko pinasabi sa kanila? Sus, alam nyo naman sila. Masyadong malalakas ang imagination at kayang-kaya gumawa ng kung anong kalokohan. Tsaka makakagulo lang ako sa kanila. Kakagraduate lang nila tapos sasalubungin ko sila ng ganun? Sama ko lang.

Haaaaaay. Ang ingay ng fireworks sa labas! Teka, tutulog na muna ako. Sana paggising ko bukas.. back to zero na lang. Hoy, never kong naisip o nasabi sa sarili ko na sana di ko na lang nakilala si Jersey ah! Swerte ko kasi nakakilala ako ng babaeng katulad nya. Ako lang talaga tong may dalawang sapak at kalahati. Nakakaemo lang talaga.

Ish-shutdown ko na sana yung laptop ko nang.. accidentally kong makita yung isang folder sa desktop. Puro pictures laman nito.

Eto yung pictures na kinunan ko since pagdating ko ng Pinas. Sath's wedding.. Parl Homecoming.. basta ang dami! Nakakatuwa lang makita tong pictures. Puro stolen si Jersey dito eh! Sarap lang tawanan e! Tapos.. sunud-sunod na picture nya. Nakaka..miss tuloy. Sana masaya na lang palagi. Ba't hindi na lang ganun? Nakakainis! Eh kung burahin ko na lang lahat ng picture nya? T@nga ka Kevin, kahit burahin mo kabisado mo pa rin mukha nya. Yung ngiti nya.. Ay putek! Bakit ka ba nagrereminisce Kevin? Di pa ba..

Shet. Ba't ba kahit nasaktan nako, kahit nagkanda leche-leche na buhay ko.. sa kanya pa rin ako bumabagsak sa huli? Siguro ganun nga. Ganun ko sya kamahal.

11:15 na sa laptop ko. Makatulog na nga! Mamaya na lang ako gigising ng mga 12:30. Dun na lang ako kakain. Pinatay ko na yung laptop at pumunta sa kwarto. Matutul-

Di ako makatulog. Bakit kaya? May nag-iisip ba sakin? Ano na namang drama nito! Kakainis inaantok nako e!!

Pinikit ko na lang mga mata ko. Sana.. sana..

*"Sir you won't believe it but nakatabi ko dito yung first love ko nung kinder!"  
"Uy Love! Kiss daw oh! Lika nga!"*

*"TAMA NA YANG PDA! WE'VE SEEN ENOUGH! Mamayang gabi dun kayo sa Fertility Tree, dun nyo ituloy yan!"*

-

*"Hoy! Stop, DEVIL WOMAN!"*

*"What did you just call me?"*

*"Devil Woman. Bakit?"*

*"WHAT THE HELL! DEVIL WOMAN KA DYAN!?"*



*"OO. Palagi ka kasing aburido e. Lumalabas sungay na. Tsaka high pitch ka ba talaga magsalita? Parang di babae e. Nakakairita!"*

*"Pag ang babae single, tapos hindi pinapansin ng gwapong type nya, they have this tendency to be hostile to that guy. Parang may PMS palagi. Symptoms yan ng DWS."*

*"DWS. Mga imbento mo!"*

*"Devil Woman Syndrome. A very rare case na ikaw lang meron. Lagot ka, pag di ka pa nagkaron ng boyfriend bago ka magdebut, you'll be an old maid forever."*

-

*"Sorry nga pala dun sa kanina. Hindi mo nga pala ako pinapansin."*

*"Haaaa.. Eh.."*

*"Wag kang mag-alala, kaya ako nagsosorry kasi sinabi sakin ni Ken. Wag kang mag-isip ng kung ano. Pero.. ang weird mo. Kung may problema ka saakin, sabihin mo agad, di yung papahulaan mo pa saakin. I repeat, kung may mali, just tell me. Kahit sabihin kong lumayo ka, wag kang lumayo, not unless I mean it."*

-

*"Payakap naman please."*

*"Sus, yakap lang ba? Don't hesitate to ask my hugs anytime! Basta may talent fee yun. Bye partner!"*

-

*"Jersey's not even my girlfriend by the way. She's not even my type, tong Devil Woman na to. And she doesn't even like me. But lemme clear one thing: she's my partner."*

-

*"The best way to lose is to lose yourself to someone you love. So yeah, I accept defeat. I love you Jersey."*

-

*"You and I will always be the first, Debs."*

-

B..bakit ngayon pa nagfaflashback ang mga bagay na to? Nang-iinis lang? AAAAAAAGGGGGGGHHHH!!! HINDI NA TULOY AKO MAKATULOG!!!

Lumabas ako ng kwarto para uminom ng tubig. Putek, 11:35 na pala. Nakakainis dapat tulog nako ngayon!! Kinuha ko yung gitara ko sa may TV at lumabas ng unit. Wala lang, pupunta ako sa rooftop para manood ng fireworks.

Mahilig si Jersey sa mga cute na bagay. Tanda ko pa nung first New Year naming nagkasama. Pumunta pa kami ng barkada sa Bocaue para bumili ng sangkatutak na paputok! Tapos 3 hours before New Year sinidihan naming lahat.

Ako: Oy. Nag-aksaya ka ng P5,000 para lang sa paputok? Sayang pera ng magulang mo!!

Jersey: Eh bakit ba? Cute sila e!!!

Ako: \*iling\* Kung sana dinonate mo na lang sa charity yan.. mas okay pa. O inipon mo!! Walastek mamumulubi ako sayo nito.

Jersey: Ay, ikaw nagbayad, Kuya? Kainis!!  
\*sinidihan yung luisis\*

Ako: \*picture\* Muntanga, lam mo yun.

Jersey: \*smiles\* Muntanga pala ah. Ba't mo ko pinicturan?

Ako: La lang. Gusto mo burahin ko na lang?

Jersey: Wag!! Epal to. Gagawin ko yang DP.

Ako: Vain.

Jersey: Alam mo ba kung bakit gustung-gusto kong makakita ng fireworks pag New Year?

Ako: Mahaba ba yan? Baka kasi antukin ak- ARAY!!! Oo na ho, makikinig na!!!

Jersey: (-.-) Anyway.. san na ba ko? Ayun! Kasi nung Grade 4 ako, nakasunog ako because of fireworks.

Ako: (O.O) Goodness. My girlfriend's an arsonist!!!

Jersey: GUSTO MONG DI ABUTAN ANG NEW YEAR, SANTOS? Pwedeng patapusin muna ako?

Ako: Opo Ma'am.

Jersey: Grade 4 ako nun, tapos tuwang-tuwa ako sa fireworks. That time sobrang atat nakong magpaputok, so mga 11pm pumunta ako sa garden namin, at sinidihan yung fountain.

Ako: Tsk tsk. Sabi na nga ba e, bata pa lang may pagka-tanga ka na.

Jersey: Isa pang interruption papasabugin kita.

Ako: Hehehehe eto naman joke lang!

Jersey: Ayun. Ayaw sumindi nung fountain, so todo gamit ako ng posporo. Eh hawak ko pa yung fountain nung biglang dumingas sya. So ang ginawa ko binato ko.. kasama nung papel na may apoy. Eh lumanding sa orchids ni Papa. Ayun, nasunog. Since nun, di nako pinahawak ng fireworks. Hanggang tingin na lang ako kina Kuya pag New Year. Grabeng inggit ko nun! Pero syempre pagdating ko ng highschool pinayagan na rin ako. Wala lang. Minsan ka lang kasi makakita ng ganung kagandang bagay eh. Ang colorful!!

Ako: Asuus. Minsan daw. Ako nga palagi eh.

Jersey: \*monotone\* Talaga? Palagi kang nagffireworks?

Ako: Sabi mo minsan lang makakita ng ganung kagandang bagay. Ako palagi.

Jersey: Gutom ka na ba? Ta-

Ako: Palagi kasi kitang nakikita. Di ba maganda yun?

Jersey: HAHAHAAAAH ANG FUNNY MO TARA KAIN NA NGA! \*hinila ako papasok ng bahay\*

Ako: Jersey?

Jersey: Hmm

Ako: Love me?

Tumigil sya sa paglalakad at tumingin sakin.

Jersey: \*smiles\* Always.

*Find me here, speak to me  
I want to feel you, I need to hear you  
You are the light that's leading me to the place  
Where I find peace again*

Haaayy. If only I could meet someone new. I guess my chances of that happening are somewhat diminished. Knowing that every girl in this world can never replace Jersey. Kahit ilang babae pa siguro yung bumalandra sa harap ko, sya pa rin hahanapin ko. Alam ko kasing hindi ako malulunod sa kanila, kagaya nung pagkalunod ko kay Jersey.

11:48 na pala. 12 minutes to go before New Year. Siguro karamihan sa mga tao ngayon e masayang kasama yung mga taong mahal nila. Shet, bakit ba ang drama ko ngayon? Kakanta na nga lang ako!!

*You are the strength that keeps me walking  
You are the hope that keeps me trusting  
You are the light to my soul  
You are my purpose  
You're everything*

Ang ganda ng fireworks! Sana nakikita rin to ni Jersey ngayon. Nasan kaya sya? Kasama yung family nya? Si Jicker? O katulad kong mag-isa? Nandun kaya sya sa condo nya? Ano ba Kevin! Lalong sasakit ulo mo nyan sa kakaisip e!

Bigla akong napatigil sa pagkanta. Narinig ko kasing bumukas yung pinto papasok dito sa rooftop. Nako, baka yung janitor to!

*And how can I stand here with you  
And not be moved by you  
Would you tell me how could it be any better than this  
You calm the storms and you give me rest  
You hold me in your hands  
You won't let me fall*

"Kuya! May tao ho dito! Wag nyo kong saradu-"

Hindi pala janitor yun.

Si Jersey pala.

Jusme. Nananaginip ba ako? O talagang.. nandito sya? Nakatingin lang sya sakin. Teka, is she crying? Seriously?

"J-jersey?" naglakad ako palapit sa kanya. Sya naman, unti-unting naglakad palayo sakin. Anong topak na naman nito? "Okay ka lang?"

Nandun lang sya, nakatayo. Umiiyak.

"K-kevin.. I.. I'm so sorry."

Dun tumakbo nako papunta sa kanya, at niyakap sya. Di na sya tumigil sa kakaiyak.

"M-maxene.. told me everything. I'm so sorry Kevin.. I didn't know!! I was.. drunk.. and.. hurt. Di ko talaga alam Kevin!! Swear!!! I'm so sorry!!! Please forgive me. I.. I didn't know..."

*You still my heart, and you take my breath away  
Would you take me in take me deeper now  
And how can I stand here with you  
And not be moved by you*

Hindi ko na rin napigilang umiyak. So alam na nya yung nangyari.. Eto na yung kinakatakutan ko.. na baka pag nalaman nya yung totoo.. lumayo ulit sya..

"Jersey, it's okay. It's okay.. Wala na yun! It's all in the past now.." I hugged her tighter.

Bumitaw sya sa pagkakayakap ko sa kanya. "H-hindi ko alam.. kung bakit sa lahat ng nangyari.. mahal mo pa rin ako. You almost died because of that e-mail! Hindi ko alam.. kung bakit sa lahat ng tao ako pa yung pinili mo Kevin. I sometimes think that I don't deserve a guy like you. I'm a mess, Kevin. Why.. do you even love me?"

"Coz I'm a mess too. We are perfect in our imperfection, Jersey. We are the way we are supposed to be. Always remember that."

She cried even more. Grabe, gusto kong tumawa na ewan. Ang saya-saya ko lang! Di dahil umiiyak sya sa harapan ko. Nakita ko na sya ulit! Masaya nako. Kung san man mapunta to, bahala na. Okay na ko kasi nakita ko sya.

"Kevin, I made a mistake. When you said you wanted to be with me, I got scared.. and I pushed you away. But the truth is..

I want all the same things that you want. I do.

And I want them with you."

For the very first time in my life, dun lang ako naiyak dahil sa sobrang saya. Parang gusto nang sumabog ng dibdib ko!! Di ko na alam kung anong gagawin ko.. Gusto ko syang yakapin..ayoko na syang pakawalan.

I smiled at her.

"Took you long enough, Debs. Took you long enough."

At that moment, nothing else mattered. Good things really happen to those who wait.

## **Chapter 30**

### **JANUARY 1**

(Normal POV)

*Kung gisingin kita ngayon,*

*baka bigla kang maahon*

*Sa dagat ng iyong kapayapaan*

*Habang nakatigil pa ang iyong mundo*

*Unan ay panlaban sa gulo*

*Sinisugurong walang gagalaw sayo*

Kung panaginip man ang lahat ng iyon, hinihiling na ni Kevin na dun na lang siya forever. Wag na sana siyang magising or what. It's too good to be true.

But of course, it's not a dream. It really happened.

Hanggang ngayon hindi pa rin siya makapaniwala sa nangyari sa kanila ni Jersey. Parang 4 hours ago lang pinaplano niyang tulugan ang pagpasok ng New Year, gigising ng 8am at kakain ng breakfast at God-knows-what. He never expected this would happen. Oh, that's a lie. He imagined this would happen.. but not in that way. Iniimagine nya na mangyayari yun two or three days after..

Hindi talaga niya ineexpect na mangyayari yun ng mismong.. January 1. Kevin's so ecstatic! Bite me, New Year! The hell I care!! I have the love of my life back again!! BEAT THAT!!

Ano raw? Ewan. Gulo lang niya kausap. Too good to be true nga e. Lalo na nung narinig niyang sinabi ni Jersey, "I want them with you." You.. ako ba yun? Loading pa siya kahit alam niyang siya na yun.

Pure bliss. Yun na yun.

After that? Hmmm. They went back to his condo and talked about what really happened. Actually ayaw na marinig ni Jersey yon, pero siya na rin ang nagsabi para lumuwag na ang pakiramdam niya. Mahirap sabihin yon. Yung saya na naramdaman niya kanina? Nawala yun habang kinukwento niya kay Jersey lahat ng nangyari. Napaisip nga siya, shet totoo bang nangyari sa kanya yun? Masyado naman atang madrama! Pang-MMK! Pero oo. Nangyari sa kanya lahat ng yon. Walang labis walang kulang.

Kaya masakit para sa kanya na ikwento ulit yun. Hindi na lang niya pinansin kasi alam niya na ito na ang huling beses na makakaramdam siya ng sakit. Kasi finally, after years of hiding this horrible secret, sasaya na rin siya. Sus, sandali lang naman yang pagkukwento! F\*ck pain! Kapalit naman nito e matagal na happiness!

Pinigilan niyang umiyak, nahiya naman siya kay Jersey kasi.. lalaki e. Tsaka pihadong ilang araw lang, aasarin na siya ni Jersey na iyakin. Galing lang niya eh. Napansin niya na pagod na si Jersey. Aba, sino bang hindi masstress dun ah? Information overload kaya yun! Pati nga siya sumasakit ang ulo pag natatandaan yun eh. Kaya kahit ayaw pang matulog ni Jersey, hinigit na siya ni Kevin para matulog. Ilang beses na silang nagtabing matulog pero.. nothing compares to this. Nagtitigan lang silang dalawa dun, parang timang. Parehas silang di makapaniwala na they're back together. At long last!! SUCCESS!

Jersey was the first one who fell asleep. Nagkaron pa sila ng old game na "Hindi kita papatulugin!" pero alam nilang pareho na makakatulog si Jersey kahit anong gawin ni Kevin. A soft "I love you" escaped her lips before she closed her eyes.

Ayaw na matulog ni Kevin nun.

Tinitigan lang niya si Jersey habang natutulog. Umabot pa sa point na binibilang niya ang paghinga nito. Weird lang diba? Pero kung ikaw yung nasa pwesto niya.. hindi ba ganyan din ang gagawin mo? Di yung pagbilang ng hininga ah!

Ayaw niyang matulog. Sisirain lang kasi ng antok ang moment of reconciliation nilang dalawa. Kahit kasing bigat na ng hollowblocks ang eyelids niya.. pinipigilan niya talaga. Kanina pa niya sinusuklay ng kamay ang buhok ni Jersey, na dati pa niyang ginagawa habang natutulog ang girlfriend.

Wow. Girlfriend. Agad-agad? Walang ligaw-ligaw?

He smiled. Girlfriend. After 3 years.. girlfriend. Paulit-ulit sa utak niya ang Girlfriend girlfriend girlfriend.

Siya na ang pinakamaswerteng tao that time. HAPPY NEW YEAR!!

Kaso di na niya napigilan ang antok. Parang sinasabi nito na sige lang Kevin, matulog ka lang. Di naman mawawala si Jersey sa tabi mo. Just rest. Bago siya matulog, he planted a soft kiss on her forehead.

He can't wait to wake up.

4 hours later, when he woke up..

she's gone.

- - - -

Nagulat siya nang marealize nyang wala na si Jersey sa tabi niya.

Baka naman nasa kitchen lang, he told himself. Nakangiti pa siyang pumasok ng CR para magtoothbrush. Oh, breakfast with Jersey. Good times, good times.

Wala naman si Jersey sa kitchen.

Hinanap niya si Jersey sa buong condo unit niya. Wala. As in.

Wala.

He felt.. cheated. How could Jersey be so cruel? Sure, Devil Woman nga si Jersey, malakas ang trip. Baka naman nag-iwan ng note kung saan, ugali naman niya yung kahit dati pa, ang mag-iwan ng note. He searched everywhere, but he never found that effin' note.

Goodness, Jersey! Out of the seven billion people alive on the planet, he was the only one whose needs and feelings she didn't cater to. He was the idiot for believing her so blindly and being so eager to believe in the prospect that she might truly want him back.

Anyareh sa "I want all the same things that you want. I do. And I want them with you."

Ganun ba siya madaling mauto? Baka naman may sign na siya sa noo niya, saying: Use me, Jersey; I pretend not to care when I really do. After every b\*llsh\*t that has happened to me. Use me.

Ano siya, laruan? Well.. Jersey didn't need a stamped message to know he was a sucker for her; she knew he was a sucker for her.

Bumalik siya sa kwarto niya para magpalit ng damit. Dun lang niya napansin na umuulan. Great, just great. New Year na New Year tapos umuulan. Tamang pangdagdag ng kalungkutan.

Sana pala panaginip na lang yun. Nakakainis!!! Gusto niyang umiyak sa sobrang sakit. Nangyan, nang-iwan na naman!

A random line from an Itchyworms' song came to him.

*Minahal kita nang lubusan, iniwan mo ako sa ere.*

Great. Just great.

Hindi naman siya pwede magmukmok buong araw dahil sa nangyari. Iniisip na lang niya na baka nadala lang si Jersey sa mga nalaman niya kaya pumunta ito sa kanya. Out of guilt. That thought disgusted him. Si Jersey, gagawa ng bagay out of guilt? Bagay katulad ng pagpapaasa sa kanya? You've got to be kidding me!

Pumunta siya sa sala para manood ng TV. And something caught his eye.

Jersey's pants.

Nangyan. Anong ginagawa ng pantalon ni Jersey dito?!? Sa sofa?!? Umalis siya na walang suot na pantalon?!? AT KELAN PA NIYA KINAYANG GAWIN YUN!!! Oo model siya pero naman!!! Bumalik agad siya ng kwarto niya at binuksan ang closet niya. Imposible ang iniisip niya na baka humiram si Jersey ng pants sa kanya. Sure dati may nagkasya kay Jersey pero ngayon medyo lumaki ang katawan niya. Baggy pants yun pag nagkataon.

Natakot tuloy siya. Baka naman hindi niya nalock yung pinto kagabi, tapos may pumasok sa kwarto.. kinuha si Jersey..

and iniwan yung pantalon? Be logical, Kevin. Isip naman!!

Eh san naman pumu-

His front door opened.

Si Jersey pala yun.

Si Jersey na nakasuot ng oversized tshirt (na ninakaw sa closet niya) at nakajacket pa ito (na sa kanya rin). Bitbit nito ang isang plastic ng Ministop sa kanang kamay niya at car keys niya sa kaliwa.



Nganga na lang si Kevin.

"Kevin? Are you okay?" No response.

Eh anong...

Nagets na rin ni Jersey kung bakit natanga si Kevin. "I.. uhh.. You ran out of milk."

*At kung bigla kang di mapakali*

*Kung pwede lang ako'y mekaniko*

*At panaginip mo ay kotseng aayusin ko*

*Kung maari lang kumutan ka,*

*sa ano mang bagyong babadya*

*Walang laban ang lamig sa init ng ating pag-ibig*

Whaaaaaat? Grabe!!! Ano bang pinag-iisip niya? Bumili lang ng gatas si Jersey!!! WOOOOHOOOOO!!!! Di niya napigilang tumawa ng malakas. Nakakabaliw lang!!!

"Kevin, are you okay?"

"Y-yeah. I'm.. okay. Nakashorts ka ba?"

Tinaasan siya ni Jersey ng kilay. Then she saw her pants on the floor. "Oh. Of course I'm wearing one! Hello."

Agad siyang lumapit kay Jersey at hinalikan ito. Hindi lang siya basta masaya, he's beyond ecstatic. Bumili lang pala ng GATAS!!! Kung anu-ano pa pumasok sa isip niya!!!

"What was that all about?" tanong ni Jersey.

"I.. I thought you'd left."

"What? I wouldn't do that," he sensed a tinge of hurt in her voice.

"Eh kasi naman, aalis ka bigla na walang nilalagay na note!!! Akala ko san ka na nagpunta!!!! Tapos yan!!!! Pantalón mo pakalat-kalat!!!! Gulo mo lang ah!!!!"

"I left a note!!!!"

"Hindi ko nakita!!!!"

Bumalik agad si Jersey sa kwarto ni Kevin, habang nagtataka naman si Kevin kung anong gustong patunayan nito. "Wala ka ngang note na iniwan!!!!"

May hinahanap si Jersey sa kama. Ano na naman kaya yun? "Eh anong tawag mo dito!?!"

Naretrieve niya ang isang parasol ng yellow Post-it na may nagkasala na: Went to Ministop. BRB.

"Pews hindi ko nakita yan," yan ang excuse niya.

"Nil gay ko yan sa noo mo. Baka natulog."

"Sana nilagay mo na lang sa pinto or whatever. Malamang di ko makikita yan."

"Hoy New Year na ang init pa rin ng ulo mo! Bagu-bago naman bro!"

"I just got insecure. That's all." There, he finally said it. Nakatanga lang si Jersey, hinihintay kung ano ang kasunod na sasabihin ni Kevin. "I got insecure coz.. basta. Akala ko panaginip lang yun lahat."

Of all things, tumawa si Jersey.

"BAKIT MO AKO TINATAWANAN!!!"

"May amnesia ka ba? Grabe to!"

"Umayos ka nga."

"I'm yours. All yours. What more can you ask for?" she said with that same smile Kevin saw years ago. In an instant, nawala agad ang inis nito. Pumunta agad siya kay Jersey at niyakap ito sa bewang.

"Can I ask you something?"

"Kevin kung bastos yan di ako magdadalawang isip na ibalibag ka. Kahit naaksidente ka wapakels ako. Dudurugin kita."

"Eto naman (-.-)"

"O ano ba yun? Dali."

"Gutom nako."

('.) "Yun lang? Yun lang me yakap factor na?"

"Sama mo."

"Oo na ho ser. Magluluto na nga!! I forgot na PG ka."

"But you love me anyway."

"Yeah. I do."

----

## **12 HOURS LATER**

Nasa harap sila ng gate nina Sath for their New Year Party. Hindi pa nila kinakausap ang barkada since nangyari yung mga nakakaconfuse na araw.

Kevin: \*sighs\* I'm nervous.

Jersey: Di lang ikaw.

Kevin: Anong sasabihin natin? Hi guys!!! Happy New Year na parang walang nangyari? O magsosorry ag-

Jersey: Stop being such a girl, Kevin. Get it together!!

Kev: You called me what?

Je: A girl. Now shut up and let's go inside. \*bubuksan na sana yung gate pero pinigilan ni Kevin\* WHAT'S WRONG WITH YOU?!?

Kev: Eh kung maya-maya muna kaya ako pumasok? Ikaw muna? Text mo na lang ako ku-

Je: Okay. \*hinawakan sa mukha si Kevin\* Ano bang problema mo.

Kev: I told you. I'm nervous.

Je: And I told you that I'm nervous, too. Now let's go.

Kev: Eh ka-

Je: KEVIN!!!! ANO BERRRR. We need to face them together! Hello.

Kev: Eh. Talaga?

Je: Kevin kayang-kaya kong bawiin yung mga sinabi ko kagabi sayo. Wala pang 24 hours yun.

Kev: HOY YOU CAN'T!!! YOU CONFESSED ALREADY!!!

Je: THEN STOP ACTING LIKE A SPOILED BRAT!!! TARA NA!!!! \*hinila si Kevin\*

Nasa back garden ang barkada nang pinapasok ng helper nina Sath ang dalawa, na magkaholding hands pa. Si Paolo ang unang nakapansin sa dalawa na nakatayo sa may sliding door.

Paolo: Jersey? Kevin?

\*lingon barkada\*

\*bitaw agad si Kevin kay Jersey\*

Jersey: \*to Kevin\* WHAT WAS THAT!!!!

Kev: ANO NA NAMAN!???

Amae: Wait. Were you holding hands?

Jicker: OMG OMG OMG KAYO NA!!! KAYO NA ULIT!!! KAYO NA ULIT!!!!!!

Je: Yes

Kev: Uhh..

Sath: Uuhhh what Kevin?

Je: AND NOW YOU'RE DENYING ME!!!

Kev: I TOLD YOU I AM NERVOUS!!! I'M NOT GOOD WITH THIS!!!

Je: EH IKAW NAMAN MAGALING KANG UMARTE!!!! KEVIN THE GREAT PRETENDER!!!!  
KUNWARI DI MO NAKO GUSTO BLAHBLAHBLAHBLAH ECHOS!!!

Kev: BABAAN MO NGA YANG BOSES MO!!!

Je: GUSTO KONG TAASAN!!! KUNG AYAW MO NG MATAAS EDI BABAAN MO YUNG IYO!!!!

Jicker: \*to Amae\* Ignored ako?! Kaines.

Keith: HOY!!!!

KevJe: WHAT?!

Keith: Kayo na ba talaga ulit?

Kev: Unfortun-

Je: ANONG UNFORTUNATELY!!! \*sa barkada\* Yes, we're together again.

Barkada: ('.') ('.') (-////////-/-) SERYOSO!?!

Je: Ay hindi, hindi. Joke lang to. Joke lang to.

Kev: We got married last night.

(O.O) (OO) (O.O)

Je: TALAGANG MATATAMAAN KA NA SAKIN LALAKI KA!!! \*batok\*

Kev: ARAY MASAKIT!!!

Jicker: HUWAIT LANG GUYS I AM CONFUSED!!!!!!! KAYO NA BA TALAGA?!!

Jerro: Based on experience...

Sath: Yeah. Looks like the KevJe Duo's back. Kat Pao!! Awatin nyo nga yang dalawa!!! Baka magka-WrestleMania dito nang di oras!

--

**30 Minutes later..**

Kev: \*feel na feel ang pagkukwento\* So ayun, nag-eemo ako sa rooftop nung dumating siya. Tapos she's cryin-

Je: I am not cryi-

Barkada: SHUT UP JERSEY!!!

Je: MALI KASI YUNG PAGKUKWENTO NIYA KAGABI!!!

Kev: Alam nyo naman pag umiiyak si Jersey, with uhog and everyth-

Je: \*uupakan na si Kevin; pinigilan ni Jicker\* BITAWAN MO KO UUPAKAN KO NA YAN!!!!

Jicker: TRANQUILIZER GUUYS!! TRANQ PLEASE!!!

Kev: Tapos.. ayun. Usap kami. Tas sabi nya "I want all the things that you want. I do. And I want them with you."

Amae: OMG YOU SAID THAT!!! IKAW NA SHAKESPEARE MEETS DANIELLE STEELE!!!

Je: \*blush\* Eh kasi..

Kev: \*akbay\* Ang sweet lang ng girlfriend ko noh? \*kurot kay Jersey\*

Je: \*headbutt kay Kevin\* AY TUCHA!!!! ANG SAKIT!!!!

Kev: ARAAAAAAAAAAYY!!!! AKALA KO NEVER NAKO MAKAKAEXPERIENCE NUN!!!!

Je: YOU ASKED FOR IT!!!

Kev: I DID NOT!!!

Je: THEN DON'T CALL ME GIRLFRIEND!!! YOU KNOW HOW MUCH I HATE IT!!!

Kev: EH SA GIRLFRIEND NAMAN TALAGA KITA AH!!! GIRLFRIEND GIRLFRIEND GIRLFRIEND!!!

Je: GUSTO MO PA NG ISANG HEADBUTT!!!!

Jicker: Okay Jersey tama na ang pagiging amazona!!! DI KA NA LOVELESS JE!!!!  
WOOOOHOOOOO!!!!

Je: Wait lang. Seryoso muna tayo gu-

Kev: Opo, girlfriend.

Je: Santos isa pa babawiin ko na talaga.

Jicker: Good Lord ano po itong pinasok ko ('.')

Je: Wait lang!!! Ano.. kasi..

Amae: Kaya mo yan Jersey.. \*smiles\*

Je: Uhh. Hindi lang kami nandito para sabihin sa inyo na kami na ulit..

Kev: Gusto rin naming magsorry. For all the trouble we've caused.

Jicker: Ah ganon? Yun lang? Hoy Jersey yan lang masasabi mo after you've turned diva on us!!!  
Don't tell me words can't express how sorry you are ah!!! Ikaw tong may "I want them with  
you" spiel dyan!!!!

Je: E ikaw na kaya magsorry?

Jicker: Sorry boss! Ikaw na.

Je: Look.. \*deep breath\* Sorry guys sa dami ng sakit ng ulo na dinala namin sa inyo for almost  
3 years. Goodness I suck at this! Kevin ikaw naman!!!

Je: Get it together, bro.

Je: Fine. Sorry kung pinahirapan ko kayo guys.. Kayo tong nagtyaga sa rage blackouts ko these  
past years. Newflash: More to come.

Sath: Hay what's new..

Je: But seriously.. I'm really really sorry for all those things. Ang tigas lang kasi ng ulo ko e.  
Ginawa nyo na lahat para marealize ko ulit yung mga kinalimutan ko.. Hindi ko na lang alam  
mangyayari sa kinang kung wala kayo nun.

Kev: Yung sa kinang naman.. Sorry kung tinago ko yun. Mahirap lang kasi para sa kinang na ikwento  
yun e, baka di kayo maniwala. Alam kong deserve nyong malaman yun, and sorry for making  
such a big fuss.

Nagkatinginan ang barkada, tsaka sila nagsmile.

Je: Oh-kay Kevin why are they smiling like that.

Kev: Tay tayo dyan.

Kat: Ang drama nyo talagang dalawa!!!

Pao: Well..

Sath: The thing is..

Jerro: Okay lang naman samin e.

Keith: We understand the both of you.

Amae: Eh ano pa bang bago sa inyo!!

Jicker: Kayo kasi sina Kevin at Jersey. Expect the unexpected!!! Kaloka lang kayong dalawa!!!  
And besides.. kerl lang diba?

Je: So kailangang putol-putol nyong sabihin yon? Di pwedeng isang tao lang?

Kev: Nangialam pa to!!

Jicker: Alam na naming pupunta kayo dito kaya hinanda na namin ang aming acceptance  
speech!! Tsarots!!!

Je: ARTE!!!

Amae: Basta Je.. sorry talaga dun sa tinago namin ah. Kami na talaga siraulo for doing that.

Je: Amae! Pinapaiyak mo naman ako e!!

Sath: Ano ba! New Year na New Year!!! Drama nyo!!

Jicker: Taray ni Sath! Let bygones be bygones!!!

Keith: OKAY DAHIL MUKHANG OKS NA TAYO GROUP HUUUUUUUUUG!!!!

Amae: Eh talaga Keith? Masabi lang?

Je: Bayaan mo na, Amae. Minsan lang yan!

--

1:30 na nang umuwi silang dalawa sa mga condo nila.

Kev: Eh bakit ka dito matutulog.

Je: Malamang binabayaran ko to.

Kev: Dun ka na please?

Je: Lul. Asa ka.

Kev: Sama naman nito (-.-)

Je: Di bagay sayo. Muntimang.

Kev: Fine. Sige na nga dyan ka na. Good night!

Je: \*pasok sa loob\* Goodnight!

Kev: \*harang sa pinto\* WALANG KISS?

Je: Wala! Asa ka dude.

Kev: Ano ba naman yan.

Je: Patience, my love. Patience.

Kev: Whatever.

Je: Hey. Anong gusto mong Christmas gift?

Kev: \*smirks\* Kahit ano ba?

Je: Heheheh umayos ka

Kev: Okay ka na.

Je: OKAY LANG!?? AKO!!!! PANG-OKAY LANG AKO!!!! WTF!!!

Kev: Di naman kasi yun ibig kong sabihin e!!! Ano ba. I have you already. What more could I ask for?

Je: Arte. Pero seryoso? Wala nga?

Kev: Okay na. Kung gusto mong bumawi dun sa picture frame mong regalo.. wag na..

Je: I know that sucks!! Fine. Ikaw na bahala. Goodnight! \*closes door\*

Kev: \*harang ulit\* Kiss!

Je: Kiss kissin mo yang mukha mo. Nakakarami ka na!!

Kev: Sige goodnight. Nakakainis naman to. \*alis\*



Ang disappointment ni Kevin ay napalitan ng happiness (again) 7 hours later. Paggising niya..

May nakita siyang post-its sa bedroom door, bathroom mirror, closet door and cellphone na may nakasulat na I love you. Syempre, handwriting ni Jersey.

Pero di lang yan ang surprise ni Debs.

Pagdating niya sa sala, nagulat siya sa nakita nya.

Yung blank wall ng sala nya..

may mosaic nilang dalawa. The same picture nung nasa frame na niregalo ni Jersey nung Christmas. As in, buong wall puno ng 4R pictures! Black and white pa kaya mas maganda. Nang inisa-isa nya yung pictures.. nagulat sya na walang naulit na ni isa. Pictures simula nung college hanggang nung New Year party kina Sath.

Sa LCD TV nya, may nakalagay na note.

Hi Love :))

Yan talaga dapat ang Christmas gift ko sa'yo e. Inasar lang talaga kita dun sa picture na una. Haha! :DD Sana nagustuhan mo.

Always and forever.

(PS: Sorry. Carried away lang sa Shakespeare & Danielle Steele thingy. Sorry naman!)

- Jersey

Ninja talaga yung babaeng yun! Pero WTH. Wala na siyang hihilingin pa.

*Kung gabi matulog ka sa king tabi*

*Di mo lang alam, dala mo'y ligaya*

*Kung marinig mo ang tibok ng aking puso*

*Sinasabing habang ika'y kapiling,*

*wala na akong hihilingin*

## Chapter 31

A WEEK LATER...

(Jicker's POV)

OH NASAN NA YUNG MGA NAKAKAMISS SA'KIN? TAAS KAMAY!!! WOOOOHHHHOOOOOOO!!!  
Ang tagal ko rin nawala ah! Kamusta naman yon XD Leng kasi ang tagal mag-update, tapos di pa ako kasama! Anong sense ng update? NAKO TAMA NA NGAAAAAAA! :))

So.. nasan na nga ba tayo? Oo nga pala.. KEVJE'S BAAAAACK! Teka excuse lang, pwede bang magmura ng onti? T@#\*"/!?!? NAMAN AT LAAAAAAAAAAAAAAAAAST!!! After 6 months of arduous work.. eto naaaaaa! Shet ang talino ko talaga!!! Tsarots. Syempre ang galing namin!!! 1 million votes for the Secret Society!!!

Pak na pak laaaang mga teh! =))))

One week na after nilang magkabalikan. Anyareh sa kanila? Teka, tanungin natin si Jersey. Si Jersey na pumunta sa condo ko para.. eh malalaman nyo rin naman. Eto na ngaaaaaa! :))

(sa condo ko..)

Me: \*raises eyebrows\* Ba't ka nga ba nandito? Teka.. kakagaling mo lang ng LB right?

Jersey: Yuuuuup.

Me: Oh-kay. So.. why are you here? Anyareh?

Jersey: \*smiles mysteriously\* Nating patings.

Me: Oh shut the hell up. What happened!!

Jersey: Nasan na yung remote mo teh? Modern Fa-

Me: DEH WALA NAKONG REMOTE HOY HINDI KA NGINGITI KUNG WALANG NANGYARI. ANO NGA YUN!!!! \*palo ng throwpillow\*

Jersey: \*laughs\* What the hell! Nothing nga.

Me: Ay nakoooo. Shut up. Okay fine I'll introduce the topic, okay? Kamusta naman kayo ng labs mo?

Jersey: Eww. Labs ka dyan!

Me: Ay wala kayong terms of endearment?

Jersey: We hate those things, babe.

Me: Eh anyareh na sa inyo? Ano ba!!! Ang tagal na convo starter to ah.

Jersey: Fine. It was.. awesome. \*winks\*

Me: OH MY GOD KAYA KAYO TAHIMIK!!! OMG!!! DON'T TELL ME...

Jersey: G@ga!! Hindi ah!! Iniisip mo!!!

Me: Zarreh naman teh! Bigla akong kinabahan sa'yo!! Sa inyo!! Pre-marital chorva!!!

Jersey: OA mo teh.

Me: Pero that smile.. something happened good right?

Jersey: Yup. And it's kilig all over!!! Goodness Jicker how I miss the kiliiiiig! :''''>

Me: \*excited\* REALLY!!! SPILL!! SPILL!!!

Jersey: No I won't.

Me: HOY ANG ARTE MO. BA'T AYAW MONG SABIHIN!?!

Jersey: Baka kasi hindi totoo, madisappoint lang ako.

Me: AY DEHINS KA SI BEA ALONZO TEH! WAG MO KONG DRAMAHAN!!! HELLO AYAN NA TOTOO NA YAAAAAAN!!! NEGA KA FOREVER!

Jersey: Masisisi mo ba ako na di ako makapaniwala ha? 3 years, Jickerson. 3 years. And bonggang bongga ang nangyari. Kamusta naman yon diba.

Me: So ayaw mong sabihin kasi baka ma-jinx

Jersey: Yep. Lalo na ikaw pa ang pagsasabihan.

Me: Kapal mo!! Please sabihin mo na!!! Bago lang ako dito sa real KevJe vibe!!!

Jersey: \*sighs\* Fine. Tatal we owe you something. Yung mga pakulo na inisip mo.

Me: Well.. talino ko noh!? Kfine start na!!!

(At this point si Jersey ang magnanarrate okay? Tahimik muna ako!!)

\*

Tuesday, January 2 nang ireveal na namin ni Kevin sa barkada na kami na ulit. And Monday na yun, pabalik na kami sa LB. Mas nauna akong bumalik kesa sa kanya kasi may gagawin ako for my lecture. Around 4:30pm tumawag sakini si Kevin.

\*ring ring ring\*

Me: Hallo.

Kevin: What the hell?

Me: Problem?

Kevin: Hoy tumigil ka na nga sa kaka-German mo!

Me: I can't understand you, Sir.

Kevin: Baliw. LB ka na?

Me: Bo?

Kevin: Kung pwede lang mang-upak through cellphone nakatikim ka na sakini.

Me: \*laughs\* Pikon!

Kevin: Tsss. Nasan ka ba?

Me: LB na. \*beat\* Hey. Kamusta wall mo? :">

Kevin: Tinanggal ko yung pinaglilagay mo dun.

Me: WHAAAAAT!!!

Kevin: Joke lang. Took me a while to inspect all the photos. 150! Pano mo nadikit yun?

Me: Malamang gumamit ng tape.

Kevin: Eh yung pintura!!!

Me: Ako na sasagot sa repainting if ever matuklap. Eto naman!! Labor of love yun ah! Super puyat ako dun.

Kevin: \*deadpanned voice\* Talaga?

Me: Di ka man lang ba nagtataka kung pano ko tahimik na nadikit yun? :))

Kevin: Sige na, ikaw na ang pinakamagaling na ninja. Talo mo pa ang Ninja Turtles.

Me: Hoy, kumain ka ba ng panis?

Kevin: Ha? Di ah! Bakit?

Me: Waley joke mo.

Kevin: Ewan ko sa'yo. Salamat ah (!')

Me: I can imagine you pouting right now. Am I right?

Kevin: Shut up.

Me: \*laughs\* So.. where are we going tonight?

Kevin: Tonight? Mukha mo.

Me: Wow.. 2 days pa lang and my boyfriend's neglecting me.

Kevin: Don't call me boyfriend. Shut up.

Me: So I'm gonna have dinner alone. Nice one, boyfriend.

Kevin: Isa pa masasapak na kita.

Me: Sorry naman. So.. I guess I see you tomorrow?

Kevin: Yep. Bye!

Nakakabwisit!!! Wala pa ngang isang linggo, ignored na agad ako! Bahala sya. So nagdinner na lang ako mag-isa sa Jollibee. I tried to text him kaso walang reply. So much for being the boyfriend ://

THE NEXT DAY

Still no word from Kevin. Galing noh?! Tinetext ko sya kaso waley pa rin. Pumasok na lang ako sa class ko ng 8:30am. Kaso nasa kalagitnaan nako ng lecture nang..

biglang nagbrownout.

Me: \*groans\* Oh great. Just.. great!

Class: \*groans\*

Me: Haynako! Hanggang ngayon ba naman madalas pa rin ang brownouts dito sa campus? Kamusta naman kasi ang budget!!! Tsss. \*turns off laptop\* Okay class, I know hinihintay nyo tong moment na'to. Kakapasok lang tapos wala nang klase!

Class: YESSS!!

Me: Don't set your joy up, guys. I'll upload today's assignment on our moodle site later. Deadline nextweek. Okay ba?

Class: Yes Ma'am!

Me: \*fixing things\* You can go now. Happy New Year! Next week lightings tayo dito sa studio. Bring your cameras.

Pero ang weird.. usually kating-kati ang mga estudyante na lumabas ng studio. Hello, ugali ko rin yan nung college! Kaso.. naligpit ko na lahat ng gamit ko.. nandun pa rin sila. Ang init kaya sa studio!!

Me: Oh..kay guys. I said you can go now.

Class: \*smiles mysteriously\*

Me: At bakit kayo nakangiti ng ganyan? Kung gusto nyo ng uno, di ako nadadaan sa ganyang ngiti.

Shai: Ang taray naman ni Ma'am Je!

Me: \*akimbo\* Seriously, anong meron?

Class: \*laughs\* Nothing, Ma'am. Gusto lang namin maghang dito saglit ;))

Me: Oh. So you're not gonna tell me what's going on?

Bago pa makasagot ang klase, biglang bumukas yung ilaw sa ulunan ko. Grabe lang!!!  
Nakakabulag laaaaaaang!

Me: OH DAMMIT!!! GUYS HELP ME!!!

Kaso.. walang pumunta. Instead, naghiyawan na lang sila. Kamusta naman ang mga  
estudyante ko!!!

Me: Hello! Help m-

Natigil ako sa pagsasalita ko. Someone's playing the guitar.

When I removed my hands from my face...

It's Kevin.

*Girl im in love with you*

*This ain't the honeymoon*

*Past the infatuation phase*

*Right in the thick of love*

*At times we get sick of love*

*It seems like we argue everyday*

*I know i misbehaved*

*And you made your mistakes*

*And we both still got room left to grow*

*And though love sometimes hurts*

*I still put you first*

*And we'll make this thing work*

*But I think we should take it slow*

*We're just ordinary people*

*We don't know which way to go*

*Cuz we're ordinary people*  
*Maybe we should take it slow (Take it slow oh oh ohh)*  
*This time we'll take it slow (Take it slow oh oh ohh)*  
*This time we'll take it slow*  
*This ain't a movie no*  
*No fairy tale conclusion ya'll*  
*It gets more confusing everyday*  
*Sometimes it's heaven sent*  
*Then we head back to hell again*  
*We kiss and we make up on the way*  
*I hang up you call*  
*We rise and we fall*  
*And we feel like just walking away*  
*As our love advances*  
*We take second chances*  
*Though it's not a fantasy*  
*I Still want you to stay*  
*We're just ordinary people*  
*We don't know which way to go*  
*Cuz we're ordinary people*  
*Maybe we should take it slow (Take it slow oh oh ohh)*  
*This time we'll take it slow (Take it slow oh oh ohh)*  
*This time we'll take it slow*  
*Take it slow*



*Maybe we'll live and learn*

*Maybe we'll crash and burn*

*Maybe you'll stay, maybe you'll leave,*

*maybe you'll return*

*Maybe another fight*

*Maybe we won't survive*

*But maybe we'll grow*

*We never know baby youuuu and I*

The lights went back, at dun ko lang napansin na ang daming tao sa loob, professors & other students from other classes.

Naghihiyawan na yung mga estudyante ko sa loob ng studio. Oh my goodness!!

Kevin: \*strums\* Good morning, Ms. Santiago \*winks\*

Me: Y-you don't have to do this! Come on. You, courting? Not.. appealing.

Kevin: Eh. I want to do this. You can't stop me from doing this.

Me: Subukan mong gawin 'tong harana araw-araw ipapalo ko yang gitara sa ulo mo.

Kevin: \*whispers\* Jersey wag ka ngang DW mode ngayon. A lot of people here you know. \*wraps his arm around my waist\*

Me: Then stop this PDA chorva right now.

Class: Ma'am wag na KJ!! Nakakakilig kayooooo!!! :''''>

Kevin: Kitams? \*smirks\*

Me: Not appealing, Santos. Not appealing.

Kevin: \*removes his hands to her waist (Medyo nainis ako dito!!)\* Guys! Sa mga nagtatanong kung kami pa...

hindi na.

Me: (ö) WHAT!!!!!! ARE YOU SAYING!!!!!!

Everyone: ANO!?!?!?

Kevin: Yep.. hindi na...

hindi na kami maghihiwalay pa.

NGANGA AKO DUN AH. ANG CORNEEEEEEEEEEEEE!!! Yung mga estudyante ko naman todo hiyaw sa kilig. Fine, kinikilig ako pero WTH this is such a scene!!

Me: My goodness Kevin, saang maisan mo kinuha yang kakornihan mo?!?

Kevin: \*pouts\* Shut up. \*kisses my cheek\*

Everyone: KISS!! KISS!!!

Me: Sige laksan nyo pa para marinig ng dean!!!

Kevin: Baliw. Ang cuuuute cute mo talaga!!! \*kurot sa pisngi\*

Me: Lels. Shut up. Tell me, of all guys, why you?

Kevin: Kasi.. korni ako?

Me: Ugh. I hate you.

Kevin: Well you love me anyway. \*smiles\*

Me: \*beat\* Yeah.. I kind of do.

-

Kung akala nyo hanggang dun lang yon.. wag ka! Umabot pa yan sa dinner na sya pa ang nagluto!! But no flowers. May garden na raw ako, ba't pa sya mag-aaksaya ng pera para sa bouquet. Puro ganun lang kami the whole week. Pumunta nga pala kami ng Tagaytay nung Friday kaya di mo kami ma-contact ;)) Tambay lang, foodtrip. Couple stuff.

Then kanina, sya naghatid sakin dito. Naghintay sya sa labas ng DevComm building. Saktong super stressed ako kasi nag-eedit ako ng scripts ng students ko. Pagbukas ko nung car door..

Kevin: \*asar\* O!

Me: What?

Kevin: \*asar pa rin\* Ba't ang ganda ng pagkapangit mo?

Me: \*laughs\* Baliw.

Kevin: Seriously. Kahit salubong ang kilay mo ganda mo pa rin!

Me: Oh shut up. You don't have to state a fact, @sshat.

Kevin: Ang ganda naman ng girlfriend ko :''''>

Me: \*glares\* Can you just drive?

Kevin: Sure, milady.

Me: Eewww.

Ewan ko ba Jick.. naiiyak ako na ewan. I never thought maeexperience ko ulit tong feeling na'to. Bumalik ata ako sa pagiging teenager eh! Sobrang saya na ewan. Sasabog na ata ovaries ko! But seriously? Itong namimiss ko dati, bumalik na. Palagi ko ngang iniisip kung tama bang sakín sya ulit. It's either mahal na mahal ako ng mokong na'yun o masokista lang talaga sya. Ang funny noh? Ang isa sa mga narealize ko lang sa nangyari samin.. kapag nagmamahal ka pala, di ka pwedeng pumili sa pagiging sadista o masokista. Kasi you'll have the best of both worlds. Sure, idedeny mo yan sa sarili mo, pero marerealize mo na lang, shet sadomasochist pala ako. Bakit? Eh sa nagmamahal ako e!

-

(O teka balik na tayo sa POV mga teh at kuya! Naaliw naman ata kayo kay Je!!! POV KO TONG BUONG CHAPTER 31!!! AKIN TO!! TSAROTS!!!)

Jersey: Jick.. are you.. okay?

Me: \*tries to stop the tears\* Y-yeah I'm okay! Eto naman minsan lang magdrama e!!

Jersey: Oh my goodness! You're crying!

Me: Sira, I'm not. May sipon kaya ako!!!

Jersey: \*laughs\* Shocks!! Naiiyak ka nga teh! Bakit? Anong meron?

Me: Sige na da best ka e!! Oo na naiiyak nako sa kwento mo!

Jersey: Why?

Me: Wala lang.. it's just that.. I'm genuinely happy for the both of you. I know other people translate that as something bitter, but hey we're never involved so.. genuine yan teh!!

Jersey: Dahil dun lang naiyak ka na? Babaw!

Me: HOY!!! ANG DRAMA NYO KAYA!!! Kahit nagkandaleche-leche kayong dalawa nung nagkahiwalay kayo, it doesn't change the fact na sa isa't-isa pa rin kayo babagsak. Now I know why sinasabi namin na kaya nangyayari sa inyo to kasi kayo sina Kevin at Jersey. Wait I am confused. Ano raw?

Jersey: EWAN KO SA'YO!!!

Me: \*smiles\* Alam mo teh.. minsan lang naman ako magdrama kaya pagbigyan mo nako ha..

Jersey: Just a reminder: you're not Hilda Koronel when you cry. So please try to minimize your mucus excretion.

Me: Oo na oo na!! Moodbreaker!! Anyway.. alam mo ba.. naiinggit ako sa'yo..

Jersey: (Oo.) (.oO) YOU'RE KIDDING, RIGHT?

Me: I'm not kidding.

Jersey: Jicker! Ano ka ba!! Ang successful mo kaya!

Me: I know. \*beat\* Naiinggit ako kasi alam mo yun.. you have everything that you wanted. Sobra-sobra pa nga e! Ako? Successful nga sa career pero sa lovelife waley na waley. Sometimes napapaisip ako.. bakit kaya ako naging bading? Am I cursed or something? Ang nakakainis pa, ang gwapo kong bading!!! Di ko nga alam kung matutuwa o maiinsulto ako pag sinasabi ng babae dyan na "Sayang kapogian mo, teh! Yummy ka kaya!" I mean ewww! Lesbianism!!! Wala lang. Drama kills me lang.

Jersey: Aawww Jick! Don't say that!

Me: Shut up! Let me pity myself for.. 3 minutes, okay? Ayun. Sana pala naging babae na lang ako, na mas maganda pa sa'yo. O di kaya lalaki na lang. Nanghihinayang kasi ako dito sa kagwapuhan ko e! Shet sinabi ko ba yun? Na gwapo ako?! My goodness! Nonsense na tong pinagsasabi ko!!

Naiinggit ako sa'yo kasi.. you already found your great love. Yung THE ONE mo. Swerte mo teh, nasa tabi mo lang. Yung iba.. ginagalugad na ang buong mundo pero waley pa rin. Natigang na sa kakahintay. Ako? Ewan ko. May hihintayin pa ba ako or what? Kasi naman eh, walang papatol saking papa!! Baka talbog pa sila ng kagwapuhan ko!!! Jersey am I drunk?

Jersey: \*laughs\* You're.. not drunk, Jicker.

Me: Edi gora lang ako!!! Ang swerte nyo kasi masaya kayo. Sana tuluy-tuloy na yan ah! Wala nang eepal!!! Grabe kaya ang hardwork ko para magkabalikan kayo!!! Nako teh, promise to ah. Kung may eepal man, I repeat, kung may echoserang eepal, sabihin mo sakín. Ako na unang mananapak!!! With matching dagok pa sa likod!!! Cares ko ba kung sikat yan o ano. KevJe forever!!!

Jersey: Awww! That's sweet Jick! Aasahan ko yang jujitsu moves mo ah?! :DD Wait.. may tanong nga pala ako.

Me: Just in case you're wondering.. I might adopt sometime in the future. Or pwede ko ring gawin yung stint ni Ogie Diaz.. kaso kung may bubuntisan man ako, ikaw ang peg ko. Ang ganda't gwapo ng seedlings natin if ever!!! O diba littl- ARAAAAAY! LECHE TO!!! Nag-iimagine lang!!!

Jersey: \*laughs\* OH MY GOODNESS DISTURBING MENTAL IMAGES!!! YOU AND ME.. HAVING..

Me: YUUUUUUCK KA TEH!!! OMG!!! TAYO?! EWW! KAYA NGA MAY IN VITRO DIBA?!! HELLO!!!!  
BALIW KA BA?! I KNEW IT!!! PINAGNANASAAN MO AKO!!!

Jersey: Cut it out!!! Hindi yan ang itatanong ko!

Me: O eh ano? Daming echos e!!!

Jersey: I'm just wondering.. nung mga panahong inaayawan ko si Kevin.. bakit gustung-gusto mo kaming magkabalikan? I mean.. hindi mo pa naman sya kilala nun. Tapos you only know my side of the story. Sa kwento mo lang naman naririnig ang KevJe vibe.. Bakit ang eager mong gawin lahat ng kalokohang yon para samin?

Me: Because of your eyes.

Jersey: Ano namang meron?

Me: Pag nababanggit kasi yung pangalan ni Kevin, you tend to ignore it eh. Kunwari cool ka lang, walang naririnig. Nakamoveon ba. Pero your eyes show the truth. Nawawala yung katiting na happiness na meron ka pag nagkukwento sila about sa kung anong meron sa inyo dati. Before Sath's wedding half-hearted lang ang participation ko sa Secret Society. I wasn't even there diba! Pero nung nagkwento na sila sakin and I saw you.. there's this glimmer in your eyes eh. Parang ang saya saya mo! Feel na feel ko yun teh!! At first time ko lang nakitang ganun ka mind you. Tuwang-tuwa ako kasi after almost 4 years of being friends, dun lang kita nakitang totoong masaya.

And I love a very intricate love story, di kagaya ng iba na recycled dyan sa tabi-tabi. Kaya fan na fan nyo ako e, iba kayo. Kahit siguro magsakalan kayo dyan kikiligin pa rin ako kahit inaawat ko na kayo. Weird diba? Eto lang Jersey, remember this. The great loves are the crazy ones. The two of you are the living proof that you can still love someone after you've seen the worst of each other. Wag ka, jam-packed ang love story nyo teh! Di puchu-puchu! Yan yung tipong ang sarap ulit-ulitin at ikwento sa mga apo pag Valentines Day. You're more than lucky to have that, Jersey. Di lahat nabibiyayaan nyan, kahit ikaw pa ang pinakamaganda sa buong mundo.

Jersey: \*crying\*

Me: EEWWW!! AT SINO SATIN ANG UHUGIN!!!

Jersey: Jicker naman eh.. \*sniff sniff\* Dapat may warning pag may sasabihin kang nakakaiyak or something something!!

Me: E di hindi ko natupad ang purpose ko? Ang paiyakin ka! Wagas ka lang teh!!!

Jersey: Haaaay Jick ano kayang mangyayari sakin kung wala ka?

Me: You might be dead right now. O di kaya sina Tracy at Kevin pa rin hanggang ngayon.

Jersey: \*hugs me\* I love you, Jick! Kahit sobrang g@ga mo!

Me: Lesbianism! \*laughs\* I love you too Je! Kahit alam kong 5th bestfriend mo lang ako...

Jersey: Hmmpp! Drama!

Me: Haaayy.. I wish girl na lang ako...

Jersey: Pogi mo teh!

Me: Oh shut up! \*laughs\*

--

THE NEXT DAY

Nag-meet kaming tatlo sa studio.. dahil last day na ni Kevin :(((

Hoy, baka nakalimutan nyo na 6 months lang ang tagal ni Kevin dito sa Everywhereshoot ah. Mga baliw! Di sya forever dito!! Nagliligpit sya ng gamit nya habang nag-aayos kami ni Jersey ng bookings.

Me: Oh. Slayer Live in Manila! Sayang, di na si Kevin ang...

Kevin: O tigil na Jick. It hurts, you know?

Jersey: \*sings\* It really hurts, ang magmahal ng ganito...

Nagkatinginan kami ni Kevin, and we both sighed.

Kami ni Kevin: HAAAAAYNAAKO!

Jersey: What? I just.. sang.

Kevin: Jejemon ka talaga.

Jersey: Sama nito! Di naman pang-jeje yung kanta..

Me: Tss.. Kevin, ganto ba talaga yan nung college?

Kevin: Hmm. Nag-tone down na sya sa lagay na yan. Dati naka-jeje cap tapos may bling-bling pa y- \*binato ni Jersey ng crumpled paper\* HOY LITTERING!!

Jersey: Ano ka, Kinder? Hoy Jicker, hindi ako jeje okay? Never was and never will.

Me: If you say so.. teka, sa'yo tong Slayer ah. Di ko kerri yang music nila!

Kevin: Hey can you score me passes too? I'm a fan :))

Me: \*tunay na lalaki voice\* Sure ba, bro! Anytime!

Jersey: \*mortified\* Please don't do that. It scares me.

Me: Chaka mo!!! Kapal lang ah!! Okay back to business.. hmm. Yung Slayer sa May pa kaya okay lang. Tapos.. teka nga Je. Kinuha ka ng Team Manila for their new line, right?

Jersey: \*nods\* Bakit?

Me: Wala lang.. kasi ako lang naman ang photog mo dun.. ('-,-)

Jersey: Masaya ka ba o ano? Di ko mawari dyan sa mukha mo e!!

Me: Sa tingin mo?

Jersey: Ewan ko sa'yo. Ayos kausap e.

Kevin: Sali nyo naman ako sa usapan nyo oh!! OP e.

Jersey: Ikaw tong nanahimik dyan!!

Kevin: Busy kasi ako e. Kita?

Me: Daddy, Mommy please don't fight.

KevJe: \*shots me the look\* WHAT'S WRONG WITH YOU!!!

Me: \*laughs\* WALA!!! Trollin'

Jersey: Lul. Upakan kita e.

Me: Wala lang.. mamimiss ko lang to. And this is my cue to sing.. Flames to dust.. lovers to friends.. why do all good things come to an end~..

Kevin: Drama mo!!

Me: EH KASI IKAW!!! AYAW MONG MAG-FULLTIME DITO!! Ayaw mo nun, apat tayo dito? We could go to concerts together.. blahblahblah.. O diba cute?

Kevin: \*sighs\* Di nga ako pwede, diba?

Me: Mommy! Bakit ayaw ni Daddy? :(((

Jersey: Anak, busy si Daddy sa thesis nya. Be understanding!

Me: \*tantrums\* No!! No!!!

Jersey: Jick muntanga.

Me: Sorry naman ah!! Grabe.. parang kailan lang nung pumasok si Kevin dito.. tas nung first day nya.. naabutan namin kayo dito, I mean si Jersey na nakaupo sa kandungan mo...

Jersey: \*blushes\* JICKER!!!!

Me: What!? Ganto naman talaga pag may aalis diba? Reminiscing!

Kevin: Not helping, anak!

Me: \*runs to Kevin\* Daddy!

Jersey: \*harang\* Anong daddy ka dyan gusto mo sapak?

Me: Hehehehe joke lang. Teka serious na to.

Bumalik ako sa may table ko at kinuha yung champagne and glasses.

Jersey: Ay taray! May ganyang factor pa!!

Me: Syempre naman teh! O eto kumuha na kayo!

Kevin: \*drinks\* Aaahhh! This i-

Jersey: Yan lang pwede sa'yo.

Kevin: What!?

Jersey: Hello, you have lupus!!!

Kevin: But I'm still alive!!!

Jersey: Baka kung anong mangyari sa'yo dyan ah. Tama na tomador.

Kevin: Hoy, kayang-kaya ko hong uminom nay. Tibay ata ng atay ko.

Jersey: Lul!!

\*camera flashes\*

KevJe: JICKER!!!

Me: What? Ang cute nyo kaya!!

Jersey: I know right? \*smirks\*

Kami ni Kevin: HAAAAAYNAAKOOOO!!!

Jersey: Stop doing that!!



Me: Teka nga seryoso muna!! I would like to propose a toast. Para sa inyong dalawa! May you have a very smooth ride ahead! And sana ang last stop ng ride nyong yan ay altar na!! Humarang babarilin ko!! Tsarots!!

Kevin: Baliw!!

Me: And also for Kevin. Thank you sa lahat lahat ah! Kahit kakakilala pa lang natin bro.. saya! Promise!! Isa ngang bro fist dyan!!

Kevin: \*bro fist\* Salamat bro! :))

Jersey: Aww! Wala na si Kevin dito.. mamimiss kita, love. :(((

Me: Eeww kala ko ba walang terms of endearment? Love? Lul.

Kevin: OA NAMAN NITO. Parang di tayo magkikita e! \*hugs Jersey\*

Me: Looord pwede bang matunaw sa kilig!!!!

Jersey: Teka lang.. so it means tayong dalawa lang pupunta sa lahat ng gig na yun?

Me: Hehehe parang ganun na nga.

Jersey: Kelan ba balik ni Marlo? Hindi nya ko kinocontact e!

Me: Ako rin! Baka patay na yung bestfriend ko!!! OMG and I AM CELEBRATING!!!!

Kevin: Baka busy lang yung tao, Jick.

Me: Di naman ganun si Marlo mga teh, tatawag y-

\*studio door opens\*

Me: Jersey ba't iniwan mo yung pinto!! \*shouts\* Excuse me po! We're closed!! Tawagan nyo na lang kami!!

Jersey: Jicker pumunta na nga dito e!! Baka importante y-

"Importante nga!"

I know that voice..

Napalingon kaming lahat sa pintuan.

"Wow hi guys! Celebration? Anong meron?"

I almost dropped my wine glass.

There stood Marlo, na may dalang dalawang bouquet of flowers.

"Wow.. stunned silence. Guess I'm fine with that kind of welcome back."

Hindi ako makapagsalita dito. Napatingin na lang ako kina Kevin. And speaking of Kevin, he clenched his jaw upon seeing Marlo. Hala, patay tayo dyan. Babarilin pala humarang Jicker ah.. pano kung bestfriend mo yung harang?

Lintek na kabayo yan o /wrist

## Chapter 32

(NORMAL POV)

Maraming pwedeng mangyari sa loob ng 3 seconds. Sa kaso nilang apat, stunned silence na lang ang ginawa nila. Tahimik nga, pero kung anu-ano naman pumapasok sa isip niya.

1..

Kevin: Ba't nandito agad 'to?

2..

Jersey: OMG si Marlo!

3..

Jicker: Uh oh.. this isn't good...

Di na nakatagal si Jersey sa katahimikan na yun. Bumitaw agad sya sa yakap ni Kevin at patakpong pumunta kay Marlo.

Jersey: MARLOOOOOOOOOOOO!!! OMG OMG!!!

Si Jicker naman, medyo nag-aalinlangan pa sya sa gagawin nya. Pero gora lang, para di sya magmukhang engot sa harap ng bestfriend nya. Kaya ayun, tumakbo rin sya papunta kay Marlo. "BESTFRIEEEEEEEEEEEND!!!"

Mukhang t@nga yung dalawa sa pagyakap kay Marlo. Halos malunot yung bouquets na hawak nito.

Jicker: \*excited\* MY GOD MY GOD YOU'RE ALIVE!!! \*yakap ng mahigpit kay Marlo\*

Jersey: It's really you!!! You haven't changed!!!

Marlo: Syemp- ARAY NAMAN!! Jick stop pounding me!!!

Jicker: \*pinalo si Marlo\* KAPAL NG MUKHA MO PARA MAGPAKITA!!! NAKAKAINIS KA!!! DI KA MAN LANG NAGSABI NA BABALIK KA NA!!! BESTFRIEND PALA AH!! \*palo\* AYAN SA'YO!!! ISA KANG MALAKING.. \*hampas\* EPAL!!!!

Jersey: JICKER!!! STOP IT!!

Jicker: \*sighs\* Grabe, I've missed you.

Marlo: I know. Here. \*pinamigay yung bouquets\* One for Jersey, and for my harrassing bestfriend.

Jicker: SIRA!!!

Hindi naman nainis si Kevin sa pag-ignore sa kanya ng tatlong 'yon. Ang kinainis nya.. e yung bouquet.

Sus, bouquet bouquet pang nalalaman. Hoy dre, may garden of flowers akong binigay dyan kay Jersey!! San ka? ... Teka, ano bang pinagsasabi ko?!

Nagtawanan na lang ang tatlo dun habang sinusulit ni Kevin ang pag-inom ng champagne. Dun lang sya naalala ni Jersey.

Jersey: Kevin!

Kevin: \*tingin\*

Jersey: Come here.

No choice naman si Kevin kundi lumapit sa mini reunion. Nagtataka pa rin sya kung bakit biglang uminit ang ulo nya.

Jersey: Marlo.. I would like you to meet Kevin. And Kevin.. si Marlo.

Marlo: \*surprised\* Oh. Nice to meet you! \*extends hand\*

Kevin: Nice to meet you din \*shakes hand\*

Kung POV ni Jersey ang titignan, kamayan lang 'to ng dalawang bagong magkakilala. Pero sa POV ni Jicker.. ganito ang scenario.

Marlo: I'm baaaaack! Goodluck na lang sa girlfriend mo.

Kevin: Umayos ka dyan, dre. She's off limits.

Nako Jick, ano bang pinag-iisip mo dyan? Baliw ka na!!!

Jicker: Nako. Ansaveh naman ng araw na'to. Aalis na si Kevin tapos saktong balik ni Marlo. What is.

Marlo: Siya yung pumalit sakin?

Jersey: Yep. You..didn't know?

Marlo: No. Pero okay lang, at least the business is running well.

Jersey: \*tingin ng masama kay Jicker\* Riiiiight.

Kevin: Uuhh. I guess I gotta go. Meeting with faculty.

Jicker: Wait lang, do you really have to go? Labas sana tayo, you know. Inom?

Jersey: No no no no.. He can't drink.

Kevin: Kayo na lang siguro.I gotta go. \*hinawakan kamay ni Jersey\* See you when I see you.

Jersey: See you later ;))

Kevin: Pano, una nako ah. Marlo, sige.

Marlo: Sure! Ingat :))

Nagkatinginan sina Jicker at Kevin. At first hindi alam ni Jicker kung anong problema pero.. nahalata na nito. Nahalata na nito ayaw ni Kevin sa gulo. Siya rin naman ayaw ng gulo e.. pero may something sa kanya na nagsasabi na.. may gulo talaga.

Pag-alis ni Kevin..

Marlo: So.. Saguijo again?

Jersey: Sure ba!! Come on?

Habang nasa daan sila papuntang Saguijo, Jicker received a text message from Kevin.

From: Kevin

Sorry. I had to leave.

Jicker replied.

I'm keeping my promise, bro. Binabantayan ko sila.

--

(Jicker's POV)

Ang sakit ng ulo ko. L\*che naman kasi eh!!! Anyareh ba samin? Kanina lang ang saya saya lang namin tapos.. dadating 'to. Wait, am I being paranoid? Ako lang ba 'tong nag-iisip na magkakagulo lahat? Napakanega ko talaga!!! Kahit habang nasa Saguijo kami, nakikinig sa gig ng Oktaves at Pupil, wala ako sa mood. Hindi naman napansin ng dalawa, na obviously oblivious sa feelings ko.

Buti na lang sa condo ko matutulog si Marlo ngayon.. madaling araw. I have to grill this guy. Baka makabaryl ako nang di oras eh! ://

Marlo: Aaaahhh. \*higa sa couch\* Shet nakakamiss manuod ng gig! Galing ng Pupil!!!

Ako: Talaga!! O, kamusta naman sa Bali? Di ka naman kasi nag-eemail or tawag. I'm starting to doubt about our friendship.

Marlo: \*laughs\* Siraulo. Sobrang busy lang talaga dun Jick. But dammit, Balinese girls are hot!!

Ako: So.. girlfriend?

Marlo: Naaah. Wala ah! Told you, too busy.

Ako: So.. anong plano mo ngayon?

Marlo: Hmmm. Just like before.. Point and shoot.

Ako: Really? That's all?

Marlo: What do you mean by "that's all"?

Ako: That bouquet of flowers!! The cheery welcome blahblahblah!!! My isolation at Saguijo earlier!! The flirty eyes!!!

Marlo: (O.O) Okay ano yang pinagsasabi mo? I don't get it.

Ako: YOU'RE FLIRTING WITH JERSEY!!!

Marlo: So? What's wrong with that? I mean Jerse-

Ako: She's with Kevin now.

Natigilan si Marlo sa sinabi ko. So.. hindi nya alam?

Ako: OMG. You.. didn't know?

Marlo: I thought.. he's only filling in for me..

Ako: A lot happened in 6 months, Marlo.

Marlo: How.. did that happen? I mean.. akala ko..

Ako: I know, it's confusing pero.. impossible sometimes happens. So please..

Marlo: Jicker, ano ba talagang problema mo?

Ako: If you still like Jersey.. just stop it.

Marlo: I.. I don't like her anymore.

Ako: Really? Like really?



Marlo: Why are you so edgy about this? You still have some issues.

Ako: Oh shut up!! I just don't want to see Jersey sad again. That's all.

Marlo: And you think I'll do that? Grabe ka. Yeah, may gusto ako sa kanya. That was before.

Ako: Talaga? I mean..

Marlo: I can't believe we're talking about this. Sa totoo lang nakakainis, Jicker.

Ako: Ayoko lang kasi maulit yung dati. Horrible memories, Mar. Horrible.

Marlo: Fine. I'll stay away as much as possible. Kunwari may AIDS si Jersey. Okay?

Ako: Promise? Kasi nagpromise ako kina Jersey na if ever may manggulo sa kanila, babarilin ko. Understand?

Marlo: Hindi mo ako mababaryl, Jick. Promise.

Ako: Please lang ha. Ayoko na mistress. Di ko kerih eh.

--

(Kevin's POV)

Hindi ako pumunta sa faculty meeting. Actually wala namang meeting ang faculty eh. Naiinis lang talaga ako. Naiinis ako kasi hindi ko alam kung bakit ako naiinis. Ang weird lang diba? Natulog na lang ako dito sa condo. Kesa naman mabwisit. Kainis.

Around 1am nang may marinig ako sa kitchen. When I went outside..

"What are you doing here?"

Nahuli ko si Jersey na nagnanakaw ng pagkain sa ref ko.

Ako: Really, Jersey?

Jersey: \*tinago yung chocolate\* H-hi there, boyfriend! You sleeping?

Ako: What are you doing here? It's.. 1:38 am! Uwi ba 'to ng matinong babae?

Je: \*laughs\* What's wrong with you? Kung naiinis ka dahil nagnanakaw ako ng chocolate sa ref mo, fine. I'll buy you later. Okay?

Ako: Ang drama mo. Lika nga dito.

Lumapit sya sakin at niyakap nya ako.

Ako: Hmmm.. amoy Saguijo ah.

Je: Shut up! Fine, we went there. Sana nandun ka nga eh. How's the meeting?

Ako: Di natuloy e. Sa Monday na lang daw. Nakakainis, sana pumunta na lang ako sa Saguijo. Pupil, right?

Je: Yeah. And I know napanood mo na sila before.. teka, pwede ba tayong umupo muna?

Ako: Fine fine. So kamusta? Anything happened?

Je: Yeah.. You lied about the meeting, right?

Ako: (-.-) What are you saying?

Je: \*smirks\* I called Sir Dumlao earlier, di kasi kita macontact. Turns out nasa LB silang lahat, yung supposed to be mga ka-meeting mo. Way to go, boyfriend. \*pats my chest\*

Ako: Fine, I lied. Pagod lang ako kaya di ako sumama. Ano, okay na?

Je: Sabihin mo nga.. you don't like Marlo noh?

Ako: Ha? Pano mo naman nasabi yan? Jersey wag ka ngang gumawa ng kwento! Di nakakatuwa ah.

Jersey: Talaga? Eh kasi inuulit mo yung ginawa mo kay JM dati. And that's so old Kevin, change tactics.

Ako: Baliw ka na. I don't know the guy. That's all.

Je: Really?

Ako: HAAAAAYNAKO cut it out!

Je: Just tell me how you feel! Nakakainis kasi eh. Hello?

Ako: I hate it when you're being Ellen Degeneres or stuff.

Je: \*taas kilay\* Ano na, care to tell me?

Ako: Look Jersey, I love you okay? And I trust you.. I just..

Je: Just what?

Ako: I just don't trust the guy. That's all.

Je: Come on, Kevin! Marlo's a great guy! I mean yeah we dated few years b-

Ako: W-wait.. you dated.. Marlo?

Je: ö Oh my god. I.. didn't tell you?

Ako: \*stands up\* NO! Sa tingin mo magugulat ako kung hindi ko alam? Jersey, you dated him? Really? Kelan mo plano sabihin sakin yun ah?

Je: It wasn't a big deal! 3 dates, that's all.

Ako: Hoy Jersey, 3 dates mean something! You.. liked him!

Namula si Jersey sa sinabi ko.

Ako: I can't believe it!! You liked that.. guy?

Je: Wow ha, makapagsalita!! Sino naman tong nagdala ng Tracy sa bar night? Ha?

Ako: Gantihan ba'to?

Je: You started it!!

Ako: Eh kasi hindi mo naman sinabi sakín na nagdate kayo nung ungas na yun!

Je: Eh bakít ka ba kasi nagagalít sakín ha? Ano bang problema mo!

Ako: EH KASI MAKAKASAMA MO YUNG TOPAK NA YUN DUN SA STUDIO!!!

Je: WHERE'S THE TRUST THING YOU'RE BRAGGING ABOUT EARLIER, HUH? NASAN YUN?

Ako: God. Why are we fighting about this?

Je: Alam mo magiging madali kung sasabihin mong nagseselos ka.

Ako: Naiinis ako okay? Anong selos ka dyan?

Je: \*laughs\* My goodness.. 6 years later hindi ka pa rin nagbabago.

Ako: What?

Je: Naiinis ako = Nagseselos ako. Kevin, my memory's sharp.

Ako: Hoy. Hindi ako nagseselos okay? Upakan kaya kita dyan.

Je: I know you don't have the guts to do that.

Ako: At bakit naman, ha?

Je: Probably because you love me that much?

Ako: Asa ka.

Je: Come here.

Imbis na lumapit sa kanya, umupo ako sa lapag.

Je: Alam mo ang pangit mo pag nagdadrama ka dyan.

Ako: Wow. The right words ah. Sarap pakinggan.

Je: Arte mo noh? So anong gusto mo, ako lalapit dyan?

Ako: Sa tingin mo?

Je: \*sighs\* Fine. \*tumabi sa kin\* Feeling better?

Ako: Nako, ang layo pa. Promise.

Je: Then what do you want me to do then?

Ako: \*turo sa pisngi\*

Je: Ano ka, bata?

Ako: I'm trying here, Jersey. I'm trying.

Je: \*kisses me on the cheek\* Ayan. Are we okay?

Ako: Not that quite.

Je: Mauupakan na kita sa sobrang kaarteahan mo, alam mo yun.

Ako: Sorry. I'm just afraid that someone might take you away. Crazy, isn't it?

Je: Yeah, crazy. Pero palagi mong tandaan.. ikaw yung pinuntahan ko nung New Year. And as if I have a choice.

Ako: Oh just shut up.

Je: \*laughs\* Just shut up.

Ako: Parrot, just shut up and kiss me.

Je: Inunahan mo ako but what the hell. Kung yun lang magpapatahimik sa'yo eh!

--

3 DAYS LATER

Funny thing, di ganun kadali yung magpanggap ka na hindi ka nagwoworry na may kasamang iba yung girlfriend mo. I trust Jersey okay. Ewan ko lang talaga kung anong problema ko sa Marlo na yan. Dahil ba din ate nya si Jersey? Kailangan ko na talaga ng makakausap!

"So.. tell us what happened."

Kausap? Pumunta ako sa Alabang kina Jerro at Sath. Kakagaling ko lang sa LB, and unfortunately.. di ko kasabay si Jersey.



Ako: Maraming nangyari, Jerro. Marami.

Sath: Kevin, we have time. Spill it.

E di spill it!

Flashback #1

This happened 10 hours later after naming mag-away kay Marlo. Nandun kami sa apartment nya, nag-aayos ng CDs nang..

\*beep beep\*

Nagkatinginan kaming dalawa. Parehas kasi kami ng ringtone. Sabay naming tinignan ang phones namin.

Ako: It's yours.

Binabasa na nya yung text message. Riiight.

Ako: Who's that?

Je: \*shots the look\*

Ako: Right. Marlo.

Je: Mad?

Ako: It depends. Anong sabi?

Je: Uuhh.. He wants to meet me later. For the skeds.

Ako: Is.. Jicker gonna be there?

Je: Yep. I'm safe.

Ako: Sayang.. I was planning to go to Tagaytay and visit the garden..

Je: Aww shut up! Nakakainis to. Trabaho lang okay?

Ako: \*laughs\* Nakakatawa kang magalit, alam mo yun? Work is work. Now shut up.

Je: Can I go?

Ako: It's not a sleepover Jersey. Like what you said.. It's work. Nothing more, nothing less.

KASO NAMAN DI NAGTEXT KUNG NAKAUWI NA O KUMAIN MAN LANG. KAILANGAN PA ITEXT SI JICKER KUNG OKAY SYA. NYETA.

Flashback #2:

Sunday 'to nangyari. Naggrocery ako for a special dinner para kay Jersey. Nagprepare ako sa condo ni Jersey. Wala eh, nakakamiss. Isang tawag lang natanggap ko. Nakakainis.

Alam nyo naman siguro di ako nagluluto diba? Sa Germany lang ako natuto, malamang kasi ako lang mag-isa diba. Beef steak ang niluto ko. Hindi man to kasing sarap ng ever favorite kong beef caldereta. Around 7pm ko sya tinawagan.

Ako: Debs! Okay ka ba for dinner?

Je: Oh crap! I'm sorry, love. Can't. Have a meeting with Marlo eh.

Ako: Ay ganun? Sige. Okay lang. Yayain ko na lang si Keith. Ingat ka dyan ah. I love you.

Je: I love you, too! Hey, wag kang iinom ah! Or I swear to God lagot ka sakin.

Ako: Okay Mom. Bye!

Di ko talaga mapigilang mainis. INANGYAN. Dati si Fernan, ngayon naman si Marlo.

Flashback #3

From: Jersey (9:56 am)

My car broke down. Help me!!

Crap. Kakagising ko lang! At.. nyeta, 11:30 na!! Pasensya naman kung late ako gumising ah? Naghintay lang kasi ako ng text na nakauwi eh. Haaaynako. Tinawagan ko na lang sya.

Ako: How's your car?

Je: Goodness! Why aren't you answering my calls!!

Ako: I'm asleep! Sorry naman ah.

Je: Hay whatever. I forgot na tulog mantika ka talaga. Sorry naman!!

Ako: \*pabulong\* Ikaw pa 'tong galit dyan.. nag-alala lang eh.

Je: Saying something?

Ako: I said how's your car?

Je: Since hindi kita nacontact, I calle-

Ako: Marlo.

Je: Yep, and Jicker. They helped me.

Ako: Okay.

Je: Are you okay?

Ako: A little bit dizzy.

Je: Ininom mo na gamot mo?

Ako: Yep. Wait tulog lang ulit ako. Bye.

NAKAKAINIS.

-

Matapos kong ikwento lahat kina Sath yun.. guess what?

Tinawanan lang nila ako.

Ako: What!?! Salamat ah. Kaya ako nandito hindi para tawanan okay.

Sath: It's just.. nakakatuwa ka talaga.

Ako: What? Jerro, is this the pregnancy talking o sadyang nang-iinis yang asawa mo?

Jerro: I'm with her bro. Seeing you so ticked off because of Marlo? A very very funny story.  
\*nag-apir silang mag-asawa\*

Ako: Wow. Sobrang salamat talaga Mr. and Mrs. Torres. I really appreciate the laugh.

Sath: Just don't do that "Fernan sugod" thing you did last December. Kasawa eh.

Ako: Why am I even friends with you?

Jerro: Look Kevin.. Just admit it! You're jealous.

Ako: Here we go again. I am not jealous!

Sath: Hahaha we heard that before. Okay lang magselos, just don't overdo it.

Ako: What am I supposed to do? Puro Marl Marlo na lang kasama nun. Nakakainis!!! Hi, ako yung boyfriend. Nyeta.

Jerro: Drop the paranoia, Kevin. Stop bugging yourself with questions like "Is she having fun with him?" or "Nakalimutan na nya ba ako?". It just kills the romance.

Ako: I know. But she dated the guy! Wait, is this jealousy?

Sath: Yeah, pretty much. Kevin, you know Jersey. The both of you went through a lot of sh\*t lately.. Alam mo yan, mapride yang si Je. It took her a lot just to confess to you last New Year! It's a big and bold thing for her to do. And do you think she's gonna risk that for some guy she dated before?

Ako: She won't risk that for Marlo, I know.

Sath: Then stop worrying!!! Sana naman wag ka na maparanoid. Kakasimula nyo lang ulit. You should work on it really really hard! Aba, mahirap na. Baka masulot yan.

Ako: Salamat ah, stop the paranoia ka pa dyan.

Jerro: Just be there for her, okay? Mahirap ang magpigil ng selos, pero try mo pa ring pigilan. You don't want Jersey to unleash her Devil Woman side, right?

Ako: \*shivers\* Yeah. That's a bad sight.

Sath: Ayan. Mahal ka nun, Kevin. Konting pacute lang, okay na :))

--

So I took Sath's advice. The next day, bumisita ako sa studio para yayain si Jersey pumunta ng Tagaytay.. only to found out..

Marlo's there. At wala si Jersey. Ayos lang, diba? Di ko na namang mapigilang mainis.

Marlo: Uyy! Ikaw pala!

Ako: Uh Hi. Dumaan ba si Jersey dito?

Marlo: Not yet. Pero may gig kami mamaya sa The Fort eh.

Ako: Alam mo ba kung nasan sya?

Tinignan lang nya ako na parang iniestima ako. Control, Kevin. Control..

Marlo: Girlfriend mo yun ah, di mo alam kung nasan?

Aba, eh bastos pala bunganga nito eh!!!

Ako: Pare, nasapak ka na ba ng gwapo? Pwes, eto sa'yo!!!

Lumanding ang kamao ko sa panga nya.. Nyeta ang saki--

"Kevin? Okay ka lang ba?"

Nakatayo lang si Marlo sa harap ko. Teka.. imagination ko lang ba talaga yun?

Ako: H-ha? Yeah.. pakisabi na lang kay Jersey na dumaan ako dito. Sige.

Marlo: Hey.

Ako: Yeah?

Marlo: Nothing. Buti na lang okay sa'yo na magkatrabaho kami ni Jersey..

Ako: Yeah, it's okay. It's just work, right?

Marlo: Yeah. It's just work.



Lumabas ako ng studio na hindi masyadong naniniwala sa sinabi nya. Hey, I'm her boyfriend. Masama bang maging maingat? Ang Juan ay kay Juan, ang kay Pedro ay kay Pedro. Uupakan ko sya kung gagalawin nya si Jersey. Speaking of Jersey.. tinawagan ko yung guard ng building nila. Hindi pa raw lumalabas si Jersey. Good. Last phone call for the day.

\*ring ring\*

"Hello?"

"Hi Max! Can you do me a little favor? Please?"

--

(Jersey's POV)

OMG. I AM LATE FOR OUR GIG!!! OMG!! Kakagising ko lang kasi eh :// Ayos noh? Tinadtad na ako ni Jicker ng texts. He said kung malelate ako, he will take the gig. Of course I won't be late because I'm not unprofessional. Todo ayos nako nang..

\*ding dong\*

Oh great. Eto na si Jicker para magdrama!! Just great!!!

\*opens the door\*

"Jick cut the crap I'm g-"

"Hi, Jersey."

"Maxene?"

And voila, here she is!! Nasa harap ko ang buntis na buntis na si Maxene. Ano kayang ginagawa nito dito?

Me: Oh. I wasn't expecting you here..

Maxene: I'm sorry Jersey but I need your help.

Me: Okaaaay. For what?

Maxene: I need to shop for baby clothes.

Me: What?!

Maxene: I know it's too sudden but.. I don't have close friends here. Kevin's not answering my calls and you know he hates shopping.

Me: Y-yeah. I know that very well.

Maxene: So.. can you accompany me? That is if you don't have anything to do tonight.

Nagdadalawang isip tuloy ako kung sasamahan ko ba tong si Maxene o hindi. Well.. I really owe her a lot, since she's the one who told me the truth. Then sabi ni Jicker sya na bahala sa gig kung di ako dadating. So a little shopping spree won't hurt, right?

Me: Just let me get my keys. Trinoma or North?

Maxene: \*smiles\* North would be nice :))

--

In fairness, nakakatuwang kasama tong si Maxene. Kahit buntis sya medyo payat sya ah. Haaaay buhay nga naman! Madali kaming natapos sa paghahanap ng damit for her baby girl. Ang cucute talaga ng damit ng babies! Ang liit liit! I really love babies!!! :)">> Since maaga kaming natapos, we decided to shop for ourselves. So we went to.. Greenbelt! Layo diba? XD

\*sa Mango, Greenbelt\*

Maxene: Haaay clothes! I miss wearing clothes like these!

Me: Hoy, you don't look bad for a pregnant woman!

Maxene: \*laughs\* Shut up! Wait, look at that bag! It's so beautiful!!

Lumapit kami dun sa stand ng bag nang may kumuhang saleslady nun.

Me: Wow. That was.. fast.

Maxene: Goodness, I want that bag!!! \*papunta sa cashier\*

Me: W-wait! Max!! Where are you going?

Maxene: Getting what I want!!

Me: That's just the pregnancy talking!!! Lower your hormones, woman!!

Ayaw patinag ni Maxene! Nako, baka biglang manganak to nang di oras eh! Katakot!! Sinundan ko na lang sya sa cashier.

Me: \*whispers\* Relax, Max!

Maxene: Itatanong ko lang kung may stock pa. Kabado ka naman masyado.

Me: Parang papatay ka na kasi eh!

Bumalik na yung saleslady na kumuha nung bag.

Max: Uhh excuse me miss? May stock pa ba kayo ng bag na yun? The one displayed there earlier?

Saleslady: Uhh I'm sorry Ma'am. Last stock na po yun e.

Max: Oh crap. Sayang! That buyer is such a lucky girl. Ang ganda nung bag!

"I'm really lucky, right?"

Eh? Sino yun? May sasabihin sana si Max kaso natigilan sya. Tumingin na lang ako sa direksyon nung nagsalita.

May babaeng papalapit samin. And she looks familiar.

Humarap si Maxene sa babae.

Nagulat ang babae nang humarap si Maxene. "OH MY GOD!! MAX!!! Ikaw pala yan!!" Lumapit ito kay Maxene at yumakap nang mahigpit. Reax ni Maxene? Nagulat na nainis na ewan!

"Cut it out. You're crushing my baby!" bumitaw naman agad yung babae.

Wait. I've seen her before. Teka.. san nga ba? Wait.

"I see you want the bag. Fine, you can get it. Post-Christmas gift for you. Di ka kasi umuwi eh."

"May business ako dito eh. Sorry."

Dun ako tinignan nung babae at ngumiti sya sakin. I gave her an uneasy smile. I'm trying to remember kung san ko sya nakita eh. Wait lang..

"Uh Jersey.. this is Blanche.."

This Blanche girl smiled at me.

And poof... I remembered where I saw her.

Siya yung babae sa movie ni Kevin. Siya yung babaeng akala ko si Maxene sa Germany.

So.. she's the one.

Tumingin sa kin si Maxene. "Jersey.. meet my.. sister."

OH. MY. GOD.

Blanche smiled at me. "Oh. You're Jersey. Nice meeting you."

### **Chapter 33**

(Jersey's POV)

"Jersey? Jersey? Okay ka lang?"

"....."

"Hey, okay ka lang?"

"...."

Dammit, di pa rin ako makamove on sa nangyari kanina. Did I just meet that effin' girl!?!?  
GRABE NAKAKAGALIT LANG TALAGA!!!

Shocked talaga ako sa nalaman ko, medyo lutang pa nga ako nang higitin ako ni Maxene palabas ng Mango. Dinala nya ko sa sasakyan nya para kumalma.

Me: Okay okay.. Tama ba yung narinig kong sinabi mo.. that girl's your.. sister?

Maxene: (.-) (--) Y-yeah. She's my sister.

Me: OH MY GOODNESS BAKIT HINDI MO SINABI SAKIN NUNG NAGKWENTO KA!!! KAPATID MO PALA YUNG KAHALIKAN NI KEVIN!!!

Maxene: DON'T SHOUT OKAY?!? KINAKABAHAN AKO E!!

Me: I AM UPSET!!

Maxene: I AM PREGNANT SO SHUT UP!!

Me: Sorry. \*beat\* Sabihin mo nga, is this Kevin's plan or something? Suspicious kasi 'tong pagsulpot mo bigla tapos nakita pa natin yang Blanche na yan. Plano ba 'to ni Kevin?

Maxene: \*irritated\* WHAT!!!

Me: Oh come on Maxene! Don't cover for Kevin okay? Kakabalik lang ni Marlo from Indonesia and he's a jealous bomb now so baka may kinalaman kayong magbestfriend dito.

Maxene: \*whispers\* That @ss!!

Me: Mind telling me the truth?

Maxene: Okay fine! Para matahimik ka na at di mo na ako sigawan!! Yes, you're right. Tinawagan ako ni Kevin kanina para umepal sa'yo sa studio. Ang sabi nya aliwin kita para hindi ka makasama sa gig nyo at yung Jicker na lang ang pupunta. Kaya ayun, niyaya kita magshopping. Pero swear to God, we have nothing to do with Blanche's appearance today. I don't even know she's here!!!

By the looks of it, mukhang nagsasabi ng totoo 'tong si Maxene. She looks so upset! Nako alam ko yang mga iniisip nyo, na magaling lang umarte 'tong si Maxene at nadadala ako. Seryoso sya, guys. Pero.. may something pa rin e!!

Me: I don't get it. Kapatid mo yun tapos hindi mo alam na pupunta dito?

Nairita na naman si Maxene. Ano 'to, mood swings ng buntis o ano?

Maxene: She's just my half-sister, Jersey. Bakit ko pa kailangang alamin kung pupunta sya dito o hindi?

Me: (>.<) (O.O) HALF-SISTER? Weh!!!

Umayos muna sya ng upo at binaba yung car window. Medyo hesitant pa nga ata syang magkwento tungkol sa kanila e.

Maxene: Grade 5 ako nung nalaman ni Mommy na.. may ibang pamilya si Ian sa Germany. \*nagtaka naman ako dun\* Ian's my dad. Sakto, sa HongKong nagpakasal ang parents ko kaya nagdivorce agad sila. They didn't even try to make things work! Divorce agad. So there, pinuntahan ni Ian yung kabit nya at pinakasalan. There you go, you have that Blanche.

Nameet ko lang sya nung nakipagkita sakin si Ian pagdating ko sa Germany 6 years ago. I hated the girl on first sight! Idagdag mo pa na medyo magkahawig kami, mas matangkad lang sya. Nakakainis lang! She grew up with a silver spoon on her mouth. Samantalang ako? Halos ginapang ng nanay ko para palakihin ako, hindi nya kasi ginagastos yung sustento ni Ian sakin. Sabi ni Ian dapat dawmakilala namin ni Blanche ang isa't isa, coz we're sisters. Eh ayoko! To make things worse, nang nagcollege si Blanche, nilipat sya sa Bonn, Fine Arts.

Me: Really?

Maxene: JERSEY NAMAN!!! I am not kidding! Look, I'm very sorry kung hindi ko nasabi na si Blanche yung girl sa movie. Nung kinwento ko kasi irrelevant pa sya. But now na sumulpot sya.. haynako!

Me: \*sighs\* Yun lang ba dahilan kung ba't ayaw mo sa kanya?

Maxene: Basta, wag mo na lang pansinin yun. KSP yan e. And please, wag na wag mo syang hahayaan na lapitan si Kevin.

Me: After ng nakita ko kanina? Talagang hindi ko sya papalapitin kay Kevin!!!!

--

Ang nakakainis lang, mukhang hindi ko magagawa 'yun.

Bakit?

Right after ng lakad namin ni Maxene, pumunta agad ako sa condo ni Kevin. Gusto ko kasing pag-usapan namin yung tungkol kay Blanche para matahimik na talaga ako. Sorry naman kung



ganito ako ha! It's just that hindi ako mapalagay na pagala-gala sa paligid yung catalyst ng problema namin ni Kevin!! Siya kasi talaga yun eh! SIYAAAAAAAAA!!!

Nagulat ako nang makita ko si Keith sa harap ng pintuan ni Kevin, na may dala-dalang suitcase. Hmm.. bakit naman may suitcase 'tong mokong na'to?

Me: Keith?

Halata kay Keith na nagulat sya na nandun ako. Hmmm... Suspicious!

Keith: \*turns around\* H-hi Je!

Me: Kanino yan? \*turo sa suitcase\*

Keith: Uhhh..

Me: \*insert pilit smile\* Keith.. Hindi ako mananakit! Promise! Kanino kasi yan?

Keith: Jersey wag ka ngang ngumiti dyan! Kinakabahan ako sa'yo e!

Me: Eh bakit ka naman kakabahan? OMG. Is that yours? Bakit ka makikitira kay Kevin? What happened?

Keith: Nothing happened! Swear.

Me: Keith I'm asking you. Where's Kevin?

Keith: Aahh Jersey.. He's not inside.

Me: Tumabi ka dyan Romero. I swear masasapak kita pag di ka umalis dyan.

Tumabi naman si Keith at pinabayaan akong pumasok sa condo ni Kevin.

Keith: I swear Jersey, ayaw mong makita kung anong nasa loob nyan.

True enough, hindi ko nga talaga magugustuhan ang makikita ko sa loob ng condo ni Kevin.

Si Blanche, nakahiga sa couch.

"Hi Jersey. Guess what? I'm staying here!"

GOOD LORD. What's with this woman.

As if on cue, lumabas si Kevin galing sa kwarto nya. Gulat na gulat ang mokong pagkakita nya samin ni Blanche.

Kevin: \*nervous\* Jersey.. it's not what it looks like..

Me: Yeah. Care to explain that to me?

Kevin: Uhhh kasi.. This i-

Blanche: Relax lang, Kuya. Jersey and I met earlier, right? \*insert FAKE SMILE here nyeta\*

Me: Yeah. We met earlier.

Kevin: Saan?

Kami ni Blanche: Greenbelt.

SHET LANG KAHIT MAGKASABAY KAMING MAGSALITA NAIINIS AKO SA BUDHI NYA!!! KUNG MAKATINGIN PARANG NANGHAHAMON NG SAPAKAN E!! BAKA NGA MASAPAK KO NGA 'TO!!!

Expected ko na nafifeel ni Kevin na naiinis ako kasi may BABAE dito sa condo nya. Kaso ang nakakagalit?

KEBS LANG SI KUYA!!! NATUTUWA PA NGA E!!!

Kevin: Ayos! Buti naman magkakilala na kayo!! Si Max nga pala?

Me: Went home. Nga pala, nauna na si Keith. Hinahanap sya ni Amae eh. \*insert MAKUHA KA SA TINGIN stare\*

Kevin: Uhhh yeah...

Blanche: Kuya where's the CR? I'm gonna change.

Kevin: There. \*turo sa CR\*

Pa-cute pa 'tong si Blanche na tumayo para kunin yung suitcase nya.

Blanche: \*in her very very annoying pacute voice\* Excuse me!

Tumabi na lang ako para makadaan sya. Nakakainis!! Nang makapasok na sya ng CR, nilapitan agad ako ni Kevin.

Kevin: Jersey let me ex-

Me: \*isang malakas na hataw\* WHAT IS SHE DOING HERE!!!!

Hindi pa ako nakuntento sa isa, tinadtad ko talaga sya ng palo!!

Kevin: \*ilag\* Aww! Teka nga hinaan mo yang boses mo! Ba't ang init na naman ng ulo mo?

Me: Don't tell me she's staying here.

Kevin: Ikaw na rin nagsabi ny- \*palo\* ARAAAAAAYYYYYY!!! L\*CHE KA!!! MASAKIT YUN!!!

Me: I don't want her here!!!

Kevin: 2 days lang naman sya dito e. Hinihintay lang nya na maapprove yung sa condo nya.

Me: E DI KINA MAXENE SYA MAGSTAY!!!!

Kevin: They're not in good terms, love.

Me: Wag mo kong matawag-tawag na love dyan uupakan kita!!! SANA NAGHOTEL NA LANG SYA!!!

Kevin: Eh k-

Me: Pagtatakpan mo pa e!!! Wag na kasi sya dito!!!

Kevin: Gusto mo sa'yo sya magstay?

Me: ABA GUSTO MO ATANG MAGMUMOG NG NGIPIN EH!!!

Kevin: \*hugs me\* Eto naman eh! Saglit lang naman sya dito, and besides madalas naman tayong wala dito kaya di ko rin sya masasamahan..

Me: Hah. Alam ko yang amoy ng mga babaeng tulad nyan, Kevin. Umayos ka.

Kevin: \*sighs\* Jersey, I have to return the favor.

Me: At ano na namang favor yan ha?

Kevin: Siya yung isa sa mga nag-alaga sakín nung nagkasakit ako. And besides yung tatay nya yung humingi ng favor na maki-stay sya dito. I can't say no.

AY NYETA. SO WHAT KUNG SYA NAG-ALAGA HA? PASALAMAT SYA WALA AKO DUN!!! AT ETO NAMANG BOYFRIEND KO PINAPAMUKHA ATA NA WALA AKO SA TABI NYA. BAH, SINO BANG NAGSABI NA WAG IPAALAM SAKIN YUN? DIBA SYA!? DUNGGULIN KO KAYA TO!!!

Kevin: Hoy. Ano na?

Tinignan ko sya sa mga mata.

Kevin: In order for our relationship to work, we need?...

Me: \*rests my chin on his shoulder\*

Kevin: We need trust. Diba?

Me: I.. \*whispers\* I trust you. I just don't trust her. That's all.

Kevin: \*giggles\* Using my own words against me huh?

Me: Masama? E mukhang mas kailangan mo yun kesa sa'kin e.

Kevin: Really?

Me: \*breaks the embrace\* Yeah, dare me.

Kevin: Talaga lang ha. Talaga lang \*smirks\*

We're staring at each other intently, nang-iinis sa isa't isa. Hello, mas kailangan nya yun kesa sa kin! Tibay kaya ng resistance ko against temptation! XD

"Oh my. Sorry, am I ruining a moment here?" extra na naman ni Blanche na nakapagpalit na ng.. pajamas. Good, at least hindi lingerie ang suot nya.

Kevin: Tara Blanche, I'll show you your room.

Blanche: \*relieved\* Oh yes! I really really want to sleep na! \*tingin sa kin\* Wait a second..

Me: What?

Blanche: You're Kuya's girlfriend right? The Film major one?

Me: Yeah that's me :)))

Blanche: So are you living together?

I'm tempted to say YES nang matigilan na tong inarteng to. Pero syempre.. honest ako! XD

Me: No. But my condo's at the next building.

Blanche: \*kunwari interested\* Oh really? Sige, I better sleep. Gute nacht, Jersey.

Me: Guten nacht, Blanche. \*mini wave\*

Nakatingin pa sa kin si Kevin bago nya ihatid si Blanche sa guest room. I mouthed, "Lagot ka sa kin!" bago ako umalis ng condo nya.

TALAGANG LINTEK ANG ABOT NYA SAKIN PAG NALAMAN KONG NILALANDI SYA NG BABAENG 'TO.

--

(Amae's POV)

Syempre, malakas ang radar ko pagdating sa chika. Thanks to my ever galing fiancee Keith, nalaman ko kung ano yung nangyari sa condo ni Kevin the other night. Of course, hindi ko papalagasin ang pagkakataong to! Threat yang Blanche beyatch na yan sa KevJe at kailangang maagapan agad! Anyareh?

Nagpatawag ako ng meeting w/ Jicker, Sath, Kat and of course, si Je.

Jersey: Okaaay. Why am I here?

Jicker: KASI IKAW NGA ANG BIDA!!! ANYAREH YESTERDAY?

Me: So Marlo gave me the specifics. May Blanche girl daw?

Jersey: Apparently she's Maxene's half sister and the beyatch on the video. Nakakainis diba?

Kat: Judgemental!

Jicker: Hoy Kat anong judgemental ah!?! Pwede naman talagang i-judge yang girl na yan!!! Threat alert!!!

Sath: May point naman kasi si Kat, Jick.

Jicker: Aba!!! Basta ako nagpromise ako kina Kevin na babarilin ko kung sino mang epal!!! Willing nako ngayon teh!

Me: Grabe ka!!!

Jicker: I'm serious here, sis. Very very serious.

Kat: So tell us about what happened. Nag-away ba kayo?

Jersey: Hindi naman.. pero may pinagtataka lang ako.

Kami: Ano?

Jersey: Hindi.. nabanggit ni Kevin na si Blanche yung babae sa film nila.

Jicker: Baka naman nakalimutan lang nya sabihin sa'yo. O baka nakalimutan mo na sinabi na nya sa'yo.

Jersey: Baliw, tanda ko pa yung kwentuhan namin nung New Year. Wala talaga syang nabanggit. Sure napag-usapan namin yung Realm kaso.. hindi talaga nya nabanggit.

Sath: Bakit naman kaya nya di nasabi yun? Maybe he thought it's irrelevant.

Jicker: Don't ignore the "small things" teh. Sometimes big problems are caused by small glitches. For instance Titanic.

Me: Or maybe ayaw na nyang pag-usapan yun kasi yun ang catalyst diba?

Jersey: Eh. I still want to hear it from him.

Jicker: Nako ikaw na dapat ang gumawa ng paraan. Ang lalaki mahirap paaminin ng mga bagay.

Sath: Naks may napakalalim na pinaghuhugutan!!!

Jicker: Siraulo. Umayos ka nga.

Jersey: What am I gonna do, guys?

Kat: Paaminin mo!

Jersey: How?

Jicker: Teka pag-iisipan ko muna yan ng mabuti. Hoy Je, pag inapi ka nung bruhildang Blanche na yun sabihan mo agad ako!! Tara na't uupakan natin!!!

Jersey: Akala ko ba babarilin mo?

Jicker: Minsan ang OA mo rin noh? Kaines.

Jicker: Basta, ako na bahala XDD

---

(Normal POV)

Ang selos talaga hindi madaling pigilan. Pinapaalalahanan mo na lang ang sarili mo na mahal ka nung mahal mo, at hindi sya gagawa ng bagay na alam nyong makakasira sa inyo pareho. Kaso iba talaga minsan ang atake ng selos, gumuguhit. Nakakagalit talaga.

-

Galit na galit si Jersey nang sagutin ni Kevin ang tawag nito.

Kevin: Ang aga-aga aburido ka na naman!!!

Jersey: SINO BANG HINDI MAGAGALIT AH!!!!!!

Kevin: Ha? Anong meron?

Jersey: BAKIT HINDI MO SINABI SAKIN NA DITO SA KATIPUNAN TITIRA YANG SI BLANCHE!!!

K: Jersey calm down.. Hinga nang mal-

Je: YUN LANG NAMAN SASABIHIN MO SAKIN EH!!! NYETA!!!

K: Wag mokong sigawan! Medyo malayo naman sa'tin kaya okay lang! Chill!

Je: We need to move out ASAP!

Kev: Okay that's too much.

Je: Hello, paano ako mapapanatag kung alam kong nasa tabi-tabi lang yan!

Kev: Oh Jersey grow up!! \*hangs up\*

7 hours later, nagkaayos na sila. Hinatid ni Kevin sa isang photoshoot ni Jersey sa Malate. Saktong partner ni Je si Marlo.

\*pagdating sa set\*

Marlo: \*habang nag-aayos ng cam\* Hi partner!

Uminit agad ang tenga ni Kevin. Para sa kanya sya lang ang may karapatang tumawag kay Jersey ng partner. Mauupakan nya ang kung sino mang tatawag sa girlfriend nya ng partner!!!

Nasense ni Jersey ang pagkainis ni Kevin kaya hinawakan nya ang kamay nito.

Je: \*whispers\* Relax lang. You know that I love you, right?

Kev: I know pero isa pang tawag sa'yo ng partner nito masasapak ko sya.

Je: Shut up.

Kev: I love you, too.

Pero ang pinakafinale sa lahat? Syempre ang bisita ni Kevin sa condo nito. Pagdating nilang dalawa mula sa shoot, si Blanche agad ang tumambad sa kanila sa sala. She's examining Jersey's photowall.

Blanche: Wow naman Jersey! You did this?

Jersey: Yup. That's my Christmas gift for Kevin. \*smiles\*

Blanche: Oh I almost forgot! \*takbo papuntang guest room\*

Nagtaka ang KevJe couple kung anong ginagawa ni Blanche sa guest room. Buti na lang bumalik ito kaagad.. na may dalang regalo.

Blanche: Here's my Christmas gift! Sorry if it's late.

Kev: \*nahihiya\* You don't have to. Really.

Je: Eto naman, nahiya pa! \*inapakan si Kevin sa paa\*

Binuksan na ni Kevin yung regalo, baka mamatay pa yung mga kuko sa paa nya. Isang Holga kit ang regalo ni Blanche sa kanya.

Blanche: Ang hirap kunin nyan ah! I went to the store super early just to score one :)))

Ang saya lang ni Kevin! Pero si Jersey? Yamot na yamot na talaga. As in.

Blanche: Do you like it?

Kev: Naman! Thanks, Mabee!

Tengene. Mabee? Ano yun, pet name?!?!?! SARAP UPAKAAAAAN!!!

Tahimik na lang si Jersey. At sa katahimikang yun, nakaisip sya ng paraan para mapaamin si Kevin. Lagot sya.

--

(Kevin's POV)

Para kaming timang ni Jersey noh? Sorry naman! Nakakainis lang kasi na may mga sisingit saming dalawa. Hoy, hindi threat si Blanche! Ganyan lang talaga yan, spoiled.

Buti na lang okay kami ni Jersey kahit puro ganyan kami. Katunayan nga, niyaya nya akong tumambay sa condo nya ngayong Sunday afternoon. Break from all the drama! Sabi nya movie marathon kaming dalawa ngayon. Nako, puro horror movies na naman ipapanood nyan sakin. Ayan pa! True enough, nanood nga kami ng Amityville Horror at ilang episodes ng American Horror Story. Tignan nyo mamaya, hihirit yan na dito na lang ako matulog kasama nya. Yan pa, pasimple yan! XD

Kaso yung finale na papanoorin namin ang hindi ko inexpect.

The Realm of Possibility.

Ako: \*medyo kabado\* Je inaantok nako. Tulog muna ko ah?

Jersey: Eto naman! Vain ka diba? Panoorin mo na'tong movie mo!

Ako: P-

I lost. Nagplay na yung CD. Patay tayo dyan! Ewan ko kung sinong epal ang nagbigay ng kopya nito kay Jersey. Mapapaaway ako nito eh!

Oo na, si Blanche yung leading lady sa video. Ang weird lang noh, asawa ni Maxene yung director tapos si Blanche pa ang kinuha? Sa totoo lang ayaw talaga ni Maxene na kunin ni Richmond si Blanche, kaso ininsist ni Rich. Bagay daw kay Blanche yung role kaya pabayaang na lang sya. Eventually nanalo nga si Blanche na Best Actress sa film fest sa Bonn. Tay tayo nito!!

Namamawis na talaga mga kalamnan ko sa kaba. Magagalit na naman sakin si Jersey pag napanood nya yung kiss! Malisyosa pa naman tong girlfriend ko ://



Nagpanggap akong tulog nung malapit na ang pamatay na scene na yun. Tahimik ni Jersey!

Jersey: Gumising ka nga dyan.

Kunwari tulog...

Jersey: JOHN KEVIN UY SANTOS GUMISING KA!!!! \*hampas ng tray sa ulo\*

Ako: AY P\*TAAAAAA ANO BA!!!!!! MAY SAKIT AKO!!!!

Jersey: \*pinause yung CD\* WALA AKONG PAKIALAM KUNG MAY SAKIT KA!!! CAN YOU EXPLAIN THIS?!?!!

Ang sakit nun l\*che!!! Umupo ako nang maayos sa sofa habang nakatayo na sya sa harap ng TV.

Jersey: Hanggang kelan mo gustong itago sakín 'to ha?! HAAAAA!!!

Ako: Teka.. araaaay ulo ko!!!

Jersey: BAGAY LANG SA'YO LANG!!! Ba't ayaw mo 'to sabihin ah?

Ako: Eh kasi mag-aaway lang tayo!

Jersey: ETO NA NGA PINAGAAWAYAN NATIN!!! BAKIT HINDI MO SINABI!!!!

Ako: AY NAKO!!!! Wala naman kasing kwenta kung sasabihin ko pa! Tapos na diba?

Jersey: HINDI PA TAPOS YUN!!! HELLO, SHE KISSED YOU AND WHAT THE HELL!! NANDITO SYA SA PINAS!!!!

Ako: PARANG MAHAHALIKAN PA NYA AKO!!!

Jersey: NAKO TIGNAN MO NGA YAN!!! TUWANG-TUWA KA NUNG HINALIKAN KA NYA!!!

Ako: JERSEY 2 YEARS AGO NA YAN!! AT ACTING!!!

Jersey: KAHIT NA!!!

Ako: PARANG HINDI MO HINALIKAN SI MARLO AH!!!!

Jersey: \*blushes\* DON'T YOU DARE ACCUSE ME OF THAT!!!

Ako: E BAKIT KA NAGBLUSH? IBIG SABIHIN TOTOO!!!

Jersey: OH SHUT UP!!!

Ako: YOU GROW UP!!!

Jersey: DUN KA NA SA BLANCHE MO!!!

Ako: ISAKSAK MO SA PANCREAS MO SI MARLO!!!!

Hiningal kami pareho ni Jersey sa sigawan namin. Nako kung nag-aalala kayo samin, please lang wag. Normal na samin tong away na ganito. Sinasaid na namin lahat ng galit para wala na kaming tampo sa isa't isa. Fine, medyo cariño brutal nga.

Napaupo tuloy ako sa sofa, at tumabi sakin si Jersey. Siguro 10 minutes din kaming natahimik. Nakakagulat naman diba!?

Jersey: Ang... babaw masyado ng pinag-aawayan natin noh?

Ako: Alam ko. Tama na please?

Jersey: \*nods\*

Ako: Wag ka kasing masyadong magselos.

Jersey: At sinong mas seloso sating dalawa ah?

Ako: Haaaynako namiss talaga kita, Debs.

Jersey: Hindi kita namimiss!

Ako: Talaga lang? \*smirks\*

Jersey: I hate you.

Ako: I love you, too.

Jersey: NGEEEEEEEEEEEEEEEE

Ako: Hmmm. We should resolve this.

Jersey: RIIIIIGHT. But how?

Ako: Penalty pag nagseselos?

Jersey: Will that one even work?

Ako: Depends on the penalty. Ano kayang maganda?

Jersey: Alam ko na! :DDD

Ako: Ano?

Jersey: Pag may isa satin na nagselos..

Ako: Ano? Teka kinakabahan naman ako dyan!

Jersey: Walang kiss sa buong araw.

AKO: ANO BA YAN!!! PARANG ANG DAYA NAMAN ATA NUN!!!!

Jersey: Bahala ka. Yun gusto ko e!!!

Ako: Kainis. Pero okay lang, hindi na talaga ako magseselos.

Jersey: At bakit naman?

Ako: Malamang, di hamak naman na mas gwapo ako dun sa Marlo na yun!!

Jersey: Talaga?

Ako: Sabi ng girlfriend ko e :">>

Jersey: Ay may girlfriend ka pala?

Ako: (T\_\_\_\_T) Sige na.

Jersey: \*tingin sa clock\* Late na! Baka namatay na si B-

Ako: Wala kang kiss. \*shakes head\*

Jersey: WHAAAAAAAAAAAAAAT! Anong sinabi ko?

Ako: Sabi mo baka namatay na si Blanche eh. Selos yun.

Jersey: Really, Kevin?

Ako: Basta Jersey.. no more secrets ha?

Jersey: Of course, no secrets. Well hindi naman talaga completely pwede yun pero WTH.

Ako: Haaaaynako kawawa ka naman. Wala kang kiss!

Jersey: Ikaw rin!

Ako: HAAAAAAAAAAAAA? ANO NA NAMAN!!!

Jersey: Sabi mo mas gwapo ka kay Marlo!!!

Ako: EWAN. Sige, una nako!!!

Hinatid ako ni Jersey sa may pintuan.

Ako: Bye.

Jersey: Hindi mo ako madadala sa drama mo, Santos. Bye!

Nakaka7 steps pa lang ako nang...

Jersey: Kevin wait!!!

\*turns around\*

Jersey: Next week na lang natin ipatupad yung penalty please?

Ako: \*laughs\* Sabi na nga ba e, hindi ka makakatiis :)

---

MONDAY

(Jersey's POV)

"Bakit mo ako dinala dito?"

Monday ngayon and supposed to be nasa LB na kami ni Kevin dahil may pasok pa kami bukas. Pero san ka, dinala nya ako sa MOA Seaside.

Kevin: Relax lang, Jersey. Ayaw mo nun, unwind?

Me: May exam ang students ko tomorrow UNWIND KA DYAN.

Kevin: Nako. Nakakainis naman to! \*kinaladkad ako papunta sa ferris wheel\*

Me: Kevin namaaaaaaaaaaaaaaaaaaan! Bibili na lang ako ng milk tea!

Kevin: Jersey.

Bigla syang naging seryoso. Natakot naman ako dun! Nasa tapat na kami ng ferris wheel, at ang daming tao sa paligid namin. Tinignan nya talaga ako nang seryoso. Talk about creepy :/

Me: Yes?

Kevin: Sabi ko kagabi diba.. no more secrets?

Me: Yeaaaahh.. So?

Kevin: Well.. this is the last one.

Me: Ha? Anong last one?

He smiled at me. Ha? Bastos talaga to ah! Nagtatanong e! Magsasalita na sana ako kaso bigla syang tumalikod at may nilapitan na tao. Sumunod naman ako.

Then dun ko nakita kung sino yung nilapitan nya.

Isang yaya na may kasamang batang babae.

Kevin: \*binuhat yung bata\* Hi there, Princess!

Biglang sumaya yung mukha nung bata pagkarga sa kanya ni Kevin.

At sinabi ng bata ang.. ang..

"DADDY!!!"

## Chapter 34

--

(Jersey's POV)

Palipat-lipat ang tingin ko kay Kevin at.. dun sa bata. Kevin, bata. Kevin, bata. Kevin, bata....

WHAT'S WRONG WITH THE WORLD!!!

(FLASHBACK: 50 MINUTES AGO)

Nganga ako sa narinig at nakita ko.

DADDY?! DADDY!!!!!!

ARE YOU EFFIN KIDDING ME!?! SERIOUSLY?

Hindi Jersey, inaantok ka lang. Walang yakap-yakap na bata si Kevin ngayon. Hindi sya tuwang-tuwa na makita yung bata. Hindi sila papalapit papunta sa akin.

No. This isn't happening!!!

"Hey Jersey."

Goodness, I am a nervous wreck! Gusto ko na tumakbo palayo dito, palayo kina Kevin. Patay tayo dyan!!!

Kevin: Uhhh Jersey? Okay ka lang?

Me: T..tell me that isn't your kid.

Kid: Daddy, who is she?

Me: \*impatient\* Kevin, please answer me!

Kevin: Uuuhhh.. Jersey. This \*kisses the kid\* is Ara...

(END FLASHBACK)

"Uy, ayaw mo ba dyan sa Chickenjoy mo? Akin na lang!"

"Jersey!"

(O.o)

Kevin sighed and held my hand. "Hoy. Pwede mag-moveon!"

Me: How.. can I move on that easily!!!

Kevin: Love, don't shout in front of Ara. Please.

Me: Fine.. fine.. \*to Ara\* Uhh.. I'm sorry :))

Tinignan lang ako ni Ara saglit tapos bumalik din sya sa pagkain ng Chickenjoy at fries. In fairness, cute tong batang 'to ah! Mukhang walang lahi si Ara, bilugan yung ata tapos dark brown yung buhok. Same color as Kevin's.

Kevin: Jersey.. look at me.

Me: \*look\* What?

Kevin: I'm so sorry if I hid this from you. Ang.. hirap kasi i-explain.

Me: \*smiles\* Well you can start explaining now, Mister.

Kevin: \*inom\* Okay just calm down.. please?

Me: \*sighs\* Fine. Now shoot.

Kevin: So as I was sa-

Ara: Daddy ketchup please? \*turo sa ketchup\*

Kevin: Sure Princess! \*bigay ketchup\* So.. yeah. Si Ara.

Me: Okay let me get things straight.. si Ara ay..

Kevin: She's my adopted sister.

Me: Can you repeat that again? Just to assure me please.

Kevin: \*laughs\* Relax lang Je! Talaga bang naisip mo na anak ko si Ara?

Me: \*blushes\* Don't make fun of me okay!!! Hello, sino bang di magugulat na may cute na bata na sisigaw ng DADDY!!! tapos bigla mong yayakapin? Ha!! My goodness! Alam mo bang muntik nakong himatayin dun kanina? Ha!?!

Kevin: Grabe ka, hindi ako ganung klaseng lalaki! I know na gwapo ako pero.. grabe ka!

Me: Sorry. You know me, I'm really really imaginative. So.. how old is she?

Kevin: Ask her.

Me: \*gulps\* Hi Ara! How old are you, pretty girl?

Ara: \*tingin kay Kevin\* Daddy..

Kevin: Sure, go ahead. She might give you a gift \*smiles\*

Ara: \*smiles back\* I'm 5 years old po.

Me: Aaawwww ang cute!!! :""> Kelan.. kelan..

Kevin: Inadopt sya nina Papa nung 3rd year tayo. Nalaman ko lang nung nasa Germany ako, before I got sick. Binisita ako ng buong pamilya dun and there she was.

Me: And she knows she's adopted?

Kevin: Yep, pretty much. Masyado pa syang bata para maintindihan kaso alam mo naman sina Mama, parang weird lang. Ewan ko dun.

Wow. This is so.. confusing. Pero okay lang naman kina Kevin 'to. Actually dati pa ata pinaplano ng parents nina Kevin na mag-adopt ng baby girl kaso sobrang pihikan ng mommy nito. Winner si Tita, good choice!

Kevin: Where do you want to go next, Princess?

Ara: I'm tired na Daddy. Ate and I rode the ferris wheel 2 times kanina. I wanna sleep. \*yawns\*

Me: Pagod na yung bata, Kevin. I think it's best if we take her home.

Kevin: No, I have a better idea, love.

Me: And what?

--

DINALA NI KEVIN SI ARA SA LB.

I have nothing against this, really. Ang cute cute and ang bait nung bata! Tuwang-tuwa nga si JM sa kacutean eh! Sa sobrang tuwa nya nagpasama pa ang mokong na bumili ng ice cream.

JM: That girl is so cute!! See those eyes? I wonder kung may foreign blood yung batang yun.

Me: 1/4 German, JM. Grabe, I've never seen you so hyped up because of kids.

JM: Well.. \*smirks\*

Me: OH MY GOD LOUISE'S PREGNANT!!!!

JM: Yes and you don't have to shout!!!



Nakatingin na pala samin yung isang staff ng Mini Stop. Great.

Me: Sorry. But!!!! For how long?

JM: 8 weeks.

Me: You stud! \*suntok sa braso\* Ang tagal na pala! Bakit hindi mo sa'kin sinabi ha?!

JM: Eh ang drama ng buhay nyo eh!

Me: Thanks for reminding ha. Thanks talaga.

JM: Sorry naman! I just want to be sure everything's fine when I deliver the news.

Me: Riiiiight.

JM: Wait, everything's fine right?

Me: For now.

JM: \*stern look\* Okay anong meron? Don't tell me may epal na naman?

Me: Hmmm. \*beat\* Hindi pa naman sila actually epal eh. Pero pwede na rin maging epal. IDK.

JM: Sino na naman yan?

Me: Sinu-sino would be the right term.

JM: (O.O) T@NGINA MADAMI?

Me: \*chuckles\* Baliw! 2 lang naman. Hindi naman sila actually threat or whatever. Possible threats pa lang.

JM: Sino sila?

Me: Okay, first one's Marlo.

JM: Yung photographer friend nyo ni Jicker? The one you d-

Me: Yeah the one I dated. Thanks, JM.

JM: And the other one?

Me: Blanche. \*insert JM's confused look here\* Maxene's half-sister.

JM: Oh. That's messed up. Pero okay naman kayo ni Kevin, diba?

Me: We fought about this days ago but we're fine. Nothing to be worried about.

JM: Good good. But.. I can sense that you don't like this kid.

Me: GRABE TO!! I like Ara! She's so cute!!

JM: Talaga?

Me: (.-) Okay fine. I kinda hated her. No it's not hate.. I.. Basta! Akala ko kasi anak ni Kevin yun!!! Akala ko may nabuntis sya na kung sino sa isang trip nya sa Germany nung college.

JM: Writing major ka nga, lawak ng imagination!

Me: Hindi mo naman maaalis sa'kin na matakot eh. We've been through a lot, and I really really want us to be okay for a loooong time. I got scared when I saw Ara.. kasi mas nafeel ko na hindi na si Kevin yung kilala ko dati.. Or is it just me.. What the hell.

JM: Nako.. bata lang yan! Walang mangyayaring masama, promise.

Me: Yeah. Sana nga.

--

(Kevin's POV)

Since may meeting si Jersey ng Wednesday evening, we decided na kinabukasan na lang umuwi ng QC. HAAAAAYYYY. Teka nga muna, gusto ko lang magsorry dun sa mga halos atakihin sa puso dun sa DADDY. Hoy grabe kayo!!!! As if magagawa ko yun noh!! Alam kong lapitin ako pero please lang, I'm different okay? Chill lang kayo. Kung magkakaanak man ako.. ALAM NA KUNG KANINO :)))

Buti na lang ang bait ni Ara ngayon. Well mabait naman talaga 'tong kapatid ko eh. Tahimik lang, patingin-tingin. First time nyang pumunta dito sa Pilipinas kaya naninibago pa siya sa lahat. Pero wag kayo, marunong magFilipino yan! Syempre tinuruan ko!

Wednesday evening, nasa Freedom Park kaming dalawa ni Ara. Hinihintay namin si Jersey matapos dun sa meeting nya with DevComm faculty. Ayun naman tong kapatid ko, nagtatatakbo sa field habang nagpapalobo ng bubbles. Haaay. Parang kelan lang nung sinabi sa kin nina Mama na nag-ampon sila. Hindi ako nagalit, talagang nagulat lang ako. Gusto ko rin kasi magkaroon ng baby sister. Masamang magwish?

"Pwedeng tumabi?"

\*lingon\*

"Uy Fernan!"

Yep. Tinawagan ko si Fernan para makapag-usap na kami about sa mga nangyari samin nina Jersey. Kakabalik lang nila ni Nancy mula sa honeymoon nila sa Hawaii.

Fernan: Akala ko kung san mo gustong makipagmeet. Aayain sana kita sa ICs eh.

Ako: Kating-kati na talaga akong mag-ICs dre kaso.. bawal.

Fernan: Ba't naman?

Ako: \*points at Ara\*

Fernan: (OO) Anak mo?

Ako: Hindi. She's my sister.

Fernan: Adopted?

Ako: That's right. Ara! Come here.

Lumapit naman si Ara sakin, pupunasan ko kasi sya ng pawis. Grabe tong batang 'to!

Ako: Ara, say hi to Tito Fernan.

Ara: \*tingin kay Fernan\* Hello po!

Fernan: Hello pretty girl! \*to me\* Hawig mo dre. Seryoso.

Ako: Sabi nga nila. \*to Ara\* Pagod ka na?

Ara: I wanna sleep na Daddy. My toes hurt.

Ako: Sige, sleep on my lap na lang muna. May pag-uusapan kami ni Tito Fernan mo.

Ara: \*smiles\* Okay po!

Hinintay muna naming makatulog si Ara bago kami nag-usap, siguro mga 15 minutes din yun.

Fernan: Haaay. Hirap magkaron ng alagain noh?

Ako: Oo nga e. Sabay-sabay na halos lahat!

Fernan: What's Jersey's take on this?

Ako: She thought Ara's my daughter.

Fernan: (:o) TALAGA? \*laughs\* Grabe talagang magconclude yang si Je!

Ako: Tagal ko ngang nagexplain sa kanya, ang kulit pa rin! Sarap batukan!

Fernan: Buti na lang nakikinig na sya ngayon noh, hindi na nagwawalkout.

Ako: \*smiles\* Yeah, malaking pagbabago na nga yun. Pero hindi talaga to yung purpose kung bakit gusto kitang makausap.

Fernan: Nalintikan na! Akala ko makakatakas na e!

Ako: Sira. Ano.. gusto ko lang magsorry dun sa nangyari. Sa party nyo ni Nancy. Sorry if I acted so weird.

Fernan: Kasalanan din namin ni Jersey yun. Dapat kasi sinabi na namin sa inyo dati pa. Grabe, epic lang ng nangyari satin. Pang-telenovela lang!

Ako: Wala talagang madaling bagay ngayon dito sa mundo noh? Lahat kailangang paghirapan.

Fernan: Yeah.. Ang hirap nga pero okay lang, at least masaya.

Ako: How's married life?

Fernan: Kaya pa naman, syempre mga one month pa lang kaming kasal ni Nancy. Kayo ni Jersey kamusta?

Ako: \*chuckles\* Ayun, balik sa dati. Nakakatawa lang. Utang ko yun sa'yo, dre. Salamat kinausap mo si Jersey ah. At sorry na rin dun sa nangyari sa party nyo. Nakakainis lang kasi.

Fernan: Alam ko yang pakiramdam na yan, Kevin. I've been there before.

Ako: Eh?

Fernan: Actually.. hindi talaga ako yung dapat papakasalan ni Nancy.

Ako: EH!?!? SERYOSO KA?

Fernan: Oo dre. Highschool sweethearts kami ni Nan, kaso nagbreak kami nun ng 4th Year. Ayun, magkaiba kami ng college na pinasukan. Then nung highschool reunion, we saw each other. Usap lang kami. Nasabi nya sakín na engaged na sya. At first wala lang sakín, pero.. bago kami umuwi, I kissed her. Wala lang. Trip ko lang paglaruan feelings nya. Saka ko lang narealize na ginawa ko yun kasi mahal ko pa sya, kahit halos 3 years na kaming break. Ayun, hindi kami nagkausap for 3 months. September nung tinawagan nya ako para magkita kami. May gusto pa pala sakín yung loka! Umayaw ako kasi ikakasal nya sya, then nagalit sa'kin. May halik pa raw akong nalalaman tapos hindi ko rin naman pala sya paglalaban. Matapang si Nancy, Kevin. Sabi nya liligawan daw nya ako kahit anong mangyari. Bago pa sya makipagbreak dun sa fiancée nya, naunahan pa sya nito. It turned out may nabuntis na iba yung lechugas na lalaking 'yon. Poof, 2 months later kami na ulit. Grabe lang noh?

Ako: Ang sakit nyo sa ulo!

Fernan: Eh ganun talaga eh. Ang daming magagawa ng pag-ibig sa'yo. Minsan sasabihin mong unfair, minsan naman sasabihin mo na hindi mo deserve ang pagmamahal na 'yon. Nasa isip lang kasi natin yang hesitations na yan e. Kasi natatakot tayo na baka hindi tayo sapat para sa taong yun. Sa totoo lang, wala tayo sa lugar para sabihin kung sapat na ba tayo para sa taong

mahal natin o hindi e. Sila lang ang makakapagsabi kung sapat tayo kasi sila naman yung makakaramdam nun, pag tayo kasi biased. Shet ano na naman tong sinasabi ko!?

Ako: Lalim ah! Saang balon mo hinugot yan? HAHAH! No wonder naliwanagan si Jersey sa pinagsasabi mo sa kanya. I shouldn't have judged you that easily.

Fernan: That happens. But at least we're cool right?

Ako: Oo naman! Bakit naman hindi tayo okay?

Fernan: Ingatan mo si Jersey ah. Mahirap mag-isip ng iaadvice dun ah! Dumudugo ang utak ko sa kakaisip!

Ako: Sus, don't worry. Hindi ko na papakawalan yun. Hirap hulihin ng katulad nun! It took me 3 years. Haaaay :/

Fernan: Basta ending nyan dapat sa simbahan na ah!

Ako: We'll see. We'll see :)

--

(Jersey's POV)

SATURDAY MORNING

Okay. Okay. Kamusta naman ang linggo ko? Okay lang naman. Walang problema! Smooth sailing!!

JOKE. SINONG NILOKO KO? I'VE BEEN HIDING THIS FOR 3 DAYS PERO GRABE!!! Nakakahiya kasi eh!!

Nagseselos ako kay Ara.

Sorry naman ah! SORRY NAMAN!!! I know bata lang yang si Ara. Isang cute na bata na super inosente lang. Ako naman tong tanders na, nagseselos pa?! SAVEEEEEH KO!!! Nakakahiya talaga :(( Sino ba kasing di magseselos? Hello, kakabalikan lang namin ni Kevin tapos eto na agad? Imbes kami ang magkasama, eepal yung bata ng "Daddy I want ice cream!" "Daddy I wanna sleep na!" "Daddy let's watch Phineas and Ferb!!!"

Di ko mapigilang mainis talaga. Kaso.. ang cute cute talaga ni Ara! As in!!! Sarap kagatin ng pisngi nya! So ang ginagawa ko na lang, inaalalayan ko si Kevin sa pag-aalaga kay Ara. Stressful but enjoy! Training din 'to for the future. AY KUNG MAKAFUTURE EH NO? XD

Kaso sumobra naman ata ang training ko for motherhood. Kasalanan kasi ni Kevin.

-

"HAAAA?"

Napanganga na lang ako sa harapan ng ref ni Kevin. Saktong kumukuha ako ng chocolate nang may sinabi sakín siii Kevin.

Kevin: \*sips coffee\* Eto naman, kunwari pang hindi narinig.

Me: Pwede ba kasing pakiulit?

Kevin: Haynako! Tumawag kanina sakín si Mama, pinapapunta nya ako sa Davao para sa business namin.

Me: Okay I get it. Kelan flight natin?

Kevin: Natin ka dyan! I'm going alone.

Me: BAKIT NAMAN! Hello, a trip would be nice! First out of town trip natin together, diba?

Kevin: \*walks past me\* I'm going there for work, Jersey.

Me: I thought you might need some stress reliever after a long day, Mr. Santos ;)

Kevin: \*laughs nervously\* Nice one, love. Try harder next time.

Me: \*lapit sa kanya\* Why next time, Love? Eh.. we can do something.. now.

I placed my arms over his shoulders and looked at him seductively.

Kevin: \*iwas ng tingin\* Oh.. You're good.. You're really really good..

Me: I know right? So.. wanna take this somewhere else, Love?

Kevin: I.. I..

"DADDY?"

Bitaw agad ako kay Kevin. Siya naman biglang inom ulit ng kape. Napatingin naman kami ni Ara na bagong gising, at nakatingin din samin na parang weird.

"Good Morning po!" \*smiles\*

Me: G-good morning din Ara! How's your sleep?

Ara: \*medyo nahiya\* Okay naman po.

Kevin: Ano yun, Princess? Why'd you call me?

Ara: Nothing po. Wala na po kayo kasi sa bed when I woke up eh.

Kevin: What do you want to eat?

Ara: Cornflakes po Daddy! :)

Tuwang-tuwa naman si Ara habang pinaghahanda sya ni Kevin ng breakfast. Tumabi naman ako sa kanya. Ang cute cute talaga nya!!!

Kevin: Buti na lang nagising ka agad, Princess. I have something to tell you.

Ara: What's that po?

Kevin: I'm leaving today.

Ara: \*frowns\* Ha? Where to?

Kevin: Davao. PInapatawag ako ni Mama eh.

Ara: AAAAAAAAAAHHHHHH! I wanna see Mama! I wanna see Mama!!

Kevin: Magtatrabaho si Daddy dun, Princess. I can't bring you there.

Ara: \*iiyak na\* But.. but..

Kevin: Don't worry, Tita Jersey will take care of you today.

(O.O) (V.V) (p.p) (T.T)

Me: W-what?

Ara: WHAT?

Kevin: \*to me\* Jersey.. yun nga pala ang sasabihin ko sa'yo. Pwede mo bang bantayan si Ara today?

Me: Nasabi mo na eh. Ano pa ba.

Kevin: Ara?

Ara: Hmmm.. Will you be back tomorrow?

Kevin: Of course! I'll be here tomorrow morning :)

Ara: Basta come home early okay?

Kevin: Sure! Aalis na ako mamayang 10am. Be a good girl ha?

Ara: Opo!

Tinulungan namin ni Ara si Kevin na mag-ayos ng gamit ni Kevin. Ang mokong tuwang-tuwa naman sa nakikita nya. Bago sya umalis, he kissed the two of us. Winner diba?

Kevin: \*to Ara\* Be a good girl Ara ha? Wag kang makulit kay Tita Jersey mo.

Ara: Opo Daddy! I'll be a good girl po!

Kevin: \*pats Ara\* That's my girl! \*to me\* Ingatan mo 'tong Prinsesa ko ah?

Me: Opo ser.

Kevin: Lika nga dito! \*lapit naman ako\* Take care of her, ah? Sasapakin kita pag nagkasugat yan o ano.

Me: How sweet.

Kevin: I love you for this, Jersey. I always love you naman, just so you know.

Me: I know that. Masarap lang pakinggan ulit :)

Kevin: Sige na nga bye na! Baka imalet ko pa kayo e! XD

Nang makaalis na si Kevin, hindi ko alam kung pano ko iaapproach si Ara. Hindi naman kasi ako ganung kafriendly sa mga bata e! I find them cute but spending time with them? Don't think so.

Me: \*hesitant\* So.. where do you want to go today?

Tinignan lang ako ni Ara at...

"OH SHUT UP."

(>,<) (OO) (>,<) (-\_\_o)

Ako: WHAT?

Pinandilatan ako ni Ara, as in dilat.

Ara: You heard me. I said SHUT UP.

Me: \*shock\* EXCUSE ME?

Ara: \*nakapamewang\* Excuse me ka dyan! Don't talk to me, you ugly hag!



OH MY F\*CKING HELL WHAT THE HECK JUST HAPPENED!?! NANAGINIP LANG BA AKO O ANO!?!?!?

Me: Oh.. MY GOD. You didn't just call me a hag.

Ara: Yes, I just did. HAG! \*belat\*

TEKA LANG HA. PWEDE BANG I-PROCESS KO MUNA TONG SINASABI NYA. SI.. ARA BA 'TO? BAKIT BIGLANG.. NAGING SWAPANG? KANINA ANG CUTE CUTE NYA TAPOS NGAYON.. DAIG PA SI LAVIGNA SA PRINCESS SARAH!!!!

Me: Ikaw ba talaga si Ara?

Ara: Oh goodness. Are you really a UP graduate? Hello sa tingin mo sino ako? Multo?

Me: Watch your mouth, little girl. Or else..

Ara: Else what? \*smirks\*

ALAM NYANG HINDI KO SYA MASASAKTAN KASI PINAGBILIN SYA SAKIN NI KEVIN. PERO NYETANG BATA TO!!! ANGHEL SA LABAS, DEMONYITA SA LOOB!!!

Me: Okay Ara, stop playing games.

Ara: I'm not playing games.

Me: Come on, you're a nice girl! Kanina lang nag-Good Morning ka sakina ah!

Ara: Kanina yon. Ginagawa ko ba ngayon?

Me: Are you sure 5 years old ka lang?

Ara: Tingin mo?

Me: AAAAAAAAAARRRRRRRRRRRRRGHHH!!! BRAT!!

Ara: OLD HAG!!!!

INANGYAN ANG SARAP TIRISIN NG KUTONG-LUPANG TO!!!! Nyeta!! Nagtitigan lang kaming dalawa for awhile then nakareceive ako ng text message from Kevin  
From: Kevin

Wag mong kalimutan paliguan yang si Ara ah? Love you! :\*

GREAT. SO KAILANGAN KO PA TONG PALIGUAN.

Me: \*shouts\* Hoy kutong-lupa! Sabi ng Daddy mo paliguan daw kita!

Ara: No thanks. I can take a bath by myself. Baka kasi lunurin mo pa ako sa bath tub e.

Me: \*sarcastic\* Ha? Pano mo nalaman na gagawin ko sa'yo yun?

Ara: \*natakot\* Whatever!!!

Naligo syang mag-isa sa CR. Grabe, hindi pa rin ako makamoveon sa nangyari. Etong cute na batang to, isang brat?! WHAT THE HELL!!! Kung kelan nandito si Kevin tsaka sya mabait sakín. Two-faced brat!!

Binantayan ko naman sya sa may labas ng shower.

Me: Ano, nalunod ka na?

.....

Me: Hoy Ara nalunod ka na?

.....

Shet. Baka natuluyan na yung bata!!! Agad kong hinawi yung shower curtain..

\*SPLAAAAAAAAAAAAAAAAASH\*

"OH MY GOD!!!"

TINAPAT LANG NAMAN SAKIN NG KUTONG-LUPANG TO YUNG SHOWER!!! NYETA!!!! SA MUKHA KO PA AH!!!

Ara: HAHAHAHHA! OLD HAG!!! OLD HAG!!!! \*takbo palabas ng CR\*

Me: Lagot ka saking bata ka!!!! \*hinabol sya\*

Basang-basa kaming dalawa na naghahabulan sa condo ni Kevin. Bawat madampot nya binabato nya sakín! GRABE TONG BATANG TO!!! Nang macorner ko sya sa may kitchen..

Me: Umayos ka ngang bata ka!

Ara: OLD HAG!!

Me: I AM NOT OLD!!!

Ara: YES YOU ARE OLD HAG!!

Me: \*hinawakan ko nang mahigpit sa braso\* Umayos ka!!

Ara: \*pumipiglas\* Ouch! You're hurting.. me! \*starts to cry\*

Me: \*bitaw agad\* Oh sorry! Sorry!

Ara: \*smiles menacingly\* UTU-UTO!!! \*runs away\*

Me: YOU BRAT!!!

Nagtago sya sa kwarto ni Kevin. Dun na lang ako sa labas ng pinto nag-abang sa kanya.

Me: SANA HINDI KA NA MAKALABAS DYAN!!!

Ara: THAT'S OKAY!! I HATE YOU NAMAN!!!

She- what?

Me: You.. hate me?

Ara: \*shouts\* ARE YOU DEAF? SABI KO I HATE YOU!!! Super!

Me: Hoy kakakita ko pa lang sa'yo umayos ka ah!

Ara: Shut up, old hag!! Kunwari ka pang mabait!!! You left my Daddy!!!

Me: T-that's too complicated to explain, Ara. Teka, pano mo nalaman yan?

Ara: I was there, idiot. In the hospital. \*opens door\* I HATE YOU!!! \*slams door\*

DEAR LORD. What's happening to the world!

--

(Jicker's POV)

Nasa dreamstate pa ako nang magring yung phone ko.

Ako: \*yawns\* Hello?

"I NEED YOUR HELP!!!"

Ako: W-wait lang Je ah. Wait lang. Gigising muna ako! \*gising\* Ayan na okay na! Para san?

Jersey: BASTA. KEVIN'S CONDO. RIGHT NOW!! URGENT!!!

Kung makahirit ng URGENT tong babaeng 'to parang walang bukas! Kaloka eh! Ako naman gora agad kina Kevin. Anmeron?!?!

AY, ISANG BATANG CUTE ANG MERON. Siya pa yung nagbukas ng pinto.

Ako: AWWW! HI LITTLE GIRL!

Little Girl: Hello po. Who are you?

Ako: I'm Jicker. Nasan si Jersey?

Little Girl: \*frowns\* Wait lang po. \*shouts\* JERSEY! Someone's looking for you!

ABA, ANYAREH SA CUTE NA BATA? BIGLANG SUMIGAW?!?! Inaantok pa ata talaga ako! Moments later nagpakita na si Jersey, bagong ligo pero busangot.

Ako: Anyareh sa mukha mo?

Jersey: \*turo sa bata\* AYAN YAN ANG NANGYARI.

Ako: \*tingin dun sa bata\* AY, BUSANGOT KA NA KASI NANONOOD NG PHINEAS AND FERB YUNG BATA?

Hinigit ako ni Jersey papunta ng kitchen.

Ako: Wow slow down, Miss. What happened?

Jersey: Don't be deceived by that kid!! AKALA MO MABAIT PERO NASA LOOB ANG KULO!!! AS IN!!!

Ako: Eh? Yan ba yung kapatid ni Kevin?

Jersey: You know what nagdodoubt ako kung ampon ba talaga tong si Ara o hindi eh.

Ako: Ba't naman?

Jersey: Kevin na Kevin, girl version. Nakakainis!!!

Ako: Chill lang Je! She's just a kid!

Jersey: Well see for yourself, mister. Kausapin mo!

(.--) Talaga tong si Jersey! Ang harmless kayang tignan nung bata! Nakaupo lang sya dun sa sofa, kumakain ng chocolate.

Ako: \*lapit\* Hi Ara!

Ara: \*tingin\* Hello po.

Ako: How old are you?

Ara: 5 years old po.

Ako: Ang cute mo naman! Pakurot nga! \*pinches her cheeks\* Cute! \*to Jersey\* I like this kid!

Ara: Can I ask you a question?

Ako: Sure!

Ara: Are you really gay?

Kami ni Jersey: (O.O)

Ako: NAMAN! ANO KABA!!!

Ara: Good. Now go.

Ako: What?

Ara: I SAID GO!! I AM WATCHING PHINEAS AND FERB!!!

ABA DEMONYITA!!! NAKAKAINIS!!! Lapit agad ako kay Jersey.

Ako: I take that back. I hate this kid.

Jersey: Told you, she's not that nice.

--

ANG BRAT TALAGA NG BATANG 'TO. TINALO PA SA KATIGASAN NG ULO SI JERSEY. We decided na ipasyal sya sa MOA para naman hindi sya mabore at kung ano pang damage ang mangyari sa condo ni Kevin. Jersey's driving habang katabi ko naman sya sa likod.

Ako: So.. where do you want to go?

Ara: Disneyland.

Ako: Ay Ara we can't go there right now. Preparations, you know.

Ara: So next time, don't ask. \*rolls eyes\*

Ako: HAH! Oh my goodness bata ka ba talaga? \*to Jersey\* Ganito ba mga bata sa Germany teh? If yes please don't go there!!

Jersey: Then MOA it is.

--

Dinala namin sya sa Sbarro for lunch. Buti na lang hindi sya pahirap kumuha ng order. Kaso..

Jersey: O bakit hindi ka na kumakain dyan?

Ara: I'm full.

Jersey: Konti pa nga lang nakakain mo full ka na!

Ako: Ubusin mo na yan, Ara. Ang daming batang nagugutom sa mundo!

Ara: \*shouts\*Nagugutom sila, hindi dahil hindi ko naubos ang pagkain ko. Nagugutom sila kasi hindi nagsikap ang mga magulang nila!!!

Kami ni Jersey: NGANGA.

Jersey: E di wag ubusin! Dami pang arte!

--

Ikot lang kami sa MOA, ayaw naman kasi nyang manood ng Dora The Explorer sa IMAX. Lakad lang kami nang lakad.

Ara: \*pants\* Jersey! I AM TIRED!!

Jersey: \*tuloy sa paglalakad\*

Ara: JERSEY!! OLD HAG!!!

Jersey: \*no reaction, lakad lang\*

Ako: Gusto mo buhatin kita?

Ara: A gay guy like you would do that for me? Really?

Ako: Oo naman! Bubuhatin kita tapos ihahagis sa Manila Bay. Sounds fun, right?

Ara: \*natakot\* No thanks, I'd rather walk.

Ako: Ay arte!!! \*binuhat na sya\* Okay na?

Ara: F-fine. Wag nyo lang ako ihahagis ah!

Nang makita ni Jersey na karga ko si Ara..

Je: Come on, Jicker. Put her down.

Ara: I am tired, Jersey!!! Kanina pa tayo paikot-ikot dito!!!

Je: Kasalanan ko? Jicker, put her down.

Ako: Hoy teh pagod na yung bata!

Je: So what? Pag palagi syang pagod kailangang may kakarga sa kanya? Sinanay kasi ni Kevin na ganyan yan! Arrrgghhh!

Ara: Don't put me down, please.

Je: Oh shut up, Brat!

Ako: Wait wait! This is on me, Je. Okay lang sakin.

Je: \*shrugs\* Whatever!

Ara: You know what Jersey? You'd make a great evil stepmother!

Je: (:O) JICKER ILAYO MO SAKIN YANG BATANG YAN!!!

--

Iniwan namin saglit si Ara sa labas ng Gong Cha habang bumibili kami ni Jersey. Nung binalikan namin sya, napansin ni Jersey na nahulog sa floor yung Chicken Burger na binili nya.

Je: Hoy bata, bakit nahulog yan?

Ara: \*no answer\*

Ako: Katakot ka naman kasing magtanong! Let me try. \*mahinahon\* Ara, alam mo ba kung ba't nahulog yung burger?

Ara: \*no answer\*

Je: \*sips milk tea\* HOY! BAKIT AYAW MONG SUMAGOT?

Ara: \*looks at us\* I have the right to remain silent.

Kami ni Jersey: (:O) (.-) (--)

--

Nagyaya si Ara na magTime Zone kami. At last! After 3 hours na paikot-ikot, may naisip na ring gawin tong batang 'to! Tumigil sya sa harap ng stuff toy chorva. Alam nyo 'to mga teh! Yung machine na may mga chepar na stuff toy tapos may crane!! WINNER!!!

Ako: Gusto mo?

Ara: \*shakes her head\* No. I want the race car thing!

Takbo naman kami ni Ara dun sa may racing chuchu. Si Jersey? Nagpunta sa may Guitar Hero at Tekken. Dun sya!!! Masaya naman kaming naglaro ni Ara, kaso halata talaga sa kanya na gusto nya nung mga stuff toy. Kanina pa nya nililingon yun eh! After naming maglaro, pinuntahan namin si Jersey sa may Guitar Hero.

Ako: Di ka naman adik?

Je: Tagal na!

Ara: Tita Jicker..

Ako: Yes?

Ara: Nothing.

Then Jersey did something that shocked me. Nasa kalagitnaan na sya ng I Love Rock'n Roll ni Joan Jett nang tumigil sya at binigay sakín yung guitar controller.

Ako: HEY!! Where are you going?

Je: Basta.

Pumunta sya dun sa reloading station. At ang loka, nagpaload ng P1000!!! Lapit agad kami sa kanya.

Ako: Jersey san ka pupunta?

Je: Watch and learn, honey.

At pumunta sya sa..

stufftoy chorva.

Nagulat kami ni Ara na dun sya tumigil. She swiped her card and started to play. Nganga na lang kami ni Ara. Hindi successful yung tries ni Jersey sa pagkuha nung Hello Kitty na stuff toy.

Je: Jick! \*abot ng isa pang card & 1000 bill\* Reload this!

Ako: Seryoso?

Je: Nagbibiro ba ako?

Ako: \*kinuha yung card\* Sige po, Ma'am.

Tuloy lang sya sa paglaro dun. Kita sa kanya na gusto nyang makuha yung stuff toy. Pagbalik ko, ganun pa rin yung energy nya. Panalo! Driven na driven! Medyo halatang naiinis at nabobore na si Ara sa ginagawa ni Je.

Ara: Goodness old hag! Tama na nga yan! I'm bored.

Je: \*shots her the look\* Just shut up, okay? Pakilayo naman sya dito Jick. Mag-air hockey na lang kayo or what.

Ara: Tita Jicker I WANNA GO HOME NA!!! I'm tired.

Je: TAHIMIK NGA!!! \*nalaglag yung stuff toy\* Dammit!

Ara: Fine, I'll play! Kahit gumastos ka pa ng milyon dyan hindi mo rin yan makukuha!!!

Je: TSSSS JICKER!!!



Nilayo ko na lang si Ara, baka ibato pa ni Jersey yung buong machine samin eh. Halatang disappointed si Ara sa ginagawa ni Jersey. Ano bang sapak meron sa batang 'to?

Ako: Hoy bata, ba't ang init ng ulo mo kay Jersey?

Ara: She made my daddy cry. \*frowns\*

Ako: Haaaynako. Kung alam mo lang talaga, Ara. Well ang complicated kung iexplain ko pa sa'yo. Di mo rin naman maiintindihan e.

Ara: Is she a good person?

Ako: \*smiles\* Sa ginagawa nyang yan, hindi pa ba sya mabuting tao? Nakaka-P2000 na sya para makuha ka lang nung stuff toy. Mabait yang si Jersey, hindi nga lang halata minsan.

Ara: OH.

AFTER ONE HOUR..

Ako: \*to Jersey\* Anyareh sa'yo?

Ara: Tita Jicker I wanna go home na.

Jersey: Tara, let's go home. I'm tired.

Ayaw pang maglakad ni Ara, parang may hinihintay na kung ano. Yung stuff toy?

Jersey: Hoy kutong lupa uuwi ka ba o iiwan ka namin dito?

Ara: Coming! Evil stepmother.

--

Ako na yung nagdrive pauwi, tatal sasakyan ko naman yun gamit. Magkatabi sila dun sa likuran pero di sila nag-iimikan. Si Jersey halatang banas at pagod dun sa ginawa nya kanina. Si Ara naman tahimik lang, nahihiya ata. Eventually nakatulog din yung bata.

Je: Jick, baba mo kami sa condo ko. Pakibuhay na rin sya.

Tahimik kaming sumakay ng elevator papunta sa unit nya. Tulog na tulog 'tong si Ara.

Ako: Nakuha mo yung Hello Kitty?

Je: Shut up.

Ako: \*laughs\* Alam mo winner ka. Gumastos ka ng 2000 tapos hindi mo rin makukuha? Tapos inis ka pa sa batang 'to. Things you do for love nga naman.

Je: Wala lang. I just don't want to hear her go "Tita Jicker blahblahblah." Akala mo cute pero saksakan naman ng kaepalan!!! Sarap tirisin!!!

Ako: Then why did you do it?

Je: \*smiles\* Wala lang. Joke syempre I have a reason. Ganyan din kasi ako nung bata ako.

Ako: Really? As in like her?

Je: Yep, kaso mas bratty pa ako kesa sa kanya. Only girl ako tapos spoiled pa ng mga kuya. Hindi ko nga alam kung pano kami naging magbestfriend ni Sath nung Grade 1 sa ugali kong yun.

Ako: O e anong konek?

Je: \*laughs\* Nung 6 years old ako nangyari sakin yan. Gusto kong makuha yung Snoopy na stuff toy dun sa machine. Ang stubborn ko nun! Pinipilit ko si Daddy na kunin para sakin yun, tas nainis si Mama. Back then tokens pa diba? So ayun, bumili sya ng P1000 worth of tokens at naglaro sya. Pinilit nyang kunin yung Snoopy na stuff toy for me. Sa huli kinuha nya ako ng 3. Wala lang. Natouch lang ako.

Ako: Sus, ginawa mo lang yan para magustuhan ka ni Ara noh?

Je: Actually no. Para matigil lang sya sa kakangawa dyan. And.. wala lang. Gusto ko lang makita nya na hindi naman ako ganung kasama. Mapakita ko lang na mabait ako sa kanya, oks na. Bahala na sya kung magugustuhan nya ako o hindi.

Ako: Sira ka talaga noh?

Je: I know, right? ;)

--

(JERSEY's POV)

Sa condo ko na lang pinatulog si Ara. Aba, nakakapagod kaya kung sa condo pa ni Kevin! Ayun, tulog yung brat na yan sa kama ko. Umayos sya!

12 am nang magising sya. Gumagawa ako ng paper for my MA nang..

"Where am I?"

Me: \*not looking at her\* Hell.

Ara: Funny, old hag.

Me: Will you stop calling me that?

Ara: Sure, old hag.

Me: \*humarap na sa kanya\* Nakakainis ka, alam mo yun.

Ara: \*tinignan yung suot nyang damit\* Kanino tong damit?

Me: Mine.

Ara: \*hinuhubad yung sando\* EEWV!

Me: Ang arte mo talagang bata ka!! NAKAKAINIS!!

Ara: Eh mas nakakainis ka naman!! OLD HAG!!!

Sa sobrang inis ko, may binato ako sa kanya. Pasalamat sya hindi tumama sa kanya!!!

Ara: (o.o) Wha..what's this?

Me: Isn't it obvious? Stuff toy. Hello Kitty stuff toy to be exact. I'm not sure kung alin ang gusto mo kaya I got the both of them.

Tinignan lang ni Ara yung stuff toy. Hay ewan! Balik na lang ako sa pagsusulat!!!

Ara: You don't have to do this.

Me: Hoy bata mag-Tagalog ka nga! Nakakainis English ka pa dyan!!!

Ara: Eh pake mo ba? Old hag!

Me: Oh shut up!

Ara: Bakit ba bigla kang bumait ha? NAKAKAINIS KA!!!

Wow, gulat ako dun ah! Sudden outburst!!

Ara: Alam mo I hated you waaaaay back!!! Naospital si Daddy dahil sa'yo!

Me: HOY BATA WAG MO NGA AKONG SISIHIN!!! HINDI MO NAMAN KASI ALAM YUNG NANGYARI EH!!!

Ara: MUKHA MO!!! NANDUN AKO SA HOSPITAL! IKAW NASAN KA?

Tameme ako dun ah!

Ara: To be honest mas gusto ko si Tracy kesa sa'yo. You're mean!!! Hindi ko maintindihan.. \*starts to cry\* kung.. kung bakit.. binalikan ka pa ni Daddy dito.. I don't like you!

Me: Obvious na obvious na ayaw mo sakin bata! Feel na feel ko yun!! Ewan ko sa'yo.

Ara: Pero.. pero.. bakit ganun kayo ni Daddy? I've seen him in pain because of you yet.. yet.. he still wants to be with you. Buong linggo nyang sinasabi sakín na hindi ka raw tulad ng iniisip ko, na mabait ka raw blahblah. IT DOESN'T MAKE ANY SENSE!!!

Me: \*lapit sa kanya\* Alam mo Ara, kahit ako di ko rin alam kung ba't ganito kami. Fools in love, I guess. Kung maeexplain ko lang sa'yo kaso hindi talaga e. Hindi sapat ang salita.

Ara: Nakakainis ka alam mo yun. Bigla ka naging mabait! Kanina sinisigawan mo ko tapos.. kinuha mo pala ako ng stuff toy.

Me: Ewan ko sa'yo. Ungrateful ka pa!

Ara: Do you really really reaaaaaaaaaaaaally love Kevin, Jersey?

Me: Ba't mo naman natanong?

Ara: Just to be sure. I don't want to see him cry like that again.

Me: \*smiles\* Of course, I love Kevin. That much.

Ara: Why?

Me: Kung sasabihin ko lahat baka malula ka. \*laughs\* Maikli talaga ang pasensya ko sa makukulit at epal na tao. Pero tignan mo, I controlled myself today kahit purgang-purga nako sa brattiness mo. Why? Kasi Kevin asked me to take care of you.

Ara: Naaah. I still don't like you.

Me: Me too, Princess. Me too.

--

THE NEXT DAY

Dumating si Kevin sa condo ko ng mga 9:30 am. Saktong kakagising ko lang at pagbukas ko ng pinto, hinalikan agad ako ng mokong.

Me: Oh my god. HINDI PA AKO NAGTOTOOTHBRUSH!

Kevin: Naah it's okay. \*hugs me\* Hay dapat dinala ko nga kayo dun. I missed you.

Me: Hindi kita namiss, alam mo yun. Stressed akong alagaan yang kapatid mo! Bayad ko?

Kevin: Hmmm.. Bayad? Kung ituloy na lang natin yung naputol yesterday morning? \*grins\*

Me: Sounds like a good deal to me.. but I think your sister wants to see you na. She's up.

Sabay kaming pumunta sa room ko, at saktong nagsusuklay si Ara.

Ara: \*smiles widely\* DAAAAAAAAAAAAAAAAAADDY!!!! \*yakap kay Kevin\*

Kevin: Good Morning my Princess! How's your day with Tita Jersey?

Nagkatinginan kami ni Ara. Lagot, baka sabihin nya yung pinaggagawa namin kahapon!

Ara: It's great! I met Tita Jicker too. Bakit ganun, he's handsome but he's gay.

Kami ni Kevin: \*laughs\* Ganun talaga, Ara. Ganun talaga =)))

Kevin: Tara na Princess! Dun na lang tayo sa condo ko ah? Naabala natin si Tita Jersey sa paper nya eh. Come on! \*binuhat si Ara\*

Malapit na sila sa pinto nang..

Ara: Wait! I forgot something. \*binaba sya ni Kevin\*

Kevin: What's that?

Ara: Basta. \*takbo sa kwarto ko\*

Paglabas nya.. bitbit nya yung Hello Kitty stuff toys.

Kevin: Wow naman! Sinong bumili nyan?

Ara: \*tinuro ako\*

Kevin: Really?

Me: Naaah. It's nothing. Sa machine ko lang kinuha yan, sa Time Zone.

Kevin: Ayan, may bago ka nang toys! Naku, patay ka na naman kay Mama pag pakalat-kalat yan sa bahay.

Ara: Hindi kaya!

Kevin: Sige sige.. tara na nga! Nakakaistorbo na tayo kay Tita Jersey mo. Say goodbye na.

Nasense ko na medyo awkward syang tumingin sakin.

Ara: Bye Tita Jersey! Thanks po sa toys \*smiles\*

Me: Bye! Ingatan mo yan ah?

Kevin: \*lapit sakin\* See you around?

Me: Haynako. Ganyan ka naman eh! Dinner later?

Kevin: Sure. Yung deal mamaya ah? \*grins\*

Me: LUL. Mukha mo mehn. Just call me later.

Kevin: Bye Debs!

Me: Bye Pangs!

---

NORMAL POV

Hindi nag-iimikan sina Kevin at Ara habang naglalakad pabalik sa condo ni Kevin. Himalang hindi nagpakarga si Ara kay Kevin, naglakad na lang ito.

Ara: Daddy?

Kevin: Hm?

Ara: I found something interesting. I know po na bad mangialam ng gamit ng iba pero po baka matuwa kayo sa nakita ko.

Kevin: What is it?

Nilabas ni Ara ang isang picture..

Yung gradpic ni Kevin nung college. Gulat na gulat si Kevin sa nakita nya.

Kevin: Saan mo 'to nakuha?

Ara: Sa gamit ni Tita Jersey po.

Kevin: Nako Ara.. patay tayo sa Tita Jersey mo. Ayaw pa naman nya sa lahat yung pinapakialaman ang gamit nya.

Ara: Eeehhh.. Ngayon ko lang po kasi 'to nakita eh. Bakit nasakanya po 'to Daddy?

Napaisip din si Kevin. Oo nga, pano 'to nakuha ni Jersey? Authentic copy pa naman tong picture na 'to! Dati nung inaarbor 'to ni Jersey aya-\

AHA. Alam na nya. Ninakaw ni Jersey yung picture nung tinulungan sya nito na mag-empake ng gamit dati. Napangiti na lang sya, damn Debs! Ibang klase talaga!

Ara: Daddy?

Kevin: Ano yun?

Ara: I did the test again.

Kevin: \*groans\* Not again!!!! Anong ginawa mo na naman this time?

Ara: Nothing personal po!!! Eh kasi..

Kevin: Ara.. anong pinag-usapan natin dati? Tanda mo yung ginawa mo kay Tracy?

Ara: But!!! Jersey passed the test.

Kevin: \*laughs\* I know she will pass that test, Princess. Yun pa, mahal na mahal ata ako nun.

Ara: Well.. Mahal ka nga talaga nya, Daddy. As in! Pero ako pa rin ang princess mo ah? Hindi sya!!

Kevin: Eh girlfriend ni Daddy si Tita Jersey. Pano yun?

Ara: Hmmmfff! Nakakainis! (><)

Kevin: Ayan ka na naman Ara eh..

Ara: Daddy..

Kevin: Yes?

Ara: You really.. deserve each other. Seriously. And...

Kevin: Come on Ara. Kaya mo yan :)

Ara: And.. if it's okay..

can I call her Mommy? Kasi.. she really deserves it. Unlike Tracy...

Tumawa nang malakas si Kevin sa narinig nya. Tatawaging "Mommy" si Jersey? Talaga? He gave Ara his assuring look. Malaking factor para kay Kevin ang opinyon ni Ara, kasi importante ang kapatid sa kanya.

Kevin: Sure, you can :)

Ara: Yehey!! Pambawi na rin yun sa tawag ko sa kanya yesterday.

Kevin: Ano yun?

Ara: \*hesitant\* I called her old hag.

Kevin: \*laughs\* GRABE KA! HAHAHAAH!

Ara: Last question daddy!

Kevin: Yes?

Ara: Is she the one?

Kevin stopped walking and smiled.

**"Yep, she's the one. Always and forever."**

## **Chapter 35**

(Ara's POV)

Hi. So what are you expecting now, huh?

Wala lang po. Sorry kung sobrang haba ng Chapter 34 dahil sa bratty spiels ko. Eh sa nakakainis eh! Hello, I don't really expect that you will like me. Hmmpff! Nakakainis! Sa mga nagdududa kung 5 years old po ba talaga ako, that's true. I was raised like this! I won't change for you!!

Hay. Nakakainis po kayo. Sorry medyo masama lang po pakiramdam ko. Puro pasyal kasi ang ginawa namin ni Daddy buong araw kahapon. Dinala niya ako dun sa Rizal Park!! Ang saya



saya! Kaso.. Jersey's not with us. Sabi ni Daddy busy raw si Jersey dun sa masteral thingy niya. But she cooked our dinner! Magaling pala syang magluto! Favorite ko yung kaldereta nya, kaso si Daddy ayaw mamigay. Hindi raw para sakin yun kaya I need to cry pa bago ako bigyan ni Daddy ng share. Promise sakin ni Jersey she'll cook for me raw next time. Hah, beat that!

Kaso the next day.. nakakainis lang!

-

"Ehh Daddy! I'll go with you na lang!!! I don't want to be here!!!"

"Ara.. May meeting si Daddy sa LB today. Hindi kita maaasikaso dun!"

"Let Jersey baby sit me!!"

"You're hardly a baby now, Ara."

"John Kevin!"

"Ara Janis! Umayos ka."

I tried to produce tears pero wala ngayon. Nakakainis!!! Tinawanan lang ako ni Daddy. "I know you're upset.. pero it's work."

"Wow. Thank you ha! I came here for you tapos ganyan ka. Daddy sama na ko sa'yo!!"

"Bawal nga kasi eh. Bukas kina Mama ka muna ha? May work na ulit si Daddy pati si Jersey kaya hindi ka namin mababantayan. We'll fetch you on Thursday."

"THURSDAY PA!?!?!?" Di ko mapigilang isigaw. "But that's too long!!!"

"3 days lang naman Princess! Kasama mo naman sina Mama at Papa sa Laguna."

"Diba nasa Laguna lang din yung LB? Nakakainis naman 'to."

"Ay ang kulit mo. Sabing hindi nga pwede!" tinignan ni Daddy yung watch nya. "Malelate nako Princess."

"FINE!!! PERO I DON'T WANT TO BE HERE!!!!"

"Ara."

I can't control my irritation anymore!!! "DADDY!!!! PWEDE BANG KAY TITA JICKER MO NA LANG AKO IWAN?!?!?! AYOKO DYAN SA FREAKO NA YAN!!!!"

Tinuro ko yung Freako na sinasabi ko, na nakaupo sa sofa.

Si Blanche.

Yep. Sya ang babysitter ko today. Sucks, right? Dati ko pa kilala tong freako na 'to, sa Germany pa lang. Nakakairita sya promise!!! Palaging papansin kay Daddy!! Opposite talaga sila ni Tita Maxene. Nagdududa nga ako kung magkapatid ba talaga sila o ano. Well, Blanche feels the same way about me, too.

We hate each other at first sight.

Blanche smiled at me and Daddy. "Nako Kuya, it's totally fine. I can handle her."

Binelatan ko sya. "Shut up! Daddy dalhin mo na lang ako kay Mama ngayon please? I don't want to be stuck with her here."

"Ara. Please cooperate! Susunduin ka ni Yaya mamayang 8pm para pumunta na kayo sa Laguna. Okay na ba yun?"

"But.. but.."

"No buts, Ara. Come here," lapit naman ako sa kanya at niyakap ako. "Be a good girl, okay?"

I nodded. "I will try. Bakit pa kasi si Freako nagbabantay sakin?"

"Nako Ara wala ka nang choice! May mumu dito sa condo ni Kuya bahala ka," extra ni Freako.

"Ay may multo talaga? Baka naman natakot sa itsura mo yun kasi mas panget ka pa sa kanila!!!"

"Hep hep!! Blanche, Ara tama na! I have to go. Kiss muna," kiss naman ako kay Daddy sabay evil glare kay Blanche.

"Blanche, wag mo na lang patulan si Ara ah?"

"Sure! Ingat ka sa byahe Kuya! Bye!!! :)"

Tinry ko pa ulit umiyak. "Daddy take me with you! DADDY!! DADDY!!!" Nginitian na lang ako ni Daddy bago nya isarado ang pinto.

THIS IS IT.

"Ano na, Ara? Magtataray ka na naman?"

"I don't want to waste my time for you, Freako. Now if you'll excuse me.. I will sleep."

"Ay matutulog ka na ba talaga? Sige, para pag gising mo may pentel pen ka na sa mukha mo."

I gasped. "Ang sama mo talaga!!! I HATE YOU!!!"

"Parehas lang tayo, Ara. Ano papalag ka pa?"



Hindi namin namalayan na bumukas pala yung pinto. Pag lingon ko, nakita ko si Jersey na confused sa nangyayari.

"Ara? Blanche? What's go-"

Hay. Bahala na nga!!! Tumakbo ako papunta kay Jersey at...

"MOMMY!!!!"

--

(Jersey's POV)

ANSAVEEEH NYA? MOMMY? TALAGA?

Akala ko nagkamali lang ako ng dinig! Pero nakita ko yung expression ng mukha ni Blanche. Nagulat talaga sya sa sinabi ni Ara. Magtatanong agad sana ako kaso nakasubsob na yung mukha nya sa tagiliran ko. Umiiyak.

"Mo..mommy.. Si.. Blanche po!!!! WAAAAAAAAAAAAHHHHH!"

"Blanche anong ginawa mo kay Ara?"

Tinaasan ako ng kilay ng bwiset na'to. And why is she here? "Nothing!!! She started to cry like hell. Nako, wag kang magpadala sa drama ng brat na yan. Akala nya cute but hell no!!"

"Mommy!! Binigyan nya ako ng ice cream kaso lasang vinegar!!!"

"Is this true?" Wow, a very juvenile thing to do!

"She's so whiny I can't stand her!!! And why are you here? Kuya said you have to do something for your masteral."

"I got off earlier. So ikaw ang babysitter ni Ara ngayon?"

"Yep. Oh, do you mind to take over? Kanina pa nya kasi ako binabanas. Sumasakit ulo ko!!" kinuha nya yung bag nya tsaka umalis na. Wow.. just wow! She just left me with.. this kid!!

"BLANCHE!!! BLANCHE!!! DON'T LEAVE ME HERE!!! BLANCHE!!!" Nagbingi-bingihan na lang si Blanche at sinara ang pinto. May naramdaman akong something na humihigit sa damit ko. Nakalimutan ko na yakap pa rin ako ni Ara. "Okay ka lang?"

"Y-yeah. Thanks for coming here. Akala ko buong araw na akong sasamahan ni Freako dito," bumitaw na sya saakin.

"Okay ka lang?" Hindi sya sumagot. Pinulot nya yung lalagyan ng Ben & Jerry's na nasa lapag.

"That freako ruined my ice cream!!!! I HATE HER!!!"

\*sighs\* "Ice cream lang ba? Come on, let's go."

"Where are we going? Baka itapon mo na ako sa Manila Bay ah!"

"Sira. Pupunta tayo sa Rustan's, bibili kita ng Ben & Jerry's. What do you say?"

She gave me her big grin smile. "Magbibihis muna ako!!!"

--

Buti na lang natahimik si Ara nang bilhan ko sya ng ice cream. Dinala ko sya sa UP Diliman Sunken Garden para malapit sa condo namin.

Me: Ano, okay ka na?

Ara: \*nods\* Thank you for the ice cream!

Me: Wow, ang bait mo ata ngayon sakín ah!

Ara: \*tuloy sa pagkain ng icecream\* You saved me from that freako that's why I'm nice to you.

Me: Uhhh. Kasama rin ba sa pagiging mabait mo yung "Mommy" kanina?

Natigilan sya sa pagkain. Humiga naman ako sa damuhan.

Me: Nakong bata ka. Kung gusto mo ng out kay Blanche wala na ako next time. Tsaka Mommy? Hello Ara!? Seriously?

Ara: I'm serious.

Me: What?

Ara: \*sighs\* Seryoso po ako nung tinawag ko kayong Mommy. Hindi yun alibi or something.

Wow. Just.. wow. So hindi sya nagpapacute dun? Talagang tinawag nya akong MOMMY? I..I don't know how to react!

Me: Oh. Talaga?

Ara: \*looks at me\* Yup. Sure po ako. Bakit, ayaw mo?

Me: It's not like that! Nagulat lang ako, that's all. Bigla ka kasing naging mabait sakín eh.

Ara: Okay I have a confession to make. Promise na hindi ka magagalit sakín after ko sabihin 'to ah.

Me: Whatever it is, okay lang. Ano yun?

Ara: Kasi.. kasi.. yung last time? Nung bratty spiel ko? That was a test.

Me: WHAT!?!

Ara: See you broke your promise!!! Galit ka na agad!!!

Me: I am shocked, not mad! Grabe kang bata ka! Kung alam mo lang ang irita ko sa'yo nung araw na yun!!!

Ara: I know. That's my purpose. To piss you off!!!

Me: YOU!!!

Ara: Pero at least you passed. Be thankful!!

Me: At para saan naman ba yang test na yan ha? Hindi kita kinakaya!

Ara: For Daddy's safety. Just like what I told you, mahalaga ako kay Daddy kaya kailangan alagaan ako. Kahit ang sama mo sakín at least pinakita mo kung sino ka pati kahit ang brat ko, I saw naman that you care for me. That's why you passed!

Me: You scheming little brat!!! NAKOOOOOO!!!!!! Sarap mong batukan!! Pero.. thank you for telling me the truth. At least na-destress ako. Teka.. about this test.. you said you liked Tracy more than me. What happened?

Ara: Haynako. I never really liked her. Sinabi ko lang yun para masaktan ka.

Me: Sigurado ka bang adopted ka kasi magkaugali talaga kayo ni Kevin.

Ara: You're mean!

Me: Sorry naman ha! Nagtatanong lang. Ano na? Bakit ayaw mo kay Tracy e mukhang mabait naman yun.

Ara: Nako, she's the opposite. She failed the test alam mo yun. I hate that woman!

Me: PATI SYA TINEST MO!?

Ara: Of course! Ayoko lang masaktan ang Daddy ko noh! Kaya tinstest ko rin sya. Pasalamat ka madali lang yung iyo, madali. Sa kanya mahirap.

Me: Care to share?

Ara: Fine. \*binitawan yung ice cream\* Dinala nya ako sa Phantasialand. Tapos ayun, tinaguan ko sya.

Me: WHAT!!! GRABE KA!!!

Ara: Yup. I hid from her. Sabi kasi ni Daddy sa kanya bantayan ako, umoo naman sya. Ayun, nagtago ako tas naglibot mag-isa. Isang oras yun ah! Hindi man lang ako hinanap!! Pumunta lang sya sa Police Station para hanapin ako. Hindi man lang sya nag-effort na hanapin muna ako. Okay lang nama na tumawag ng police kaso dapat hinanap ako. Ang pinakaepic pa?

Me: Ano?

Ara: Nung nakita na ako, hinawakan ba naman ako ng mahigpit!! My arm!!!! Pacool pa sya sa harap ng policemen pero sa car pinapagalitan ako. Nakakainis!!!!

Me: Bata ka ba talaga? Pano mo naiisip yan?

Ara: Anything for my Daddy gagawin ko. Pasalamat ka at ikaw ang pinili kong Mommy.

Me: Honestly naiilang ako pag tinatawag mo kong Mommy.

Ara: Alangan si Tita Jicker ang tawagin kong Mommy!!! Besides I'm kinda used to call you Mommy. Mommy!!!

Me: Wag ka nga masyadong masaya dyan \*smiles\*

Ara: E bakit ka nakasmile?

Me: Siraulo ka rin noh!!! Nakakainis ka! 23 pa lang ako pero tinatawag mo akong Mommy!

Ara: Yung iba nga 13 years old buntis na!!!

Me: Haynako. Wag mo ako masyadong tawaging Mommy ah.

Ara: \*frowns\* Bakit naman po? Bawal ba?

Me: Baka kasi..masanay ako =)))

Ara: \*giggles\* Bagay nga kayo ni Daddy, parehas kayong korni!!

Me: Bagay tayong tatlo kamo, pare-parehas tayong may topak =)))

-

MONDAY NIGHT

(Blanche's POV)

Kung ayaw nyong basahin ang POV ko, then skip this part. Hindi ko naman kayo piniplit. Take the safest exit out okay? Thank you.

Sa mga nagstay naman, thank you. Alam kong curious kayo sakín kaya kayo nagstay. Well guess what? Wala ako sa mood para makipagchikahan sa inyo okay? Masama pakiramdam ko kaya wala akong time, okay?

So.. ano bang gusto nyong malaman? Bahala ka, kahit may tanong ka sakín di kita sasagutin. Binwisit kasi ako nung kutong-lupang Ara na yun!!! NAKAKAINIS!! Kaya napadiretso ako sa 70s Bistro nang di oras. Well first time ko lang dito sa Pinas pero marami na saking tinuro si Kuya Kevin. Kaya ako di nagparamdam kasi ineexplore ko ang Manila (KUNG AKALA NYO KAYA AKO NAWALA DAHIL TSUGI NA CHARACTER KO, ASA KA.) Naging fave hangout ko na 'tong 70s for quite sometime now. Dito ko natuklasan ang OPM! Palagi nandito ang Itchyworms kaya fan na nila ako.

I came here tonight to destress. Sino bang hindi masstress dun sa batang 'yon ah? Kaso nakakagulat, she called Jersey MOMMY. That's so irritating!!! Diretso agad ako dun sa bar at umorder ng RedHorse. Isa sa downside ng pagiging bagong customer ng isang bar? Maraming lalapit sa'yong feeler. Kagaya nitong mga lalaking 'to.

Guy 1: Hello. Are you new here? Haven't I seen you somewhere before?

Pag ganitong badtrip ako tas chaka pa ang pumuporma sakín, ang sarap mambara.

Me: Yes, that's why I don't go there anymore.

Guy 2: Hi miss! Ang ganda mo naman! :) Tanong ko lang, if I asked you to marry me, would you?

Me: If I asked you to go to hell, would you?

Guy 3: \*swave voice\* Hi Angel. What's your sign?

Me: DO NOT ENTER.

Umalis na rin yung tatlong asungot na yun! Mga walang magawa sa buhay!!! Manuod na lang sila ng gig, pwede? Oorder na sana ako ng chips nang may marinig akong lalaki na nagsalita sa tabi ko.

Guy: Tough night?

Me: If you're like them please.. don't. I've had enough for today.

Guy: \*laughs\* Not me. Wow, you have that thwang. European?

Me: Yep. From Germany.

Guy: Witty comebacks there huh. Sanay ka na?

Me: Sayang bigla kang nagTagalog. \*laughs\* Hindi ako sanay. Mabilis lang talaga akong mag-isip.

Guy: Saw you here last week. Itchyworms gig?

Me: New fan. A friend of mine introduced me to their songs. Pretty good.



Guy: You should check out Hijo and General Luna, if you're into rock. Tapos Roots of Nature naman kung folkish.

Me: Wow. Nakatira ka na ba dito?

Guy: Hindi naman. Fan lang ako ng music in general. Mukhang problemado ka ata ah? Sorry.

Me: Why sorry?

Guy: Wala lang, baka maoffend ka or something.

Me: Ah hindi naman. I had a hell of a day lang. A brat spoiled my day.

Guy: Really? Mga bata talaga, sa una lang cute. Tas pag lumaon eepal na.

Me: Yeah. I thought she's really really cute at first!!! The hell with her cuteness. That brat!!!

Guy: Haynaako. Wag mong istress ang sarili mo sa ganyan. Sayang ang buhay! Smile =)

In fairness, gumaan ang pakiramdam ko habang kausap sya ah. Hmm come to think of it. He's cute ah. But naah, I'm too pissed to be in my flirting mode tonight. Bahala na! Naubos ko na yung bote ng RedHorse, a signal for me to go.

Me: It was nice talking to you, Mister.

Guy: Ang bilis naman nitong umalis! The night is young!

Me: I'm too tired na. Hey.. can I have your name?

Guy: Kung magtatagal ka sana sasabihin ko, kaso aalis ka na eh. What's the point of telling you my name? \*smirks\*

He's flirting with me!!! I can't believe it! Ang funny nya.

Me: So.. I won't tell you my name either. If we see each other again..

Guy: I like that ;)

Hmmm. Interesting =)))

--

WEDNESDAY NIGHT

(Kevin's POV)

Busy kami pareho ni Jersey sa LB kaya hindi kami masyadong nagkita. Busy meaning hindi talaga kami nagkita. Busy ako sa paperworks ng students ko habang sya naman busy sa MA

thesis nya. Pero kahit ganun, may communication pa rin naman kami. Buti nga sinasagot nya yung tawag ko habang nasa shoot sya eh!

Usapan namin ni Jersey na no secrets. Pero alam nating lahat na kalokohan lang 'to. May mga bagay lang talaga na kailangang hindi ipaalam sa partner natin. Naman, kahit may syota ka, entitled ka naman siguro na magkaron ng private life diba?

Okay lang sakín yun. Okay lang talaga. Remember the word TRUST? Yan na ang number 1 word ko ngayon.

Kaso sa nasagap kong kwento? I doubt that.

HUMAHANGOS si Blanche na pumasok sa condo ko. 12am na ah!

"O Blanche ba't k-" Binaba ko yung binabasa kong paper.

"You won't believe what I saw earlier Kuya!"

"Ha? Ano yun?"

"It's bad. I don't think you wanna know."

Masama na ang kutob ko sa sinabi nya.

"Sinabi mo pa sakín!"

"Fine!" A beat. "I saw.. Jersey."

"Oh Jersey? Kasama nya si Amae ngayon. She's planning a wedding."

"May nagpaplano na pala ng kasal sa bar, Kuya?"

"What do you mean?"

"I just came from Republiq Kuya.. And I saw Jersey there. I AM SURE THAT'S HER!!!"

"Baka naman tapos na sila nina Amae. Girls night out."

"You really believe that? Well guess what. I saw her.. kissing a hot guy."

Biglang uminit ang ulo ko. Nyeta Jersey. Again!?

HINDI. HINDI MAGAGAWA NI JERSEY SAKIN YUN. ALWAYS AND FOREVER DIBA? T@NGINA.

Pinaupo ko si Blanche sa tabi ko. "Sure ka ba sa nakita mo?"

"Yup! Affirmative! Alam kong magdududa ka sakín but I took a picture!" Nilabas nya yung phone nya at pinakita sakín yung picture. True enough, si Jersey na yun. Na may kahalikang

lalaki. Sa lips. Kaso hindi ko maaninagan yung mukha ng lalaki, nakaside view e! Parang ngayon ko lang nakita 'tong lalaking to. Nyeta, si Marlo?

"Believe me now?"

Sumama pakiramdam ko sa nakita ko. This..can't be. How can she..

"Kuya okay ka lang?"

"Blanche, leave."

Lumapit pa sya sakín. "Kuya I'm so sorry! I just want you to k-"

"LEAVE!!!"

Natakot sakín si Blanche at lumabas na sa unit ko

T@NGINA. Sa lahat ng ayaw ko e yung niloloko ako.

--

THURSDAY NIGHT

(Jersey's POV)

Hindi ako dumiretso ng condo after ng shoot ko sa Cavite. Sa LB ako pumunta. May Talent Night kasi ang PhotoS sa LB Square, and since alumnus nila ako, sumali ako. Kumbaga mini gig na yun! Around 2am natapos yung talent night at saktong nagutom ako. At ibang klase ang gutom ko:gusto ko lang kumain nang kumain ng hotdog sandwich ng 711. Guilty pressure! Wala akong dalang sasakyan kaya naglakad na lang ako papunta sa 711 sa loob ng campus. Bitbit ko yung gitara ko kaya ang yabang ko, subukan nyo kong lapitan ipapalo ko 'to sa inyo!!

Naglalakad na ako sa Palma Bridge nang...

"Pssst."

Tapos biglang may umilaw sa likuran ko. Kotse to, pihado.

\*turns around\*

Kotse ni Kevin.

Aba aba aba.. isang araw syang hindi tatawag tapos may dramang ganito? Sabeh ng kuya?! Nilapit nya yung sasakyan sa may tabi ko.

"Eto ba ang oras ng uwi ng matinong babae?"

Me: \*siring\* I came from a gig. At gutom ako.

Kevin: Hop in.

Me: Konti na lang lalakaran ko, hop in ka dyan.

Kevin: Anong bibilhin mo? Yung hotdog dyan sa 711? Sige ipagpalit mo lang 'tong YellowCab dyan, bahala ka.

Me: EH MAY YELLOWCAB KA PALA DYAN EH!!! BAKIT HINDI MO SINASABI!?!? \*pasok sa kotse\* Lezzgo!

Akala ko babalik kami sa apartment ko, kaso hindi pala. Nagpark sya sa may Freedom Park.

Me: Okaaay.

Kevin: Tara labas =))

Umupo kami sa bench at nagsimulang kumain ng pizza. Tahimik kaming dalawa. Anong meron?

Kevin: \*napansin yung gitara\* Ba't dala mo yan? Lagay mo nga sa loob!

Me: Ayaw. Feel na feel ko pa rin yung gig kanina e!

Kevin: Ah.

Me: \*tigil sa pagkain\* May problema ka ba sakin?

Kevin: \*dedma\* Wala ah.

Me: Umayos ka. Hindi nakakatuwa.

Kevin: Nasan ka kagabi?

Uhoh. Patay tayo dyan. I cannot lie anymore. Halatang alam nya.

Me: Republiq.

Kevin: So totoo talaga yung nakita kong picture.

Me: What picture?

Kevin: Blanche.. \*sighs\* Blanche saw you kissing a hot guy. Grabe Jersey, really? Gaganti ka nang ganon? Ang pathetic lang. Matalino ka naman, alam mong maraming makakakita sa'yo kasi model ka. Kung gagawa ka ng katarantaduhan ayusin mo ang pagtatago sak-

"HA!!!!"

Sorry. Hindi ko na talaga mapigilang tumawa. Pinalo-palo ko pa si Kevin habang tumatawa.

Kevin: Umayos ka. Galit ako sa'yo.

Me: Si.. Si Blanche talaga nagsabi sa..sa'yo?

Kevin: Oo nga!!!! ANG KULIT MO TATANGGI PA NAHULI KA NA!!!

Me: Teka.. anong description nya dun sa lalaki?

Kevin: Haynako! Hindi ko naaninag yung itsura! Basta galit ako!!!

Me: Teka teka nasan na ang rational thinking mo? Analyze mong mabuti ah. I was at a bar..

Kevin: O tapos?

Me: Normally sinong kasama ko mag-bar?

Kevin: T@ngina Jersey ayokong makipag-aw--

Shet. Seryoso ka?

Mortified na mortified si Kevin. Natawa tuloy ako nang bongga.

Kevin: Oh no. You didn't..

Me: Yes I did honey. Yes I did.

Kevin: YOU KISSED JICKER!?!

Me: NATUMPAK MO!!!

Halos mabitawan na ni Kevin yung pizza nya.

Kevin: \*nganga\* Jicker's gay!!! Kahit bading sya lalaki pa rin yon!!!

Me: Goodness Kevin! I really didn't kiss him, okay? Hindi katulad nung sating dalawa. It was more of those Granny kisses, yung closed lips ba. From her POV mukha talaga kaming nagmemake out pero hindi.

Kevin: Are you sure?

Me: Hello, lesbianism!!!

Kevin: Good.. good. Akala ko si Marlo na yun.

Me: Baliw!

Kevin: Eh naman kasi.. si Blanche humahangos kagabi. Akala ko kung ano na..

Me: So.. ganun talaga sya kakati ah.

Kevin: What do you mean?

Me: I have a confession to make.

Kevin: Sino na namang hinalikan mo?

Me: \*hits him on the head\* Sira. Hear me out.

We staged that thing at Republiq.

Nganga na naman si Kevin.

Kevin: AT BAKIT NYO NAMAN GINAWA YUN!!!

Me: Ganti lang dun sa ginawa nya kay Ara. Pano ba naman kasi, pinakain si Ara ng icecream na may suka!! Buti nga sa kanya yun!!!

Kevin: Kayo ba ang nag-adopt kay Ara o kami? Feel ko kasi magkaugali kayo eh!

Me: Asa! Kaugali mo yun, kasingganda ko lang =))) Tsaka.. she called me Mommy.

Kevin: Tuwa ka naman? \*laughs\*

Me: Naman. Ang cute lang :">>

Kevin: Eh pamilya na pala tayo eh.

Me: \*palo\* Baliw.

Kevin: Haaaay! \*akbay\* At last magkasundo na kayo ni Ara. Sakit sa ulo pag mag-aaway kayo palagi. Alam mo nung nasa Germany kami, she really really reminded me of you. Magkaugali talaga kasi kayo.

Me: Shut up hindi kaya! Fine fine fine. Sayang, hindi mo naabutan yung gig ko kanina.

Kevin: Tsss. Aabangan ko pa ba yun kung pwede namang special and solo performance mo na lang ngayon?

Me: Corny mo.

Kevin: Sige na! Alam mo ba yung kaba ko nung hinarana kita sa lecture class mo? Bawi-bawi naman o!

Me: CUT IT OUT! KAKANTAHAN NA NGA KITA!!!

Kinuha ko yung gitara ko at nagsimulang magstrum.

Me: Kinanta ko 'to kanina. Ungas ka.

*Hmmmm ... Hmmmm ... Hmmmm ... Hmmmm ...*

*When I look into your eyes*

*It's like watching the night sky*

*Or a beautiful sunrise*

*There's so much they hold*

*And just like them old stars*

*I see that you've come so far*

*To be right where you are*

*How old is your soul?*

*I won't give up on us*

*Even if the skies get rough*

*I'm giving you all my love*

*I'm still looking up*

*And when you're needing your space*

*To do some navigating*

*I'll be here patiently waiting*

*To see what you find*

*'Cause even the stars they burn*

*Some even fall to the earth*

*We've got a lot to learn  
God knows we're worth it  
No, I won't give up  
I don't wanna be someone who walks away so easily  
I'm here to stay and make the difference that I can make  
Our differences they do a lot to teach us how to use  
The tools and gifts we got yeah, we got a lot at stake  
And in the end, you're still my friend at least we did intend  
For us to work we didn't break, we didn't burn  
We had to learn how to bend without the world caving in  
I had to learn what I've got, and what I'm not  
And who I am  
I won't give up on us  
Even if the skies get rough  
I'm giving you all my love  
I'm still looking up  
Still looking up.  
I won't give up on us (no I'm not giving up)  
God knows I'm tough enough (I am tough, I am loved)  
We've got a lot to learn (we're alive, we are loved)  
God knows we're worth it (and we're worth it)  
I won't give up on us  
Even if the skies get rough  
I'm giving you all my love*



*I'm still looking up*

Masyado ata akong nadala sa pagkanta at di ko na napansin na nakatitig na sakin si Kevin.

Kevin: Walang kupas ang panget mong boses, love.

Me: Thank you ah (-\_\_-)

Kevin: Talagang you won't give up on me?

Me: Hmm. Yup. Kahit sobrang epal mo na, di pa rin kita susukuan. Ikaw na rin nagsabi dati, hindi mo ako susukuan.

Kevin: \*kisses me on the forehead\* Eh sa play yun eh. Wag ka nga!

Me: Nakakainis 'to! Hey, pwede ko bang pagtripan si Blanche?

Kevin: \*stern\* Jersey.. once is enough.

Me: Fine. Pero pag may something pa syang ginawa kay Ara.. humanda sya sakin.

Kevin: Devil Woman mode. Creepy. Hey.

Me: Hmmm?

Kevin: May sinabi ka kanina na hindi ko maintindihan.

Me: Alin dun?

Kevin: About that kiss with Jicker. You said you kissed him pero hindi katulad nung sa ating dalawa...

Me: Continue..

Kevin: Eh kaso.. hindi ko na matandaan yung "katulad nung sa ating dalawa." 4 days, ang tagal nun ah! Makakalimutin ata ako \*smirks\*

Me: OMG. Sira ka ba? Mahuli tayo ng CSB dito!!! Nakakahiya parehas pa tayong professor dito!!

Kevin: Kaya nga may kotse e. Tara?

Me: \*laughs\* Baliw! \*stands up\*

(LENG: EEPAL LANG AKO. IT'S NOT WHAT YOU THINK GUYS!!!! WAG KAYONG GREEN!!!)

-

Saktong unang araw ng February (Saturday) nang magkasalubong kami ni Blanche sa lobby ng condo ni Kevin. Magkasabay pa kaming naghihintay ng elevator.

Blanche: \*taray\* So.. kamusta naman ang cheater?

Me: \*taas kilay\* Excuse me?

Blanche: Kunwari ka pang walang nangyari! I can't believe Kuya Kevin forgave you. Nakakainis ka talaga!

Me: Di ba may condo ka na? Bakit ka pa nandito?

Blanche: Masamang bumisita?

Me: Girlfriend ka?

Tameme sya dun. Naiinis talaga ako sa babaeng 'to! Kaya namin ginawa ni Jicker yun para makita kung dapat ba talaga syang pagkatiwalaan or what. Nakita nyo naman ang results: hindi. Kapal pa nitong magb\*tchy-b\*tchan!!!

Blanche: Nakakainis ka, alam mo yun?

Me: Alam ko. Pero mas nakakainis ka.

Blanche: Shut up!

Me: Ang kati rin ng dila mo noh. Grabe ka.

Blanche: Dapat lang naman malaman ni Kuya yun ah!

Me: \*sighs\* You know what Blanche? Being a b\*tch doesn't change the fact that I'm the one he cannot live without. But nice try, Blanche. Nice try.

Hindi na siya sumakay sa elevator.

Jersey - 1. Blanche - 0.

## Chapter 36

(Jicker's POV)

MASAMA PA RIN ANG LOOB KO KAY JERSEY DAHIL DUN SA NANGYARI SA REPUBLIQ. INANGYAN! JOKE LANG KASI YUN NUNG UNA. MALAY BA NAMING NANDUN SI BLANCHE SA CLUB! BASTA SIGAW NA LANG SI JERSEY NG "JICK!!! PAGANTI LANG KAY BLANCHE!!! ISANG CLOSED LIP KISS NAMAN DYAN O!!!" SASAGOT PA LANG AKO TAS AYUN, HINALIKAN AGAD AKO!!! BUTI NA LANG NASARADO KO AGAD BIBIG KO!!! NI HINDI KO NA NGA NAKITA YUNG ITSURA NG BLANCHITANG 'YON!!! NINAKAWAN NYA AKO NG HALIK!!! OH MY VIRGIN LIPS!!! HAHAAAAAAAA =)))

"Oh my god. I still couldn't believe she kissed you!!!" eskandalosang sabi ni Sath habang nasa loob kami ng sasakyan ko. Sasamahan namin sya ni Jersey para sa kanyang check-up sa Medical City. Wala kasi si Daddy Jerro ngayon, may business trip sa Singapore.

Ako: IMBYERNA!!!!!!

Jersey: Eto naman kung makareact!!

Ako: HELLO!!! YOU USED ME!!!!

Sath: Asus! If I know Jick tuwang-tuwa ka lang!!!

Ako: Samantha pasalamat ka buntis ka kundi kanina pa ako nagpreno dito.

Jersey: \*laughs\* Ang funny mo! Grabe ko, parang first time kitang hinalikan.

Ako: EWWWWW!! Fine you kissed me before pero hello, but yang recent na yan I kinda felt your lips!!! PAKAMATAY NA KO PLEASE

Sath: May point si Jicker, Je. Ginamit mo lang sya para asarin si Blanche. Ang sama nito!

Jersey: Buti lang sa kanya yun noh! As in bagay na bagay!!! Kung awayin nya si Ara parang hindi bata yung inaaway nya e!

Ako: Tinawag ka lang na "Mommy" ni Ara feel na feel mo naman!

Jersey: Shut up.

Sath: (^.^) MOMMY!!! Naku I really have to see that girl na!!! I bet she's cute!!!

Jersey: She is cute.

Ako: Pero maloloka ka sa tabil ng dila nung batang 'yon! Parang hindi bata!!! Alam mo ba sabi nya kay Jersey "You'd make a great evil stepmother"!

Sath: \*to Jersey\* Really? She told you that?

Jersey: Yep. But it was just a test.. that I passed! San kayo guys? Ha? Ha?

Ako: Siraulo. Teka, nasan ba si Amae ngayon at wala sya sa sister bonding natin?

Jersey: Sister bonding ka dyan!

Ako: Hello!!! Parang Sisterhood of Travelling Pants lang!! O better example ang Sex and the City! Of course ako si Carrie don!!!

Sath & Jersey: HAAAAY NAKOOOOO

Ako: Pwede nyo ring sagutin yung tanong ko e noh.

Sath: Si Amae? Busy. May pending project sya sa firm kaya ayun, sagaran sa trabaho. Hey, punta ka sa Saturday ah! Wedding prep!

Ako: \*to Jersey\* Wedding prep agad? Wala pa ngang date!

Jersey: Kaya nga may meeting e. Slow Jick?

Ako: Ngudngod ko mukha mo sa gulong e.

Jersey: Loveyou!

Ako: Lul!!!

Pasalamat na lang nakarating kami sa Medical City nang matiwasay. Nasa 2nd trimester na ata 'tong si Sath. Aba malay ko ba? First time ko tong makasama sa OB-GYN check-up!!! Sa 3rd floor yung OB ni Sath kaya syempre sasakay kami ng elevator noh. Habang naghihintay kami, may nakita akong someone na familiar sa peripheral ko. Sa right yun, sa may exit na. Nang hinabol ko ng tingin, konting part na lang ng likod nya nakita ko. Sino kaya yun?

Jersey: HUY! Spacing out na naman!

Ako: Inaantok kasi ako eh. 10 am ba naman kayo manggambala!!!

Okay naman yung check-up ni Sath. May 4-D ultrasound pa ngang nalalaman 'tong OB nya e! Kaso si Ate, ayaw malaman ang sex ng anak!!! Binigay na lang ng OB nya yung envelope na may info about dun sa anak nila.

\*pauwi na\*

Ako: Basahin mo na kasi!!!

Sath: IKAW TATAY?

Ako: Hahahahaha you wish!!!

Jersey: JICKER!!!

Ako: What? Alam mo naman siguro yung joke eh noh?

Jersey: Warning next time, okay? Minsan kasi.. \*insert ALAM KO KUNG ANO TOTOO LOOK\*

Ako: SHUT UP. \*to Sath\* Bakit ayaw mong buksan?

Sath: I am not ready!

Ako: Sus!! Not ready not ready!! Pare-parehas din naman yang ngangawa sa gabi tas lalawayan ka tas pupupu ng color ochre!!

Jersey: \*to Sath\* See that? Manlalait na nga lang gagamitan pa tayo ng ochre ochre. Pwede namang yellow na lang. Sakit sa bangs ng Fine Arts!

Ako: Sorry. Gusto mo ata maging crimson dyan e

Jersey: WALEY

Ako: </3 Kainis!

Sath: Hinihintay ko lang kasi si Jerro. Para sabay naming malaman. You know, married thing.

Ako & Jersey: I hate it when you say that.

Sath: Come on! Syempre you won't understand 'coz you're not married yet! Kaya kung ako sa inyo.. pakasal na!

Jersey: \*laughs awkwardly\* Patawa ka bestfriend.

Ako: \*laughs very very awkwardly\* Wag ka ngang magbiro ng ganyan! Sakit mo sa bangs!

Sath: Sorry, pregnant hormones talking ;)

---

(Kevin's POV)

Ano, akala nyo magagalit agad ako dun sa sinumbong ni Blanche? ASA HINDI AH! Sabi ko nga sa inyo, trust. Tiwala lang! Aba, kung totoo yon e di sana sumugod nako dun sa Republic!!! Tss. Ayoko naman ng eksena, at kung sakaling sumugod ako dun, baka nabugbog ko pa si Jicker. Tay tayo dun!

Buti naman sobrang okay kami ni Jersey ngayon. Ayos na e! Kaso medyo epal si Blanche. Ewan ko ba sa babaeng yun, di na mapirmi sa lugar nya!

Teka, magiging mabait muna akong boyfriend ngayon, pwede? Next week kasi Valentines na, kaya kailangang pumorma na! Dumaan ako ng Sbarro bago pumunta ng studio. Nagparinig kasi si Jersey kanina na hindi pa raw sya kumakain, nag-inarte raw si Sath at nagpahatid na sa bahay nila sa Alabang. Gusto raw nya ng pizza, kaya ayun, bumili ako.

Kaso nakngtucha naman. Pagdating ko sa studio, kumakain na sila ng pizza!!

Gulat na gulat si Jicker (na napatigil pa sa pagkain ng pizza) nang makita ako. Na may hawak na 2 box ng pizza.

Jicker: Uy si BABES mo nandito!!!

Jersey: \*binaba yung pizza\* OMG. Dapat nagtext ka!!

Ako: E para san pa ang silbi ng 'surprise' diba? Ayos ka lang? (-\_-)

Jersey: Haynako! And what's this? Bakit may dala ka pang pizza?

Ako: Tss. KAYA NGA SURPRISE. Grabe slow! Sayang naman 'tong dala ko.. kumakain na pala kayo.

Jicker: Yang kasing syota mo, kanina pa rin nagpaparinig sakin ng pizza. Iba tuloy natamaan kaya ayun, bumili agad. Di na nahiya!

Teka, sinong lintek yung natamaan na 'yun? Mang-aagaw ng role!! Kitang nagpapapogi ako (kahit alam kong hindi na kailangan. San ka pa?) dito tapos mangunguna? BWISET!!!!

Ako: Si-

Eh hindi ko na kailangang tanungin. Bumalik na yung bumili ng naunang pizza.

Yung nagbabalik nilang katrabaho. Si Bali Boy.

Talagang matatamaan 'to sakin e. Isa pa. At may dala pa syang bote ng softdrinks!!!! Yan lang lamang nya sa mga dala ko! Nyeta.

Marlo: \*gulat\* Uy. May bisita pala.

Tsss. Pigilan nyo ko. Wala pang ginagawa sakin 'tong mokong na 'to nag-iinit agad dugo ko. Sarap manapak.

Jicker: Kitams? Hindi lang ikaw ang tinamaan sa pagpaparinig ni Jersey! Pati ang boyfriend ready to the rescue!!!

Nilapag ko yung boxes sa table ni Jersey. Aba, wag syang kukuha dito! Ipasak nya sa intestines nya yang binili nya!!!

Jersey: \*to me\* Sorry love! Hindi ko naman kasi inakalang magdadala ka rin!

Ako: Expect the unexpected kasi. Parang sira 'to.

Jersey: Oo na! Iuuwi ko na 'to promise. Seryoso, iuuwi ko 'to.

Tumabi pala sakin si Bali Boy.

Marlo: \*abot ng paper cup\* Sprite?

Ako: \*kinuha naman\* Salamat.

Ayoko nang inumin. L\*che.

Jicker: Huy Je, isa na lang iuwi mo. Ubos na 'tong binili ni Marlo. Eto naman!

Jersey: PG!!

Nanahimik naman si Bali Boy dun sa pwesto nya. Hah, ano ka ngayon?

Ako: \*tingin sa relo\* Sh\*t malelate na pala ako!

Jersey: (-\_\_\_-) San na naman!

Ako: Makasigaw 'to! May meeting kasi ako para sa thesis ko. Papatulong ako sa ComSci friends ni Max sa UPM.

Jersey: Talaga lang ah talaga lang

Ako: Parang timang. Alam naman nyang may lakad ako ngayon. Dinaan ko nga 'to o!

Jersey: \*in her most annoying bata voice\* Eh palagi ka namang ganyan e! Busy ka na lang palagi!

Hindi napigilan ni Marlo na matawa. Lalo tuloy akong nainis.

Marlo: \*waves\* Sorry Je! Ang weird mo lang, para kang si Sto. Nino magsalita :)

Jicker: (o.O) I AM DEEPLY TRAUMATIZED AND SCANDALIZED!!! DON'T EVER DO THAT AGAIN!!!

Ako: Aning ka na talaga noh? \*shakes head\* Alis na nga ako. Jicker,.. Marlo, una nako.

Tumango na lang yung Bali Boy na yun na may inaayos na equipment. Si Jicker naman hindi na nakapagsalita kasi lumalamon na ng pizza na dala ko. Hinatid naman ako ni Jersey palabas.

Jersey: \*smiles\* Someone's angry.. I can tell.

Ako: \*dedma\* Ha?

Jersey: I saw your nostrils flaring when Marlo came in. Grabe ka, love. Pati ba naman si Marlo pagseselosan mo?

Ako: \*tingin ng masama sa kanya\* Pinipigilan ko lang bumahing kanina. Wag ka nga magconclude dyan. Storymaker.

Jersey: It won't hurt if you admit that you're kinda threatened.. \*smirks\*

Ako: Inaasar mo ba ako?

Jersey: Kung naasar ka.. then mission accomplished!

Ako: Look. \*holds her hand\* Sige na panalo ka na. Nainis ako kanina. Nakalimutan ko na nandyan na yang Bali Boy na yan.

Jersey: (o.o) Bali Boy? Really, Kevin? Nickname?

Ako: Nakakainis ka pag wala kang sense kausap, alam mo yun.

Jersey: Same to you. Mas nakakainis ka naman pag sobrang may sense kang kausap.

Ako: Tapos ka na? Pwede nakong umalis?

Jersey: \*bitaw\* Maaari na po, Young Master. Baka malate ka sa pseudo-meeting mo, hindi ka pa makagraduate.

Ako: Mas mauuna pa rin akong makagraduate kesa sa'yo. Bagsakin ka kaya!

Jersey: Not funny, Santos. \*beat\* Bago umalis, jackenpoy muna.

Ako: \*sighs\* MADAYA KA!!! Ako kaya nanalo last time. Mamaya dun tayo sa condo ko, hindi sa'yo.

Jersey: Ew! I don't think so. Napalinis mo na ba yung condo mo? Baka may traces pa rin ng Freako virus yun. Delikado para sakin.

Ako: Ang arte mo.

Jersey: Then surrender! Come on.

Parang engot talaga 'to. Bahala na nga! Jackenpoy kung jackenpoy sa gilid ng kalsada kahit mukha kaming timang. Kung hindi ko sya susundin iiyak 'to dito. 23 years old na nagtatantrums? Not a very good sight.

JACKEN..POY!!!

Ako: bato



Siya: Gunting.

Jersey: \*victory dance\* YEHEEEEEEEEEEEY! MY PLACE LATER!!! MY RULES!!! I CAN WATCH VAMPIRE DIARIES!!!

Ako: Tsss. Sayang, sana dun na lang tayo sa condo ko.. may surprise pa naman ako.

Jersey: Ano yun?

Ako: Hmmm. Hinanda ko pa naman yung handcuffs, whip at torture chamber sa guest ro--

HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH!!! BAKIT GANYAN NA MUKHA MO!!!!  
HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA!!!

Namutla si Jersey sa pinagsasabi ko. Literal na nganga ang expression ng mukha nya.

Jersey: Oh my...

Ako: \*pants\* Siraulo!!! KELAN PA KO NAGKARON NG TORTURE CHAMBER SA GUEST ROOM E KAKAPUNTA MO LANG DUN KAHAPON!!! HAHAAHAAHAAHHAHA!!!

Jersey: \*hataw\* Not funny!!! You.. per...

Ako: Eto naman hindi mabiro! Alis na nga ako, baka mamaya may makarinig pa satin dito pagkamalan pa akong sex criminal.

Jersey: PERV!!!

Ako: \*sakay sa kotse\* SIGE ISIGAW MO PA!!!

Sumilip si Jersey sa car window ko.

Jersey: My rules later. 2 meters ang layo mo sakin sa loob ng condo ko. Are we clear?

Ako: Opo Ms. Minchin! Nakakainis 'to. Bye.

Jersey: \*di natinag\*

Ako: Mamaya na yang hinihintay mo. May buong gabi t-

Jersey: \*hataw\* SIRA!!!! Sige na, alis na. Dinner's mine tonight. K?

Ako: Oo na sige na! AALIS NA AKO. Bye!

Lumakad na sya pabalik sa studio nang tinawag ko ulit sya.

Ako: HOY!!!!

\*she looks back\*

Ako: Pwede handcuffs mamaya? \*smirks\*

Jersey: KUNG GUSTO MONG MABUHAY WAG MONG DADALHIN YAN \*smiles\*

---

SATURDAY

NORMAL POV

Katulad ng usapan nila, Saturday ang first meeting para sa kasal ng KeMae. Bawat isa sa barkada ay may part for this wedding kaya excited silang lahat. Well.. may part nga sila kaso kay Jersey din naman nila ipapagawa yun. Kawawang wedding planner :/

Unang dumating sa bahay nina Sath ang KeMae, sunod si Jicker then PaoKat. 10 am ang usapan nila kaso malapit na mag 11 wala pa rin ang KevJe.

Jicker: \*habang nagbabasa ng magazine\* Baka naman pagod.

Amae: \*very scandalized\* JICKER!!!

Jicker: What? Eto naman masyadong green! Ganun talaga magprepare si Jersey for a wedding, daming dalang catalogue nyan. Pwede namang ilagay sa iPad muntimang.

Sath: Relax ka lang, Amae. Dadating din yung dalawa. Malayo mo.. traffic?

Amae: HELLO!!! Fine taga Katip sila pero duh, hindi nga traffic papunta dito! And wag nyong idadahilan sakín na taga-Cubao ako!!!

Keith: Huy chill ka lang naman dyan!!

Amae: Umayos ka dyan Romero wag kang mang-inis di kita papakasalan.

PaoKat, SaJer & Jicker: (O.O)

Amae: SYEMPRE JOKE YON DIBA!!!! BAKIT BA ANG SLOW NYO GUYS?

Kat: Next time kasi ayusin mo jokes mo. Parang last time lang.. stress ka ate!

Pao: Kung pagod ka.. please avoid saying things like that. Nakakatakot ka e!

Amae: Sorry nama-

May narinig silang sasakyan na pumasok sa garage. Alam na!

Amae: \*nakapamewang na\* Nako lagot talaga sakín 'tong babaeng 'to!!! PATAY KA SAKIN JER-  
--

At.. natahimik ang lahat sa pagpasok ng KevJe. Pano ba naman hindi matatahimik ang lahat aber? Naka-terno halos 'tong dalawa! Si Kevin naka plain white v-neck tshirt, tapos si Jersey nakawhite tshirt na binuhol lang sa may left side para hindi mukhang maluwig. Parehas pang naka-aviator glasses ang dalawa. San kayo?

Jicker: WOW MAY PICTORIAL KA BA JERSEY? GANYAN MAKARRIVE!!!

Jersey: Sorry we're late. May siraulo kasing nagpa-carwash pa bago umalis!!! Nakakainis!!! \*tanggap ng shades\* Ano, let's start?

Nakatulala naman si Amae sa dalawang kaibigan. Nako, yung kaninang irita nya sa KevJe? Ayun, napalitan na naman ng kanyang undying love for the couple. Fansclub President mode na naman sya!

Amae: \*super saya\* Tara na guys!!! Nako Jersey Kevin, gutom na ba kayo? May cake dyan!!! Tara naaa guys!!! \*sabay yakap sa KevJe\*

Napailing na lang si Keith.

Keith: \*bulong kay Jicker\* May sayad ata talaga 'tong papakasalan ko, Jick.

Jicker: Eh sa buong barkada ba naman ang may sayad e!

---

After 2 hours ng deliberation, pag-eexplain at pagpapalano, nagkapagset na rin ng date ang dalawa. Ang wedding ay magaganap sa August 19. Gusto ng dalawa ay isang beach wedding kaya dadalhin nila lahat ng bisita sa.. Pagudpud. San kayo? Maid of Honor si Jersey. At ang Best Man? Si Kevin. Tay tayo dyan!!

Nagrequest ng break sina Jersey. So that means hiwalay ang girls (plus Jicker, of course) sa boys. Alam naman natin kung anong pag-uusapan ng girls.. kaya sa boys na lang tayo.

Jerro: Dre, laspag ata wallet natin ah.

Keith: Tragis hirap pala magpakasal! Ang daming gastos!

Kevin: Nagpagawa ka pa ng bahay! Sa Bel-Air pa ah. Mayaman ka na talaga!!

Keith: Sira. Yung mana ko kay Lola ginamit ko. Sabi nya gamitin ko raw yun pag ikakasal nako. At dapat daw kay Amae. Sa lahat ng naging girlfriend ko si Amae lang naman nagustuhan nya e.

Pao: E diba si Amae lang naging girlfriend mo?

Keith: Eto naman, minsan na nga lang magfeeling playboy! Panira. \*laughs\*

Pao: Buti nga naisipan nyong hingin tulong namin. Haggard na naman yang si Jersey pihado!  
\*tingin kay Jerro\*

Jerro: Kung makatingin 'to parang kasalanan ko yung kasal namin ah! Tsaka si Jersey na rin nagsabi na kaya nya yun. Ayaw papilit!

Kevin: Nako Keith, marami kaming kinuha mo dito.. baka mamaya wala ka na talagang perang pambayad. Haha!

Keith: Siraulo! Teka.. kayo ngang dalawa.. \*tingin kina Kevin at Paolo\*

Paolo: \*gulps\* Bakit ganyan tingin mo sakin?

Keith: Kelan kayo?

KevPao: HA?

Jerro: Kelan kayo susunod? :>

Paolo: Baliw!!! Wala pa kaming pinaplano na ganyan ah! ;)

\*tingin yung tatlong lalaki kay Kevin\*

Kevin: Hoy 1 month pa lang kami ni Jersey, wag nyo kong sisimulan.

Jerro: Napatingin lang e! =))

Paolo: Pero may plano ka na?

Kevin: Baka nakakalimutan nyo hindi pa rin ako gumagraduate?

Keith: So after you graduate? Ay si Jersey din pala hindi pa grad! Hintayan?

Kevin: \*smiles\* Ang kulit. Hindi pa nga kasi kami ready. May mga issue pa kaming dapat ayusin.

Jerro: Tagal naman maayos nyan! Atat na kami o.

Keith: Sige na dre, hindi na ipipilit. Masyadong praning e!

Jerro: Tsaka mararamdaman mo naman yun eh, pag tama na yung oras. Ewan ko sa inyo ah, pero nung narealize kong gusto ko nang pakasalan si Sath, may feeling dun na gusto ko syang pakasalan sa lahat ng simbahan. \*laughs\* Ina, weird pero ganun ako! Malay ko na lang sa'yo Keith. Ikaw kasi nahuli ka naman ni Amae kaya ka.. biro lang!

Keith: Sira! Nadali mo naman. Alam mo naman kung pang-forever na yung tao. Tama ba?

Napatango na lang yung tatlo. And as if on cue, nagsibalikan na yung mga tao galing sa kitchen.

Kevin: \*when he spotted Jersey\* Mga dre, ayan ang forever oh.

Yung tatlo: \*nakatingin sa partners nila\* Yup, tama ka dyan :)

Girls: (OO) ('.')

Jicker: Wow naman ho ang mga tingin nyo kuya!!

Jersey: \*lapit kay Kevin\* Anong meron?

Kevin: \*tingin sa guys, then grins\* Nothing. Guy stuff.

Jersey: Nako yan na naman sa guy stuff na yan!! Share! \*tingin kay Paolo\* Hmm. Pao?

Paolo: \*grins\* You don't really want to know, Jersey. Pag guy stuff..

Silang apat: Guy stuff. \*smiles\*

Jicker: At forever alone na naman ho ako mga kapamilya. (-\_\_\_\_\_-)

--

(Blanche's POV)

Feel ko lalaktawan nyo naman ang part ko. Fine, IDGAF! As if kawalan ko kung hindi nyo babasahin ang part ko! Bahala nga kayo dyan, kayo rin naman ang mawawalan. Hindi nyo maiintindihan yung story pag nilaktawan nyo ang POV ko! Hahahaha! =))))

So Sunday morning nang magpasama ako kay Kuya Kevin na bumili ng furniture para sa condo ko. This would be the first time na makakausap ko sya after nung Republiq stint ni Jersey. Damn that woman! SHE tricked me. Sa lahat pa naman ng ayaw ko e nilokoko ako! Nakakainis! >:|

\*habang pabalik na ng Katip; Kevin's car\*

Me: Uhh Kuya? About the Republiq thing..

Kevin: Relax. Okay lang 'yon. Basta sa susunod mag-ingat ka sa ibabalita mo sakín. Buti na lang friend namin ni Jersey yun, baka nasuntok ko pa e.

Aba, what's with him? He's too confident when it comes to Jersey. Hello, parang wala lang sa kanya yung ginawa ng babaeng yun! Nakakairita!

Me: I am very sorry about what happened! Next time talaga I'll be careful. Goodness, I really miss Bonn's night life! Beer tastes better there :)

Kevin: Syempre naman! Remember Oktoberfest 2 years ago? Masyado kang lasing nun!

Me: Sino kaya! \*taps his arm\* Nakakainis 'to.

Napansin ko na hindi kami papunta sa condo ko. San naman ako dadalhin nito?

Kevin: Tara, Bonchon muna tayo. Gutom na talaga ako!

Yeeey! >:D< Isa na sa favorite restaurants ko na ang Bonchon! Saktong medyo gutom na rin ako!

Medyo konti lang ang tao sa Bonchon nung pumasok kami. Haaaay heaven! :"> Tinuro ko kay Kuya yung fave spot ko kaso ayaw nya dun umupo.

Kevin: May table na tayo. And.. I want you to meet someone.

I got nervous. Sino naman kaya ipapakilala nya sakin? (o.o)" (>,<) Pumunta kami dun sa may bandang looban pa ng Bonchon.. and. there we saw a guy sitting alone. \*gulp\* Mukhang siya na nga yung ipapakilala sakin ni Kuya.

Kevin: \*clears his throat\* Emo ka na naman dyan!

The guy looks around to face us. Goodness, I think I saw him before.

Kevin: Uh.. Blanche, this is Jicker. And Jicker, this is Blanche.

(O.O) (O.O) (O.O)

OH. MY. EFFIN. GOSH.

I can't help but to stare at him.

He's the Republiq guy!!!!!!

Dammit, he's so.. hot!!!

Nakatitig na rin pala si Jicker sakin and he extended his hand.

"Nice to meet you, Blanche."

Hindi na ako nakareply sa kanya. Why?

Because I fainted.

Siya na ang pinakagwapong lalaking nakilala ko sa balat ng lupa. SWEAR.

--

## Chapter 37

--

(Jersey's POV)

Nung kinwento saakin ni Jicker yung nangyari sa Bonchon, hindi ako naniwala. As in. Kaso nung dumating na si Kevin.. katakut-takot na sigaw ang inabot nya mula saakin. Aba, sinugod ko sya sa condo nya the next day. Baliw 'to!

"WHAT \*hataw\* ARE \*hataw\* YOU THINKING!!!!"

"ANO BA JERSEY MASAKIT!!!"

Pinagpapalo ko sya. Aba, wag syang magreklamo na battered boyfriend sya!!! Banas ako ngayon!!!

"WALA AKONG PAKIALAM KUNG MASAKIT!!!! BAKIT.. BAKIT MO PINAKILALA SI JICKER KAY BLANCHE!!!!!!!"

Kahit pinapalo ko si Kevin, tawang-tawa pa rin sya. Nakakainis!!!

Kevin: \*catches my hand\* Tigil na nga!!!

Kevin: Teka nga muna huminahon ka!!! Upo!!

Me: \*umupo naman\* Ayan!!! Care to explain?

Umupo naman si Kevin sa harapan ko, pinipigil pa rin ang tawa.

Me: Umayos kang ungas ka, hahatawin ulit kita!!!

Kevin: Eto namang! Parang hindi boyfriend yung kinakawawa mo!!!

Me: Konti na lang makakalimutan kong boyfriend kita. Explain!

Kevin: Sige na nga!!! Magpapaliwanag na!!! \*sighs\* Kaya ko pinakilala si Blanche kasi nga para hindi na sya magduda sa inyo ni Jicker the next time na makita nya kayo.

Me: At talagang may plano syang magtagal dito?!

Kevin: Jersey...

Me: I am not being mean!!! Fine. Back to the topic.. Nahimatay talaga sya?

Kevin: Yep. She really fainted. Ni hindi na nga kami naka-order eh. Binuhat namin sya ni Jicker palabas tas hinatid ko na pauwi. Buti nagising sya on the way.

Me: Drama lang yun ng babaeng yon!!! Lahat na lang gagawin para mabwisit ako!!!

Kevin: Ayan ka na naman (-\_\_\_-)

Me: TALAGA!!! HELLO. KUNG ANONG NASA ISIP NYANG BABAENG YAN!! ANO PANG GAWIN KAY JICKER!!!!

Kevin: Relax lang Je! As if papatol si Jicker kay Blanche. Kambal tuko kayo e. Kung ayaw mo, ayaw nya rin. Siguro nung kinwento nya sayo yung nangyari ang dami nang nasabi nun sa'yo.

TALAGA!!! ANG DAMING SINABI SAKIN NI JICKER KASI RIGHT AFTER HIMATAYIN YUNG EPAL NA YUN PUMUNTA AGAD SYA SA CAVITE KUNG SAN AKO NAGSSHOOT NG THESIS KO!!! O eto flashback.

\*FLASHBACK\*

"IMBYERNAAA!"

Di ko kinaya yung sigaw ni Jicker paglabas nya ng kotse nya. Wow lang ah, di ko kinaya. Nagagawa naman talaga ng inis! From QC to Dasma? Ay hindi ko talaga 'to ker. Swear!!! Hinigit nya ako sa pinakamalapit na Starbucks at dun sya naglabas ng imbyernaAAAAAAAAAAAAAAAA feelings nya.

\*after ikwento lahat\*

Me: I DON'T BELIEVE YOU!

Jicker: Hoy Jerkeng umayos ka. Alam kong OA ako pero OMG lang teh!!! HINIMATAY YUNG LOKARET NA YUN!!! PAGKAKITA SA NAPAKAGANDA KONG FEZ!!

Me: ANG KAPAL MO RIN!!!

Jicker: \*frustrated\* Teh bakit sya ganun?! Hindi ba halata sakin na I'm a girl? NAGSUSUMIGAW NA ANG KILAY KO DI PA NYA KNOWS!?!

Me: Baka naman gutom!

Jicker: ANG OA NAMAN NYA MAGUTOM!!!

Me: Baka naman..

Jicker: OMG LANG JE!!! ANONG MERON SA KANYA!!! ARA'S RIGHT!!! THAT WOMAN'S A FREAKO!!!

Me: Don't over-analyze things Jick! Chill ka lang! Sakit nito sa bangs!!

Jicker: TALAGA? MAY PAIN RECEPTORS YANG BANGS MO?

Me: Ina umayos ka wag mo kong badtripin!!



Jicker: Nako Je!! \*kunwaring umiiyak\* What am I gonna dooo??!?!?

Me: Alam mo ang OA mo. Wala yang si Blanche! Wag mong pansinin! O baka naman.. type ka talaga nya?!? I know girls na pumapatol sa mga bading!!

Jicker: (-\_\_\_\_-) Gusto mo pa bang makagraduate?

Me: Hehehe oo naman :)))

Jicker: As if magugustuhan ko sya!!! I hate her manicure!!!!

Me: Talaga lang ah? Hindi ba 'to connected kay A-

Jicker: \*seryoso\* Umayos ka.

Me: Sorry. ^^v Ako bahala sa'yo, Jick! Hindi ko hahayaang guluhin ka ng freako na yun!!!

\*END FLASHBACK\*

Tinawanan na naman ako ni Kevin.

Kevin: Hulaan ko, nagflashback ka noh?

Me: \*hampas ng throwpillow\* Sira ulo!!!

\*dingdong!\*

Kevin: Pupunta ba sina Amae ngayon dito?

Me: Malay. Buksan mo na lang. Tatanong pa sakin eh!

Binuksan naman ng napakabait kong boyfriend ang pin--

AY DAPAT PALA AKO NA LANG NAGBUKAS. NYETA, SI BLANCHE PALA.

"Hi Kuya!" ANG LANDI!!!!

Kevin: H-hi Blanche. Okay ka na?

Blanche: Yup! I'm fine na. Nakakagul- \*nakita ako\* Hi Jersey!

Me: \*medyo plastic\* Hi Blanche!

Blanche: \*pasok\* I met Jicker the yesterday pala! Oh my goodness, is he really gay?

May pagkatimang at kalahati rin tong babaeng 'to noh? Sakit sa bangs!!

Me: Fortunately yes, he's gay. (UUPAKAN KO NA 'TO)

Blanche: \*flips her hair\* Oh well, kawalan nya. Interested pa naman ako sa kanya.

SAY WHAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAT?!?!? SYA, INTERESTED KAY JICKER!!! SAPAKIN KO TO EH!!!!

Me: OH REALLY?!?!?

Kevin: \*singit sa gitna namin ni Blanche\* NGA PALA BLANCHE.. bakit ka napunta dito?

Blanche: \*binaba yung bag sa may sofa\* Oh I forgot. Inaayos kasi yung water line sa building namin today so wala kaming water supply. Can I take a bath here?

HINDI KO KINAYA ANG KAKAPALAN NG MUKHA NYA. SERYOSO.

Kevin: Sure!

Me: (O.O) \*siniko si Kevin\*

Kevin: Ow! S-sige Blanche! CR ka na. \*death glare sakin\*

Parang timang na pumunta si Blanche sa CR. ANO BAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!!

Me: \*hataw\* You. Stupid! \*hataw\*

Kevin: ARAY!!!! Baka magkasakit ako nyan!

Me: Isa ka pang tanga may sakit ka na!!!! Bakit ka pumayag?!?!?/ OKAY KA LANG!!!!

Kevin: Maliligo lang naman eh!

Me: WOW!!! INAAAAA!!! I AM SO MAD!!!! Pano kung wala ako dito?!? MAY KUNG ANO NANG NANGYARI SA INYO NYAN!!!!

Kevin: Sama naman nito! Parang magagawa ko sayo yon! (T.T)

Me: Hoy Santos, lalaki ka. Kahit sinong babae iharap sa inyo na hubad, AAAAAAYNAKOOOOO!!!! And you find this amusing!!!

Kevin: \*smirks\* Eh ang ganda mo kasi pag nagwawala ka eh :">

Me: Hindi ako kinikilig Kevin. Mauupakan talaga kita.

Tapos wag kayo, biglang lumabas yang Blanchitang yan, NA NAKATAPIS LANG!!!! Imagine my horror! AT NAPASULYAP PA SI KEVIN!!! PERO UMIWAS AGAD NG TINGIN KASI KASING BILIS NG MGA MATA NYA ANG PAA KONG UMAPAK SA PAA NYAA!!

Blanche: Ooopps. Sorry. I left my clothes. \*bends over\*

T@NGINA ANG LANDI!!!! ANG SAMA NA TALAGA NG TITIG KO KAY KEVIN NA NAGPIPIGIL NA LANG SA PAGHIYAW DAHIL SA SAKIT. Nang makaalis na si Blanche..

Me: \*sobrang inis\* I CAN'T BELIEVE YOU!!!

Kevin: Ano na naman?!?!

Me: TINIGNAN MO SYA!!! AND YOU GAVE THAT APPROVING LOOK!!! OH MY GOSH HELLO YOU'RE GIRLFRIEND'S HERE!!!

Kevin: Eto naman! Wala naman akong nak-

Me: LELANG MO!!! Aba!! GUSTO MO PALA NG GANUN AH!!! NYETA AKO NA LANG KAYA MAGTAPIS NG GANYAN DITO!!!!!!

.....

Shoot. I shouldn't have said that.

Kevin gave me that creepy but hot look. Alam nyo yun, the PERVY LOOK. Goodness.

Kevin: \*lapit sakin\* Mas gusto ko atang makita yun ah... \*smirks\*

Me: Ah. Talaga? Pwes may sasabihin ako. Meron ako dito na hindi lang ako willing ipakita, pwede mo pang maramdaman.

Kevin: \*napalunok\* H-ha?

Me: ETO YUN!!!

\*HEADBUTT\*

Tumba si Kevin sa sofa nya.

Me: SH\*T ANG SAKIT!!!! Pero buti nga sayo yan. Hindi tayo bati!!!!

--

(Jicker's POV)

AKALA NYO MANANAHIMIK AKO PWES NAGKAKAMALI KAYO DYAN

ALL CAPS!! ALL CAPS KASI GALIT AKO!! EKSAHERADA YANG MARIE BLANCHE NA YAN!!! SARAP KUTUSAN!!! AKALA KO LAST FULL SHOW NA YUNG HIMATAY CHEPAR NYA SA BONCHON PERO WAG KA, ADVANCE SCREENING PALANG YON!!!!

2 DAYS AFTER NG PAKSHET NA PANGYAYARING YON, MAY SUMUNOD PA. NYEMAAAAAS!!!

Teka, tama na sa all caps. Baka mistress kayo sa pagbabasa eh! Ayun, mag-isa lang ako sa studio that day. Naghahanda kasi si Marlo para sa exhibit nya sa Valentines Week tapos si Jersey nasa Dasma naman, shoot. Akala ko stress-free na ang araw ko kaso inaaaaaaaa! NANDITO SYAAAAAAAAAAAA!!!

Ako: \*tinaasan ko agad ng kilay\* Ay sarado na kami teh.

Blanche: What? Eh 2pm pa lang ah! Sabi sa working hours nyo hanggang 4 k-

Ako: Ay syempre alam ko yun kasi ako may-ari nito diba? Slow.

Blanche: Is that so? \*smiles\* Hi Jicker!!!

Ako: Hindi ka naman medyo buffering noh? Diba dapat mas nauna yan?

Blanche: Eto naman eh! \*pouts\*

EWWWW WHAT A FACE!!! KAPAL PARA MAG-POUT! SAKIT SA ULO!!!

Ako: Eh bakit ka ba nandito?

Blanche: I just want to say thank you.

Ako: For?

Blanche: \*lumapit sakin\* The other day! Sa Bonchon :)

Ako: \*layo\* Magtethank you ka na nga lang kailangan pang lumapit?

Blanche: Pwede ba hug? :">

Ako: KAPAL!!! KAPAL!!!

Blanche: Ang sungit mo naman!!!

Ako: TALAGA!!!

Blanche: Are you really gay?

Ako: \*tingin sa kany\* Let's get one thing straight, I'm not.

Blanche: YOU'RE KIDDING, RIGHT?

Ako: Teh, look at me. Look at my very beautiful face na di hamak mas maganda pa kesa sa'yo.

Blanche: Eeeeeehhhh. I am not convinced!!!

Ako: BAHALA KA SA BUHAY MO IMBYERNA KA!!!

Blanche: Siguro naman dati lalaki ka diba? May pag-asa ba ko sayo?

NAKAKAINIS HA. Fine, I know kung lalaki ako may itsura ako (alangan namang wala diba?? Diba??) at may mga teh na humahabol saakin. Pero itong babaeng 'to, sya lang ang namumukod-tanging ganyan umasta sa harap ko. NAKAKAINIS!!!

Ako: If you're not getting any, please don't take it out on me. Maraming lalaki, TOTOONG LALAKI dyan na pwedeng pumansin sa'yo. Dun ka na lang. Please? Nasstress ang highlights ko sayo!!

Blanche: You're mean.

Ako: Jicker is the new Regina George, Blanche. So please, umalis ka na bago pa kita masabuyan ng silver nitrate dito!!!

May kunwaring hurt hurt pa 'tong Blanche na 'to!! HOY TEH MAS MAGALING AKONG ACTRESS KESA SAYO!!! BULOK ACTING MO!!! Nagdadabog pang lumabas yang epal na yan!

Me: YUNG HEELS MO DI BAGAY SA OUTFIT MO!!! WALANG FASHION SENSE!!!

Di ba, imbyerna?

--

3 DAYS AFTER

(Jersey's POV)

Hindi rin ako natiis ng napakabait (at pervert) kong boyfriend. Pinuntahan nya ako para yayain dun sa isang event ng friend ng mama nya. I hate parties, yung mga pasosyal chorva. Mata-pobre kasi sila eh! Pinalaki rin kasi kami nina Mama na hindi masyado umaattend sa ganun. Ugh.

So eto ako, nagpapaganda. Eh loko kasi tong si Kevin. Nagtext ba naman!

From Kevin:

Hoy. Dapat hindi ka panget ah. Wag mo kong ipahiya.

Joke lang! Kahit hindi ko sabihin maganda ka pa rin :) (Teka nasusuka ako.)

Siraulo. Nasusuka? Baka lumuwa lang mata nya saakin! HAHHAHAHA assuming talaga noh? :"> Anyway, dark blue ang kulay ng cocktail dress ko. Wala lang, wala na kasi akong ibang damit dito e. HAHA!

Since this is a very special event, I decided to wear something special.

The Cassiopeia necklace. 3rd time ko pa lang 'to susuotin kaya excited ako! Hindi ata alam ni Kevin na nasakin pa rin 'tong necklace. Aba, yung heels nga nasakin pa rin e! :)

20 minutes after kong matapos, may narinig akong kumatok sa front door. Biglang pumasok sa isip ko si Blanche na ang sarap ingudngod sa lupa. Guluhin daw ba si Jicker?!?! IMBYERNA!!! Shut up Jersey, don't think about Blanche! Bayaan mo na yung epal na yun. Have fun tonight :)

\*opens the door\*

HAH. San kayo sa kagwapuhan nitong manyak kong boyfriend? Naka coat and tie ba naman. RED LONG SLEEVES OMG OMG. Nagkatitigan na lang kaming dalawa dun, parang timang. Ano na naman kaya iniisip nito?

Kevin: Ahemm.. Uh excuse me, nandyan po ba ang girlfriend ko?

ANO NA NAMAN 'TO?

Me: Awh ser wala ho ser! Nauna na ho ser!!

....

HAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAHAA!!! Sabay na lang kaming natawa sa mga sarili namin. Mukha talaga kaming timang.

Kevin: \*stares at my chest\*

Me: \*snaps fingers\* Sa mukha kong maganda ang tingin, Ser. Wag dyan sa baba.

Kevin: You still have this. \*touches the necklace\*

Me: Kevin necklace lang ah. Subukan mong may hawakang iba masasapak talaga kita.

Kevin: \*di ako pinansin\* Wow. I can't believe na natago mo pa'to.

Me: Kitang suot pa eh!!! Sira ka talaga!!!

Kevin: \*smiles\* Sabi ko sayo magpaganda ka.

Me: Yun naman ginawa ko ah!

Kevin: Hindi kaya!!

Me: U MAYOS KA

Kevin: Ang sabi ko sayo magpaganda ka, sinobrahan mo naman ata. Mahihirapan akong bantayan ka nyan.

Me: \*laughs\* Alam mo..

Kevin: \*natawa na rin\* Ano? Ano?

Me: Kahit ang corny non, in fairness kinilig ako. :"">

Kevin: Naman. Walang kupas ata to :>

Me: Yabang! \*kisses his cheek\*

Kevin: DEBS THE KISS STEALER!! Tara, wag na tayo pumunta. Tinatamad nako...

Me: Wag mong simulan ang di mo kayang tapusin, Santos.

Kevin: At sinong nagsabing hindi ko kayang tapusin, ha? \*perverted smile\*

Me: AY NAKO TARA NA NGA!!! MALELATE NA TAYO!!!

--

As expected, pasosyalan nga sa party na yun. Parang kandidato si Kevin sa dami ng kinakamusta nya etc. Namaster ko na nga ang art of head nodding sa paglilibot namin ni Kevin eh! Iniwan ako saglit ni Kevin para kausapin yung tito nya. Ako naman dun lang, silip sa Twitter nang..

"Oh. You're here."

Boses pa lang nya alam ko na. Syempre, malakas radar ko sa mga Freako.

"Hi, Blanche. Mabuti naman pinapasok ka nila dito."

"Of course. My dad's a close friend of the host. You're with Kuya, right?" Talaga 'tong siraulong to, kinakausap tapos nilalaro pa yung necklace nya! Nakakadistract tu-

Goodness. The necklace. Tinitigan ko nang mabuti yung necklace. Napansin nya ata yun.

"Ang ganda ng necklace ko noh? Kuya gave this to me for my 20th birthday. He designed this!"

T@ngina. Yung necklace?

Kaparehas ng necklace ko. Cassiopeia rin ang design.

Jersey: 1, Blanche: 2.

"Jersey, okay ka lang?" amused nyang tanong sakin. Sh\*t, ang transparent ko na sa kanya ngayon. She can see that I am so upset right now. Sarap manapak!

"Y-yeah. I'm okay. Excuse me," yun na lang nasabi ko at umalis na ko sa harapan nya. I can't believe it!!! Ilang beses kong pinilit na wag isipin yung sa Germany pero what the hell, kusa syang bumabalik eh. Kahit nag-usap na kami ni Kevin, marami pa rin kaming unsettled issues. Well ako lang ata yun. Ayokong pag-usapan kasi ayos na kami eh!! Pag nagdrama pa ako baka kung ano pang mangyari. Naloloka nako!!

Wala, naglakad na lang ako. Wapake kung may masagi man akong tao o ano. I need to leave this damned place right now. Blanche kasi, nice one. You really really ruined my night!!!! Nangati bigla yung leeg ko. Ay, nag-inarte?! I hate this necklace. Cassiopeia my @ss, Kevin.

Sa sobrang galit ko, hinila ko yung necklace at tinapon sa basurahan.

This is unforgivable.

--

(Kevin's POV)

Nalingat lang ako saglit, nawala agad si Jersey! Asan na nagpunta yun? Kanina pa ako paikot-ikot dito kaso wala naman sya. Ano yun, umalis agad na di nagtetext? Bwiset!!!

Hinanap ko na lang tuloy si Keith, na nandito rin sa party. Sinama sya ng boss nya kasi may ipapakilalang potential client.

Buti na lang nakita ko sya agad. "Uy Keith!"

Keith: \*relieved\* Napano ka?

Ako: Si Jersey? \*tingin sa paligid\* Nakita mo ba sya?

Keith: Hindi eh. Kanina ko pa nga kayo hinahanap! Late na pala ako.

Ako: Ba't nga pala ngayon ka lang dumating?

Keith: Binabagyo kaya sa labas!! Ayaw na nga ako papuntahin ni Amae dito kaso sayang, dagdag pera 'to. \*laughs\*

Ako: Sira ulo. \*kuha ng cellphone; dials Jersey's #\* Hindi sya sumasagot. Ano na namang nakain nun?

Keith: Ay teka nga pala! Di ba kay Jersey 'to? \*may pinakitang necklace\*

Teka.. ba't nakay Keith 'to? Kanina lang suot 'to ni Jersey ah?

Ako: \*alarmed\* San mo nakuha yan?

Keith: Sa may basurahan, dun sa may entrance. Actually medyo naapakan ko sya. Sure ka bang kay Jersey yan?

Ako: Oo. Ako nag-design nito. T@ngina nasan na yun? Nagdrama na naman!!!



Keith: Hanapin mo na! Baka kung ano na nangyari dun. Bumabagyo pa naman!!

Kung dito sa labas nakita 'to ni Keith.. ibig samin nakalayo na si Jersey. Imposibleng umalis sya na dala ang kotse ko, nasakin ang susi. De, di pa nakakalayo yun. Nandito pa rin sya.

Sana.

--

(Blanche's POV)

Hm. Mission accomplished!

Aba, anong akala nyo sakín, hindi gaganti kay Jersey? After ng ginawa nya sa toothbrush ko!!! That b\*tch!!!

Fine. I set her up. Ano, galing ko diba? ;> Two people can play this game, guys. And I won this round. Sorry sya.

Fine, you wanna hear me confess. Kuya didn't give that necklace to me. Pinagaya ko lang 'yan sa Frankfurt. Pano ko nalaman yang necklace? Pinakita sakín ni Kuya yung mismong designs nya dati, and nagustuhan ko sya ever since. Matagal ko na 'tong pinagawa, ayoko ngang malaman nya na pinagaya ko pero.. kung isa 'to sa paraan para maging even o malamangan ko si Jersey sa score board, I'll risk it. Bahala na. That b\*tch really really pisses me off! Magsama sila ng bestfriend nyang bading!!!! Grrrrr!!!! ://

I left the party right after that ordeal with Jersey. Diretso ako sa 70s Bistro, tutugtog kasi dun ang Pupil. And.. baka mameet ko ulit yung guy dun. Heck, masama bang tumingin sa ibang lalaki? Single ako, kahit hindi single yung lalaking 'yon, magagawan ng paraan!!! =)))

True enough, the guy's there. Right on the same spot where we met the first time. Nakangiti agad sya nung pagkakita sakín.

Guy: \*smiles\* And you went back.

Me: \*smiles back\* Rough day. Palagi ka bang nandito?

Guy: Dati hindi.. kaso these past weeks naging madalas na.

Wow. Wala pang 3 minutes na nakaupo malandi agad! Single 'to!!

Me: \*to the bartender\* Iced tea please.

Guy: Akala ko ba rough day? Sabay iced tea! \*chuckles\*

Me: Wala lang. Not in a very good mood today. Oh, I am in a good mood pala. If you call revenge a good feeling.

Guy: Depende naman yun sa ginawa mo. Deserve ba nung tao yung paghihiganti mo?

Me: Of course!!! That b\*tch pissed me off big time!!! Aarrggghh!!!

Guy: You should learn how to control that.

Me: What?

Guy: Rage blackouts. \*sips some beer\*

In fairness, may aura sya na.. alam mo yun. Ang sarap kausap. Hindi sya kagaya nung Jicker na palaging nakasigaw o ano. Bading his face!! He is DEFINITELY NOT GAY!! ARGHHH

Me: Can I tell you something?

Guy: Sure. What's it? You killed a guy?

Me: \*laughs\* No! Well.. I used to do this a lot.. back in Germany. Can I tell you something personal?

Guy: Sure. Don't worry, I'll tell something personal too. Ikaw muna.

Me: Don't find this ridiculous or what.. but.. last week, I met this gorgeous guy. Define gorgeous!! He could be a model or an actor with that look.

Guy: Mukhang gwapo nga. Go on..

Me: Remember the thing I said earlier? About the revenge thingy? That guy was included in that.

Guy: I don't get it.

Me: That gorgeous guy turns out to be a close friend of the girl I really really hate. Ayun.. I kinda used him for revenge. Kasi I sensed that the guy's special and everything to her. So ayun.. I kinda used him.

Guy: You have a very very twisted mind, miss. Grabe ka naman maghiganti.

Me: That's how my mind works!! So yeah. Ginugulo ko yung guy this week para mainis yung girl and effective naman. But the surprising thing? I.. kinda fell in like for that guy.

Guy: Patay tayo dyan! Seryoso ka?

Me: Yep. In like. Like I fancy him, like I'm challenged by him. Ganun. He was the second guy who ignored me. As in completely ignored me.

Guy: Baka siguro kaya mo lang sya gusto kasi.. nachallenge ka lang sa kanya. Maybe pag nag-give in na sya sa'yo, mawawala rin yang feeling na yan eventually.

Me: Wow. May point ka ah. Noted! \*sips some iced tea\* Ikaw naman. Ano yung iyo?

Guy: \*sighs\* Oh. Same old thing: fell in love with someone who's unfortunately taken.

Me: I know the feeling. It sucks. Dammit. Sana na may barcode na lang lahat tayo noh? Tapos pag taken na, itatapat na lang tayo sa isang machine then may something something dun na may effect sa mga taong single. Na pag natapatan na na ng red light or something, hindi na pwede magkagusto sa'yo yung mga single, then vice versa. Sh\*t, what am I saying?

Guy: \*laughs\* You know what? That's the most brilliant thing I've heard this week. What if meron ngang ganyan? Madali na sana buhay ngayon. Nyeta.

Me: Wow. Malalim ang pinaghuhugutan ah? :))

Guy: Naman. I really really like that girl. Ever since. Kaso.. matagal na syang taken. Wala nakong pag-asa sa kanya.

Me: E dapat competitive ka!!! Tignan mo ko, gumaganti!! Ayoko dun sa babae para sa friend ko kaya ganto ako makareact!!

Guy: Alam mo nakakatawa ka :DD

Me: Baliw. Hindi ako clown.

Guy: At nakakainis at the same time.

Tinaasan ko sya ng kilay. Kapal!! Nakakainis ako? REALLY?!? Fine I'm taking it back. Hindi na sya maayos kausap. Naiinis nako!!!

Me: What a very good way to spoil my mood, mister.

Guy: Nakakainis ka kasi.. nakakalimutan ko yung babae na yun dahil sa'yo.

Halos masamid ako, ay no. Nasamid talaga ako sa sinabi nya. Haaaaa?!

Me: \*laughs\* Don't kid yourself. 2 times pa lang tayo nagkikita ah. Mas weird ka sakin!!

Guy: \*smirks\* At naiinis ako sa'yo kasi kahit ayaw ko syang kalimutan, natutuwa ako. Tangna lasing na ata ako!! Sorry. Don't mind me.

Me: Mas nakakatawa ka. Ikaw ang clown eh! =)))

The next thing I knew, he's already kissing me. As in kiss. Nagulat ako sa ginawa nya for like 2 seconds but I responded. Eagerly. Wag ka, he's a good kisser. Sayang ku-

Siya yung unang kumalas.

Me: \*still mesmerized\* M-what?! Haaaa?

Guy: Tagal mong di nagpakita, namiss tuloy kita. Tanong mo dyan sa bartender, gabi-gabi ako nandito.

Haaaaa?!? Ano raaaaaw!??

Guy: Di ako lasing. Alam ko yung pinagsasabi ko kanina. Call me crazy but I think I like you..

Me: What the f\*ck are you talking about?!?! YOU LIKE ME!!! HELLOOOOOO!!! OKAY KA LANG!??!

Guy: Yeah. Kaya nakakainis ka.

Me: Eh sira ka pala e!!!

Guy: \*laughs\* Don't worry. This would be the last time you'll see me.

WHAT THE EEEEEEEEEEEEEE!??!

Me: Don't you dare play games with me, @sshole!!!

Guy: I like you, but I don't want to like you that much. Mahirap na, kung ano pang mangyari.

Information overload. Gusto nya ko pero.. whaaaaat? Ang gulo!!! He stood up and tossed money on the counter. At talagang iiwan nya ko dito!!! Aba, bahala sya. Makakalimutan ko rin naman 'tong gabing 'to e. Expert nako sa ganto, walang-wala pa 'to sa experiences ko sa Bonn. Bahala ka Kuya!!!

Pero nung paalis na sya, di ko mapigilan ang sarili ko na magtanong.

Me: Can I know your name?

He stopped walking and faced me.

Guy: No. Just pretend this night never happened. But with a kiss like that? Mukhang imposible. \*smirks\*

Wow. I can't believe it.. First tinanggihan ako ng bading. Second.. a weird and very mysterious guy kissed me? Ano na nangyari sa charisma ko?

Me: \*to the bartender\* Kuya, alam mo ba pangalan nya?

Bartender: Sorry miss, hindi po eh.

May point nga yung lalaking 'yon. Just pretend that this never happened.

Pero mas sapul yung huling sinabi nya...

With a kiss like that.. I don't think I can forget this night. Dammit.

--

(Kevin's POV)

Nakakatatlong ikot nako dito sa hotel ah. NASAN NA BA YUNG BABAENG YON!?!?!?

Kanina nagriring pa yung phone nya kaso ngayon pinatay nya. Nyeta, anong sapak na naman ba pumasok sa utak nito!?! Bigla-bigla na lang magdadramatic exit!!!

Sobrang kabado at takot ako ngayon. Ewan. Teka sino bang hindi kakabahan ha!?! May bagyo!!! Lintek yan, bumabagyo ba talaga ng gantong kalakas pag February? Next week Feb Fair na sa Los Baños, baka ulanin pa. Tapos Valentines pa. Anong klaseng climate change to!?

Kevin umayos ka nga. Hindi ka environmentalist para problemahin yang climate change ngayon. Ang goal mo ay hanapin ang girlfriend mong nag-AWOL. NASAN NA BA SYA!?? Wala sya sa ballroom. Sa CR wala rin (syempre pinatanong ko sa babae. Alangan namang pumasok ako sa loob). Nandito na nga ako labas!!! Sakto mabait yung guard kaya pinahiram nya ako ng malaking payong. Wala akong pake sa suit na suot ko ngayon. Hahanapin ko si Debs. Tapos.

"Ay sir!!" habol na tawag sakin ng guard. "Hinahanap nyo po ba yung babaeng naka-dark blue?"

Isa ka pang timang, Santos. Bakit hindi ka nagtanong sa guard?!? "Opo. Nakita nyo ba sya?"

"Tumakbo sya kanina palabas sir, umiiyak. Papunta ata ng parking lot. Mga bago pa po umulan ng gantong kalakas."

Nagthank you ako kay manong tsaka karipas ng takbo papuntang parking lot. Umiiyak? Bakit na naman? Ang babaw naman kung iiyakan nya yung pag-iwan ko sa kanya!! Kukutusan ko yun pag yan dahilan nya!!

T@ngina ang lakas ng ulan. Epal naman na bagyo 'to! Wrong timing kung kelan nawawala si Jersey. Konti na lang malapit nako sa may parking lot. Teka teka, e hindi naman ako dun nakapark ah? Sa may labas ako nakapark kasi wala nang space dun sa mismong underground parking ng hotel. Tinamaan ng lintek nas-

Nung palapit nako sa likuran ng hotel, may kung ano na umagaw ng atensyon ko. Parang may naririnig akong humihikbi sa may kaliwa ko. Sigurado akong si Jersey yun.

And there she is. Nandun sya naka-indian sit sa may back door ng hotel, yung para sa mga delivery. Nakakatakot syang tignan, para syang multo sa Asian horror movies kasi natakpan ng buhok yung mukha nya. Nawala yung kaba ko pagkakita sa kanya. Ano kayang drama nito?

"Debs," tawag ko sa kanya. Hindi sya lumingon kaya ako na lumapit sa kanya. "Hoy. Bakit ka ba nandito?"

"....." Ayaw nyang tumingin sakin.

I sighed. Mahabang paliwanagan na naman 'to. "Sorry kung medyo natagalan ako kanina. Ang kukulit kasi ng mga kaibigan ni Mama. Masyadong hapit."

"....."

"Uy. Bored ka na ba dun sa loob? Tara, nood na lang tayo ng gig sa Saguijo o B-Side. Boring dito!"

"....."

"Jersey..." hinawakan ko yung kamay nya pero.. she slapped it away. Naiinis nako ah!!! "Ano bang problema mo? Anong meron? Ayan nakakainis sa inyong mga babae e. Magagalit kayo samin tapos pag gusto na naming makipag-ayos, ayaw nyong sabihin kung anong problema. Dahilan nyo pa na dapat alam namin yun. Pag di naman namin alam sasabihin nyo na manhid kami. L\*che. Ano ba?!?!" Ngayon ko lang ulit sya napagtaasan ng boses. I felt horrible after saying it.

Ang kaninang tahimik ngayon humagulgol na. Sa totoo lang namiss ko 'tong ganto. Ganito kasi si Jersey nung college, ayaw umiyak pero pag bumigay hagulgol kung hagulgol. Ang sakit sa ulo! Pero nakakatuwa.

"Uy love. I'm sorry. Naiinis lang kasi ako. Tsaka kinabahan talaga ako kanina. Akala ko umalis ka na."

"J-just.. don't mind me.."

"Hoy. Sabihin mo na kasi sakin kung anong meron. Kukutusan kita pag sinabi mong wala."

Inangat nya yung mukha nya. Hala, ang laki nga siguro ng kasalanan ko. Kumalat na yung mascara at eyeliner nya. Mukha tuloy syang nabugbog. "Please Kevin, I need time to think."

"Wag mo nga akong dramahan dyan. Pag pinatagal pa natin 'to lalong lalaki e. Please sabihin mo na sakin kung ano yan. Please?"

She looked at me straight to the eye. Patay, galit sakin 'to. "It's just.. I've been thinking a lot and.. sh\*t. Wha.. Ayos naman tayo diba? Kahit may mga epal okay naman tayo. One month together again kaso.. we've been avoiding the big issues. Nag-usap na tayo about this nung New Year but since then things and thoughts are piling up and.. I just can't take it anymore. I'm trying to hide it from you.. Dammit ano baaaa."

"Jersey kung tungkol 'to dun sa Germany, sabi ko sa'yo kalimu-"

"I can't just forget everything about it!!! I tried to ignore it, forget about it. Pero p\*cha ang lakas ng kapit sakin!!! We can't run away from it, from this. The past is always with us, just waiting to mess with the present."

"I.." I'm lost for words. Frustrated na talaga si Jersey ngayon.

Napansin kong nanginginig na sya kaya tinanggal ko yung coat ko at nilagay sa balikat nya. Tatanggalin nya sana yun nang, "Isa pa lagot ka na talaga sakin."

"Kevin.. I.. Look.. It's hard to explain.. I wish I could explain bu-"

"Okay lang kahit hindi ko maintindihan ngayon, basta ang mahalaga sinabi mo sakin kung ano ba yang nararamdaman mo. Malay mo bukas mauntog ako, maintindihan ko na."

She looked at me and gave that hesitant look, as if she's asking my approval. Wala na kong magawa kung hindi hawakan na lang ang kamay nya.

"Sige.. eto na. Kahit alam na natin yung totoo about sa kiss, sa accident and everything.. nagalit ka pa rin sakin nun. Hindi lang galit, kundi galit na galit. And.. I.. when I think about that.. it scares me. Na isang mali ko lang, in just a snap all those suppressed anger will get out and boom! World War again.. And.. I know that you were raging mad but.. I can't believe that you could do that to me."

"Do what?"

"Stop acting like you're innocent."

"Jersey as far as I know inosente ako. Pero hindi ako manghuhula. Ano ba talaga yan?"

"The necklace."

Yung necklace? Kinapa ko yung necklace sa bulsa ko. "Anong meron dito? At nga pala, bakit mo tinapon 'to? Nakita to ni Keith sa may basurahan."

"You gave Blanche a replica of that necklace, you dumb@ss."

"HAH?"

"Don't 'hah' me, Santos. I saw it. She's wearing that same f\*cking necklace earlier!! Alam mo ba ang sakit non para sakin? Kevin, nung wala ka araw-araw kong tinitignan yan, and corny man para sa'yo pero pag hawak ko yan, parang kasama na kita. Then what the heck!!! YOU MADE A REPLICA OF THIS!!! AND OF ALL PEOPLE KAY BLANCHE PA!!! OKAY KA LANG!?!?!"

"Look Jersey. Wait lang, let m-"

"I am not yet done," umiwas na sya ng tingin sakin. "Ang sakit. Promise. Ako kahit galit ako sa'yo.. hindi ko inisip na itapon yung mga pinagbibigay mo sakin. I lied about the shoes, I still have it. Pati yung helmet, yung jersey mo, pati nga yung ticket natin sa EK nasakin pa rin! Hindi

ko yun tinapon kasi ang saya nung memories na nandun and.. pag sinabing past.. kasama na yun. Hindi ko pwedeng kalimutan kung ano tayo dati kasi yun ang nagdala satin sa kung ano tayo ngayon. Pero para sa'yo? Mukhang kinalimutan mo na eh. Yung necklace ko pinagaya mo pa. That's what I'm scared about. Na.. hindi na mahalaga sa'yo yung meron tayo ng college. Feeling ko hindi ka proud nung satin dati e. I understand that you want a clean slate or something.. pero I want to feel that what we had before is the real thing... and continuation yung ngayon. Ayoko kasi na ako lang ang mag-aakalang totoo yun, tapos sa'yo ang totoo e yung ngayon lang, di kasama yung unang 'tayo'."

Speechless na naman ako sa kanya. Ganito pala ang nararamdaman nya? Nakakainis. Eto ang ayaw ko sa pagiging masyadong masaya e. Sa sobrang saya, hindi mo mapapansin yung ibang feelings na involved ka lang. Basta masaya ka, kumpleto na. Kalokohan lang yun.

"Sabi ko sa'yo, hindi mo rin magegets agad. And I told you I am a mess yet.. ah ewan."

Hinarap ko sya sakin, pero ayaw nyang tignan ako sa mata. "Jersey, look at me." Buti tumingin na. "About the necklace, I never gave her that. Ang tanda ko pinakita ko sa kanya dati yung designs. Hindi ko alam na nagpagawa sya ng kanya. That's the truth. I swear. "

"I uh.."

"Tandaan mo 'tong dalawang bagay na sasabihin ko sa'yo ha. Isaksak mo yan sa napaka-impulsive mong utak. Okay?"

"Tekal-

"First, I can't afford to lie again to you. I just can't do it. Sapat na sakin yung kabaliwan na nangyari sa'tin dati. Nakakadala na yun. At pangalawa.." Tumayo ako at tinignan ko sya. "Wait. The other one's in my car." Hindi ko na dinampot yung payong, basta tumakbo na lang ako sa ulanan.

"Kevin wait!!! Ang lakas ng ulan!!!" sigaw sakin ni Jersey. And as expected, tumakbo rin sya at sinundan ako.

Ewan ko kung anong pumasok sa utak ko at tumakbo ako sa ulanan. Kitang may sakit ako tapos magpapaulan ako. Sira ulo lang. Deh, wala akong pakialam. Ang goal ko lang ngayon ay mapatunayan kay Jersey na mali lahat ng iniisip nya.

"Kevin!!! Magkakasakit ka lalo nyan!!! Isa ka pang t@nga e!!!"

Medyo malayo rin yung tinakbo ko ah. I fumbled for my keys and hastily opened my car. May kinuha akong box kaso sa sobrang lakas ng hangin, nilipad yung cover at ilang papel.

"Kevin!! Ano 'to?!" sigaw sakin ni Jersey habang sinasalo yung mga nilipad na papel. Palapit na sya sakin kaso tumigil sya sa paglalakad, binabasa pala nya yung papel.

"W-what's this?" she asked me.



Ano nga ba yung hawak nya? Tanda nyo pa ba yung sinulat nya para sa Eng 4 class namin dati, yung The Best Way To Lose? Yun ang hawak nya. Yung mismong yellow paper na pinagsulatan nya 5 years ago.

"I was hurt, Jersey. But I never ever forgot about you, about us. And for the record, I am proud of what we have. This.. us. Don't ever doubt that again."

Hindi ko sure kung naiiyak ba sya o ulan lang yun. Natatawa sya na naiiyak. Ah ewan! Basta ako hinabol ko yung ibang nilipad na papel. Pictures, sulat at kung anu-ano pang memorabilia yun ah!!

"Kevin wag mo na habulin yan!" sabi nya sabay saway sakin.

"Sayang 'to!"

Niyakap nya ako. Lord thank you, nakangiti na rin sya sa wakas! "You don't need to get those. You have me!"

Siguro hindi nyo 'to alam, pero trivia kay Jersey: ayaw nya ng kissing scene sa ulanan. Dahilan nya? Pwede raw kaming makakuha ng diarrhea o kung anumang sakit sa tubig ulan. Pero alam nyo ngayon? Sya pa ang humalik sakin. Nakakagulat lang.

*I'm gonna love you more than anyone*

*I'm gonna hold you closer than before*

*And when I kiss your soul, your body be free*

*I'll be free for you anytime*

*I'm gonna love you more than anyone*

Hiniga ko sya sa hood ng sasakyan ko. Natawa naman sya.

"Wh-what are you doing? Someone might see us here!"

"May bagyo! Hindi sila lalabas dito!!!" And I kissed her again. Totoo yung pinagsasabi ko kanina. Walang halong biro. Sa tingin nyo, makakalimutan ko lahat yon? Asa!

*Look in my eyes, what do you see?*

*Not just the color*

*Look inside of me*

*Tell me all you need and I will try*

*I will try*

She pulled me away for awhile. "Magkakasakit ka lalo nito!"

"Ikaw nga dyan! I thought you hate this? Kissing in the rain?"

"Stell dich nicht so dumm an! How can I refuse this very hot and wet guy in front of me? I love you this much, you know?" (Stell dich nicht so dumm an! - Don't be so stupid!)

"I know. I never forgot about that. Ever."

*I'm gonna love you more than anyone*

*I'm gonna hold you closer than before*

*And when I kiss your soul, your body be free*

*I'll be free for you anytime*

*I'm gonna love you more than anyone*

*I'm gonna love you more than anyone.*

--  
--

*When the rain is blowing in your face*

*And the whole world is on your case*

*I could offer you a warm embrace*

*To make you feel my love*

JERRO - SATH

Maraming nagsasabi na hindi nagtatagal ang relationships na nagsimula nung highschool. Ano nga ba naman ang kamalayan ng isang high school student sa pagmamahal? Sabi ng matatanda immature raw ang high school relationships, nagpapadala sa mga nararamdaman mula sa nababasang romance stories, movies at kung anu-ano pa. Magkakaroon ka ng boyfriend o girlfriend dahil sa peer pressure. Hindi nagtatagal, umaabot ng 6 months pero puro lokohan lang. In short, good time lang ang high school relationships para sa iba.

Yan din ang akala ni Jerro nung naging sila ni Sath nung 2nd year high school sila nina Jersey. Alam nya na crush ni Sath ang then-bestfriend nyang si Paul nung elementary. Crush din naman kasi ni Paul si Sath non, kaso may pagkatorpe nga lang. Kaso nung Grade 4, nagkagalit sina Sath at Paul dahil sa isang Valentines date gone wrong. Grade 6 na sila nagkaayos, at tinawanan na lang nila yon.

Naging crush ni Jerro si Sath nung naging muse ito nung intrams nila nung first year. Naka-Darna costume kasi si Sath. Napansin ni Jersey na iba ang tingin ni Jerro kay Sath kaya kinulit ito na magpapatong ang dalawa. Namula nang todo si Sath dahil.. may HD (o hidden desire) pala sya kay Jerro. After that day hindi lang ang Golden Couple (Paul & Jersey) ang inaasar sa batch nila, sumama na ang JerSath.

Si Paul pa nga ang nagsuggest na ligawan ni Jerro si Sath, para ayos lang si Jersey pag gumagala sila. Sige, payag naman si Jerro. Tatal crush na rin naman si Sath. Wala naman sigurong mawawala.

Wala ngang mawawala kasi sinagot din naman sya ni Sath after 2 weeks. First nila ang isa't isa.

Katulad din sila ng mga patweetums na high school couples, pacute dito, simpleng PDA doon. Palaging magkadikit kahit saan sila pumunta. Kaso katulad ng ibang couple, nagbreak din sila after 4 months. Kasi hindi raw understanding si Jerro, palaging badminton ang inaatupag. Napuno rin naman sya sa arte ni Sath kaya hindi na niya to binalikan ulit. 2 months after ng break up, JS season nang magkaron ng boyfriend si Sath na 4th year.

Hindi maintindihan ni Jerro pero threatened sya dun sa lalaki. Ang bilis naman kasing magpalit ni Sath! Pero ang disadvantage ng may boyfriend na magcocollege? Summer nakikipagbreak. Pagpasok nila ng 4th year, brokenhearted si Sath habang tuwang-tuwa naman si Jersey kay Paul.

Isang araw, July, umuulan. Walang payong si Sath. Nauna na sina Jersey umalis non. Saktong si Jerro merong payong kaya nakisabay sya dito. Tahimik lang sila habang naglalakad. Medyo lumalayo pa nga si Sath kay Jerro, ayaw niyang dumikit yung balat nya kay Jerro. Baka may kung anong electricity na naman ang bumalik. True enough, may electricity nga syang naramdaman. Hinatid sya ni Jerro sa bahay, at sa isang mahinang "Thank you" natapos ang araw na yun.

Tahimik lang silang dalawa sa nangyari. Nakikiramdam sa isa't isa. Umabot sa point na hindi na kinaya ni Jerro ang tensyon. After ng PE class nila, hinigit nya si Sath sa may CR.

"J-jerro?"

"Wait lang Sath. About the last time..."

"Yes?"

"I just want to know if that meant something."

She was caught offguard. Ano bang dapat isagot nya sa tanong na yun? "Of course. It meant something. You'll always mean something."

Nakuha naman ni Jerro ang sagot nya. "Thank you." Naglakad na sya palayo.

"Jerro wait." Tumigil si Jerro sa paglalakad.

Bakit niya pinatigil si Jerro? Nagulat din sya sa sarili nya. May gustong itanong yung subconscious nya sa ex pero ano yun? "Uhh.. Did that mean something to you, too?"

Jerro smiled at her. Katulad ng inaasahan nya, hindi makakatiis si Sath na itanong kung anong side nya. "No. It meant everything."

Ang corny lang noh? Pero dahil sa kacornyhan ni Jerro, nagkabalikan ang dalawa. Tuwang-tuwa naman si Jersey sa pagbabalikan ng dalawa nyang kaibigan. Bongga eh!

Simula non, hindi na sila naghiwalay pa. Natuto na sila mula dun sa mga mali first trial nila. Of course, hindi maiiwasan na pagdaanan yung mga napagdaanan na dati, pero mas alam na nila kung anong dapat gawin ngayon.

Since sila ang pinakamatagal na couple sa lahat, palagi silang inaaasar kung kelan sila magpapakasal. Bakit ba nila kailangang magmadali? Pagkagraduate pa lang nila ang dami nang nag-aabang kung kelan sila magpapakasal. Wala pa ngang trabaho eh! Oo, medyo mayaman sila pero ang gusto nila mismong pera nila ang gagamitin para magtayo ng pamilya.

Unpredictable talaga ang tadhana. Isang araw nagising na lang si Jerro at napagtanto nya sa sarili nya na gusto na nyang pakasalan ni Sath. Katulad nga ng sabi nya kina Kevin, nafeel nya yung parang gusto na nyang pakasalan si Sath sa lahat ng simbahan. Kaso hindi nya alam kung kelan sya aamin. Gusto nya kasi perfect, at ang perfect moment na napili nya ay nung nanalo si Randy Orton sa WWE SummerSlam, kung saan nasa ringside silang dalawa. Favorite wrestler kasi ni Sath si Orton at todo cheer ito. Kinalabit lang ni Jerro si Sath, nang lumingon ito, lumuhod sya sa harap at nagpropose. Sobrang saya ni Sath, napa-YES agad sya. Hanggang ngayon hindi pa rin alam ni Jerro kung sumisigaw ba si Sath dahil sa proposal ba nya o kay Orton.

Ibang klaseng saya ang naramdaman nilang dalawa nung araw na kinasal sila. Syempre hindi muna nila inisip ang gastos. Eto na yung araw na pinakaimportante sa mag-asawa, mag-iisip pa ng problema. KJ lang eh!

Ang nakakatawa, 8 years silang magboyfriend-girlfriend pero nagugulat pa rin sila sa mga nadidiscovers nila nang tumira sila sa iisang bahay. Ayaw pala ni Sath ng Albatross, hindi sya gumagamit ng dishwashing liquid pag hindi ito calamansi scent at kung anu-ano pa. Si Jerro naman, magkaibang tsinelas ang ginagamit sa CR, garden at pang-alis. Oo, trivial things. Masasabi nating okay lang naman na hindi nila alam yang mga bagay na yan, pero para sa kanila nakakagulat ito. Sa sobrang tagal na nilang magkasama, hindi nila akalain na may bago pa silang matututunan sa isa't isa. You can't really know everything about someone nga.

Kagaya na lang ng drama ni Sath ngayong Valentines Day. Tanda nyo pa ba nung sinamahan sya nina Jersey at Jicker magpacheck up? Pinalagay nya sa doctor nya yung results sa envelope. Ayaw nya kasing makita yung laman nun. The baby's fine, sabi ng doctor. Ayaw lang nya malaman kung babae o lalaki ang anak nila.

Weird lang noh? Actually takot si Sath na malaman kung anong sex ng anak nila. Natandaan nya nung nagparinig (o paranoid lang talaga sya) sa isang lunch ang tatay ni Jerro one time

bago sila ikasal. Mas gusto raw nila na ang una nilang magiging apo ay lalaki. As if naman masasakto nilang lalaki yung anak diba?

Hinihintay ni Sath si Jerro na dumating galing sa trabaho. Dapat kasi kakain sila sa labas kaso baka mistress lang si Sath dahil sa traffic, considering na 5 months na ang baby nya. Umorder na lang sya tuloy ng take-out galing sa North Park, at nagbake ng cake. Hawak nya ang envelope at nagdadalawang-isip sya kung ngayong Valentines ba nya talaga dapat sabihin kay Jerro ang kasarian ng anak nila. Nga pala, hindi alam ni Jerro na nagpacheck up si Sath kasama sina Jersey. Surprise kasi yon.

8:30pm na nang makauwi si Jerro. Mas lalong kinabahan si Sath. May dala itong bouquet of lilies (ayaw ni Sath ng roses; kay Jersey kasi yon) at chocolate. Tuwang-tuwa naman ang loka, feeling teenager.

Sobrang kabado si Sath habang kumakain sila ni Jerro sa may sala. Napagtripan nilang manuod ng Crazy, Stupid, Love since Valentines nga naman. Natanong na nya dati si Jerro kung ano ang gusto nyang maging panganay nila, sabi nya okay lang daw kung lalaki o babae. Kaso alam ni Sath (and thanks sa prof nya sa Sociology nung college at ngayon sa masteral), karamihan sa mga lalaki ay gustong lalaki ang panganay nila. Natatakot tuloy si Sath. What if gusto talaga ni Jerro ng lalaki? Ano ba teh, as if may magagawa pa sya dyan! Alangang magpabuntis ka ulit, tas echapwera na yang si 5 months old? Pregnant hormones talking!

"Hey, okay ka lang?" tanong sa kanya ni Jerro. Bigla kasing tumahimik si Sath, sakto pa naman sa scene kung saan tinanggal ni Ryan Gosling yung tshirt nya. Hello, the photoshopped abs! Kahit si Jerro natigilan eh!

"Y-yeah. I'm fine. Look at those abs!!" nice try to divert the topic, Mrs. Torres. Buti na lang nadivert nga.

Malapit nang matapos ang movie nang biglang sumingit si Jerro. "Kelan next check-up mo? Ang laki na kasi ng tiyan mo eh. Tsaka gusto ko rin makita yung sa ultrasound."

"Uhhh.. about that.. Kakagaling ko lang sa doctor.. 3 weeks ago."

Nagtaka si Jerro. "Ha? Bakit di mo sakin sinabi? Eto naman, umalis lang ako saglit! Sana tinext mo ako. Ay tumawag naman ako nun ah! Bakit hindi mo sinabi sakin?"

"Kinakabahan kasi ako! What if something's wrong? But don't worry. The baby's fine."

"So.. ano sya? Boy or girl?"

She paused. "I don't.. know yet."

"HA?!?"

Nilapag ni Sath yung pinagkainan nya sa table. "Look.. the doctor wanted to tell me our baby's sex but I refused to know."

"Eh pano yan? Hihintayin natin na lumabas para malaman?"

"I have the result," inabot sa asawa ang envelope. "Ayoko lang malaman."

"Bakit naman?" medyo nalungkot si Jerro sa narinig.

"Baka kasi madisappoint ka eh."

Hindi alam ni Jerro kung matatawa ba sya o ano. He held Sath's hand and said, "Bakit naman ako madidisappoint? Talaga 'to!"

"Eh kasi.. I know that you somehow secretly wish na lalaki maging anak natin. What if it's a girl?"

"Sira ka pala eh! Sath.. kung anuman yang anak natin.. mahal ko yan! I don't really care kung anong kasarian nyan. Basta ang akin lang.. alam kong mahal na mahal ko yang anak natin. Kung babae, then she's gonna be my princess. Kung lalaki.. e di Jerome Jr! Easy like that. Wag mo kasing masyadong isipin yung sinabi dati ni Papa. Parang may magagawa yun sa magiging sex ng anak natin.

Naluluha na si Sath sa monologue ng asawa nya. "Ang dami mo pang sinabi! Nakakaiyak tuloy! Huhuhuh"

"Wag ka na nga umiyak! You're going to be a mother. Hindi bagay sa'yo yang pa-tweetums na iyak."

"So.. let's open this?"

"Sure."

Sabay nilang binuksan yung envelope. May papikit-pikit pang nalalaman si Sath.

"Come on Sath, open your eyes. Boy or girl, okay lang. Let's open it."

Huminga nang malalim si Sath at binuklat na ni Jerro yung papel.

Sath closed her eyes.

She felt Jerro's hands squeeze hers.

"Sath, open your eyes.."

When she opened her eyes....

she saw Jerro smiling at her.

Nasa harapan na pala nya yung papel.

Nang tinignan nya...  
it's a boy.

---

*When the evening shadows and the stars appear*

*And there is no one there to dry your tears*

*I could hold you for a million years*

*To make you feel my love*

PAOLO - KAT

Tahimik lang sina Paolo and Kat sa relationship nila. Bihira sila magkwento tungkol sa mga nangyayari sa kanila as a couple. Well, busy naman kasi sila sa mga trabaho nila. Si Paolo nagtatrabaho sa isang multinational firm habang si Kat naman, nag-aaral pa rin at may club pa na Mako's. Dun sila busy.

Sasabihin nyong hindi exciting ang dalawa. Na boring ang dalawa.

Yun ang akala nyo.

Alam nyo bang Senior Kinder pa lang pine-pair na yang dalawa?

Yep. Senior Kinder.

Magkakumare kasi yung mga nanay nila. Pano? Kasi nursery pa sila magkklase. Habang naghihintay ang mga nanay nila sa dismissal, pinagkukwentuhan nila yung mga drama sa hapon na pinapanood nila. Hanggang umabot sa usapang love life ng mga chikiting. Nagwapuhan ang nanay ni Kat kay little Paolo noon, kaya every contest na may kapartner, silang dalawa ang magkasama.

Nainis ang dalawa sa pinaggagawa ng mga nanay nila. Ang babata pa nila tapos pinapakialaman na ang love life nila! Ayan, simula Senior Kinder hanggang elementary, ganyan ang drama nila.

Pero pagpasok ng high school, nagulat ang dalawa nang tumigil na ang mga nanay nila sa kakapartner sa kanila. Hindi na kasi sila bata para i-pair up. High school na, baka may iba na silang gusto. Ayaw naman ipilit ng mga nanay nila ang ayaw ng mga anak. Okay lang kina Paolo ang ganun. At last makakahinga na sila nang maluwag!

Pero hindi si Kat.

Bakit?

Kasi may gusto na siya kay Paolo.

Ang funny noh? Oo, may gusto na sya kay Paolo.

Since Grade 3.

Kaya ginawa nya lahat para mapansin sya ni Paolo nung high school. Sumali sya sa Math club kahit hindi siya kagalingan sa Math. Palagi nya itong tinatabihan sa classroom. Basta, lahat na ginawa nya.

Napuno si Paolo, 2nd year. Sinigawan nya si Kat sa harap ng buong klase. Pano ba naman, pinagpipilitan ni Kat na sila yung partners sa field demo, e partner na nga nya yung isa nilang kaklase.

"Ano ba Kathleen!!! TIGILAN MO NA NGA KASI AKO!!! AYOKO SAYO, OKAY!!!"

There. That was the first time na nakita nina Jersey na galit si Paolo. As in define galit.

At dahil dun, nag-inarte si Kat. Tumakbo palabas ng classroom at nagtago sa gilid ng canteen. Si Paolo? Ayun, mapride masyado. Kung hindi pa sya sasapakin ni Jersey, natulog na lang sya.

Mugto na ang mga mata ni Kat nung nadatnan sya ni Paolo. Inis na inis sya sa babae. Ang arte kasi!

"Hoy," medyo inis na sabi nito. "Wag ka ngang umiyak dyan. Parang timang to."

"H..hindi mo naman kasi kailangang isigaw eh. Pwede mo naman sabihin sakín na ayaw mo. Oo, mukha akong t@nga. Pero thank you dun sa ginawa mo, kasi nagising ako. Dapat pala.. hindi ko inaaksaya yung oras ko sa katulad mo. Marami pang iba dyan na worth it sa oras ko. Thank you for waking me up."

Parang low blow kay Paolo yung narinig nya. Wow.. buti na lang nagising agad! Wala syang pake kung maglalaho na lang yang kakulitan ni Kat sa kanya. Goodbye and good riddance! At last, pwede na rin syang matahimik! Wala nang didikit-dikit sa kanya.. wala na! He's free!

Free? Sinong niloko nya? Ayaw nyang aminin sa sarili nya that time pero namiss na talaga si Kat. Dinedeny pa nya dati na ayaw nyang kasama si Kat pero sa totoo lang.. tuwang-tuwa sya pag kinukulit sya nito. Nasanay na sya nung bata sila e!

3rd Year. Habang nag-iinuman sila nina Paul, napagtanto ni Paolo na may gusto sya kay Kat.

Kaso sala lang ng timing, may boyfriend na si Kat.

Kaibigan na lang yung turing sa kanya ni Kat that time. Nagbago na nga si Kat nun eh. Hindi na sya yung immature, patweetums.. naging mas babae na sya. Mas maayos kausap, mas mature. May kung anong boses tuloy sa utak ni Paolo na nagiging reminder na "T@nga t@nga!!!" Pinakawalan pa eh.



Kahit ang sama pakinggan, hinihilig nya na magbreak si Kat at yung boyfriend nya bago sila grumaduate ng high school.

Too bad, imbes sina Kat ang magbreak, sina Jersey and Paul ang nagbreak nung Graduation.

Medyo natrauma si Paolo sa nangyari kina Jersey kaya hindi na nya muna pinursue si Kat. Nilista nya ang mga dahilan kung bakit hindi pwede maging sila ni Kat. May 3 dahilan sya: 1) Taken na si Kat, 2) Mahal nga nya, kaso hindi pa sya masyadong ready at 3) Nasa UPLB sya, UP Manila naman si Kat.

Hindi kasi sya naniniwala sa long distance relationships, lalo na kung galing to sa high school. Bata pa, maghahanap pa yan ng bago. Mabuti sana kung medyo mature na sila, meron nang trust factor dun. Madalang na silang nagkita ni Kat nung freshman sila, at nakakagulat kasi sila pa rin nung boyfriend na nag-aaral sa Ateneo.

Summer bago sila mag 2nd year nang marinig ni Paolo kay Jersey na break sina Kat at yung boyfriend. Si Kat pala ang nakipagbreak, hindi na raw sya naniniwala sa LDR. Dun nagtaka ang barkada, kung tutuusin medyo malapit na nga silang dalawa eh! Natakot na naman si Paolo. Baka sasabihin pa lang nya kay Kat yung feelings nya, barahin na sya agad nito. Baka sabihin "Paolo sorry, I don't believe in long distance relationships eh. Sa iba ka na lang."

Nagkita sila ni Kat sa supermarket ng isang Sabado, 3 months after the break up. Ayun, catch up ng konti.. hanggang sa tinanong ni Paolo yung tungkol sa break-up.

"Ah yun ba? Ang hirap kasi. Acads. Tsaka.. di ko kinaya ang lifestyle nya dun. Palagi syang pumaparty. Wild pa yung ibang party na pinupuntahan nya, and you know his reputation."

Tinanong nya kung may bago na ito. Ang sagot ni Kat?

"Ikaw kasi, pinakawalan mo pa ako nung high school. Kung pinansin mo lang ako, e di sana until now tayo pa rin!" pabirong sagot nya.

Kaso ang siste, hindi nagbibiro si Kat.

Natakot na naman si Paolo na magconfess. Sarcastic kasi yung dating sa kanya nung sagot ni Kat. Ayun, tinago na naman nya yung feelings nya. A year later, nagkita ulit sila. Wala pa rin.

Si Paolo na ata ang pinakatorpeng lalaki sa mundo.

Ilang beses na syang pinagbabatukan nina Jerro. "Tignan mo nga, ever since nung nag-usap kayo hindi pa sya nagkakaboyfriend! Sabi ni Sath 3 lalaki na nabasted ni Kat. Naghihintayan lang kayong dalawa e!"

Naghihintayan? Talaga?

Nakagraduate na sila (except kay Amae na IE) pero hindi pa rin nya sinasabi. Pinairal kasi ang "what if" eh.

November, 7 months after graduation, nagkasalubong sa Makati ang dalawa. Niyaya nya si Kat na magdinner. Mas gumanda si Kat ngayon, kahit sinasabi nyang haggard pa rin sya sa pag-aaral. Dentistry kasi ang kinukuha nito.

Kalagitnaan ng dinner.. biglang nagtanong si Paolo, "Balita ko single ka pa rin ah."

Nginitian sya ni Kat. "May.. hinihintay kasi ako. Tagal nga lang dumating."

Naexcite na ewan si Paolo. Siya.. kaya yun? "O talaga? Sino naman?"

"Eh.. wala. Iniwan kasi ako nun nung high school.. Tapos.. we met again 2 years ago.. basta! Magulo."

"Nagkita na ba kayo ulit?"

"Hindi pa nga eh. Pero alam mo, kung magkikita kami ulit, sasabihin ko sa kanya na.. kasalanan nya kung bakit single ako for 2 years."

"Okay ang weird. Bakit naman kasalanan niya?"

"Hmmm.. let's just say that in my book.. boyfriend ko na sya for 2 years. Sayang.. wala pa naman akong planong makipagbreak."

Namula si Paolo. Shet, kinikilig sya sa sinabi ni Kat!! "Nako.. swerte ka."

"Bakit naman?" painosenteng tanong ni Kat.

"2 years na pala kayong mag-on e. Yun din kasi akala nung boyfriend mo. The feeling's mutual pala."

"Oh really? Since when?"

"Since.. 3rd year highschool?"

Nganga si Kat sa narinig nya. "Paolo.. seriously?"

"Yep. It took me six years to tell you. Kathleen, sorry kung matagal.. pero I love you. Hindi ako nagbibiro."

Kat started to cry, which made him nervous. "Grabe.. ang.. tagal kong hinintay na marinig yan sayo. Since Grade 3! Ang tagal nun ah!"

Pinalagpas muna nila ang 2 minutes para i-sink in lahat ng nangyari sa kanila.

"So.."

"So.."

"2 years na tayong mag-on sa lagay na 'to?" natatawang tanong ni Paolo.

"Of course. Hindi ko binabawi yun noh!"

"Ako hindi ko rin babawiin. Asa ka :>"

Lumabas sila ng restaurant, November 19, na magkahawak-kamay. Sila na talaga ang magulo :)

---

*I know you haven't made your mind up yet*

*But I would never do you wrong*

*I've known it from the moment that we met*

*No doubt in my mind where you belong*

KEITH - AMAE

Nasa Sta. Rosa ang engaged na sina Keith at Amae. Konti na lang (almost 3 weeks na lang) at matatapos na ang bahay na pinagawa ni Keith sa kanyang fiancee. Valentines Day ngayon, at nagdecide ang dalawa na tumambay sa future bahay nila.

"Masyado atang malaki 'tong bahay para sa'tin Keith," sabi ni Amae habang ineexamine niya yung kusina.

"Ha? Okay lang kaya! Sakto na kaya sa'tin to. Mukha lang malaki kasi wala pang gamit."

Amae: Hmm.. Okay lang ba talaga sayo yung color motif na napili ko?

Keith: Terracota looks nice..

Amae: Ayan na naman yang prolonged chorva mo.

Keith: Okay nga lang kasi. Ang kulit nito!

Umupo si Amae sa counter top at sinipat ang buong lugar. Hanggang ngayon hindi pa rin sya makapaniwala na pinagawa ni Keith yung bahay na 'to para sa kanila. Sigurista talaga ang boyfriend turned fiancee nya! Bahay talaga ang ginamit para mapapayag na magpakasal. Grabe lang!

Keith: Amae?

Amae: Ha?

Keith: Let's go on a tour. Shall we?

Amae: Sure, Mister. \*holds Keith's hands\*

--

Feeling ni Keith nananaginip siya. Hindi niya inakalang tatanggapin ni Amae ang proposal niya. Sobrang taray kasi ang first impression niya sa fiancee nung nagkakilala sila nung college. Hindi sila blockmates pero magkklase sila sa Math and eventually naging groupmates sila. Takot na takot si Keith kay Amae nung nanghingi sya ng one fourth dito. Sigawan ba naman siya na magdala ng papel sa susunod?! Ibang klase.

Naging crush nya si Amae after nilang magkita sa McDo para sa meeting sana nila na walang umattend. Nagkagulatan naman sila nung malaman na common friends nila sina Jersey at Kevin. Kunwari pa siya na ayaw kasama si Amae nung una pero sa loob-loob nya, sobrang pasalamat sya kay Lord. First time lang kasi sya nagkaron ng ganong crush, na umabot pa sa pagka-epal niya kay Amae.

--

Amae: Oy. \*snaps her fingers\* Tahimik mo ata?

Keith: H-ha?

Amae: You're spacing out.

Keith: Napapaisip lang ako sa gastos ng bahay na'to (-\_\_\_\_-)

Amae: Sino ba kaisng nagsabi na ikaw magpagawa ng bahay ah.

Keith: Si Lola kasi eh!

--

Hindi makakalimutan ni Amae yung unang beses na pinakilala siya ni Keith sa lola nito. 3rd year college sila non, at 4 months na silang mag-on. Takot na takot sya, with matching pangininginig pa nga e. Alam kasi niyang si Keith lang ang apo nito kaya importante ito sa lola. At isang factor ang lola ni Keith sa pagpili nito ng girlfriend. Dun sya takot.

Scary ang Lola Paz ni Keith. Maliit na babae ito pero ang laki ng boses. Hindi halata sa itsura ni Lola na 68 years old na siya. Inexamine siya nito from head to toe at.. ang sinabi lang ng lola?

"Keith, wag mong papaiyakin yan kundi mawawalan ka ng mamanahin."

Akala nilang dalawa joke yon! Pero 2 years ago namatay si Lola Paz, at nagulat sila na pinamana kay Keith ang lupa nito sa Bel-Air at pera na pampagawa ng dream house ni Amae. Nabanggit kasi ni Amae kay Lola Paz one time na gusto nito ng medyo malaking bahay na kulay brown. Paborito rin kasi ng Lola Paz ang kulay na 'to.

--

Napadpad sila ni Keith sa master's bedroom. Nalula naman si Amae sa laki nito.

Amae: This room is too.. big.

Keith: Sus, too big ka dyan. Wait till you move your clothes here. Sisikip yan.

Amae: \*nganga\* I do not own many clothes!

Keith: Asa! Nagrereklamo na nga nanay mo sa mga damit mo eh. Hirap daw maglaba.

Amae: At kelan kayo nagkwentuhan ni Mama ah?

Keith: Last week kaya! Binisita ko si Mama!

Amae: MAMA KA DYAN!!! \*hampas\*

-

Ang alam ni Keith, sya ang unang na-inlove kay Amae. Pero nagkakamali sya dun. Sa kanilang dalawa, si Amae yung unang nahulog. Kelan? Nung Pagudpud trip nila, summer bago mag-second year. 7 months bago masigurado ni Keith na hindi lang basta crush yung nararamdaman niya kay Amae. Anong meron nung Pagudpud trip? May hindi kasi alam ang barkada. Dahil sa sobrang gusto maovercome ni Amae ang takot nya sa ATV ride, tumakas sya para i-try ito. Nakita pala siya ni Keith at sinundan sya nito.

"Sa susunod nga magsama ka ng marunong. Baka mamaya san ka mapunta eh," may halong pang-aasar ni Keith.

Ewan ni Amae. Basta alam niya ang bilis ng tibok ng puso niya nung panahong yon. Kahit mabilis yung takbo ng ATV, sa view nya parang ang bagal ng oras. Natapos na ang 5 minutes na limit pero nakayakap pa rin sya. Inasar pa nga sya ng kasama na masyadong nawili sa pag-akap dito. Syempre dineny nya, kaso alam nya sa sarili nya na gusto sa ganung feeling. Gusto na niya yung mapang-asar na kaibigan.

--

Nakapwesto si Keith sa bintana, tinitignan ang backyard na hanggang ngayon ay under construction pa rin. "Alam mo.."

Amae: Yes?

Keith: Hindi ko inexpect na aabot tayo sa ganto.

Amae: AND WHAT DO YOU MEAN BY THAT?

Keith: Wag ka namang maoffend! What I mean is.. hindi ko akalaing tatanggapin mo yung proposal ko. Kaagad-agad. Ilang beses akong nagbiro ah! Tapos palagi mo akong binabasted.

Natakot kaya ako nung bigla kang sumulpot dito nun, kasi baka bastedin mo ulit ako. Tapos nakita mo pa tong bahay. Kung nagkataon e di sana binenta ko na lang 'to.

Amae: Siraulo! Kaya ko lang naman hindi pinapansin yung proposals mo kasi walang singsing!

Keith: Meron kayang singsing non! Hindi ko lang pinapakita sayo kasi nahihya ako.

Amae: Ikaw pa nahiya!

Keith: Nakakatakot ka kasi! Tanda mo ba nung nanliligaw pa lang ako sa'yo?

--

Kawawang manliligaw si Keith. Sa loob ng 2 months na panliligaw nito kay Amae, katakot-takot na bulyaw ang natatanggap nya. Pero kahit binubulyawan sya ni Amae, binabawi naman ito agad. Ang hindi nya makakalimutan ay yung araw na sinagot sya nito, habang nasa lecture class sila. Inaasar kasi nya kasi si Amae nun, kung kelan sya sasagutin nito. Una ayaw sumagot ni Amae kaso paulit-ulit sya dito.

"Nako Amae, sinasabi ko sa'yo.. complete package ata ako! Hindi ka na maghahanap ng ibang lalaki dyan!"

"Keith parang awa lang, tumahimik ka! Hindi ko na maintindihan yung lesson ni Sir!"

"Eto naman nagtatanong lang naman ako kung may plano ka pa bang sagutin ako. 2 months mo nakong pinapahirapan! Talo ko pa ang pledge sa isang frat eh!"

"Shut up, Romero. Not now."

"Oo o hindi lang naman Amae eh. Yun Ing naman tinatanong ko sayo. Pero kung ayaw mong sagutin oka--"

"FINE!!! YES!!! YES!! YES!!! Kating-kati nakong isigaw yan kanina pa. Happy?"

Isang malakas na hiyaw ang lumabas sa bibig ni Keith. Wala syang pakialam kahit napagalitan sya ng lecturer. At last, girlfriend na nya ang babaeng mahal nya.

--

Binuksan ni Amae yung lata ng paint na color terracota, isa sa favorite shade nya ng brown.

Keith: Anong gagawin mo dyan?

Amae: \*kumuha ng roller\* Siguro obvious naman na magpipintura ako noh?

Keith: Galit ka na naman!

Amae: Asking the obvious kasi! Nakakainis!

Nagsimulang pinturahan ni Amae yung part ng dingding na malapit sa bintana. Pinanood lang siya ni Keith.

Amae: Alam mo ba, may tatlong event sa buhay ko na dun ko naramdaman na sure na sure ako. As in yung tipong hindi ako magreregret.

Keith: \*kumunot ang noo\* And that would be?

Amae: Una, yung sa UPCAT. Pangalawa, yung sumama ako sa Pagudpud..

Keith: E ano yung pangatlo?

Amae: Choosing you. \*stops painting\* Never ko 'tong sinabi sayo pero.. nung sinagot kita nung dati pa, sinigurado ko sa sarili ko na ikaw na ang first and last ko. And.. actually naiyak ako ngayon kasi.. nararamdaman ko sa sarili ko na hindi ako magsisisi na pinili kita. As if naman may iba akong choice. \*laughs\*

Keith: Salamat ah (-\_\_-)

Amae: Eto naman! Sana hindi ka magsisisi na papakasalan mo ko. Uupakan kita pag ganun!

Keith: Sa totoo nyan nagsisisi nako.. wala na kaya ak0--

Amae: NAKAKAINIS KA!

Keith: JOKE! Bakit naman ako magsisisi? Ikaw kaya upakan ko dyan! Joke lang, di ko gagawin yon. Amae, sigurado ako sa desisyon ko. You know me, hindi ako pumipili ng bagay na alam kong hindi ko ikasasaya diba? Ano ka ba!

Amae: Bakit ka ba ganyan? \*sniffs\* Nakakaiyak naman masyado yang sinasabi mo! :((

Keith: Because.. that's the truth, babe. Yes, I used goof around about my feelings for you.. but this time? Not anymore. \*tumabi kay Amae at kinuha yung roller\* Kaya.. don't worry about the future alone. Kung may problema ka, I'm just here. I won't let you down.

Amae: \*starts to cry\* You.. of all people! Is this your way of saying "Happy Valentines" to me? Well played, Mister.

Keith: Eh wala eh.. lakas ng tama ko sa'yo!

Amae: \*looks at him\* I love you, Mr. Romero.

Keith: Nako Amae wag kang ganyan.. baka maging maaga kasal natin.

Amae: \*slaps him playfully\* Siraulo. Pero.. okay lang.. tara pakasal na tayo?

Keith: Sa August na. And.. I love you too.

Amae: \*inagaw yung roller; pinahid kay Keith yung onting paint\* Oh. And terracota looks good on you, babe. Ipanligo mo kaya?

Keith: Ah bagay pala sakin ah. \*pinahiran din si Amae ng paint\* Maganda palang kulay ng blush on 'to? Tara lagyan pa natin!

Amae: \*takbo palayo\* NAKO PLEASE LANG DON'T. MAY MEETING AKO WITH CONTRACTORS TOMORROW!!!

Keith: PARA READY KA NA SA MAKE-UP MO! TARA NA AMAE, GAGANDA KA LALO!

Amae: Thanks but not thanks!

Naghabulan na ulit yung dalawa sa loob ng bahay, nagtatawanan. :>

---

*I'd go hungry, I'd go black and blue*

*I'd go crawling down the avenue*

*No, there's nothing that I wouldn't do*

*To make you feel my love*

KEVIN - JERSEY

(Jersey's POV)

Fine, alam kong kilig kilig pa rin kayo sa nangyaring kiss in the storm namin ni Kevin last time. Pero kikiligin pa kaya kayo kung sasabihin kong.. muntik nang mamatay si Kevin dun? Hala. Kasalanan ko kasi!

\*FLASHBACK\*

FEBRUARY 13

Umuwi ako ng condo ko na todo ang sipon. Sorry naman ah! Si Kevin kasi may kasalanan nito e. Sya pa tong may patakbo-takbong nalalaman dyan! Pero in fairness, natouch ako dun sa ginawa nya ah. Tinago nya lahat yun? Akala ko ako lang nagtatago ng mga kung anong memorabilia eh! Para tuloy fan girl si Kevin. KINIKILIG NAMAN KASI AKO DUN!!!

Monday afternoon. Hindi sinasagot ni Kevin yung phone nya. Baka naman tulog sya o pagod. Kastress naman kasi yung kiss in the storm na yun! STRESS TALAGA!! Habang nagdadrive kami pauwi orchestra ang sipon naming dalawa. San kayo?



Kaso.. kinakabahan ako para kay Kevin eh. May sakit yung tao tapos.. OMG.

Baka kaya hindi nya sinasagot yung phone nya dahil...

NO. NO NO NO NO NO NO NO NO NO NO.

Buti na lang nakaligo nako! Takbo agad ako papunta sa condo nya. Salamat na lang at magkatabi lang ang buildings namin!! Kinakabahan talaga ako. What if.. No Jersey. Wala pa naman. Wala pa naman. Don't think negatively. Walang mangyayaring masama kay Kevin. P-

Pero what if nga? Anong gagawin ko nun?

Naiiyak na ko habang nasa loob ako ng elevator. Tinanong ko si Kuya Pol kung nakita nyang lumabas si Kevin. Hindi pa raw lumalabas si Kevin since last night. Nyeta, anong meron? BAKIT HINDI NYA SINASAGOT MGA TAWAG KO!!!

Nagmamadali kong pinunch yung code at pumasok agad sa loob. Diretso ako sa kwarto nya.

"KEVIN!!!!"

Ayun sya sa kama, natutulog. Maputla.

Humihinga pa naman! THANK YOU LORD!!!

Lumapit ako sa kanya. Sh\*t, ang taas ng lagnat nya!! Okay Jersey, nagawa mo na 'to dati. Hindi ka nurse material but stay calm.. stay calm.. You can do this.. Kevin needs you right now.. Chill ka lang, okay? After ng prep talk sa sarili ko, kinuha ko na yung essentials: basin, towel, water and meds. Buti na lang tinanong ko sya kung anu-ano mga gamot nya. Intense naman kasi eh!

Me: \*inalog si Kevin\* Love? Can you hear me?

Kevin: Aaahh..

Me: Kevin, open your eyes.

Kevin: \*slowly opens his eyes\* You're here.

Me: I'm so sorry for this. My fault. \*lagay ng towel sa noo\*

Kevin: Mas \*coughs\* nauna akong tumakbo kesa sayo. This is my fault.

Me: Actually no. Si Blanche ang may kasalanan nito eh!

Kevin: Ssshhh.. wag ka nang manisi, Je. I'm fine, Jersey. Really.

Me: Kung pwede lang kitang upakan ngayon.. ginawa ko na.

Kevin: Try me. Hindi mo naman magagawa yan, may sakit ako.

Me: \*pinches him\* Bakit hindi mo ko tinawagan? May sakit ka na pala!

Kevin: Ayokong.. mag-alala ka eh.

Me: Isa ka pang t@nga. Sa tingin mo hindi ako mas nag-alala ngayon? Sana sinabi mo agad para maagapan!

Kevin: Ehhh...

Me: Shut up. Dapat gumaling ka ah! Valentines na sa Tuesday! Magdedate tayo diba?

Kevin: Sinong nagsabing idedate kita?

Me: YOU @SS!!!

Kevin: Wala pa talaga akong plano. Seriously.

Me: Whatever. Dyan ka lang ah.

Kevin: San ka pupunta?

Me: I'll cook some soup for you, dumb@ss.

Kevin: May sakit na nga tapos... (-\_\_\_\_-)

Me: Kasalanan mo naman kasi!!! Wag kang aalis dyan!!! Uupakan kita!

Nabawasan naman kahit pano yung kaba ko. At least walang masamang nangyari sa kanya! Now.. I must cook some soup for him. Sus, ang dali lang naman nun eh! May mix naman dyan na tutunawin mo lang sa tubig.. then ihahalo sa kumukulong tubig.. soup na! XD

May pakanta-kanta pa ako habang naghahalo ng soup. Hmmm... mushroom soup! Sana naman okay to sa k--

"AAAAAAAAAAAAAAAAAAAAHHHHH!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!"

SOMEONE HUGGED ME FROM BEHIND!

"Wag ka ngang sumigaw, para kang nirerape dyan eh!!!"

Me: \*palo sa braso\* T@nga ka pala e!!! Bakit ka bumangon?!?!?!?

Umikot ako para makita ko yung facial expression nya.. at take note, nakayakap pa rin sya sakin (LENG'S NOTE: OY ANO YAN!?!?! HAHAHAHA kruu)

Kevin: Ehh.. ayoko mag-isa sa loob..

Me: Ang tanda-tanda mo na!!! Baka nahihii--

Bakit hahalikan na lang nya ako pag gusto nya kong patahimikin? Nakakahalata na ko ah!  
Parang walang sakit 'to, wagas lang ah!

Kevin: Haaayy.. Felt better :>

Me: Pag ako nagkasakit dahil sa'yo..

Kevin: Okay lang. Ayaw mo nun, till sickness do us part?

Me: I therefore conclude na nagiging t@nga ka nga pag may sakit ka.

Kevin: Eto talaga.. \*pinches my nose\*

Me: NOT FUNNY!!

Kevin: Just so you know.. I don't regret what I did last night.

Me: I REALLY REGRET KISSING YOU LAST NIGHT. May choice naman kasi tayo sa loob ng sasakyan diba?

Kevin: Basa na rin tayo nun.

Me: Don't be such a smart@ss!

Kevin: Ah basta.. okay lang sakin na may sakit ako.. maganda naman kasi ang nurse ko ngayon :)

Me: Hahaha wag kang mambola ngayon please

Kevin: Di nga, seryoso ako. Bihira ka lang naman maging nurse type eh. Kulang na lang sayo.. uniform..

Me: STOP IMAGINING ME IN A NURSE UNIFORM!!!

Kevin: Now you gave me an idea \*smirks\*

Me: Nako, hindi ata lupus ang sakit mo. PERVERT DISEASE NA ATA!!!

Kevin: Suuus.. \*kisses me on the nose\* Nasabi ko na ba sayo na mahal kita?

Me: You don't have to say it everytime. I can feel it.

Kevin: But can I show it? \*evil grin\*

Me: :O OH MY GOD MALALA KA NA!!! IBUBUHOS KO TONG SOUP SAYO!!!!

Kevin: \*laughs\*JOKE LANG!!! Sige na nga, babalik nako dun sa loob. Baka mamaya kung ano pa gawin mo sakín eh!

-

Mas tumaas pa yung lagnat nya kaya mas natakot ako.

Me: That's it. I'm taking you to the hospital.

Kevin: Ayoko.

Me: Kevin don't be stubborn.

Kevin: Sawang-sawa na ako sa ospital, Jersey. Isang taon akong tumira dun. Give me a break.

Me: Oh shut up!! Ayan ka na naman eh. Tigas ng kokote mo! What if serious na y-

Kevin: I am taking my medicine. I am fine.

Me: YOU ARE NOT FINE!!! 40 na nga yang temp mo, fine pa ba yan? What if lupus na naman yan or something?!?

Kevin: Jersey...

Me: I AM WORRIED HERE, OKAY? So please.. let me take you to the hospital. Please? I am worried. Baka mamaya kung ano pang mangyari sa'yo dito.. makokonsensya ako.

Kevin: I am fine, seryoso ako.

Me: Please Kevin? Do this for me. Please?

Kevin: \*sighs\* Fine. Pero kung wala lang 'to, uuwi na tayo ah?

Me: Of course :)

--

Pinagsstay ng doctor si Kevin sa St. Luke's overnight para mamonitor yung lagnat nya. Baka kasi sign yun ng kung anumang organ failure. After ng full body check-up, dinala sya dun sa room nya. Ramdam ko yung pagod at stress nang umupo ako sa may tabi nya.

Kevin: It's like Germany all over again. \*laughs bitterly\*

Me: Kevin..

Kevin: Sorry. Namiss ko lang siguro kabitan ng dextrose.

Me: I hate your sarcasm.

Kevin: Me too.

\*silence\*

Me: Are you gonna be okay?

Kevin: Of course. Sabi na sayo eh, wala lang 'to. Uuwi na tayo after this.

Me: Overnight nga e, overnight. Hina talaga ng utak mo pag may sakit.

May pumasok na nurse na may dalang gamot na iinumina ni Kevin after an hour. Nang umalis yung nurse..

Kevin: Nakawin mo nga yung uniform nun. \*grins\*

Me: May sakit ka na nga ang bastos mo pa rin.

Kevin: Joke lang! \*closes his eyes\*

Ang daming kung ano ang pumapasok sa utak ko. Nakakainis! I am overthinking again.

Kevin: \*eyes still closed\* Don't overthink about this.

Me: How did you know that I'm overthinking?

Kevin: I can still see you without using my eyes. Besides, I can feel the tension in you.

Me: I am not tensed!

Kevin: Pwede favor?

Me: Basta that does not involve stealing uniforms, I'm on it.

Kevin: Tabihan mo ko dito please. \*pats the bed\*

Ginawa ko naman yung request nya. Actually I'm relieved when he asked me to do that. Mas naassure akong walang mangyayaring masama sa kanya. He enveloped his arms around my waist.

Me: Kevin..

Kevin: Yes, Debs?

Me: Are you gonna die?

Kevin: \*smiles\* Sabi nga ng The Smiths.. To die by your side is such a heavenly way to die, diba?

Me: Shut up. I'm serious.

Kevin: Bakit mo naman natanong?

Me: You see.. kahit sinabi mong monitored mo yang sakit mo.. hindi ko pa rin napigilang magsearch about your sickness..

Kevin: Ang tigas talaga ng ulo mo, noh?

Me: Natatakot lang kasi ako.. I feel threatened. Honestly, hindi ako takot sa mga babae na pwedeng umagaw sayo mula sa kin eh. Mas takot ako sa sakit mo.. yun kasi hindi ko naman pwedeng sabunutan yun. Mahirap kalaban yan e. Madaya.

Kevin: Sa tingin mo ba magpakuha ako completely sa sakit ko? Jersey.. I'm doing everything I can just to treat this. So far I am good. Sabi ko nga sayo, mabubuhay pa naman ako ng normal eh. Lahat gagawin ko para mas matagal tayong magsasama. Binigyan tayo ng second chance, hindi ko sasayangin yon.

Me: Siguraduhin mong gagawin mo lahat ah? Ako rin, I will help you. We'll fight this together.

Kevin: Basta.. hindi ako mamamatay, Debs. Alam ko kasing maraming manghihinayang.

Me: \*hugs him\* Kapal! Basta eto lang.. wag na wag mong gagawin yung ginawa ni Gerard Butler sa PS I Love You ah! Wag mo ko ipapamigay!!!

Kevin: Gusto ko namang maging masaya ka.. baka gawin ko yun. Tapos ibibigay kita kay..

Me: KANINO?

Kevin: Akin na lang yun :)

Me: AT DAHIL DYAN GAGAWIN KO LAHAT PARA MAGING MABUTI KA. HINDI MO KO PWEDE IPAMIGAY!!!

Kevin: \*laughs\* Baliw. \*kisses me on the forehead\* Araw-araw na lang.. you never fail to amaze me.

Me: IKR. I am amazing like that.

Kevin: Teka.. inaantok nako. Gisingin mo na lang ako after an hour ha?

Me: Inumin mo na kaya yung gamot. Malapit na kaya mag one hour!

Kevin: Sige. \*inabot ko sa kanya\* Yan na ah. Pwede nakong matulog?

Me: Sure. Patabi ako ah?

Kevin: Sure. \*closes his eyes\*

Me: Hey.

Kevin: Hmm?

Me: I love you. Now get better, okay?

Kevin: I will. For you.

--

Eventually wala naman talagang connection yung lagnat ni Kevin. Thank you talaga Lord! The best ka :"> Naabutan pa nga kami nung doctor na magkatabi sa kama. Hiyang-hiya naman ako sa itsura namin ni Kevin! "Ayos ng Valentines nyo ah," pahabol ni doc habang pumipirma ng release form si Kevin.

"Sabi na sayo eh, wala 'to!" pagmamalaki nya sakín. Siya na nagdadrive! "Tara, san tayo?"

"Teka Kevin.. I'm not feeling well." Seryoso. Ang sama talaga ng pakiramdam ko. Habang chinecheck-up si Kevin ganun na nararamdaman ko eh. Feeling ko nilalagnat nako.

"Come on, let's bring you home."

--

Ang bigat ng pakiramdam ko nang humiga ako sa kama. Todo asikaso naman sakín si Kevin.

Me: Siguro.. sinadya mo akong hawahan noh? \*sniffs\*

Kevin: Medyo.

Me: @ss.

Kevin: So.. Happy Sakiting Valentines Day to the both of us!

Me: I'm sorry I ruined this day. First Valentines pa naman natin together!

Kevin: Okay lang.. actually wala akong plano ngayong araw. Tatanungin na lang sana kita kung anong trip mo. Kahit out of the country pa yan!

Me: Nakakainis to!

Kevin: E ganun nga plano ko eh!

Me: Looks like we're stuck here today.

Kevin: Wag ka ngang nega dyan. 10:33 am pa lang! Magpagaling ka, tas gagala tayo.

Me: Wag kang aalis ah! Lagot ka sakín!

Kevin: Naman. Matulog ka lang dyan, debs.

--

Nagising ako around 7:50 pm na..

Dahil may amoy sunog.

Lumabas agad ako ng kwarto at dumiresto sa kitchen. Sumalubong sakín ang usok na mula sa oven..

Me: \*coughs\* KEVIN!!! WHAT IS THIS!!!

Todo paypay naman si Kevin ng usok. Naka-apron si Kuya!! At sinilip ko yung counter top.. puno ng kalat!

Kevin: I forgot to set the timer off!

Me: Para san 'to?

Kevin: Nagbake ako ng cake, okay? And since I don't know how to bake.. ayan nangyari.

It's so refreshing to see Kevin like this. Mga prito at silog lang naman ang alam nyang lutuin! Pero gayon? Nagbebake na!

Me: \* lapit sa kanya\* Ba't mo naman naisipan na magbake? Buti hindi nabuksan yung sprinklers!

Kevin: I want to make this day somehow special for us.

Me: And you want to make it special by burning my condo unit? \*he frowns\* Joke lang! Kamusta naman yung cake mo?

Kevin: Malamang epic fail. Yung isa sunog.. lalo naman tong isang to.. Tas ito.. \*kinuha yung medyo ayos na cake\* Medyo matabang.

Me: Patikim nga ako! \*tikim\* SHET!!! ANONG NILAGAY MO DITO?!

Kevin: Sinunod ko lang naman yung nasa recipe ah!

Me: Ano yung a pinch of salt mo?

Kevin: \*kinuha yung lalagyan ng asin\* Eto.

INANGYAN. PINCH NA YUN SA KANYA? E DAKOT NA YUN AH!

Me: Oh my goodness. You are really hopeless!



Kevin: Ganon? \*pihiran ako ng batter sa mukha\* Hopeless pala ah!

Me: @SS!!!

Ganun lang ginawa namin, naghabulan lang kami sa kitchen. Para lang kaming naglalaro ng paintball, na chocolate batter ang gamit na bala.

\*after 30 minutes\*

Dinaanang bagyo ang kitchen ko. Nagtatago si Kevin sa may table tapos ako naman sa may living room. May hawak akong takip ng kaldero, pangshield.

Me: KEVIN! \*gapang papunta sa kitchen\* I'm putting the lid down..

Kevin: I WON'T SURRENDER!

Me: Wag ka ngang OA dyan! Ungas! \*baba ng lid\*

Pagbaba ko ng lid.. saka ba naman nya ko binato ng batter!

Me: \*hinampas sya ng rolling pin\* You sneaky pervert!

Kevin: \*hinuli ako\* I win.

Me: Sneaky!

Kevin: \*kisses me on the neck\* Hmmm.. this tastes good.

Me: Don't do anything weird.

Kevin: Hmm.. this is the best cake I've ever had. Really.

Me: Oh great. That's not even a cake. Batter yan na pinahid mo sakin.

Kevin: That's why it's the best cake ever.

Me: Shut up!

\*phone rings\*

Kevin: \*tingin sa relo\* Just in time! Tara!

Hinigrit nya ako palabas, papunta sa parking lot.

Me: Ano na naman to? And look at us! Mukha tayong t@nga!

Kevin: Okay lang! Tara!

Madilim sa parking lot nang dumating kami. Nandun kami sa may tapat ng kotse nya. Okay this is definitely weird..

Kevin: Akala mo wala akong surprise?

Me: WHAT IS THIS NOW?

Kevin: I know you want to see them live.. kaso palagi kang may trabaho kaya.. I brought them here.

Me: Here.. who?

At ang nakakagulat na part? Biglang bumukas lahat ng headlights ng mga sasakyan dun. Halos masilaw na nga ako eh!

Me: Ano na nam—

I was interrupted by the sound of a violin.

Me: YOU'VE GOT TO BE KIDDING ME!!! ARE TH-

Kevin: \*smiles\* Manila Philharmonic Orchestra, debs. I know that you want to see them.. so here.

SHET KINIKILIG AKO!!! :"">

He took my hand and we started to slow dance.

*The storms are raging on the rolling sea*

*And on the highway of regret*

*The winds of change are blowing wild and free*

*You ain't seen nothing like me yet*

Me: Thank you for this, Kevin. I..

Kevin: Anything for you, love. Happy Valentines Day.

Me: I love you.

Kevin: I can feel it. That's why it's so special to me.

*I could make you happy, make your dreams come true*

*Nothing that I wouldn't do*

*Go to the ends of the earth for you*

*To make you feel my love*

*To make you feel my love*

## **Chapter 38**

(JICKER'S POV)

ANO, NAMISS NYO KO?

I KNOW RIGHT! AKO PA? XD

Busy ako nung Valentine's eh. Kadate ko si Mamang! :) WAG NA WAG NYONG AAYAING MAGDATE YAN!!! LASPAGAN KUNG LASPAGAN!!! KUNG ANU-ANO ANG SINABI SAKIN ABOUT SA LOVELIFE NYA!!! WELL ANYWAY, hindi yon ang highlight ng Valentine's Day ko. Kasi may isa pang singit. Panong singet? In form of the Queen B\*tch, Blanche.

ETO NA NGA!!!

FLASHBACK: VALENTINE'S DAY

Sa mga may kadate, may syota, may asawa na magcecelebrate ng Valentines ngayon.. eto lang masasabi ko:

LOVE IS OVERRATED. MAGHIHIWALAY DIN KAYO!!!

Ay, ang lalim ng pinaghuhugutan? TALAGA!!!! Ang sarap kayang magcelebrate ng Valentines Day mag-isa! Pwede kang kumain sa sosyal na restaurants na mura lang (kasi isa lang babayaran mo), solo mo lang yung chocolates (walang aagaw), walang tuyong bouquet ng roses after a week... AT NAKAKASAWA KAYA YANG CUTESY LOVEYDOVEY ATMOSPHERE!!! Panandalian lang yan guys!!! WAG NGA KAYO!!!

Okay Jicker, inhale exhale. Masyado ka atang tensed ngayon. NAMAN!!! SINO BANG HINDI MATETENSE SA ATMOSPHERE NGAYON!? Ang hirap kasi sa tulad kong napakaganda.. aba, habulin ako.. ng mga TEH!!! Kung sinu-sino na lang ang nakakasalubong ko na nagtatanong "Jicker kahit gay ka pwede bang magdinner tayo?" PLEASE LANG ATE BAGO KA MAG-AYA NG DATE HELLO MAGPA-THREAD KA MUNA NG EYEBROWS MO!!! SARAP I-HARVEST EH!! NAKAKAINIS!!! Buti na lang natakas ako ni Mamang ng morning, kaso katakut-takot na litanya naman ang nahigilap ko.

(-\_\_\_-") MAS OKAY NA YUN KESA SA MGA TEH NA NAGHAHABOL NOH!!!

Ang pinakastressor sakin? No other than the Queen B\*tch Blanche. Di ba ang cute lang ng nickname ko for her today? HINDI CUTE SAPAKIN KO KAYO EH.

Sige na nga, simulan ko na ang epic naming Valentines Day kuno ni Blanche.

PS: Hindi kami nagdate.

-

Hapon kasi yon nagstart, after ng date namin ni Mamang. Since nakaubos na sya ng 3 rolls of tissue paper, natapos na ang date namin. Saktong may gig ako that night sa Roxas Boulevard! Anong gig? Lovapalooza. Inangyan. Bakit sakin pa kasi napunta to!?! Si Jersey ewan ko kung nasaan. Si Marlo busy. Nakakainis laaaaaang! :O

So yun nga, sumaglit ako sa studio para kunin yung lens ko. Kaya ko 'to nakalimutan kasi tinaranta ako ni Mamang umalis last night. Paalis na ako nang..

"HI JICKEEEEEEEEEEEEEEEEEER!!!! :>"

SH\*T NOT AGAIN. Kunwari wala akong narinig. Si teh pumasok naman as if sya ang may-ari nitong studio!!!

"HI JICKER! :>"

Ako: \*sarcastic\* Hay nako. Ilang beses ba kita kailangang i-flush?

Blanche: \*confused\* Ha? Why?

Ako: PARA KA KASING TAE NA AYAW LUMUBOG. MCARTHUR BA.

Blanche: What's.. that?

Ako: AY GOODNESS! SA GERMANY KA NGA PALA TUMIRA. DOUGLAS MCARTHUR. I SHALL RETURN RING A BELL?

Blanche: I don't have any idea what you're talking about.

Ako: Ewan ko sayo. Bakit ka ba nandito?

Blanche: It's Valentines Day!

Ako: Alam ko. Tignan mo yang shop sa harap. HAPPY VALENTINES DAY. Hindi naman siguro ako bulag diba?

Blanche: Eto naman masyadong bitter...

Ako: Hampasin kita ng kundol dyan e!

Blanche: What's kundol?

Ako: Maghanap ka nga ng ibang kausap! Hindi kinakaya ng napakatalino kong utak!!!

Blanche: Hmmpp! Sungit!!

Ako: Ngayon mo lang nahalata?

Lumabas nako at grabe si teh, sinundan lang ako!!

Ako: Blanche tumigil ka itutulak kita sa kalsada!

Blanche: Can you really do that?

Ako: AT AKO PA HINAMON MO?

Blanche: Can you warn me if it's a sarcasm? Kasi hindi ko talaga madifferentiate ang sarcasm mo.

Ako: Ayoko nga.

Blanche: Tara, date tayo!

Ako: (O.O) (o.O) MUKHA MO TEH! FEEL MO MAGANDA KA!!!

Blanche: MAGANDA NAMAN AKO AH!!!

Ako: SINO NAGSABI?!?! SINUNGALING NANAY MO!!!

Blanche: You're mean.

Ako: Lumayo ka kasi sakin. Para hindi ka na kawawa.

Blanche: Dali na Jicker.. minsan lang naman eh!

Ako: ANONG MINSAN?!?! NEVER!!!

Nakakainis! Coding pa ako ngayon kaya magcocommute ako. Huhuhu why is this happening to me.

Blanche: Bakit ayaw mo ba ako kadate ha? Sige ka idedate ko si Kuya Kevin!

Ako: KAPAL NG FEZ MO! HINDI SUKA ANG KEVJE NOH!!

Blanche: Whaaat? Suka, as in vinegar?

Ako: HINDI SILA SUKA, KAYA WAG KANG MAKISAWSAW!!!

Instead na mainis, natawa pa sya sa sinabi ko.

Ako: Ba't ka tumatawa?

Blanche: Nothing. I just love your comebacks. You're so witty.

Ako: Really? Expect more. Kung ayaw mong mainis forever, matuto kang lumugar.

Iniwang ko na sya sa street. Tumawid nako. Imbyerna!!! Nagmamadali akong pumunta sa may kotse ko para makaiwas kay Blanchita kaso.. naunahan pa nya ako.

Ako: LUMILIPAD KA BA?

Blanche: Bilis ko noh? :>

Ako: Ikaw lang natutuwa sa sarili mo teh. Wag ka nga!

Blanche: Eeeehhh Jicker naman! San ka ba pupunta?

Ako: KAHIT SAAN BASTA WALA KA DON OKAY?

Blanche: Bakit ang mean mo?

Ako: Itanong mo sa sarili mo, ikaw kasi problema ko. \*opens car door\*

Blanche: Ako? \*opens back door\*

AT ANG BWISET!!! SUMAKAY SA SASAKYAN KO!!!

Ako: BUMABA KA NGA!!!!

Blanche: Eeeehhh I don't want! Wala akong sasakyan!!!

Ako: Pano ka napadpad sa studio?

Blanche: I took a cab.

Ako: E di ganun ka rin umalis! CHE!!!

Blanche: Please take me with you? Please please please!!!! Hindi ko kasi macontact si Kuya Kevin eh.

NAKO ANG AGENDA TALAGA NG BABAITANG 'TO!!! MALUPET!!! NYETAAAAAAA!!! HUMANDA SYA!! May plano pa syang guluhin ang Valentine's ng KevJe? LUL NYA!!!

Ako: OKAY OKAY OKAY!!! WAG KA LANG MAINGAY!!!! WAG KA NGANG MAGULO!!

Blanche: YEHEEEEEY! :>

Buti na lang tumahimik sya habang nagdadrive kami. Sarap lunurin nito sa Manila Bay! Kung pusa lang sya matagal ko na syang iniligaw!!! Bahala na nga! Di bale nang maimbyerna ako, wag lang sina Jersey! AKO NA LAAAAAAAAAAAAANG!

Sa kalagitnaan ng trip..

Blanche: I have a question!

Ako: Ano?

Blanche: Anong type mo sa babae?

Ako: Yung di malikot pag kinukulot ang buhok.

Blanche: I AM SERIOUS HERE

Ako: Eh seryoso nga ako! Tingin mo sakín, clown? Hoy teh, I'm not into lesbianism.

Blanche: You may say that you're gay.. pero hindi ka nadedetect ng gay-dar ko.

Bigla akong nanlamig sa sinabi nya. Shet lang, katulad nung sinabi sakín ni Jersey dati! Ano bang meron!!!

Ako: Wag nyo kong isama sa mga beki na nadedetect ng gay-dars. Please lang, I'm unique.

Blanche: Just like the others? Come on. I don't believe that!

Ako: HINDI PA BA SINISIGAW NG HIGHLIGHTS KO ANG PAGKA-GAY KO!?!? TEH HELLOOOO!?!?!?

Blanche: Basta I am not convinced! YOU ARE NOT GAAAAAAAAAAAAAY!

Ako: Gusto mong bumaba dito? Upakan kita e.

Blanche: Fine I'll shut. (-\_\_\_-)

SALAMAT AT TUMAHIMIK NA RIN SYA. Sana matinong kausap 'to noh? Baka mamaya di ko macontain ang sarili ko na lunurin sya! Kung mababasa nyo lang siguro ang mga iniisip ko ngayon.. nako, matatawa lang kayo! Kainis. Medyo traffic pa ngayon. Nice one! More moments with this Blanchita (-\_\_\_-)

Almost 2 hours din kaming na-stuck sa traffic! AT 2 HOURS NYA AKONG DI KINULIT!!! NAKAKAUSAP PALA 'TO NG MATINO EH HAHAHA! STRESS!!! Di ko nga alam kung bakít kinuha ko 'tong gig na 'to for Close-Up. Parang kanina lang ang bitter bitter ko!!!

Blanche: \*nag-unat\* Nandito na tayo?

Ako: Magpakalunod ka na. Gora!

Blanche: \*pouts\* MEAN!

Ewan, natatawa ako sa itsura nya. May pout pang nalalaman! Di bagay! Pinabayaan ko na lang sya na sumunod saakin. Mas mabuti na 'to kesa sina Jersey ang sinusundan nya. Sorry naman kung may hint ng pagiging martyr tong drama ko. Ayaw ko lang na may mangyari pang kung ano. Malulungkot nako nyan. (-\_\_\_-)

E di ba ang daming tao! Mga taong mamaya lang e makikipaghalikan para makagawa ng bagong Guinness Record. Ako lang ba ang bitter? Anyway, pumunta na ako sa may stage para gawin na yung trabaho ko.

Blanche: JICKER!!! WAG MO NAMAN AKONG IWAN!!!

Ako: \*napalingson\* KUNG BILISAN MO KAYANG MAGLAKAD!!!

Tumigil sya saglit sa paglalakad. Mas nainis ako. PA-IMPORTANTE! ANG SAKIT NYA SA GULUGOD!! Mapapagalitan ako nang dahil sa kanya e! Ayan, binalikan ko si Ateng paimportante at hinila sya.

Blanche: W-wait lang naman! Why are you dragging me?

Ako: EH KASI NAGMAMADALI NA AKO!!! ANO BA LIABILITY!!!

Blanche: Hindi naman kita iiwanan ah!

Ako: HINDI AKO NANINIWALA SA'YO! \*hinigpitan yung hawak sa wrist\* P\*TA WAG NA MABAGAL LATE NAKO!!!

Natahimik na lang si Blanche at sumunod saakin. In fairness ah, tahimik lang sya! Ni hindi sya umirit o nagreklamo habang nagsushoot ako. Dun lang sya, nakatayo. May ilang lalaki na lumapit sa kanya (iba jeje) na hinihingi yung # nya. At si teh, hindi namamansin! TARAY! Mas mahaba pa nga yung oras ng binyaha namin kesa sa mismong gig. Halos isang oras lang! Nang balikan ko si Blanche, ayun sya, nakaupo sa may backstage, nagbabasa ng kung ano sa phone nya.

Ako: Ano, dyan ka na lang?

Blanche: Pauwi ka na ba? I need a lift.

Mukha namang kawawa si Blanche kaya sinabay ko na sya pauwi. Dun pa rin sya sa backseat nakaupo. Sinubukan naman nyang tumabi saakin kaso naman goodness! Asaness naman please! Stressed na nga ako!!! Baka mabunggo pa kami! Sabi nya sa may studio na lang sya bababa, magtataxi na lang sya pauwi ng condo nya. WELL BUTI NGA!!! AYOKO SYANG IHATID SA KANILA NOH!!

\*sa may studio\*



Blanche: Jicker! Thank you for tonight! :">

Ako: Wag ka ngang masyadong feeler dyan. Hindi date yon ah.

Blanche: Para sakín date na yun!!! \*Smiles\*

Ako: MANGARAP KA!!!

May kinuha syang something sa bag nya. Isang red velvet cupcake na nakalagay sa isang dome something na container.

Blanche: \*inabot sakín yung cupcake\* Happy Valentine's Day!!! :)

Ako: MAY LASON TO NOH? O GAYUMA?

Blanche: Sige na Jicker, tanggapin mo na. Binili ko lang yan on my way here. Token of appreciation ko!

Ako: AY HINDI KO NA KAILANGAN NG TOKEN!!!

Blanche: \*smiles\* Please?

Ako: SHET ANG NEEDY MO AH! \*kinuha yung cupcake\* MASAYA KA NA?!?!

Blanche: OMG OMG!!! \*tili\* THAAAANK YOU!!!!!!

And she did a very veery creepy thing.

She kissed me on the cheek.

Ako: Omaygad may laway PAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!! RAPE!!! RAPE!!!

Blanche: BASTA THANK YOU TALAGA JICKER!! YOU MADE THIS DAY SPECIAL!!!

Ako: MAS MAGIGING SPECIAL TO!!!! INANGYAN.. GUSTO MO ATANG HUMABOL SA UNNAS EH!!!

Aba, imbes mainis o matakot si Teh, mas lalo pa syang napangiti. May sapak na talaga sya ohnoes!!!

Blanche: \*smiles\* Seriously, thank you for tonight. Goodnight! :)

Umalis sya na parang timang na naghohop. Shet. Isip bata? AND TO THINK NA HINALIKAN NYA KO!!! BUTI SA PISNGI!! OH MY VIRGIN LIPS!!! Isa pa talaga Blanche, bibingo ka na sakín. Humanda sya.

---

(JERSEY'S POV)

HAAAAAY VALENTINE'S DAY HIGH! ?

Ako na ang kinikilig! Sorry, may Valentine's High pa rin ako. Kahit medyo masama pa pakiramdam ko. Okay laaaaaaang! :) Kakarating ko lang sa condo ko from LB. Haaaay bakit ba ako kinikilig? Sorry naman guys! :>

Okay, napabalik ako ng QC agad dahil sa tinext sakin ni Jicker. Hinalikan daw siya ni Blanche?! EXCUSE ME LANG AH! AKO LANG PWEDENG HUMALIK KAY JICKER!!! (WAG NYO TONG SASABIHIN KAY KEVIN PLES HAHA! :D) Ano ba talagang problema sakin ng babaeng yon ah? Masyado syang epal!!!

\*beep beep\*

From: Kevin

Katip ka na?

I replied. Yep. Bakit?

Pupunta si Blanche sa condo ko. Wala silang tubig ulit.

WHAT THE EFF?!?! ANO BANG MERON SA CONDOMINIUM NI BLANCHE HA!?!?! SA GUTTER LANG BA SYA NAKATIRA KAYA WALANG STEADY SUPPLY OF WATER!!! GOODNESS NAKAKAGALIT!!! Bahala na. Papunta pa lang ata yung Blanchitang yon sa condo ni Kevin eh. Talaga 'tong babaeng 'to namemersonal na eh. Hindi na ako natutuwa sa kanya! Sa sobrang inis ko.. may naisip lang akong gawin. Pumunta ako sa condo ni Kevin para gawin yung plano ko. HAHAHAHA =))))

---

2 HOURS LATER

From: Kevin

Nandun na si Blanche. Wag mong aawayin, okay? :)

Mabait ako. Ano ka ba ;)

HEHEHEHEZ KUNG ALAM LANG NYA!!! Pumunta ako agad sa condo ni Kevin. Sisilipin ko lang sya :)

Saktong nasa CR sya. Exactly what I wanted!!! :>

Me: \*katok\* Blanche?

Blanche: \*medyo nairita\* WHAT?

Me: Can I come in? Naiihi nako eh!

Blanche: Bakit hindi ka sa condo mo mag-CR?

Me: Nandito nako!!! Please?

Bumukas yung pinto. Ayun si Blanche, bagong ligo. Naka-bath robe pa sya, na kasalukuyang naghihilamos.

Me: Sorry!

Blanche: Ano pa bang magagawa ko, ikaw girlfriend! \*rolls eyes\*

Me: IKR! \*punta sa may toilet\* Wag mo kong sisilipan!

Blanche: As if!!!

Hindi naman talaga ako naiihi eh. Gusto ko lang talagang makapasok sa CR. Pinakiramdaman ko muna kung ano na ang ginagawa nya. Nung feeling ko na malapit na syang magtoothbrush.. lumabas nako.

Me: Thanks!

Blanche: \*bitchy stare\*

Me: Hey. Mahilig ka palang mangolekta ng Polaroid cameras? Nakita ko kasi yesterday yung gift mo kay Kevin for Christmas eh.

Blanche: \*inaudible\* Naman!

Me: Actually I am a collector, too! Kaya nga pala ako pumunta dito para manghingi ng advice.

Blanche: \*inaudible\* Pwede bang mamaya na lang? Nagtutoothbrush ako eh!

Me: \*kunwari di ko naintindihan\* Uhhh take a look at these shots! \*nilabas yung prints\* Minimalist ang approach ko pag gumagamit ng Polaroid eh. Look! May subject ako kanina. I think makakarelata ka kasi nagtutoothbrush ka rin naman ngayon.

Blanche: \*taas kilay\*

Me: Ang subject ko ay walang iba... TOOTHBRUSH! You see, maraming pwedeng paggamitan ang toothbrush. Pwede mo syang gamitin na panlinis ng slippers.. \*pakita ng picture\*, ng sink \*pic\*, ng freezer \*pic\*, ng plato \*pic\* and pwede mo rin syang gamitin na toothbrush for... DOGS!! \*pic\*

Nganga si Blanche sa nakita nyang pictures. Bakit?

Kasi yung toothbrush na ginamit ko for the pictures ay yung mismong toothbrush na ginagamit nya ngayon. Imagine her horror! Hinagis nya agad yung toothbrush at nagmumog!!!

Blanche: YOU B\*TCH!!!! HOW DARE YOU!!!

Me: Serves you right, Blanche. Stop messing with Jicker or else.. hindi ko na alam kung anong gamit mo pa ang ipangpupunas ko sa kung saan!!!!

Iniwang ko sya na nagmumumog pa rin. Payback's a b\*tch, Blanche. Umayos ka. Konti na lang uupakan na kita.

---

SATURDAY

(NORMAL POV)

Saturday night ang opening ng photo exhibit ni Marlo sa Ronac Art Center. Syempre, invited sina Kevin at Jersey. Nasa condo ni Kevin ang dalawa, nag-aayos.

Kevin: \*nakatingin kay Jersey, na nagmamake-up\* Bakit ganun, pag may lakad tayo hindi ka naman nagpapaganda ng ganyan (-\_\_\_-)

Jersey: \*laughs\* Sira! Bakit ka na naman ba nagdadrama dyan ah? Syempre event 'to! Dapat presentable ako.

Kevin: So ako hindi presentable?

Jersey: \*harap kay Kevin\* At san mo gustong pumunta tong usapan natin ha?

Kevin: Tsss.

Jersey: Ayaw mo ba talaga kay Marlo?

Kevin: Hindi ba halata? Excited na nga akong pumunta dun eh!

Jersey: I HATE YOUR SARCASM

Kevin: My sarcasm loves you, too.

Jersey: Kevin, hindi naman naging kami ni Marlo! I mean, we dated for a while..

Kevin: Ilang dates?

Jersey: 4 dates?

Kevin: AH IBA NA YAN PAG UMABOT SA APAT NA DATE

Jersey: Knock it off, will you? And please, wag mong isasama si Mong dito ah. Please lang.

Kevin: Buti pinatanda mo sakín! Magaling!

Jersey: \*sighs\* Kevin naman.. wala namang ginagawa si Marlo eh. Ni hindi na nga kami nagkikita sa studio dahil busy sya sa exhibit nya!

Kevin: Oo na, busy na si Bali Boy...

Jersey: ANG KULIT!!! Try mo kayang kilalanin si Marlo. He's not what you think he is.

Kevin: Try mo ring kilalanin si Mabee.

Jersey: \*inis\* STOP CALLING HER MABEE!!! NAKAKAINIS!!!

Kevin: Tss. Tignan mo 'to!!!

Jersey: \*kisses him on the cheek\* Mag-aaway na naman tayo dahil sa kanila?

Kevin: Oo na hindi na magaling ka kasi. Pasalamat ka..mahal kita kundi..

Jersey: Kundi ano? :>

Kevin: Wala! \*laughs\* Magiging matino ako tonight. Promise.

Jersey: Good. I'm counting on you, Pangs ;)

--

MEANWHILE.. SA STUDIO.

Harrassed na harrassed na si Jicker. May meeting sya sa isang magazine kanina for some shoot bago ang exhibit ng bestfriend nya. Dun na nga sya nagpalit sa studio eh! Buti na lang hindi traffic sa may Greenhills ngayon. Stressed lang talaga sya.

Isasarado na nya yung pinto ng studio nang..

"HI JICKER!!!!!"

Jicker: \*sighs\* Now is not a good time, Blanche. Sa ibang araw ka na lang maghasik ng lagim.

Napansin ni Jicker na nakabihis ang loka.

Jicker: Ba't ganyan naman ang arrive mo teh?

Blanche: I'm going with you! :">>

Jicker: ('o') SAY WHAAAAAAAAAAAAAAT?!

Blanche: Eh.. nabasa ko kasi sa Twitter account mo na may exhibit kang pupuntahan. I love exhibits!!

Jicker: So what kung love mo ang exhibits? Love ka rin ba nila?

Blanche: \*frowns\* Eto naman! Ang b\*tchy agad!

Jicker: Nagtaka ka pa..

Blanche: Look, mahilig ako sa art!

Jicker: \*whispers\* Halatang-halata sayo teh. Buhay na buhay ang kaartehan sa'yo!!!

Blanche: Gusto ko lang kasi makakita ng works ng Filipino artists. And.. I want to spend some time with you :)

Jicker: HOY TEH. Ayan ka na naman ah! Namimihasa ka na!

Blanche: EEEEEHHHHH!! Hindi ko kasi alam kung san yung Ronac Art Center na yun! Fine.. since ayaw mo naman akong kasama.. ano na lang.. isabay mo na lang ako dun then pagdating natin sa venue.. wag mo na lang akong pansinin. Deal?

Jicker: \*sighs\* Last na talaga 'to ha. Stressed ako sa'yo teh!

---

Mas naunang dumating sina Kevin sa Ronac Art Center.

Jersey: \*whispers\* You promised me.

Kevin: I know, I know. \*smirks\*

Jersey: Please Kevin, umayos ka.

Kevin: I love you, too.

Sinalubong naman sila ni Marlo.

Marlo: Jersey! Kevin! Buti nakarating kayo!

Kevin: \*shakes hands\* Ayos ng exhibit ah!

Marlo: Salamat salamat!

Jersey: Sige nga, tignan natin kung may napala ka sa Bali!

Marlo: Tignan mo pa! Feel free to roam around guys. Oh wait lang! Puntahan ko lang yung friend ko. Thanks for coming!

Kevin: Sige pre! Thanks for the invite. \*smiles\*

Nang makaalis si Marlo, siniko ni Jersey si Kevin.

Kevin: What? Ang ayos na kaya ng pakitungo ko! Sabi mo kasi, diba?

Jersey: \*smiles\* Dapat ganyan ka palagi, love. Pumupogi ka :)

Kevin: Wag mo nga akong bolahin! Tara, ikot na tayo. Mukha namang interesting ang shots nya.

---

True enough, humiwalay nga si Blanche kay Jicker pagdating sa Ronac. SA WAKAS!! Gumaan na rin ang pakiramdam ni Jicker!! Wala na syang bagga-

SHET. NAIWAN NI BLANCHE YUNG PHONE NYA SA KOTSE.

HASSLE!! Saktong ang daming tao sa Ronac. Pano nya hahanapin si Blanche dito?!?! Malamang di nya pwedeng tawagan, nasakanya nga yung phone. Ah basta! Bahala na nga. Makikita rin naman nya yun dito!

May kausap si Jicker na photographer friend nang makita sya ni Marlo.

Jicker: SHET KA ANG DAMING TAO! \*hampas\*

Marlo: Buti nga sila maagang dumating e!

Jicker: Wag ka ngang magdrama! At least nandito ang napakaganda mong bestfriend!

Marlo: \*laughs\* Baliw! \*napansin yung hawak na phone\* Bumili ka na naman ng phone?

Jicker: G@ga. May kasabay kasi ako kanina, naiwan nya sa sasakyan ko. Isa kasing t@nga yun eh!!!

Marlo: May lalaki ka na?!?!

Jicker: TIMANG WALA!!! \*hanap sa crowd\* Bahala sya! Ibebenta ko to sa Quiapo!!! Hoy kuha mo naman ako ng wine. Uhaw nako!!!

Marlo: Tekang lang ho boss!

Seconds later....

"OH MY GOODNESS JICKER!!!!"

Humahangos si Blanche papunta kay Jicker. Actually kanina pa nya hinahanap si Jicker. Hindi nya talagang sinasadya na iwan yung phone nya sa sasakyan nito.

Jicker: \*irita\* KUNG HINDI KA BA NAMAN KASI TANGA AT KALAHATI!!! NAIWAN MO PA TO SA SASAKYAN KO!!! \*binigay yung phone\*

Blanche: I AM SO SORRY! HINDI KO TALAGA SINASADYA PROMISE!!!

Jicker: TALAGA TALAGA? BWISET!!! NASAN NA BA YUNG WINE KO!!!

"TEKA LANG NAMAN KASI!! ANG DAMI KONG KAU---"

(O,o) (O.O)

Jicker: O Marlo buffering?

Nagkatinginan sina Marlo at Blanche.

Si Jicker naman medyo loading. Palipat-lipat ang tingin sa dalawa.

Jicker: AY NAKO KAILANGANG MAY INTRODUCTION TALAGA? Blanche, si Marlo. Bestfriend ko. Sya yung may exhibit ngayon. Tas Marlo, si Blanche. Bwiset yan Marlo! WAG KANG LALAPIT DYAN!!!

Hindi sila makapaniwala..

So.. kilala na natin si 70's Bistro Guy. Si Marlo nga yun.

Blanche: \*nataranta\* Uhh.. I'll roam around. See you, Jicker. \*tingin kay Marlo; alis\*

Jicker: Anyareh dun? \*inom ng wine\*

Marlo: I.. don't know.

---

Nang medyo nadistract si Jicker, sinundan ni Marlo si Blanche sa may dulong part ng exhibit.

Blanche: QUIT FOLLOWING ME!!!

Marlo: Pano mo nakilala si Jicker?

Blanche: None of your business.

Marlo: Don't tell me.. sya yung tinutukoy mo sakin? Sya ba?

Blanche: Shut up. Oh, now it dawned to me. Si Jersey yung babaeng kinwento mo sakin? And Kevin's the other guy? Please.

Marlo: Six degrees of separation?

Blanche: \*tingin kay Marlo\* Shut up, okay? Not funny anymore.

Marlo: Hindi naman ako nagpapatawa ah!

Blanche: You're so annoying.



Marlo: No. This can't be happening. You can't like Jicker. He's gay.

Blanche: He is not gay. I can feel it!! Now kahit ikaw pa ang may exhibit dito, please leave me alone.

Marlo: No.. I won't.

Blanche: Are you stupid? You can't force me to unlike someone! Ano bang problema mo ha?

Marlo: Problema ko? Ikaw. I can't stop thinking about you. Since that night.

Blanche: I can-.. SHUT UP! As if napaka-intimate nun! And it doesn't mean anything to me!

Marlo: Too bad, it means something to me.

Blanche: ('o') Look. I think you're just projecting your feelings for Jersey to me. You can't like me that fast! 2 drunken meetings and a kiss? Come on, Marlo. You're better than this.

Marlo: Dyan ka nagkakamali, Blanche. Alam ko kung anong ginagawa ko. So please.. watch your back. \*smirks\*

Hindi alam ni Blanche kung kikiligin ba sya o matatakot dahil sa smirk na yon.

--

Saktong nag-CR si Kevin nang lapitan ni Marlo si Jersey.

Jersey: \*surprised\* What's the matter, Mr. Hotshot?

Marlo: Sira. Listen.. I have to tell you something.

Jersey: Seryoso ka ba dyan?

Marlo: Yep. Ready ka na?

Jersey: \*inhale exhale\* Okay game!

Marlo: Tanda mo pa ba yung concert photography org na nabalitaan natin sa Grad School?

Jersey: Yung international chorva? Yeah. Why? Anong meron?

Marlo: May nakasama kasi akong isa sa officers nila sa Bali. Fil-Am. Then nakwento ko na nagpadala tayo ng shots before kaso hindi tayo nakuha. Sabi nya sakin icocontact nya ako if ever may gig or something..

Jersey: Then..

Marlo: Nung Wednesday nandito sya sa Manila. He told me na may gig sila and they need extra photographers.

Jersey: Okay.. continue..

Marlo: He got me. Pero pinilit ko sya na magdagdag pa ng isa. So pinakita ko sa kanya yung shots mo nung The Cure sa HongKong. He loved it. And he was wondering if you're up for the job.

Jersey: Ano munang gagawin?

Marlo: Uuh.. dun nila tayo sinasama sa next gig nila, this March. A week from now.

European tour ng U2.

Nganga si Jersey. Dream job nya talaga ang mapasama sa kung anumang tour ng U2!! Isa ba naman sa favorite band nya eh!!!

Jersey: OH MY GOD I'M IN!!! I'M IN!!!! WHERE WILL I SIGN!?!?! I'M IN!!!!

Marlo: \*smiles\* Di nga? Teka, hindi mo ba 'to sasabihin muna kay Kevin? I mean.. ako kasi kasama mo diba. Baka magka-issue na naman e.

Jersey: Basta, ako na bahala kay Kevin! I AM IN!!! DREAM JOB KO TO AND FANGIRLING MOMENT!!! WOOOHOOOO!!! U2!!!

Marlo: Sure ka ah? Tatawagan ko yung contact ko mamaya. Then baka 3 days from now ilalabas yung contract.

Jersey: OH MY GOODNESS I AM SO WAITING FOR THIS!!! THANK YOU TALAGA MARLO!!!

Marlo: You're welcome! Teka lang, sibat nako. Parating na boyfriend mo.

Nagtataka si Kevin nang dumating sya sa tabi ni Jersey.

Kevin: O ano na namang drama nun ah?

Jersey: \*smiles\* Nothing. Tara, let's check out the right wing! :D

---

From: 0927\*\*\*\*\*

Thanks for the ride earlier. Una nako :)

Nawindang naman si Jicker sa text na 'to. Sure syang kay Blanche yan! Ano yun, may multo silang kasabay kanina? BALIW!!! Medyo masaya si Jicker na aalis na si Blanche. Free na sya! Kaso.. may nasesense syang something na.. alam mo yun. Parang may mali kay Blanche. Kahit naghehesitate sya, lumabas sya ng Art Center para sundan si Blanche. At nakita nya nga ito, naghihintay ng taxi.

Jicker: TEH!!! YOOOHOOOO!!!

Sure syang narinig sya nito, kaso hindi lang lumingon si Blanche. Ay, drama!!! Nilapitan na nya ito.

Jicker: Teh! Ba't ang aga mo atang umalis?

Blanche: Why do you even care?

Jicker: ('p') TARAY MO AH!!! Di ba gusto mo ng art? AYAN ART!!! SANDAMUKAL NA ART!!! Hindi ka ba masaya?

Blanche: Why are you like this?

Jicker: HA?

Blanche: Kanina.. galit na galit ka sakín. Then nagtext lang ako.. tapos here you are, talking to me! Di ba you don't like me? Why do this?

Jicker: Hoy teh masama na bang magtanong? Para ka kasing suicidal e!

Blanche: Come on! You're making this hard for me!!!

Napansin ni Jicker na medyo naluluha na nga si Blanche. May nagawa na naman ba syang masama?!?!?

Jicker: Hoy teh kung may problema ka please lang wag kang papakamatay!!!

Blanche: \*laughs bitterly\* Talaga? You know what.. I'm starting to hate you.

Jicker: SABEEEEEEEEEEEEEE!!!! HATER KA PALA EH!!!

Blanche: \*medyo naiiyak na\* Alam mo.. nung una kitang nakita sa Bonchon.. narealize ko na importante ka kay Jersey.. that's why I pestered you. Yeah, I'm doing this para inisin si Jersey. Sama ko noh? Well anyway.. I succeeded. Nainis nga sakín si Jersey. Job well done. Kaso.. I can't explain this. I don't know what this is but.. dammit! Call me crazy pero madali akong maattach sa isang tao. And yung attachment ko sayo? Yun na ata ang pinakamalala sa lahat. Kahit puro pambabara at panlalait na lang sinasabi mo sakín? Naiirita ako oo.. pero.. goodness. Jicker natutuwa ako pag kasama kita. Ngayon ko lang ulit 'to naramdaman. Seriously. And this.. this feeling sucks. Because I said I'd never fall in love with you. I ate my words, now, I'm going to do the same to you, Jicker. Whatever it takes. You did this to me and I swear, you're gonna pay for it.

Parang napako na yung paa ni Jicker sa lupa.

May gusto sa kanya.. si Blanche? ANYAREEEEEEEEEEH DUN?!?!  
Bago pa sya makapagreact.. sumakay na si Blanche sa taxi.

At dahil dyan, simula na ng kalbaryo ng buhay ni Jicker.

--

## **Chapter 39**

---

MARCH 2

(JICKER'S POV)

Because I said I'd never fall in love with you. I ate my words, now, I'm going to do the same to you, Jicker. Whatever it takes. You did this to me and I swear, you're gonna pay for it.

TENGENEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEE!!!!

Ansaveh ng drama ni Blanche?!? Lechugas naman yan oh! Sa totoo lang kinabahan talaga ako after nyang sabihin yon. SHET MAYGULAAAAAAAAY!! Is she even serious? Excuse me lang teh, di tayo talo!!! Tsaka di hamak na mas maganda ako kesa sa kanya!!! Pati ano 'to, lesbianism?!? KAHIT SI MIRANDA KERR PA ANG MAGSABI SAKIN NYAN HINDI AKO PAPATAOB!! FOREVER AND EVER GIRL KAYA AKO!!!

Shet. Shocked pa rin ako sa sinabi nya. Kailan lang ba kami nagkakilala? Wala pa ngang isang buwan! Echoseraaaaaaaaaaaaa naman yung babaeng yon! I doubt na kilala nya ako!!! SHET SYA!!! ISA SYANG MAPAGPANGGAP!!!!MAPANLINLAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAANG!!!! Hindi sya pwedeng mainlove sakin!!! Tibo siguro sya? OHNOES PLEASE LANG!!! NO WAYYYY!!!!!!!!!!!!

Sorry naman guys, I'm totally freaked out. Never kong inexpect na magiging ganito 'to! SERYOSO AKO!!! Kasi ba namaaaaaaaaaan!!!! Natetense talaga ako!!! AYNAKOOOOOOO :((( Nakakatakot kasi si Blanche. Psycho na ata yung babaeng yon!!! Alam kong maganda ako pero namaaaaaaaaaan!!! Excuse me!!!

"Jick? Hoy! Buhay ka pa ba?"

Nagising ako sa monologue ko. Ay shet, kausap ko nga pala ang bestfriend ko!! Nandito kami sa studio, nag-aayos ng shots and schedules. As usual, wala na naman si Jersey, busy sa thesis nya. Nakakainis, kung kelan ko sya kailangan oh!!! >:((

Ako: Y-yeah?

Marlo: Mawawala nga pala ako ng 2 weeks.

Ako: Ha? Kelan?

Marlo: March 12 ako aalis.

Ako: San ka na naman pupunta? Ganyan ka naman eh, mang-iiwan ka. :((

Marlo: \*laughs\* Wag ka ngang madrama! Saglit lang naman yun e.

Ako: San nga punta mo? Ayan ka na naman e, hindi mo sinasagot tanong ko.

Marlo: Europe.

Ako: ('O') OMG OMG THE U2 TOUR?! ARE YOU EFFIN KIDDING ME? YOU GOT IN!!!

Marlo: Hindi mo naman kailangang isigaw!

Ako: Kahit na aba! U2 yon!!! EUROPEAN TOUR!!! SHEEEEEEEET LANG!!! Bakit ngayon mo lang sinabi?

Marlo: Sira. Medyo magulo pa nga nung una. Tsaka alam mo naman ako, sinasabi ko sa'yo pag sure na.

Ako: Yung sa Bali kaya biglaan.. (-\_\_-)

Marlo: Unexpected naman kasi yun! Ano, okay ba sa sked?

Ako: \*tingin sa sked\* Pasalamat ka maluwag ang sked natin sa summer! Well I could use some help from our friends. Grabe ka, hindi mo na ako sinasama sa mga gala mo!

Marlo: Eh mukhang okay ka naman ata eh. Mukha ngang hindi mo na ako kailangan.

Napatingin ako sa kanya. Aba, may laman ang sinasabi ni Kuya!

Ako: Okay anong meron?

Marlo: \*iwas ng tingin\* Wala wala.

Ako: Umayos ka! Sasapakin kita!

Marlo: It's nothing. Nagulat lang ako na kilala mo pala si Blanche.

Ako: \*nganga\* MAGKAKILALA KAYO!?!?!? PAAAAANO?!?!?

Marlo: Relax lang! Grabe makareact wagas! Nameet ko sya sa 70's Bistro. Ayun, konting inom. Dalawang beses lang.

AHA! Kaya pala tarantella si Ateng!!! Pati kaya nagulat ang bestfriend ko!!! WAGAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAS!!!!

Ako: Haynako talaga yang babaitang yan!!! Kastress nga yung babaeng yon!!! Parang linta!!!

Marlo: Nung last meeting namin sa Bistro, she told me she liked someone. Ikaw pala yun.

Dun ako natameme. So... matagal na? So.. hindi yun trip lang? Hindi pa naman nya kilala si Marlo nun!! Ibig sabihin..

Ibig sabihin seryoso talaga sya? Na sinira ko ang plano nya? DAFUUUUUUUUUUUUUUUUUUUUUCK!!!!!!

Ako: Please lang ha! Naniwala ka naman sa babaeng yon! And hello!!! Mas maganda naman ako kesa sa echoserang yun!!! Sakit nya sa bangs!!!

Marlo: Talaga? As in wala kang gusto sa kanya?

Ako: NAKO MARLO CHAVEZ!!!! HINDI AKO PUMAPATOL SA GANUNG BABAE!!!! O SA BABAE!!! I TRIED ONCE.. NOT DOING IT AGAIN!!!

Marlo: Epal talaga yang si Anna noh? Laking sira talaga sayo nung babaeng yan!

Ako: Let's don't talk about her, okay? Kay Blanche ka magfocus. At sure akong may pag-asa ka dun.

Marlo: Sigurado ka dyan ah? No hard feelings? Mamaya bigla kang magselos dyan!

Ako: Asa ka naman! Kung magseselos ako e di kay Blanche yun! Hirap kasi pag nagkagirlfriend ka, nakakalimutan mo ako! Pero I should warn you, delikado yang si Blanche. Di madaling pakisamahan yang babaitang yan.

Marlo: \*pats ng back\* Salamat sa warning, Jick. Yaan mo, I'll do my best.

HOOOORAAAAAAAAAAAAAAAAAY!!! Eto na ang sagot sa kalbaryo ko!!! Dapat magkagusto si Blanche kay Marlo!!!! KAY MARLO AH, HINDI SAKIN!!! Para everybody happy!!! Magkakalovelife na ang bestfriend ko, nabawasan naman ako ng asungot! San ka pa? Talino ko talaga! =)))

---

(JERSEY'S POV)

Okaaaay. So ngayong hapon ang contract signing namin ni Marlo para sa U2 Tour. Medyo kinakabahan ako sa gagawin ko. Almost 2 weeks na mula nung binanggit sakín ni Marlo yung gig kaso.. hindi ko pa nasasabi kay Kevin. I know, I know. Tataasan nyo na naman ako ng kilay dahil dito. Hindi ko kasi alam kung paano ko sasabihin kay Kevin 'to! Alam ko kasing magagalit sya dahil si Marlo ang kasama ko. Baka mag-isip pa yun ng kung ano! Alam nyo naman si Kevin, mainit ang dugo kay Marlo. Kahit sinasabi ko sa kanya na nagdate lang kami, hindi pa rin yun maniniwala. Oh dear Lord help me! >:(((

Sasabihin ko rin naman kasi sa kanya, humahanap lang ako ng tiyempo. May 2 weeks pa naman bago kami umalis kaya may panahon pa ako. Kaya ko 'to!

Saglit lang naman yung signing, wala pang isang oras. Mukhang mabait naman yung makakasama namin ni Marlo. Nako, naexcite talaga akong mameet ang U2!!! SI Kevin kasi nameet na nya dati yun. Nakakainis :(((

"O, san ka na?" tanong sakín ni Marlo. Nasa parking lot na kami.

Me: Uhh.. uwi na ko. Sobrang pagod ko lately e, babawi ako ng tulog :) Ikaw?

Marlo: May.. imimeet lang ako.

Me: \*smiles\* At bakít may pause? Don't tell me...

Marlo: Yes, it's a girl. Hanggang dun na lang ang pwede kong sabihin.

Me: You stud! \*hampas sa braso\* Nagtatago ka na sakín ah! Alam ba 'to ni Jicker?

Marlo: Naman! Sya pa ang hindi makaalam? Baka patayin ako nun pag may nakita syang kasama kong babae!

Me: Hmm.. at kelan mo naman planong ipakilala yan sakín? :>

Marlo: Syempre pag kami na! Para sure.

Me: Good, good! I am very happy to hear that! After what happened to us..

Marlo: \*chuckles\* I know. Nasaktan mo kaya ako!

Me: SHUT UP! Ikaw kaya 'tong umiwas!

Marlo: \*laughs\* Sira. Nagsisihan pa tayo dito e parehas naman nating ginusto yun. Tama na nga! Mas nasasaktan ako eh. Joke!

Me: Nako.. basta, I am very happy for you. Seriously.

Marlo: Ako rin, medyo masaya nako. Ang tagal ko kaya bago makamove on sayo! Iba ka kasi eh!

Me: Sige, ipagpatuloy mo pa yan, malilintikan ka sakín!

Marlo: Nga pala.. about this trip, nasabi mo na ba kay Kevin?

Me: \*beat\* Hindi pa. Naghahanap pa ako ng tyempo. Kabado pa ako.

Marlo: Nako Jersey.. wag mo simulan ang di mo kayang tapusin. Ikaw din dehadó nyan.

Me: I will. I know what I'm doing :)

Marlo: Sana nga. Sige, una nako. Kailangan ko pang magpapogi :>

Medyo kinabahan ako sa sinabi ni Marlo. Syempre, alam ko naman ang ginagawa ko. Anong tingin nya sakín?!? Loko 'to ah! Alam ko ang ginagawa ko, excuse me. Walang mangyayaring masama, I promise.

---

(BLANCHE'S POV)

Namiss nyo ba ako?

Well feel ko hindi. Kayo pa? Alam ko namang gusto nyo na akong mawala sa kwentong 'to. Pero sorry guys, asa kayo. Hindi ata ako mawawala dito!!! Matibay ata ang kapit ko kay Leng.



As if papayagan nyang mawala ako sa kwento!!! (Leng: Wag kang masyadong confident, Blanche!)

Anyway, I am sure na masama na naman ang iniisip nyo tungkol sakin. As always! Nakakapagod naman kasi kayo eh. Just this once maniwala naman kayo na seryoso ako! I am in love kay Jicker. Fine, joke na naman 'to para sa inyo. Pero sakin, big deal 'to. BIG DEAL! Iba sa inyo sasabihin ay ang inarte naman ni Blanche o! Halos two months pa lang nakilala si Jicker in love na agad! KUNG ISA KAYO SA NAG-IISIP NG GANYAN ABOUT ME..

NAPAKAJUDGEMENTAL NYO NAMAN!!!

Kayo 'tong kinikilig pag nakakabasa ng love at first sight stories pero pag ang kontrabida na ang na-love at first sight, hindi na agad pwede. Eh sa mahal ko si Jicker eh! Pakialam nyo ba? Kung makareact kayo as if nakakasama nyo sya!!! Ako na ang makulit, ako na ang epal.

AKO NA SI BLANCHE.

Whatever, people. I don't need your opinion. Gagawin ko yung sinabi ko kay Jicker. I'll make him fall in love with me. Whatever it takes.

Kagaya ngayon, pinuntahan ko sya sa condo nya sa Cubao. Pano ko nalaman ang address nya? Utak, people! Hello? Magaling kaya akong stalker! Unit 9B sya. Alright! >:D<

\*rings the doorbell\*

"Nako Jersey sinasabi ko sa'yo wala akong ch---"

"HELLO JICKEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEER!!! :>"

Gulat na gulat si Jicker nang makita nya ako pagkabukas nya ng pinto. May facial mask pa ang loves ko!! OMG mas vain pa sakin!

Jicker: ANO NA NAMANG GINAGAWA MO DITO?!?!

Ay, karga pala nya yung Pomeranian nya. Tapos kinahulan ako nung aso.

Me: Wow! Ang cute naman ng pet mo! \*tries to touch its head\* Hi doggy!

ARF!! ARF!! ARF!!

Jicker: Ayaw sayo ng aso ko. Umalis ka na raw.

Me: Eeehhh.. ang haba kaya ng nilakbay ko just to see you!

Jicker: TAGA KATIPUNAN KA LANG NAMAN WAG KA NGA!!! BYE! \*isasarado na yung pinto\*

Me: \*harang\* Wait a minute! I am a visitor! You can't just slam the door in front of me!!!

Jicker: HOY!!! AKO ANG MAY ARI NITO KAYA PLEASE LANG SHOOO!! SHOO!!!

Me: Eto naman! Be nice to visitors!!!

Kinakahuluan pa rin ako nung aso! Stress!!

Jicker: \*to the dog\* Shhh Florence! Wag ka ngang eksaherada dyan!! Shattap!!! \*to me\* Hala! Pasok!!! Isa ka pang kalahati eh!!!

Me: THAAAAAANK YOU!!!! =))))

In fairness, simple lang ang unit ni Jicker. Black, white and blue ang peg ng condo nya. I was surprised to see his unit like this.. so simple. Parang hindi graduate ng Fine Arts ang may-ari!

Me: \*upo sa sofa\* Parang hindi pang Fine Arts 'tong unit mo ah!

Jicker: What?

Me: Sabi ko.. hindi halata na Fine Arts graduate ka, based on your unit.

Jicker: So kung binabase sa condo unit ang course nung college, I'd say umaalingasaw ang b\*tchness sa condo mo, considering na BS Bitchness ang degree mo?

Me: Wow.. witty. Teka, pwede mo bang patahimikin yang Florence na yan? Nakakarindi eh!

Jicker: Isa lang ang paraan para manahimik si Florence: lumayas ka.

Me: Meanie! \*pouts\*

Jicker: Please nga don't pout. Kastress ka!

Ayun, after that hindi na ako pinansin ni Jicker. Yung Florence na lang na yun ang inatupag! Pinaliguan, pinakain.. LAHAT NA!! Ako? Ni juice o tubig di binigyan! Nakakainis!!! Almost one hour na nya akong hindi pinapansin kaya nilapitan ko na sya sa may counter, sinusuklayan nya kasi si Florence.

Me: Jicker.. about last time... I am serious about that.

Jicker: I figured that. \*tuloy pa rin sa pagsuklay\*

Me: So.. wala kang sasabihin sakin?

Jicker: Meron.

Me: \*lights up\* Ano yun? :>

Jicker: ASA KA

Me: \*frowns\* Ano baaaa Jicker!!!

Jicker: ANONG ANO BA KA DYAN!!! Kitang busy ako!!!

Me: Why don't you love me half the way you love that dog Florence? Am I not the biggest b\*tch there is?

Tumigil na rin sya sa pagsusuklay. AT LAST!!!

Jicker: \*tingin sakin\* Blanche.. listen to me. First, yes, you are a b\*tch. But not the biggest b\*tch ever. Coz I am the biggest b\*tch ever, truth to be told. Second, I don't do girls. And third..

My bestfriend likes you.

Me: Si Marlo? I don't care about him! I don't like him!!! IKAW ANG GUSTO KO!!!

Jicker: HINDI KITA GUSTO OKAY!?!?! Everytime na lang na magkikita tayo PINAPAALALA KO SAYO YAN. HINDI MO BA MAGETS!!!

Me: GETS KO PERO DI AKO SUSUKO!!! I LOVE YOU!!!

Jicker: GOODNESS!!!! WTF ARE YOU TALKING ABOUT!!!

Me: Seryoso kasi ako Jicker. Wala akong pake kung gusto ako nyang bestfriend mo. Basta ikaw ang gusto ko!!!

Jicker: AY EWAN KO SAYO!!! MAMUTI SANA YANG MGA MATA MO!!!! UMALIS KA NA NGA!!! NAIIMBYERNA AKO SAYO!!!

Me: Fine, I'll go. Thanks for your time :) \*goes to the door\*

Jicker: Madapa ka sana! Una face...

Natawa na lang ako bago ako lumabas ng unit nya.

Jicker: Ano? Nabaliw ka na dyan!!!

Me: Nothing nothing \*smiles\* You know what? Kahit ano pang sabihin mo sakin, I won't back down. The more you ignore me, the closer I get. You're just wasting your time ;)

Pagkasarado ko ng pinto, isang malutong na PI na lang ang narinig ko. As expected :>

---

FAST FORWARD: A WEEK BEFORE THE EUROPEAN TOUR

(JERSEY'S POV)

Hanggang ngayon hindi ko pa rin nasasabi kay Kevin na aalis ako next week.

Hindi ko talaga masabi-sabi sa kanya! Natatakot ako sa pwede nyang gawin. Wag muna kayong magalit sakin, okay? Sasabihin ko naman talaga sa ka---

"HOY JE!!! OKAY KA LANG BA?!?!"

Halos mabingi ako sa sigaw ni Amae na yun. Nandito ulit kami sa bahay nina Sath para sa pagpapalano ng wedding nila.. na almost 5 months away naaaa! YEHEEEY! >:D<

Me: A-anyare?

Amae: Sabi ko yung sa invitation! Nacontact mo na ba yung friend mo?

Me: Y-yeah. She can do the prints by June. 120 ba?

Keith: Eto naman kasing si Amae ang daming trip na invitation!!!

Amae: Sorry ka malaki kasi pamilya ko!!! \*to me\* Are you sure you're okay? Parang may pinoproblema ka ata ah?

Me: Nako.. it's nothing! Kulang lang ako sa tulog.

Napatingin sakin ni Kevin, na nagdodrawing ng lay-out ng beach wedding. Kinausap nya ako 20 minutes later, sa kitchen.

Kevin: Hindi ka okay noh?

Me: Yeah. Pagod lang talaga ako sa thesis ko :((

Kevin: Take a break! Tara next week, Puerto tayo!

Me: Oh. I can't.

Kevin: \*frowns\* Why?

I can't tell him about that. I can't...

Gusto ko sanang gumawa ng alibi kaso.. kaso.. naalala ko yung sinabi nya sakin dati.

I can't afford to lie again to you. I just can't do it.

Me: Uhh.. Don't get mad, okay? The thing is.. three weeks ago.. I got this offer. Uhh.. international photog gig.

Kevin: Di nga?!?! Bakit hindi mo sakin sinabi? Congrats!!! \*hugs me\* What are you shooting?

Me: Uhh.. European tour ng.. U2.

Kevin: Ikaw na!!! Ayos!!! Kaso.. kelan alis mo?

Me: Next week.. Monday.

Kevin: \*frowns\* Oh. That was fast.. kelan mo inaccept yung offer?

Me: Just last week. And there's something more.

Kevin: Bigla naman akong kinabahan dyan sa tono ng boses mo.

Me: Uhh.. the thing is.. they got me.. and Marlo for the tour.

Sumama agad ang mukha ni Kevin pagkarinig sa pangalan ni Marlo.

Kevin: Kaya mo ba hindi sinabi sakin 'to agad dahil kay Marlo?

Me: Well yeah! Baka ka kasi magalit sakin. I accepted the offer kasi hindi ako makatanggi dun sa nag-offer sakin. But I could take it b-

Kevin: Ano ka ba, Jersey. It's okay. \*smiles\*

Me: Really?

Kevin: Do you really want this?

Me: Yes of course! U2 naman kasi yan eh!

Kevin: E di okay lang sakin! Isa sila sa favorite bands mo.. hindi kita pipigilan sa gusto mo. Although ayoko sa kasama mo...

Me: Kevin..

Kevin: Okay nga lang sakin :) Seryoso ako dyan. Besides.. I trust you.

Me: Pero hindi ka nagtitiwala kay Marlo?

Kevin: For you, I will trust him. Jersey.. tandaan mo, I love you and I trust you. Hold onto that :)

Me: \*sighs\* Grabe! Sobrang lumuwag ang pakiramdam ko! I really really love you for doing this for me. Really.

Kevin: Basta.. lumayo-layo ka dyan sa mokong na yan. Lagot yan sakin!

Me: Anyareh sa trust ha? (!')

Kevin: Eto naman joke lang! Basta.. t-shirt ah!

Me: Sure, love. :)

--

FAST FORWARD: MARCH 12

(NORMAL POV)

4:50pm ang flight nina Jersey at Marlo papunta sa first stop ng tour: Dublin, Ireland. Marami pang oras para magpaalam, kaya nilubos-lubos na nila yon. Lalo na si Marlo.

Sinadya nya si Blance sa Starbucks Petron Katipunan, around 1pm. Dun kasi sya madalas tumambay.

Marlo: \*inangat yung kape ni Blanche\* Hindi ka pa ba nagsasawa sa kape?

Blanche: \*rolls eyes\* What now?

Marlo: \*umupo\* Nothing. Just want to say goodbye.

Blanche: Oh good. Goodbye and good riddance!

Marlo: \*smirks\* Taray mo ata ngayon?

Blanche: Nakita kasi kita.

Marlo: Aaahhh ganun ba. Magpapaalam lang ako sa'yo, sungit mo na.

Blanche: Tell that to someone who cares.

Marlo: I think you care. Just so you know, I'm leaving this afternoon.

Blanche: Good. Para wala nang asungot.

Marlo: \*laughs\* Ang ganda mo talaga pag nagagalit.

Blanche: Shut up.

Marlo: Eto naman.. nagpapaalam na nga eh.

Blanche: \*looks up\* I don't care.

Marlo: \*whispers into Blanche's ear\* Don't worry, 2 weeks lang naman akong mawawala. Wag mo ko masyadong mamiss \*grins\*

Blanche: \*blushes\* A-asa ka! Dumb@ss.

Hinalikan ni Marlo si Blanche sa pisngi bago ito umalis. Hindi nya talaga maexplain kung nararamdaman nya.

---

Tahimik lang sina Jersey at Marlo sa flight. Natulog lang kasi si Jersey sa buong flight habang si Marlo naman soundtrip ng lahat ng U2 albums. Sa kalagitnaan ng flight, hindi maiwasan ni Marlo na itanong kay Jersey ang isang bagay na kanina pa nya pinoproblema.

Marlo: Jersey.. okay lang ba talaga kay Kevin 'to?

Jersey: Oo naman! Okay lang sa kanya 'to noh. E di sana wala ako dito kung hindi okay sa kanya!

Marlo: Sure ka dyan ah?

Jersey: Oo nga! Tsaka wala namang masamang mangyayari diba? I mean..

Marlo: Yeah yeah. I won't take advantage. Promise.

Jersey: Subukan mo lang talaga, ihahagis kita sa stampede!

Marlo: Sira ulo!

---

Wala naman talagang masamang nangyari. Nung first week nina Jersey sa tour.

Sobrang awestrucked si Jersey sa pangyayari. U2 'to, guys! U2! Hindi sya makapaniwala na nakikita nya si Bono sa harap nya. Halos matunaw yung tuhod nya nung kinanta nila ang With or Without You. Tinawagan pa nya si Kevin sa Pinas para sabay nilang pakinggan yon. Naiyak si Jersey sa sobrang tuwa.

Dumistansya si Marlo kay Jersey. As in distansya. Ayaw naman nya kasing masira yung tiwala ni Kevin sa kanya (kahit alam nya na medyo pilit ito). Ang inaalala nya ay si Blanche. Araw-araw nyang tinatanong si Jicker kung ano ang ginagawa nito. Puro pang-inis naman ang sagot ni Jicker, obvious na ayaw ng bestfriend sa gusto nya. Pero wala nang magagawa si Jicker.

Seryoso sya kay Blanche.

---

Okay lang naman ang start ng second week nina Jersey sa Europe. Sa Hamburg, Germany ang second to the last stop ng tour. Medyo uneasy si Jersey nang dumating sila sa Germany. Natatandaan nya kasi yung kwento tungkol sa nangyari kay Kevin. She conditioned herself not to think about those horrible memories. They've suffered enough.

---

Habang nasa Germany sina Jersey, may isa namang kaganapan na nangyari. Niyaya ni Kevin si Blanche na lumabas. Close naman kasi ang dalawa, kahit medyo ayaw ni Kevin sa ugali ni Blanche, at ayaw ni Blanche kay Jersey. 3 years din naman silang nagkasama sa Germany at kahit papaano namiss din nila ang isa't isa.

Pumunta sila sa isang lugar na madalas nilang puntahan sa Germany: clubs. Ang club for the night? Manor Superclub. Mahilig kasing pumarty ang dalawa (kasama sina Anton at paminsan-minsan si Maxene) sa Germany, bago pa magkasakit si Kevin. Kaya hindi tumanggi si Blanche nang magyaya ang kuya-kuyahan nya.

Maraming tao sa Manor nang dumating sila, around 1:30 am. Syempre, tinext ni Kevin si Jersey na lalabas kasama ni Blanche, kaso hindi ito nagreply. Busy siguro sa concert.

Dapat kasama nila si Jicker kaso may gig 'to the next day. Okay lang, at least may time sila ni Blanche na mag-usap. Nabanggit ni Blanche na may lalaki syang gusto, kaso hindi nya sinabi na si Jicker yon. Hindi na rin nya binanggit si Marlo, baka kasi kung ano pang gawin ni Kevin sa kanilang dalawa. Baka hindi na sya magustuhan ni Jicker if ever.

Hindi uminom si Kevin sa Manor. After kasi malaman ni Jersey na may lupus sya, pinagbawalan na sya nito na uminom. Alam nating sanay na siyang may alak sa sistema nya kaya sobrang hirap ng ginawa nya. Buti pa nga't nakaya nya yun! Kaso si Blanche ang medyo tipsy na. Todo alalay nga si Kevin sa kasama habang palabas ng Manor.

And the unexpected thing happened. Bago sila makalabas ng Manor, may nabanggang Koreana si Kevin. At si teh,nasukahan sya. Gulat na gulat silang dalawa ni Blanche sa nangyari. Sobrang lasing na talaga yung Koreana! Yung sumunod na nangyari ang hindi kinaya ng dalawa. Niyakap ng Koreana si Kevin at hinalikan sa lips. Diring-diri and natatawa si Blanche at the same time. Hindi alam ni Kevin kung anong ireact nya. Buti na lang dumating yung friends ng babae at nilayo ito. Sila na rin ang nagsorry.

"That was.." hindi matapos ni Blanche ang sasabihin nya. Puro tawa na lang.

"Sira talaga 'to," medyo natatawang sabi ni Kevin.

Crazy night, nga.

--

Sa London ang last stop ng tour. Second to the last day na rin ng stay nina Jersey sa Europe. After ng concert, nagdecide ang dalawa na mag-ikot sa lugar. Nag-uusap pa nga ang dalawa gamit ang British accent. Mukha silang engot.

Tumigil sila sa isang cafe at tinignan yung shots nila. Then napagtripan ni Jersey na sumilip sa Facebook. Dun nya napansin na nag-send ng friend request si Blanche sa kanya. Inaccept naman nya yung FR. Maglolog-out na sana sya nang.. may mapansin syang something sa profile nito.



May naka-tag na pictures... with Kevin? Tinignan nya yung date. Kahapon lang 'to ah! Sa Manor Superclub!!! Bakit magkasama ang dalawang 'to? Ni hindi man lang nagtext sa kanya si Kevin!!! BI talaga tong si Blanche! Iclose na sana nya yung window nang.. may mapansin syang picture.

Si Kevin. Si Kevin na may kahalikang babae.

Kumulo na naman ang dugo nya. Ano na naman bang kaokohan to? Inis na inis sya sa nakita nya.

Nako, rage blackout na naman ito. Sa sobrang bwisit nya, she slammed her MacBook shut.

"Hey. Patingin nga ako nung shots mo sa Hamburg. Ma-"

If Kevin can do it, sya rin.

Without any hesitation, she pulled Marlo close to her and kissed him.

"Okay love, we're even," yan ang nasa isip ni Jersey habang hinahalikan si Marlo.

Patay.

-----

## Chapter 40

---

(NORMAL POV)

Hindi rin alam ni Jersey kung bakit nya hinalikan si Marlo. As in. Ayan kasi ang problema nya, hindi nya macontrol ang rage blackouts nya. Pag sobrang sama ng loob nya, parang magkakaran sya ng blank moments, at God knows what will happen next.

At alam natin kung anong nangyari right after nyang makita yung picture ni Kevin.

Hinalikan nya si Marlo. Si Marlo na walang malay at may gusto nang iba.

Narealize lang ni Jersey yung ginawa nya right after she broke the kiss. Si Marlo, ayun, halos namutla sa sobrang kaba at gulat. Natakot sya sa magiging resulta nitong kiss na'to. Kung kelan ba naman medyo nagtitiwala na sa kanya si Kevin tsaka pa ganito ang nangyari. Kung kelan naka-move on na sya at nakilala nya si Blanche.. ngayon pa 'to ginawa ni Jersey.

"W-what was that for?" yan lang ang tanging nasabi ni Marlo after seconds of silence.

Nakayuko lang si Jersey, na naiiyak. Sh\*t. ANO NA NAMAN TONG GINAWA NYA!?!? OKAY NA SILA NI KEVIN TAPOS ETO!!?!?

Hindi na nya sinagot si Marlo. Binitbit na lang nya ang gamit nya at tumakbo palayo.

Ni hindi na sya nakapagsorry.

Bakit?

Kasi may maliit na parte sa puso nya, maliit na parte na.. na..

natuwa sa nangyari.

She.. kinda liked it.

--

Magkahiwalay na flight ang kinuha ng dalawa. Nagpalipat si Jersey sa mas maagang flight kesa sa unang nareserve nila ni Marlo. Nang malaman 'to ni Marlo, umisip na agad sya ng excuse kay Jicker kung sakaling magtaka ito kung bakit sila hindi magkasama sa flight pabalik.

Buong araw nyang inisip kung anong dahilan at hinalikan siya ni Jersey. Hindi nya kasi nakita yung picture. Masyado nga kasi syang occupied sa shots nya. Ano yun, napagtripan lang ni Jersey? O di kaya tinetest lang sya ni Kevin? No, Kevin won't do that to test him. Ni lumapit nga kay Jersey galit na galit na sya, halikan pa kaya nya? Tsaka sobrang labo naman kung si Jersey ang gagawa ng test na yun. Sobrang mahal nya si Kevin! Hindi nya kayang sirain yung trust na binigay sa kanya for the second time para halikan lang siya. They've been through a lot, why risk it for just a stupid

Hanggang sa pagtulog iniisip pa rin ni Marlo kung bakit ginawa yun ni Jersey. Takot na takot syang umuwi ng Pinas dahil dun.

--

Nanginginig pa si Jersey nang nakita nya si Kevin na naghihintay sa kanya sa may airport. Gusto na nyang maiyak nung nginitian na sya ng boyfriend at niyakap pa.

"God I missed you," bulong sa kanya ni Kevin at hinalikan sya sa lips.

Jersey was taken aback because of that kiss. The moment na lumapat yung lips ni Kevin sa kanya.. natandaan nya agad yung ginawa nya kay Marlo. Kaya ayun, she didn't responded to Kevin's kiss. Parang pader na lang ang hinalikan ni Kevin.

Napansin naman agad yun ni Kevin. "Anything wrong?"

"Ha? Nothing. Jetlag lang siguro. Sorry."

"Okay lang. Tara uwi na tayo. Your place or mine?"

"Uhh.. sa condo ko na lang please? Ang dami kong dala e!"

Kinuha naman ni Kevin yung luggage ni Jersey. "Shall we?" He extended his hand to her.

Para hindi masuspetsa si Kevin, hinawakan na nya ang kamay nito.

Bakit ganun, sabi niya sa sarili habang nasa byahe sila. Parang okay lang si Kevin? Parang wala syang kahalikang babae nights ago!?! Tapos sya pa 'tong nagugilty dahil sa ginawa nya!!! Hello, sya yung nauna sa kanilang dalawa! Wala sa rules ng isang relationship ang gumanti sa partner mo pag may mali syang nagawa sa'yo. As in wala. Di nya alam kung bakit nya nagawa ang gumanti sa boyfriend.

Natulog na lang sya sa byahe. Baka madulas pa sya at kung ano ang masabi nya, maaksidente pa sila.

--

(JICKER'S POV)

SHET SHET SHET SHET SHET CHAPTER 40 na ba talaga? Malapit na ang end, Mamang? :<

TSARS LANG MGA TEH DI AKO NAGDADRAMA!!!! Nawiwindang na ako dito kay Blanche!!! 2 weeks kong binantayan yang babaitang yaaaaaaan!!! AT 2 WEEKS NA AKONG PATAY!!! PATAY DAHIL SA KANYAAAAAAAAAAAA!!!!

OY YUNG MAKA-Blicker DYAN IBA ANG INIISIP!!! HAHAHHA ASA KAYO, PATAY AS IN TIGOK. DI YUNG PATAY AS IN DEADZ FOR HER. Halos patayin ako nyang lechugas na yan! NASTRESS AKO!!! Pasalamat yang si Marlo na mahal ko sya or else.. NAKO

Ayoko si Blanche para kay Marlo. Sorry kung evil stepsister ang dating pero WTH!!! AYOKO TALAGA!!! Masyado syang epal, makulit.. atrebida! LAHAT NA! LAHAT NA!!! LAHAT NAAAAAAAAAAAAAAA!!!

Pero in the fair ah, may utak din pala 'tong si Blanche. Di sya yung tipong tatanga-tanga talaga, kagaya ng akala natin. Bakit? Eto, isang flashback.

FLASHBACK

Since nasa Europe sina Marlo at Jersey (AT OO BITTER AKO), ako lang mag-isa sa studio. Ayos lang diba, March pa nila ako iniwan!!! E saktong ang damiiiiiiiiiiiiing events pag March!!! Sa loob ng 2 weeks may 10 events na naka line-up para samin. Syempre sumakto yung 2 weeks na yun sa Euro Trip ng ever ayos sa timing kong friends. At ayan, wala akong kasama. Si Kevin busy sa professor stuff nya sa LB since graduating halos yung iba nyang students. Panalo lang diba?

Define hagardo versoza itey!!!

At dun papasok si Blanche.

"SAY WHAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAT?!?!" napatayo pa ang bruha sa sobrang gulat. Nasa studio kami, sa harap ng schedule board namin to be exact.

Ako: \*taas kilay\* Kailangan talaagang may pagtayo?

Blanche: Okay wait a minute Jicker. Are you even serious?

Ako: MUKHA BA AKONG CLOWN!?! Oo nga, seryoso ako. Kailangan ko nga ng alalay and since.. pinapabantayan ka ni Marlo sakín, ikaw na lang! Marunong ka naman gumamit ng dSLR diba?

Blanche: Naman! Anong akala mo sakín? May friends akong arts major sa Bonn! I can do this!

Ako: \*whispers\* May friends ka pala?

Blanche: Heard that. \*smirks\*

Ako: Whatevs! Ano na, okay ka na?

Blanche: Anything for you, Jicker. \*winks\*

Ako: OH DEAR LORD PLEASE HINDI KO PO NAKITA YON

Blanche: Fine, diss me all you want. I won't run.

Ako: \*inabot yung SLR\* Ang dami mo pang satsat! Tara na nga!

Dinala ko si Blanche dun sa isang gig na sobrang nakakahaggard. Buti na lang talaga marunong mag-shoot 'tong Blanchitang 'to! Ang hirap kasi magshoot pag sobrang daming tao. Nyemas naman kasi (-\_\_\_\_-)

Zam na kami nakaalis ni Blanche sa gig. Dumaan muna kami sa McDo Quezon Ave para mag-late dinner. Syempre, nahiya naman ako sa kanya kaya nilibra ko na sya. Pagbalik ko sa table namin, napansin kong may ginagawa sya. Tinitignan pala nya yung shots nya from the gig through her laptop.

Ako: Ayan na ho pagkain nyo.

Blanche: Ang cute mo palang mag-thank you :">

Ako: ASA KA GIRL \*upo\* Ginagawa mo?

Blanche: Asking the obvious?

Ako: Ay b\*tchy!

Blanche: \*laughs\* Wala lang, natutuwa lang ako sa shots ko kanina. You see, gusto ko talagang magshoot sa lugar ng maraming tao.

Ako: Papansin!

Blanche: Seriously. \*kuha ng fries\* Matagal ka nang photographer diba?

Ako: San na naman papunta to?

Blanche: \*looks at me\* Sa sobrang daming pictures na nakuha mo, napapansin mo ba yung mga nahahagip?

Ako: SAY WHAT?

Blanche: Okay ganito na lang. Siguro naman may picture ka ng sarili mo na may nahagip na ibang tao, diba? Mapapaisip ka kung nangyari na rin sa'yo yan, kung ikaw naman ang nahagip sa ibang picture. It's creepy to think strangers have pictures of you, right? Pero.. hindi ka ba nagtataka kung ilang beses ka na nahagip sa pictures ng ibang tao? You may think that you're part of that captured moment. Then mapapaisip ka na naman kung anong nangyari dun sa taong nasa picture, naging successful ba sya or what. Wala lang. Minsan kasi iniisip ko kung

nakatouch ba ako ng buhay ng ibang tao. Feeling ko wala, kaya inaassume ko na lang na somehow I touched other people's lives.

Natameme ako sa sinabi ni Blanche na yun. Oo nga noh. Never pumasok sa isip ko yang bagay na yan! At aba, kaya palang mag-isip ni Blanchita ng profound things! THIS IS A MIRACLE GUYS! Naamaze ako sa sinabi nya!

Ako: So ano ngayon?

Blanche: \*laughs\* Ang hilig mo talagang mambara noh?

Ako: Ay di mo knows? Kainis!

Blanche: Wala lang, share ko lang. Thought you might be interested.

Ako: Sira. Medyo gets ko yung point mo.

Blanche: YEHEEEY! Wala lang. Alam mo..

Ako: Marami akong alam. Alin dun ang gusto mong malaman?

Blanche: You could be a big part of someone else's life, and not even know it. Ganyan ka kasi sakin. \*smiles\*

IMBYERNAAAAAAAAAAAAAA!!!!

END FLASHBACK

DIBAAAAAAAAAAAAAAAAA? FINE, SOMEHOW NA-ENJOY KO YUNG COMPANY NYA. KASI BUSY ANG BARKADA KAYA WALA AKONG KAUSAP!! SYA NAMAN TONG FOREVER TAMBAY NA LANG AT SUNOD NANG SUNOD SAKIN. O DIBA WINNER? SAKIT NYA SA BANGS!!!

Anyway, bumalik na pala sina Jersey at Marlo two days ago. SHOOT ILANG DAYS NA LANG MALAPIT NA MAG-APRIL!!! OMG OMG OMG!!!! Sa May na birthday ko, b\*tches! TATANDA NA NAMAN AKO NOOOOOOOOOOOOOO!!!! Ay balik tayo kina Je. Babalik na sila today sa studio kaya eto na! Gora na ulit kami!!!!

Kaso ano itey? Bakit.. ang off ng atmosphere?

Unang pumasok si Jersey. Syempre ako excited na excited!!!

Ako: \*takbo papunta sa kanya\* TEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEH! I missed you! >:D<

Jersey: \*laughs\* Hindi nga halata! :)

Ako: Kamusta ka na? May dala ka bang chocolates for me? OH THE TOUR SHIRT!!! TOUR SHIRT!!!

Jersey: In my bag. Pwede bang paupuin mo muna ako?

Ako: FINE FINE FINE FINE BUT MY SHIRT PLEEEEEEEEEEEEEES!!!!

Jersey: \*sighs\* Ayan na! \*hinagis sakín yung shirt\* Libre na yan, wala ka kasing kasama dito the whole week.

Ako: THAAAAAAAAAAAAAAAAANKYOU TEH!!! Alam ko namang kahit mas maganda ako sayo loves mo pa rin ako! Tsars!

Jersey: Baliw! \*upo\* Goodness I am still tired! Kamusta gigs mo?

Ako: Blanced filled in. Who thought that wimp could shoot?

Jersey: Hoy, enthusiast yang si Blanche. Tignan mo nga, collector ng Polaroid. Okay naman sya?

Ako: PNR (Pwede Na Rin). Pinagtyagaan ko na, hassle naman kasi diba? Ako lang mag-isa. Nako!!! NASAN NA BA YANG SI MARLO CHAVEZ!!! BAKIT ANG TAGAAAL!!!!

As if on cue, bumukas ang pinto and voila, si Marlo! Nagkatitigan pa sila ni Jersey nang onti, then iwas. Hindi ko na pinansin yun nang matagal, naglakad nako papunta sa bestfriend ko.

Ako: Nasan na yung bayad mo sakín?

Marlo: \*medyo distracted\* H-ha?

Ako: YUNG TSHIRT KO NASAN NA!??!

Marlo: \*abot ng plastic\* Yan na. Salamat Jick. Sorry kung ginawa kitang babysitter.

Ako: Okay lang! At least dalawa na yung tshirt ko! Diba Je--

Nawala si Jersey dun sa station nya. Ay, nasa pantry si teh, may kausap sa phone ata. Teka lang, hindi naman nagring yung phone nya ah? Anong meron? Pocket dial? Whatiz!!! Bayaan na nga!

Marlo: \*shrugs\* Kapagod!!!

Ako: O kamusta naman ang U2 experience?

Lumabas na si Jersey sa pantry, medyo tahimik si teh.

Marlo: \*tingin kay Jersey\* Unexplainable.

Ako: TALAGAAAAAAAAAAA?!?!?! OMG SANA SINAMA NYO KO!!!! HUHUUHUHU

Yep, medyo off ang atmosphere sa paligid. Pero kebs lang, at least may dalawa akong tshirt!

---

MARCH 31

(NORMAL POV)

Napansin ni Kevin na medyo matamlay si Jersey simula nung bumalik ito galing Europe. Hindi naman sya nagtataka about that, alam nya kasing draining talaga ang concert tours lalo na pag sa Europe. Medyo binigyan nya ng konting space si Jersey para magpahinga. Pag naging irritable kasi si Jersey.. gulo na naman. Kaya hindi na nya kinukulit ang girlfriend.

4 days na syang medyo nagpapakita kay Jersey. MEDYO: dadaan sa cubicle nito sa CDC para magbigay ng pagkain, ipagluluto ng dinner after mag-grade ng papers & photos (Finals Week na kasi sa LB this time) at marami pang iba. Saglit lang syang magpapakita, then alis nya. Basta alam niya na okay ang girlfriend, okay na rin sya.

March 31. Oo, alam nating lahat na New Year sila nagkabalikan. Alam din nating ayaw na ayaw na ayaw nilang nagcelebrate ng monthsary. Masyado raw corny kung ganun. Kung may icecelebrate man daw silang dalawa, yun na ang wedding anniversary nila. As in wedding anniversary! The thought of that made him smile. 4 months na silang mag-on ni Jersey, bukas. April 1. April Fool's pa talaga noh?

Kaya eto, nagprepare sya ng surprise para kay Jersey. Hindi para magcelebrate ng monthsary. Wala lang, namiss lang nya ang Debs nya! Masamang gumawa ng surprise? XD Simpleng candlelit dinner lang naman yung pinprepare nya para sa kanila, sa rooftop ng isang napakataas na building somewhere in Manila. Tsaka na yung bonggang surprise! Isa sa mga bagay na nagustuhan nya kay Jersey ay ito: she loves trivial things. Oo, marami na syang nabigay na sobrang bonggang bagay, mapa-garden of roses man yan hanggang sa Manila Philharmonic Orchestra. Sobrang saya ni Jersey sa mga bagay na yan! Pero ibang saya yung nadudulot sa kanya pag maliliit na bagay yung binibigay nya, kahit Chocnut man yan o Mentos. Itatago pa nya yung wrapper!

"Kevin, saan mo ba ako dadalhin?!?" sobrang kabang tanong ni Jersey sa kanya habang umaakyat sila sa building. Naka-blindfold sya!!! Kanina nasa elevator sila tapos ngayon.. stairs na!!!

"Relax lang Debs! Mapupunta ka sa isang ligtas ng lugar," Kevin assured.

"Ayan ka na naman sa ligtas na lugar mo. Nakakainis ka!!! Alam kong sa rooftop mo ako dadalhin!!! Siguro ihuhulog mo ako noh?!?!"

"Bakit naman kita ihuhulog? Well.. kung may nagawa kang kasalanan may possibility talagang ihulog kita. Pero syempre joke yun!" tinawanan naman ni Kevin ang sariling 'joke'.



Dun kinabahan si Jersey. Alam na kaya ni Kevin yung nangyari sa kanila ni Marlo? Impossible. Ni hindi nya sinabi kay Jicker yung nangyari. Sure syang kakalbuhan nya ng kaibigan pag kinwento nya yun.

"Jersey?" tumigil pala sya sa paglalakad. Hinawakan ni Kevin yung kamay nya. "We're here." Binuksan ni Kevin yung pinto papunta sa rooftop.

"Siguro naman pwede nang tanggalin 'tong blindfold, ano?"

"Wag ka kasing masyadong atat, miss. 10 steps first." Ginawa naman ni Jersey ang sinabi ni Kevin. May naaamoy sya.. rose petals ba yun? Weird.

"Pwede na?"

Tinanggal na ni Kevin yung blindfold.  
Mas lalong naughty si Jersey sa ginawa nya sa Europe.

"I know I know," medyo natatawang sabi ni Kevin. "Ayaw mong magcelebrate ng 'monthsary' blahblah. Pero seriously hindi yun ang purpose nito. Two weeks kang nawala eh! Namiss kita kaya.. ayan. Sorry kung eto lang! Wag ka, ako nagluto nyan lahat. Beat that!"

Naiiyak na si Jersey. Kaya ba may dinner kasi sasabihin sa kanya ni Kevin na may hinalikan syang babae? This @ss!!! MAY GANITO PANG NALALAMAN!!! Naiiyak sya sa sobrang galit at guilty. Naguguluhan sya kung ano ba talaga ang irereact nya.

"Jersey? Naiiyak ka ba?" pinipigilan ni Kevin ang matawa.

"Nakakainis ka naman kasi eh!" yumakap na lang sya dito. "Bakit may ganito pa?"

"Coz I missed you! Tsaka nagsasawa na ako sa take-outs! Nakakaumay kaya!"

Nagproceed ang dinner nila nang matiwasay. Kinalimutan muna ni Jersey yung nangyari. Sobrang saya kaya ni Kevin! Bakit pa nya sisirain yun? Kalagitnaan ng dinner nang may kinwento si Kevin sa kanya.

"Alam mo ba last week, something awkward happened."

"Weh? Ano yun?"

"Niyaya ko si Blanche pumarty one night," tumaas ang kilay ni Jersey. "Eto naman! Kaibigan ko naman yung tao! Basta nasa studio nyo lang sya nun, tinutulungan nya si Jicker. Teka, nagtext ako sayo nun ah! Nareceive mo ba?"

Text? Ano yun? "I haven't received any text from you. Sure kang nasend mo?"

Pinakita pa ni Kevin yung text nya. "Oh ayan o! Nagtext ako sayo!"

"Baka nakapatay phone ko nyan. Tsaka topakin signal dun!"

"Basta ayun nga, pumunta kami ni Blanche sa Manor. Ganun pala dun! Di ako sanay sa Manila party scene! Pero mas grabe pa rin yung sa Germany! Anyway, nung pauwi na kami.. may Koreana na humarang samin ni Blanche. Muntik na nang sabunutan ni Blanche! Ganun kasi yun pag lasing \*laughs\* Akala namin naghahanap ng gulo si ate pero.. sinukahan nya ako! T@ngina grabe di ko talaga makakalimutan yun!! Tapos.. eto wag kang magagalit ah! Hinalikan ako ni Ate. May suka pa yung liips nya! WTF talaga!!!"

Nabitawan ni Jersey yung tinidor na hawak nya.

Oh my. So.. hindi nya sinasadya yun? As in?!?! Hinalikan lang pala sya?!?!

SHET SHET SHET Gulat na gulat sya sa nalaman.

"Jersey? What's wrong?" nag-aalalang tanong ni Kevin. "If it's about the kiss, wala talaga yun! Hoy!!!"

"Oh my.. I.. didn't.."

"Jersey? Anong problema?"

"I.. oh.. I'm sorry.. I didn't know.."

"Ha? Bakit ka nagsosorry? May nangyari ba?" Napayuko na lang si Jersey.

He got his answer.

"Anong nangyari? Si.. si Marlo yan noh?"

Naiyak na lang si Jersey.

Dun nagalit si Kevin. Nasuntok nya tuloy yung table, at nahulog yung baso and kutsara sa lapag. "T@ngina Jersey ano na namang ginawa mo!?!?"

"Don't shout at me!!!"

"GALIT AKO KAYA SISIGAW AKO!!!!"

"I saw.. pictures from Manor.. on Blanche's page... Dun ko nakita na may.. kahalikan kang iba.. I.. acted on impulse.. and.. the next thing.. I knew.." todo hikbi na lang ang sumunod sa kwento nya.

"ANONG NANGYARI?!?!?"

"I KISSED MARLO!!! AYAN I SAID IT!!! I KISSED HIM!!!! Di ko alam pumasok sa utak ko or something.. Basta, I just kissed him. I was mad at you! I thought you were cheating on me! Again!"

"I NEVER CHEATED ON YOU IN THE FIRST PLACE!!" Galit na galit na talaga si Kevin. Si Jersey nakaupo pa rin, takot na baka pag tumayo siya kung anong magawa sa kanya ni Kevin.

"Kaya nga e.. alam ko.. Hindi ko talaga sinasadya Kevin! Promise!!! Naunahan lang talaga ako ng galit. I shouldn't have done that. I'm sorry!!!"

Natahimik na lang si Kevin, na pinoprocess lahat ng sinasabi ni Jersey.

"Kevin.. I am sorry. I know you gave me your trust. But this won't happen again. Promise. Naunahan lang talaga ako ng galit. I am sorry.. Please Kevin wag ka na magalit sa-"

"Ssshhh. I can't think."

Hindi narinig ni Jersey yung sinabi ni Kevin. "That kiss didn't mean anything. Kevin I love you. You know that very much, right? I was just scared that y-"

"One question: did you like it? The kiss. Answer me honestly."

Napapikit na lang si Jersey. Alam natin ang sagot dyan sa tanong na yan. Natatakot syang sabihin yung totoo, kasi alam nyang may mangyayaring hindi maganda. But he wants to know the truth!

"I..kinda liked it."

Parang binaril si Kevin sa utak.

"Pero Kevin naman! I made a mistake! I love you, okay? That didn't mean anyt-"

"Sa lahat lahat ng nangyari sa'tin, may isang bagay kang hindi natutunan," seryosong sabi ni Kevin, na nakatingin sa kanya. "Don't ruin an apology with an excuse. It won't make me feel any better. Jersey, I trusted you. It hurts for me to know that you don't trust me that much. I can never do that to you, you know that yourself. T@ngina, nagtaka pa ako. Devil Woman ka nga pala, impulsive. Yun ang nakalimutan ko."

"Kevin.."

Hindi na sumagot si Kevin. Iniwas na nya ang tingin nya kay Jersey at pumikit na lang sya. Tahimik lang silang dalawa for awhile, then Kevin spoke.

"As much as it hurts me.. but I have to do this."

"Do what?"

"I'm sorry, Jersey..."

Kevin said the words Jersey dreaded to hear again.

"I think we need a break."

-----

**Chapter 41**

--

ONE MONTH LATER

MAY 10

Nasa harap si Jersey ng salamin, naglalagay ng make-up.

"Jersey!!!" medyong iritang tawag ni Jicker sa kanya na nasa sala. "Make-up lang ba talaga yang nilalagay mo o pintura na? Ang tagal o!"

"Wait lang! Malapit na akong matapos!" Konting ayos na lang naman ang gagawin nya sa may eyelids nya.

Tinitigan ni Jersey ang sarili nya sa salamin. Ngumiti sya. After all, birthday party ni Jicker ang pupuntahan nila ngayon sa Tagaytay. It's been a month since.. that happened. Maisip lang nya yung gabing yon, nangingilid na ang luha sa mata nya. Sabi nya sa sarili hindi na sya iiyak dahil dun. Hindi na sya iiyak. Hindi na sya ii--

Mas malakas pa rin ang alaala. Kahit anong gawin mo nandyan pa rin ito, nang-iinis.

--XX--

*Don't know what to do anymore*

*I've lost the only love worth fighting for*

*I'll drown in my tear storming sea,*

*That would show you, that would make you hurt like me*

"I think we need a break."

He said what? "What.. what did you just say?"

Tinignan ako ni Kevin nang direktso. Sh\*t, pinipigilan na lang nya ang umiyak. Oo, mali ako. Oo, ako may kasalanan nito. Oo, I deserve this.

Fine, I haven't changed. Ako na ang impulsive. AKO NA ANG MASAMA. Natakot lang naman ako eh! Alam nyo ba yun, takot? Takot na baka.. basta! Hindi ko rin alam kung bakit ko ginawa yun. Galit na galit lang ako dahil sa nangyari. Fine, I admit, hindi pa rin ako makamove-on dun sa nangyari between Kevin and Blanche. Kahit sabihing movie lang yon, may something pa rin eh. Yung nangyari sakín sa Germany, ganun lang din ang naramdaman ko nung ginawa ko yun kay Marlo. This time, sana pala tumakbo na lang ako. Sana pala hindi na lang ginawa yun.

But it's too late for that.

"You heard me, Jersey. I think we need a break."

"Do you really mean it this time? Kasi yung huling beses mong sinabi yan nagbibiro ka lang diba?"

Napa-tss na lang sya. "Jersey, ang tanda na natin. Hindi na tayo college! Sa tingin mo sa lagay na'to makakapagbiro pa ako? HINDI AKO NAGBIBIRO."

He's mad at me. Correction, raging mad. Ngayon ko lang sya nakitang magalit ng ganito.

"Wag mo naman kasi 'to idaan sa init ng ulo Kevin! Pwede pa n-"

"Sana hindi mo rin dinaan sa init ng ulo yung ginawa mo."

"Look Kevin.." sinubukan kong lumapit sa kanya pero lumayo sya sakin. "Kevin, alam mo namang mahal na mahal kita diba? Alam mo rin na ganto ako, na pagdating sa mga bagay na tungkol sa'yo insecure ako. Hindi madali sakin na kalimutan yung nangyari dati eh! Tsaka.. ngayon nagtataka ako kung bakit mo pa ako binalik--"

"Nagtataka ka pa? Jersey, mahal na mahal na mahal kita! Kahit sobrang sakit dito \*turo sa puso\* at dito sa taas \*turo sa ulo\*. T@ngina alam kong masakit magmahal pero di ko inakalang aabot sa ganito. Kung sana pusa na lang 'tong nararamdaman ko para sa'yo e, para pwede kong isilid sa sako at iligaw o itapon! Kaso pucha hindi eh. Kung pwede lang walang maramdaman! T@ngina di ko magawa! Isipin ko pa lang nanghihina nako. Ganyan kita kamahal, Jersey. Kahit masakit, okay lang. Mas mahalaga ka sakin eh."

Hindi na nya napigilang umiyak non. Ako rin naman. "Kevin," nanginginig pa ang boses ko. "Please naman wag natin tapusin 'to sa ganto! Pwede pa naman nating pagusapan to diba? Kevin naman.."

"You're right. We can ignore it all we want, but our history eventually always comes back to haunt us. Sa totoo lang.. sa tagal kitang minahal ngayon lang ako napagod. Ang sakit eh. Ako na humihingi sa'yo o. Please? We both need this break. It's too much for me to handle."

Ang sakit lang para sakin na makita syang ganyan dahil sa ginawa ko. Ang tanga ko talaga. Tanga tanga tanga. Baka kasi ba kasi may konsepto pa ng pananakit ha? Pwede bang wala na lang ganun? Pwede ba?

Tinignan nya ako sa mata. "Sorry, Jersey. Can't do this anymore."  
*With that he walked away.*

*All the same*

*I don't want mudslinging games*

*It's such a shame*

*To let you walk away*

--XX--

"Ano, masyado ka namang nagandahan sa sarili mo teh?"

Nagising tuloy si Jersey mula sa daydream nya. Nandun na pala si Jicker sa may pintuan ng room nya, nakapamewang na. "Hoy teh, hindi sila maghihintay dun forever! Tara naaaaa!"

"Oo wait lang! Medyo kumalat mascara ko. Chill ka lang!" kumuha si Jersey at pinunasan yung kumalat na mascara.

Tinitigan ni Jicker ang kaibigan. Halu-halong emosyon yung naramdaman nya last month dahil sa kalokahang ginawa ni Jersey. Medyo okay na sya ngayon na makitang maayos si Jersey. Hindi katulad a month ago. Jersey was a train wreck back then.

--XX--

FLASHBACK

(JICKER'S POV)

HINDI KO NA ALAM KUNG ANONG GAGAWIN KO.

IMBYERNA E! ANG SARAP SARAP NG TULOG KO TAPOS MAY EPAL NA KAKATOK SA PINTUAN KO NG 2 AM!!!! ANO 'TO, SUPER AGANG APRIL FOOL'S PRANK? INANGYAAAAAAAAAAN PAGOD AKO!!!!

Kaso nawala yung antok ko nang makita kong si Jersey pala yung nasa likod ng pintuan. Mukha syang.. timang. Mugto ang mata sa kakaiyak at kalat na ang make-up.

"Jersey," medyo inaantok ko pang sabi, "Wala ako sa mood para sa isang April Fool's prank, okay? I am dead t-"

Napaluhod na lang sya sa harap ko, umiiyak.

T@ngina. What the heck happened?

Syempre dinala ko naman si teh sa sofa at pinaupo. Isa lang naman ang pwedeng mangyari sa kanya.

Break na siguro sila ni Kevin.

Ayun, nagkvento si teh. Simula nung sa European tour hanggang sa kanina. Tahimik lang ako, dinidigest ko lahat ng sinabi nya. HOY HINDI AKO MATUNAWAN!!! NALOLOKA AKO!!!!

"Jicker.. what am I going to do?" tanong nya sakin.

Ako man hindi ko alam ang gagawin nya. Gusto ko syang saktan, talaga. At di ko napigil yung sarili ko.

Nasampal ko sya.

There. After that naiyak na rin ako. T@ngina! YUNG HIRAP NAMIN!!!! SILANG DALAWA!!! SAYANG!!!! Tapos ako 'tong walang kamalay-malay na may ganun palang nangyari sa kanila ni Marlo!!!! LECHE NAGAGALIT AKO!!!

"I.. deserved that one," sabi nya 5 minutes after ko syang sampalin.

"Hindi lang yan ang deserve mo teh. Sakit ng katawan talaga ang bagay sa'yo! MUAY THAI KITA DYAN EH!!!!!"

"Jicker naman eh..."

"Hate to admit this but... I saw this one coming. Nakakainis kasi, sana hindi pala kita kilala nang sobra. Kilala kita eh, hindi ka basta makakamove on sa nangyari. PUTSPA YOU LIKED HIS KISS? MALANDI KA!!!! MALANDI KAAAAAAA!!! Tangna Jersey di kita kinakaya!!! Hindi ka galit kay Kevin nun e, naisip mo na pwede kang gumanti. Fine, itatanggi mo yan, but at the back of your twisted head, merong part dyan sa subconscious mo na gustong gumanti sa kanya. Kasi nasaktan ka dati dun sa nakita mo. Jersey bakit kailangang gumanti nang ganun ah? Bakit? Nag-iisip ka ba? GINAGAMIT MO BA YANG UTAK MO O NAGING MAPUROL NA DAHIL SA BOSES NI BONO?!?!?! Jersey, hindi lang naman ikaw yung nadehado dun sa nangyari sa Germany ah. Isipin mo na mas nadehado sya. Ayoko sanang magtimbang pero ganun talaga eh. Di ko mapigilan kasi ISA KA PANG TIMANG!!!! GUSTO KITANG SUNUGIN!!!!!"

Wala na syang nasabi. Umiyak na lang naman sya.

"At dyan ka magaling, sa pag-iyak. G@ga, kahit umiyak ka pa ng ihi dyan or whatever, hindi babalik sa'yo si Kevin nang ganyan. Gusto kong burahin yang mukha mo!!! SANA SA IBA NA LANG SYA NAPUNTA, HINDI SAYO!!! Isa pang timang yang si Kevin, binalikan ka pa. Putspa pare-parehas kayo eh!!!!!"

Iniwang ko sya sa sala at pinabayaan dun. Imbyerna sya! BAHALA NA TALAGA SYA SA BUHAY NYA!!! Kasalanan nya yan e, ano sya para umasa sakin? GALIT NA GALIT AKOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOO!!!!

Paggising ko kinabukasan, wala na sya sa sala. Umuwi na rin sya sa wakas. Ang init ng ulo ko non!!! SOBRA!!!! SARAP MANAPAK!!! Wala si Marlo sa studio dahil may gig sya sa Makati. Ina, baka naman nag-expect si Marlo dun sa kiss na yun?!?! DAFUUUUUUUQ WAG!!!! Pano si Blanche!!!! HINDI NA NYA AKO LULUBAYAN PAG NANGYARI YON!!!!!!

Speaking of Blanche, irita rin ako sa kanya. Sabi na nga bang dapat pinigilan ko si Kevin na yayain yun na magparty eh! AT NAKAKAINIS SI TEH!!! BAKIT NASA PROFILE NYA YUN!?!?

Kaya nung pumunta sya sa studio nung araw na yun, April 1, kawawa sya sakin.

"Good Morning Jicker!!!!" bungad nya sakin, sobrang saya pa. "Happy April Fool's! At dahil dyan, I made you this April Fool's inspired cupcake!!!!" Binigay nya sakin yung dome-shaped na container.



Sa sobrang inis ko, binato ko yung cupcake. Gulat na gulat si teh. "BAKIT MO NAMAN TINAPON!?!?!?!?" pinuntahan nya yung nasirang cupcake at pinulot.

"Pake mo ba?!"

"Jicker, kung ayaw mo e di sana sinabi mo na lang! Pinaghirapan ko naman kasi 'to! Hindi ako natulog para dito!!!!"

"EH SINO BANG NAGSABI SA'YO NA BIGYAN MO AKO NG CUPCAKE AH?!?! ISA KA PANG KALAHATI DYAN EH!!!! TSAKA HOY TEH, TAMA NA YANG BAIT-BAITANG ACTING MO!!!! TAMA NA YAN KASI BULOK NA YAN!!!! DI MO BA ALAM NA NAGBREAK SINA JERSEY DAHIL SAYO?!?! NAKAKAINIS KA!!!! UNFORGIVABLE!!!!"

She clenched her jaw before answering. Halatang inis sya sakin. "Break na sila? At ako ang dahilan? What did I do this time?"

"YUNG SA MANOR!!! MAY NAKITANG PICTURES SI JERSEY SA FACEBOOK MO NA MAY KAHALIKAN SI KEVIN!!! TAPOS SI TANGA HINALIKAN SI MARLO!!! AYAN WERLA NA!!!!"

"Pictures sa profile ko? Excuse me! Number one, I didn't take pictures that night. I wanted to, pero alam kong pag nakita ni Jersey yun magwawala na naman sya. Number two, walang nakatag sa'kin na pictures na ganun. And yeah, I saw the photo you're talking about. Hindi naman kasi sya nakatag sa'kin! Ba't ko naman itatag sakin yon diba? Ano ako, naghahanap ng gulo? Excuse me, sana yung tagged photos ko na lang yung tinignan nya. I'm guessing na tinignan nya yung mismong album. Tapos ako pa may kasalanan? Aba, magalit sya kung AKO YUNG HINALIKAN NI KEVIN!!!! F\*ck, I am boozed that night! Nagawa ko pang kumuha ng picture? B\*tch please spare me.

Tsaka bakit kayo ganyan? Porke ako tong bagong dating, nakakaasar, b\*tchy, ako na agad ang masama. Ako na lahat may gawa ng mga kabwisitan sa buhay. Please lang, I have nothing to do with this. Si Jersey ang culprit dito, hindi ako. Get your facts straight before blaming people. And one more thing, bagay nga kayo ni Jersey. Parehas kayong impulsive! Sa sobrang impulsive nyo nagiging selfish kayo, nakakasakit na kayo. Magsama nga kayong dalawa!!!"

Tinaasan ko sya ng kilay bago sya umalis. Aba, nagdrama na naman sya! Nakakainiiiiiiiiis!!!! Sya pa may ganang magalit!!!

--XX--

Nasa sasakyan na yung dalawa papunta ng Tagaytay. Actually napilit lang naman si Jersey na pumunta sa party ni Jicker. Mantakin nyong 26 years old na si Jicker! Ang tanda na nya!!

"Wag ka ngang sumimangot dyan! Nakakasira ka ng mood eh!" sabi ni Jicker habang tinatahak nila ang SLEX.

"Inaantok kasi ako eh," sinuot na lang ni Jersey yung aviator shades nya. "Tulog muna ako, okay?"

"Fine. Gisingin na lang kita pag malapit na tayo, okay?"

"Sure."

Kaso hindi makatulog si Jersey. Naka-loop pa rin sa utak nya ang mga nangyari sa kanila last month.

--XX--

(KEVIN'S POV)

Tinext ko si Jersey three days after mangyari yon. Hindi para makipagbalikan ah, para kunin lang nya mga gamit nya sa condo ko.

Sabi nyo masyadong padalos-dalos ang pakikipagbreak ko. Hindi nyo kasi naiintindihan. Masakit kaya! Nung sinabi nya yon, lahat ng nangyari sakin dati bumalik na naman, naisip ko sila ulit lahat. Lahat ng takot, sakit, para akong sinuntok sa buong katawan. Torture. Ang sakit sakit.

\*beep beep\*

From: Jersey

I'm here.

Hindi ko alam kung bakit ko sya tinext kanina. 3 days na rin nya akong kinukulit para kausapin sya. Text, tawag, pagpunta dito sa condo.. ginawa nya para makausap ako. At ako naman? Wala lang, hindi ko sinagot lahat ng ginawa nya. Ang stubborn talaga ni Jersey, kitang nasasaktan na ako.

Binuksan ko yung pinto. There she was, nakayuko.

"Pasok," medyo galit kong sabi. Tahimik naman syang pumasok sa condo ko.

Walang nagsalita saming dalawa for almost 3 minutes. Di ata sya nakatiis. "Kevin.."

"Don't set your hopes up. Hindi kita tinext para makipag-ayos sayo. Ipapakuha ko lang yung mga gamit mo dito."

Nagulat sya sa sinabi ko. Ako rin, medyo nagulat. Bahala na. "What?" sabi nya.

"Kunin mo na yung mga gamit mo. Yung iba naayos ko na, nasa guest room. Sabihin mo na lang pag tapos ka na." Umupo na lang ako sa sala at binuksan yung TV.

Nakatayo lang sya, parang hinihintay ako na may gawin. "Dalian mo, aalis ako."

"You're making this break-up so real, Kevin."

"It is real, Jersey. I made it clear nights ago, right? Kung akala mong April Fool's joke yun, dream on. Pakidalian nga."

She got my message and went to the guestroom. Bahala sya, nanonood lang ako ng TV. Medyo natagalan ata sya sa pagkuha ng gamit nya kaya pinuntahan ko na sya. Ayun, nakaupo sya sa gitna ng kama, tinititigan yung mga gamit nya.

"Ahemm," napatingin sya sakin. "I just wanna make sure have everything you need."

She sighed. "You mean other than you?" Natigilan sya sa sinabi nya, narealize na mainis ako. "Sorry. That was unfair."

"Tapos ka na ba? Maedyo malalate na ako sa appointment ko."

"Doctor appointment?"

"Why do you need to know?"

"Kevin please.. don't be such an @ss."

Hindi ko na lang pinansin yun. "Dalian mo. Aalis nako."

Binitbit nya yung box na puro gamit nya ang laman at lumabas na sa guestroom. Nasa sala na kami nang magsalita sya.

"Kevin.. can we talk?"

"Talking won't help this, Jersey. Space and time siguro pwede pa. Kaya please lang, umalis ka na."

"Okay," mahina nyang sabi. Bago sya lumabas ng condo, may pahabol pa ako.

"Jersey, one more thing." Nilapitan ko sya at may inabot sa kanya.

"Seriously? Kevin? You're returning this to me?" Ano yung inabot ko sa kanya? Yung duplicate ng susi ng condo nya.

"Para san ko pa gagamitin yan ngayon. Mas mabuti nang ibalik ko sa'yo kesa itapon ko na lang diba? Alis na."

Jersey gave me that one lingering look before she went out. Bahala na sya sa buhay nya. Masakit.

*Is there a chance?*

*A fragment of light at the end of the tunnel?*

*A reason to fight?*

*Is there a chance you may change your mind?*

*Or are we ashes and wine?*

--XX—

Gising na si Jersey nang dumating sila sa Tagaytay. Of all places, bakit pa Tagaytay? Nandito yung Leinz, yung rose garden na bigay ni Kevin sa kanya nung 23rd birthday nya. Eh sino bang nagpakana ng birthday party ni Jicker na 'to? Obviously hindi si Jicker.

Eh sino?

--XX--

(BLANCHE'S POV)

So pati kayo iniisip nyo na ako may pakana? Nakakainis naman ako! Sige, istereotype nyo lang ako! Fine! Ako na masama! AKO NA!!!

Ang sama lang ng loob ko kay Jicker. Pagbintangan ba naman ako! Sakit lang! Tapos yung cupcake! Pinaghirapan ko talaga yun! Ibabato lang nya! <///3 :(((

Tinulog ko na lang yung sama ng loob ko sa kanya at lumabas na lang ako nung gabi. Saan pa? Sa 70's Bistro ako pumunta! Music and booze ang therapy ko for this. Nakakainis! Nandun lang ako sa bar around 11:30 pm, inom tas kinig sa Hijo. Okay lang, medyo nakalimutan ko yung ginawa ni Jicker nang..

"Missed me?"

"Not now, Marlo. I am pissed."

Umupo si Marlo sa available na stool sa tabi ko. "Di mo talaga ako namiss? :("

"At bakit naman kita mamimiss?"

"Wala lang, nagbabasakali lang."

\*silence\*

"So.. heard what happened? Jersey and Kevin," cool ko pang sabi.

Napailing na lang si Marlo sa sinabi ko. "Kay Jicker ko lang narinig. More of sinigawan nya ako."

"Why did you kiss her?"

A smirk formed on his face. "Jealous?"

"I am dead serious here."

"Ewan ko rin," he sighed. " I didn't kiss her back. Nagulat kasi ako. Tsaka alam kong gulo lang ang mangyayari pag nagkataon. Yun nga ang nangyari."

"Jersey and her impulsiveness. That girl is such a whack."

"Naaawa ako sa kanya ngayon. Marami na syang pinagdaa-"

Dun ako nagalit. "Kung makapagsalita ka parang si Jersey ang kawawa dito ah! Hello, mas nagsuffer si Kuya Kevin!"

"Chill lang!"

"PANO AKO MAGCHICHILL E AKO ANG SINISISI NILA SA NANGYARI!!! Pati si Jicker nagalit sakin!!! Ako na lang palagi ang masama. Nakakasawa!!!!" Tinodo ko na yung lagok sa gin tonic na iniinom ko.

Inagaw ni Marlo yung baso ko. "Tama na nga ang inom! Nakakarami ka na eh!"

"AYOKO!!!! Marlo.." tinignan ko sya nang seryoso. "Am I that bad?"

"Come on, I'll bring you home."

"Eeehhh Marlo ayaw ko pa umuwi!!!"

"Blanche.. lasing ka na. Pano ka uuwi?"

"Kaya ko 'to. Please.. Kuya!!! Red Horse nga po!"

"Wag nyo na syang ikuha. Uuwi na kami."

Kumapit ako nang mahigpit dun sa inuupuan ko. "Marlo!!!"

And he did the unthinkable: binuhat nya ako!!! Na parang sako!!!

"LET ME GO!!!" Todo piglas naman ako!!! OMG!! My head's spinning!!!

"Blanche wag kang malikot, baka mahulog ka."

"AYOKOOOOOOOOO WAG MO KO IHATID!!!"

"Sige ka iiwan kita dito!!!"

Natakot naman ako sa sinabi nya. "Wag mo naman akong iwan." Tinawanan lang nya ako.

Naglakad lang kami paikot sa area, hindi sya nagsasalita. Gusto nya atang mawala yung tama ko. Eh nakakahilo naman!!!

"Just so you know, hindi ako natuwa dun sa kiss ni Jersey," bulong nya sakin. 3rd time na naming pag-ikot yon.

"Bakit mo naman sinasabi sakin yan ha? Pake ko ba?"

"Wala lang. Para hindi ka na magdoubt sakin."

"Hindi naman ako nagdodoubt. Kasi hindi naman ikaw yung gusto ko."

Tumawa na naman sya. "So si Jicker talaga? Wala kang pag-asa dun! Hindi na magiging lalaki yun!"

"E di tutularan kita!"

"Ha?"

"Katulad ng ginagawa mo sakin ngayon. Gagawin ko rin kay Jicker. Tibay mo kasi eh!"

"Kahit anong gawin mo.. wala yan. Matibay ata bestfriend ko."

"E di gagawin ko lahat!!!"

"Bakit ako.. ginagawa ko naman lahat para pansinin mo ako ah!"

"Not good enough!"

"Itaga mo 'to sa bato, Blanche. One day you'll realize it. I'm the guy for you, Blanche. You'll see."

Hindi na lang ako umimik. Alam ko kasing si Jicker yung gusto ko, hindi sya.

--

Kaya a week before Jicker's birthday, nagdecide akong magprepare ng something for him. Yep, hindi ako nagparamdam sa kanya ever since that happened. Pero hindi ko matiis si Jicker, stalker mode ako! Dumadaan-daan ako sa studio just to catch a glimpse of him! OMG! :">>

Then one day, nagulat na lang ako na bigla nya akong nahuli sa labas ng studio. Wala dun si Jersey.

"ANONG GINAGAWA MO DITO?!?!!" nagwawala nyang tanong sakin.

"Wala lang! Napadaan lang ako."

"IMPOSSIBLE!!!!"

"Namiss mo ako?"

"BALIW!!!" A beat. "Di nga, ba't ka andito?"

"Uhh.. gusto lang sana kita iinvite!"

Tinaasan na naman nya ako ng kilay. "For what?"

"BIRTHDAY PARTY MO!!!!"

Nanlaki yung mga mata nya sa sinabi ko. "SAY WHAAAAAAT!?!?!?"

"Di ba birthday mo sa May 10? Kaya gumawa ako ng birthday celebration mo!!!! Bawal kang tumanggi kasi kinausap ko na sina Amae dit-"

"KINAUSAP KA NILA?!?!?!?"

"Well.. they hesitated for awhile pero pinag-isipan talaga nila muna bago sila pumayag. Sa Tagaytay yung celebration mo ah! Next week! :)"

"Sino ka para mag-organize ng birthday celebration para sakin? NANAY BA KITA!?!?!?"

"Hindi. Future girlfriend mo lang naman!"

"MASUKA KA NAMAN SA SINASABI MO!!!!!"

Nginitian ko na lang sya. Mas lalo tuloy akong nagkakagusto sa kanya nito eh! :"">> "Bahala ka,  
Jicker. Pag yun nagkatotoo.."

"MALAS AKO!!!!!"

"Hindi kaya! Ang swerte mo! :">

--XX--

Nandun na sa resthouse ang barkada pagdating nina Jersey.

"JERSEEEEEEEY! I missed you!" sobrang tuwang greet ni Amae sa wedding planner nya. 3 months na lang bago sila ikasal ni Keith!

Okay, it doesn't mean na hindi sila nastress sa nangyari kina Kevin at Jersey. Sa totoo lang after nilang malaman yung break-up, wala muna silang kinausap sa dalawa. Ayaw muna nilang

makialam sa nangyari kasi masyado pang magulo yung sitwasyon. Kinausap muna nila si Jersey a week later, tapos si Kevin naman nung mismong araw na aalis sya papuntang Coron, Palawan. Hindi sila galit nung kinausap nila ang KevJe. Inintindi na lang nila ang dalawa. Ano pa kasi ang mapapala nila pag dumagdag pa sila sa sakit ng ulo diba?

"Miss ka dyan! Kakakita lang kaya natin yesterday!" niyakap nya ang kaibigan. "So.. kaya pa ba?"

"Naman! Hoy sa next meeting natin please pumunta ka na! Kung nag-iiwasan kayo ni Kevin, please wag nyo naman idamay ang wedding namin!"

Medyo nalungkot si Jersey sa sinabi ni Amae na yun pero di nya pinahalata. "Fine, I'll attend na! San ba?"

"Sa bahay namin sa Bel Air! Tapos na sya by next week! Tara ha? :>"

"Sure!"

--XX--

Pinuntahan ni Jersey si Kevin sa condo nito, 3 days after nyang kunin yung mga gamit nya. Nagulat nga sya na hindi pa pinapalitan ni Kevin ang password ng lock nito. Bakit na naman sya pumunta dun? Wala lang. Bukas kasi aalis na si Kevin papuntang Coron, Palawan. Narinig lang nya yan kay Jicker kaya dumiretso agad sya after ng gig nila sa condo ni Kevin. Tumambad sa kanya si Kevin na nasa sala, naglalagay ng luggage bag sa may tabi. Halatang nagulat at nainis ito sa pagkakita sa kanya.

"Anong ginagawa mo na naman dito?"

Sinarado muna nya yung pinto bago sumagot. "So it's true. You're leaving tomorrow?"

"Obvious naman siguro sa bag ko diba?" tinuro pa nito yung bag sa gilid.

Silence.

Umupo si Kevin sa sofa, sumunod naman si Jersey pero hindi sya umupo. Dun lang sya sa may gilid.

"Can you talk to me, please?"

*I'll tear myself away*

*That is what you need*

*There is nothing left to say*



"I don't what to say, Jersey," binuksan ni Kevin yung TV. "A part of me wants to find the right words to hurt you, just like the way you hurt me."

"I am hurting, Kevin."

"You mean because I made out with Marlo? Because I didn't trust you? Oh wait, that was you."

May naramdamang kirot si Jersey sa puso nya. Ayaw nya sa lahat pag sarcastic si Kevin, lalo na pag galit. That time gusto nyang sapakin si Kevin pero alam nyang mali 'yon. Kinalma na lang nya ang sarili. "Always and forever," she whispered.

"What?"

Ngumiti na lang si Jersey. "Nothing." She turned her back and went to the door.

"Jersey.."

Kinilabutan si Jersey sa narinig na yun. May kung anong excitement syang naramdaman. "Kevin please I.. just want.." tumakbo sya papunta sa sofa at yun. Niyakap nya si Kevin at hinalikan ito.

"Kevin I'm sorry.. I'm so sorry.."

"Jersey," tinulak sya nito palayo. "Sorry I can't do this. You need to go. Maaga pa alis ko bukas. Please." Umiwas na lang ito ng tingin kay Jersey.

Napaupo na lang si Jersey sa tabi nito, narealize yung ginawa nya. "I.. understand.. if you don't love me anymore. You have the right to do everything you want from now on." Lumakad na sya papunta sa pinto. Akmang hahawakan na nya yung doorknob nang..

"Always and forever," sabi ni Kevin. Napatingin naman si Jersey dito.

"Always and forever. That's what sucks, Jersey. I still do love you. I always will..

But I just can't trust you."

At dahil dyan sa sinabi ni Kevin, umiiyak si Jersey habang pabalik sya ng condo nya.

*Is there a chance?*

*A fragment of light at the end of the tunnel?*

*A reason to fight?*

--XX--

Kakabalik lang ni Kevin from Coron last week, at hindi pa ito nagpapakita sa barkada. Ininvite sya ni Blanche sa party ni Jicker pero alanganin pa ang mga sagot nito.

Nagpatuloy ang party na wala si Kevin. Mas gusto nga ni Jersey na hindi ito dumating. Baka kasi kung ano pang katangahan ang magawa nya pag nagkita sila, at mas lalong lumayo ang loob ni Kevin sa kanya.

Kalagitnaan ng party nang magpaalam sya kay Jicker na hihiramin muna saglit ang kotse nito. Pumayag naman si Jicker, na kasalukuyang napagtitripan ni Blanche. Mamaya na natin problemahin kung anumang meron kina Jicker-Marlo-Blanche. Ang importante ay yung kina Kevin ngayon.

Siguro nahulaan nyo na kung saan pupunta si Jersey. Sa Leinz. Matagal na rin mula nung huli nyang binisita 'tong lugar. Natatakot sya na baka ipasira ni Kevin 'tong rose orchard na 'to. Almost 4 years na pala 'to! Wala syang kaalam-alam na merong hinanda si Kevin na ganito for her.

Buti na lang kilala sya nung guard kaya pinapasok sya sa vicinity. Naluluha sya habang tinititigan yung red and white roses na nakatanim dun na para sa kanya. Para sa kanya.

Ang tanga tanga tanga mo talaga Jersey. Yan ang nag-eecho ngayon sa isip nya.

Kailangan nyang makuha si Kevin ulit. She lost him once, ayaw na nyang maulit yon! Nag-iisip sya ng pwede nyang gawin para makuha nya ulit ang tiwala sa kanya ni Kevin. Sabi nga sa kanya ni Jicker dati, "If someone wants to leave? Don't force them to stay. Make them want to come back."

Pabalik na sya sa kotse ni Jicker nang halos mabulag sya sa ilaw ng kotseng papunta sa parking lot ng Leinz.

"ANO BA YAN!!!" nasigaw nya sa sobrang inis. Nang namatay na ang ilaw, nagulat sya kung kanino yung sasakyan na na kinaiinisan nya.

"O. Nandito ka rin pala."

Naputol ata yung dila ni Jersey. Hindi na kasi sya makapagsalita.

"Hi.. Kevin."

And for the first time since last month, nginitian sya nito.

*Is there a chance you may change your mind?*

*Or are we ashes and wine?*

*The day's still ashes and wine*

*Or are we ashes?*

---

## Chapter 42

---

(JERSEY'S POV)

"O. Nandito ka rin pala."

What the freak is he doing here? Para na lang syang aparisyon!!! I am completely.. speechless. After almost three weeks, ngayon ko lang ulit sya nakita. And boy, he looked.. so handsome. Nagpa-tan si Kevin! Eto ba talaga ang nagagawa ng Coron? DAFUUUUQ!!!

I don't know what to say. Ano bang dapat sabihin ko sa ganito ah? Hey! Tayo na ba ulit? O sisimulan ko sa P\*tangna ano ba!!!! Mahal mo pa ba ako o hindi?

Sasagutin ko yung sarili kong tanong.

Mahal na mahal na mahal na mahal ko pa rin sya.

Wala namang makapagbabago nun ah? AS IN WALA.

Ang dami kong sinasabi sa isip ko pero WTH, eto ang lumabas sa bibig ko.

"Hi.. Kevin."

Me and my stupid mouth.

Ineexpect kong tatarayan lang nya ako, just like what he did before. Dyan naman magaling yang bwiset na yan, sa pagtataray eh.

Pero.. never kong inexpect na ganun ang gagawin nya.

He smiled.

At me.

For the love of God! Lord pinagtitripan nyo lang ba ako? Hindi pa naman ako umiinom o never naman akong nagdrugs! Imagination ko lang ba 'to?

"Alam mo.. mukha kang tanga. Wag mo nga akong titigan!" sabi nya sakin, medyo natatawa pa.

Sh\*t. I AM NOT IMAGINING THINGS.

He really smiled at me. It's not a figment of my imagination!!! OMG WHAT'S THE MEANING OF THIS!!!

Me: \*medyo natauhan\* Anong titigan ka dyan? Inaantok kaya ako!

Kevin: \*tumawa nang mahina\* Palusot mo.

Me: Bumalik ka na pala. I saw your car days ago. Hindi ka man lang nagsabi.

Kevin: I returned your keys, remember? Pano ako makakapunta sa unit mo diba?

OH. RIGHT. I forgot.

Me: So ganun? Hindi ka nga pupunta sa condo pero hindi ka rin magtetext? Kitang nag-aalala na ko sa--

Kevin: \*napailing\* Nakalimutan mo atang break tayo ah?

ARAY.

Me: Masama na bang mag-alala sa ex boyfriend?

Kevin: Aray. Ang sakit naman non. Ex-boyfriend.

Me: Ano bang itatawag ko sa'yo ha!?!? Sabi mo break na... ah ewan!

SILENCE

Ano bang topak nito ni Kevin? Hindi ko na sya maintindihaaaan! Ganyan ba ang tama ng break-up namin sa kanya?

Me: Kevin.. can we talk? Please?

Kevin: Sure.

Natakot at natuwa ako at the same time. Naglakad sya papunta sa rose garden. Ano bang problema nya? Sinundan ko na lang sya. Nasa magkabilang side kami ng garden, ako sa kanan tas sya sa kaliwa.

Kevin: So.. ano bang pag-uusapan?

Me: About us.

Kevin: Akala ko ba malinaw na sa'yo yung tungkol s--

Me: Hindi lang ako basta makukuntento sa explanation na yun Kevin! Gusto kong malaman kung anong gusto mong mangyari sa 'tin. Gusto kong malaman kung san na tayo pupunta, kung mag-eexpect pa ako.

Kevin: I don't know. Ang.. layo na natin mula dun sa kung sino tayo dati. Bakit pa nati-

Me: ANONG HINDI MO ALAM!?! \*sighs\* Ang dali lang naman sagutin nyan ah!

Kevin: What do you wait me to say? Tsaka bakit ba masyado kang agitated dyan?

Me: Because I love you! I want us to stay together!

Kevin: Tapos?

Me: KEVIN WAG KA NGANG GANYAN!!!

Kevin: Ano nga bang gusto mong sabihin ko? \*beat\* Look, hindi ko talaga alam Jersey. Hindi ko 'to sinasabi para inisin ka. Hindi ko alam kung kelan ako magiging ready para sa'tin, o kung magiging ready pa ako. Ang dami kong iniisip ngayon, kaya pumunta ako ng Coron.

Me: Ganito na lang 'to? Ha?

Kevin: Jersey. \*lakad papalapit sakin\* Huwag muna nating ipilit maging masaya kung masakit pa. Kasi kung ganun.. wala rin, hindi rin magwowork-out. Tsaka..

Me: Tsaka ano?

Kevin: Babalik nako ng Germany next month.

Nganga ako sa sinabi nya.

Kevin: \*tingin sa taas\* Kaya ako pumunta ng Coron para magpalamig at gumawa ng thesis. Gusto ko namang grumaduate, diba? \*laughs\* Hirap kaya! Ayun. Kaya hindi ko masasagot yang tanong mo, kung ready na ba ako o ano. Madali lang kasing sabihin na mahal kita, pero pag nasaktan na mahirap patunayan. Gusto ko pag binalikan kita.. kung babalikan kita, yung tayo.. hindi na ko ganito. Wala na akong doubts sa sarili ko, sa'yo o satin. Di ba sinubukan na natin? Tignan mo nangyari, umabot tayo sa ganito. \*tingin sakin\* Wag kang mag-alala, mahal pa rin kita. Sabi ko nga sa'yo, hindi naman mawawala yun diba? Di ko lang kaya ngayon. Sabi nito \*turo sa puso\* time out muna. Thesis muna \*winks\*

Pinipigilan ko lang umiyak. Sinusubukan nyang i-take lahat ng 'to na parang hind mabigat, na kaya nya. Kaso kita ko sa mga mata sya, tagos dun eh. Yung sakit. Kasalanan ko kasi yon.

Kevin: \*snaps his fingers\* Tulala ka na naman!

Me: S-sorry.

Kevin: Pasensya kung madrama ah, ayoko lang na kung anong isipin mo. T@ngina, ako ata ang babae dito e, hindi ikaw! Sorry talaga Jersey.

Me: Kelan.. balik mo sa Germany?

Kevin: Second week of June? Mga ganun. Saktong one month na lang babalik ako dun.

Me: For how long?

Kevin: \*beat\* Hindi ko pa alam eh. Depende siguro kung anong mangyayari.

Me: Bago.. bago ka ba umalis.. hypothetical lang 'to ah? Pwede kayang maging t-

Kevin: Hindi ko alam. Tignan natin. Kaso wag ka namang mag-expect masyado Jersey.

Me: KEVIN NAMAN PLEASE! Wag mo naman ako pahirapan ng ganito o.

Kevin: \*sighs\* Jersey. Time and space.

Me: If.. that's what you want. Pwede bang bilisan? \*laughs\*

Kevin: Lul. Parang.. ang dali nun ah!

Me: \*sighs\* Grabe ka Kevin.. pasalamat ka..

Kevin: Pasalamat ako na ano?

Me: Pasalamat ka mahal na mahal kita.

Kevin: E di patunayan mo!

Nganga ako sa sinabi nya. Pa..tunayan ko? Naglakad na si Kevin pabalik sa may parking area, iniwan ako!!! Eh sa nagulat ako eh! Hinabol ko na sya. Eto namang lalaking 'to, ang gulo ng isip! Pinagtitripan ata ako nito eh!!!

Me: \*takbo\* Wait lang!

Napahinto si Kevin sa pagbukas ng car door nya.

Kevin: Ano yun, Miss?

Me: Pag napatunayan ko ba.. \*hingat\* Mapapatawad mo na ako?

Kevin: \*laughs\* We'll see \*winks\*

Me: Kevin naman! Wag mo naman ako pagtripan o! Please?

Kevin: \*sakay sa kotse\* Tignan natin. Kung.. mapapabigay mo ako. Kaso.. Popoy na ata 'to eh \*turo sa puso\*

Me: JOHN KEVIN UY SANTOS!!!! ANG LAKAS NG TRIP MO!!!

Tinawanan na naman nya ako. He's enjoying this! This @ss!!! NAKAKAINIS!!!!

Kevin: Babalik nako sa resthouse. Ikaw ba?

Hindi ako sumagot, tinignan ko lang sya ng masama.

Kevin: Ano Jersey, susuko ka na ba?

ABA!!! Hello Kevin, ako si Jersey. HELLO HELLO HELLO!!! Nainlove ka nga sakin na wala akong ginagawa eh! Hindi pa kita inaakit non! Chos! (ANO RAW?!?!) Actually naexcite ako sa sinabi nya. Kasi.. palagi na lang sya yung gumagawa ng paraan para makuha ako or something tapos ako.. wala pang nagagawa. This is the time for me to prove myself!!! YEY!!!

Tinignan ko sya ng seryoso. Aba, ako pa hinamon nya? I AM AWESOME!! WOOHOOO!!!

"Challenge accepted, Mr. Santos. Challenge accepted."

Malakas na tawa na lang sagot nya sakin. Siraulo talaga 'to! :)

--

NORMAL POV

Balik tayo sa party kung san naiwan sina Jicker at ang barkada. Kagaya ng nabasa nyo sa previous chapter, si Blanche ang punong-abala ng 26th birthday ni Jicker. Sa totoo lang sobrang nahihya si Jicker sa ginawang party ni Blanche, dahil na rin siguro sa ginawa nyang party para sa kanya. Kaso ang ever makitid na utak ni Jicker, ayan, umarangkada! Baka ginagawa lang naman 'to ni Blanche para konsensyahin sya. Dafuuuuq! ASA KA BLANCHE, MATIBAY SI JICKER!!!

Kaso.. habang nasa party sila, nakokonsensya nga si Jicker. Aba, effective! THIS CAN'T BE HAPPENING!!! Bakit sya makokonsensya e epal naman yung babaeng yon? NAKAKAINESSS!!!

Ang kinagulat nya, hindi sya kinukulit ni Blanche ngayon. Isang "Happy Birthday Jicker!", konting kanta ng Happy Birthday at bigay lang ng cake ang appearance ni teh today. Tapos.. yun lang. The end. Finito. THE FUDGE. KINOKONSENSYA SYAAAAA!!! AND BENTA SA KANYA!!! OMG NO!!!

Kausap ngayon ni Blanche si Kat, habang sya nandun, kunwaring kumukuha ng picture. Pumapapel si teh? Talaga? HINDI SYA PAPAYAG! Ay, nandito pala si Marlo. Eh nasan si Jersey? Nanguha na lang ng sasakyan tapos lumarga na! BAHALA NA SYA!!! ANG SAKIIIIIT LANG </3

Nang nagsosolo na si Blanche, nagdecide si Jicker na lapitan ito. Wala lang, mangaasar lang sana. Palapit na sya nang..

maunahan sya ni Marlo.

First time nyang makitang magseryoso si Marlo sa isang babae. Iba kasi yung kay Jersey eh. Etong kay Blanche? Ang tiyaga nya ah! Well naisip din naman nyang baka ganun ang approach nya kay Jersey dahil na rin siguro kay Kevin. Nako!!! Of all people, bakit naman si Blanche pa? Pwede naman nyang hanapan ng ibang babae na mas maganda, mas maappeal at mas sexy kesa sa.. Blanchitang 'to!! Eto yung narinig nyang convo ng dalawa.

Marlo: Buti pa si Jicker.. ginawan mo pa ng party..

Blanche: Ha? E sa birthday nung tao e! Hello!!

Marlo: Kahit na! Sa August 3 ang birthday ko! Dapat may party din ako!

Blanche: So? Ayoko nang gawan ka ng party!!!

Marlo: Tsss. Ayaw naman sa'yo nun eh. Akin ka na lang! \*smirks\*

Blanche: Sorry, hindi mo ako madadaan sa mga ganyan mo! Hmmpp!!!

ANG LANDI LANG!!! ANG LANDI!!! ANG LANDI!!! Napuno na si Jicker sa landian moments ng dalawa kaya nagdecide syang umepal dito.

Jicker: ANO 'TO?!?!

Blanche: \*lights up\* Enjoying the party? :->

Jicker: Pano ako mag-eeenjoy kung nilalandi mo ang bestfriend ko?

Marlo: Teka lang Ji-

Jicker: \*pinigilan si Marlo\* I'm on this. \*to Blanche\* Hoy teh, ako na nagsasabi sa'yo. Dyan ka na sa bestfriend ko. NAGKAKANDARAPA NA SAYO O!!! WAG KA NA SAKIN!!!

Blanche: Ehhh Jicker! Sa'yo nga ako tinamaaan! \*lalapit sana kay Jicker\*

Jicker: \*tago sa likuran ni Marlo\* ANO NA NAMAN?!?!?! HOY TEH!!! AYOKO NGA SAYO!!! DI TAYO TALO!! FOREVER TEH NA RIN AKO!!!!

Marlo: WAG NGA KAYONG MAKULIT!! BLANCHE!!! JICKER!! TIGIL NA NGAAAA!!!

Jicker: Nako Marlo pagsabihan mo nga yang babae mo na layuan ako! She's scaring me!!!

Blanche: I AM HARMLESS!!!



Jicker: LUL HARMLESS KA DYAN!!!!

Pinagtitinginan na sila ng barkada, pero walang ginawa ang mga ito. Interesting kasing panoorin yung trip ng tatlo. Nasan kaya sina Jersey at Kevin? Sayang ang epic nitong scene na 'to!!!

Blanche: JICKER YOU'RE MY ONE AND ONLY!!!

Jicker: LELANG MO!!!!!! LUL!!! EWWW!! MANDIRI KA NAMAAAAN!

Marlo: TAMA NA NGA!!!!

Tumigil sa habulan ang dalawa. Nakakastress!!

Marlo: Blanche, Jicker. Parehas kayong parang tanga.

Jicker: ('0') OMG!!! ANYAREH SAYO!!?!?!?

Blanche: Excuse me!?!?

Marlo: May naisip ako. Tara, pasok tayo sa loob.

Takang-taka sina Jicker at Blanche na sumunod kay Marlo. Napuno na ata 'to sa kakulitan ng dalawa. Sino bang hindi maaasar sa isang epal na bestfriend at pakipot na love interest? Kaines. Dun sila pumwesto sa sala para mag-usap.

Blanche: Please tell me susukuan mo na ko!

Jicker: NAKO MARLO CHAVEZ WAG NA WAG MONG GAGAWIN YAN KUNDI MAWAWALAN KA NG KINABUKASAN!!!

Marlo: Tumahimik nga kayo, okay? Makinig kayo sakin.

No choice yung dalawa.

Marlo: \*deep sigh\* Blanche, answer me honestly. Sinong gusto mo samin ni Jicker?

Blanche: ALAM MO NAMAN ANG SAGOT KO DYAN DIBA!!! Si Jicker!

Marlo: Jicker, may g--

Jicker: NYETA WALA AKONG GUSTO SA BALAHURANG YAN!!!

Marlo: Okay. Alam nyo namang gusto ko si Blanche.

Blanche: Whatever (-\_-)

Marlo: And dahil dito.. mukhang magkakagulo tayong tatlo. Kaya I have a plan.

Jicker: Ayusin mo yang plano mo, Marlo. Uupakan talaga kita!

Marlo: Kasi ako gusto ko si Blanche, si Blanche gusto ka, ayaw mo naman kay Blanche at ayaw mo sya para sakin. Lahat na lang may kontra. So.. since si Blanche naman ang napapagi-

Jicker: WHY HER? HELLO AKO KAYA DEHADO DITO!!!

Blanche: Hoy Jicker mas dehado naman ako kesa sa'yo noh!!!

Jicker: U MAYOS KA NGA DYAN!!!

Marlo: HINDI PA KASI AKO TAPOS! \*natahimik yung dalawa\* Ganito na lang, para makapili si Blanche sating dalawa Jick.

Blanche: Nakapili nako!

Jicker: Hello? As if magpapapili ako!!!

Marlo: Makinig nga kasi! \*to Blanche\* Unfair naman kasi sakin yon diba? Hindi mo pa ako nakikilala tapos babalewalain mo lang ako. \*to Jicker\* Ikaw naman sobra kung i-judge si Blanche. Hindi mo pa nga kilala yung tao! Kaya ganito ang proposal ko: Blanche, you have to spend time with the two of us.

Jicker: WHAAAAAAAAAAT!?!?!?!?

Blanche: Ha?

Marlo: MWF - akin si Blanche. TTTHSat kay Jicker. Ang goal nito ay #1, para makilala mo kaming dalawa mabuti , #2: para makilala ni Jicker si Blanche at hindi basta i-judge ito and ang pinakagoal: makapili sa'tin si Blanche. Ayos ba?

Naguluhan si Jicker sa sinabi ng bestfriend nya. Whaaat? Spend time with Blanche? Iniiwasan na nga nya yung tao tapos ganto pa? The heck!!! Gusto ata ni Marlo na tarayan nya si Blanche para sya ang mas piliin nito! Imbyerna! Kung papayag sya, sisiguraduhin nyang walang makukuha si Blanche sa kanilang dalawa ni Marlo!!! BESTFRIENDS 4EVAAAHH!

Tuwang-tuwa naman si Blanche sa suggestion ni Marlo. At last, time with Jicker! :> Yung kay Marlo.. Hmmm.. Okay na rin siguro. Unfair nga sya sa pagdidismiss agad dun sa tao. Hindi pa nga nya napapatunayan yung sarili nya sa kanya eh! Bigyan na rin nya ng try si Marlo, baka nga.. may magbago sa decision nya.

Blanche: Okay I'm in!

Marlo: \*tingin kay Jicker\* Ano na?

Jicker: \*sighs\* Fine I'm in! Gano ba katagal 'to?

Blanche: ARE YOU SERIOUS?

Jicker: Kahit labag man sa kalooban ko.. oo, payag ako. KASI AYAW KITA PARA SAKIN AT SA BESTFRIEND KO!!!

Marlo: Jicker tigil na muna! \*beat\* Okay na siguro yung isang buwan para sa arrangement na'to diba?

Jicker: BASTA ISANG BUWAN LANG!! NOTHING MORE!!!

Blanche: Okay lang!

Marlo: Magsisimula 'tong arrangement na'to next week Monday, okay ba?

Blanche: Okay!!!! YEEEEEEHEEEEEEEEEEEEEEEEEEEY! >:D<  
Paglabas nila ng sala, takang-taka ang barkada sa kung anong napag-usapan ng tatlo. Wala nang sinabi sina Jicker sa usapan nila, mahirap na baka may kung anong intervention na naman ang gawin.

--

(KEVIN'S POV)

Sunday nang magyaya sina Amae at Keith na pumunta kami sa Bel Air. House blessing na kasi nila. Last week pa tapos yung bahay pero ngayon lang nila ipapabless. Nangonsensya pa nga ang dalawa, ako raw ang hinihintay para sa house blessing.

Hindi kami sabay-sabay sa isang kotse. Malamang, busy kaya ako! Kinukulit na nga ako ng thesis adviser ko sa Germany e! Ngaragan na kasi. Napabaya ko yung thesis ko :( Ah bahala na nga!

Galit na naman kayo sakin sa sinabi ko. Sorry naman ah? Hindi ko babawiin yung mga sinabi ko sa kanya. Yun kasi ang totoo. Nabawasan yung sakit, kaso meron pa rin. Ayokong magkabalikan kami na may ganun pang sakit. Baka kung anong mangyari, maudlot yang "Always and Forever" na inaasam-asam nyo.

Ako na siguro ang huling dumating saming lahat. Wala naman kasi akong signal dito! Tsaka wala pang maid sina Amae. Ang laki ng bahay, san ako magtatanong? Bwiset.

"Amae? Keith?" medyo hininaan ko na yung sigaw ko. May naririnig akong tawanan sa may likuran ng bahay, baka dun yung garden/tambay area. Susundan ko na sana yung ingay nila nang..

may narinig akong piano.

Sino naman kaya magpipiano dun? Sinundan ko yung tunog, nasa may second floor. Hala, baka nga may multo dito sa bahay nila! Shet Kevin bakit ka natatakot sa multo? Isa ka pang siraulo't kalahati dyan eh! Akyatin mo na kaya?

Nakakacurious lang kung sino yung nagpipiano. Random keys lang kasi ang pinipindot nya e. Baka nga multo! De, yung ibang horror movies na napanood ko (pinapanood ni Jersey sakin dati) may certain song na tinutugtog yung multo. Mga sonata or what. Okay tama na! Umakyat na lang ako sa stairs para makita yung nagpipiano. Baka.. may multo nga!

Sa third room, left wing nanggagaling yung tunog. Ayos, medyo bukas yung pinto! Nice nice! Buti naman! Pagsilip ko..

kilala ko pala yung nagpipiano.

Well kilala nyo rin naman sya. Sino pa bang isisingit ni Leng sa chapter na 'to?

Nandun si Jersey, nakaupo sa harapan ng grand piano. Wow, sina Keith na mayaman! Suot ni Jersey ang eyeglasses nya. Di na ba sya nagcocontacts? :/ Yae na nga! Ayun lang sya, random na nagppress ng piano keys. Bihira ko lang makita si Jersey na tumugtog ng piano. Alam nyo naman yan, rakerol forever.

Aalis na sana ako nang tumugtog sya ng isang kantang.. familiar na familiar sakin.

*You push me*

*I don't have the strength to*

*Resist or control you*

*So take me down, take me down*

Pucha. Natigilan ako dun ah! Bihira na nga lang marinig tumugtog tapos eto pa?

*You hurt me*

*But do I deserve this?*

*You make me so nervous*

*Calm me down, calm me down*

*Wake you up*

*In the middle of the night to say*

*I will never walk away again*

*I'll never gonna leave this bed*

Para sakin 'tong kantang 'to. Nasa Germany ako nung unang beses kong marinig yan. Si Jersey agad pumasok sa utak ko. Alam ko na magiging favorite nya yan since fan sya ng Maroon 5.

*So come here*

*And never leave this place*

*Perfection of your face*

*Slows me down, slows me down*

*So fall down, I need you to trust me*

*Go easy don't rush me*

*Help me out, why don't you help me out?*

*Wake you up in the middle of the night to say*

*I will never walk away again*

*I'm never gonna leave this bed*

*So you say go, it isn't workin'*

*And I say nom it isn't perfect*

*So I stay instead*

*I'll never gonna leave this bed.*

Napapaisip tuloy ako. Ay Kevin, may sinabi ka n--

*Take it, take it all, take all that I have*

*I'd give it all away just to get you back*

*And fake it fake it all*

*I'll take what I can get*

*Knocking so loud can you hear me yet?*

*Try to stay away but you can't forget*

*Wake you up*

*In the middle of the night to say*

*I will never walk away again*

*I'll never gonna leave this bed*

*You say go, it isn't working*

*And I say no, it isn't perfect*

*So I stay instead*

*I'll never gonna leave this bed*

*Oooooohhhh*

Paulit-ulit sa utak ko yung "You say go, it isn't working/And I say no, it isn't perfect/So I stay instead/I'll never gonna leave this bed". Ganun ba ang gusto ko?

Tinitigan ko lang si Je, buti na lang nakatalikod sya sakin kundi kanina pa nagfreakout yan. Kinilabutan ako sa kanta na yun. Maroon 5 bakit ka ganyan?

Nadistract ako nung ingay ng barkada sa may garden. Bahala na nga, iiwan ko na si Jersey dito. Iikot na ako pababa ng hagdan nang tumunog yung sapatos ko. Lecheng friction! Patay na!

"Sino yan?" narinig kong sabi ni Jersey mula sa room. Patay na talaga! No choice ako, nagpakita na ako sa kanya.

Ako: \*silip sa pinto\* Hey.

Parang timang lang naman ang reaction ni Jersey. Medyo natatawa na nagulat na ewan.

Jersey: \*tumayo\* Oh. Kanina ka pa ba dyan?

Ako: Nope. Kakarating ko lang. Nasan sila?

Jersey: Uhh.. sa garden.

Ako: Eh bakit wala ka don?

Jersey: Pinapacheck lang ni Amae kung ayos pa 'tong grand piano ni Lola Paz. Bakit ka late?  
\*smiles\*

Ako: Yung thesis adviser ko kasi, ang kulit. 3 hours ba naman akong kausapin via Skype!

Jersey: Kamusta thesis?

Ako: Ayun. \*sandal ulo sa pinto\* Medyo patapos na. Sakit sa ulo pero.. naaah. Kaya pa naman.

Jersey: Gusto mo tulungan kita? Coffee if you like?

Ako: Teka ti-- Oh wait a minute!

Jersey: \*laughs\* Anong teka?

Ako: HINUHULI MO ATA AKO EH!!! Nice try, Jersey. Nice try!

Jersey: Sayang! ALMOST THERE!

Ako: Jersey, not good enough. Try harder.

Jersey: Hah, wag ka! Umpisa pa lang yan, abangan mo ang kasunod!

Ako: Wow, competitive!

Jersey: \*laughs\* Naman! I'm awesome ;)

Ako: Awesome your face. Tara na, hinihintay na ata nila tayong dalawa.

Sabay na kaming lumabas ng room ni Jersey, walang nagsalita saming dalawa. Almost 2 feet ang layo namin sa isa't isa. Nakakatawa nga, pero may urge akong hawakan yung kamay nya.. kaso pinigilan ko ang sarili ko. Maarte man, pero she needs to earn my trust back. Mahirap na.

Jersey: Just so you know, I played Never Gonna Leave This Bed earlier. And I know you're listening. \*smiles\*

Ako: \*bland face\* Ha? Kakarating ko lang kanina.

Jersey: Hindi mo ata napansin yung salamin sa harapan ko kanina, yung mahabang salamin sa wall.

Shet. Oo nga, may salamin nga pala sa wall. Dun ko lang naalala! At ako pa ang nagsuggest kina Keith na maglagay nun ah!

Ako: Guilty.

Jersey: Okay lang. And just so you know, that song's for you. I am not giving up on you, Kevin. Hold onto that.

Wala na akong sinabi hanggang sa makababa na kami ng stairs. Papunta nako sa garden tapos si Jersey.. papalabas na ulit.

Ako: O, san ka pupunta?

Jersey: Uhh.. I forgot my bag inside my car.

SINUNGALING. Sinilip ko yung kotse nya kanina, wala dun yung bag nya. Kahit ang tapang ng mga sinasabi nya sakín, medyo ilang pa rin siguro sya sa sitwasyon namin.

Ako: Sige, una nako.

Naglakad na rin sya papunta sa pinto. Malapit nako sa entrance ng garden kaso nagdetour yung mga paa ko, at bumalik ako sa may front door. Nakita ko sya, saktong bubuksan yung kotse nya.

Jersey: *\*surprised\** O, akala ko ba mauuna ka na? Don't tell me may naiwan ka rin sa kotse mo?

Ako: Wala ah. Nandyán ba yung bag mo?

Jersey: Nakay Jicker na pala. Pinahawak ko pala sa kanya kanina. Senior moment! Ikaw?

Oo nga, bakít ba ako bumalik?

Ako: Ano.. sabay na lang tayo bumalik? Okay lang?

HA? BAKIT YAN ANG LUMABAS SA BIBIG KO!!?!?!? Natuwa naman si Jersey sa sinabi ko.

Jersey: Part ba 'to ng challenge mo sakín, Kevin?

Ako: Exception 'to. Bahala ka, pag di mo 'to kinuha.. di na 'to mauulit.

Nilapitan agad ako ni Jersey, natakot ata.

Jersey: Hah. Sabi ko na nga ba, may epekto pa rin boses ko sa'yo *\*winks\**

Ako: Lul asa.

Jersey: Oh, wala pa yan sa kalahati ng plano ko, Kevin. Boses ko palang yan, pano na kaya kung.. basta!!

Ako: *\*natawa ng malakas\** I can't wait for that!

Nakatitig samin ang barkada pagdating namin sa garden. Mukhang gulat na masaya na natatawa silang lahat, except kay Jicker na gusto na atang magpalpitate sa kinauupuan nya.

Ako: Pasalamat ka Jersey...



Jersey: Na ano, mahal mo ko? Alam ko.

Ako: \*laughs\* You're an idiot. \*smiles\*

--

## Chapter 43

### NORMAL POV

Parang nagsisisi si Blanche na pumayag sya sa deal nila nina Marlo. Sure, quality time with Jicker at getting to know you chorva naman sa bestfriend nito. Akala nya madali. Kaso alam naman natin yung mga akala na yan, ang b\*tch minsan. Kagaya nito.

Monday morning. Simula na ng deal nilang tatlo. MWF kay Marlo, TTHS kay Jicker. Sana MWF na lang kay Jicker! Bakit ba nya sisimula ang linggo with Marlo? Kainis.

Nasa UP Diliman sya, nagjojogging. Wala kasi syang magawa sa condo nya. Sana pala nagtake sya ng photography lessons kay Jicker! Natawa na lang si Blanche sa naisip nya, she can't wait for Tuesday! Sya pa nga ang manunuyo kay Jicker. Ka-arte!

2 laps na ang nagagawa nya sa palibot ng Acad Oval. Runner si Blanche sa Bonn, palagi silang magkasama ni Kevin na mag-jog nung hindi pa natrigger yung lupus nito. Kaya nung nagkasakit si Kevin, medyo nawalan na rin sya ng gana tumakbo. Wala syang pake sa mga kasabay nyang tumakbo, naka-earphones kasi sya. Mas nakakadagdag ng adrenaline ang music sa pagtakbo. Nasa harap na sya ng Economics building nang...

"Bakit mag-isa ka lang nagjojog? Di ka man lang nag-invite."

Kahit naka-earphones si Blanche narinig nya yung nagsalita, kaso hindi nya pinansin. Alam nyang mambibwisit lang si Marlo kaya bahala na sya sa buhay nya.

"Blanche!"

Gora lang sya sa pagtakbo.

"BLANCHE!!!" tinanggal na ni Marlo yung earphones nito. Napatigil tuloy sya sa pagtakbo.

Blanche: \*irritated\* WHAT!!!

Marlo: \*grins\* Galit?

Blanche: Jerk! \*puts back the earphones\*

Marlo: So.. today's Monday.

Blanche: Like I care.

Marlo: Blanche naman! Araw ko kaya 'to..

Blanche: Sana tumawag o nagtext ka na lang diba? Di yung para kang stalker!!!

Marlo: Hindi ko naman kasi alam yung number mo eh. Kung makasigaw naman 'to!

Inis na inis na talaga si Blanche sa kausap. Pero natutuwa sya. Kung gano kakulit sa kanya si Marlo, ganun din kakulit si Jicker para lumayo sya dito. Teka, bakit si Jicker ba ang iniisip nya? Binigay ni Blanche yung number nya at iniwan ang kausap. Yun lang naman ang agenda ng lalaki eh.

Kaso.. sinabayan sya nito sa pagtakbo.

Marlo: Runner ka pala? :)

Blanche: Isn't it obvious?

Marlo: Sungit! \*beat\* Ang ganda ng campus namin noh?

Blanche: ('o') You studied here?

Marlo: Naman. BA Film. Bakit?

Blanche: Wala lang.. I'm just surprised.

Marlo: What? Mukha ba akong taga ADMU? \*laughs\*

Blanche: Hindi. I thought you studied abroad.

Marlo: Marami lang akong alam. Ikaw? Kamusta studies mo?

Blanche: I'm on leave. Gusto ko lang mag-enjoy. Ang hirap kaya maging Literature major!

Marlo: Naks! Ikaw na nerd!

Blanche: Whatever.

Marlo: Bakit ka naman nagleave?

Blanche: To enjoy life! Tsaka tinatamad nakong mag-aral. Baka hindi ko na ituloy.

Marlo: Sayang pera!

Blanche: I'm not paying for my tuition, so.. it's fine.

Natandaan ni Marlo yung kwento ni Blanche, na anak sa labas ito ng tatay ni Maxene. It must have been hard for her.

Marlo: Di ka na babalik sa Germany?

Blanche: Don't know yet. Why?

Marlo: Dito ka na lang mag-aral! Ako pa magbabayad.

Blanche: \*laughs\* And why?

Marlo: Baka mamiss kasi kita, mahirap na. \*winks\*

May naramdaman si Blanche na something weird dahil dun sa wink ni Marlo na yun. As in something weird. Bumilis.. yung tibok ng puso nya?

Blanche: Shut up. \*takbo nang mabilis\*

Marlo: Oy hintay naman!

Blanche: May routine akong sinusunod so pl--

Bago pa makatapos si Blanche sa litanya nya, may ginawa na namang kalokohan si Marlo. Binuhat nya si Blanche, na parang sako ng bigas.

Blanche: PUT ME.. \*struggles\* DOWN!!! PUT ME DOWN!!!! ANO BAAAA!

Marlo: Ayoko.

Blanche: MARLO!!! ANO BA!!! YOU'RE MAKING A SCENE HERE!!!

Marlo: Hindi kaya. Tara na? :> Ibababa kita in one condition.

Blanche: WHAT?!?!

Marlo: You'll date me today.

Blanche: \*sighs\* Ano pa bang magagawa ko? Fine! Now put me down!

Marlo: \*binaba na si Blanche\* So.. what do you want to do?

Blanche: Ikaw bahala! Ikaw nagyaya nito eh.

Marlo: Breakfast? :>

Blanche: San naman?

Marlo: Meron dyan sa Rodic's. Tapsilog. Wanna try it?

Blanche: \*beat\* S-sure. Gusto ko pa talaga itry yan dati pa.

Marlo: \*smiles\* Libre ko.. basta matatalo mo ko sa race.

Blanche: Unfair! I'm hungry already :<

Marlo: Beats me. \*takbo\*

Blanche: \*laughs\* Nakakainis ka!

---

(JERSEY'S POV)

Almost 3 months na lang bago ang inaabangang Romero-Cruz nuptials. OMG OMG!!! Parang last year lang sina Jerro at Sath ang tinutulungan kong magplano ng kasal. Dati kasama ko si Amae sa ngaragan sa last minute preps and changes. Tapos ngayon.. ako na lang mag-isa kasi ikakasal na si Amae! Ang bilis naman ata! ("o")

Joke nagdrama ba naman! Hehehe :D

So.. today's Monday, and Monday ang planning and meeting namin for the wedding. Syempre, ako ang punong-abala dito kaya buong weekend akong busy para sa meeting na 'to. Flowers, venue.. basta! Dapat nadali ko lahat! Si Amae pa naman ang pinakaniyerbyosa saming lahat. Konting glitch lang, magwawala na! Huhuhuhu.. Ayaw patinag!

Dun sa Bel Air house ang meeting namin, buong barkada na naman. Ako na syempre yung unang dumating dun. Kailangan ko pang i-sketch yung design ng altar, kaya tambay ako sa garden habang may inaayos yung soon to be Mr. and Mrs. Romero sa kitchen. In fairness, namiss kong magdrawing ah! Hindi naman ako kagalingan magdrawing pero natutuwa lang ako sa watercolor pencils chorva. Haha!

Feel na feel ko ang pwesto ko habang nagdadrawing nang may marinig akong sasakyan sa may labas. Baka si Jicker na yun, tinawagan nya ako kanina, at sabi nya malapit na raw sya. Sana nga malapit na sya! Ano bang ginagawa nung dalawa sa kusina? Emo tuloy ako!

Shoot. Hindi si Jicker yung dumating. Footsteps pa lang alam ko na kung sino. At naaamoy ko yung pabango nya. ALAM NA!! Pero syempre nagpanggap akong di ko alam na nandun sya. Chill lang ako, kunwaring nakikinig ng music. May pa-hum pa akong nalalaman. HAHAHA! Mapagpanggap! Hininaan ko yung volume, baka may sabihin e.

"Good morning, ex girlfriend!" rinig kong sabi nya. I can imagine he's grinning at me. @ss.

Hinintay ko munang makalapit sya sa table bago ako sumagot. "Good morning din, soon-to-be boyfriend again!"

Tawa na lang ang sinagot nya. Hinila nya yung upuan sa harapan ko at umupo.

Kevin: Ayos yun ah!

Me: *\*without looking\** Naman! I'm awesome like that :>

Kevin: *\*laughs\** Natatawa ako sa'yo.

Me: Sorry, cute ko kasi.

Kevin: Cute lang?

Me: *\*looks at him\** Bakit, hindi ba ako cute?

Kevin: Hmm. Ayoko na lang magsalita =)))

That was my turn to laugh. Grabe, ang hirap naman suyuin nito! Jersey, mamaya na yang pagpapacute mo kay Kevin. You must finish the sketch first! Hindi ko na lang muna sya pinansin dun. Malapit na kasi akong matapos sa drawing ko. Kaso umiral na naman ang kaepalan nya.

Kevin: Para san yan?

Me: Altar sketch.

Kevin: Short replies? Pano mo ko makukuha nyan? *\*grins\**

Me: *\*shots him the look\** I am busy.

Kevin: Wow. Devil Woman mode na naman? Umay nako dyan! Try harder.

Me: I am not nagpapacute. Busy kasi ako.

Kevin: Oh. Right. Coz you're awesome like that. *\*beat\** Patingin ng drawing!

Me: Di pa ako tapos.

Kevin: Please?

Me: Ayoko. Hindi pa nga kasi tapos.

Kevin: \*pouts\* Fine.

Me: (o.o) You did not just pout.

Kevin: Ha? Okay ka lang ba?

Me: Nothing.

Kevin: Tapos na?

Me: Yep.

Kevin: Patingin!

Me: Ikaw lumapit dito!

Tatayo na sana sya nang...

Kevin: Akala mo ha. Hindi ka talaga magsusucceed pag ganyan.

Me: O, ano na naman? Hoy, I am planning a wedding. Hindi ako nagpapapansin sa'yo.

Kevin: Ouch. That hurts. \*stands up\* Pasalamat ka malakas ka sakin.

Aba, lumapit! Hindi nakatiis! HAHAAAAH KONTI NA LAAAAANG! Pumwesto sya sa may likuran ko para tignan yung drawing. Nang akmang sisilipin na nya yung drawing...

Kevin: You changed your shampoo?

Me: Y-yeah. Why?

Kevin: Mas gusto ko yung strawberry. Balik mo.

Me: \*facing him\* Ha? Eh.. ba't ko naman ibabalik? Ano ba kita? \*grins\*

Kevin: \*laughs\* Grabe ka Jersey. \*shakes his head\* Ano mo ako? Baka.. maging permanent ex boyfriend?

Me: :( Kevin naman eh! Nang-iinis 'to.

Naputol yung usapan namin nang dumating na ang barkada, plus Jicker. Aba, baka kanina pa nakikinig 'tong mga sirang 'to sa usapan namin ah!!! Grabe lang :( Ayun, bumalik na lang sya sa upuan nya. KAINIS.

Bigla tuloy akong kinabahan. Yung sinasabi kong "wala pa sa kalahati ng plano ko" chepar kay Kevin?

Hindi totoo yun. Wala pa talaga akong plano! At ang loko, sabi ba naman "I can't wait for it!" NAMAN!!! Anong gagawin ko? Oh noes.

I need help. At kilala nyo naman kung sino ang 911 ko pag dating sa ganitong problema.

Nasa kalagitnaan sina Kat ng pagccheck ng guestlist nang hinigit ko si Jicker papuntang kitchen. Kunwari ikukuha namin sila ng beer (juice lang kay Kevin), pero magsusumbong lang ako kay Jicker. Kinwento ko sa kanya yung deal naming dalawa nung birthday nito.

Jicker: \*taas kilay\* Yun lang?

Me: ANONG YUN LANG!?!? JICKER HELLO!!! ANG HIRAP KAYA! I'm not used to this.

Jicker: Hah. So you know what it feels like to be a guy. The chase sucks.

Me: Based from experience?

Jicker: Shut up. \*beat\* So.. ano na? Anyare?

Me: Help me! I can't do this alone!

Jicker: Gusto mong lagyan na natin ng ativan 'to? \*turo sa juice ni Kevin\* Pikutin mo na para walang kawala!

Me: \*hampas\* Siraulo ka ba?! I can't do that!

Jicker: O di kaya may kilala akong teh sa Quiapo.. baka may gayuma dun or something...

Me: I AM DEAD SERIOUS HERE, JICKER. Please help me? \*beautiful eyes\*

Jicker: (-.-) Pasalamat ka mahal kita kahit alam kong mas maganda ako kesa sa'yo! Tsarlots!! Alam mo namang hindi kita matitiis! Para san pa't master ako ng SS?

Me: So.. you'll help me?

Jicker: \*smiles\* Naman! Basta siguraduhin mo this time.. sa simbahan na ang finale nito. Hindi break-up ah? I don't want to see my efforts get wasted. Uupakan na talaga kita!!!

Me: YEHEEEEEY! >:D< Salaamaaaat teh!!!

Jicker: Hoy. Sisimulan ko, ikaw na bahala sa mga kasunod. Tandaan mo, wala ako palagi sa tabi mo para tulungan ka. Mahiya ka naman sakin! I am a busy person!

Me: Busy person e may date ka nga with Blanche tomorrow...

Jicker: SHUT UP OKAY. Tara balik na tayo, baka isipin ni Kevin na nilagyan na natin ng Ativan 'to.

---

(JICKER'S POV)

ANO NA NAMANG INIISIP NYO. OO NA TUESDAY NGAYON AT FEEL KONG NAGBUBUNYI SI BLANCHE DAHIL AKALA NYA MASOSOLO NYA AKO. LELS NYA.

Mamaya na nga si Blanche! Yung kina Jersey at Kevin muna!

Sabi ko kay Jersey na ako na ang bahala. May plano nga kasi ako diba? HAHAAAH AKO PA NAWALAN NG BONGGA AT PANGET NA IDEA!!! HELLO NAMAN GUYS! SI JICKER ATA TO!!!!

Here's the deal. Back in January, nagsign si Jersey ng contract sa Guess. Yep, sa Guess. Hindi na sa F&H since tapos na yung kontrata na yun. January yan so.. package deal pa non ang KevJe. Yep, tama ang nabasa nyo. PACKAGE DEAL. Meaning? Si Jersey ang model, si Kevin ang photographer.

Ewan ko na lang kung natatandaan pa ng dalawang mokong na 'to yung deal na yun. Aba! Dapat ipatanda ko!! KASI DUH PERA YUN!!! HAHAAH =))))

So imbes pumunta sa date namin ni Blanche (kasi busy talaga ako today), nandito ako sa photoshoot. Nauna kaming dumating ni Jersey dito sa location.

Jersey: \*habang inaayusan\* Sure ka bang sisiputin 'to ni Kevin?

Me: Naman! Friend nya kaya yung humingi ng favor months ago, diba?

Jersey: What if.. hindi 'to magwork, teh?

Me: \*taas kilay\* Echosera! MAGWOWORK ITEY!!! ITAGA YAN SA BATO!!! MAGWOWORK! Hello, kelan pa ba ako pumalpak sa ganto?

Jersey: \*sighs\* Whatever you say (-\_\_-)

Siguro naman nakakita na kayo ng ads ng Guess, diba? At napansin nyo na sexy ang arrive ng models dun? Imaginin nyong ganon ang suot ni Jersey. Aba nganga! Si teh anong suot? Malamang shorts and red plaid polo ng Guess! Tas ang taray lang ng make-up! Magaling 'tong si Kash ah! Nako, for today, sige na nga! Mas maganda na sakin si Jersey! NGAYONG ARAW LANG NA 'TO DIBA? HAHAAH =)))

Tapos nang ayusan si Jersey pero wala pa rin ang photographer. Aba, hindi pa ata ako sisiputin ng mokong na 'to! Tawagan nga!

\*phone rings\*

Me: ASAN KA NA. BA'T KA LATE



Kevin: Teka lang! Traffic!! Parking lot.

Me: Dalian mo kundi uupakan na kita!

Bahala nga to! May palate-late pang nalalaman! Nakakainis (-\_\_-) Ayun tuloy, tumambay si Jersey sa rooftop. Pag yan nagulo ang porma!!! NAKO lagot yan sakin :/

5 minutes later, dumating si Kuya.

Me: TAGAL.

Kevin: Sorry naman!

Me: BABAGAL PA YAN!!!

Kevin: \*ayos ng gamit\* Si Jersey?

Me: Retouch. Bagal kasi.

Kevin: Isa pa! Tsss.

BAHALA NA NGA SYA DYAN!! TIGNAN LANG NATIN MAGIGING REACTION NYA PAG NAKITA NYA SI JERSEY!!! SARAP UPAKAN NITONG MAARTENG 'TO!! Siguro 5 minutes later nang bumalik si Jersey sa set. Tunog pa lang ng takong nya alam ko na! Babaeng 'to model pero hilig kaladkarin ng sapatos!!!

Jersey: \*bulong sakin\* Jicker.. kinakabahan ako.

Me: Hoy teh, ilabas mo yang inner landi mo! Remember, Art of Seduction! ART OF SE-

Jersey: -///- Syempre wag isigaw, diba?

Me: Show him what you got teh!!! Dali!!!

Jersey: Pano kung di 'to effective?

Me: BASTA MAARTE KA!!! GO!!!

Lakad naman si Jersey papunta sa pwesto dapat nya. At ako naman, parang matanglawin sa may gilid, kunwaring nagtatatype pero nagmamatyag lang. Eto yung mga narinig ko sa convo nila:

Jersey: \*taps Kevin on the shoulder\* Yo.

Kevin: \*hindi tumingin\* Dalian mo dyan. May lakad pa ako.

Jersey: Di talaga bagay sa'yo ang masungit! Trying hard! \*pwesto na\*

At may nangyaring.. hindi ko inexpect. Kahit nakatalikod sakin si Kevin, kitang-kita ko yung reaction ng katawan nya. As in. Nung tumingin sya kay Jersey? PANALO.

LITERAL NA NATIGILAN SI KUYA. At ang pinakaepic?

Muntik pang mahulog ang camera nya.

SHET PWEDE BANG TUMAWA? SHET PLEASE?!?!? HAHAHAAAAHA!!! STRIKE ONE!!! STRIKE ONE!!! ANG GALING KO TALAGAAAA! >:D<

Kevin: J-Jess.. dim the lights please.

Ay, may stuttering? SAVEH!! Hello, sino nga naman ba ang hindi nganganga kay Je ngayon? Nagpakita ba naman ng pusod! Patay tayo dyan!!! Gora lang sila sa pagsoshoot.. and since Guess itey.. let's just say merong provocative and strategic poses ;)

Magpapalit na si Jersey ng damit nang nilapitan ako ni Kash, yung make-up artist ni Jersey na bading. Kaloka si teh! Tinalo pa ang highlights ng buhok ko!

"Teh," bulong nya sakin. Tinignan pa nya kung may nakarinig sa kanya.

"Hmm. Ano yun?"

"Asthmatic ba si Kevin?"

Nagulat naman ako sa tanong nya. "Ha? Gutom lang yan teh! Imahinasyon mo o!"

"Di teh! Tignan mo ang Papa Kevs!!!!"

Ako naman si tingin. Ha? Asthmatic ba si Kevin? Hindi naman sya mukhang butchukin ah! T--OMAYGAWSH. Oo nga. Bakit.. Are his pupils dilating? And the paaak!!! Deep breaths ba itey? OMG. Anmeron? Teka, hindi naman sya kumain ng kangkong! And duh.. bak--

Si Kevin, ayun, umalis dun sa set. Lalabas? Tinawag ko. "O, san punta mo?"

At si Kuya, namumula!!!! HAHAHAAAAHAHAHAHA! "Fresh air." Nagsmile pa sya.

"Ha? Fresh air? Bakit ka namumula? Kumain ka ba ng kangkong? Okay ka lang ba?"

Anme--

OH. I GET IT. I GET IT. I GET IT!!!!

"Talagang fresh air Kev?" asar ko pa. Di na lang nya ako pinansin at lumabas na nga.

"Uy, drama naman ni Papa Kevs!" eps ni Kash.

Natawa na lang ako sa aking narealize. "Teh," sabi ko kay Kash na di na makareact. "Hindi hika yan. Ibang klaseng sakit yan."

Nagtaka na lang si Kash sa sinabi ko. Plan successful.

(Leng: I know maraming hindi makakagets ng part na yan. Let's just say inside joke yan. HAHAHA! Sa mga nakagets.. ALAM NA! WHATTUP!!!! \*fistbump\* Sa mga hindi.. GOOD FOR YOU! HAHAAAAHA :>)

---

2 DAYS LATER

(KEVIN'S POV)

"WE'RE WHAT?"

Halos mabitawan ko yung baso na hawak ko.

Nasa condo ako, umaga. Actually kumuha lang talaga ako ng tubig at plano ko pang bumalik sa pagtulog kaso may kumatok sa pintuan ko. Pagbukas ko, si Jicker. At ang balita.

Jicker: \*taas kilay\* Ay bingi ka na? Auditory agnosia? Gumaganon?

Ako: Teka, di ba dapat date nyo ni Blanche ngayon?

Jicker: (-\_\_\_-) UUPAKAN KITA. Umayos ka di ako nagbibibiro ngayon.

Ako: Sa tingin mo nagbibiro rin ako ngayon? Hoy Jicker, seryoso ka ba dyan? Busy ako ngayon! In 3 weeks time babalik na ako ng Ge-

Jicker: EH MALAY KO BA AH!!!! DI MO MAN LANG SINABI SAKIN!!! HELLO, MAHIYA KA NAMAN DUN SA CONTACT!!!! INEEXPECT KAYO DUN MAMAYANG GABI!!!

Ano ba yung pinuputok ng butse ni Jicker? May kumukuha raw kay Jersey na magshoot sa Boracay. At nyeta, sinong photographer -\_-

Ako: Hindi nga kasi ako pw-

Jicker: HOY KEVIN!!! Bihira lang kasi maanyayahan sa ganyan. Tsaka 3 days and 3 nights! Anong harm dun?

Ako: Yung thesis ko nga ka-

Jicker: Edi gawin mo dun! Hoy mind you, di lang ikaw ang ngarag sa thesis. Yung ex girlfriend mo tarantella na rin sa pagtapos ng thesis nya. Parehas lang kayo! Tsaka hello, 3 days! Malapit ka na umalis. Do the math.

Hinagis nya sakín yung plane ticket bago sya umalis. Mga drama talaga ng magkaibigang to! Di ba nila alam na halata ko na mga plano nila? Humingi na ng tulong si Jersey kay Jicker kasi hindi na nya kaya yung pressure. Hah, madaya. Di pwede yun!

---

7 HOURS LATER...

Magkatabi na kami ni Jersey sa eroplano. Oo, nakonsensya ako. Ibang klaseng konsensya si Keith e. Nakakatakot na ewan! Basta, parang mangangain ng tao! Tahimik lang kaming dalawa simula kanina. Busy sya sa pag-eedit ng thesis nya. Kupad talaga nitong babaeng 'to!

Ako: Hindi ka pa ba tapos dyan?

Jersey: ...

Ako: Wow, taray.

Jersey: Busy kasi ako diba. \*lagay ng earphones\*

AHA. Tactics nitong babaeng 'to! Akala nya maiisahan nya ako ah. HAHHA LUL. Matibay ata 'to. Pagtripan ko kaya? :>

Ako: \*tanggap ng earphones\*

Jersey: BASTOS!!!

Ako: May sasabihin ako.

Jersey: Kung ang sasabihin mo ay "Jersey, tayo na ulit", makikinig ako. Pero kung hindi.. I won't listen.

Ako: Baliw. BTW, nasa 37% ka na.

Jersey: \*tingin sakín\* What?

Ako: Nice try, Jersey. Nice try. Dun sa photoshoot. Akala mo effective sakín yang labas-pusod mo.

Jersey: So what now, may percentage chorva? Badtrip ka rin noh!!! And anong labas-pusod thing? Wala akong ginagawang masama!!!

Ako: Sus, mapagpanggap! Kunwari wala kang alam. Art of seduction my @ss.

Dahil dun, namula sya. AHA. Sabi na nga ba eh!

Ako: Pero.. because of that, you gained 10%. Kaya naging 37%.

Jersey: Ang damot naman nito! Bakit hindi mo pa ginawang 40%?

Ako: At dahil sa nagreklamo ka, minus 2%.

Jersey: ('o') UNBELIEVABLE!!!! Nakakainis ka, alam mo yun?

Ako: Alam ko. \*belat\*

--

Hindi na naman kami nagpansinan, hanggang sa hotel tahimik lang kami. Bah, bahala sya! Buti nga magkahiwalay kami ng kwarto eh. Di ko na alam gagawin ko kung iisang kwarto na naman kami. Palagi na lang kasi kaming magkasama sa kwarto nito. Bwiset. Tsaka bukas pa naman yung shoot nya kaya free time pa ngayong gabi. Gagawa muna ako ng thesis.

Inabot ako ng madaling-araw sa paggawa ng thesis ko. Bago ako matulog, I decided na ayusin na muna yung mga gagamitin ko sa shoot bukas. Dun ko narealize na nasa bag pala ni Jersey yung tripod ko. Nakilagay ako dun sa napakalaking maleta nya. Hindi na talaga natuto tong babaeng to. Kung magdala ng gamit parang pinalayas sa bahay eh!

Room 324 sya, ako naman Room 327. Hindi na ako nagtext o tumawag, gising pa 'to. Yun pa, insomniac yan.

\*katok\*

"Sino yan?"

Natawa ako. Parang nasa bahay la--

(O.o)

"Hoy. Madaling araw na!!! Bakit ka nambubulabog?"

(O.o)

Ako: Seryoso ka ba.

Jersey: \*confused\* What now?

Ako: Ayan lang suot mo?

E ano nga bang suot nito? Aba, nakaspaggetti strap na pantaas tapos naka.. boy leg lang!!! AT HINDI PA NAGSUOT NG BATHROBE ANG BWISET.

Jersey: Eto? Damit naman 'to ah! Masama?

Ako: Pano kung di ako yung kumatok? Pano kung room service na manyak o--

Jersey: AHAHHAHAHAHAHAH! CHILL KA LANG!!!!

Ako: Umayos ka. Hindi ako natatawa.

Jersey: What do you want?

Ako: \*sighs\* Tripod ko.

Jersey: Pasok.

Kung may pinaplano man 'tong babaeng to.. humanda sya sakin. Hindi ako basta-basta bibigay! Hanggang dun lang ako sa malapit sa pinto. Baka kung anong patibong ang meron dun sa loob eh.

Jersey: \*abot ng tripod\* Ayan. Pwede ka na umalis.

Ako: Magpalit ka nga ng damit! Mahiya ka naman!

Jersey: SUMMER KAYA! ANG INIT!!!

Ako: Naka-max na yang aircon mo mainit pa rin!!!

Jersey: Boohoo, Kevin. Sayang.. perks pa naman 'to from Guess. Ganda, diba? :>

Ako: \*chuckles\* Hindi ka makakakuha ng 10% sa ganyan, Jersey. Try harder.

Jersey: Hoy. Sa maganda kong mukha ang tingin, wag sa baba.

Ako: Lul. \*labas ng kwarto\*

Kahit makapal yung pinto at pader, rinig ko yung tawa ni Jersey. Drat.

---

(JERSEY'S POV)

Ang hirap namang suyuin ng bugnutin na Kevin na 'to!!! Seryoso lang ah. Buong araw kaming nagshoot pero puro ismid-ismid lang ang natanggap ko mula sa kanya. Aba, di raw ako pansinin? KAINIS!!!

Hapon na kami natapos sa shoot. Goodness! Pwede na rin ako mag-explore! At hindi na rin nya ako mapapagalitan sa suot ko. Wow, tatay? (-\_\_\_-) Bumalik ako saglit sa room ko para maligo at magpalit, then gora na sa souvenir shops! >:D<

Kaso.. habang namamasyal ako, may napapansin akong tatlong lalaki na kanina pa sumusunod saakin. At first akala ko paranoid lang ako kaso.. iba e. Kahit saan talaga ako pumunta sinusundan nila ako! So para matigilan na sila, nagdecide ako na tumigil sa isang food stand don. Nauuhaw na rin kasi ako. True enough, sinusundan nila ako. Tumigil din sila sa tabi ko dun sa stand.

Guy 1: \*smiles\* Hi, Miss.

Guy 2: Ikaw si Jersey, right? Yung model?

Me: Y-yeah.

Guy 3: We saw you earlier, para san yung shoot na yun?

Me: Uhh.. Nothing But H2O :)

Guy 2: Ayos! Wala ka bang gagawin mamaya?

Me: Oh, sorry. Busy kasi ako. I'm in the middle of my thesis kasi.

Guy 1: Thesis? \*laughs\* Nako nasa Boracay ka! Wag mo na muna pansinin yang thesis na yan! You're here to have fun!

Guy 3: Onga! Have some drinks with us later. May party kasi mamaya. Ano, game ka?

Konti na lang talaga mahaharass nako dito. Iiwas na sana ako nang..

"Kanina pa kita hinahanap ah!"

Napalingon naman kaming apat sa may kanan namin.

OMG OMG!!! Si.. Kevin ba yun? Maygaaaad bakit ka nakatopless, my loves? AT NAKA-SHADES KA PA!!! HELLO PALUBOG NA ANG ARAW!!!! Pero okay lang!!! Pogi ka parin as ever! :"">>

Guy 1: Sino 'to?

Nilagpasan lang ni Kevin yung tatlong gunggong at tumabi saakin. With matching palibot ng braso sa bewang ko. Naks, possessive!

Kevin: \*to me\* Kanina pa kita hinahanap! May dinner kaya tayo kasama ng parents mo?

SAY WHAAAAAAT? Saang baul naman napulot ni Kevin yung parents ko chorva? Kung upakan ko kaya 'to! Loading.. AHA! GETS KO NA!!!

Me: H-ha? I texted you, earlier. Sabi ko bibili lang ako ng pasalubong!

Kevin: Pwede naman kasing gawin yon bukas. Tsaka lowbatt ako. Tara na nga, love.

PWEDE NA BA AKONG MAGING WHITE SAND SA SOBRANG KILIG? TENGENE NAMAN KEEEEEEEEVIN!!!! Aalis na sana kami nang..

Guy 3: Pare wala namang bastusan o, kinakausap pa namin e.

Kevin: May lakad pa kami. Excuse us.

Guy 1: Eh sino ka ba ah? Mukhang ayaw namang sumama sa'yo ni Jersey?

UH OH. Kevin wag kang bargas!!! Ayokong magkaron ng away dito!

Kevin: Sino ako? Fiancee nya. Excuse us, may dinner pa kami.

Mas humigpit pa yung kapit nya sa bewang ko. Magkahalong takot at kilig (of course, mas over naman yung kilig!!!) ang nararamdaman ko. Feel ko kasi na medyo inis sakin si Kevin dahil gumala ako, tapos.. basta. Nag-alala siguro sya sakin. Possessive eh! Walang nagawa yung tatlong kuya don kundi pabayaang kami ni Kevin, takot ata. Malapit na kami sa hotel pero.. ganun pa rin kapit nya sakin.

Me: Kevin, okay na. You can let go of me.

Kevin: Mahirap na, baka sinusundan nila tayo.

Me: :> Hindi ah. Walang sumusunod sa'tin. Okay lang ako, promise.

Kevin: \*bitaw\* Sa susunod kasi, magpapaalam ka. Kanina pa talaga kita hinahanap.

Me: Bakit naman? Miss mo na ko? :>

Kevin: \*chuckles\* ASA KA. Kumain ka na?

Me: Hindi pa. Bakit, totoo ba yung dinner na sinasabi mo? Minus my parents?

Kevin: Hindi. Kumain ka mag-isa mo.  
BASAG. Galit nga!!! Nakakainis naman yan oh.

---

(NORMAL POV)

Kinagabihan, merong beach party ang Nothing But H2O. Since ang clothing line na yun ang nagdala kina Kevin at Jersey sa Boracay, kailangan nila pumunta don. Ayaw sanang pumunta ni Kevin sa party kaso pupunta si Jersey, mahirap na. Baka maulit yung nangyari kanina. Kailangang bantayan talaga 'tong babaeng 'to.

Kaya mukha silang timang sa party. Sila 'tong almost major reps dun pero sila ang mukhang tuod. Si Kevin, bawal uminom, hanggang iced tea lang. Si Jersey naman, di makaalis kasi may nakabantay sa kanya. Whatiz.



Sa gitna ng party, napansin ng ilang organizers na medyo aloof ang dalawa sa crowd. Ang akala nila ay may HD ang dalawa sa isa't isa, at torpe lang lang si Kevin. Kaya ayan, napagtripan sila. Binulungan ng isang organizer yung host. After few minutes...

Host: OKAY OKAAAAY! Since ang daming hot guys ngayon sa Boracay.. masaya 'to! Volunteer naman dyan ng isang kuya na willing umakyat dito sa stage! Dali na, just for fun!!!

Wala pa ring pakialam sina Kevin at Jersey sa pinagsasabi ng host. Magc-CR sana si Kevin nang may babaeng humigit sa braso nya.

Kevin: \*gulat\* HOY!!!

Girl: DALI NA KUYA!!! JUST FOR FUN LANG NAMAN!!!

Pati si Jersey nagulat sa nangyari. Sinalo na lang nya yung baso ni Kevin na kasalukuyang kinakaladkad papunta sa stage.

Host: O ayan! Ang daming hot guys sa stage!!! \*sa mga kuya\* Don't worry mga kuya, wala naman kaming ipapagawa sa inyo ditong masama! Just for fun lang!

Ang kaninang nasa may sulok na si Jersey ay ngayong lumipat malapit sa may stage. Inis na inis sya kay Kevin!!! Pwede namang humindi eh!!! NANG-AASAR ATA 'TO!!!

Jersey: KEVIN!!!

Tumingin naman sa kanya ang lalaki.

Jersey: UMALIS KA NA DYAN!!!!

At ang loko? Binelatan si Jersey. @ss!!!

Nagsimula na ang just for fun chorva na pakulo ng host. Anong pinagawa sa mga lalaking nasa stage? Pinaghubad ng tshirt, pinagsayaw..basta! Mga kalokohan lang! Tuwang-tuwa naman ang crowd sa napapanood nila. Second to the last guy si Kevin, kaya sobrang kabado si Jersey. Palala nang palala ang pinapagawa ng host sa mga lalaki! Ano k--

Host: \*tinignan si Kevin\* Aba! Kuya, model ka ba?

Kevin: Nope. I'm a photographer. \*crowd cheers\*

Host: Naks naman! Photographer! Ang pogi mo namang photographer! Pwede ka bang i-book for a shoot? \*winks\*

Gusto nang sabunutan ni Jersey yung host. WAG MO LANDIIN YANG SOON TO BE BOYFRIEND KO!!! yan ang gusto nyang isigaw. Konti na lang talaga aakyat na nya si Kevin dun!!!

Host: Sige nga.. tignan nga natin kung ano yang tinatago mo! Kevin, take your shirt off!!!

Jersey: (O.O) (O.O) (O.O) (O.O) (O.O)

Eto namang si Kevin, inaasar ata si Jersey. Nginitian pa nya ang ex bago tanggalin ang t-shirt nito. Hiyawan naman ang mga babae at ilang teh sa nakita nila. AAKYATIN NA TALAGA NI JERSEY TO!!! Gusto na nyang agawin yung sarong ng ateng katabi nya na halos lumuwa ang mata nang makita ang katawan (!) ni Kevin!!!

Host: Not bad!! Not bad!! Right, guys? \*crowd cheers wildly\* So.. at ang ipapagawa namin sa'yo.. \*silip sa cue card\* BODY SHOT!!!

Hiyawan na naman ang crowd, si Jersey ang init init na ng ulo. May isang ate na umakyat agad para magvolunteer sa body shot. OmaygAAAAAAAAAAAAAD!!!! NOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOO!!!!

Crowd: SHOT! SHOT! SHOT! SHOT!!!

Jersey: \*shouts\* KEVIN!!! YOU @SSHOLE!!!

Too late. Nakahiga na si Kevin dun sa makeshift table at sinimulan na ang body shot. Hindi na lang tumingin si Jersey. BWISEEEEEET!!!!

Minutes later bumaba na si Kevin sa stage, na hindi na sinuot ulit ang t-shirt. May ilang babae na lumapit sa kanya para magpICTURE. SARAP BURAHIN SA MUNDO NG MGA BABAENG YAN!!! GRRRRR :| Bago pa makalapit si Kevin kay Jersey, may humila na naman sa kanya. This time, beer drinking contest. Tumanggi si Kevin, kaso hindi nya nasabi yung health condition nya. Nahila pa rin sya dun sa may table. That alarmed Jersey. Baka kung anong mangyari kay Kevin! Kaya kahit ang daming tao, sumingit sya don para masundan si Kevin. Pagdating nya sa may table..

Jersey: WAIT LANG!!!!

Tingin sa kanya yung mga lalaki. Shet, male drinking contest pala 'to.

Guy 1: Bakit, Miss?

Jersey: \*points at Kevin\* He's not joining.

Guy 2: Ha? Just for fun nga lang e! Nagawa nya nga yung body shot kan-

Jersey: \*death glare\* Sabing hindi sya sasali eh!!! \*lumapit kay Kevin\* Ikaw naman isa ka pang timang! Pag ikaw inatake ng kung ano dyan, ipapaanod kita sa dagat!!!

Girl 1: Girlfriend mo ba yan?

Jersey: \*nakipagholding hands kay Kevin\* Hindi ba halata?

Kevin: Jersey.. okay lang. Kay-

Jersey: Kevin umayos ka. Pag pinilit mo 'to sisiguraduhin kong hindi na talaga kita babalikan.

Natakot naman dun si Kevin. Pagdating sa health nya, sobrang seryoso dun si Jersey. Hindi nananakot si Jersey sa sinabi nya, seryoso talaga 'to. So he backed off.

Guy 2: Eto naman! Konti lang naman eh!

Guy 1: Dre naman!

Jersey: AKO NA NGA LANG IINOM!!!

Lahat sila: (O.O)

Guy 3: Seryoso ka? Umii-

Jersey: Anong akala nyo sakin, hindi umiinom? Asa. Tara, tagay!  
Pumwesto na si Jersey sa harap ng table. Naguluhan naman yung mga contestant sa ginawa ni Jersey. Sya lang kasi yung babaeng kasali! Paramihan pa naman ng bote ng Red Horse na mauubos!!!

Kevin: JERSEY!! Sira ka na ba? Tara na, umuwi na tayo!

Jersey: Umayos ka dyan. Mas okay na ako na lang dito kesa ikaw. Tsaka sana inisip mo yan bago ka nagbody shot kanina. @sshole.

Nganga na lang si Kevin. Wala na syang nagawa. Nagsimula na ang contest. Anim silang naglalaban para sa Tomador ng Boracay award. Natatawa si Kevin habang pinapanood si Jersey na tumutungga ng Red Horse. Kids, do not try this at home or wherever. Sa almost 7 years nilang magkakilala, marami na syang nakitang katangahan ni Jersey. Pero eto? Priceless.

10 minutes later, 3 na lang silang natitira. Elibs na elibs yung ibang nanonood kay Jersey. May iba pa ngang nagdodoubt kung babae ba talaga sya o transsexual. Mas natawa si Kevin sa mga pinagsasabi nya.

Guy 4: T@ngina dre, lakas uminom ng girlfriend mo. Basag yan mamaya!

At dahil masama ang ugali ni Kevin, vinideohan at pinicturan pa nya si Jersey habang umiinom.

11 bottles of Red Horse later.. nanalo si Jersey. Binigyan pa sya ng crown at sash na may "Tomador ng Boracay" na nakalagay. True enough, basag na basag nga si Jersey after ng contest. May ilang lumapit sa kanila para i-congratulate si Jersey, kaso masyado na itong lasing para magrespond. Sa sobrang kalasingan, hindi na makalakad si Jersey kaya ayan.. binuhat sya ni Kevin pabalik sa hotel.

(habang naglalakad)

Jersey: \*inaudible words\*

Kevin: \*chuckles\* What?

Jersey: T-tagay pa! Di pa ko lasheeeeeng!!!

Kevin: \*lagapak sa tawa\* GRABE TAMA NA NGA!!!

Jersey: W-wait lang.. na..

Kevin: Teka lang wag mo kong sukahan! \*binaba agad si Jersey\*

-

Nang makarating sila sa tapat ng room ni Jersey, may malaki silang problema.

Kevin: Nasan yung card mo?

Jersey: \*kruu kruu\*

Kevin: Bwiset. \*kinuha yung purse ni Jersey\* Wala dito! Don't tell me nawala mo? HUY!!!

Jersey: \*kruu kruu\*

No choice si Kevin kundi sa kwarto nya patuluyin si Jersey. Ganun din naman kahit makuha nya yung spare card ng room ni Jersey, aalagaan pa rin naman nya si Kevin. Hiniga nya si Jersey sa sofa para makakuha nya ng bimpo at pamalit.

Kevin: Hoy. Upo. \*no response\*

Pinunasan na lang nya si Jersey. Di nya talaga mapigilang tumawa habang ginagawa ito. Kumuha rin nya ng isang polo nya, tinanggal ang pantaas ni Jersey (SYEMPRE NAKAPIKIT NAMAN SYA. ANO BA GUYS (-\_\_\_-)) at isinuot sa kanya ito. Nilipat nya si Jersey sa kama para makatulog na 'to. Haaay. Things you do for love nga naman.

Habang inaayos ni Kevin yung kumot ni Jersey, may natandaan ito. Enjoy nga palang kausapin si Jersey ng lasing. Di ba ganun naman talaga yung ibang lasing, mas nagsasabi ng totoo. Kaya ang ginawa nya, umupo nya sa tabi nito.

Kevin: Jersey..

Jersey: Hmmm...

Kevin: Mahal mo ba ako?

Jersey: S-sino.. ka ba?

Kevin: Si.. Paul. (BAKIT NAMAN PAUL PA ANG NASABI NYA?)

Jersey: Oo.. Mahal kita Paul!!! Ay mali.. minahal.. minahal pala kita..

Kevin: Aray! Sakit naman nun. Past tense!

Jersey: Naman! \*tawa\*.. kasi. may mahal na kong iba.

Kevin: \*smiles\* Sino naman? Baka panget yan ah!

Jersey: Si.. Kevin ko? Hoy kapal! Di panget yun ah! Dugyot ka nga compared dun eh!

Kevin: So.. hot yung Kevin? Mahal ka ba nya?

Jersey: Alam mo Paul.. akala ko nung.. dati.. nung tayo pa Paul.. akala ko ikaw na eh. Sabi ko.. binigay ko na lahat ng pagmamahal na meron ako. Kaya galit na galit ako sayo nung kay Krissy at nung break-up natin e. Kaso.. etong kay Kevin? T@ngina. Namaximize eh. As in.. Hindi ko inakalang pwede pa palang mainlove hanggang dito sa extent ng pagmamahal ko sa kanya. Everyday.. mas nag-eexpand e. Ang lakas Paul.. kahit.. maarte yun. Mahal ko yan.. sagad!

Kevin: \*beat\* Matulog ka na nga!

Jersey: Paul..

Kevin: What?

Jersey: I love him so much.. and it hurts..

Kevin: \*smiles\* Halata naman/ \*kisses her on the forehead\*

-

THE NEXT DAY

When Jersey woke up the next day.. she was surprised to see Kevin beside her.

Jersey: \*napahawak sa ulo\* Sh\*t my head h-- OHMYGOD!!!! \*sits up\*

Kevin: \*wakes up\* ANONG MERON?!?!?!?

Jersey: OH MY GOD OH MY GOD OH MY GOD!!!

Kevin: ANONG NANGYARI?!?!?!?

Jersey: \*tingin kay Kevin\* We didn't.. we..

Kevin: \*tingin sa ilalim ng kumot\* OH SH\*T

Jersey: OH MY GOD!!! ANYARE!!!!

Kevin: GRABE KA!!! PINIKOT MO KOO!!!!

Jersey: KAPAL!! HINDI KITA PINIKOT!!!

Kevin: \*laughs\* Joke lang! Nothing happened, really. Hindi ako taking advantage.

Jersey: Seryoso? You didn't..

Kevin: \*umalis sa kama\* Oo nga Jersey! Kung may gagawin man ako sa'yo, sisiguraduhin kong ka--

Jersey: Ka what?

Kevin: \*shakes his head\* Wala wala.. Bumangon ka na nga dyan!!!

Jersey: HOY!!! ARAAAAY! ULO KO!!! Huhuhuhuh.. \*takip ng kumot\* @SS!!!

Kevin: Parang hindi ko pa nakikita yang tinatakpan mo!!!

Jersey: (-////-) SHUT UP!!!

Kevin: Love you, too.

--

Iniwang ni Kevin si Jersey sa kwarto nya. Wala lang. Hindi pa rin kasi sya makamoveon sa pinagsasabi ni Jersey nung lasing 'to. Masaya naman sya sa nalaman nya. Sobrang saya, I might add. Pagbalik nya around 12:30pm, wala na si Jersey sa room nya. Hindi na nya 'to hinanap. Baka kasi natutulog lang ito sa kwarto nya. Ayon sa receptionist, kinuha na raw ni Jersey yung spare card at binayaran yung nawalang card.

Okay lang, busy naman sya sa thesis nya. Kaso yung okay lang nya ay napalitan ng pag-aalala nang 5:30 pm na at hindi pa rin nagpaparamdam si Jersey. Record 'to ah! Greatest hangover 'to ni Jersey!! Baka tulog pa 'to. At himala, umuulan ngayon. Summer sa Boracay, inuulan? Talaga? Curse climate change!

Nag-alala na talaga sya nung 8pm. Ni kaluskos sa kwarto wala syang narinig. Kinakalma na lang nya ang sarili nya.

Walang tigil pa rin ang ulan ng 10:30 pm. Lumabas sya sa kwarto nya para kunwaring maglilibot sya sa hotel. Nasa lobby na sya nang nakita nya si Jersey sa may mga upuan dun. Bumili muna sya ng coffee bago puntahan si Jersey.

Kevin: Kape?

Jersey: Thanks. \*kuha ng kape\*

Kevin: How's your hangover?

Jersey: Okay na.

Kevin: O ba't ang lungkot mo?

Jersey: Wala. Sige, una nako. \*exits\*

Anong problem naman nun? Sinundan na lang nya si Jersey. Halata sa kanya na matamlay ito. Ni hindi nga pinansin ang presence nito sa elevator eh! Paglabas nila..

Kevin: Oy. \*kalabit\* Okay ka lang?

Jersey: Yeah. Okay lang :)

Kevin: Sure ka ba?

Tumigil si Jersey sa paglalakad.

Jersey: Yeah. Medyo pagod lang talaga ako. Don't worry about me.

Kevin: San ka nga pala kanina?

Jersey: \*smiles\* I was.. out.

Kevin: Out where?

Jersey: \*sighs\* May inarrange akong chorva for us sana tonight. Dun sa isang island dyan. Kaso this stupid rain ruined my plan. Nakakatakot kayang sumakay ng bangka kanina just to arrange everything!!! BWISET. \*pouts\*

Kevin: Nandun ka kanina? Wow, I'm touched.

Jersey: :( Sorry if I wasn't able to push this through. Gusto ko sanang maging special 'to.. and to say sorry din sa kagabi.

Kevin: Okay lang. Ang dami ko namang tawa kagabi kaya ayos lang =)))

Jersey: 11:45 ang flight natin tomorrow morning, right?

Kevin: Yup. At mabuti pang matulog ka na. Mukha kang zombie.

Jersey: (O-O) SALAMAT HA. SALAMAT TALAGA. Sige, goodnight :)

Kevin: Goodnight :)

Sabay nilang binuksan yung mga pintuan nila. Bago maisara ni Jersey ang pinto...

Kevin: Jersey?

Jersey: \*silip\* Yup? Please wag mo akong yayayaing uminom. Red Horse na ata ang laman ng blood vessels ko ngayon.

Kevin: Sira. Stay with me tonight.

Jersey: \*smiles\* Oh, I was hoping you would say that.

--

## **Chapter 44**

### **NORMAL POV**

Kamusta naman ang nangyari sa KevJe sa Boracay? Ang wild lang diba?! HAHAH kruu. Nako, pihadong kulay kapaligiran na naman ang inisip nyo dun sa "Stay with me tonight" ni Kevin. Ako na nagsasabi sa inyo.. WALANG NANGYARI. Natulog lang ho sila. Hello, as if may ganyang scene dito! Child-friendly kaya 'to! (WEH DI NGA LENG. HAHAAAA ewan \*evil grin\*)

So.. The next morning bumalik sina Kevin ng Manila. Anyareh? Wag na nating alamin. Bayaan nyo silang dalawa ang magkwento sa inyo ng nangyari. At bakit naman ako nandito?



2 days after bumalik ng dalawa sa Manila.. may nangyaring masama.

Masama? Eto yun.

-

(KEVIN'S POV)

Medyo pagod pa ko dahil sa Boracay trip namin. Sigurado ka ba Leng na 3 nights, 3 days lang yon? Bakit parang isang linggong sakit ng katawan ang epekto sakin? Kahit dalawang araw na ako nagpapahinga walang epekto!!!

Wednesday na ngayon. Dapat thesis day ngayon, pero inaabangan ko pa rin kung anong drama ng buhay ni Jersey ngayon. HAHAH! Tangna, Tomador ng Boracay? Alam nyo bang muntik na akong mahulog sa tarmac nang malaman nyang may video yung tomador moment nya? Panalo talaga! Mapost nga sa YouTube yung video na yun!

10am ako nagising, maaga na yan! Dalawang araw na akong 2pm na nagiging! Baka kasi tumawag bigla si Jersey, magyaya ng kung anong trip. I haven't heard about her since we went back here. Baka thesis? Ewan.

Nagtitimpla ako ng kape nang magring ang phone ko. Si Jersey na nam--

INCOMING ...

YAYAY

Si Yayay? Bakit naman tumatawag si Yayay ng ganitong oras? May cellphone naman si Ara ah! Baka pocket dial! Hindi ko na pinansin yung tawag, baka di importante. Pero nang makatatlong beses na syang tumawag.. kinabahan ako. Sinagot ko na rin.

Ako: Y-yay? Bakit po?

Yayay: \*mabilis\* Serkevinsiaraponawawala!!!!

Ako: YAYAY HINAY LANG PO!!! WALA AKONG NAINTINDIHAN!!!!

Yayay: \*sighs deeply\* SER, SI ARA PO NAWAWALA!!!!!!

Si.. Ara..

Ako: PANONG NAWAWALA!!!!!! E DI BA NASA SAN PEDRO KAYO!?!?!?!?

Yayay: Eh.. bigla na lang hong nawala!!! Nagpabili lang sya ng taho tapos... wala na ho!!!! Tinanong ko ho sa guard kung napansin nila si Ara.. wala naman daw ho!!!

NASAN NAMAN KAYA YUNG BATANG YON???? BAKIT NAWAWALA????? Tinawagan ko agad yung phone ni Ara, nagriring naman. Sabi ni Yayay pinapahanap na raw nya sa village guards.

NASAN NAMAN YUNG BATANG YON????? Bihis agad ako. Basta uuwi ako ng Laguna!!! BAHALA NA!!!! Sa sobrang pagpapanic ko, napindot ko yung speed dial #1.

"Jersey."

May kung anong sinabi pa si Jersey. Nagising ko pa ata.

Ako: Hoy!

Jersey: Ano ba... wag mo kong sigawan..

Ako: We have a problem.

Jersey: What? About the wedding?

Ako: SI ARA NAWAWALA.

Jersey: \*startled\* WHAT!!!! BAKIT HINDI MO AGAD SINABI!?!?!? LOKO KA!!!

Ako: SABI MO WAG KITANG SIGAWAN!!!!

Jersey: PWEDE MO NAMAN KASING IBALITA NA HINDI SUMISIGAW DIBA?!?!?!?

Ako: BAHALA KA N-

Jersey: Wait for me. I'm on my way. \*hangs up\*

Ano raw? She's on her.. way? Pasaan? Tinawagan ko ulit si Yayay, wala pa rin daw si Ara. Bumaba na lang ako para kunin yung sasakyan ko. Leche, kauma-umaga may ganto!

Naghihintay na pala si Jersey sa labas ng building ko, naka-kotse. Tinabihan ko.

Jersey: BAKIT DAW NAWALA?

Ako: HINDI KO ALAM.

Jersey: Woaah slow down, Cowboy! Wag daanin sa init ng ulo!

Ako: NATATARANTA AKO OKAY? Hanapin na natin si Ara. Alam mo papuntang San Pedro?

Jersey: Yep. Sige na tara na!

Naka-convoy kaming dalawa habang binabagtas (naks) namin ang daan papuntang South. Gusto ko sanang matawa kanina kasi hindi pa naliligo si Jersey, kaso mas nataranta ako. Tsaka dapat serious :)

Malapit na kami sa may Magallanes nang...

\*ring ring\*

Ako: Hello?

"HOY LINTEK KA!!!!"

Nilayo ko pa yung phone sa tenga ko. Shet sino ba 'to? \*silip\* Jicker?

Ako: ANO? DALIAN MO NAGDDRIVE AKO!!!

'Kevin wag ka ngang sumigaw! Sabing chill lang e!"

H-ha? Jersey? Sinilip ko pa sya sa rear-view mirror. May kausap nga sa phone.

Ako: Conference call ba 'to?

Jicker: Asking the obvious Kuya?

Jersey: Jicker! \*beat\* Bakit ka ba tumawag?

Jicker: YUNG JUNAKIS NYO!!!!

Kami ni Jersey: WHAT?!?!?

Jicker: AY F NA F!!! HAHAAAAHA :>

Jersey: Jicker pag ako nabangga dito mumultuhin kita.

Jicker: AY WEH DI NGA?

Ako: Hoy Jickerson ano ba. Anong junakis!

Hindi ako sinagot ni Jicker. May kinausap syang iba sa background.

Jersey: Goodness Jicker ano ba 'to!!! DALIAN MO NA PLEASE?

Jicker: ARAY!!! MAKASIGAW WAGAS!!! KAINIS!!!! \*medyo mahina\* Kausapin mo na!! Sige ka ibibigay kita sa guard!!! \*balik samin\* OYANA. JUNAKIS NYO!!!

"Hello."

Naknangtucha.

Ako: ARA JANIS!!!!!! SAN KA BA NAGPUPUPUNTA!!!!!!!!!!

Jersey: Kevin wag mong sigawan yung bata! Parang sira.

Ara: \*sighs\* I'm with Tita Jicker \*background: Aysows bata ka!!! Maka-tita!!! Pacute!\*

Jersey: Ara bakit nandyan ka?

Ara: SECRET!!!!

Ako: Je, tara kina Jicker. Hoy Ara, wag kang aalis dyan. Papunta na kami.

Ano ba 'tong batang 'to. Sakit sa ulo!

\*\*

(JERSEY'S POV)

Like a boss si Ara nang makarating kami sa condo ni Jicker. Kaliit-liit na bata pero wag ka, naka-cross legs at nagtataray na nakaupo sa sofa ni Jicker!!!

Kevin: \*galit\* SAN KA NAMAN KASI NAGPUPUPUNTA!!!

Jicker: Malamang dito.. \*tinignan ni Kevin ng masama\* E totoo naman ah! Hello kaya ka nga nandito. \*sighs\* Je bagay talaga kayong dalawa. Shunga pag galit.

Me: Shhh! Ingay nito.

Kevin: Natawagan ko na si Yayay. Grabe kang bata ka! Halos atakihin sa puso yun!

Ara: Hmmppp!

Tinabihan ko na si Ara sa sofa, baka mamaya kung ano pang mangyari e.

Me: Ara.. bakit ka nagpunta dito kay Jicker? Tsaka mag-isa ka lang! How did you get here?

Ara: \*looks at me\* Because I'm awesome :>

GOOD LORD. The patented Santos airhead-ness. FTW (-.-)

Kevin: \*sighs\* Tara na, iuuwi ka na namin. Say goodbye to Tita Jicker na.

Ara: NO!!!

(O.O)

Me: Ha? Ba't naman? Uuwi na tayo, Ara. Miss ka na ni--

Ara: ANG SLOW NYO NAMAN!!

Double (O.O)

Ara: GUSTO KO GUMALA!!! GUSTO KO GUMALA!!! GUSTO KO GUMALAAAAAAAAAAAAA!!!

Jicker: \*tawa\* Ayan naman pala si Dora eh!

Ara: And you're my Boots. \*laughs\*

Jicker: Okay that's it umuwi ka na!!! BOOTS KA DYAN!!!

Kevin: \*sighs\* Dapat tinawagan mo na lang ako! Bata ka!!!

Ara: Ayoko nga. Gusto ko surprise :>>

Kevin: San gusto mo?

Ara: GUSTO KO SA EEEEEEEEEKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKKK.

HA? EK? Enchanted Kingdom?

Kami ni Kevin: BAKIT DUN? PANGET DUN!!!!

Wow. What a reaction.

Ara: Wala lang.. gusto ko lang.. \*insert makahulugang smile here\*

Si Jicker naman, biglang pumalakpak.

Jicker: Naks naman teh! Best Actress ang peg!!! Oy kayong dalawa mahiya naman kayo sa bata!!! BATA LANG YAN!!! Minsan lang humirit! And I bel-

Me: O sisingit pa si Whitney Houston e. Muntimang, Jick.

Sinutsutan ako ni Kevin, na kanina pa pala nakatingin sakin. Tinuro nya si Ara, na nakayuko na.

Ara: Fine. Just tell if you don't want to spend time with me. Tagal ko na kayong di nakikita tapos.. fine. Tita Jicker hatid mo na lang ako sa bahay please? :(

Nagkatinginan ulit kami ni Kevin. \*sighs\*

Kevin: Sige sige pupunta na! Dadaanin mo pa ako sa drama mong yan e!

At ang bata! Biglang tumalon!!!! JUSME!!!!

Ara: YEHEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEY!!! YEHEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEY!!!! Thank you Daddy! \*yakap kay Kevin\* Thank you Mommy! \*yakap sakin\*

Me: Ehheheheh... o-okay lang, Ara.

Ara: \*bitaw\* Yuck, hindi ka pa naliligo? Eewww!!! \*pagpag\*

Me: (O.O) SORRY NAMAN AH! NAGMAMADALI KASI AKO EH!!! AKALA NAMIN NAWALA KA NA!!!

Jicker: Ligo ligo rin Jerkeng! Mahiya ka sa bata!!!

Me: OO NA TEKA LANG!!! Buti na lang may spare clothes ako sa sasakyan. Mga badtrip!

Puro tawa na lang ang narinig ko sa kanilang tatlo. Drat.

\*\*

ONE HOUR LATER

Ayan na, papunta na kaming EK. Gamit namin yung sasakyan ni Kevin. Hassle naman kasi kung dalawang sasakyan pa dala namin diba? So.. ayun, nandito kami sa backseat ni Ara. Nakahiga sya sa lap ko. As usual tahimik lang kaming tatlo.

Kaso..

Me: Hey. What are you looking at?

Kanina pa kasi sya patingin-tingin samin sa likod. Akala nya di ko napapansin!

Kevin: (--.) Wala.

MAASAR NGA!

Me: Inggit ka kay Ara noh? :>

Kevin: What? \*laughs\* Wag kang masyadong masaya, Ms. Santiago. Gusto mo bang malaman ang tally mo ngayon?

Me: Nakakainis na yang tally mo ah.

Kevin: Bakit ka maiinis? Nasa 57% ka na nga e!

Me: 20% lang yung sa Boracay? Are you kidding me?

Kevin: \*laughs\* Wag kang sumigaw, magigising si Ara ;)

Me: Kevin hello! \*sighs\* Fine. For your entertainment.

Kevin: But you lo-

Me: Oo na mahal na kita. Ayan okay na? @ss.

Tumawa na naman sya nang malakas. Dahil dun nagising si Ara.

Ara: M-mommy?

Me: Yes Princess?

Ara: Hindi pa rin ba kayo bati ni Daddy?

Me: \*sighs\* Hindi pa rin e :(

Ara: \*sits up\* Hoy Daddy! Bakit hindi pa rin kayo ayos?

Kevin: Mahirap iexplain. Hindi mo rin maiintindihan e.

Ara: Hmmp! Bahala ka!!! Mommy!!! Basta ako kay Mommy Jersey ako!!!

Me: Hehehehe Ara wag kang ganyan..

Ara: Nako Mommy bahala na sya dyan! Kung pakipot pa sya.. hahanap na lang kita ng bagong Daddy!

(O.O)

Kevin: ARA!!!

Ara: E ayaw mo naman ata sa kanya e!!

UH OH THIS IS BAD

Kevin: Sinong nagsabing ayaw ko na sa kanya?

Ara: E bakit hindi pa rin kayo?

Kevin: Mahirap ngang iexplain!!!

Ara: Hindi mo na ba mahal si Mommy?

Kevin: \*tingin sakin sa rear view mirror\* Mahal. \*winks\*

(<<.) JUSKOPOOOOO KINIKILIG NAMAN AKO DUN!!!

Ara: Uuuyyy kinikilig si Mommy! >:D<

Me: HA? EXCUSE ME LANG HINDI AH!!!

Kevin: Walang mawawala kung aamin ka, Jersey \*winks\*

Me: May problema ba yang mata mo at kanina ka pa kumikindat?

Kevin: Wala ah.

Me: Sungit!

Ara: \*laughs\* Bagay talaga kayong dalawa!

Kevin: ASA!

Me: TALAGA!

.....

Me: Anong asa ka dyan? Hoy kung \*tinakpan ko yung tenga ni Ara\* makayakap ka nga sa Boracay parang walang bukas!!!

Kevin: EH KASI PARA KANG UNAN. TABA MO NA!!!

Me: ('O') EXCUSE ME!!!!!! IF I KN--

Ay Jersey wait lang baka madulas ka dun sa plano nyo ni Jicker nung photoshoot ng Bench. Wag kang ganyan heheh patay ka.

Kevin: If I know w-

Tinanggal ni Ara yung kamay ko sa tenga nya.

Ara: MOMMY NAMAN! KUNG TATAKPAN MO TENGA MO MAKE SURE I WON'T HEAR A THING!! I heard it all kaya!!!!

Kevin: \*laughs\* Sira ulo ka kasi Jersey. May bata tapos magkukwento ka ng ganon.

Me: TSSSS!!!! Ewan ko sa inyong dalawa!!! Badtrip kayo!!!

\*\*

NORMAL POV

Hindi mapakali si Jicker.

Kanina pa nakaalis sina Jersey papunta sa Sta. Rosa pero.. binabagabag pa rin sya. May something na.. ewan. Di nya maexplain. Eto talaga ang napapala ng mga stalker.

Teka, parang wala atang nabanggit sa date nila ni Blanche last week? Malamang wala. Kasi wala talagang date na nangyari. OO, wala nga. Ang kulit. Bakit wala?

Hindi dahil busy si Jicker.

Kundi...

Hindi sya pinuntahan ni Blanche. Okay, let me rephrase that. Hindi nagparamdam si Blanche sa kanya.

Nung Tuesday dapat sila magdedate (Goodness Jicker hates that word!) kaso tinext nya ito at sinabing busy sya. Okay lang naman daw kay Blanche, bawi na lang sa Thursday. Kaso.. Anyareh? Walang nanggulo sa kanya nung Thursday.. then Saturday. DEFINE WALA.



Okay lang naman sa kanya. After all, he's busy with projects and stuff. Kaso.. natakot sya bigla. What if magkasama sina Blanche at Marlo the whole week? Baka magkadevelopan yung dalawa! Tapos magiging third wheel na lang si Jicker pag may gala! OMO OMO NOOOO!!!

Ay hindi, imposible. Ayaw ni Blanche kay Marlo. Baka nga hindi makatagal yung babaitang yon sa bestfriend nya!

Kaso kilala naman natin si Jicker, ayaw paawat. Bago sya matulog nung Sunday ng gabi, stinalk nya si Blanche sa social networking sites. Inuna na nya ang Twitter, finafollow kasi sya ni Blanche dito.

ABA ABA ABA!!! Ano 'to?

Puro picture nila ni Marlo ang laman! Lecheng Instagram!!! Kaya pala hindi nagpaparamdam ang dalawa kasi.. magkasama! BUONG LINGGO! Inabuso ang date!!!! LECHUGAAAAS!!!

At dahil sa hindi sya mapalagay (at di nya matanggap na close na ang dalawa)...

Pinuntahan ni Jicker si Blanche sa condo nito. Kelan? 3 hours after makaalis nina Jersey.

\*\*

Gulat na gulat naman si Blanche nang makita ang sasakyan ni Jicker na nakapark sa labas ng building nila. Bibili lang sana sya ng lunch tapos.. eto? Wow. Just.. wow.

"Jicker?" yan lang ang nasabi nya.

"Pasok sa loob."

(O.O) (/./)

"HA?"

Binuksan na ni Jicker yung pinto. "Sabi ko pasok. Gusto mo pa atang Greek e."

"But why?"

Dun lang narealize ni Jicker. Bakit nga ba?

"Ah basta! Papasok ka ba o hindi? Imbyerna!!!!"

Natuwa naman si Blanche sa narinig nya. BAKA DATE 'TO!!! WOOOHOOO!!! As usual, dun sya pumwesto sa backseat. Hindi type ni Jicker na paupuin sya dun sa tabi nya, baka maaksidente pa sila.

"San mo ba ako dadalhin? At hello, it's Wednesday to-"

"So what kung Wednesday ngayon?"

"Si Marlo da-"

"At ako dapat nung Thursday at Saturday. Ikaw ha, masyado mong sinosolo ang bestfriend ko! Nakakainis ka!! Stealer!!!"

"Ako pa ang stealer!!! Ikaw 'tong di nagpapakita dyan! Wala ka bang alam about sa date etiquette? Dapat sinusundo ang mga babae!"

"Wag ka ngang feeler teh! Mas girlash pa ako kesa sayo!"

In fairness, namiss nga ni Blanche ang katarayan sa kanya ni Jicker. Last week kasi puro si Marlo lang ang kasama nya. Yes, medyo ilang sya pero nawawala na yun. Mali ang akala nya na boring kasama si Marlo. Natuto pa nga syang magrockclimbing nung Friday e! :>

"Anong nginingiti-ngiti mo dyan?" mataray na tanong ni Jicker. Concentrated talaga sa pagdidrive.

"Wala. San mo ba ako dadalhin?"

"Sa hell. Para manahimik ka na."

"Namiss kita, alam mo yun?"

Parehas silang natigilan dahil sa sinabi ni Blanche. Napahigpit yung kapit ni Jicker sa manibela tapos si Blanche naman, napanganga. Freudian slip strikes again!

After 10 seconds of awkwardness..

"Ewww," yan lang ang nasabi ni Jicker. Bakit ba kasi ang awkward nya kay Blanche ngayon? Kanina nagpapractice sya kung papano nya babalahurain si Blanche tapos ngayon.. tiklop sya? Panalo lang!

Walang clue si Blanche kung saan sya dadalhin ni Jicker. Baka nga itatapon na sya nito kung saan! Basta lumiko na lang si Jicker sa isang subdivision sa may Commonwealth. Natatakot naman syang magtanong, baka may baril si Jicker sa tabi eh! May nakita si Blanche na sign..

"La Mesa Eco Park? Dun mo ko dadalhin?" medyo irita nyang sabi.

"Che. Wag kang maingay dyan." Seryoso na ang kausap kaya hindi na sya nagsalita.

Walang kibuan ang dalawa nang bumaba sila sa sasakyan. Photowalk ata ang drama ni Jicker ngayon dito, bitbit ang SLR e. Sinundan na lang nya ito, baka sakaling may gawin or something. Paikot-ikot lang silang dalawa dun, kumukuha ng picture si Jicker tapos sya wala lang. Mga isang oras din silang ganun. Nakarating sila sa part na malapit sa La Mesa dam. Pagod na sa kakalakad si Blanche pero gora pa rin si Jicker. Umakyat silang dalawa hanggang sa pinakatuktok, overlooking the dam.

Hindi na nakatiis si Blanche. "Ano ba Jicker! Pinapagod mo lang ata ako e :/"

NR.

Umupo na lang si Blanche sa steps. Nang silipin nya kung anong ginagawa ni Jicker, nakita nya itong nakaupo rin sa may tabi nya, may space nga lang (Sayang!). Nakapikit ito, parang nagpapahinga.

"Dito ako pumupunta pag stressed ako," kwento bigla ni Jicker. "Wala lang, maganda kasing tignan yung eco park from here. Nakakawala ng stress."

Eto ang isang bagay na kinaibahan ni Jicker kay Marlo, naisip ni Blanche. Kahit magkasama silang dalawa last week, hindi ito nagkwento ng kung ano about sa sarili nya. Puro tawa at trip lang naman ang ginawa ng dalawa. Pero kay Jicker? Kahit topakin at mapanlait yan, nagsasabi pa rin sya ng something tungkol sa kanya.

"Alam mo ba kung saan ang 'breathing space' ko?" napakwento na rin si Blanche. "Nung nasa Germany ako, sa rooftop ng building namin. Pero dito sa Pinas? Believe it or not, sa Manila Bay. Though hindi sya gano kaganda, trip ko lang sya. Yung hangin kahit.. ugh. Okay lang. Sh\*t sorry. Baka nastress ka sa sinabi ko :)"

Tinignan ni Jicker si Blanche with matching taas ng kilay. "Weirdo ka talaga, alam mo yun?"

"Ilang beses mo na saking sinabi yan. I'm used to it."

"Kamusta naman kayo ni Marlo? I mean, how did it go last week?"

"Okay lang. Nagrock climbing kaming dalawa. At eto napala ko," tinuro nya ang ilang gasgas sa legs nya.

"Buti nga sayo! Malandi ka kasi!!!"

Tumawa na lang si Blanche. "Sayang last week! Hinintay pa naman kitang dumating."

"As if dadating ako!!!"

"You're wrong. You only arrived a week late. Okay na late ka kesa never mo nakong pinuntahan. That's already something." At dito natin i-cue ang isang stare-off.

Naconscious naman agad si Jicker kaya sya ang unang umiwas ng tingin. "Tara na. Gutom na ko."

"Ha? San tayo pupunta?"

"Nakatikim ka na ng lechon?"

"H-hindi pa." Actually oo, kaso.. basta. Sa kanya na lang yun :>

"Tara, La Loma tayo." Nauna na si Jicker bumaba.

May lakad sina Blanche at Marlo mamayang hapon, kaya nag-aalala sya na malate sya. "Wait lang, may laka--"

"Nasabi ko na kay Marlo na tayo muna ang may lakad ngayon. Busy kasi sya sa projects nya."

"Oh? Ay oo nga pala! Deadline na pala yun next week. Sige, lechon ah!" parang bata si Blanche sa sobrang tuwa. Wala lang, at least makakasama nya ngayon si Jicker.

Hmm. Natatandaan nyo ba yung unang line ng POV na 'to kanina?

Hindi mapakali si Jicker.

Yang feeling na yan ay napalitan ng.. guilt.

Bakit?

Kasi.. hindi naman talaga nya sinabi kay Marlo na may lakad sila ngayon ni Blanche.

\*\*

#### NORMAL POV ULIT

After ng almost 30 minutes na pagpila nina Kevin para bumili ng ticket, nakapasok na sila ng EK. Ngayon lang ulit sila nakapasok dito since nung nagdate sila dati. Kung anu-ano tuloy ang pumapasok sa utak ng dalawa.

"Ara," tanong ni Kevin. "San mo gustong pumunta?"

"Hindi ko po alam Daddy.. San po ba maganda?"

Nagkatinginan ang dalawa. San nga ba maganda?

"Uhhh.. gusto mo muna sa carousel?" suggestion ni Jersey.

"Sige po!" takbo naman si Ara papunta sa carousel.

Mahihirapan silang dalawa kay Ara, narealize ni Kevin. Hindi nila masasakyan yung ibang rides kasi may height limit ang karamihan ng rides. Bawal silang sumakay sa Rio Grande, Space Shuttle etc. Okay lang kay Kevin na hindi sumakay sa Space Shuttle. Pabor pa nga sa kanya yun :>

"Kevin!" tawag sa kanya ni Jersey. Nauna na pala yung dalawa sa kanya. "Tara na!"

Tuwang-tuwa si Ara sa Grand Carousel. Parang first time lang nyang sumakay sa carousel! Pinapanood ng dalawa si Ara mula dun sa may entrance. Si Jersey kuha nang kuha ng picture.

"Psst," epal ni Kevin.

"What?"

"Bakit hindi ka sumakay dyan ngayon? Diba favorite ride mo yan?"

Tumigil si Jersey sa pagpipicture. Nako eto na naman si Kevin, reminiscing mode na naman. "Hello, I am 23 years old! Nung huling punta ko dito 18 a-"

"17 ka lang non," napangisi si Kevin sa sinabi nya. Puro flashback ng date nila dati yung nasa isip nya.

"Sige na ikaw na matalas ang memory ('.')

Lumapit sa kanya si Kevin. "Sakay ka na. Alam kong gusto mong sumakay dyan kanina pa."

"AYOKO NGA EH. KULIT!" Magpipicture na sana ulit sya nang hilahin sya ni Kevin palapit sa kanya. Panong hila? Sa bewang.

"KEVIN!!!" napalakas nang onti ang boses ni Jersey kaya napatingin si Ara sa kanila. "Bitawan mo ko please?"

"Sumakay ka na kasi don. Nahiya ka pa e," bulong ni Kevin sa tenga ni Jersey. Si ate naman, kinikilig na ewan!

Bargas nyang binigay yung SLR nya kay Kevin. "OO NA SASAKAY NA!!!" Hinintay muna ni Jersey na matapos yung isang ikot bago sya sumakay sa carousel at tumabi kay Ara.

"Ara," bulong ni Jersey habang nakatingin nang masama kay Kevin. "Yung sinabi mo kanina na maghahanap tayo ng bago mong Daddy? Tara gawin natin ngayon!"

At anong ginawa ng bata?

Pinalo si Jersey sa ulo.

"ARAY!!! MASAKIT YUN AH!!!! ANG LIIT NAMAN NG KAMAO MO!!! PACQUIAO?!"

"Baliw ka pala e!! Naniwala ka naman kanina, old hag!!! As if totoo yung sinabi kong yon noh! Syempre si Daddy Kevin lang ang Daddy ko!!!"

(O>O) BUMALIK NA NAMAN ANG PAGKAMATARAY NG BATANG TO!!!!

\*

Tawa nang tawa si Kevin sa shots nya ni Jersey sa Grand Carousel. Hindi nya kasi narinig yung pinagsasabi ni Ara kanina. Pero dahil sa itsura ni Jersey sa videos, medyo gets na nya na hindi maganda yung sinabi ng bata :>

"BURAHIN MO NA KASI YAN!!!!!"

"AYOKO NGA!!!"

"BAKIT IKAW MAY ARI??!"

"CONJUGAL PROPERTY KAYA!!!"

"CONJUGAL KA DYAN!!! HINDI NAMAN TAYO KASAL!!!"

"Ehh.." tameme si Kevin dun ah. Nakuha tuloy ni Jersey yung SLR. HAHAH!

"Daddy.." hinigit pa ni Ara yung tshirt ni Kevin para mapansin sya nito. "Gusto ko po ng ice cream!!!"

Pumunta sila dun sa pinakamalapit na ice cream kiosk. Hawak ni Jersey ang kamay ni Ara tapos si Kevin naman ang bumibili ng ice cream. Napansin ni Jersey na may tinititigan si Ara sa may tabi nila. Nang sinundan nya ang tingin nito...

Isang family pala yung tinititigan ng bata. Naawa naman si Jersey kay Ara :(

"O bakit?" tanong ni Kevin sa kanya, na dala-dala na ang ice cream. Tinuro na lang ni Jersey yung tinitignan ni Ara gamit ang nguso. "Ha?"

"Can we just set our differences aside for now? Gusto lang naman magsaya nung bata, tapos away naman tayo ng away."

"..."

"Come on. Meet me halfway here please?"

Imbis na sumagot sya, binunggo na lang ni Kevin yung ice cream na hawak nya sa bibig ni Jersey. "Ang ganda mo kasi."

Saktong tumingin si Ara sa kanila. "Yeheeey may ice cream nako!!!"

Paikot-ikot lang silang tatlo dun habang inuubos ang ice cream. Napadaan sila sa Boulderville at naging hyper si Ara.

"DADDYY!!! DADDY!!! MAY DINOSAUR!!!"

"MOMMY!!! PICTURE NAMAN KAMI NI DINOSAUR!!!!!"

Sobrang saya ni Ara ngayon. Ever since kasi nang malaman nya na nagbreak sina Kevin, medyo naging malungkot sya. Nakatira nga sya sa parents nila ni Kevin, pero madalas naman nyang kasama si Yayay nya. Sina Kevin ang tinuturing nyang parents talaga dito sa Pinas. Kaya kahit halata nya ilang ang dalawa sa pagsasama nila, okay lang sa kanya. Kasi mamaya.. alam nyang magiging natural din yang dalawa :">

"Ara wag kang tumakbo!" sigaw ni Kevin sa bata. Kanina pa kasi sila naglalaro ng tagu-taguan dun sa Rock Quarry. Sinolo na nga nilang tatlo yung lugar e!

"BELAT DADDY! HANAPIN MO KO!!!"

Si Jersey naman nangangarag na sa kakahanap kay Ara. Grabeng bata 'to! Kung saan-saan lumulusot! Sa sobrang pagod nya, umupo sya dun sa isang tagong sulok sa loob ng Rock Quarry. Grabe naman kasi sa pagod diba? (T.T) Wala pa syang 10 seconds dun pero..

"OLD HAG!!! NASAN KA NA OLD HAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAG!!!!!"

May conclusion na si Jersey na bipolar talaga yang batang yan. Tatayo na sana sya para hanapin si Ara kaso.. biglang sumulpot si Kevin sa tabi nya at umupo.

"BAKIT HINDI MO HINAHANAP YUNG BATA!!!"

Nagtataka naman si Jersey kung bakit tawang-tawa si Kevin. "S-sorry. Ang.. benta lang kasi sakin nung.. old hag. Daig Devil Woman dun ah! HAHHAHAHA! :D"

Piningot ni Jersey ang right ear ni Kevin. "SHUT UP!!!"

"AAAAAAAAAAAAAAAAAY!!! Ang sakit!!!" Akmang gaganti sana si Kevin nang iharang ni Jersey yung mga braso nya.

"Subukan mong saktan ako Kevin kundi makakatikim ka!!!"

"Hmm.. kung sasaktan kita.. anong matitikman ko?"

HALA NANG-AASAR NA NAMAN ANG LOKO!!! Binaba nya unti-unti yung nakaharang na braso ni Jersey.. tapos.. unti-unti rin nilapit ni Kevin yung mukha nya.. Halaaaa. Namumula na si Jersey!! Naaalala nya tuloy yung magkatabi silang matulog sa Boracay. OMG ('o')

"K-kevin.."

"Sshhh.." Malapit na e! Malapit nang lumapa--

Nang may narinig silang tumatawa sa may gilid nila.

Si Ara.

KevJe: (-/////////-) SAN KA BA NAGSUSUSUOT!!!

"YIIIEEEE!!! SINA DADDY TALAGA O!!!! NAHIYA PA KAYO!!!!!"

Pulang-pula yung dalawa. Goodness, bata pa nakakita!!!!

"Sige po.. aalis po muna ako.. maghahanap po muna ako ng friends.." tawa pa rin nang tawa ang bata.

Dahil ang awkward na para kay Jersey, tumayo na sya. "ARA JANIS!!! WAG KA NANG TUMAKBOOOOO!!!" Hinabol nya si Ara palabas ng Rock Quarry. Naiwan si Kevin sa loob, na namumula pa rin.

\*

Dahil sa nangyari kanina, nahiya ang dalawa sa bata kaya sunud-sunuran sila sa gusto ni Ara. Sumakay na sila sa Boulderville Express, Air Pterodactyl (syempre si Ara lang kasya dun. Goodluck naman sa kanilang dalawa diba?), bumili ng dinosaur inspired head gear, kumain na naman ng ice cream..

Basta, kung ano na lang ginawa nilang tatlo.

Pero masaya naman.

Sumakay sila ng Up, Up and Away. Nasa gitna ng KevJe si Ara.

"Bakit hindi kayo nag-uusap?" tanong ni Ara sa dalawa.

Nagkatinginan na naman silang dalawa, tapos sabay namula. "M-masakit lang paa ko Princess. Sorry," sagot ni Jersey. Umiwas na sya ng tingin kay Kevin.

"Sorry po pala kanina. I ruined your moment..."

"SUS WALA YUN!!! ANO KA BA ARA!!!" Wow, nagshift agad ang mood ni Jersey? Agad-agad!!!

Tawa naman si Kevin. "Wag ka kasing masyadong matense. Binibiro lang kita kanina."

"Hindi nakakatuwa yung joke mo, Kevin."

"Naglalambing lang e." At.. nagpout ang loko. Halos masuka si Jersey.

"Wag ka ngang ganyan! Di bagay sayo!!!"

Habang nag-aaway ang dalawa, tumatawa si Ara. Napansin nila ang reaksiyon ng bata kaya natawa na rin sila. After ng Up, Up and Away, naglibot ulit sila. Pumunta sila sa foodcourt para kumain ng merienda/dinner. Kailangan kasi nilang umuwi ng maaga, may gagawin pa kasi si Kevin.

Habang bumibili si Kevin ng pizza, tahimik na naghihintay sina Ara at Jersey sa may table. Kanina pa may gustong itanong si Jersey sa bata kaso.. nahihiya sya. Nasense naman ng bata yung something na yun.

"Mommy bakit?"

"H-ha? Uhh kasi.. may gusto lang akong itanong sayo Ara.."

"Ano po yun?"



"Hindi.." huminga muna si Jersey nang malalim. "Hindi ka ba galit sakin? About what happened to us?"

Napayuko si Ara sa narinig nya kay Jersey, na kinatakot nya talaga. "Hindi po. I.. was just sad.."

"Bakit naman?"

"Wala lang po.. kasi po.. akala ko.. mawawala po kayo eh.. Katulad po nung ibang nagbbreak.. napansin ko lang sa mga drama na pinapanood ni Yayay.. pag.. may naghihiwalay.. magkakagalit.. ayaw.. Ayaw ko lang po na ganun.." Tumingin na sa kanya ang bata, pero nakasmile. "Pero okay lang po. I know po na konti na lang bibigay na rin si Daddy. Yan pa? Di ba sabi nya kanina love ka pa nya? Naniniwala po ba kayo dun Mommy?"

Sinilip ni Jersey si Kevin sa may stall ng Pizza Hut, at napangiti sya. "Naman, I do believe. Subukan lang nya i-deny na di nya ko mahal, masasapak ko sya!!!"

"Basta Mommy ha.. kahit.. kahit hindi kayo magkatuluyan ni Daddy.. ikaw pa rin Mommy ko.. PERO SYEMPRE MAGKAKATULUYAN KAYO!!! Kahit old hag ka, ikaw pa rin gusto ko para sa Daddy ko!!! Wag ka naman kasing timang minsan Mommy!!!"

(O.o) NGANGA SI JERSEY. Kanina ang ayos na ng usapan nila tapos.. timang.. old hag.. BATA BA TALAGA TONG KAUSAP NYA?!?!? Gusto na nya sanag kutusan si Ara kaso dumating na si Kevin sa table. Mamaya na lang nya nanakawan ng kurot sa tagiliran tong batang 'to. Drat.

\*\*

Hawak-hawak nina Kevin ang magkabilang kamay ni Ara habang naglalakad. Si Ara naman, tuwang-tuwa kaya may pasway-sway pa syang nalalaman. Masakit na nga ang braso ni Jersey sa ganung drama ni Ara pero gora lang, ang cute kasing tignan.

Kaso habang tumatagal, mas lumalakas ata ang pagsway ni Ara.. Sa sobrang lakas.. umabot sa point na nabitawan nilang dalawa ang mga kamay ni Ara.. at sa sobrang lakas ng huling sway.. ewan na lang pero..

They ended up holding each other's hands.

Nagkatinginan na naman silang dalawa.. then nalipat ang tingin nila sa mga kamay nila.. then tinginan ulit.. then..

"YIIIIIEEE HOLDING HAAAANDS!!!!" tumatalon na naman si Ara sa sobrang tuwa at.. siguro kilig na rin. Namula na naman ang dalawa.

"Hindi mo ba bibitawan kamay ko?" tanong ni Kevin kay Jersey, na nakaiwas ng tingin.

Mas hinigpitan ni Jersey ang grip sa kamay ni Kevin. "Hoy wag ka ngang feeling teenager dyan! If I know kinikilig ka lang."

"Kapal. Kelan pa ba ako kinilig sayo?"

"Dati pa kaya. Hanggang ngayon, diba? Wag ka nang mahiya.. umamin ka na!"

"Tss. Ewan ko sayo!!!" Naglakad pa rin sila na magkaholding hands pa rin.

"Teka, niluwagan ko na ah! Ba't ayaw mo pan bumitaw?"

"Ehh.. basta." Napangiti na lang si Kevin. Alam na!

"Kung kinikilig ka.. sabihin mo lang. Marami pa akong pwedeng gawin na mas nakakakilig kesa dito."

"Wag kang ganyan Jersey, iba naiisip ko."

...

"OH SHUT UP!!! BASTOS KA TALAGA!!!" tinadtad na naman nya ng sapak si Kevin. Tawa na naman ito nang tawa.

"ARAY TAMA NA!!! IKAW KAYA NAGSABI NON!! INAASAR LANG KITA!!!"

"KANINA KA PA DYAN EH!!! KAINIS!!!" \*palo palo palo\*

"AKO PA RAW FEELING TEENAGER!! HOY PAG DI KA TUMIGIL HAHALIKAN KITA!!!"

"AHA E DI MAS LALO KITANG PAPALUIN!!!"

Freudian slip.

\*\*

Last stop ng tatlo ang.. Wheel of Fate. As requested by Ara :)

Nakangisi pa rin si Ara hanggang ngayon. Si Kevin? Medyo manhid ang braso dahil sa mga suntok ni Jersey. At si Ateng Pacman version? Ayun, nahihiya dahil sa sinabi nya kanina.

"Daddy.." nang-iinis na tawag ni Ara. "Mommy.."

"What?" sabay na sabi ng dalawa. Dun lang nila napansin na nakapikit si Ara.

"Anong drama yan Ara? Bakit ka nakapikit?"

"Kanina ko pa po kasi napapansin na sinisira ko moment nyo.. kaya eto po. Pipikit na lang ako. Wag na po kayong mahiya =)))"

(O.O) (>.<)

Nagkatitigan na naman sina Jersey at Kevin. At.. nag-usap sila sa tingin.

Jersey: Santos subukan mong..

Kevin: Sabi mo kanina gusto mong maging masaya si Ara? Kiss lang naman. Sabi mo nga ka--

Jersey: SHUT UP!!!!!!! OO NA!!!

Natatawa ang dalawa sa gagawin nila. Para ba talaga kay Ara to o... HAHAHA! :) Lumapit si Kevin kay Jersey.. tapos si Ate naman may closed eye effect pang nalalaman. Nakakatawa!!! Malapit na e. Jersey can feel Kevin's breath on her face na.. Malapit na kaso.. kaso..

hinalikan sya ni Kevin sa ilong.

Bigla nyang minulat yung mata nya. "WHAT?!?!"

"Tapos na po ba?" tanong ni Ara.

"Yep Princess. You can open your eyes now," natatawang sabi ni Kevin.

"YUN LANG YON? YUN LANG YON???? OH MY GOD!!!! NAKAKAINIS!!!!" todo reklamo pa rin si Jersey. Bitin na bitin?

\*\*

Nakatulog sina Jersey at Ara sa byahe pauwi. Tuwang-tuwa naman si Kevin sa nangyari sa buong araw. Nakangisi pa nga sya habang nagdidrive! Kung di nyo sila kilala, pagkakamalan nyo syang manyak (-\_\_\_-)

Mga 10:30 pm na nang makarating sila ng Katip. Dinala nila si Ara sa condo ni Kevin tapos syempre gentleman si Kuya, hinatid nya si Jersey pabalik sa condo nito.

\*haban naglalakad\*

Chinecheck ni Jersey yung phone nya for messages. Dun lang nya natandaan na may pupuntahan pala dapat silang designer ng gown para sa wedding ni Amae. Patay sya sa kaibigan nito!!!

"O bakit? Okay ka lang?" tanong ni Kevin sa kanya habang naglalakad.

"Wala.. yung kay Amae lang. Buti nasabi ni Jicker na may lakad tayo today."

"Ahh. Enjoy ba naman tong araw na to?"

Sinamaan ni Jersey ng tingin si Kevin. "Puro pang-aasar mo ba naman e! Ewan ko sayo."

"Eto naman, di mabiro!"

"Nga pala," may kinuha si Jersey sa bag nya. "Here."

"O, bakit mo binabalik sakin yan?" Ano ba yun? Yung copy ni Kevin ng susi ng condo ni Je.

"Wala lang. Thought you might need this :>"

"Baliw! Ewan ko sayo."

Papasok na sana sila ng lobby nang may makita silang familiar na kotse sa harap.

"Teka sina--"

May lumabas na babae sa kotse. Si Kat. Gulat na gulat ang dalawa.

"Hey Kat! Kamusta yung designer? Nakahanap kayo? Sorry kung di ako nakasama ah!" medyo masigla pang sabi ni Jersey. Nang mapansin nyang balisa si Kat.. "Wait. What's wrong?"

"Hindi kami natuloy sa designer, Jey," matamlay na sabi ni Kat.

"Ha? Bakit?"

"We saw Keith with another girl."

## Chapter 45

\*\*

(Jersey's POV)

Tahimik lang kaming apat nina Kat sa sala ng condo ko. Walang makapagsalita samin. Kami ni Kevin takot magreact, baka bigla na lang magwala si Amae. Nakaupo silang dalawa sa sofa, walang kibo. Actually hindi pa rin nagsisink in sakin yung sinabi ni Kat kanina. They saw.. Keith with another girl? Impossible! Si Keith? Eh inaasar nga naming under yan kay Amae! Tapos mambabae? Sinong niloko mo?

Naramdaman ko na lang na hinawakan ni Kevin yung kamay ko, kaya ako napatingin sa kanya. He gave me his assuring look, as if asking for me to speak up. What am I supposed to do? Hindi naman ako magaling magbigay ng advice. Hello, my life is such a mess. I am not the right person to give advices right now.

Nang maramdaman ni Kevin na hindi ako magsasalita, sya na yung nanguna.

Kevin: So.. saan nyo nakita si Keith?

Kat: Ahh ka--

"Sa Manila Penn," sagot ni Amae. Poker faced lang sya pero ramdam mo yung bitterness sa boses nya.

Amae: Kaninang umaga ko pa sya tinatawagan, para samahan ako dun sa designer. Hindi nya sinasagot yung phone nya. I even asked his mom, pero hindi raw umuwi ang loko sa kanila. We went to various police stations and hospitals, baka may casualty don. Wala. I was so scared! Akala ko.. naaksidente na sya or what. Nung wala na kaming napala, pumunta kami ng Ayala then.. we saw them. Pasakay sa kotse nya. F\*ck that cheating b@stard!!! NAGAWA PA NYANG TUMAWA!!!! Obviously masaya sila nung babae. This.. this is too much."

Me: Amae..

Amae: No \*tinignan nya kaming dalawa ni Kevin\* I am not crying for that @ss. Wag nyo kong kaawaan please.

Kevin: Teka Amae.. wag mo munang pairalin yung gal--

Amae: \*shrugs\* Wow, nagsalita.

WOOOHOOO SAPUL!!!

Kat: Okay Amae, you don't have to be hostile now..

Amae: Nako, kilabutan naman yang Romerong yan!!! Pag yan minulto ni Lola Paz buti nga sa kanya!!!

Me: AMAE!!! I know I don't have the right to say this but Kevin's right. Wag ka munang magalit ka-

Amae: Oh, you're a very good example for that one too, Jersey. Impulsiveness at its best.

Kevin: Amae tigil na. Alam naming nasasaktan ka pero please lang wag kang ganyan saming dalawa. Kaibigan mo kami dito at alam naming may mga mali kami pero sana.. \*pinigilan ko na lang sya\* Sorry.

Poker faced pa rin sya after that. Natatakot talaga ako kay Amae ngayon. Kahit walang emosyon ang mukha nyan, iba pa rin ang tabas ng dila nya. Scary talagang kaaway/magalit 'to! (-~-)

Amae: \*sighs\* Sorry guys. Pagod na talaga ako ngayon. Tsaka.. I think I might call off the wedding.

KevJe & Kat: THAT'S INSANE!!!

Amae: Insane? Mas insane naman ang mangaliwa bago ikasal diba? Kung takot syang matali forever sakin e di sana hindi na sya nagpropose!!! DAMMIT!!!!

Me: Amae please lang.. sayang yung preparations natin! Tapos yung Bel Air house! Magagalit si Lola Paz sa heaven nyan!!

Amae: Hindi magagalit sakin si Lola Paz, kay Keith sya magagalit!! Bahala sya, pera naman nya ang ginamit nya dun. Pakasalan nya yung babae nya! Tuwang-tuwa siguro sya dun, MAY LAHI KASI!!!!

Nag-usap pa rin kami nang ilang minuto pero ang tigas pa rin ni Amae. Ayaw papigil sa pagcancel ng wedding. 12:30 am na nang mapilit namin si Amae na kausapin si Keith para magkaayos sila. Ayon na rin kay Amae, kakausapin nya pero hindi sa lalong madaling panahon, at wag mag-eexpect na maganda ang outcome ng pag-uusap nila. Sa totoo lang, kinakabahan ako sa tapang ni Amae ngayon. Pag nag-mix talaga ang tapang at galit.. delikado.

I must do something about this. Kahit magmukha pa akong pakialamera or what, basta magkaayos lang silang dalawa. 3 months na lang bago sila ikasal! Tapos ganito pa nangyayari. Kastress (-.-)

\*\*

NORMAL POV

Maiba naman tayo ng usapan. Puntahan natin ang Jicker-Blanche-Marlo love triangle.

Ayon sa last chapter, "tinakas" ni Jicker si Blanche para hindi matuloy ang date nila ni Marlo nung hapon. Nag-enjoy si Blanche sa lechon trip nila (Si Jicker ba nag-enjoy? Sa sobrang kapal ng pride nya sa katawan hindi nya maamin na nag-enjoy sya kahit papano) sa La Loma. Yun na siguro ang pinakamaraming kain nya ever! Kahit mabulunan na sya sa pinapakain sa kanya ni Jicker, tuloy lang sya. At least kahit pano kasama nya si Jicker.

Nang magkita sila ni Marlo the next day, nagtaka ang lalaki kung bakit hindi sumipot si Blanche sa supposed date nila kahapon. Mas nagtaka naman si Blanche (at deep inside na kinilig, knowing na tinakas sya ni Jicker!), pero hindi na nya pinahalata yun. Gumawa na lang sya ng excuse, kesyo busy sya dahil kinontact sya ng prof nya sa Bonn blahblahblah. Hindi na pinatapos ni Marlo ang explanation ni Blanche, at sa halip niyaya na lang itong manood ng sine.

Nasa kalagitnaan na ng palabas nang may receive na text si Blanche. Galing kay Jicker.

From: Jicker

Hoy taratitit kasama mo na naman bestfriend ko? MANG-AAGAW KA TALAGA!!!!

She replied: I know what you did yesterday. Liar.

Naguluhan naman si Blanche sa sumunod na reply ni Jicker. Isang address.. ng spa?

Are you asking me to come with you? Really?

Ay hindi halata. Dalian mo dyan! Kung sasamahan mo ang bestfriend ko matuto ka namang mag-exfoliate! Mahiya ka naman sa balat mo!!!

Nawalan na sya ng interest sa movie na pinapanood nila ni Marlo. Puro oo na lang ang sinasagot nya sa mga comment/tanong ng ka-date. Masyado syang naloka sa text ni Jicker. Date.. sa spa? Like really? Nag-iisip na agad sya ng excuse para makatakas kay Marlo. At ang pinakamagandang naisip nya? May bibisitahin syang friend sa Marikina. As usual hinatid sya ni Marlo sa bahay ng friend nito (buti na lang may kaibigan si Blanche dun, new found friend actually) at iniwan ang babae. Nagpakita naman si Blanche sa kaibigan, konting usap at.. ayun, larga na papunta sa spa somewhere in Eastwood. Nandun si Jicker, halatang irritable sa pagkalate ni Blanche. Nakapamewang na 'to.

"Bakit ba ang tagal mo? Gusto ko na magpa-foot spa!!!"

"Tumakas pa ako kay Marlo eh. Sorry naman!"

Nawindang naman si Jicker sa sinabi ni Blanche. Tumakas? Talaga, ginawa nya yun? Parang last week lang tadtad ng picture nilang dalawa ang Instagram account nito tapos ngayon.. may nalalaman pang takas? Baliwan!

"Dalian mo dyan," pagtataray ni Jicker. "Naghihintay na si Gail. Tagal mo kasi."

Tahimik lang ang dalawa habang sumasailalim sa treatment. Nagpapatugtog si Jicker ng mga kanta ni John Mayer, na kinagulat ni Blanche kasi favorite nya rin ang singer.

"Wow, Free Fallin'. Nice choice," sabi nito.

Nabigla si Jicker. "May alam ka pala sa music?"

"I am not that ignorant. Pumunta pa kami dati sa Hamburg para mapanood yang concert nya. Ang sexy nya pag live."

"Akin si Mayer!!!"

"Trip mo talaga mga photographer noh?"

"Shut up."

Matapos ang isa't kalahating oras, ang sarap ng pakiramdam ng dalawa. Magbabayad na sana si Blanche nang ilabas ni Jicker ang credit card (platinum, wag ka) nito.

"Hey, I can pay my own."

"Libre ko na. Baka barya pa yang dala mo."

Bago sumakay si Blanche sa taxi, tinanong nya si Jicker. "Magkikita pa rin ba tayo bukas?"

"Balato ko na kay Marlo yung bukas. Yayain mo na lang sya. Tsaka sinuswerte ka ata ah! 3 straight days with me? Please, you've got to be kidding me."

\*

Kinabukasan, ginawa nga ni Blanche ang suggestion ni Jicker. Niyaya nya si Marlo na lumabas, at pinabayaang nya ang lalaki na pumili kung saan sila pumunta.

Sa San Pedro, Laguna napadpad sina Marlo. Takang-taka si Blanche kasi alam nyang taga-Bulacan ang family ni Marlo. Pumunta sila sa bayan, sa may isang karinderia. Dahil dun natigilan si Blanche.

"Oh right, I forgot. Hindi ka pa pala nakakakain sa karinderia," sabi ni Marlo, quite amused.  
"Tara, li-"

"N-no. It's fine. We drove a long way here and besides.. first time! Ano bang meron dito?"

Nagulat si Blanche sa inihain sa kanila ng kuyang serbedor. "Uhh Marlo what is this?"

"Maciang yan."

"Ma.. what?"



"Maciang. Pansit na may ketchup at itlog. Try mo, masarap yan!"

Nandidiri si Blanche sa pagkaing nasa harap nya. Edible ba 'to? Ilang beses pa sya pilit ni Marlo nang bumigay ito. "Uhh.."

"Anong lasa?"

"It tastes.. weird.. but masarap!! Seriously!!"

Nasarapan nga si Blanche, na umorder pa ulit ng isang plato ng Maciang. Tawang-tawa naman si Marlo sa kasama. Para kasing bata. Bago sila umalis, tinanong sya ni Blanche. "Who told you this place? In fairness, masarap ah!"

"A friend of mine. Tara, uwi na tayo?"

Habang tumatagal ang set-up nilang tatlo, mas lalong nahihirapan si Blanche na pumili kung sino ba talaga sa kanilang dalawa ang tama.

\*\*

NORMAL POV

Ever since malaman ni Jersey ang nangyari kay Keith, sinusubaybayan na nya ito. Kaso.. mailap si Kuya. Masyadong mabilis kumilos. Wala ito sa office nila ni Amae, may on-site work daw ito (on-site work pala ah!!!) at mawawala ng isang linggo. Grabeng magsinungaling, Keith! Saludo ako sayo!!!

2 days na nyang hinahanap si Keith kaso wala, mailap. Nang patapos na ang Day 2, nagdecide na syang umuwi, at saktong nakita nya si Kevin na nag-aabang sa parking lot ng building nila, dun sa parking space nya.

Binaba nya ang car window at iritang-iritang sumigaw dito. "Kevin! Umalis ka dyan! Sasagasaan kita!!!"

"Try me," nagsmirk pa ang loko.

Banas na banas si Jersey kaya wala syang pakialam sa gagawin nya. Ayun, inabante nga nya ang sasakyan. "AYAN!!! IILAG KA RIN PALA!!!"

"Eto naman di mabiro!!!"

"I am not in the mood for your jokes, Kevin. Now please lang, umalis ka na." Lumabas na sya ng sasakyan nya.

"Hindi effective yang pagtataray mo sakin, Jersey. Pano ka makakakuha ng 10% nyan?"

"Umayos ka."

"Tsaka san ka ba galing? Ilang araw kang di nagparamdam ah! Namiss kita :>"

"Pakyu. Umalis ka dyan wala ako sa mood."

Natutuwa pa si Kevin sa drama ni Jersey ngayon. Para sa kanya mas maganda si Jersey pag galit. "Eto naman hindi na mabi-"

"AKALA MO JOKE NA TO LAHAT? HA?!?! T@ngina Kevin please lang give me a break!!!" napasabunot na si Jersey sa sobrang pagpipigil. "Kevin, masyado ka namang self-centered! Hindi naman lahat ng bagay ngayon ay tungkol sayo! May mga kaibigan tayong may misunderstanding tapos nagagawa mo pang magpakag@go ngayon? Aba'y may topak ka na nga! Naiwan mo na ata utak mo sa Coron eh! Talaga bang nag-isip ka don?"

Oo na, sige na. I don't care kung hindi ko makukuha yang 10% na yan. Kasi wala na akong pakialam dyan! Ang arte mo! Lahat na ginawa para mapalapit sayo pero ina, ang arte mo!!! Kung makayakap ka pa sa Boracay!!! Kunwari ka pang inaantok pero.. sh\*t ka alam mo yun? ASAR NA ASAR NA KO SAYO!!! Sabihin mo na lang kung ayaw mo na ititigil ko na 'to. Maawa ka naman sakin o. Pinaglalaruan mo lang ata ako e. Dali na, para makahanap nako ng iba! Hindi lang naman ikaw ang lalaki sa mundong to! Maraming iba dyang iba! EWAN KO SAYO!!! BWISET NA BIPOLAR NA BUGNUTIN NA PERVERT NA EWAN!!!! BAHALA KA NA SA BUHAY MO!!!!!!"

Tameme na naman si Kevin sa rage blackout ni Jersey. Hindi na nya nagawang habulin ang babae.

\*\*

NORMAL POV ULIT (sorry kung puro ganto, mas trip ko kasi pag normal eh. Haha!)

Parang tanga si Jersey.

Nakapark ang sasakyan nya sa harap ng The Heritage Hotel, para syang spy na ewan. Ayon kasi sa source nya (na obviously si Kat), imemeet ni Keith yung babae sa Heritage ngayong gabi. Wow, ang hilig naman ata nila sa hotels! Pero pag kay Amae ang kuripot ni Keith. Nakakapagtampo! (>,<)

Feel ko matatawa kayo kung makikita nyo si Jersey ngayon. Nakadisguise si Ate! Nakasuot sya ng wig at nakacocktail dress. Feel na feel talaga nya ang undercover chorva nya tonight. Si Kevin? Bahala na sya sa buhay nya. Kung ayaw nyang tumulong, pwes bahala sya! Talaga yung lalaking yon, nakakainis! Walang kwenta! Sarap manapaaaak!!!

Inayos nya muna ang sarili (lalo na ang wig) bago sya lumabas ng sasakyan. Actually kanina pa nya pinapractice ang sasabihin pag nasa confrontation scene na sila. Of course, may class sya at ayaw nya ng scene so hihilahin nya sa gilid sina Keith at yung other woman, tsaka babantaan ang dalawa. Parang pang action movies lang!

"Romero.. siguraduhin mo lang na-- AY KALABASA!!!!!" napasigaw sya nang di oras. May humawak kasi sa braso nya. "WHAT THE!?!?!"

"You're wearing.. a wig."

Crapadoodles. Pano naman nya nalaman na nandito sya? Sinabi ni Jicker? Nakakainis talaga yung babaitang yon!!!

Tinabig ni Jersey ang kamay ni Kevin.

Jersey: So what if I'm wearing a wig? Bawal na ba ngayon?

Kevin: HAHAHAHAHAHAA!!!!

This guy is so annoying. Hindi nya alam kung ano bang nakain nya at mahal pa rin nya ito until now.

Jersey:Go ahead and laugh at me. Dyan ka lang kasi magaling, sa pagtawa. Kung nandito ka para mang-inis, well shut up and go home. Hindi ko kai--

Kevin: Ang dami mong sinabi! San mo naman nakuha yang wig mo?

Jersey: Kay Jick-- HINDI ANG WIG NA TO ANG TOPIC NATIN OKAY? PLEASE LANG AH. Just shut up, will you? Nakakainis ka na!!

Sumeryoso na rin si Kevin sa wakas, kaso sa loob-loob nya gusto pa rin nyang tumawa. First time nyang nakitang naka-wig si Jersey. Ang hilarious lang para sa kanya.

Kevin: Bakit ka nandito?

Jersey: Ako dapat ang nagtatanong sa'yo nyan, Sir. Are you following me?

Kevin: Ha? Asa ka. Hindi ah. I'm here for a party.

Jersey: A what? Party? Wag mo nga akong pinaglolooko Santos! Anong party ka dyan?

Nilabas ni Kevin ang isang invitation at pinakita kay Jersey.

Kevin: I manage to get this. Sabi ko sa'yo, I'm way smarter than you.

Jersey: Fine you're way smarter than me, dumb@ss. Wag mo-- \*natigilan sya nang makita nya yung nasa invitation\* Oh crap, you're not kidding. Tonight's the party! Bakit hindi mo sakín sinabi 'to?

Kevin: Kaya nga kita nilapitan, diba?

Jersey: Eh ano naman ngayon?

Kevin: Basahin mo kasi yung nasa invitation. Daming tanong!

Inis na inis na binasa ni Jersey ang invitation. May party nga ngayon sa Heritage, celebration ng 50th Wedding Anniversary ng certain Mr. and Mrs. Sanchez.

Jersey: Nako Kevin baka naman ikaw lang gumawa nito. Kung kasama 'to sa mga pakulo mo.. umayos ka. Hindi nako natutuwa.

Kevin: Etong mukhang to, nagloloko? \*insert annoying smile here\* Joke lang. Seryoso nga kasi yan. Kaso.. hindi ako makakapasok.

Jersey: \*scoffs\* Wow, galing mo rin. May invitation ka pang nalalaman dyan! Eh ibig sabihin kung nandyan si Keith ngayon, invited sya?

Kevin: Ay malamang. Isip naman.

Jersey: Tsss \*returns the invitation\* Ano namang connect ni Keith sa couple na 'to?

Kevin: Pagkakaalam ko close ni Keith yung anak ng dalawang yan nung high school, tapos ginawan din ata sila ng resthouse sa Quezon. Nainvite lang sya.

Jersey: Eh ikaw? Anong konek mo?

Kevin: \*beat\* Uhh.. basta.

Jersey: ('o') DON'T TELL ME NINAKAW MO LANG 'TONG INVITATION NA TO!!!

Tinakpan ni Kevin ang bibig ni Jersey, baka kasi may makarinig.

Kevin: Galing yan sa family friend namin. Kakilala nila. Hiningi ko lang, di rin naman sila pupunta.

Jersey: \*shakes her head\* Hay nako Kevin, kung plano mong gawin yung ginawa nina Steve Carell at Tina Fey sa Date Night, you're on your own. Di ko kayang magnakaw ng slot!

Kevin: Binigay naman sakín 'to! Tsaka hindi naman tayo makikimingle sa loob.

Jersey moved five paces away from him.

Jersey: You're on your own now, buddy.

Kevin: Wait lang! I..

Jersey: You what?

Kevin: Uh.. I can't go without you.

Jersey: ANG ARTE MO AH!! Kevin, I know I am awesome but hello, you're turning 24 this year! Don't be such a baby!!

Kevin: BASAHIN MO NGA KASI YUNG INVITATION!!!

Jersey: NABASA KO N--

Kevin: AISH ANG KULIT!!! Basahin mo na lang ulit!! \*hinagis yung invitation kay Jersey\*

Jersey: Ano bang dapat kong b-- SAY WHAAAAT? (O.O)

Nagulat si Jersey sa nabasa. NO DATE, NO ENTRY.

Jersey: Seryoso 'to?

Kevin: Kaya nga hindi ako makakapasok e! I need your.. help.

Tinapunan na lang sya ni Jersey ng isang masamang tingin.

Jersey: So kailangan mo na ako ngayon? Para kadate mo? Option na lang ako?

Kevin: Hindi naman kasi sa ganon! \*sighs\* Fine, to tell you the truth.. sinundan talaga kita dito. Alam ko kasing hindi mo alam na kailangan ng date sa party na yan kaya sinundan kita.. tsaka..

Jersey: Tsaka ano?

Kevin: Basta.. ano, okay lang ba sayo? Ganito.. pag nacorner na natin sina Keith, okay na. Sibat na tayo. Please?

Jersey: Fine fine fine!!! Basta promise mo sakin yan ah. Sibat agad tayo!!!

Kevin: \*smiles\* Okay! Tara na? \*extends his arms\* Let's go, milady.

Ang inis ni Jersey ay napalitan ng konting kilig.

Jersey: \*smiles\* Of course, milord.

\*\*

Nangangati na ang ulo ni Jersey sa wig na suot nya. Kanina pa nya gustong kamutin yung ulo nya kaso nahiya naman sya kay Kevin. True enough, Golden Anniversary celebration nga nung Mr. and Mrs. Sanchez. Akala nya joke lang ni Kevin yon.

Kevin: Okay ka lang?

Jersey: Yung.. wig ko. Ang kati.

Kevin: Tanggalin mo na kasi yan. Makikilala pa rin naman tayo ni Keith.

May naisip tuloy na idea si Jersey.

Jersey: ALAM KO NA!!! WEAR A DISGUISE!!!

Kevin: (OO) HA? MAG-ISA KA!!!

Jersey: Eeehhh dali naaaa!!! \*pouts\*

Kevin: Parang nung isang araw sinigawan mo ko tapos.. ngayon.. nagpapacute ka.

Nako, pinaalala na naman yung sigawan nila the other day! Eh sa totoo naman diba, nakakapagod din na maghabol? So yun ang gustong ipa-experience sa kanya ni Kevin, kung gaano kahirap habulin ang isang lalaki? Ano naman ngayon?

Jersey: CHE!!! Magdisguise ka na nga lang kasi!! Para mas okay!!

Kevin: \*serious\* Isa pang pilit mo sakin magagalit ako sayo.

Jersey: Tsss. Buzzkill. \*beat\* Ang saya sana nun, nakadisguise tayong dalawa.

Kevin: Feel mo tayo sina Angelina at Brad sa Mr. and Mrs. Smith? \*chuckles\*

Jersey: Ahh ewan ko sa'yo!!!

Pumwesto sila sa may gilid, na may magandang view ng ballroom. Palinga-linga silang dalawa, hinahanap si Keith.

Kevin: Wait, wala pa ata si Keith.

Jersey: How did you know?

Kevin: Wala pa kaya yung kotse nya sa parking lot.

Jersey: Sure ka?

Kevin: Naman. Habang nagdadrama ka kanina sa labas sinuyod na ng mata ko yung mga sasakyan. Ang kulit mo kasi.

Jersey: Tss. And it's now my fault? Unbelievable.

Kevin: Teka nga Jersey \*humarap si Kevin sa kausap\* Pwede bang wag mo muna akong awayin ngayon? Gets ko na galitka pa rin sakin pero can we set aside our differences? Problema ng iba 'to kaya wag nating idamay yung problema nating dalawa. Please?

At nagawa pang mangonsensya ng mokong na 'to! Akala mo kung sinong santo!!!

Jersey: \*an octave higher\* Wag ka kasing mang-inis!!! Konsensya ba kita?

Kevin: Wag ka munang magalit sakin... \*smiles\*

Jersey: \*rolls eyes\* Not effective, Mister. Now gear up and let's start spying.  
Sasagot pa sana si Kevin nang maabala sila ng isang masigabong palakpakan ng mga tao.

Jersey: Okay anong meron?

Pumasok na sa ballroom sina Mr. and Mrs. Sanchez, na magkaholding hands. 73 years old na si Mr. Sanchez at 70 naman ang may bahay nito. Tuwang-tuwa ang mga tao sa pagpasok ng dalawang matanda, ang sweet kasi tignan. Napapalakpak na rin si Jersey, na medyo naluluha pa.

Jersey: Oh gosh, ang cute nilang tignan! :">

Kevin: \*pumalakpak na rin\* Oo nga. Ang saya pa ni Lolo oh!

Nakatawang umupo ang mag-asawa sa podium, halatang overwhelmed sa response ng tao sa kanila. Si Mrs. Sanchez naman medyo naluluha na. Pumunta sa stage ang isang lalaki, na mukhang anak ng dalawa.

Anak: Ladies and gentlemen! Maraming salamat po sa pagdalo sa isang napakahalagang okasyon ng aming pamilya ngayong gabing ito. Actually, ayaw nga nina Mama at Papa na may ganitong celebration, pero ang sabi ko naman, walang akong nakikitang rason para hindi icelebrate ang okasyon na 'to. 50 years! Bihira na lang tayo makakakilala ng mag-asawa na aabot ng ganito sa panahon natin ngayon. Puro hiwalayan na lang diba? Ako nga, dalawang beses nang divorced \*laughs\* kaya nga inis sakin sina Mama. Kaya bilib ako sa mga magulang ko, umabot sila ng 50 years! Kahit kunsumido silang dalawa saming anim na magkakapatid, kinaya nila. Bilib ako sa mga magulang ko. I am very proud to have such parents! \*crowd cheering\* So.. bago pa maging MMK ang sasabihin ko, let me take you back 50 years ago.. This is the story about how they met.

Unti-unting nag-dim ang ilaw sa ballroom at may nagplay na video sa may stage. AVP ng dalawa since bata hanggang.. ngayon. High school sweethearts ang dalawa na naghiwalay nang magcollege si Mr. Sanchez sa New York. There comes the usual "Pagbalik ko papakasalan kita" line na hindi pinaniwalaan ni Mrs. Sanchez. Eventually hindi kinaya ni Mr. Sanchez ang lungkot sa New York kaya bumalik sya ng Pinas, only to find out na ikakasal na sa iba ang girlfriend nito. Syempre, mahal nya kaya pinaglaban nya si Mrs. Sanchez. Nagkaron pa ng konting gusot bago pumayag ang mga magulang ng babae na si Mr. Sanchez na ang pakasalan nito. There, May 1966 nang magpakasal ang dalawa sa Manila Cathedral. And the rest? Alam na.

Todo iyak si Jersey sa napanood nyang video. Alam nyo naman si teh, hopeless romantic! Medyo lumayo pa nga ito kay Kevin (na masyadong fixated sa AVP) para hindi sya asarin na iyakin. Sa loob-loob nya naiinggit sya kina Mr. and Mrs. Sanchez. Yan kasi yung iniimagine nyang ending nila ni Kevin, na aabot sila ng 50th, o 75th anniversary. OA ba? Teka, masama bang mag-ilusyon? Pinipigilan nyang suminghot, baka madistract yung kasama nya. Kaso..

"Sabi na nga ba, iiyak ka."

Jersey: \*medyo tumagilid\* Hindi kaya! Sinisipon lang ako. Feeler ka.

Kevin: \*bigay ng panyo\* Magpunas ka nga!

Jersey: Thanks, may dala akong sarili kong panyo.

Kevin: Sungit! \*beat\* Teka bakit ang layo mo sakin?

Jersey: \*kumuha ng wine sa waiter na dumaan\* Di kaya ako malayo! Aning ka ba?

Kevin: \*lapit\* Ayan, close na tayo!

CLOSE. Close meaning.. magkadikit ang mga braso nila. Kunwari pa-cool pa si Kevin pero may naramdaman na naman syang parang kuryente. Partida, naka-suit pa sya ah. Teka, bakit na naman may kuryente? Di ba dapat minsan lang mangyari yun? Posible bang makaramdam ka ng kuryente sa isang tao nang paulit-ulit? Nagtaka pa sya, si Jersey naman kasi ang pinag-uusapan dito. Ano ba Kevin!

Jersey: Wag ka ngang dumikit sakin! Ang aligasgas ng coat mo!

Kevin: Bakit ang iritable mo ata ngayon? Wala naman akong ginagawa sayo ah!

Wala? Sa tingin mo wala? Nakakainis ka. Alam mo ba kung gano ako nahihirapan sa sitwasyon natin? Nako Kevin Santos hindi ko babawiin yung sinabi ko nung isang araw!!!!

Jersey: Ewan ko sa'yo.

\*\*

10pm na, no sign of Keith.

Nakakailang balik na sina Kevin at Jersey sa buffet table (kakapal ng mukha!) pero puro finger foods lang naman kinukuha nila. Paikot-ikot din sila para tignan kung nagtatago lang si Keith kung saan. After ilang minutes, napagod din ang dalawa. Pumunta sila sa may lobby at umupo sa may mga sofa dun.

Jersey: \*huffs\* He's not coming.

Kevin: Pano ka makakasigurado? Tawagan mo kaya.

Jersey: Nasobrahan ka na ata sa caviar, Kevin. Malamang magdududa yun, diba?

Kevin: Teka, bakit ba dumidistansya ka sakin? Kanina ko pa napapansin yan ah!

Jersey: Ay napansin mo rin! Just so you know, hindi ko babawiin yung sinabi ko sayo the last time.

Kevin: So.. susukuan mo na lang ako basta-basta?



Jersey: EWAN KO SAYO. NAKAKAINIS KA.

Kevin: I'm just trying to have a decent conversation!

Jersey: \*asar\* Oh what a great convo starter, Mister. Hello, please lang naman Kevin. Kung gusto mo ng maayos na usapan, maging maayos na kausap ka muna!!!

Kevin: \*laughs\*

Jersey: UNBELIEVABLE!!!

Kevin: Namiss ko yang itsura mo.

Jersey: What?

Kevin: Yan yung eksaktong itsura mo nung SOSC3 class natin, nung nalaman mong hindi Edward ang pangalan ko. Ang epic mo lang \*laughs\*

Jersey: Bwiset.

Kevin: Pwedeng pang-meme yang mukha mo, alam mo yun?

Jersey: Wala ka talagang maayos na masabi noh?

Kevin: \*sighs\* Nakakainggit sila noh?

Natigilan si Jersey sa sinabi ni Kevin. Yung tinutukoy ba nya ay sina Mr. and Mrs. Sanchez?

Jersey: Bakit ka naman naiinggit? Alam mo isang solusyon lang naman para hindi ka mainggit, tayo na ulit. Tapos! Masaya na!!! Di ba?

Kevin: Nung Christmas.. may regalo sakín si Jicker. May note na nakalagay dun na "Sometimes people play hard to get because they need to know if the other person's feelings are real." Ewan ko kung saang drama nya nakuha yon pero sapul ako dun e. Dati applicable sa'yo yan kaso ngayon.. sakín. Alam kong galit ka.. Pero Jersey eto lang ha. Hindi kita pinaglalaruan. Kung yan ang tingin mo.. e di g@go ako. Okay lang. Hinahanda ko lang ang sarili ko. Kung naiinip na yung iba, bahala sila. Konti na lang, okay nako. Seryoso ako.

May gustong sabihin si Jersey pero hindi nya mahanap ang mga salita para maintindihan ito ni Kevin. So.. malapit na? Ang alin?

Jersey: Look.. I... OH MY GOD!! OH MY GOD!!!

Kevin: \*napabalikwas\* ANONG MERON?!?!?

May tinuturo si Jersey sa may entrance ng hotel. Si Keith at yung other woman! Nagtago ang dalawa sa may sofa (I know, mukha silang engot)

Jersey: \*silip\* Oh my god. The nerve of that guy!

Kevin: \*grins\* Iba talaga mga type ni Keith! Fil-Am!!! \*siniko ni Jersey\* ARAY!!!

Jersey: Sino bang kakampi mo dito?

Kevin: Neutral ako.

Jersey: NEUTRAL E CHINICHEER MO NGA YANG SI KEITH!!! TAPOS NEUTRAL!!! OKAY KA LANG?!?! Wait lang.. they're going inside!! Tara na!!! \*stands up\*

Kevin: \*hinila si Jersey pababa\* Sira ka ba? Paunahin kaya muna natin? Makikita ka agad nyan! Sayang disguise mo.

Jersey: Shut up.

Hinintay muna nilang makapasok sina Keith bago sila sumunod sa loob. Mukhang engot ang dalawa, dahan-dahan pang pumasok sa ballroom (-\_\_-) Naabutan nilang magsasayaw sina Mr. and Mrs. Sanchez sa stage kaya natigilan silang dalawa. Tumugtog ang Unchained Melody at napa-"aaawww" ang mga tao.

Jersey: \*naluluha na naman\* Awww! Ang sweet talaga! :"">

Kevin: We could be like them in the future \*smiles\*

Jersey: (-////-) (--.) TARA NA NGA HANAPIN NA NATIN SINA KEITH!!! \*hila kay Kevin\*

Kevin: Teka lang! Ayaw mo?

Jersey: Ikaw lang kasi hinihintay ko!!! MAS MAARTE KA PA KESA SAKIN!!!

Kevin: WAG MO NGA AKONG HILAHIN!!!

Jersey: Tone down!!!

At last, nahanap na rin nila si Keith at ang other woman. Sa may corner pumwesto ang dalawa, intimate na nag-uusap. Nagtago sina Jersey sa may mga halaman, adjacent ng pwesto nina Keith.

Kevin: Feel na feel mo talaga 'tong Mr. and Mrs. Smith tandem natin noh?

Jersey: Sssshhhh!!! \*may kinuhang something sa purse nya\*

Kevin: (O.O) BAKIT KA MAY DALANG BINOCULARS!?!?!?

Jersey: KAYA NGA SPY EH!!! SPY!!! Alangang wala akong binoculars? Hindi ka ba nanonood ng spy movies?

Kevin: Hi-tech naman kasi yung ginagamit nila sa Mission Im-- ARAY!!! Wag mo nga akong apakan!!!

Medyo nakikita naman ni Jersey kung anong ginagawa nina Keith. Nag..uusap lang ang dalawa! Tapos may hawak na papel yung babae na pinirmahan ni Keith. Naknangtucha!!

Jersey: OH MY GOD. I knew it!!!

Kevin: \*feigning interest\* What now?

Jersey: Papakasalan nya si Other Woman for a greencard!!!

Kevin: A gree-what? Natatakot na talaga ako sa references mo Jersey ah, malala ka na.

Jersey: At least may naisip akong posibleng dahilan. Di kagaya mo na walang maisip dyan. Wawents.

Kevin: \*laughs\* Wawents? Ano ka, high school? Baliw. Akin na nga yan! \*inagaw yung binoculars\* Ang daming pwedeng ibig sabihin ng binoculars na y-- Tara tara!!! Papunta si Keith dito!!!

Hinigit nya papalayo si Jersey, papunta sa crowd. Ang ganda kasi ng pwesto nila, malapit sa buffet table. Malamang madadaan talaga yun ni Keith. Pagdating ng dalawa sa crowd, dun lang nila narealize na sayawan na pala ang napuntahan nila.

Jersey: \*pants\* Na..nakita kaya nya tayo?

Kevin: I think so. Sh\*t \*inikot nya si Jersey\*

Jersey: WHAT!!

Kevin: Tumingin sya dito!!! Pretend like we're dancing. Blend in the crowd.

At ang dalawa.. ayun, humalo nga sa mga sumasayaw. Sinisilip nila si Keith habang umiikot sila. Nyeta bakit ang tagal namang kumuha ng pagkain nun? Baka nga nakita sila! Tekateka.. wag nga muna si Keith. Itong dalawa nga muna ang pagtuunan natin ng pansin. Walang kamalay-malay ang dalawa sa posisyon nila ngayon. They're.. dancing.

Si Kevin ang unang nakarealize ng ginagawa nila.

Kevin: Hey. We're.. dancing.

Jersey: I know. Now shut up. Magpaka-Hawkeye ka nga ngayon.

Kevin: Buzzkill.

Then a familiar song started to play. Na kinatuwa ni Kevin.

Jersey: \*confused look\* Why are you smiling?

Kevin: The song.

Jersey: So.. what?

Kevin: Hindi mo alam yan? Elvis Presley's Suspicious Minds?

Jersey: Obvious naman siguro na hindi ko alam kasi nagreact ako diba?

Kevin ignored Jersey's sarcasm and pulled her closer to him. She was taken aback by that move. Okay.. anong meron?

*We're caught in a trap*

*I can't walk out*

*Because I love you too much baby*

*Why can't you see*

*What you're doing to me*

*When you don't believe a word I say?*

Nagitigan na naman ang dalawa. Sinusubukan ni Jersey hulaan kung ano ba talaga ang iniisip ng mokong na 'to. Kung nantitrip na naman ba o seryoso na. Dun kasi sya naaasar sa ginagawa ni Kevin. Ano nga ba ang totoo?

*We can't go on together*

*With suspicious minds*

*And we can't build our dreams*

*On suspicious minds*

Jersey: Do..don't stare at me like that.. \*iwas ng tingin\*

Kevin: \*in a low tone\* Why not?

Jersey: We're not here for.. us. Amae and Keith, remember?

Kevin: \*placed his finger on her lips\* Sshhh.. tayo muna, please? Jersey, please?

Defenseless (and overwhelmed by a lethal dose of kilig), Jersey gave in to his plea.

He rested his forehead on hers, with a smile on his face. Wala silang pakialam kung naki-gatecrash lang sila, o kung maraming nakatingin sa kanilang dalawa ngayon. What matters now is this moment. This serene moment that they've been waiting for a long time.

Kevin: You're enjoying this \*chuckles\*

Jersey: W-what? Feel mo naman! Si Keith nga muna! And what makes you think that I'm enjoying this?

Kevin: Nakapikit ka kaya.

Jersey: (-///-) Shut up.

Nagulat si Kevin sa sumunod na sinabi ni Jersey.. or better, sa kinanta ni Jersey.

Jersey: So, if an old friend I know/Drops by to say hello/Would I still see suspicion in your eyes?

Kevin: Akala ko ba..

Jersey: \*laughs\* My father's a big fan of Elvis, idiot. My parents used to dance to this song before Madonna came.

*We can't go on together*

*With suspicious minds*

*And we can't build our dreams*

*On suspicious minds*

*Oh let our love survive*

*Or dry the tears from your eyes*

*Let's don't let a good thing die*

Kevin: Unpredictable, as always. \*singing\* Don't you that I'm caught in your trap, I can't walk out..

Jersey: ..because I love you too much baby.. Goodness that was so..

Kevin: Sappy. I know. \*laughs\* Di ata bagay satin yung ganun.

Jersey: This night.. is an exception. Right?

Kevin: \*smiles\* Right.

\*\*

Pagkatapos ng sayawan, nagulat sina Kevin nang lapitan sila ni Mr. Sanchez. Kinabahan ang dalawa, baka nalaman na hindi talaga sila invited sa party na yun.

Mr. Sanchez: E-excuse me, hijo? Hija?

KevJe: P-po?

Mr. Sanchez: Nakita ko kayong nagsasayaw kanina.. Agaw atensyon kayong dalawa kanina. Di nyo ata namalayan na tinapatan kayo ng spotlight!

Nahiya naman ang dalawa sa sinabi ng matanda. Kruu kruu.

Kevin: Hehe sorry po Sir. Ang ganda po kasi ng kanta, Elvis.

Mr. Sanchez: \*surprised\* Aba, may bata pa pala ngayon na nakakaalala kay Pareng Elvis! \*laughs\* Alam nyo bang yan ang tugtog nung 4th anniversary namin ni Milen? \*smiles\*

Jersey: Wow.. in fairness magaling ho kayong pumili ng kanta ah!

Mr. Sanchez: Naman! Kayong dalawa.. ilang taon na kayong kasal?

KevJe: (O.O) AY HINDI PA PO KAMI KASAL!!!

Humagalpak sa tawa ang matanda.

Mr. Sanchez: Mga batang ire! Nagtatanong lang! Ano kayo, magnobyong?

Nagkatinginan ang dalawa, naghihintayan kung sino ang sasagot, o ano ba talaga ang isasagot.

Kevin: Opo.

Jersey: (--.)

Mr. Sanchez: Gaano na kayo katagal?

Jersey: Actua--

Kevin: 6 years po, going 7.

Jersey: (O.O) (O.O)

Mr. Sanchez: Ang tagal nyo na palang dalawa!!! Nako, inuuna nyo pa mga career nyo noh? Ikaw naman hijo bakit ayaw mo pa yayain magpakasal yan?

Kevin: Ehh kas-

Jersey: Sya po talaga may kasalanan, Sir. Loko kasi.

Kevin: Anong ako? Ikaw kaya!

Mr. Sanchez: O teka awat lang! Mag-aaway pa! \*to Kevin\* Ikaw, wag mo na pakawalan yan! Bihira ka na lang makakakilala ng babaeng ganyan!

Jersey: :""> Ay tama po kayo dyan Sir!!! \*to Kevin\* Kitams?

Kevin: Wag kang confident masyado!

Mr. Sanchez: At ikaw naman hija, wag kang confident masyado. Biro lang! Ingatan mo yan. Magaganda't gwapo ang magiging lahi nyo sigurado ako dyan. Tignan nyo kami ng Milen ko, gagandang supling o!

Kevin: \*nods\* Noted, sir!!

Mr. Sanchez: \*laughs\* Patawa kayong dalawa! Haaay.. alam nyo.. nakikita ko sa inyo yung kabataan namin ni Milen. Sana nakikita nyo samin ang kinabukasan nyo, syempre di hamak na mas cool kayong dalawa kesa samin.

KevJe: (-////-) T-thank you po!!

Mr. Sanchez: Pano.. mauna nako mga bata. Teka, ano nga palang pangalan nyo?

Kevin: Uh.. Kevin po, tapos sya si Jersey.

Mr. Sanchez: Sige, isusulat ko yan mamaya para matandaan ko. Paalam sa inyo! :)

Kinikilig pa rin ang dalawa dahil sa sinabi ni Mr. Sanchez. Ano ba yan, napagkamalan na naman silang mag-asawa!!

Kevin: Haaay nako.. may isa dyan na pumapalalpak na naman ang tenga.

Jersey: \*smiles\* Si Mr. Sanchez na rin ang nagsabi, wag mo na raw ako pakawalan. That's how awesome I am :>

Kevin: Baliw!!!

Ang hindi namamalayan ng dalawa...

"AHEM. Anong ginagawa nyo dito?"

Patay.

\*\*\*

Kinaladkad (well OA yun pero medyo ganun nga) ni Keith ang dalawa sa may parking lot. Hindi makapalag ang dalawa sa nag-iisang kaibigan. Nakakatakot kasi bigla si Keith! Anyareh sa gentle nilang kabarkada? Nang makarating sila sa harap ng sasakyan ni Keith...

Jersey: Ano ba Keith! OA makakaladkad!!!

Kevin: Dre naman!

Keith: \*sighs\* Sinusundan nyo ba ako?

Kevin: Hindi!

Jersey: OBVIOUSLY!!!

Keith: Ano ba talaga?

Jersey: Sinusundan ka namin. Wait lang! \*pinagpapalo si Keith\* AKO DAPAT ANG MAGALIT SAYO!!! HINAYUPAK KA!!!

Kevin: \*inawat si Jersey\* HUY KALMA LANG!!!

Keith: ANO BANG GINAWA KO SAYO!!!

Jersey: IKAKASAL KA NA NAGAWA MO PANG LUMANDI!!! SI AMAE NGA HINDI MO MADALA SA HOTEL HOTEL SOSYALAN EVER NA YAN PERO ETONG OTHER WOMAN MO DINADALA MO SA MANILA PENN!!! AT SA HERITAGE!!! EXCUSE MO PA TONG GOLDEN ANNIVERSARY NUNG SOBRANG BAIT AT SWEET NA COUPLE!!! HINDI KA MAN LANG TUMATAWAG KAY AMAE!!! ANONG KLASE KANG GROOM? AHA YAN KUNG MAGIGING GROOM KA PA!!! MANLOLOKO!!!!

Tameme ang magbestfriend sa monologue ni Jersey. Galit na galit ang babae! Sobrang nakakakot. Halos 1 minute rin bago makarecover si Keith sa birada ni Jersey.

Keith: Wa..wait lang. Ako, manloloko?

Jersey: WAG MO NA KASI IDENY!!! NAHULI KA NA E!!! NAKITA KA NGA NINA KAT SA MANILA PENN!!! KASAMA MO YUNG FIL-AM NA YUN!!! PARA SA GREENCARD, KEITH? LIKE REALLY?

Keith: ANONG GREENCARD!!!

Jersey: KEVIN PIGILAN MO KO MASASAPAK KO 'TONG BESTFRIEND MO!!!



Kevin: PAGSALITAIN MO MUNA KASI SYA!!!

Natahimik din si Jersey.

Keith: \*hinga ng malalim\* Wag muna kayong magalit sakín. May dahilan kasi ako.

Jersey: Make sure that's a very valid one.

Keith: Oo na!!! Wait lang!!! \*beat\* Hindi ako nangbababae. Ang takot ko lang kaya kay Amae! Ano.. yung babae na minimeet ko.. uuhh.. sya yung.. designer na gustong kunin ni Amae dati kaso.. ang hirap hagilapin. Last month ko pa hinahabol si Charlize eh. Then two weeks ago dumating sya dito. Yun ang pinagkaabalahan ko, paghahabol sa kanya. Nandun ka naman nung nagpropose ako kay Amae, diba Je? Isa sa conditions nya sya dapat pipili ng designer nya. Medyo malungkot sya nung nalaman nya na hindi available si Charlize, at ayoko namang malungkot ang magiging asawa ko. Hindi na ko humingi ng tulong sa inyo kasi una.. may problema na kayong lahat ayoko na dumagdag. Pangalawa.. madadal kasi kayo. \*laughs\* Eto, para maniwala kayo. \*may kinuha sa kotse\* Ayan yung design. Pinaayos ko lang kay Charlize yung prototype design ni Amae. Kinakabahan nga ako, ninakaw ko lang yan eh. Maganda ba?

Speechless ang dalawa. So.. ang sama lang ng iniisip nila tungkol kay Keith! (>.<) NAKO.

Jersey: This.. is.. beautiful! Awww Keith I'm sorry! Napalo pa tuloy kita!!!

Kevin: Sus Keith wag kang maniwala dyan. Kanina p-- ANO BA!!!

Keith: Sanay nako sa'yo, Jersey. Bestfriend ka ni Amae kaya.. jusme, sanayan lang yan.

Kevin: Kelan mo naman sasabihin kay Amae yan? Galit na galit yung bride mo nung isang araw.

Keith: Yun nga eh.. Natatakot ako.

Jersey: Nasa Bel Air house yun, sure ako. Baka tinutuklap na yung terracotta paint. Dali, pigilan mo!!

Keith: H-haaa?

Kevin: Bahala ka, mamaya hindi ka na talaga pakasalan nun!

Natakot naman si Keith sa banta ng KevJe kaya dali-dali nyang kinuha yung sketch ng wedding gown at sumakay sa kotse.

Keith: Thanks guys! Pagdasal nyo na sana buo pa ko pag nagkita tayo. Ingat!!!

Tuwang-tuwa naman si Kevin para sa bestfriend, at last ayos na rin sila! Ngayon.. sila naman ni Jersey ang kailangang mag-usap nang masinsinan.

Pero pag lingon nya..

wala na si Jersey.

## Chapter 46

\*\*

ANG BUONG CHAPTER NA 'TO AY NAKA- NORMAL POV. Bakit? Mas trip ko :>

\*\*

Medyo nanginginig pang nagpark si Keith sa labas ng Bel Air house nila ni Amae. Nandun kasi ang sasakyan ng fiancee, at bukas ang ilaw sa second floor. Base sa mga kwento ni Jersey kanina, galit na galit nga si Amae sa kanya. Kanina pa nya ito tinatawagan kaso jusme, walang sagot!!! Ay naman.

Dahan-dahan syang pumasok sa bahay (buti na lang may spare key sya!) at.. bigla syang kinilabutan sa tumambad sa kanya.

Nagkalat ang pictures ng Lola Paz nya sa bawat madaanan nya paakyat ng second floor. Sa sala, sa dining table.. taas ng stairs.. pati ba naman sa pintuan ng kwarto nila ni Amae meron!!! Hanep mangonsensya tong si Alyssa Mae!

Todo lunok si Keith ng laway nya habang unti-unting binubuksan ang pinto. Baka may armalite na o landmine na nakahanda sa pagpasok nya dun. Mahigpit nyang hinawakan ang portfolio na pinaglalagyan ng design ni Charlize. Mamatay na sya (syempre OA lang) wag lang magusot o mapahamak yung design.

\*gulps\*

"Aa-mae?"

Nakaupo si Amae sa may kama, nakatalikod sa pinto. Kitang-kita ni Keith na medyo nagitla ang girlfriend sa pagtawag nya sa pangalan nito. Pero hindi ito lumingon.

"Amae.. huy pansinin mo naman ako!"

...

"Babe naman!!!" mabagal na naglakad si Keith palapit sa kama. Umurong naman si Amae.

...

"Amae kausapin mo naman ako! Magpapali-"

"KAY LOLA PAZ KA MAGPALIWANAG!!!!!" sigaw ni Amae sa kanya na hindi sya tinitignan. "Di ka na nahiya sa lola mo!!! Alam mo namang ako lang ang gusto nyang pakasalan mo. Tapos.. nyeta ka Keith!! Kausapin mo yang Lola mo! Ayan kausapin mo! Kaya nga kinalat ko yang mga picture nya para matauhan ka! Mangilabot ka naman!!!"

Umupo si Keith sa kama at kinuha ang picture ni Lola Paz na nasa bedside table. "La," panimula nya. "Miss nyo nako? Alam ko, ang pogi ko naman kasi eh!"

"Wag kang pasikat dyan! Magsorry ka kay Lola!!!"

"Ayun nga La.. galit po si Amae sakin. Akala nya naghahanap ako ng ibang babae. Suus la, maniniwala ba kayo dun? Di ba kilala nyo naman ako, ang bait bait ko kaya! Tapos po loyal pa po ako. Tapos gwapo pa.. t-"

"HINDI NATUTUWA SI LOLA PAZ SA HEAVEN SA MGA PINAGSASABI MO ROMERO!!!!!"

Pinipigil na lang ni Keith ang tumawa. " Sige na nga la, eto na talaga. Sorry po kung palagi akong wala nung mga nakaraang araw. Busy po kasi ako, pero hindi sa pambababae. La, hindi ko naman kasi magagawa kay Amae yung akala nya. Love na love ko po yang magiging asawa ko la! Inubos ko na yung ipon ko para sa kasal e! Tsaka para na rin dito," sinadya pa nyang ingayan ang pagbukas ng portofolio para macurious si Amae. "La, maganda po ba? Ang hirap ko kaya para makuha yan!! Hinabol-habol ko pa yung Charlize na yun para ma-edit yung design ni Amae. Sabi po kasi nya dati, gusto nya sya yung pipili ng designer, e hirap naman hagilapin nun. La, ang ganda diba? Sabi ko na nga ba e, bagay yan kay Amae. Pag sinuot nya yan, sya na yung pinakamagandang babae sa Pagudpud la! Pinakamaganda at pinakasexy! Kahit dumaan pa dun si Megan Fox walang pake dun! Si Amae lang magiging maganda sa Pagudpud la! Sayang la.. wala ka--" nawala sya sa concentration nya nang marinig nyang humihikbi na si Amae sa may likod nya.

"A-amae? Huy bakit umiiyak ka na dyan? Kausap ko lang si Lola ah!" Nang hindi humarap ito, tumabi na sya rito.

"Loko ka," sinuntok ni Amae ang fiancee sa braso. "Di mo man lang sinabi na hinabol mo si Charlize. Akin lang yun e! Crush ko yun!!!!!"

"Akala ko ba nakita mo kami sa Manila Penn? Tapos ikaw agad 'tong nagconclude? Baliw!"

"Eh kasi.." nalunod na sa hiya ang babae. Impulsive na naman kasi sya.

"Na-Jersey ka na naman ngayon! Magkaibigan nga kayong dalawa!" Inabot ni Keith ang design kay Amae. "Ayan.. sabi ni Charlize maganda ang design mo, pinaganda pa nya lalo. Mukhang mahal ang materials para dyan T.T"

Mas naiyak si Amae nang makita nya ang design. This is her dream wedding gown! Sobrang saya nya!!! "Keith naman.. ang ganda naman nito.. Nakakainis ka!!!"

"Sige mainis ka lang sakin, magiging maganda ka naman sa wedding natin."

"What makes you think I'll still marry you?"

Inagaw ni Keith ang design. "Sige ganyan ka na Amae. Nakakainis ka rin."

"Keith sorry na," niyakap nya ang fiancee. "Hindi ka kasi tumatawag!!! Iniwang mo lang kaya ako mag-isa sa preparations!!! Akala ko nambabae ka na!!!"

"Baliw!" kinatok pa ni Keith ang ulo ni Amae. "Hindi ko nga kasi magagawa yun! Sa laki ba naman ng gastos ko sayo!"

"Bati na tayo ah? Babe bati na tayo? I'm so sorry na :("

\*sighs\* "May magagawa pa ba ako? Sige na po, Ma'am. Bati na po tayo."

Hahalikan na sana ni Amae si Keith nang..

"Teka, nakatingin si Lola Paz sa'tin."

Kinilabutan naman si Amae sa sinabi ni Keith. "Lola Paz, isang kiss lang po tapos uuwi na rin kami. Please? Miss ko lang po talaga tong bwiset nyong apo."

"Oy sobra ka na ah! Mamaya tutulongan mo kong ayusin yung mga picture ni Lola sa baba! Natatakot ako, sobra."

"Opo, Mr. Romero. Mamaya na yun, kiss muna."

"Opo, soon to be Mrs. Romero. Kiss muna po."

\*\*

That same night, niyaya ni Blanche si Jicker na kumain sa labas.

Dapat kasama ni Jersey si Jicker na mag-undercover sa Heritage Hotel kaso nalaman ni teh ang plano ni Blanche kaya hindi na sya pinasama. Umabot pa sila sa pilian: yung wig o si Jicker. Syempre, pinili ni Jersey ang wig, mas kailangan nya e. Ginudluck na lang ni Jersey ang dalawa sa "date" nila na napapadalas na ata.

Nahiya naman si Jicker kay Blanche kaya sinundo nya ito. Halatang pinaghandaan ni Blanche ang date nila, kumtodo ang ayos!

"San ba punta natin, Gay Pride March? Ang kislap mo naman masyado!" okay ni Jicker pagkakita nya kay Blanche.

Nakasanayan na ni Blanche ang mapanlait na nature ni Jicker kaya tinawanan na lang nya ito. "Whatever, Jick. Tara na, baka malate pa tayo!" Binuksan nya ang pintuan sa likuran (her usual seat. Tsaka palaging may nakalagay na bag dun sa tabi ni Jicker. Ayaw talaga ata ng katabi) at umupo na dun.

Sa isang first-class restaurant somewhere in Manila ang pinuntahan ni Blanche. Hindi na tinanong ni Jicker kung pano nakakuha si Blanche ng reservations dito, pero bilib sya ah. Matagal na nyang gustong kumain dito kaso busy sya masyado. Pinabayaan lang sya ni Blanche na umorder ng kung anong gusto nya, and since ang b\*tch nya, define kung anong gusto nya ang .. inorder nya.

"Hindi ka naman gutom?" natatawa pa si Blanche.

"Sabi mo kung anong gusto ko diba? Pasalamat ka hindi ko inorder yang buong menu!!!"

"My my, Jicker. Ang init na naman ng ulo mo! Chill lang, pwede?"

"Ewan ko sa'yo. (-\_\_\_\_-)"

Minutes later, nagsimula na silang kumain. Ang nakakatawa lang, hindi alam ni Jicker kung anong nakain nya at kwento sya nang kwento kay Blanche. Eto namang kausap nya tawa naman nang tawa (lahat naman ata ng sabihin nya tatawanan ni Blanche e! Uto-uto!). Nang si Blanche naman ang nagkwento tungkol sa experiences nila ni Kevin sa Bonn, nagulat si Jicker na hindi sya naiinis. Dapat mainis sya kasi eto yung mga panahon na nasa dark place si Jersey blahblahblah. But he's enjoying the stories! Anyareh?

"-- that was the wildest Oktoberfest night we've been to. Swear! Ask Kevin! Panalo lang talaga! I even tried to pull off that keg..flip but nah, di ako flexible!" kwento ni Blanche in between bites.

Then something happened.

Jicker laughed.

Nabitawan ni Blanche ang utensils na hawak nya at napatigil sa pagtawa ang kausap. Pinagtinginan naman silang dalawa ng mga tao. "O, nyareh?" Dun lang napansin na..

umiiyak si Blanche?

"Hoy teh keg flip lang yon! Bakit mo iniiyakan? Sira ka talaga!!!"

May pahid-pahid pag nalaman si Blanche bago sya mag-explain. "I..I'm not crying about the keg flip Jick.."

"O e san naman? Gusto mo pa ng lobster? Bumili ka!"

"You laughed."

(O.O) "SAY WHAAAAAAAAAAAAAT?"

"Jicker that was the first time you genuinely laughed when you're with me. First time. Sorry kung OA or batsa.. but you laughed!" Halata sa tono ng boses nito ang saya. "Para sa'yo siguro ang creepy nito pero sakin ang laking bagay na nito. Sa tagal kitang kinukulit, ngayon ka lang tumawa ng di pilit. Oh my god. Ju-just don't mind me. Tuwang-tuwa lang ako kasi.. napatawa kita. Sh\*t ang.. creepy. Sorry I ruined this one."

O, pano ba magreact sa ganyan?

"Gutom lang yan Blanche. Tara steak pa!"

\*\*

Bigla na lang nawala si Jersey.

San naman kaya yun nagpunta?

Nandito lang yun sa vicinity ng hotel, sabi ni Kevin sa sarili. Hindi naman nya bastang iiwan ang sasakyan nito dito. Nasa loob lang sya ng hotel. Nasa loob lang sy-

Saan sa loob? :/

\*\*

"Is this seat taken?"

Hindi na tinignan ni Jersey ang lalaking tumabi sa kanya sa may Blackjack table. Sanay na sya sa mga ganyang lalaki, mga papansin. Oh wait, sa casino nga pala sya pumunta. 45 minutes ago iniwan nya si Kevin sa parking lot. Bakit? Wala lang, gusto lang nyang mag-isip ngayon. Ang gulo kasi masyado ng nangyari kanina. Oo, nakakakilig. Pero alam mo yun, ano ba talaga ang gusto nyang mangyari sa kanila? Konti na lang talaga makakasapak na sya ng isang Kevin Santos. Konti na lang. Tinanggal na rin nya ang pesteng wig nya. At last.

Si Jicker ang nagturo sa kanya maglaro ng Blackjack (na natutunan nito sa isang former boyfriend sa Germany), at well, magaling na teacher ito. Meron na syang ilang pile ng chips na natatabi, not bad. She's not fond of gambling, pero gusto nyang magtago kay Kevin kaya dito sya nagpapalipas ng oras. Bakit hindi na lang nya kausapin si Kevin at magkaalaman na talaga? Che, mamaya na si Kevin, ganda na ng laro eh!

She placed her next bet and waited patiently for the dealer to slide the cards. The dealer did so- and Blackjack! Again for Jersey!

"Nice one," sabi ng lalaking tumabi sa kanya. Nilingon nya ito at narealize nyang si Kevin pala ang katabi nya.

Last resort ni Kevin ang casino. Buti na lang talaga at nagpunta sya dito! Akala nga nya nung una hindi si Jersey yung nakaupo sa may Blackjack table, nagtanggap na pala ito ng wig. Marunong palang mag-Blackjack si Jersey? Wow, sexy lang.

"Thank you," she replied politely. Kunwari hindi sila magkakilala.

Isang nagtatakang "You're welcome" ang sinagot ni Kevin, na nagets na rin ang drama nila.

May isang matandang lalaki sa kabilang side ng table ang umextra sa dalawa. "Magaling 'tong batang 'to. Kanina pa nya ako natatalo! Kaso hindi ko kayang mainis sa kanya, ang gandang bata e!" Bumaling naman ito kay Kevin. "Hijo sali na, baka mabago naman yung ikot dito."

"Sure."

Naglaro sila for 20 minutes hanggang natalo si Jersey. Without looking at Kevin, she collected her remaining chips and stood up. "Cashing out," sabi nya sabay bigay sa dealer ng malaking tip.

"Awww mamimiss kita bata!" sabi nung matanda.

Tumayo na rin si Kevin. "Uhh.. can I buy you a drink?"

"Well.."

"Nako bata wag ka nang tumanggi.. teka ingat ka baka kasal na yan."

Tinignan ni Jersey si Kevin nang seryoso. "Are you married?"

"No," sagot ni Kevin na seryoso din. "You?"

"I left my almost husband at the altar last month."

Nagulat yung matanda. "Ibang klase! Hoy bata, ingat ka dyan. Inom lang ah?"

"Sure, inom lang," sabay nilang sabi.

\*\*

Tahimik lang ang dalawa habang nakaupo sa lounge ng casino. Gin tonic lang ang inorder ni Jersey, ayaw naman nyang malasing. Natatawa kasi sya sa trip nila ni Kevin ngayon.

\*after 3 silent minutes..\*

Kevin: \*sighs\* So.. what's your name?

Jersey: \*beat\* Blair. Ikaw?

Kevin: Damon \*smirks\*

Jersey: So.. what with you? Wala kang ibang kasama?

Kevin: Sa tingin mo sasamahan kita kung may iba akong kasama?

Jersey: Just saying. Baka may kasama kang girlfriend na nasa isang suite sa taas.

Kevin: Awww that's impossible. I'm single.

Uminit ang tenga ni Jersey nang narinig nya ang "single".

Jersey: Wow, single huh.

Kevin: My girlfriend and I broke up two months ago.

Jersey: What happened?

Kevin: She kissed a guy.

ARAY.

Jersey: Oh. Scary.

Kevin: How about you? Iniwang mo talaga sa altar yung fiancee mo, Blair?

Jersey: \*grins\* Yeah. I'm wicked like that :)

Kevin: Bakit naman?

Jersey: He's such an @ss.

Kevin: Oh. Really.

Jersey: So tell me.. what's your ex girlfriend like? Anong work nya.. mga ganun.

Kevin: Ex ko? Hmm.. daming trabaho nun eh! Spineless na ata! Currently she's a model.

Jersey: Maganda?

Kevin: Kaya nga model eh, maganda.

Jersey: Mas maganda sakin?

Kevin: Di hamak mas maganda pa sayo! \*smiles\*

Jersey: Ouch naman. Tapos?



Kevin: Yung ex ko sexy yun, tapos sobrang unconscious. Walang pake. Iba tabas ng dila, parang di babae! Madrama. Matalino. Di marunong magdefrost ng ref. Tamad maghugas ng plato.. ano pa ba.. di marunong magpalit ng gulong! Ayun ang ex girlfriend ko. Di ko alam kung bakit ako nakatagal ng 7 years dun!

Jersey: Wow, 7 years? Sigurado kang 7, hindi 4?

Kevin: Teka mas marunong ka pa sakin ah! Pag sinabi kong 7 years, 7 years!!

Jersey: Fine fine fine! Grabe nagtatanong lang naman!

Kevin: Eh ikaw, yung ex mo?

Jersey: Walang kwenta yung ex ko. Puro pahirap na lang! Nakakainis. Parang babae! Lahat na nga ginawa pa-

Kevin: Bakit puro negative agad?

Jersey: Tsss. Fine. Magaling sa Math yung ex ko, feeling gwapo. Ang hangin hangin hangin haaaaaangin!!! Sya lang ang pinakatimang na taong nakilala ko na allergic sa kangkong. Favorite food nya yung kaldereta na luto ko. May bra fetish sya, syempre mga bra ko yun. Tapos.. pag nagssleeptalk sya pangalan ko yung binabanggit. Nasa Boracay kami ganun ginawa nun \*smiles\* Ano pa ba.. yung ex ko? Perfect na sana yun eh, kaso iniwan ko. Kasi.. ang arte. Pa-hard to get! Nakakapagod kaya yung ganun!

Kevin: Nyay, nang-iwan ng boyfriend! Walang kwentang girlfriend!

Jersey: Eh sa l#che sya eh! Dapat iwan!!!

Kevin: At least ako yung nang-iwan ng girlfriend kasi nasaktan ako.

Jersey: Hindi mo ba naisip na baka nasaktan yung girlfriend mo nung hiniwalayan mo na sya?

Kevin: Sana inisip din nya na masasaktan ako bago nya hinalikan yung lecheng yon.

**ARAY NA NAMAN!!!**

Jersey: Tsss. Alam mo Damon, kahit ganun yung ex ko, di hamak na mas gusto ko sya kesa sayo.

Kevin: Ako rin, mas gusto ko yung ex ko kesa sayo. Baka naman mas gwapo ako sa ex mo!

Jersey: Hoy excuse me! Dating VJ ng MTV Europe yung ex ko!

Kevin: Kung nag-iilusyon ka na mas maganda at mas sexy ka sa ex ko, nagkakamali ka. Abangan mo yung bagong posters ng Guess, ayun ang ex ko. Mainggit ka.

Jersey: Bakit naman ako maiinggit? Pake ko dyan sa girlfriend mo? Mayaman at super talented ang ex ko!

Kevin: Yung ex ko rin! Ganda pa ng boses!

Jersey: Pogi umacting ng ex ko!

Kevin: Yung ex ko rin!

Jersey: AAAAHHHH EWAN KO SAYO!!!

Kevin: EWAN KO RIN SAYO!!!!

\*silence\*

Kevin: Bakit ba ang init ng ulo mo?

Jersey: Bwiset nga kasi yon. Masyadong paasa. Nakakapagod kaya syang kausapin. Bago kasi kami.. basta, may something na nangyari na kasalanan ko.

Kevin: Ikaw pala ang tanga e. Kasalanan mo pala!

Jersey: Shut up! \*sighs\* Ewan. Ang tigas nya masyado. Pero kahit ganun yon.. he still cares for me. Kahit may nalalaman pa syang percent percent sa baga nya.. basta. Kahit hindi ko hinihingi yung tulong nya, nandyan lang sya palagi. Ayun. Nakakamiss lang.

Kevin: Swerte mo naman pala sa ex-boyfriend mo. Sayang, pinakawalan mo pa.

Jersey: Oo nga eh. But I'm trying to get him back.. kaso masyadong matibay!

Kevin: Baka naman kulang ka sa effort? Ganyan kasi yung ibang lalaki, mahilig magtampo. Kala nyo babae lang ang sinusuyo? Shet parang ang panget naman ata nun.

Jersey: I'm trying my best!

Kevin: Try your best-est. Try your hardest. Kung.. sukuan mo na lang kaya?

Natigilan si Jersey sa sinabi ni Kevin. Wow.. this @ss!!! Nang-iinis kahit third person na ang pinag-uusapan! G@go't kalahati rin kasi tong si Kevin. Nahihirapan na nga syang sumagot! Tactics talaga nito para magalit sya!

Jersey: \*smiles\* No. Ayoko.

Kevin: Nge, bakit naman? Baka ayaw na nya sayo kaya ganun. Baka di ka na nya mahal?

GUSTO NA TALAGA MANAPAK NI JERSEY. PAG NATAPOS TONG THIRD PERSON CONVO NILA MAKAKATIKIM SI KEVIN NG ISANG MASAKIT NA SIPA SA ANO.

Jersey: Yun pa! Imposibleng hindi nako mahal non!! Eh sa sobrang ganda ko? \*laughs\* Mahal na mahal kaya ako nun!

Nagulat si Kevin sa sinabi ni Jersey. Tactics nito para bumigay sya! At.. confident na confident sya sa pagsagot. Nakakagulat!

Kevin: Yan ang confidence! So.. pano mo namang nasabi na mahal ka pa nya?

Jersey: Sabi nya kasi sakín dati, "Pag minahal mo kasi ang isang tao, hindi na mawawala yun." I'm holding onto that.

Kevin: Talaga? Kaya mong maghintay? Hindi ka mapapagod? Nafifeel ko kasi yung uncertainty na baka.. hindi kayo magkatuluyan.

INANGYAN KEVIN!! DON'T SAY SUCH THINGS!!!!

Jersey: Bakit naman ako mapapagod? I've been waiting for him for so long! Akala ko dati si Paul na yun, yung first boyfriend ko. Kaso.. hindi pala sya yung Prince Charming ko e. Baduy ba? Tsaka.. para kaming si Cinderella at yung Prince Charming nya, kaso sya si Cinderella tas ako yung Prince. Elibs kasi ako sa dedication nung gunggong na yun! Sapatos lang!!! Pinagtiyagaan nya! Kahit kwento lang 'yon.. basta. Iba pa rin ang tama sakín.

Kevin: Mukhang lasing ka na ata!

Jersey: Sira! Wait, di pa ako tapos :) Bakit ko 'to pinaglalaman? Kasi alam ko sa sarili ko na worth it pag naging kami ulit. Good things come to those who wait, di ba? Pati.. alam kong sa kanya ako sasaya. Okay lang na mapagod ako ngayon, basta sa dulo sure akong magiging masaya kami. Magiging masaya ako.

Walang masabi si Kevin. He was taken aback by Jersey's honesty. Wow.. just.. wow.

Kevin: Wow.. optimistic! Ang.. swerte naman nya sa'yo! Akin ka na lang kaya Blair? \*winks\*

Jersey: Sorry, Damon. Mahal ko yun eh. Kahit mas gwapo ka pa sa kanya, which is BTW not true since he's the hottest and most handsome guy I've ever laid my eyes on, malakas tama ko dun eh. Sorry. \*grins\*

Kevin: Aray, sakit naman non. Sana katulad mo na lang ex girlfriend ko! Ang sarap mo kasing mahalín eh!

Jersey: Talaga? Anong lasa? Kaldereta? Kare-kare? Spare ribs? \*laughs\*

Kevin: Lasing!

Jersey: Sira. Alam ko yon. Sana.. marealize na nya yon noh? \*insert hopeful smile here\*

Kevin: \*smiles back\* Malay mo narealize na nya kaso..

Jersey: Kaso ano?

Kevin: Basta. Malay ko ba sa iniisip ng ex boyfriend mo!

Jersey: Eh.. Hypothetical lang ah. Kung ikaw yung ex boyfriend ko.. anong gagawin mo ngayon?

Kevin: Hala, seryosong tanong yan? Siguro.. \*inadjust yung bar stool at humarap kay Jersey\* papatawarin na kita. Tapos iuuwi kita sa condo ko tapos a-

Jersey: OMG WHAT IS!!!!

Kevin: Ano ka ba!!! Iniisip mo make-up sex noh?

Jersey: (-/////-) LUL I AM NOT THINKING ABOUT THAT!!!

Kevin: Joke lang! Eto naman napaghahalataan lalo eh! Seryoso, papatawarin ko sya tapos.. yayakapin ko sya ng mahigpit.

Tapos sasabihin ko sa kanya na mahal na mahal ko sya, na.. hindi ko na sya papakawalan pa.

AY KINILIG SI ATE DUN (-/////)

Jersey: Eh kelan mo pa sasabihin sa kanya yun? Baka mamaya may nahanap na yun na iba!

Kevin: Actually.. I lied earlier. Kasama ko sya kanina kaso bigla syang nawala. Sasabihin ko na sana kaso ang bipolar talaga nun.

Jersey: ANG BAGAL MO ATA EH!!!

Kevin: Sorry naman, naghahanap ng bwelo!

Jersey: Weak!

Kevin: Weak ka rin! Hindi mo mapabigay yung ex mo!

Jersey: MATAGAL NANG BUMIGAY YUN MAARTE LANG TALAGA!

Natawa ang dalawa.

Jersey: Parehas pala tayong tanga, Damon.

Kevin: O bakit?

Jersey: Ang dami nating pinagsasabi about our exes.. Bakit hindi natin masabi sa kanila 'to directly? Nag-away pa tayong dalawa dito!

Kevin: OO NGA! Ba't di natin naisip yun kanina pa?

Jersey: Ewan ko rin sayo. Maarte ka.

Kevin: Tara na nga, baka mamaya parehas na may mahanap na iba yung mga ex natin. Baka wala na tayong balikan.

Jersey: Sure sure sure. \*stands up\* Thanks for that talk.. Damon. I appreciate it. A lot.

Kevin: Thank you rin, Blair. Natuwa naman ako sa usapan natin kahit medyo may tama ka na ata.

Jersey: Asa ka! O pano, goodluck sa ex mo ah? Dapat pag nagkita tayo sa susunod kayo na! Dapat invited ako sa wedding nyo!

Kevin: Oy ako rin! Wag mo na kasing takbuhan! Sama nito!

Jersey: Hindi ako masama! Hello, I'm awesome.

Kevin: Mas awesome ako sa'yo!

Jersey: \*laughs\* Sige na nga, bye na. Babalikan ko na yung ex ko.

Kevin: Sige ba. See you around.

\*\*

Galit na galit na kinatok ni Kevin ang car window ni Jersey. All this time nasa sasakyan lang pala sya?!?! AYUN, NAGMEMAKE-UP!!!!

Kevin: HOY LUMABAS KA DYAN!!!

Jersey: \*binaba yung window\* What?

Kevin: San ka ba nagpupupunta? Kanina pa kita hinahanap!

Jersey: Hahanapin mo ako tapos papahirapan mo lang din ako? Baliw ka rin.

Kevin: Sagutin mo na nga lang tanong ko!

Jersey: I was.. around.

Kevin: Around where?

Jersey: Akin na lang yun.

Kevin: BUMABA KA NGA DYAN!!!

Jersey: TUMABI KA MUNA KASI HARANG KA E!!!!

Tumabi nga si Kevin para makalabas si Jersey.

Jersey: O bakit? May report ka na naman ba ng percentage na nakuha ko blahblahblahblah

Kevin: Umayos ka nga!

Jersey: Hoy Kevin bumigay ka naman! O kung ayaw mo bumigay magsorry ka na lang! Nakakapagod na eh! Kung ayaw mo na e di---

Kahit Writing major si Kevin, minsan kulang pa rin para sa kanya ang mga salita para magpaliwanag. Kaya.. dinaan na lang nya sa isang bagay na alam nyang maeexpress nya ang sarili. Ano pa ba ang effective way para mapatahimik ang bibig ni Jersey? E di mga labi nya! WHATIZ!!!!

Kaso si Jersey asar talaga sa kanya, tinulak na naman sya.

Jersey: O ano, para san na naman yun? Ilang percent nakuha ko dun? P\*TANG\*NANG PERCENTAGE YAN KEVIN LAMUNIN MO YAN!!!! Yung pagmamahal ko sayo di ko dinaan sa percentage lintek ka!!!

Kevin: \*laughs\* Ikaw na nga 'tong hinalikan, ikaw pa galit. If I know namiss mo rin yon. \*winks\*

Jersey: WAG KA NGA! Kung may sasabihin ka please ayusin mo na. Isang hibla na lang mapapagod nako!!!

Kevin: \*sighs\* Sana.. meron din akong talent na kagaya ng sayo. Na gagawa na lang ako ng essay para magconfess o kung ano. Di kasi ako magaling dyan, gusto mo ipagprogram na lang kita gamit ang different languages? \*laughs\* Di ko kasi mapantayan yung Best Way To Lose mo eh, epic yon. Dapat ako ang nagbigay sayo nun, di ako. Sorry hindi talaga ako magaling sa ganun. Pero may isang bagay akong alam na nag-eexcel ako.. at mayabang ako para sabihin 'to. At yun yung kung paano kita minamahal. Shet tama ba yung choice of words? Mali ata e. Basta. Yun na yun. Ramdam mo naman diba? Kahit sadyang g@go ako. Gets mo naman tong sinasabi ko diba? Don't worry, hindi ako lasing. Ayoko lang talaga ng malalim na words. Alam kong awesome ka, sige na ikaw na. Awesome Jersey blahblah corny. Pinapaikot-ikot ko lang tong sinasabi ko pero.. Jersey mahal kita. Alam mo yan.

Napako na naman ang mga paa ni Jersey sa semento (SEMENTO AH), pero ayaw pa rin patinag.

Jersey: Just.. give me one very very good reason kung bakit kita dapat balikan. Sumagot ka ng maayos, gamitin mo yung pinag-aralan natin or else Kevin I swear to God hindi na talaga.

Nginitian lang sya ni Kevin bago sumagot.

Kevin: Jersey, you are awesome. And I don't think I could function properly without your awesome complementing mine.

There. 2 sentences, 17 words. Naiyak na si Jersey dahil dun.

Jersey: \*cries\* PAKYU KA KEVIN PINAPAIYAK MO NA NAMAN AKO EH!!!!

Kevin: Sabi mo gamitin ko mga pinag-aralan natin! AYAN!!!

Jersey: Talaga? You can't function without me?

Kevin: Kakasabi ko lang diba (-\_\_\_\_-)

Jersey: So..

Kevin: \*sighs\* Ang arte mo nga pala. \*sighs\* Jersey Benitez Santiago, \*hinawakan kamay ni Jersey\* will you be my girlfriend.. again?

Jersey: Hindi ka na mag-iinarte?

Kevin: Hay nako oo na sige na sumagot ka na lang babawiin ko 'to sige.

Jersey: Nakakainis. Bakit ba kasi mahal kita? Di tuloy kita maintindihan!

Kevin: AYUSIN MO NAMAN KASI SAGOT MO!!!

Jersey: \*smiles\* Oo na sige na! Teka lang naiyak ako!!!

Kevin: WAG KANG UMIYAK!!!! Kiss ko muna.

Jersey: Kanina ka pa sa kiss ah!

Kevin: Ehh.. 2 months ehh..

Jersey: I have an idea!

Kevin: Ano? Siguraduhin mong legal yan!

Jersey: \*points her lips towards..\*

Kevin: HA? ANONG BACKSEAT?

Jersey: AYAW MO?

Kevin: Eh.. tara na! Magbago pa isip mo eh :>

Tawang-tawa si Kevin sa suggestion ni Jersey. Feeling teenager! Pero sa isip-isip nya..

All the crazy fights have been worth it because the crazier the fight, the more it proves to me that she is the only one I would want to spend my life with.

\*\*

Same time ng KevJe reunion ang tapos ng foodtrip nina Blanche at Jicker.

"Grabe lang ah," tuwang-tuwang comment ni Jicker. "Can't forget that lobster! Ang sarap! Next time try natin yung iba nilang dish ah!!"

"Basta ikaw magbabayad!!!" natatawa ring sabi ni Blanche.

Palabas na silang dalawa ng restaurant. So far eto ang pinakapaboritong date ni Blanche ever. Una, napatawa nya si Jicker. Pangalawa.. medyo close na sila. Konti na lang, Blanche! Konti na lang!

"Saan kayo ni Marlo bukas?" tanong ni Jicker habang pinagbuxsan ng pinto (!) si Blanche.

"Uhh.. I don't know. Baka kung saan na naman! Unpredictable!"

"Baka mamaya ilagak ka nya sa ku--"

"Saan?"

Tumigil sa paglalakad si Jicker.

"Jicker, bakit? Masakit ba stomach mo?" Hindi ito makasagot. Parang.. naging statwa si Jicker, namumutla pa nga ito. Magtatanong pa sana ulit ito nang..

"Oh Jicker, nice to meet you here."

Ang kaninang saya ni Blanche ay napalitan ng.. kaba nang marinig nya ang isang pangalan na lumabas sa bibig ni Jicker.

"Anna."

\*\*



## **Chapter 47**

### NORMAL POV

Pawis na pawis ang dalawa sa backseat.

"Jersey.. tama na.." medyo paawa ni Kevin. Tagaktak na ang pawis nya kanina pa dahil ayaw ipabukas ni Jersey ang aircon.

"Bakit? Ayaw mo na? Akala ko ba namiss mo ko?" gumanti naman si Je sa kadramahan nya.

Kinabahan dun si Kevin. Patay! "N-no, it's not like that. Ano kasi.."

"Alam mong namiss kita diba? Kahit magkasama tayo iba pa rin yun e. Tapos.. sige okay lang. Tara uwi na tayo." Inayos na ni Jersey ang sarili. Sinarado nya ulit ang bintana sa tabi nya.

"Hindi cute, Jersey. Tsaka bakit ba tayo nagtitiis na gawin 'to dito e may ibang lugar naman na mas malawak? Sumasakit likod ko dito."

"E DI MAGTIIS KA!!! TSAKA AYAW MO NUN CHALLENGE?!?!"

"Bakit mo ko pinagtataasan ng boses? Naiipit ako dito eh. Hindi ako makagalaw nang maayos!"

"Bumili ka na kasi ng Lexus mo. O diba lan-"

"Rereklamo pa! Tara na nga!!!" Akmang bubuksan na ni Kevin ang pinto nang hawakan ni Jersey ang braso nito. "What now?"

"Isa pa."

-\_\_-" "Jersey awat na! Pagod nako! Puro kalmot nako eh!!!" pinakita pa nya ang ilang kalmot na ginawa ni Jersey.

Imbis na maawa, tinawanan lang ni Jersey yung mga kalmot. "Hindi ka kasi behave kaya puro kalmot ka."

"Hindi ka lang pala Devil Woman, pusa ka rin pala." (-\_\_-")

May pout pang nalalaman si Jersey. "Dali na isang round na lang love please? Please please please please?" Ginawang punctuation marks ni Jersey sa bawat 'please' ang pa-beautiful eyes nito. Ang creepy oo pero natuwa naman si Kevin sa girlfriend.

\*sighs\* "Oho sige na ho isang round pa! Ako naman nasasaktan hindi ikaw e -.-"

"YEHEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEY! >:D< Tara na! Ready nako!!!"

"Wag ka namang masyadong enthusiastic, Jersey. Wag ka ring tumalon, umuuga yung sasakyan."

"O anong masama kung uga 'tong sasakyan? Malamang may tao kaya umuuga! Magulat sila kung uga yun nang walang tao! Ano yun, si Christine?!?!?"

"Sino naman si Christine, Love?" Takang-taka si Kevin sa pinagsasabi ni Je.

(O.O) "HINDI MO KILALA SI CHRISTINE?!?! Yung kotse ni Arnie Cunningham??!" isang blangkong mukha ang sagot ni Kevin. K hindi kilala (-.-) "Novel yun ni Stephen King. K I forgot hindi ka fan. Tara na nga! Let's get it on!!!" Tinanggal na ni Jersey ang jacket nya at ngitian si Kevin nang nakakaloko.

"O ba't ang layo mo? Pano tayo magsisimula nyan? Lapit pa! Ako pa lalapit!!!"

"MALAMANG!!!" No choice si Kevin kundi lumapit. "Ano ba sobrang lapit! Pano ko tatanggalin yan?"

"E di hubarin mo!"

"LUL!!!!" Medyo dumapa si Jersey. "Ayan! Ayos 'tong pwestong to! Ready ka na?"

Hindi masyadong tumingin si Kevin sa girlfriend. Patay na kung ganon. "Wait lang," tinanggal na nya ulit yung polo nya, revealing his undershirt. "Ayan ready na!"

Parang wild animals 'tong dalawa kung makaasta. May inaabangang prey.

"AKO MUNA!!!! Madaya ka kasi!!!!" sigaw ni Kevin.

"Fine, if I know bibigay ka rin naman (^.^)"

"Tsss." Akmang tatanggalin na ni Kevin ang pakay nang...

"AYPUTRESKAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!!" sigaw ni Jersey na nanggugulat.

"SHT JERSEY WAG KANG MAGULO!!!! AYAN TULOY NAWALA!!! NAKATAYO NA EH!!!!"

Todo tawa naman si Jersey sa reaction ni Kevin. Super desperado na kasi talaga ang boyfriend sa ginagawa nila. "Weak ka pala eh! Yun lang tutumba ka na agad? WEAK!!!!"

Teka, ano nga bang ginagawa nung dalawa? Wag kasi kayong mag-isip ng kung anong kulay kapaligiran dyan guys. Hindi sila... basta. Hindi yon. Hindi kasi yon.

Eh ano, Leng? Ano ba talagaa??

Naglalaro kasi sila ng Jengga.

Sa backseat.

Parang bata na pinagbabato ni Kevin kay Jersey yung pieces ng Jengga puzzle. Ewan ba nya kung sang lupalop napulot ni Je 'to. Kasama sa plano? Kainis. "MANANALO NAKO EH!!!!"

"Eh kasalanan mo yun weak ka! Madaling madistract! HAHAHAHAAH!" Naiiyak na sya sa kakatawa.

(-- ) "TSSS AKALA MASAYA. Pasalamat ka.."

"Pasalamat talaga ako na tayo na ulit! (^,^)"

"Tange hindi. Pasalamat ka na bumalik agad ako dito. Hindi nako nagstay kasama ni Blair."

"Blair?" tigil sa pagtawa si Jersey. "Sinong Blair? Blair Waldorf? Ako ba pinaglolo-loko mo? Hoy alam kong crush mo si Leighton pero wag ka ngang mag-imbento ng Blair Blair dyan!!!!"

"May nameet talaga akong Blair kanina! Sa may casino. Ang ganda pa nga! Sexy! Tas magaling maglaro ng blackjack!!!"

"Yuck sugarol!"

"Bad@ss kaya. Di tulad mo nangangalmot pag natatalo sa Jengga."

"Fine, dun ka sa Blair mo. May Damon naman ako."

"Damon Damon storymaker!"

"AKO PA STORYMAKER!!! Sabi nga nun kung pwede ako na lang girlfriend nya. Buti na lang di ako masyadong naakit don!!!"

"Tsss. Panget naman nun. Pag pinagtabi mo kami walang kwenta yong Damon doraemon na yuun."

"Sht Kevin ang corny lang ng Damon Doraemon. Uwi na lang talaga tayo?"

Pa-cool pang umupo si Kevin. "Ikaw na lang umuwi mag-isa! Dala mo naman sasakyan mo diba? May lakad pa ako."

(-\_^) "MADALING ARAW NA!!! SINO PANG KA-LAKARAN MO!?!?!?!?!?"

"Si Blair."

"Nako Kevin Blair Blair ka pa dyan! If I know si Maria lang yan!"

"Maria what?"

"THE NEXT BEST THING!!!!"

"JERSEY WALA AKONG MAINTINDIHAN!!!!"

"KAMAY!!!!"

....

Dun lang nagsink in kay Kevin yung sinabi ni Jersey. "Malala ka na talaga, Santiago. Nilulumot na utak mo!!!"

"Ikaw kaya nagbigay ng motive dyan!!!"

Napapikit na lang si Kevin. Minsan talaga ang hina umintindi ng babaeng 'to. "Eto naman joke lang. Hindi ko na babalikan si Blair, promise. Uuwi na tayo."

"Siguraduhin mo yan ah! Kundi uupakan kita! Dun ako makikitulog sa condo mo!"

"Ha ba't naman?"

"BABANTAYAN KITA!!! Alam kong ninja ka Kevin umayos ka!"

"Opo (-\_\_\_-)" "

Nag-ayos na talaga si Jersey ng sarili nya para kunin ang sasakyan nya. Pinanood lang sya ni Kevin habang nag-aayos. 3 hours na ang nakakalipas simula nung nagkabalikan sila. Kamusta naman diba? Away agad?

"Alam mo Je," bigla na lang nyang sinabi. "Wag na tayong maghiwalay ah?"

"Hindi na yan, promise!"

"Ako lang hahalikan mo. Promise?"

-///// - "Ewan ko sayo."

"Ay may balak na naman. Si Jicker yan noh?"

"HOY EWWW NAMAN. Never ko na gagawin yon!!!"

"E promise na kasi!"

"OO NA HO OO NA PWEDE NA BANG UMUWI?!? Kakainis 'to!"

"Aba hinihintay mo ba akong lumabas? Parang sasakyan mo to ah!"

"AALIS NA NGA!!! INAAWAY MO NA NAMAN AKO SIGE KA BABALIK AKO KAY DAMON!"

"MAY BLAIR AKO SINONG TINAKOT MO!!!!"

....

"Sige na nga, aalis na. Basta convoy tayo. Wag kang liliko papasabugin ko 'tong sasakyan mo" sinamaan pa ni Jersey ang tingin nya sa lalaki.

"O-oo na sige na. Alis!"

Dali-dali namang lumabas si Jersey sa sasakyan ni Kevin. Sa totoo lang kanina pa sya kinikilig, kaso hindi naman sya yung tipong lantaran magpakita ng kilig kaya dinadaan nya sa sigaw at asar. Ngiti-ngiti lang sya :">

"Hoy babae," tawag sa kanya ni Kevin. Lumingon naman sya.

"Ano, lalaki?"

"Sa tingin mo.. makikita ko pa kaya si Blair?" nakangisi pa 'to. Badtrip.

"Sa tingin mo rin.. kelan ko ulit makikita si Damon?"

"Ewan. Iniiba mo naman usapan e."

Tumalikod na lang si Jersey at sinabing. "Kalimutan na natin yung dalawang yon. Di hamak mas awesome tayo sa kanila :D"

\*\*\*

SA KABILANG DAKO NAMAN...

Kanina pa hindi makatulog si Blanche.

Oo, hindi makatulog. 3 hours na syang pagulong-gulong sa kama nya. Wala ring epekto yung sleeping pills na ininom nya. GOODNESS ANO BAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!!

Hindi nya kasi makalimutan yung eksena kanina. Feeling nya nasa isang pelikula sya.

\*FLASHBACK\*

"Anna."

Anna? Sinipat ni Blanche ng tingin ang babaeng nasa harapan nya. She hated her on first sight. Aura pa lang ang yabang na! Kulay brown ang buhok, sexy.. maganda. Matangkad. Mukhang matalino. And to top all of these?

This Anna looks like a first class b\*tch. Truth to be told.

To be honest, natakot sya kay Anna. May aura kasi 'to na.. alam nyo yun.. parang mangangain ng tao. Anna.. san nga ba nya narinig 'tong pangalan na 'to?

Kung natakot sya sa presence ni Anna, mas takot sya sa reaction ni Jicker. Obvious sa mukha nito ang gulat.. tapos.. sht is this for real? E..excitement? Teka who the fck is this woman?

"You've never changed, Herrera. I told you, it's rude to stare with your mouth open," Anna cockily replied. Actually nakaharang sila sa may entrance pero mukhang walang pakialam si Jicker sa scene na 'to.

Tameme na naman si Jicker. Parang nakakita ng multo. Wala namang magawa si Blanche, yung b\*tchy powers nya naglaho bigla. Okay si Anna na ang Queen Bitch. Solohin na nya!!! Tiklop sya e (-\_\_-)

"Anna." Ulit ni Jicker.

Medyo nainis na ata tong Anna sa pagkatanga ni Jicker sa kanya kaya kay Blanche naman sya bumaling. "So.. who are you?"

"Uhh I-i"

"You don't have to introduce yourself to her," saway sa kanya ni Jicker. Sht lang. Wait.. bakit biglang naging.. masculine ang boses ni Jicker? As in. With the authority and all that!!!

Tumawa na lang si Anna sa ginawa ni Jicker. "Bakit ang protective mo naman agad bigla? I'm just asking her!"

Dun ata nagising na agad si Jicker. "Come on, let's go," utos nya kay Blanche. Utos, hindi sabi.

Si Blanche naman nangangatog na ang tuhod. Di nya alam kung bakit. Parang tumagos lang sa dalawang tenga nya ang sinabi ni Jicker. "Tsss ano ba! Tara na Blanche," binira na nya ang

kamay nito at dali-daling pumunta sa kotse nito. Natakot naman si Blanche sa asta ni Jicker. Sino ba yung Anna? Bakit ang la--

SHT. SHT SHT SHT LANG. Anna. Anna Pascua.

Pano nya nakalimutan yon? That bitch!!!

Di namalayan ni Blanche na nakasakay na si Jicker sa sasakyan nito. Naiwan lang syang nakatayo sa tapat ng sasakyan. "Blanche ano ba!!!" sigaw ni Jicker sa kanya. Nang hindi sya gumalaw, nilabas sya ni Jicker at hinila papunta sa upuan tabi nito sa harap.

"T-teka sa backseat na l--"

Binuksan na ni Jicker yung pinto. "Dyan ka na umupo."

Nakatingin pala sa kanila yung Anna habang nangyayari ang mga yon. Sa loob-loob nya inis na inis sya sa babaeng epal na yun. ICE QUEEN KUNG ICE QUEEN!! Tahimik lang sila ni Jicker sa byahe. Nakakatakot kaya si Jicker! >,< Yung mga kaartehan sa katawan? NAGLAHO BIGLA!!! NAGING LALAKI AGAD!!!

Bigla na lang tumigil ang sasakyan. Nandun na pala sila sa tapat ng building nina Blanche. Ano, hinihintay ba ni Jicker na bumaba na lang sya? Fine, kun--

Sorry nga pala dun.. sa kanina," halos pabulong na sabi ni Jicker na nakatitig na lang sa dashboard.

"O-okay lang.."

....

Gusto nyang itanong kung okay lang ba sya, kung.. masakit ba.. kung.. may electricity something.. kung.. pano na sila.. at kung magkakaran pa ba ng sila. Kaso isa pa rin syang takot. Baka kasi hindi sya ready sa sasabihin ni Jicker.

"Anna Pascua, right?" yan na lang ang sinabi nya.

Gulat na gulat si Jicker sa narinig nya mula kay Blanche. "How did y--"

"Jicker naman, hindi ako basta-basta pumapasok sa mga bagay pag hindi ako prepared. Gusto ko alam ko kung may makakalaban ba ako o wala. When.. I realized that I like you.. I researched about you. Kaya nga ganito na lang ang kapit ko sa'yo, kasi alam kong fake lang yang Regina George get up mo," tumawa pa ito. "Akala ko may chance na ko, kasi game over na kayo nung Anna. Kaso.. ang b\*tch lang bumalik pa. Naghanap ako ng kaagaw, kaya eto ang napala ko."

"Blanche..."

"Sus ano ba, okay lang. Buong buhay ko palagi akong may kahati. Kay Maxene pa lang eh. Sanay na ko."

...

Tss. Ayaw umiyak ni Blanche. Bakit naman sya iiyak, sya ba yun binalikan ng multo? Tss. Naiiyak sya na ewan. Baliw na ata sya. Blanche, usal nya sa sarili, wag ka na magsalita. Baka lamunin mo pa ang sasabihin mo. Wag k-- "Kung.. kung gusto mo lang ah, di kita pinipilit! Kung.. gusto mong gumanti.. nandito lang ako. Don't worry, I won't take advantage unless gusto mo rin. Joke lang! Ang evil witch man ng arrive pero masarap gumanti minsan, lalo pag nasaktan ka. Try mo lang. Wag na si Jersey lapitan mo, maraming problema yun. I'm always available!"

Hindi na hinintay ni Blanche ang sagot ni Jicker. Lumabas na lang ito nang hindi nagpapaalam. Ni isang lingon di na ginawa ng babae. Baka kung ano pa ang makita nya.

\*END FLASHBACK\*

Tama kaya yung sinabi nya kay Jicker? Talagang nag-offer sya noh? Nakuuu Blanche! Itulog mo na lang yan, kailangang mas gumanda ka pa kesa kay Anna!

\*\*\*

Kaso 'tong si Jicker.. ibang usapan na ata.

Di maalís sa utak nya yung nangyari sa restaurant. Si.. Anna ba talaga yun?

\*beep beep\*

From: Jersey

TEH PAKSHET KA KINIKILIG AKOOOOOOOOOOO!!!! NASAN KA BA?!?!? TARA ALIS TAYO!!!  
Joke lang. May good news ako sayoooo! <3

Di pinansin ni Jicker ang text ni Jersey. Halata namang sila na ni Kevin based sa text nito. Tama si Blanche, wag muna kay Jersey. Masstress na naman yun at kung ano pang gawin nya kay Anna. Never pang nagkita ang dalawa, pero kahit na. Delikado pa rin talaga pag sinabi nya. She must not know about this.

O, anong gagawin nya kay Anna? Nagsisinungaling sya kung sasabihin nyang never nyang inisip na mangyayari 'to. Ilang beses nyang inimagina na makakasalubong nya si Anna, tapos cool lang sya. Pero sht na imagination yan, hanggang sa utak lang yan. Nagmukha syang tanga sa harap ni Anna. Di lang tanga, sira ulo pa. Nakanganga na naman sya e!

Iinom na lang nya 'to. Sht, 7:30am iinom agad? Ah baliw na talaga! Ayaw nyang tawagan si Marlo, baka kung ano na naman ang sabihin nito. Tsaka.. ayaw na nyang idamay si Marlo.

Kaso isa pa sa problema nya si Blanche.



Ano na naman yung pinagsasabi ng baliw na yun? Gaganti kay Anna? Sira ba sya? Kahit ganun yung ginawa sa kanya ni Anna.. hindi pa rin nyang kayang gantihan yon. Oo na, sya na tanga. Masamang gumanti sa kapwa. Bahala na ang karma sa kanya. Talaga si Blanche, lahat na lang gagawin para may masama lang sya. Eksahadera. >,<

\*beep beep\*

Jersey alam kong kinikilig ka but now is not the ri--

From: 0927\*\*\*\*\*

Free for breakfast?

SHT NA MALAGKIT ANO BA YAN. Pano nya nalaman ni Anna ang number nya? He instantly turned off his phone. Bahala sya.

Nagulat sya nang makita ang babae, 5 hours later, sa harap ng studio.

Buti wala sina Marlo at Jersey nung araw na yun. Buti na lang talaga wala. Kasi hindi nya alam kung paano ieexplain sa dalawa na pumayag syang maglunch kasama si Anna. Sa Jollibee lang naman, di sa mamahaling restaurant. Ayaw nyang magsalita. Mainly because he can't think of anything to say to her. Anong gagawin nya, tatarayan? Magmamakaawa ba sya? Ano? Tahimik ka na lang, Herrera. That's better.

"That girl.. from last night," biglang tanong ni Anna habang kumakain ng Chickenjoy.

"Is she your girl?"

"That's not of your business."

"I'll take that as a yes. She's too young for you."

Tch. Si Blanche, bata? Oo, 6 years ang tanda nya kay Blanche. So what? Pake nito?

"What do you want from me? Hindi ka basta-basta susulpot dito nang walang dahilan. Kilala kita Anna."

"My my Jicker.. why so agitated? Masama bang mangamusta ng kaibigan?"

"Tch. You brought your family here?"

"What fa-" Napangiti na lang si Anna. "Oh. You haven't heard the news."

"Ano na naman?"

"I'm divorced."

Halos mabulunan si Jicker sa narinig. Divorced. Okay bakit may something syang naramdaman? Ano na naman ba Jickerson!! Ayos nga! "Wow divorced. Hindi ka rin natagalan ng asawa mo. Masyado ka kasi."

"No.. I was the one who initiated the divorce."

Ayan, nasamid na talaga sya. Hindi na nya natago kay Anna ang pagkagulat. "Oh."

"He.. wasn't the one. I only stayed with him for convenience."

"Oh.. so why are you telling me that? Wala ka bang kaibigan na pagkukwentuhan ab--"

"You know me, I don't have friends from college, Herrera."

"Oh. So what are we, friends now? Excuse me lang Anna," di napigilan ni Jicker na magtaray. Hello, bisexual tendencies! "Stop playing your games. Kasi frankly speaking natapos ko na ang issues ko sayo a long time ago."

"But.. I haven't."

"You haven't what?"

"I'm.. not done with you Jicker."

"Ha?"

Nawalan na ng interes si Anna sa fried chicken nya at tumigin kay Jicker. "I..i know this sounds so.. desperate but.. answer me please. Is there any part in your heart that could possibly.. open up for.. us again?"

"HA?!?!?"

"I want to try again Jicker. Please?"

Nganga na naman si Jicker. Jusmelord.

## Chapter 48

SATH'S POV

Busy kami ngayong buong barkada. Well naman kasi.. next week June na so it means.. 2 months na lang before the wedding of the year! Maraming mangyayari sa June akala nyo ah! :>

"Sath anong nginingisi mo dyan?" reklamo sakín ni Jersey. Dinodouble check kasi naming dalawa yung invitations bago i-mail sa guests.

"Ahh.. wala lang naman. Reminiscing!" Nahuli pa ako (^.^)

"Pregnant hormones. Weird :/"

"Wooshooo kung makasabi ng weird to! Kayo lang ulit eh!"

Di naiwasan ni Jersey ang magblush. Susmelord, bakít ba ang hilig magblush ng mga tao ngayon? Medyo maulan nga ngayon summer eh! Weird people. Tinaasan na lang ako ni Jersey ng kilay. "So what kung kami na ulit?"

"Eh kelan kasal?"

(O>o) (.\_.) <- SYA YAN.

"O bat ganyan mukha mo?"

"BAKIT BA AKO TINATANONG MO NG KASAL!!! DI PA TAPOS KASAL NI AMAE ANO BA!!!" masyadong defensive nyang sagot! May patayo-tayo effect pa sya. Guilty!

"Okaaay Je chill lang. I'm just asking!" umupo na rin ang kausap ko. "Kasi naman kayo.. seriously ang tagal ah! Naunahan pa kayo nina Amae!"

"Shut up. It wasn't that easy."

"Nuxxx Englisan?"

"Kelan ka ba manganganak? Naiinis ako pag masyado kang madaldal!"

"Ah sige tarayan mo ako! Hindi kita kukuning ninang ng anak ko."

"Tsss ganyan ka naman!!! De seryoso, kelan ka nga manganganak?"

Napaisip ako. Teka.. kelan nga ba? Sinabi na sakín ng doc.. "Aha! 2nd week of June ang due date ko."

"MALAPIT NA YUN AH!!!! Kabado ka ba?"

"Hindi! In fact, I am super excited!" \('o'/!!

"Weirdo."

"Sus kung makasabi ka ng weirdo mas weird naman yon," sabay turo ko kay Jicker.

Si Jicker ang in charge sa flowers chorva chorva.. tapos may isa pa nakalimutan ko na.. Ay yung sa video coverage! Tapos.. teka ba ganto ba pag malapit na manganak? Makakalimutin? Kruuuu kruuu. Bakit weird si Jicker? Ewan ko dyan. Basta feel ko ang weird lang nya. O pregnant hormones lang yun?

Sinipat ni Jersey ang friend namin. (',') "Banas lang yan kay Blanche."

"Di yan banas kay Blanche. Iba ugali nyan pag banas dun. Tignan mo, hindi bitchy si Jick."

"Malay mo.. bagong buhay? Ah ewan ang gulo din nyang baklitang yan!!"

"Alam mo teh, nung unang pakilala mo samin dyan kay Jicker, akala ko jewa mo."

(O.O) "SATH ANONG JEWA?!?!?!"

"Jewa.. jowa! Jusme Jersey 10 years nakalimutan mo na high school? Goodness naman! ><"

"Si..Jicker.. boyfriend ko?" tingin sya ulit kay Jicker. "Oh dear Lord no."

"Akala namin lalaki yan. Sabay nagsalita ng 'Hi teh!' ayun waley na." May binulong si Jersey na hindi ko naintindihan. "Ha? May sinasabi ka?"

"Uuhhh wala! Marami naman talagang nag-aakalang lalaki si Jicker. Sa unang tingin. Pero.. for me mas okay nang ganyan sya."

"Oy malaman yang sinasabi mo ah! Anmeron?"

Nginitian lang nya ako, na parang inaassure akong wala lang. "Walang laman yon, teh. Basta ang akin lang.. bading na lang sya. Bumalik ka na nga lang sa trabaho mo! Baka may wrong spelling dyan!!!"

"Tsss. Killjoy! Akala ko pa naman meron na," balik na naman ako sa pagdodouble check.  
"Nauumay ako dito sa Principal Sponsors sa wedding e! Puro Engineer!!!"

"Malamang engineer yung dalawa -.- Ayoko na ngang mabuntis kung ganyan din lang ako,"  
sabi ni Jersey. Binato ko sya ng isang balot ng papel. Kainis.

\*\*

## NORMAL POV

Dati tinatawanan lang ni Jicker ang expression na "multo ng nakaraan". Natatandaan pa nya nung college, isa yan sa mga sinasabi sa kanya ng ex girlfriends nya (bed warmers, fling etc, hindi girlfriend. Kasi wala naman nagtagal sa kanya), kesyo sila raw ay magiging multo ng nakaraan ni Jicker. Yung mga niloko nya, sinaktan.. isang araw bigla na lang syang mumultuhin tapos ayun! Tepok sya.

He dismissed that fact easily. Never naman syang naniwala sa karma eh. Ilang babae ang dumaan, di sya kinarma.

Kaso leche nga kasi ang tadhana minsan. Ayun, napuruhan na. Dumatin yung karma nya in form of Anna.

Tapos na yun! Goodness, almost 10 years na!!! 10 frickin' years! Tapos shet babalik? Multo ng nakaraan my @ss.

Kaso naman.. magmumulto na nga lang si Anna.. may nalalaman pang "I want to try again Jicker. Please?" SARAP BOMBAHIN!!!!

It's been 2 days since kinausap sya ni Anna, yun na rin ang last kita nya dito. May inaayos daw itong papers for something something (na ayaw na nya usisain pa) kaya busy. Sya rin naman busy sa wedding preparations para sa kasal ng KeMae. Ang dami na nga nyang napalagpas na events eh! Sayang.. kaso naman, buhay nya kasi oh. Gulo na naman!

"JICK!!!!"

"AY MATRES NI MATET!!!!" sigaw nya.

Naweirduhan lalo si Jersey sa asta ng kaibigan. "O..kay. San mo naman napulot si Matet at ang kanyang matres?"

Sht. Di pa pala nya nasasabi kay Jersey yung kay Anna. Ngayon lang sya naglihim sa second bestfriend nya. Naalala nya si Marlo. Sure syang alam na nito kasi magkasama sila ni Blanche.

Shtbrix si Blanche pa pala. Anyareh na dun? Di na nagparamdam!

"Hehehehe napanood ko sya sa Cinema One.. yung kerubin kerubin!!! Kaya yun," palusot nya.

(O.o) "Sure ka? Eh bata pa naman si Matet nun! Anong konek ng matres?"

"Naku Jerkeng natatanga ka na naman! Daming tanong!!!"

"EEEEH SAGUTIN MO NA NGA LANG KASI TANONG KO!!!"

Sagutin mo na nga lang kasi tanong ko.

Ganyan ang exact words ni Anna nung huli silang nagkita. Hindi kasi sya nakasagot dun sa "I want to try again Jicker. Please?" spiel nito. Para syang natanga for like 5 seconds. Ano bang isasagot nya dapat dun? Pop quiz ba 'to?

A.) SHT KA TEH MATAPOS MO KONG DI PANSININ MAGHAHABOL KA NGAYON!!! PEKTUSAN KITA EH!!!

B.) SORRY BUT NO

C.) PAG-IISIIPAN KO

D.) I don't know.. \*sighs\*

Hulaan nyo ang sagot ng ating butihing kaibigan sa tanong ni Anna.

Sige na eto na. Katulad din ng sagot nya kay Jersey ngayon.

"Hindi ko nga kasi alam. Wag makulit."

"Tsss. Grumpy! Bahala ka na nga dyan!!!" may nalalaman pang walkout spree ang babae.

Ayaw nya talagang tarayan si Jersey. Isa yan sa mga bagay na gusto nyang iwasan kasi precious sa kanya masyado ang kaibigan. Kaso ayaw din naman nyang madamay si Jersey sa "pagmumulto" ni Anna. Kung irerelate natin sa movie ang buhay nilang dalawa ngayon, isang John Lloyd-Bea romcom movie ang KevJe, tapos sa kanya ata ay Return Of The Living Dead meets Psycho III. Ay b\*tch lang, nahahawa na sya sa film analogies nina Marlo at Je! ERASE ERASE!!!

Ehh.. ano ba dapat nyang gawin? Hindi nya maitatangi sa sarili nya na may feelings pa rin sya para kay Anna. G@go rin 'tong si Kevin dun sa "Pag minahal mo ang isang tao hindi naman nawawala yun eh" crap nya. Meron pa talaga at hindi mawawala yun kaso.. ano na naman ba 'to? Grabe lang ah!!! (-\_\_-)

\*\*

MEANWHILE...

Hindi naman nagpaparamdam si Blanche.

At dahil dun, kinabahan si Marlo.

3 days na kasi since hindi ito sumasagot sa tawag at text nya. Wala rin ata sa condo nito, o di kaya ayaw lang syang pagbukusan. Nung tinanong nya si Jicker.. wala rin nasabi ang bestfriend nito. At teka, bakit ba ang weird ni Jicker? May nangyari bang hindi nya alam? Bakit ang dami nyang hindi alam?

Ah ewan. Basta sya nag-aalala na talaga. Sa lahat ng ayaw nya ay yung pinaglilihiman sya. Nakakainis! Hindi nya magambala ang bestfriend kasi busy ito. Kaya si Blanche na lang. Nag-abang sya sa labas ng unit nito for about 3 hours. As in 3 hours walang lumalabas. Tinawagan na rin nya. Wala.

Last try na. Seryoso na sya.

\*ring\*

\*ring\*

"H-hello?"

"SHT BLANCHE ANONG NANYARI SAYO!!?!?" hindi nya napigilang mapasigaw. "NASAN KA BA?"

"T-teka lang Marlo.. wait don't shout." Medyo nanghihina pa ang boses nito.

"Where are you?"

"2 feet away from you, I guess."

"Ha?"

"You're in front of my door right? I can see you from the peephole."

Dali-dali namang pumunta sa harap ng pintuan si Marlo at pinagbukusan sya ni Blanche. Itsura ni Blanche!!! Mukhang.. kulang sa tulog na ewan! "What the fck happened to you?"

Hindi pwede sabihin ni Blanche na.. na bumalik na si Anna. Baka pigilan kasi sya ni Marlo na tulungan si Jicker of ever magbago ang isip nito dun sa pagganti kay Anna. O di kaya.. ipagtulakan ni Marlo si Jicker kay Anna para maging silang dalawa. Oh shut up Blanche, as if he could do that.

"These past few days.. nahirapan akong matulog. Sleeping pills lang ang out ko."

"That's it. We're going out." Hinigit sya ni Marlo palabas ng unit nito, kaso kumapit si Blanche sa pinto. "Blanche kailangan mong maarawan ng-"

"Ayoko. I wanna stay here."

Talo na si Marlo. Pumasok na lang ito sa loob ng unit ni Blanche. "Sige, ikaw boss eh. Basta matutulog ka. Kailangan mo yan."

She just nodded in reply.

\*\*

5 hours din sigurong natulog si Blanche. As in 5 hours.

At sa 5 hours na yun, hindi umalis si Marlo sa unit ni Blanche. Dun lang sya sa sala, nanood ng kung anu-ano sa TV. Pinakilaman na rin nya ang ref, at napansin nyang hindi palakain si Blanche. Puro left overs lang ang laman ng ref. Kaya around 7:30 pm nya ginising ito.

"Marlo ayoko nga," nagtakip pa ito ng unan sa mukha.

"You're not eating. And we're going out." Blanche pouted, kaya natawa sya. "Hindi mo ako madadaan sa ganyan."

"May.. leftovers naman don. O-okay nako."

Umupo sya sa kama nito. "Tss. Marie Blanche tatawagan ko tatay mo."

"Go on. He doesn't care."

"Blanche.."

"Basta Marlo ayoko lumabas. Don't make me."

Talo na naman sya. Teka ba't ba palaging nananalo si Blanche ngayon? "I'll heat something then you'll eat. Wag kang magdrama."

"Wag na nga.. ayoko nung nasa ref. Let's go out. Papalit lang ako ng damit." Tumayo na sya at pumunta ng CR. Wow.. nagbago ang ihip ng hangin. Madaling nagbihis si Blanche, nagpalit lang naman sya ng pantaas at naglagay ng konting make-up.

"San mo gusto?" tanong nya habang pasakay sila ng elevator.

"Anywhere.. wag lang sa mamahaling restaurant please."

\*\*

Sa Burger King sila dumaan, dine in.

"Hintayin mo ko dito ah, wait lang," sabi ni Marlo kay Blanche. Sya kasi nakatoka umorder.

"Sure. Washroom lang ako."

Habang nakapila si Marlo, di nya mapigilang isipin kung anong gagawin nya. Kung.. ano bang meron kina Jicker at Blanche. Pinalagpas nya yung moment na tinakas ng bestfriend nya si Blanche, iniisip na nagseselos ito dahil madalas silang magkasama. Ayaw nyang isipin ang



possibility na.. na bumalik sa pagkalalaki si Jicker. Come on. Masyadong nasaktan yung tao, ba-

SHT. Akala nya mali sya ng nakita. Akala nya imagination.

Never nyang nakita si Anna sa personal. Puro kwento at pictures lang nya ito nakilala. Pero hindi nya makakalimutan yung mukha ng babaeng sumira sa buhay ng bestfriend nya. Nasa may drive-thru ito, na tanaw nya mula sa loob. Inis na inis sya sa nak--

T@NGINA. SI JICKER BA YUN? Sa sobrang inis nya.. nilabas nya sa drive-thru ang dalawa.

Gulat na gulat naman si Jicker sa pagsulpot ni Marlo. "O ba't.."

"Jicker sino sya?"

Walang pake si Marlo sa kasama ni Jicker. Hindi naman 'to kagandahan para sa kanya. "Jickerson mag-usap tayo."

"Marlo wa-"

"Lumabas ka dyan."

"Teka lang, ipapark ko lang."

\*\*

Nakareceive si Blanche ng text kay Marlo, na may emergency lang saglit. Umorder na raw sya at hintayin sya. Saglit lang daw sya mawawala. Hindi nya alam na may nagkakainitan na sa parking lot.

"BAKIT MO KASAMA YAN!?!?" galit na galit na sigaw ni Marlo sa kaibigan. Medyo lumayo sila sa space na pinagparkan ni Jicker. Nandon lang si Anna sa loob ng sasakyan.

"We're just talking. Don't make such a big fuss about this."

"Wow talking? Talaga? Jickerson wag ka ngang tanga. Alam nating dalawa kung bakit nandito yang peste na yan."

"Wait lang wag mong tawaging peste si Anna," nagulat si Marlo sa pagdidipensa ni Jicker.

"Naririnig mo ba ang sarili mo? Jicker peste yang babaeng yan! PESTE! Nagpaloko ka na, wag mong uulitin! Mag-isip ka naman!"

"Nag-iisip ako! Gusto lang nya na may makausap! She's been through a harsh divorce! And I--"

"Tangna magpapauto ka na naman eh! Second option ka na naman nyan. Last resort! Papayag ka ba nun? Shet magpakabading ka na nga lang! Mas gusto ko pa yung ganun kesa magpakatanga ka ulit para sa kanya!!!"

Hindi na makapagsalita si Jicker. In fairness natakot sya kay Marlo ah! "Inuulit ko, nag-uusap lang kami."

"Sus, alam ko yang mga ganyan mo. Umayos ka Jicker. Nagpakatanga k--"

"OO NA TANGA NA!!! T@NGINA PAPAULIT-ULITIN MO BA YAN? Oo na tanga na!!!!"

"Kasama ko si Blanche. Nasa loob sya."

Tigilan si Jicker dun. Nakalimutan nya si Blanche. "Iuwi mo na sya."

Dun narealize ni Marlo ang lahat. Nagets na nya. "Alam.. ni Blanche ang tungkol dito noh?"

"Yes. Magkasama kami nung.. unang kita namin ni Anna."

Nainis si Marlo, di nya napigilang kwelyuhan si Jicker. "G@GO KA! Alam mo bang di yan makatulog!!! KASALANAN MO PALA!!!"

"ANONG KASALANAN KO?!?! KASALANAN NYA YUN!!! SYA TONG DIKIT NANG DIKIT!!! TSAKA ANO BA KAMI!?!?! BITAWAN MO NGA AKO!!!" tinulak nya si Marlo papalayo sa kanya. "Mas tanga ka. Di mo ba nakikita na advantage mo 'to? Ayan, sayo na si Blanche. Kay Anna nako. Okay na tayong lahat diba? OKAY NA!!! PUCHA OKAY NA!!! GALIT KA PA!!!"

Oo nga noh? Kaso.. ewan. Hindi pa rin tama. "Ewan ko sayo Herrera. G@go't kalahati ka."

"Iuwi mo na si Blanche. She shouldn't see me.. now."

"Anong nangyari sa 'bros over hoes', Jick?" natanong na lang bigla ni Marlo.

"Wag muna nating pag-usapan yan ngayon." At umalis na si Jicker.

\*\*

"Bakit ang tagal mo?" inosenteng tanong sa kanya ni Blanche. Naubos na nya yung order nya.

"Tagal eh. Tara, uwi na tayo?" Tumango na lang ang kausap.

Ano bang gagawin nya? Go signal na yun kay Jicker eh. Binibigay na nya si Blanche sa kanya. Kaso may mali. Bigla syang naguluhan. May.. basta. Hindi nya maintindihan.

"You're too quiet," puna ni Blanche habang nagdidrive sya.

"Masakit lang ulo ko."

"Tanda mo ba yung sinabi ko sa'yo dati? Yung sa barcode? Kung.. pwede na lang may special barcode na lang lahat ng tao sa mundo, na pag taken na sila itatapat sila dun sa certain machine tapos.. bawal na silang magmahal o mahal in ng ibang hindi pa natatapat dun sa machine? Sana.. totoo na lang talaga yun. Sht sana totoo na lang yon."

"Sino mas matimbang samin para sa'yo, Blanche?"

Ayaw nyang tinatanong ng ganon. Ever.

"Ikaw, sinong mas matimbang saming dalawa?"

Nagulat si Marlo sa pagbabalik ni Blanche ng tanong.. anong ibig sabihin non? "Sinong kayong dalawa?"

"You know who I'm talking about."

"I don't. Sino ba yan?"

"Wala," ngumiti na lang si Blanche. "I'm just messing up with you."

"Matulog ka na lang nga. Gigisingin kita pag malapit na tayo."

After few moments..

"Di ko pa masasagot tanong mo ngayon. Sorry."

Alam ni Marlo yun ang isasagot ni Blanche. Kaso.. hindi nya alam kung anong isasagot dun, kung sya naman ang tatanungin.

\*\*

A WEEK LATER | JUNE

May tug of war na nagaganap sa condo ni Kevin.

"Jersey parang bata! Akin na nga yan!!!" sinubukan nyang agawin kay Jersey yung passport nya. Yep, ngayong araw na sya aalis.

Nagtago si Jersey sa likod ng pinto. "AYOKO!!!"

"IIPITIN KITA DYAN!!!"

"SO KAYA MO NA PALA AKONG SAKTAN!!!"

"WAG KASING TIMANG!!!"

Nilabas ni Jersey ang kamay para iwagayway yung passport ni Kevin. "Hindi pwede!"

"Tch Santiago isa."

"Dalawa!"

"AKIN NA KASI YAAAAAAAAAAN!!!!" nilapitan na ni Kevin si Jersey sa likod ng pinto at hinablot yung passport. Nang di sinasadyang naipit ang paa ni Jersey.

"AAAAAAAAAAAAAAAAAY!!!!"

\*

"Ayan maarte ka kasi."

Nilagyan ni Kevin ng benda yung paa ni Jersey. Kumikirot kasi yung heel nya.

"Wag ka na kasi umalis." Nakasandal si Jersey sa kanya, na medyo nakahilata sa sofa. "Ganito na lang muna tayo. Please?"

Tinignan ni Kevin ang oras: 1:42am. Mamayan 6am pa ang flight ni Kevin pabalik ng Germany. Dapat nasa NAIA na sya ng 4am.

"May 3 hours pa tayo," bulong ni Kevin. "What do you want to do?"

"Ganito lang muna tayo.. please?"

"Bakit ang drama mo ata ngayon?"

"Just.. just because." Sinubsob ni Jersey ang mukha nya sa dibdib ni Kevin.

"Wag ka ngang ganyan.. nahihirapan akong umalis eh."

"E di wag!"

"Gusto namang grumaduate. Ikaw din. Tamad mo."

"Kung di ka kasi nag-inarte e di sana mas marami tayong time together. Upakan kita't kalahati dyan e!"

"Suuus."

Tiningala ni Jersey si Kevin para makita nya ang mukha nito. Nakapikit pala ang kausap. "Saglit ka lang dun ah. Pag nakita mo si Tracy... iwas iwas iwas!!!"

"Opo. Magpapaka-hermitanyo ako dun. Di na ako maliligo!"

"Yuck wag naman ganun (-\_\_-)"

"Basta babalik ako."

"Siguraduhin mo yan."

"Tulog muna tayo, inaantok nako," request ni Kevin. Umayos din sya ng higa sa sofa.

"Psh wag dito dun sa loob!! Ang sikip!!!"

"Okay na dito. Goodnight." pinikit na ni Kevin ang mga mata tapos..

\*PAAAAAAAAAAAAAAAAAAK\*

"ARAY!!!" Nagising ito bigla. "Bakit ka ba namamalo bigla?"

"AYOKO SA MASIKIP!!! Dun na tayo sa kama ples?"

(.\_.) "Bakit pag ikaw ang nagsasabi ng kama iba ata meaning."

"BASTOS!!!" \*hampas\* "INAANTOK LANG KASI AKO BASTOS KA!!! Hmppp! Bahala ka dyan!"  
Tumayo na si Jersey para pumunta sa kwarto. Minutes later, nasa mga braso na sya ni Kevin.  
Buhat-buhat na sya nito.

"ANO NA NAMANG DRAMA TO!?!?!"

"Pagbigyan mo na. Aalis nako mamaya." May pangiti-ngiti pa itong nalalaman.

Kunwari namang paiyak si Jersey. "W-wag ka na kasing umalis.."

Inihiga sya ni Kevin sa kama, tapos tumabi ito sa kanya. "Haynako ayan ka na naman.. parang bata."

"Tsss. Minsan lang akong manlambing!!! BAHALA KA."

"Wag masyado. Mamimiss ko yan. Tapos hindi ko matatapos yung thesis ko.. tapos mas matatagalan ako dun ta--"

"O tama na nakonsensya nako!! Basta babalik ka ah? Uupakan kita kung hindi!"

"At yan kung mahahanap mo ko sa Bonn."

"Kukutusan talaga kita (-\_\_-)"

Niyakap na lang nya si Jersey nang mahigpit. "Dami pang satsat eh. Tulog na."

\*\*

4am, nasa airport na ang barkada. Medyo late pang dumating si Jicker.

"Sorry late," sabi ni Jicker sa kanila, medyo umiiwas ng tingin.

"Anyareh ba sayo teh? Tagal na kitang hindi nakikita ah!" medyo aning na sabi ni Kat.

"Busy lang! Ano ba, minsan lang magpamiss!"

Kanina pa lingon nang lingon si Kevin sa kung saan, na napansin naman ni Jersey. "Sino bang hinihintay mo? Kung hinahanap mo si Blair.. di darating yon."

Pinalo lang sya ni Kevin ng passport sa ulo. "Sira. Hinihintay ko si Blanche."

May kung ano kay Jicker ang nagreact (wag bastos) nang marinig ang pangalan ni Blanche. Tootoo kaya yung drama na sinabi ni Marlo last week? Hindi natutulog si Blanche? Tss. Kadramahan ng mga babae! Teka teka teka, okay Jicker lalaki ka na ba ulit? Ba't ganyan ka na makareact? (\*.\*)

"Hoy, since mawawala ako.. ikaw magbantay kay Blanche," striktong sabi ni Kevin kay Jersey.

(O.O) "HELLO! I'm not your.. chorva keeper!"

"Eto naman, titignan mo lang kung anong gagawin non. Hindi pa naman yan masyadong sanay sa lifestyle dito."

"Si Jicker na lang!" napatingin tuloy sina Jicker sa dalawa. "Diba Jick?"

"H-ha? Ano ba, busy ako teh." Yan na lang ang sagot ni Jicker kaya bumalik ang trabaho kay Jersey.

"Tss. Fine! Babantayan ko na. Pag pasaway sisipain ko yun pabalik ng Bonn!"

"Ang sama talaga ng ugali mo (-\_\_-)"

"Nagmana lang sa'yo. HAHAAH!"

Konting usap pa, tapos nireminisce nila yung pag-alis ni Kevin 3 years ago, yung may pabato-bato pa ng Havs si Jersey tas iyak chorva chorva. Hiyang-hiya naman ang babae sa pinaggagawa nya dati.

"Hoy excuse me," depensa nito. "Ang sweet kaya non! Ansaveh ng ibang airport scenes dun ah?"

Barkada: EWAN NAMIN SAYO!!

Blahblahblah moments hanggang ayan na, kailangan nang umalis ni Kevin. Paalam sa barkada, konting kantiyaw.. tapos huli na kay Jersey.

Ngumiti na lang ang babae sa boyfriend nya. "Wag kang mag-expect ng drama, Kevin. Goodbye lang ang sasabihin ko."

"Kung goodbye lang ang sasabihin mo ba't ang haba nun?"

"Tss. You think it's cute huh? Bwiset."

"Yung bilin ko sa'yo. Wag mong kakalimutan!"

"Opo boss."

"Sige bye! Ingat ka!"

"Goodbye!"

Naglakad si Kevin palayo sa barkada. \*step\* \*step\* \*step\* \*step\*

At tumalikod ulit ito. "Talagang wala kang gagawin?!?"

"Hoy Kevin hindi ka na bata! Tsaka 2 months ka lang namang mawawala! Ano ba!"

"Akala ko pa naman may part na hahabulin mo ko tapos.. maglulupasay ka.."

"Ah sir don't be carried away! Halos isang buwan ko ginawa yun para sa'yo noh!!! Umayos ka nga. Wala akong gagawin."

"Bakit naman?" may pout pa syang nalalaman.

"Kasi alam kong babalik ka sakin. Kaya umayos ka, tapusin mo ang thesis mo at umuwi ka ng buhay. Claro?"

"Opo, boss. Uuwi akong buhay."

"Alis na! Baka isilid pa kita sa purse ko. Joke lang, nag-eexpect ka na naman!"

Tuluyan nang umalis si Kevin. Hindi natatakot si Jersey, alam nya kasing tutuparin nito ang promise sa kanya.

\*\*\*

Isang linggo ring mag-isa si Blanche.

She requested time off from everybody, kahit si Kevin na pinilit sya na magpakita sa airport ay tinanggihan nya. Alam nya kasing nandun si Jicker. Si Jicker na.. mukhang nagpapauto na naman kay Anna. Ano bang meron yung babaeng yon at ang lakas ng tama sa kanya ni Jicker? Baka naman ginayuma ni Anna yon. That b\*tch.

Hindi rin sila nag-usap ni Marlo. Last na kita na nila yung sa Burger King. Ewan nya pero mas madali ang buhay nung hindi sya nagparamdam sa mga lalaking yon. Wow, nung pumunta sya

sa Pilipinas akala nya mabobore nya. Tapos ngayon.. sunud-sunod na kalokahan ang natanggap nya. How..unfortunate? Bahala na nga.

\*\*\*

#### LATER THAT NIGHT

Kakauwi lang ni Jersey sa isang function kung saan sya kinuha biglang photographer. Nasa flight pa rin ata si Kevin ngayon, hindi pa kasi nagtext o tumatawag. Medyo naiinis sya, bakit sya pa ang kailangang magbantay kay Blanche? I mean, 20 years old na yun, kayang-kaya tumayo sa sariling paa. Well alam nyang may pagka-g@ga si Blanche, baka makulong. Susme, of all people!

Sobrang pagod na sya! Kanina ginawa nya yung thesis nya, na nasa 65% na. Konti na lang! Konting kembot na lang!!! Umuwi sya sa condo nya around 12mn na. May tao sa harap ng unit nya, yun ang una nyang napansin. Akala nya kung sino, pero buti na lang familiar ang likod nito kaya hindi na sya natakot.

"HUY!!!" jolly nyang bati rito. "Bakit di ka nagtext? Kanina ka pa ba naghi--"

Humarap sa kanya ang kausap. At..

"Jersey.. don't hate me after this..."

"I love you."

#### **Chapter 49**

"Jersey.. don't hate me after this..."

"I love you."

Napanganga na lang si Jersey sa narinig nya. Wait, parang hindi reaction ng isang Jersey Santiago ang "napanganga" lang, kaya gawin nating OA. Let's just say pasalamat na lang at nakahawak sya sa doorknob nya or else, nabuwal sya sa sahi.

Nag-echo sa utak nya ang narinig. I love you. Tapos tinignan nya ulit yung nagsabi sa kanya. I love you.

Pakshet. Ano 'to, g@guhan?

Sa halip na mainis, nginitian lang nya ang nagsabi nun. Baka kasi joke.

"Marlo, lasing ka ba?"

"H-hindi ako lasing. Alam mo naman pag lasing ako diba?"

Kinabahan na si Jersey dun. Oo nga, hindi lasing si Marlo.



Akala nya joke lang. Akala nya.. sht anong akala nya? Bakit ba biglang sumulpot 'tong si Marlo from nowhere tapos magsasabi ng.. I love you? Ano 'to, joke time nila ni Jicker? O di kaya epal ni Blanche? Awsht si Blanche. Pakana na naman ng babaeng yon!!! Kung iniisip nyang magkakagulo ulit sila ni Kevin dahil sa ILY na yan.. lelang nya!

"Loko ka dre! Tara, pasok." Kunwari cool lang, na hindi sya kinakabahan. Binuksan pa nya ang pinto.

"Jersey.. don't dismiss me like that. I am darn serious."

"Marlo.. please lang. Kung pakana 'to ni Blanche.. ang pathetic lang. Pakisabi sa kanya wala na akong pake sa kanya. And kung galit pa rin sya sa ginawa ko sa toothbrush nya, I am glad to offer her Kat's prophylaxis service."

"Walang kinalaman si Blanche dito. Please listen to me."

Alam ni Jersey na seryoso si Marlo, boses pa lang e. Pero.. what the fck? He loves her? Alam nya dati oo, may something something sila. Kaso ngayon na may something na ito para kay Blanche.. parang ang hirap ata paniwalaan nun. No, hindi nya paniniwalaan yun.

"Ano bang kailangan ko pang pakinggan, Marlo? Itulog mo na lang yan."

"Jersey I am serious."

"Marlo.. don't start with me. I am not in the mood for your bullsh\*t."

"I just have to say it once," Wow. Familiar ang linya na yan!!! "Just let me. Ikaw na bahala kung anong gagawin mo. Listen to what I have to say."

"Plea--"

"I love you. Hindi kapani-paniwala pero Jersey mahal pa rin kita. Sorry kung ngayon ko lang nasabi pero seryoso talaga ako. Hindi ako nakadrugs o nakainom."

"Marlo you don't love me, okay? Di ba kay Bl--"

"Wag mo munang isali si Blanche dito pl--"

"EH G@GO KA PALA EH!!" Ayan, nagalit na sya. "Ano bang problema mo Marlo? Okay na ko! Okay na kayo ni Blanche! Ano pang hahabulin mo sakin? Don't tell me parehas mo kaming mahal ni Blanche?!"

"Pano kung ganun na nga? Kung parehas ko kayong mahal, anong gagawin mo?"

PAKINGSHT WHAT'S WRONG WITH THE WORLD MOMMA. Never niyang inexpect na.. na.. aabot to sa ganito. Dear whatever sana nanaginip lang sya!

"Hindi pwede yang sinasabi mo Marlo. You have to choose between the two of us. Pero kahit makapili ka pa, kahit ako pa piliin mo.. I'm sorry but I already gave my heart to someone else. Wala nang return policy yun. Di mo na rin pwedeng tubusin kasi possessive yung taong pinagbigyan ko. Teka nga.. sigurado ka ba? Pano si Blanche?"

"Jersey kanina ko pa sinasabi sayo na ikaw nga ang mah--"

"P\*TA KA. Sabi ko.. hindi nako magmumura pero naiinis ako sayo. Kung may sinabihan ka na ng mahal mo sya panindigan mo! Oo pinanindigan mo nga tong sakin pero yung kay Blanche? Panindigan mo yun! Hindi ko alam kung anong pinagdadaan nyong dalawa pero please lang, wag mo na akong idamay. At sayo na yang pagmamahal mo! Hello, sure ka bang mahal mo ako? Sigurado ka ba? Hello feel ko hindi!!! And if this is about the kiss.. forget that. Alam mo naman kung bakit ko ginawa yun diba? And alam mong pinagsisihan kong nangyari yon kasi.. sht please Marlo. Umalis ka na."

"Bakit hindi mo ko bigyan ng chance? Si Kevin binigyan mo bakit ako hindi?"

"Ayokong sagutin yan Marlo. Ayokong saktan ka."

"Sa tingin mo ba hindi masakit para sakin 'tong ginagawa mo? Seryoso ako dito Jersey!"

"Pa.. Sige," wala na, nagalit na talaga si Jersey. "Gusto mong sagutin ko? Bakit hindi kita binigyan ng chance? Bibigyan ng chance? Kasi.. hindi naman kita mahal. Hindi kita kayang mahal katulad ng pagmamahal na nararamdaman mo sakin, at yun kung pagmamahal nga ba yan. Ayokong makasakit ng kaibigan Marlo. But you asked for this. Now please go before.. before I kick you in the nads."

Akmang hahawakan na sana ni Marlo ang braso ni Jersey nang sumigaw ito. "Don't you dare touch me Chavez. Seryoso akong sisipain kita dyan."

"Jersey tek-"

"Sabi mo na wag akong magalit sayo? Guess what. Fck you for this."

At binagsakan na ni Jersey si Marlo ng pinto.

\*\*

Sinamahan naman ni Jicker si Anna nung hapon na yun na magshopping. Hindi sya makatanggi sa babae.

Dapat masaya sya na kasama nya si Anna. Eto na yung hinihintay nya 10 years ago eh, dream come true na! Kaso.. kanina.. ewan. Parang may kulang e. Anong parang, may kulang talaga. Ewan nya kung ano.. shet ano ba! Bakit palagi na lang may kulang?

"Jicker what's wrong?" tanong sa kanya ni Anna habang binabayaran na ang mga pinamili nito. Sa loob-loob nya nilalait nya ang mga binili ni Anna. 10 years na ang nagdaan pero wala pa ring fashion sense ang babae. Duh, Jicker. Busy yung tao.

"W-wala. Iniisip ko lang yung thesis ng friend ko. Nagpapatulong kasi sya."

"Oh. I see."

Konting lakad.. blahblahblah. Wala sya sa amor para samahan tong babaeng to. Pero bakit pa rin sya sunud nang sunod? Humirit pa si Anna ng isang round ng shopping kaso tumanggi na sya, at ginawa pang dahilan ang thesis ni Jersey na wala naman syang kinalaman. Buti hindi na nagtaka si Anna (o sadyang tanga lang ang babae).

Jicker, bakit mo ba nilalait si Anna? Ikaw naman ang may gusto nyan diba?

Pwede ba yun, na may isang bagay kang gustung-gusto pero nirereject ng utak (talaga bang utak o puso yan?) mo? Ah ewan. Wala nang sense to. Sumakay silang dalawa pababa ng escalator, last hirit na kasi ni Anna ang pagdaan sa Watsons. Pumayag na rin sya kasi may bibilhin syang gamot (kung anuman yang iniisip nyo.. Joke si Leng lang yon.) Bored na bored na b--

Nang maka-eye to eye contact nya si Blanche.

Pataas si Blanche, pababa sya.

Si Blanche nga ba 'to? Oo, hindi sya pwedeng magkamali. Si Blanche nga. Kahit naka-sunglasses pa to, alam nyang si Blanchita ito. Nagkatitigan sila saglit, pero umiwas agad sya. Tange, bakit ka umiwas?

"G@GO KA! Alam mo bang di yan makatulog!!! KASALANAN MO PALA!!!"

Ayan pala ang hindi makatulog, pumupunta pa ng mall! Sht Jickerson anong meron sayo?

"JICKER!!!" naramdaman na lang nyang binira sya ni Anna. Nakarating na pala sila sa pinakadulo. Buti na lang hindi naipit ang sapatos nya.

Hinabol nya ng tingin si Blanche kaso too late na, nakalakad na pala ito palayo.

ANO BANG NANGYAYARI SAYO JICKER?

\*\*

Tumawag agad si Kevin pagdating nya ng Bonn.

Hindi sinabi ni Jersey ang confrontation nila ni Marlo. Baka mapauwi bigla si Kevin at makabugbog pa ito.

\*\*

THE NEXT DAY , AROUND 5 IN THE AFTERNOON

May kumatok na naman sa pintuan ni Blanche. Actually kahapon pa may kumakatok dyan pero di nya pinagbubuksan. Strategic pa nga kung pano sya lumabas kahapon at nagpunta ng mall.

Oh, the mall scene. Hindi nya inakalang makakasalubong nya sina Jicker at Anna sa may escalator. Of all the places! Feeling nya nasa Titanic sya nun.. naaah Blanche ano ba? Bakit sya nagkukulong? Ewan nya. Kasi masakit? Hindi nya maexplain. Basta. May dahilan sya.

Masyadong persistent ang kumakatok sa pintuan nya. Isang tao lang naman ang ganon. Pinagbuksan na nya.

Nagulat sya nang biglang yakapin sya ni Marlo.

Si Marlo na isang linggong hindi nagparamdam sa kanya.

"M-marlo.. I can't breathe." Sinubukan nyang itulak palayo ang lalaki pero mas hinigpitan nya ang pagyakap dito.

"Blanche sorry.. may emergency lang kaya hindi ako nakapunta.."

Bumitaw si Blanche sa yakap na yun. Sa totoo lang naiiyak na sya, pinipigilan na lang nya. As in. Sobrang pinipigilan na lang sya. Ayaw nya magmukhang mahina ngayon. Kahit masakit na talaga.

"I-it's Jersey, right?" Sakit sabihin. Tangna.

Nagulat naman si Marlo sa narinig nya kay Blanche. Panong.. "Blanche," niyakap nya ulit ito. "Let me explain. I love you, alright? May inay-"

"Do you still love her?" Hindi na sya makatingin sa lalaki. Alam nya kasing anytime iiyak na sya.

"What? You're crazy!"

Kalmado syang tumingin kay Marlo. "Just answer me, please."

"I.." talo na sya. He needs to tell the truth. "I still do have feelings for her. Pero Blanchen wala na kong pakialam dun ngayon. As in. Ikaw lang. Seryoso."

"You don't have to lie to me, Marlo. You and I both know it. Ever since."

"Ha? I-i don't knoe what you're talking about!"

"Yung rock climbing.. yung.. Maciang sa San Pedro.. si Jersey nag-introduce sayo nun diba? Yung sa rock climbing pwede mo pang itanggi.. pero yung sa Maciang.. Marlo hindi ako tanga. Si Kevin ang nagsabi kay Jersey non kasi taga-San Pedro sya. A friend, yeah right. Siguro paranoid na ko pero hindi ko maiwasang isipin na.. hindi ako yung iniisip mo habang kasama

mo ko these past weeks. Sht Blanche eto ba epekto pag kulang ka ng tulog? Kung anu-ano na pinagsasabi ko."

"Teka lang Blanche nagkakamali ka."

"Nung tinanong kita last week.. I was really talking about her. I could feel it. You still love her. Sagad na ramdam ko yun. Masarap sa pakiramdam na sinasabihan mo ako ng I love you pero masakit din at the same time.. kasi alam nating pareho na may kahati ako. Sht buong buhay ko na lang ba palagi akong may kahati?!?"

"Blanche.. you're right. I admit, kinabahan ako nung tinanong mo ako. Pinilit kong hindi isipin pero.. I came to this realization that.. I have feelings for the both of you. Alam kong makasarili.. pero Blanche wag na lang nating pansinin yung kay Jersey. Nagkamali ako.. and I.."

"Shut up!" Ayan na, umiyak na si Blanche. Masyado na syang naloloka sa pinagsasabi ni Marlo. "Stop saying you love me! Stop lying through your teeth!! So ngayon sinasabi mong parehas mo kaming mahal? That's pathetic! Please don't tell me that you love us equally. Because Marlo, love is never truly equal. One loves the other more than the other way around. So please.. please lang. Wag mo nako pahirapan ng ganito oh. Tama na yung kay Jicker eh. Tama na.. pipiliin na sana kita kaso.. madamot ako. Ayoko na may kahati ako.. lalo na pag alam kong lamang sakín yung kahati ko. Please tama na.."

Wala nang nagawa si Marlo. Masyado syang nadala sa kalagayan ngayon ni Blanche. Feeling nya ang sama sama nya sa sitwasyon na 'to. Masama bang magmahal ng dalawang tao? Hindi naman diba? Anong kasalanan nya dito ngayon?

"I am sorry, Blanche. Sorry kung.. kung..ginulo pa kita. Pero tandaan mo.. mahal ki--"

"Wag ka nang magsinungaling. Mahal mo ako, pero mas mahal mo pa rin sya. That will never change. Alam mo yan sa sarili mo."

They stood there for some time, speechless. Galit na galit talaga si Blanche ngayon kay Marlo. Ang kapal ng mukha!!! Ang kapal!

Nakaramdam na ata si Marlo. Naglakad na ito palabas ng unit ni Blanche. "I'm going."

"At last." Nagka-amor pa si Blanche na ihatid ito sa may pinto. May titigan factor pang nalalaman ang dalawa sa may pintuan, si Marlo nagsosorry pa rin. Si Blanche.. bato na ata.

Bago tuluyang isara ni Blanche ang pinto, may pahabol ito.

"Oh, just a piece of advice. The next time you decide to confess your feelings to someone at 12mn, make sure your phone's not on pocket fcking dial."

Sabay bagsak ng pinto.

Sht. Kaya pala nalaman ni Blanche.

\*\*

Kinakabahan na si Jersey kay Jicker.

Fine, iniisip nya na kasalanan nya kung bakit hindi sya pinapansin ng kaibigan. Puro si Kevin na nga lang ang inatupag nya for a month, and ang last bonding session nila ay yung Guess photoshoot. Puro saglit na pagkikita na lang ang nangyari, tapos hindi pa ito sumasagot ng tawag. What's wrong with him/her?

Shoot, she forgot about Blanche. 2 days na si Kevin sa Bonn at palaging pinapaalala nito ang pagbabantay nya sa babae. What the freak? Sya, yaya? Ni Blanche pa! Kung si Ara yan tolerable pa e. Pero si Blanche? No chance in hell!

Pero.. may weird talaga eh. Bakit hindi nya macontact si Jicker? Ayaw nyang i-contact si Marlo, galit pa rin sya sa mokong na yun. Buti pa yung flower arranger kinocontact ni Jicker pero sya hindi! UNFAIR!! Tsaka ano bang nagawa nyang mali? Hindi naman sya nanlait or anything? Baka naman may lalaki na si Jicker? (O\_\_\_O) Kung anu-ano na ang iniisip nya!

Para mapanatag (at hindi na sya mainis) ang loob ni Kevin, she decided to visit Blanche. Eh sa magkalapit lang naman ang condo nila, ngayon lang nya pupuntahan. Kaso.. wala naman si Blanche. Asan yun?

Ah ewan! Bahala na. Punta muna sya ng Trinoma. Tinatamad na rin syang gumawa ng the--  
(O\_\_\_O) (O\_\_\_\_\_O)

ANO ITEY!?

No. This can't be. Tama ba ang nakikita nya?!?!?

Si.. Anna?

Katabi nya sa parking space!!!!!! The heck!!!

Tulad ni Marlo, never pa nyang nakita si Anna in person. Sa pictures lang din at kwento. Tapos taboo pa sa kanila ni Jicker yung topic na yun since sabi nga ng kaibigan (and to quote him/her), "Bakit ko pa babalikan ang isang masalimuot na alaala? Ano ako, sira?"

EH BAKIT NANDITO YAN?!?!? Sa totoo lang gusto na nyang sugurin yung babae sa labas. Gusto nyang pasabugin ang sasakyan nito. Psh. Fine, sya na ang magna cum laude ng BS Geology! Bumalik ka na lang sa Africa or God-knows-where at maghanap ka dun ng langis!!! BWISET!!!!

Sht. Jicker must not know about this. Malaking gulo pag nagkataon. Tsaka hindi pa alam ng barkada na.. na ganun yung nangyari kay Jicker. Super tinago nilang dalawa yun kasi nga.. ayaw na nilang may madamay pang iba. Eto namang si Anna eh, babalik na naman! Kung kelan may potential lovelife na si Jicker (she hates to admit it pero gusto nya si Blanche para kay Jicker, after that Marlo fiasco thing) tsaka susulpot! Sarap mang-upak!

\*\*

EH NASAN BA SI BLANCHE? SAN LUMUSOT YUN?

Masyadong stressful para kay Blanche ang araw na 'yon. Ibang klaseng stress ang naidulot sa kanya nung confrontation nila ni Marlo. Magsisinungaling pa eh nahuli na! Bwiset!!

Oo, she heard everything. Nagulat nga sya nung tinatawagan pala sya ni Marlo kagabi. Sya naman sinagot nya yung tawag agad. Then narinig nya ang...

"Jersey.. don't dismiss me like that. I am darn serious."

Kinabahan na sya dun. Dapat icancel na nya yung tawag kaso.. may something sa loob nya na pumipigil para gawin nya yun. Kahit masakit na sa kanya ang mga naririnig, di nya kayang icancel ang tawag. Pucha, saktong-sakto eh noh? Kung kelan.. napagdesisyonan nyang.. si Marlo na lang. Kesa kay Jicker. Pinag-isipan din nyang mabuti yon. Mas okay na na si Marlo na lang kasi mukhang wala na syang pag-asa kay Jicker. Ang galing kasing manggayuma nung Anna na yun! Ibang kapit!

Kaso.. wala eh. Mahal pa rin ni Marlo si Jersey. At ayaw nyang may kahati. Palagi na lang.

Gabi na pero umalis pa rin sya. Siguro 4 hours na rin ang nakalipas since that confrontation. Yung galit nya kay Marlo? Itinulog na lang nya. Tapos nagising sya at umalis. Hindi nya alam kung san sya pumunta.

Pero.. natagpuan nya ang sarili sa tapat ng condo ni Jicker.  
Ano ba Blanche, kinausap nya ang sarili. Masyado kang tanga. Wala ka nang pag-asa dyan!

Kakausapin mo lang naman. Anong masama dun?

Masama? Meron. May Anna na yan.

Teka, bakit hindi nya awayin si Anna? She did that before! Bakit tiklop ata sya ngayon?

Alam nya sa sarili nya ang sagot dun.

Kasi kahit manalo pa sya kay Anna, hindi pa rin sya ang pipiliin ni Jicker.

Kumatok sya, walang kasiguraduhan ang ginawa nyang yon. Pinapanalangin na lang nya na sana hindi si Anna ang magbukas ng pinto. Sana si Jicker. Sana si Ji--

"Blanche?"

Sakto. Si Jicker nga.

Takang-taka si Jicker kung bakit nasa harapan nya ngayon si Blanche. Aba himala, wala ata silang lakad ni Anna ngayon? May inaasikaso na naman kasi ang babae, na hindi nya alam

(ayaw lang nyang alamin). Anong relationship status nila? Ewan. Wala. Magkasama lang sila. Hindi nya masagot yung tanong ni Anna sa kanya nung nasa Jollibee sila. Kasi natatakot sya.

Alam nyo naman siguro yung feeling na gusto mong sumagot ng "Oo" pero labag sa loob mo, diba? Ganun ang nararamdaman ni Jicker pag may hint si Anna tungkol sa tanong na yun. Yes, gusto nyang i-try ulit with Anna kaso.. bakit ayaw nya ata? Pucha.

Nagulat sya sa itsura ni Blanche. Gusto nya sanang laitin ang babae kasi walang make-up ito. Mugto ang mata.. basta wasted! Unglamorous ba. Kaso imbis na laitin, nagtanong na lang sya. "O-okay ka lang ba?"

"Jicker.. please.. pwede bang dito lang ako sa tabi mo.. kahit..kahit hindi mo ako pinapansin? Sorry ang babaw pero.. please? Kung okay lang. Wag mo muna akong itaboy ngayon o. Please?"

SHT. Anong natira ngayon ni Blanche at ganyan sya? Parang suicidal? No choice naman si Jicker (pero kasi nag-aalala sya. Ano ba), pinapasok nya ito sa loob at pinaupo sa sofa.

Ano bang gagawin nya? Oofferan ba nya 'to ng juice o drinks or something? Kung alak ang hanap nya.. naku wala na. Ubos na! "Gusto mo ba ng tubig or.. something?" parang tanga nyang tanong. Umiling na lang si Blanche. K anong meron? Naku ingat-ingat sa pagtatanong, Jicker. Baka mamaya dahil pala sayo kaya nagkaganyan yan! Napasubo ka pa (-\_-)

"Anong drama yan Blanche? Anyareh?" kunwari chill pero kabado sya. Tama ba yung tanong nya.

Nakahalukipkip ang braso ni Blanche, at nakayuko pa ito. Drama lang! "I.. I was about to choose him."

Sht. Him? Sinong him? Si Marlo? DI NGA?!?! Bakit bigla nagbago ang ihip ng hangin? Akala nya sya ang gu--

Okay Jicker anong sasabihin mo? Bakit hindi mo matuloy? Tss. Nandun na naman yung feeling na yun eh! Parang naaasar sya na ewan. Basta ganun! Bakit ba madalas na ata 'tong nakakainis na feeling na 'to?

"Si.. Marlo? O di ba dapat masaya ka? Ba't drama mo?" He sounded so fake.

"I can't.. He.. still loves Jersey."

BOOM. Sapul. Sabi na nga ba e, hindi pa rin nakakamove on ang bestfriend nya kay Jersey. Ayaw lang nyang sabihin yun dati pero natatakot sya na baka.. pinoproject lang ni Marlo ang suppressed feelings nito kay Blanche. Tss. Sabi na nga ba e!

"Sure ka dyan?"

Medyo may bitterness sa tawa ni Blanche. "Heard it live. Naka-phone patch pa. Panalo, diba?"



"I'm sorry." What? Yun lang naman masasabi nya e.

"Bakit ganun Jicker? Bakit.. ganun? Buong buhay ko may kahati na lang ako. Si Maxene.. psh. Legal namang anak yun, magagawa ko? Tapos.. tapos.. si Anna kaagaw ko sa'yo. Kaso malabo na rin yun.. lakas ng kapit mo dun eh! Ayaw patinag.. tapos.. pati ba naman si Marlo? Akala ko malakas tama sakin nun pero.. pati ba naman sa tama may kahati ako? Si Jersey pa? What the fck is wrong with me?" tinignan nya si Jicker at natawa na naman. "Don't answer that. Ayokong marinig sayo, it would sting."

"We can't have everything that we want, Blanche. Deal with it."

"But I don't want to give up that easily. It's not like me. I'm the Queen Bee, right?"

Natawa na lang si Jicker dun sa Queen Bee. "Feeler. Ako pa rin si Regina George."

"Haaay Jicker.. sabihin mo nga.. Should I give up on you?" \*beat\* "I want you to be the one to tell me to stop. Para madala na ko. Stop this.. whatever this.. feeling I have for you. Para mas masakit.. tapos para nakakadala."

...

"Tell me, Jicker. Should I give up on you now?"

O ano ka ngayon, Jicker? Anong isasagot mo? Gusto nyang sumagot ng "Yes, please" kaso.. bakit ayaw nya? Putek Jickerson umayos ka!!

"D-don't give up on me, please?"

Hindi na nakareact si Blanche sa sinabi ni Jicker.

Because right after he said that, his lips crashed onto hers.

\*\*

Chapter 50

NORMAL POV

Sa totoo lang ayaw ni Blanche ng morning afters. Gawain nya yan sa Germany dati, sibat agad after ng isang "one night of fun". Pero syempre, iba 'tong kay Jicker eh. Special 'to.

Hanggang ngayon sa paggising nya ay hindi pa rin sya makapaniwala. Umabot sila sa.. ganito. Last night meant a lot to her. Hindi lang yan basta one night stand para sa kanya. She loves this man (wow, nagulat sya sa choice of words nya) so damn much. What more could she ask for?

Uh.. that Jicker would reciprocate her feelings?

UGH. Kauma-umaga ang nega na naman nya. Bahala na kung anong maging kasunod nito. Basta masaya sya. End of drama.

She felt Jicker stirred beside her. Sht bakit ba ang gwapo nitong lalaking 'to? Tanga na lang ang maniniwala na bading pa rin 'to. Well may mga pogi naman ngayon na nagiging teh.. ano ba Blanche tigil na nga! Sinisira mo ang atmosphere!!! Tinitigan nya ang natutulog na si Jicker habang natutulog. Hindi mo aakalaing sobrang taray nitong lalaking to. Psssh.(-\_\_-)

Nakaharap na sa kanya si Jicker. Haaaay bakit ba ang haba ng eyelashes nito? Talo pa sya ah! Nakakainsecure tuloy (>,<) Hinawi nya ang bangs nito para mas makita pa nya ang kagwapuhan nito. Just.. wow.

Moments later unti-unting minulat ni Jicker ang mga mata nya. She instantly flashed her smile.

"Good morning."

Halata kay Jicker na inaantok pa ito. Ilang beses pa syang nagblink para masigurado kung sino ba 'tong katab-- Sht. Si Blanche. Si Blanche. Bakit.. sht she's naked. Oh goodness. What on earth happened? He tried to keep his cool, baka kung ano na naman ang masabi nya. Natandaan nya yung nangyari kagabi. Sht bakit nya sinabi yon? Tanga tanga tanga t--

"Oh sh\*t."

Sinabi nya yun sa tono ng.. alam nyo yun eh.. tono ng pagkagulat.. na may.. pagsisisi na ewan. In an instant naglaho ang ngiti sa mukha ni Blanche.

"What's wrong?"

This, yan ang gustong sabihin ni Jicker. Kaso hindi nya magawa. Ayaw nyang masaktan si Blanche. G@go ka Jicker, pinapagalitan nya ang sarili, you took advantage of her vulnerability! Kahit kelan

talaga kung anu-ano ang pinapairal mo! Tanga! Napaupo sya sa kama, at sumandal sa headboard. Halatang gulat na gulat pa rin sya sa nangyari sa kanila.

"Jicker," Blanche reached for his arm but (surprisingly and unconsciously) he slapped it away.

Parehas silang nagulat sa action na yun.

"Blanche.. I think you should go. Now," seryosong sabi ni Jicker na hindi nagawang tignan ang kausap. Sht ano ba 'tong pinasok nya?!

"What?" Malapit nang maiyak si Blanche. Wow lang ha. Wow.

"Basta. You sho--"

Hindi na pinatapos ni Blanche ang litanya ni Jicker. She got up and fixed herself. Pabara-bara na lang ang ayos nya. Sht ang tanga rin nya. Alam nyang dito hahantong 'tong nangyari sa kanila pero hindi pa rin nya pinansin. Masyado syang naoverwhelm sa atensyon na binigay ni Jicker sa kanya. Ang sakit lang. She thought this time would be different. Akala nya may understanding na silang dalawa. Moment of truth: init lang ng katawan yon.

Walang masabi si Jicker habang nagbibihis si Blanche. Ni hindi nga nya ito matignan! Kelan ba yung huli nya? Almost 5 years ago! Sht. Bakit sa lahat pa ng tao kay Blanche pa nya nailabas ang frustrations nya? Galit sya sa sarili nya. Ang tanga mo Jicker! Konting isip naman dyan o! NagugUILTY sya sa nangyari. Nandito si Anna tapos.. goodness Jicker anong ginawa mo!!!

Naramdaman nyang tumayo si Blanche, at dun nya tinignan ito. Gusto nyang bawiin yung sinabi nya kanina kaso bakit? Hindi rin nya alam. Ano bang dapat nyang sabihin sa sitwasyon na 'to? Sobrang tagal na since nung huli nyang one night stand. Actually kinalimutan na nya yon.. at ayaw na nyang balikan pa.

"Blanche wait.."

She flashed her bitter smile before replying. "Thank you for reminding me I'm not special. Even the moment I think are ours.. it's just.. you working to get what you want."

"And we both know that it's not me that you want. Don't worry, I'm safe. I'm not as stupid like Katherine Heigl in Knocked Up."

Sabay nagwalk out na ito.

Gusto nang magpatiwakal ni Jicker dahil sa nangyari.

\*\*

8 HOURS LATER

JERSEY'S POV

Kapagod na 'tong araw na 'to!!! Wedding preparations + thesis + pagbabantay kay Sath..  
UGHHHHH KELAN BA 'TO MATATAPOS!?!?!

Shete nasan ba si Jicker? Kanina ko pa tinatawagan yung lintek na yun, titignan namin yung progress ng gowns!!! Hindi namamansin. Shocks.. alam na ba nya yung kay Anna? Magkasama ba sila? AAAAAAAAAAAAAAYAYAYAYAYAYAY ayoko na mag-isip ng kung ano!!! (O\_\_\_\_O)

AY WAIT. Si Blanche pa pala. Kailangan ko bang puntahan yun? Kruu sige na nga! Pupuntahan na. Pinagbilin pa kasi sakín ni Kevin eh! NAKAKAINIS!!!!

\*punta punta sa condo ni Blanche\*

Tagal naman magbukas ng pinto nito!!!

\*dingdong\*

\*dingdong\*

At last!

"What now!?!?"

(O\_\_\_O)

"Okay ka lang?" Yan lang nasabi ko. She looks so.. weird. Anong meron dito? Nakasuot ng sobrang laking shirt tapos mugto ang mata. Ewww.

"Obvious naman siguro diba? Tss. What do you want?"

"Uhhh.. can I come in?"

She rolled her eyes. Dukitin ko mata nito eh! "Pasok."

Akala ko di nako papapasukin nito. Taray! Hapon na hapon tapos ganto ang arrive! Tsss. Nahawa na ba 'to kay Jicker? Wait lang Jersey be cautious. Baka may lalaki yan sa loob! (O\_\_O) AWKWARD..

"Am I interrupting anything?" tanong ko sa kanya. She motioned me to sit on the sofa.

"Wala. Kung akala mo may lalaki ako dito sorry ka."

"Ang taray naman nito!"

Tinaasan nya ako ng kilay. "What do you want? Mantitrip ka na naman ba?"

"No no no.. Pinapacheck lang ni Kevin kung okay ka."

Napa-tss na lang sya. "Wow, naalala pa pala nya ako. Nice."

"Hoy ang arte mo ah. Ikaw nga 'tong hindi pumunta nung umalis sya. Kainis."

"Wag mo nga akong dramahan. Naging kayo lang ulit."

Nakakainis na 'to ah! Grr. "May problema ka ba? Ang init ng ulo mo eh!!!"

"If you're gonna b\*tch here then just go. I'm not in the mood for this."

Tinitigan ko 'tong babaeng to. Sarap batu-- OMG. OMG. OMG..

"Wait lang... did just have.." She shot me her dagger look. OH NO. I KNEW IT!!!

"Shut up!!!" namula si Blanche! OMG!!

"OMG IKAW HA!!! ANG PROMISCUOUS MO!!!" di ko talaga napigilang magulat. OMG LANG!!!!

Napaupo sya sa tabi ko, parang nagmumukmok na may yakap pang unan. Namumula sya!! "Ewan ko sa'yo Jersey."

"I just can't believe it!! Sabi ko na nga ba may after sex aura ka!!! OMG!!!"

"Hindi tayo close para magkwento ako sayo. So shut up."

(><) "Sungit mo!!!"

\*beat\*

"Si Marlo ba yan?" tanong ko sa kanya.

She sighed. "No."

"Is it Jicker?"

Ayun, tameme. Silence means yes. Shock na shock ako.. si Jicker? SHET LALAKI NA ULIT SI JICKER?!?!? Baliw Je, lalaki naman talaga yun, mapagpanggap lang (O\_\_O) ANO BA JERSEY INFO OVERLOAD!!!!

"Matatawa ka siguro dito, since tuwang-tuwa ka naman na nahhirapan ako. He drove me out of his pad. What a nice morning after, right? Go on, laugh!" Nakakatakot naman 'to (o\_O)

Pero bakit ganon.. bakit hindi ako masaya? Oo alam kong maldita ako kaso sa lagay na 'to.. awang-awa ako sa kanya. Sure, she had her moments pero.. bakit ba nakakaawa ang aura nya ngayon? "Grabe ka. As if nakakatawa yang sinabi mo. Alam mo bang.. dry spell si Jicker for 5 years? Sht. I can't believe this."

....

"Hoy Blanche wag ka ngang magmukmok dyan! Madrama lang yang si Jicker."

....

"Hoy!!!"

"He still wants Anna."

Nanlamig ako sa sinabi nya. Wow.. she knows about her? "Pano mo nalaman yang kay Anna?"

"Hindi ako dense, Jersey. Kung may gusto ako inalam ko kung may kahati ako. Ayun, meron nga."

"Are they seeing each other?"

Napatingin na lang sya sakin ng weird. "You didn't know? Yes, they've been seeing each other. 2 weeks na ata."

SHT NA MALAGKIT KANG JICKERSON KA!!!! MASASAPAK TALAGA KITA!!!! Tinago nya sakin yon!?!?! SI ANNA!!! DAPAT PALA PINASABOG KO NA YUNG SASAKYAN NUN SA TRINOMA E!!!!

"Hindi mo alam noh?" natawa pa sya. "Ewan ko dyan sa kaibigan mo. Masyadong tanga. Nakakainis!"

"Do you love him already?"

"Do you really want me to answer that? Isn't it obvious already? Hindi naman siguro ako magmumukmok dito kung hindi diba?"

"E di kunin mo sya kay Anna."

Napa (O\_\_O) sya sakin. "I can't. You can't always get what you want in this life."

"Tanga ka. Kung gusto may paraan, kung ayaw may dahilan. Ikaw nga 'tong suicidal dito eh! Kung may gusto ka e di ipaglaban mo!"

"Wow, e di sana ganyan yung ginawa mo nung naghiwalay kayo ni Kevin dati."

Ouch. That stings! "Iba naman kasi yung sitwasyon namin dati. Etong sa inyo.. pwede pang ayusin eh. Pwede pang ipaglaban. Alam mo.. kahit ayaw ko sa'yo.. di hamak mas in favor ako sa'yo kesa kay Anna. I hate her hair!!!"

"Akala nya pagkaganda-ganda ng buhok nya. Panget naman ng pagkakakulot. Kainis!"

At nagulat kaming dalawa nang sabay kaming tumawa. Wow, first time.

"Why are you being nice to me?" tanong nya sakin.

"Ewan ko. Basta ayoko kay Anna."

"Ayos din ng sagot mo ah. -\_\_\_-"

Bakit nga ba ang nice ko dito sa babaeng 'to? Eh parang dati sarap ingudngod ng mukha nito sa burak! K Jersey ang OA mo lang (-\_\_\_\_-) "You should fight for him, Blanche. Don't let that b\*tch have what you think is rightfully yours."

"He doesn't want me back! Anong gusto mong gawin ko, magmakaawa?"

"If you want something you haven't had before, then do something you haven't done before. Fight for him. Ang tanga mo lang pag hindi."

"Tsss. Ang dami mong alam. Nakakainis. Lahat na lang ng lalaki sa'yo."

"Ano na namang drama yan Blanche! Ang ayos na ng usapan natin eh."

"I heard Marlo's confession to you. Turns out na-pocket dial ako ng mokong habang kausap ka. B\*tch."



"I have nothing to do with him. Sorry kung ganon nangyari sa inyo. I really t-"

"You somehow defended me back there. I should thank you for that."

('o') DEFINE NGANGA. BAKIT NAGTHANK YOU TONG BABAENG TO!?! IS SHE DYING!?!?!? Anong irereact ko? "Y-you're welcome.."

"Tss. Minsan ang plastic mo. Nakakainis ka."

"Palagi ka namang b\*tch. Ewan ko sayo!"

Natahimik kaming bigla. In fairness, medyo enjoy kausap 'tong si Blanche. Hindi ako nauumay or anything. Kahit kanina pa ako pinipikon ng babaeng 'to.. medyo gets ko na. Hate to admit, but I'm starting to like her. Ang hirap nga naman kasi ng sitwasyon nya ngayon. May dalawang lalaki nga, hindi naman magets kung anong gusto. Shet lang.

"Just.. don't tell Kevin about this. Please?" pakiusap nya sakin.

"Fine. Ako na bahala," tumayo ako para umalis na.

"O san ka pupunta?"

"May aasikasuhin lang ako. Wag kang tanga."

\*\*\*

NORMAL POV

Buong araw tuliro si Jicker.

Kung ikaw ang nasa pwesto nya, kahit pano magugUILTY ka rin diba? Sana kinausap na lang nya si Blanche ng matino, hindi yung pinalayas nya ito basta-basta. Naiinis sya sa sarili nya! After ng may mangyari sa kanila ni Blanche, nagawa pa nyang samahan si Anna sa lakad nito. Oo na, sya na g@go.

Feeling nya pinagsakluban sya ng impyerno at.. impyerno na rin. Gulung-gulo sya ngayon. Sino ba talaga gusto nya? Si Anna o si Blanche? Tangna hirap pumili! Muntik pa nyang mabangga yung sasakyan na katabi ng parking space nya sa condo. Umayos ka nga!!!

Pagkababa nya ng kotse, may lalaking lumapit sa kanya. Si Marlo. Natandaan nya yung kinwento sa kanya ni Blanche kagabi. Mas g@go naman si Marlo kumpara sa kanya.

"Mag-usap tayo," seryosong sabi sa kanya ni Marlo. Nasa tapat sila ng sasakyan ni Jicker.

"Wala tayong dapat pag-usapan." Umiwas sya sa bestfriend nya.

"Nakipagkita ka na naman kay Anna? Grabe ka rin! May sira na talaga yang ulo mo! Ano bang pinakain sayo nun at patay na patay ka sa kanya?"

"Aba, nagsalita ang walang sapak sa ulo. You told Jersey that you love her? Pakshet ka. Alam mo namang may Kevin na yun!"

Gulat na gulat si Marlo sa sinabi ng kaibigan. "Pano mo na-- Si Blanche nagsabi sayo?"

"Malamang. Pakyu ka Marlo. Nasaktan don si Blanche. Durog. Kapal din ng mukha mo para magpakita dito!"

"Kung may unang dumurog ng puso ni Blanche ikaw yon g@go ka!"

"Ikaw na dapat pipiliin diba?!? Ano pang sinisinghal mo dyan?"

"Naniwala ka don? Alam nating pareho, ay nating tatlo pala na kahit ako ang pipiliin nya ikaw pa rin mahal non. Ikaw ang manhid e. Kitang mahal ka nung tao tapos nagpapakatanga ka dyan sa Anna na yan! Can't you see that she's just using you?"

"Wag ka ngang makialam samin! At pakialam mo ba kung gina--"

"P\*ta Jicker umayos ka. Baka mabanatan kita!"

"Kung ako sa'yo balikan mo na lang si Blanche. Mag-explain ka na lang sa kanya, papatawarin ka nun. Wag mo na lang ako pakialaman."

"Ikaw ang gusto nun, hindi ako."

"Nakuha na nya ang gusto nya sakin. Sayo na yun."

Hindi nagets ni Marlo nung una ang sinabi ni Jicker. It took him 3 seconds to process everything. "Oh no. You didn't."

"Yes. Last night."

Sa sobrang inis ni Marlo, hindi nya napigilan ang sarili na suntukin si Jicker. "Walangya ka! You took advantage of her!!!"

Sobrang sakit ng panga ni Jicker pero nagawa pa nyang tumawa. "Kaya ingat ka. Banlawan mo muna yon, baka ako pa malasahan mo."

"Leche ka!" isa na namang suntok sa tiyan ang pinakawalan ni Marlo. Sarap mang-upak!!! Napasandal na lang si Jicker sa hood ng sasakyan nya. Nagdudugo na ang labi nito. "Hayop ka Herrera! Kahit alam kong di ako mapapatawad ni Blanche, ipagdadasal ko na sana hindi sya mapunta sayo g@go ka!!!"

May pahabol pa itong isang suntok sa mukha bago umalis.

\*\*

Si Anna naman ay akmang papunta sa condo ni Jicker. Kani-kanina lang nya narealize na nagkapalit pala sila ng phone. Ang tanga lang (-\_\_\_-) Malapit na sya sa parking lot ng condo nang may humarang na kotse sa daan. Napapreno agad sya.

"WHAT THE F\*CK IS YOUR PROBLEM!?!?" galit na galit nyang sigaw. Lumabas sya para harapin kung sino man ang may-ari ng sasakyang yon. Pinaghahampas pa ni Anna ang bintana sa may driver's seat. "Lumabas ka dyan!"

Masunurin naman ang driver ng sasakyang yon, e di lumabas nga ito. Tandaan na nasa tapat ng pinto si Anna so ang tendency non ay...

\*whooooosh\*

Natamaan sya ng pinto.

"WHAT THE!?!?! NANANADYA KA BA!?!?!?" galit na galit na naman nyang sigaw. Akmang sasabunutan na nya yung driver nang humarap sa kanya ito.

"Masakit ba? Gusto mo isa pa?"

\*\*

San nga ba papunta si Jersey? Ano ba yung aasikasuhin nya?

Well, si Jicker lang naman ang aasikasuhin nya. Isang malakas na untog ang kailangan ng kaibigan nya ngayon. He's seeing Anna? Tanga't kalahati talaga yun! Pinagpipilitan pa rin ang sarili sa taong nanakit dati sa kanya. Jicker naman, gamitin minsan ang utak!!!

She decided to confront her friend right now. Minsan lang naman nila pag-uusapan si Anna kaya dapat grabe na 'to. Dali-dali syang nagdrive papunta sa condo nito nang.. makita nya ang kotse ni Anna na nasa di kalayuan.

So, live in na ang drama ng dalawa? Badtrip!!!

Inis na inis na sya. Bahala na talaga kung sinong superhero ngayon. Magpapaka-ala Fast and Furious muna sya (syempre joke lang, masikip ang daan). She managed to squeeze between cars para makalapit kay Anna. Nang lumuwag na ang daan, pinabilis nya ang takbo ng sasakyan nya, nag-overtake at hinarang ang sasakyan sa dadaanan ni Anna. Buwis buhay, pero worth it.

Natawa sya nang makita ang itsura ni Anna na sobrang galit na palabas sa sasakyan nito. Moments later naramdaman nyang pinagpapalo ng babae ang window nya.

"Lumabas ka dyan!"

Dahil mabait naman sya.. ayun, lumabas sya. Sinadya nyang laksan ang pagbukas ng pinto.

"WHAT THE!?!?! NANANADYA KA BA!?!?!?"

"Masakit ba? Gusto mo isa pa?"

Mas nainis pa sya nang makita si Anna nang malapitan. Oo, maganda nga si teh kaso jusme, halatang-halata ang swapang na ugali. Sayang ang ganda, sana pinaulan na lang ni Lord sa iba (-\_\_\_-)

"You are such a reckless driver! Oh wait, sinadya mo talaga yon noh!?!? DAMMIT! I'm calling security!" nilabas pa nito ang iPhone ni Jicker. Mas uminit ang ulo ni Jersey sa nakita nya. Inagaw nito ang phone.

"Kay Jicker 'to ah. Ba't nasayo?"

Tinitigan sya ni Anna nang masama. "Are you Jicker's friend?"

"Depende. Oo, kaibigan ko sya kung hihiwalayan ka nya. Hindi pag nagpapakatanga pa rin sya sayo."

"What do you mean?" painosente pa!!!

Lumapit si Jersey kay Anna, siguro mga 1 meter na lang ang distansya nila sa isa't isa. "Hoy babae ka! Nananahimik na si Jicker ngayon noh. Wag ka na makialam! Babastedin mo tapos ikaw 'tong maghahabol ngayon?!? Baliw ka rin noh!?!?"

"Wow, true friend! Pwede bang wag kang makialam samin ni Ji-"

"Tss. Ang off naman ata ng humor mo teh, ni hindi ako natawa dun. Kung anuman ang kailangan mo kay Jicker please wag mong hanapin sa kanya yun. Maraming iba dyan! Sila ang gawin mong tanga wag ang kaibigan ko!"

"You nosy b\*tch!!!" sasampalin na sana ni Anna si Jersey nang may biglang umawat sa kanila.

"JERSEY!! ANNA!! ANO BAA!!!"

Wala na, mas nabadtrip na si Jersey. Pano ba naman, si Marlo pa ang umawat sa kanila?! O teka ba't andito tong mokong na 'to? Tsaka bakit parang galit na galit? Tsss ba't ba ang daming tanong ni Jersey eh nasa gitna sya ng catfight dito? UGH.

Pumagitna si Marlo sa kanilang dalawa. "What's happening here?"

"She started it!!" sigaw ni Anna with matching turo pa kay Jersey. "Bigla-bigla na lang hinarang yung sasakyan sa daan!"

Sumama naman ang tingin ni Marlo kay Jersey. "Ba't mo naman ginawa yun!?"

"Pakshet pake mo ba?" Kay Anna naman sya bumaling. "Hoy babae ka, I don't care kung Geology man ang tinapos mo!!! Bumalik ka na lang sa Saudi o Africa o san mang may krudo at magpakayaman ka nalang don! Wag na wag mo lang guguluhin si Jicker nyemas ka!!!!"

"Jersey wag mo na lang sila pakialaman ni Jicker," medyo mahinang sabi ni Marlo. Mas nagalit na si Jersey.

"ANONG WAG PAKIALAMAN?!?! P\*CHA CHAVEZ ISA KA PA!!! ANG SELFISH MO RING WALANG HIYA KA!!!! BESTFRIEND MO YUN!!!!"

"AYAW NGA NYANG MAKINIG SAKIN!!! WHAT MAKES YOU THINK NA MAKIKINIG DIN SYA SAYO?!?!"

"Tanga!!! Wag mo kasi basta iparinig lang sa kanya, ipaintindi mo kung anong gusto mong sabihin! Kaya hindi nagkakaayos eh!!! BADTRIP!!!"

"BAKIT BA AYAW NYO SAKIN PARA KAY JICKER HA?!?!?!" sigaw ni Anna. Natahimik silang dalawa dun. "Masama bang magtry ulit? Ako na yung may mali last time, I accept that! Bawal na bang bumawi?"

Halata sa itsura nina Jersey na hindi benta sa kanila ang excuse ni Anna. Tsss. Plastic!! "Hoy miss! Excuse lang ah. But you don't eat what you've thrown up. Kung alam mo lang ang nangyari kay Jicker nung dinimiss mo sya.. mahihiya ka nang balikan pa sya. But in your case, hindi ka nga ata nahihiya. Kapal ng mukha mo!!!" Akmang sasampalin na ni Jersey ang kausap nang hawakan ni Marlo ang kamay nito. "Ano ba let me go!!!"

"Jersey wag mong idaa--" hindi na sya nakapagpigil at sinipa na nya si Marlo sa... alam na.

"That one's for Blanche," bumaling sya kay Anna na gulat na gulat sa ginawa nya. "And this one's for Jicker."

\*slap\*

"And that one's for Jicker. Pasalamat ka may appointment ako, kung hindi malala pa dyan ang matitikman mo."

Napaimpit na lang sa sakit ang dalawa. Buti nga.

\*\*

10pm na nang makauwi si Jersey. May Skype date sila ni Kevin ng 10, at ayaw nyang magpakita kay Kevin na banas kaya naghabol muna sya ng gig sa Makati. Kapal din ng mukha ni Marlo! Sarap mangupak!!!

Ayun, kwentuhan at asaran lang sila ni Kevin. Wala pang exact date ang pagbalik ni Kevin sa Pinas, nagkaron kasi ng problema ang thesis nya at medyo paimportante rin ang adviser nya (-\_-) Sobrang ingat si Jersey sa pagkukwento, todo edit sya sa utak nya. Baka madulas na naman sya.. patay kay Blanche /wrist

"Nga pala," masayang sabi ni Kevin habang umiinom ng kape. "Maxene gave birth last night. A baby girl."

"Seryoso?" nawala bigla yung inis nya. "What's her name?"

"Ewan, di ko pa natanong. Basta ninong ako."

"Ngayon pa lang walang kwenta ka nang ninong (-\_-)"

"Salamat ah! Ninang ka rin daw."

"Eh pupunta pa ako dyan sa Germany?"

"E di proxy! Basta ninang ka raw sabi ni Max. Nga pala, si Blanche? Pinuntahan mo na?"

\*gulp\* "Naman! Pinuntahan ko kanina. She's fine."

"Sabihin mo sa kanya 3pm yung meeting nila ng dad nya. Bawal sya malate. She's not answering my calls."

"Sige sabihin ko sa kanya." \*beat\* "Wait, 3pm? Tapos tatay nya? Di ba hindi sila nag-uusap?"

"Oo nga. Kaya nga makikipagkita para magkausap sila diba -\_\_-"

"So pupunta sa Pinas yung dad nya?"

Napakunot naman ang noo ni Kevin sa sinabi ni Jersey. "Ha? Anong Pinas? Dito kaya!"

"Weh."

"Teka, di nya sinabi sayo?"

"Ang alin?"

"Talaga yung babaeng yon!" napakamot ng ulo si Kevin. "Baliw yang si Blanche."

"Alam ko."

"No no no no.. not that. Siraulo yan. Hindi pala nagfile ng leave of absence sa university. So th-"

"AWOL SI BLANCHE?!?!?" (AWOL - Absence Without Leave)

"Yup. Ilang buwan din syang di pumasok. Ang akala nina Maxene saglit lang sya dito pero hindi, naaliw. Pinabayaan na rin ni Max. Pero ngayon.. may threat na na iexpel sya pag di pa sya nagpakita within this week."

(O\_\_O) "Are.. you serious?"

"Mukha ba akong nagjoke? Tss. Pakisabi sa kanya dapat nandito na sya by Saturday. Ako na bahala sa tickets nya."

"Eh that's 3 days away!!!"

"Tagal ko nang pinapaayos sa kanya yan, baliw talaga yun. Masyado atang nawili sa company ni Jicker."

So.. she's leaving? In four days?

Sh\*t, kung kelan mas lumala ang mga pangyayari tsaka nagkaganito.

## Chapter 51

JERSEY'S POV

\*paaaaaaaaak\*

"ARAAAAAY!!! WHAT'S WRONG WITH YOU!?!?"

Aba, English agad ang pambungad? Whatever!!! Naiinis ako!!! 6:30 am nandito nako sa pad ni Blanche. Anong ginagawa ko rito? Syempre, papagalitan ko 'tong bwiset na 'to! HINDI MAN LANG SAKIN SINABI NA AALIS NA SYA!!!

Pumasok na lang ako basta at pumunta sa harap ng ref nito. Ano ba yan! Walang kalamam-laman!!! Kumuha na lang ako ng pineapple juice at umupo sa sofa nya.

(O\_O) <- itsura nya.

"What the hell Jersey!!! BAKIT ANG AGA MO ATANG MANG-B\*TCH NGAYON!?!?" Gusto na ata akong sakmalin ng mga tingin ni Blanche. Asa sya!!

"Aalis ka na pala hindi ka man lang nagsasabi," sabi ko na parang wala lang. Nagulat naman sya for a second, pero nakarecover din agad.

"Dammit Kevin bakit ba ang daldal mo!?!?" umupo sya dun sa seat adjacent to the sofa. "Ano naman ngayon sayo kung aalis nako? Diba goodbye and good riddance?"

"Asa ka girl! Bago ka mag-goodbye and good riddance dyan ayusin mo muna yung gulo mo! Ano yun, iiwan mo na lang sakin basta? Umayos ka nga."

"There's nothing to f-- STOP HITTING ME!!!!"

"ANG SARAP MO KASING SAKTAN!!!!!"

"ANG SAMA MO TALAGA!!!"

"Hindi ako masama! Nakakainis ka lang talaga," hinagis ko sa kanya yung can ng pineapple juice.  
"Wag ka kasing duwag."

"Nagsalita."

"Past na yon. Tsaka hello, can you just learn from my mistakes? "

"Well you're not exactly the teacher for this course, Jersey. Why can't you just leave this alone?"

Grrr kanina pa talaga 'tong lokaret na 'to!!! "I can't."

"Bakit na naman? Goodness, nakakainis talaga kayong may Messiah Complex. You can't fix everything!"

"But I can try!!!" halos mapatayo na ako sa sobrang inis. "Hoy Blanche, hindi lang kasi ikaw ang involved dito eh. Pati na rin si Jicker. I understand na nasaktan ka pero bakit ayaw mong mag-effort na ayusin? Baka sakaling mabawasan yung sakit? O baka mauntog na yung hinayupak na kaibigan kong yon."

"True love never dies, Jersey. You and I both know that."

"Iba ang true love sa pagiging t@nga. Kung toxic yang true love mong yan.. pakshet wag na lang."



She rolled her eyes and stood up. "Whatever. I need a drink." Pumunta sya dun sa mini-bar nya. Wow ilang buwan pa lang dito may mini-bar na? Panalo.

"Hoy 6:45 pa lang! Iinom ka na?"

"Katulad ng sabi ni Kevin before, pampamanhid."

Maasar nga 'to. "What's the use of a hangover if the heart still hurts more than the head?"

Napatigil sya sa pagsalin ng scotch (Naks maka-scotch si teh!) sa baso. "I hate you."

"Eh totoo naman diba? Wag mo na lang iinom yan! Sayang yang scotch mo sige ka."

Tinaasan na nya ako ng kilay. Uh oh, nasagad ko na ata sya. "Seryosong tanong: why are you doing this?"

"Ano? Me being a pest? Ganun naman talaga ako ah!" sabay tawa.

"No. You're somewhat.. concerned about me."

"Ay kapal mo teh. Hindi ah! Ako concerned sayo? Asa ka!"

"Wag ka ngang magdeny. Kung talagang gusto mo kaming magkaayos, si Jicker ang pupuntahan mo at hindi ako. After all, he's your friend, right?"

"I'll deal with him later. Ikaw muna ngayon, kasi pinapacheck ka sakín ni Kevin."

At ang loka, tinuloy pa rin ang pag-inom ng scotch. Walang kain! Bahala sya dyan. "I received his message. Kukunin ko na yung ticket later."

"G@ga't kalahati ka rin noh? Nag-AWOL ka!!! Bakit naman?"

"Ayoko na dun."

"E di wag ka na bumalik don! I mean pagkakausap mo sa daddy mo bumalik ka rito!"

"I.. I don't think I could do that anymore. I'll stay there for good."

Medyo nanlumo ako sa sinabi nya. Yung mga mata nya kasi eh.. may something. Halata sa kanya na ayaw nyang umalis, pero sa sobrang sakit no choice na sya. "Sure ka na dyan? May 4 da--"

"Choice ko na 'to Jersey. Just let me handle this, please? I appreciate.. this. Whatever you're doing. I'm ready for the consequences."

"Hay nako.. bahala ka na nga. Wag ka na uminom, itulog mo na lang yan. Basta Blanche," tinignan ko sya nang seryoso. "May 4 days ka pa. Fine, hindi na kita papakialaman. Ang akin lang.. sana magbago pa rin ang isip mo. Mahaba ang 4 days, hindi natin alam ang mangyayari. Carpe diem."

"Ewan ko sa'yo. Dami mong sinabi." (--.) Ibang klase talaga 'to.

Ilang minuto pa ang pinalipas ko bago ako nagdecide na umalis. Inaantok na kasi ako. Hahaha! Nambwisit lang talaga ako ngayong umaga. Himalang hinatid nya ako sa may pinto.

"Hey," sabi nya sakín bago ako lumakad paalis. "San ka nga pala pumunta kahapon?"

"Took care of something."

"Ano yun?"

"Ginanti ko si Jicker."

"WHAT!"

"At ikaw rin. Siguro may bukol si Anna ngayon. Matulog ka na! Kainis 'to."

\*\*

NORMAL POV

Two days ang nakalipas pero wala pa ring ginagawa si Blanche. Two day na ring pabalik-balik si Jersey sa pad nito para pilitin syang kausapin si Jicker. Two day na rin syang tumatanggi.

Okay na yung mga gamit nya. May nahanap na ring bagong tenant yung management. Pinauna na nya yung ilang gamit nya sa Bonn. Eto na talaga. There's no turning back.

Pero hindi mawawala sa kanya yung WHAT IF na yun. What if.. kausapin kaya nya si Jicker? What if.. magbago ang isip nito? Babalik pa kaya sya?

Naaah. Malabo yun. True love yan eh, mahirap kalabanin. Ano ba naman yung kanya compared sa "love" ni Jicker para kay Anna? Ang layo ng agwat nun, milya-milya. Sa totoo lang marami syang gustong sabihin kay Jicker. Gusto nyang saktan ito. Gusto nyang paiyakin ito. Kaso shet, bakit lahat ng gusto nyang gawin ay nagback fire? Sa kanya ata napupunta lahat.

"Blanche," eto ang sabi sa kanya ni Jersey bago ito umalis kanina. "Walang mawawala sa'yo kung kakausapin mo."

"Jersey how many times do I have to--"

"Kahit ilang beses pa. Mas gusto kita kesa kay Anna. That b\*tch."

In fairness natutuwa sya sa set-up nila ni Jersey ngayon. Parang hindi nangyari yung toothbrush incident months ago! Gets na nya kung bakit ganun na lang kamahal ni Kevin 'tong bwiset na 'to. Tanda nya nung naaksidente si Kevin, galit na galit sya kay Jersey. Nung nagkamalay naman si Kevin at hinanap si Jersey, dun umabot sa sukduhan ang galit nya. Naaksidente na nga, hahanapin pa? Pucha lokohan! Inis din sya kay Kevin nang bumalik ito sa Pinas, sinabi nyang may teaching job daw ito. Alam naman nyang si Jersey ang babalikan nito. Kaya sya sumunod kay Kevin 6 months later, para paghiwalayin ang dalawa.

Eh wala. Kahit anong gawin nya matibay yung dalawa. Kung sana.. katulad ng pagmamahal ni Kevin kay Jersey ang pagmamahal nya kay Jicker.. na tipong (kahit corny) kakalabanin ang lahat okay lang, at least in the end sila pa rin talaga ang magkasama. Hindi pa naman umaabot ang nararamdaman nya para Jicker sa ganon. Gusto nya, kaso natatakot sya. Baka kasi hindi nya makaya, at malaki ang possibility na masayang yon.

\*\*

#### JICKER'S POV

Ako na lang mag-isa ang pumapasok sa studio ngayon. Pakshet na Marlo yan, wag magpapakita sakin yang lecheng yan. Si Jersey naman hindi kami nagpapansinan. Isa pa yun eh, grabe makaganti! Nagkabukol tuloy si Anna. Sht lang.

Ayokong pag-usapan si Blanche. Baka kung ano lang ang masabi ko. Wala akong masabi tungkol dun. Seryoso. Fine, I'm a jerk. End of story.

Nag-aayos ako ng gamit sa station ko nang marinig kong bumukas ang pinto.

"Wait lang!" sigaw ko.

"Anong wait ka dyan?"

Halos mabitawan ko ang hawak ko. Shet lang. Nilapag ko na yung mga gamit at hinarap yung nagsalita.

"At ngayon ka lang nagpakita! Teh June na ngayon!!! Sangkatutak na ka--"

"Jicker I'm not here for that. Alam mong naka-sabbatical ako for my thesis."

Anong problema nito ni Jersey? Hah, ako pa nga dapat ang magalit! After what she did!

"O, ba't ka nandito?"

"Blanche is leaving tomorrow. Pinapauwi na sya ng daddy nya."

That shocked me. Wow, aalis agad? After what happened to us? Panalo. Pake ko? "Gagawin ko?"

"Sht naman Jick! Umayos ka nga!"

"Wala akong kailangang ayusin kasi hindi naman ako sira."

"Pakyu."

"Teka ano bang iniirit mo dyan? Kung nandito ka para magdrama, I don't have any time for that."

"Pwede ba kahit ngayon lang habang nag-uusap tayo wag kang maging close minded? Ganyan na ba epekto sayo nung bwiset na Anna na yun?"

"Watch your mouth, Miss."

Napanganga na lang si Jersey. "Wow ha, I'm friggin' scared! Oh I forgot, lalaki ka na nga pala ulit. Congrats. I heard you bedded Blanche and you drove her away!"

"Jersey please.. umalis ka na bag-"

"Bago ano? Bago mo ko saktan? Pucha naman Jicker! Gising naman dyan oh! Nahihirapan si Blanche!"

"AKO BA HINDI NAHIHIRAPAN!?!?" di ko na napigilan ang sarili ko na sumigaw. Medyo nagitla pa si Jersey, first time ko lang syang sigawan ng ganyan.

"Jicker hindi naman mahirap pumili eh."

"It's easy for you to say! Jersey.. I already made my choice, okay? Deal with it."

"Are you happy with that choice?"

Nga ba?

"Shut up."

"Jicker ano bang gusto mo sa buhay mo? Halos 11 years ang ninakaw ni Anna sayo! Tapos itatali mo pa ang sarili mo sa kanya? Hindi ka naman tanga? Ay wait, mali pala. SOBRANG TANGA KA."

"Minsan nakakatanga talaga ang pag-ibig, Je. Alam mo yan."

"Oo, nakakatanga nga minsan ang pag-ibig pero siguraduhin mong worth it yung taong dahilan ng pagkatanga mo!"

"So you know what it feels like huh?"

Nagtaka sya. "What?"

"That frustration.. that damned feeling. Ganyan ang naramdaman ko sa inyong dalawa ni Kevin last year Je. Ganyang-ganyan. And if you're returning the favor, please lang. I don't need your help."

Dun ko lang narealize na umiiyak na sya. Akala nya madadaan nya ako sa mga drama nyang ganito? Asa sya. "Jicker ano ba.. bakit ka ganyan?"

"Nagmamahal lang ako."

"Sa maling tao naman."

"Sige nga Je," tinignan ko na sya sa mga mata nya. "Pano mo malalaman kung mahal mo yung isang tao?"

"Pag masaya ka pag kasama mo sya tapos.. marerealize mo na kailangan mo sya," mahina nyang sagot.

"Pano mo malalaman na tama na?" nagulat ako sa sarili ko. Ba't ko ba natanong yun?

"Pag naging masakit na yung dating masaya."

Awkward silence.

"Kung.." medyo humihikbi pa sya. "Kung nahihirapan kang pumili.. isipin mo na lang yan.. kung sino sa kanilang dalawa ang naiisip mo sa situations na yan. I-evaluate mo kasi Jicker. Hindi lang kayo ang nahihirapan dito, kami rin apektado. Kasi kaibigan kita eh. Mahal kita kaya ako nagkakaganito. Kahit jombagin ko pa yang si Anna gagawin ko! Pero bahala na, ikaw ang boss eh. Buhay mo yan. Ang akin lang.. gusto kitang maging masaya.. totooong maging masaya. Kasi you wanted that for me and look, it happened. Kevin and I got back together. And I wanted the same for you. Is that too much to ask?"

Gulung-gulo na ang utak ko. Ano ba Jersey!!! Bakit ba naapektuhan ako sa mga sinasabi mo!? Pakshet naman yan oh! Napaupo na lang ako sa may table, tulala. Sht ano ba! Bakit may gan--

"It's now or never, Jick. Make your choice," yan ang last words ni Jersey bago nya ako iwan sa studio.

\*\*

NORMAL POV

Come to me now

And lay your hands over me

Even if it's a lie

Say it will be alright

And I shall believe



Last night na ni Blanche sa Pilipinas ngayon.

Nung unang pagtapak nya sa bansa.. she hated this place. Eto na pala yung Pinas! Polluted.. palaging traffic.. super layo sa ambiance ng Bonn. Hindi naman ganito yung kinalakihan nya sa Germany. Nanibago sya agad, sa pagkain (though pinagluluto sya ng Filipino foods sa Germany kaso minsan di nya trip), sa weather at especially sa tao.

Almost 5 months sya nandito, pero feel nya 2 years yon. Sa stress at halu-halong emosyon ba naman na naramdaman nya! Marami namang syang nakilalang kaibigan (kasama na dun ang Secret Society kaso hindi nya masyadong nakasama ito), frenemy (si Jersey yan) at.. si Jicker.

Kasalukuyan syang tumatambay sa kanyang breathing space, sa Seaside. Gabi na, maraming tao. May mga batang nagtatatakbo, mga magulang na naghahabol. Tawanan. Masasaya.

A thought hit her. San ba dapat pumunta ang isang taong malungkot? Sa lugar kung saan maraming masaya o sa lugar na maraming katulad nya na malungkot? She dismissed that one, aning na talaga sya.

"Oh come on, don't be silly," she scolded herself as her view turned blurry. She couldn't become all sentimental now.

Kanina lang kausap nya ang daddy nya. Galit na galit ito sa pag-aAWOL sa university. Mula dun nasabi ni Blanche ang mga bagay na hindi nya masabi dati sa daddy nya. Hirap nga naman maging anak sa labas diba? Nagulat sya nang mahinahon lang ang daddy nya despite sa masasakit na bagay na nasabi nya. At ang huling sinabi nito?

"Come home, Blanche."

That was the first time she heard those words from her father. Kaya excited na syang umuwi! At last, they could start anew! Okay lang naman na nandun si Maxene, may pamilya naman yun ngayon. Gusto lang nya na maging masaya kasama ang family nya ngayon. First time kasi eh!

But she knew; just one little sentence of a certain person would be enough and she would screw all the plans she made. And she also was convinced that this little sentence wouldn't come.

Asa ka naman, sabi nya sa sarili nya. Pinagtabuyan ka na non tapos mag-eexpect ka pa? Tama na nga! Aalis ka na bukas. Iwan mo na lang dito yung mga nangyari sayo. Period.

\*\*

Kanina pa palakad-lakad si Jicker sa pad nya. Eto ang isa sa ugaling ayaw nya sa sarili, hindi kasi bagay sa kanya. Sya kasi yung tipo ng taong pinipili lang ang taong maaattach sa kanya. Ayaw nya ng ganito.

But somehow, she had found her way into his heart; she had wiggled her way in, possibly without even having this intention in the first place.

Sobrang naguguluhan na sya. Sinisisi nya si Jersey ngayon. Sino ba talaga, si Anna o si Blanche? Sht lang. Kung si Blanche.. ano namang gagawin nya? Luluhod ba sya sa harapan nito at magmamakaawa na wag umalis? Sasabihin ba nya na kahit paano mahalaga sya sa buhay nya, na pati sya nagugulat dahil ganon ang nararamdaman nya?

Was he supposed to open his heart to her like that? And what would she do? Blanche wanted this chance to start with her family again. She had always dreamt of it.

O e anong gagawin nya if ever sabihin nya yun? Siguro ngingiti lang si Blanche, sasabihin na hindi na sya aalis. Tapos, him being Jicker, babawiin nya yon at papaniwalain na joke lang ang sinabi nya.

Pero.. pano kung yun na lang ang chance nya? Pano kung pag sinabi nya nga yon hindi na sya aalis? Pano kung sa iba nya gustong marinig ang mga katagang yon? Stay, Blanche. Stay.

Kanina pa sya nagmumura sa isip nya. Palakad-lakad, hanggang matagpuan nya ang sarili na palabas sa pad nya at papunta sa parking lot. May possibility na mali na nama 'to. Pero sisihin nya ang sarili kung hindi nya 'to gagawin.

\*\*

I'm broken in two

And I know you're on to me

That I only come home

When I'm so all alone

But I do believe

Tawagin nyo syang madrama pero gusto nyang marinig yung dalawang salitang yon.

Stay, Blanche.

May tao kayang maglalakas loob na magsabi sa kanya ng mga salitang yon?

Nagdadalawang-isip sya kung aalis na ba sya o mamaya na. Kaso may isang pamilyar na boses ang gumambala sa iniisip nya.

"Enjoying the view?" tanong sa kanya ni Jicker na umupo sa tabi nya. Napangisi pa ito bago tumingin sa mga taong katabi nila. Blanche studied him. Typical Jicker smirk, pero may kakaiba eh. Sa mga mata nya.

"Yeah, it's nice."

Jicker nodded. "Sigurado akong mamimiss mo 'to. Along with many other things." He glanced at her, just briefly.

"Yeah, along with many other things," dahan-dahan nyang inulit ang mga sinabi ni Jicker.

"Excited ka na ba umuwi?"

"Of course!" she answered, a little too fast, causing her to wince.

"Wow, gumaling ka na sa pagsisinungaling, Queen Bee." Napailing na lang si Jicker. "What's the matter? Di ba dapat natataranta ka na ngayon sa apartment mo imbis nagdadrma dito sa Seaside?" Tumigil sya. "O kasi hindi ka talaga excited umuwi?" Another pause. "I mean.. mas maganda nga ang Bonn kesa sa Manila but.. ah ewan!"

Natawa si Blanche sa monologue ni Jicker. "Yeah, mas maganda nga ang Bonn kesa sa Manila. Actually I hated this place. Sa sobrang inis ko ang hirap iwan."

May gustong itanong si Blanche kay Jicker kaso natatakot sya sa magiging sagot nito.

"Why are you here?" tanong nya kay Jicker. Bahala na!

Oo nga, tanong ni Jicker sa sarili. Bakit ba sya nandun? Ewan. Para magpaalam?

"Bakit, masama na bang magpaalam ngayon?"

"Hindi naman.. it's just that.. it feels weird. After what happened between us... and A--"

"Sigurado ka bang isasali mo sya sa usapan natin ngayon?" natawa pa si Jicker.

"H-hindi naman. Ang akin lang.." she trailed off.

Natahimik na naman silang dalawa. Ano nga bang dapat sabihin? Dapat bang sabihin ni Jicker na 'Stay, Blanche'? o wag na lang?

"Jicker," nagulo ang debate sa utak ni Jicker. "Thank you."

"For what? For the sex?" nagawa pa nyang mang-inis, ayun tuloy nagblush si Blanche.

"Apart from that. Wait lang patapusin mo muna ako, please?"

"Sure."

That not everything is gonna be the way

You think it ought to be

It seems like every time I try to make it right

It all comes down on me

"Thank you for everything. Sobrang kapal na ng mukha ko pero.. thank you talaga. I know I've been such a pest. Pinainit ko ang ulo mo, binwisit kita.. Pinakialaman kita.. basta! Naging bwisit ako. Pero hindi ko pinagsisisihan na ginawa ko yun kasi.. dahil sa lahat ng yon nakasama kita. Thank you for everything.. for letting me love you sa ganitong paraan. Alam ko namang.. kahit anong gawin ko in the end sya pa rin ang pipiliin mo. Oh sht just don't mind me. Basta Jicker, thank you for everything. Don't worry, mahal pa rin kita. Sht sorry kung nawiweirduhan ka pa rin ah? Ganto lang talaga ako. Kung naguguluhan ka dahil sa mga pinagsasabi mo.. kaya mo yan! Matalino ka naman diba? Wag tanga."

...

"Stay, Blanche."

Akala ni Blanche mali sya ng narinig. "What?"

Tinitigan ni Jicker si Blanche. "Stay."

"I can't."

"Why?"

"You're still confused.. and you're too late."

Aray <///3

Hinawakan ni Jicker ang kamay ni Blanche. "Oo nga, medyo magulo pa nga utak ko ngayon. Pero may clue na ako sa gagawin ko."

"Really?"

"Yep."

Moment of silence.

"Uy, umuwi ka na. Hassle pa sayo bukas," sabi ni Jicker kay Blanche, tinanggal na rin nya ang pagkakahawak ng kamay nya.

Nagising na rin si Blanche sa realidad. "Sure."

Hinatid na lang ni Jicker si Blanche sa sasakyan nito, walang nagsasalita sa kanilang dalawa. Nang makasakay si Blanche sa sasakyan, sumilip si Jicker sa bintana at inutusan si Blanche na ibaba ang ito.

"Yes?"

"I'll still be here," yun lang ang sinabi nya.

Ngumiti na lang si Blanche. "And if it's meant to be, we'll be together. Someday."

With one last stare, they said their goodbyes.

Please say honestly you won't give up on me

And I shall believe

And I shall believe

\*\*

THE NEXT DAY

Hindi nakatulog si Jicker kagabi.

Sure, ginawa nya ang pakay nya. Sinabi nya kay Blanche na wag umalis. Pero bakit may kulang?

Nagtext nga pala si Jersey kanina.

2:15pm flight ni Blanche. Punta

He opted not to reply. Okay na yung kagabi. Baka mahirapan pa sya kung pupunta sya dun ngayon. Haaay. Itulog mo na lang yan Jicker. Sakit na ng ulo mo.

\*\*

Kanina pang tanghali nasa airport sina Jersey at Blanche. Tumambay muna sila sa isang cafe.

"May 2 hours ka pa para magback-out," sabi ni Jersey habang nagbabasa ng magazine.

"Shut up."

"Di ka na talaga papipigil?"

"Obvious naman siguro diba?"

"Chill lang teh. Dadating din yang hinihintay mo."

"I am not waiting for anyone. At bakit ka nga ba nandito?"

"Kevin asked me to."

"May papasabi ka ba sa kanya?"

"Wala. Nag-uusap naman kami eh."

"Ipapabigay?"

"Wala. Para mas mamiss nya ko."



"Baliw."

"Daldal mo ata ngayon ah?"

Tumingin si Blanche sa wall clock. "Wait lang, CR lang ako."

\*\*

Nagising si Jicker dahil sa kumakatok sa pintuan nya.

Ang sarap na ng tulog nya eh! Complete with REM pa!!! Galit na galit nyang binuksan ang pinto.  
"What!?!"

Si Anna pala yun.

"Bakit galit ka? Can I come in?"

Pinadaan naman ni Jicker si Anna.

"What do you want?" medyo naiiritang tanong ni Jicker.

"Are you mad at me?"

Pilit pinapakalma ni Jicker ang sarili nya. Ayaw nyang pagtaasan ng boses si Anna pero.. bakit ba sya naiirita. "Sagutin mo lang ako Anna.. bakit ka ba bumalik?"

Anna gave him her patented tanga-ka-talaga look. "I told you before. I'm here to make amends."

"But why?"

"Do I really need to answer that?"

"JUST TELL ME WHY!! Ang simple lang nyan!! Bakit hindi mo masagot?!?"

"Kasi gusto ko, okay? Masama ba? Gusto kong subukan ulit! Pati ba naman yung chance na yung ipagkakait mo sakin?"

"Anna may chance ka noon! Tapos eto, kung kelan okay na ako tsaka ka dadating?!? Pucha anong tingin mo sakin, fallback mo? T@ngina! Hindi ako reserba! Anna mahal kita.. naging sobrang tanga nako dahil sa pagmamahal ko sayo. 10 years, 10 years ang nawala sa buhay ko dahil sayo. Ang sakit eh. Ang sakit! Babalik ka dito na parang walang nangyari, na parang wala kang nasaktan. Shet Anna may nasaktan ka! Eto ako o!!! NASA HARAPAN MO!!! Anna masaya nako eh. Okay na eh. Kung kelan natuto na ulit akong.. mag-open up sa iba tsaka ka ganyan?! Anong klase ka!"

"Look I'm sorry! Tanggap ko na kasalanan ko yon. Kaya nga ako nandito e! Para subukan, para ayusin. Jicker hindi naman kita ginagawang fallback. Nagka-"

"Nagkataon lang na ano, na divorced ka na kaya mo ako babalikan? Sht lang Anna. Do you think that you just broke my heart when you left me? Guess what, you also broke my faith. I've been trying so hard to regain that! Tapos.. tangna dadating ka kung kelan ayos na. Pakshet!"

"Jicker.." umiiyak na si Anna.

"Anna.. When you left me, I was the one who loved you more. But between us, you lost more. Because someday, I can find someone I can love the way I loved you. But you will never find another who will love you the way I did."

Napatingin si Jicker sa orasan nya. Sht, 12:30 na! Dali-dali syang lumabas sa pad nya at humagilap ng taxi. Wala na sya sa wisyo para magdrive. Kahit sobrang cliched na ang airport chase scene, binalewala na nya ito. Baka sakaling pwede pa. Baka sakaling maabutan pa nya. May chance pa e. May chance pa.

Sana hindi pa nakakaalis si Blanche.

\*\*

"Sorry, the plane just left."

Yan ang pambungad sa kanya ni Jersey nang sinundo sya nito sa may entrance ng airport. Dun lang nya naramdaman ang pagod pagdating nya. Napaupo tuloy sila sa may gutter.

"Akala ko ba ayaw mo ng airport chase scene, Jick?" inasar pa sya ni Jersey.

"This time is an exception.. kaso hindi umabot."

"So.. you broke it off with her, right?"

"Kanina lang. Feel ko winarak na nya ang condo ko. Anna and her psychotic issues."

"Love is blind talaga noh Jick?"

"It sees but it doesn't mind? G@ga ka talaga," kahit naiiyak sya napatawa pa rin sya sa sinabi ni Jersey.

"Ano.. Blanche forever na?"

"Lul. Di pa."

"Eh.. bakit ka humabol dito?"

"Ewan."

"May sasabihin ka noh? Bakit hindi mo kaya sundan! Nandito kaya tayo sa airport?"

"Wag na."

"Bakit?"

"She needs to spend some time with her family. Aagawin ko pa ba sa kanya yun? Ang selfish ko naman masyado."

"Magulo pa rin ba?"

"Medyo.. gets ko na. Kaso.. baka matagal pa."

"Sht ka. Naging lalaki ka lang ang lalim mo na magsalita! Nasan na yung imbyerna chervelyn mo?!?!"

"Wait lang kasi nagdadrma diba? Ang bigat lang ng scene ko kanina with Anna. Hindi ko maarok!!!"

Nagtawanan silang dalawa dun hanggang pinaalis na sila ng security guard. Walang tigil pa rin sila sa pagtawa hanggang makasakay sila sa kotse ni Jersey.

"Feeling better?" tanong ni Jersey habang sinastart ang engine.

"Medyo," Jicker sighed. "Sanayan lang siguro."

"Nako Jick.. sa'yo na ata applicable yung sinabi mo sakín before."

"Ha? Alin?"

"If someone wants to leave, don't force them to stay. Make them want to come back. Yun ang gawin mo kay Blanche, pag sigurado ka na sa nararamdaman mo."

"Sige ba. Sinabi mo yan eh. Bati na tayo?"

"Naman! Pasalamat ka hindi kita sinabunutan nung isang araw! Alam mo bang fantasy ko yun?"

"Baliw!!!"

## **Chapter 52**

TWO DAYS LATER..

Sa garden ng Bel Air house.

Balik na sa normal ang lahat. As if walang nangyaring drama between Jicker and Blanche.

"TEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEH HINDI YAN GANYAN!!!!!!!!!" sigaw ni Jicker sabay palo sa balikat ni Jersey. Balikat ha, hindi kamay.

"AY PUTEK!!!! MASAKIT YON AH!!! ANO BA?!?!" todo himas naman si Jersey sa injured part.

Kasalukuyang gumagawa ng souvenirs para sa kasal nina Amae. Yep, 2 months na lang bago ang wedding! Pero bakit sila ang gumagawa ng souvenirs? Wala lang, natripan lang ng barkada nila na sila ang gumawa para mas maappreciate ng guests.

Inagaw ni Jicker yung gunting kay Jersey. "Oyan ah. Watch me! Ganito lang naman ang paggupit. Pang-Senior Kinder to teh!!!" Ginupit ni Jicker yung sinamay at pinakita kay Jersey ang finished product. "See?"

"Oo na oo na!!!! IKAW NA FINE ARTS!!! SORRY NAMAN AH!!!" hinablot ni Jersey yung gunting at ginaya yung ginawa ni Jicker. "Ayan okay na?"

"Panget pa rin teh. Hindi ka talaga artistic."

(=\_\_\_=) "MAGALING NAMAN AKONG MAGDRAWING AH!!!!"

"Drawing ba 'tong ginagawa natin, teh? Di ba hindi?"

"Nakakainis. Nakakataba pala ang b\*tchness, Jick." sabay tingin sa katawan ng kaibigan.

(O.O) "HOY EXCUSE ME!! HINDI AKO MATABA!!!! Ang sexy ko kaya!!!"

"Hay nako.. sana dumiretso na lang talaga ang pagkalalaki mo," bulong ni Je sa sarili habang gumagawa ng souvenir.

"May binubulong ka dyan?" \*insert Jicker's death glare here\*

Umiling si Je. "Wala wala!"

In fairness naging okay na si Jicker after that drama. Good news! Wala na si Anna! Si Jicker na rin ang nagkwento sa kanya nun kahapon habang bumibili sila ng materials sa Divisoria. Ayon kay Anna, may point daw si Jicker sa mga pinagsasabi nya at nagsorry ito sa panggugulo nya. Ayun, ngayon ata ang alis nun papunta sa kung saanman. BUTI NGA!!! \*evil laugh\*

Si Marlo? Ewan. Hindi pa nagpaparamdam since nung sinuntok nya ito. Subukan lang nya magparamdam!!! Pero gusto rin naman nilang makausap si Marlo para magkaayos na sila. Mahirap na may kaaway sa panahon ngayon noh!

"Wala pa rin sina Jerro?" napatingin silang dalawa sa may entrance papunta sa garden. Sina Paolo at Kat pala, with Amae.

"Naku ewan ko ba sa dalawang yon! Ni hindi sinasagot mga tawag ko!" binalingan ni Amae sina Jicker. "Kamusta?"

"Nako teh! Sana sakin mo na lang pinagawa 'tong lahat. Walang katalent-talent 'tong kasama ko!" siniringan pa ni Jicker si Jersey.

"ANG YABANG MO!!! Hindi ka naman kasi magaling na teacher eh!"

Nilapag ni Amae yung dala nyang drinks and chips sa table bago umupo sa tabi ni Jicker. "Pero may point si Jicker.. mas mukhang artistic ang gawa nya kesa sayo Je."

"Salamat Amae ah =\_="

"Ano pa ba pwede naming gawin ni Kat?" pagpiprisinta ni Paolo na mukhang atat na gumawa ng souvenir.

Inabutan sya ni Jicker ng dalawang glue gun at ilang parts ng souvenir. "Ayan, pagdikitin nyo yang dalawa ah. Madali lang yan!"

"Roger that!" sabay na sabi ng PaoKat. Umupo ang dalawa sa damuhan at nagsimulang magdikit.

"BUTI NA LANG HINDI KA NAGING PROF JICKER!!! WALANG MAIINTINDIHAN SAYO MGA ESTUDYANTE MO!!!" medyo malakas na sabi ni Jersey.

"Hay nako Je wag ka na umirit dyan! Ay, wag ka na lang gumawa. Hala, si Kevin na lang abalihin mo at wag kami!!!"

"Busy yon. May meeting sya ngayon."

"Meeting with another girl perhaps?" napangisi pa si Jicker. Alam nya kasing medyo uneasy pa rin si Jersey na nasa Bonn si Kevin. Baka magkita sila dun ni Tracy, mahirap na.

"Ay ganyanan? Teka matawagan nga si Bl-" bago pa nya matapos ang sasabihin binato na sya ni Jicker ng malaking piraso ng crumpled paper.

"HALA GUMAWA KA NA NGA LANG!!! IMBYERNA!!!"

Ayun, gumawa na nga lang silang lima nang tahimik. 1pm na sa mga orasan nila.

"Oy Je tawagan mo nga si Jerro," sabi ni Amae. "Sya kasi nakatoka dun sa something something ni Keith. Basta nagkaintindihan na raw sila don."

"Sure sure sure!"

Bago pa ma-dial ni Jersey ang number ni Jerro ay biglang nagring ang phone nito. "Wait sakto lang oh. Si Jerro!" pinatahimik pa nya si Jicker na kasalukuyang kumakanta ng Hopelessly Devoted To You. Ugh.

"Hello?"

[JERSEY!!!]

"WAG MO NAMAN AKO SIGAWAN!!!"

[SATH'S IN LABOR!!!!]

(O\_\_\_\_\_O)

"HA!?!?! BAKIT NGAYON KA LANG TUMAWAG!!! KELAN PA?!?!!"

[An hour ago! Nandito kami sa Asian. On the way na raw si Keith.]

Napatigil nama sina Jicker sa paggawa ng souvenir. "Teh anmeron?" tanong nya kay Jersey kaso hindi sya sinagot.

"SIGE SIGE SIGE PAPONTA NA KAMI DYAN!!! WAIT LANG!!! SABIHIN MO KAY SATH CHILL LANG!!!"

"OMG!!! IS SHE GIVING BIRTH NA?!?!?!" eksahadorang sigaw ni Jicker.

Binitbit na ni Jersey ang bag nito at ilan pang gamit. "Nasa Asian na raw sila. Paponata na raw si Keith dun."

Niligpit muna nila ang ilang tapos na souvenir tsaka nagmamadaling pumunta sa mga sasakyan nila.

"Wait wait wait! Isang sasakyan na lang kaya dalhin natin?" suggestion ni Amae. Since sya ang malapit sa sasakyan, they decided na iyon na lang ang gamitin.

Inabot ni Amae ang susi kay Paolo. "Ikaw na magdrive!"

"HA!?!?! BAKIT AKO?!?!" tarantang sabi ng lalaki.

"IKAW NA NGA LANG!!! KULIT NITO!!!" No choice si Kuya.

Tahimik lang silang lima habang binabagtas nila ang SLEX. First time kasing may manganganak sa barkada nila, ano bang dapat gawin?

"Sht na malagkit," sabi ni Jicker na may papikit-pikit pang nalalaman.

"What?!?" biglang sigaw ni Jersey.



"Naiimagine ko lang kasi yung napanood naming before," pagnanarrate ni Jicker. "Nung freshman ako.. may pinapanood samin na video.. babaeng nanganganak. Ewan ko ba kung anong sapak ng UP at bakit pinapapanood nila sa NFs yun." (=\_\_\_=)

"Syempre para matakot sila sa consequences ng pre-marital sex!" comment ni Kat.

Hindi na nakisali si Jersey sa usapan na yun. Actually pinapanood din sa kanila sa isang block meeting yung ganung video, walang censorship! Tandang-tanda nya kung pano lumabas yung baby sa... "UGH!!! TAMA NA NGA YAN PLEASE!!!" sigaw na naman nya. Nagulat dun si Paolo.

"Jersey naman! Until now naaalala mo pa rin yun?" tanong ni Amae na medyo natatawa.

(-\_\_-)"HELLO!!! SINO BANG HINDI MAKAKALIMOT SA VIDEO NA YUN!!! AKO PA ANG NASA HARAP NG TV!!! HARAP NG TV!!! Tapos kung anu-ano pa ang sinasabi nina Kevin at Ken nun. Nakakainis!!!"

"Hoy share naman dyan!" sabay na sabi nina Kat at Jicker. Kinkwento ni Amae yung nangyari na yun 7 years ago (at nagtakip na lang si Jersey ng tenga.) at.. as expected..

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA! SHET JERSEY NATAKOT KA NA SA SEX DAHIL DON!?!? HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA SHET!!!" naiiyak na si Jicker. Pasalamat sya na nasa gitna nila si Kat kundi kanina pa sya sinuntok ni Jersey.

"WALA AKONG SINABI!!!"

"Pano na yan Je," comment ni Paolo. "Takot ka manganak.. pano na kayo ni Kevin nyan?"

Jersey: (O\_\_\_\_\_O)

Amae: ('o')

Kat: (-,-)

Jicker: (^.^) \*tawa ng malakas\*

"P-pwede ba!!!" namula na si Jersey "Wag nyo kong pag-usapan!"

"Nako maghahanap na talaga yun ng iba sa Bonn," humirit na naman si Jicker. Binato sya ni Jersey ng plastic bottle. "ARAY AH! MASAKIT YON!!!"

"Mamaya gulong na ibabato ko sayo."

"Talaga? Kaya mong kunin yung gulong habang tumatakbo ang sasakyan? Tsaka di ka marunong magtanggap ng gulong, right?"

"KATHLEEN PATAHIMIKIN MO YANG KATABI MO PLEASE?!?!?!?"

\*\*

SI KEITH na lang ang naabutan nila sa labas ng operating room.

"What happened? Is she okay?" tanong ni Amae matapos nyang yakapin ang fiancée.

"Caesarian."

Namutla agad si Jersey pagkarinig ng salitang yon. Yung video na naman ang nasa utak nya.

"Hoy Je chill lang!" sabi sa kanya ni Kat. Pinaupo nya ito sa tabi ni Keith. "Namumutla ka na!"

Tulala pa rin si Jersey. "B-bakit caesarian?"

"Ewan," Keith sighed. "Di ko na natanong. Ayos din kausap ni Jerro. Vinivideohan lahat."

Barkada: (-\_\_\_\_\_ -)

"IKAW NAMAN!!!!" pinalo ni Amae si Keith sa braso. "Bakit di ka agad nagtext?"

"Natataranta na rin kasi ako eh!!! Ano ba!!!"

Napailing na lang si Jicker sa dalawa. "Sige mag-away lang kayo. Mabuting practice yan!"

Kemae: (O\_\_\_\_\_O)

\*\*

40 MINUTES NA SILANG NAGHIHINTAY. WALA PA RIN.

Kanina pa hikab nang hikab si Jicker sa tabi ni Amae. "Ang tibay naman ng kapit ng batang yon! Imbyerna!!"

"Ssshhh wag ka ngang maingay! Baka tinatahi na si Sath ngayon!" saway ni Amae. Napa (O\_\_\_\_\_O) face na naman si Jersey.

Bumalik naman si Kat sa kinauupuan ng barkada. "Papunta pa lang sina Tita dito. Excited masyado ang mga lolo at lola!"

"Ay peg ko yan! Ano kaya ireregalo ko sa baby shower ni Sath?" naiimagine na si Jicker ng regalo. "AHA! Trip ko ang dress!"

"Umayos ka nga dyan Jicker, lalaki ang anak ni Sath. Wag mo itulad sayo." - Jersey

"Eh sh-"

Bumukas ang pintuan ng OR.

Si Jerro, halos lutang na lutang sa saya.

"Thank God! TATAY NA KO!!!!"

At mukha silang tanga sa harap ng OR. Talon sila nang talon, tapos sina Amae naluluha na parang ewan. Basta, ang saya-saya lang nilang pito. First baby ng barkada! Pihadong spoiled yan! Pinapanood ni Jerro sa kanila yung footage na kinunan nya. Tawa sila nang tawa nang marinig nila si Sath na kumakanta ng "It's All Coming Back To Me Now" ("Eh anong konek naman nun? Baliwan tong si Sath!" - Jicker) bago sya operahan. Sumigaw naman sila nang marinig ang unang iyak ng baby (actually di nila nakita yung pagpalo sa baby, nagtatatalon kasi si Jerro kaya shaky yung footage).

"Oh my gosh daddy ka na Jerro!" naiiyak na sabi ni Jersey sabay yakap sa kaibigan. Sumunod na rin sina Amae at Kat.

"Nako Jerro, welcome to the world of sleepless nights and stinky diapers!" comment ni Jicker na naki-join na rin sa group hug ng girls.

"Basta Jerro ninang kaming lahat ah?" - Amae

Natawa si Jerro. "Naman! Kayo pa?"

"Ako rin ninang!" - Jicker.

"Baka ninong, Jick," epal ni Jersey. Ayun, nakatikim tuloy sya ng kurot ni Jicker sa may braso. Aray /wrist

Medyo nagambala ang mini-celebration ng barkada nang tinawag ng isang nurse si Jerro. "Sir, yung forms po paki-fillupan."

"Shet eto na!" inayos muna ni Jerro ang sarili.

"Jerro wait!" sigaw ni Keith. May kinuha itong papel sa wallet nya. "O eto."

Bago pa makuha ni Jerro yung papel, isa-isang nag-abot ang ibang kabarkada nito ng papel. Same size! "What the hell? Ano yan?"

"Uhh.. pinapabigay ni Sath," sabi nilang lahat.

"For what?"

(-,^)"PANGALAN NG ANAK NYO YAN! AY KA-SLOW!!!" - Jicker

"Bakit nyo binibigay sakin? Alam ko naman yung ipapangalan namin ah!"

Nagkatinginan sina Jersey at Jicker. "Baka raw makalimutan mo o mamali ka ng spelling dahil sa excitement."

Talo na sya kaya kinuha nya yung papel na inaabot ni Keith. "Engeng talaga si Sath (=\_=)"

"Concerned lang yun sa anak nyo! Hala sige!!!"

\*\*

THE NEXT DAY

"Sath hindi mo kamukha yung anak mo." - Amae

"Sure ka bang ikaw ang nanay nito?" - Jicker

"Ay sana hindi ka kasing panget ng tatay mo baby!!!" - Keith

"Ang cute cute cute mo talaga Nathan!!!" - Kat

JerSath: (~~.) (.~~)

Nasa isang private room na si Sath at nandun din si Baby Nathaniel Torres na kasalukuyang pinagkakaguluhan ng barkada. Ni hindi pa nga naenjoy ni Sath ang baby nya tapos halos lamukusin na ng barkada!

"Jersey!" tawag ni Jicker sa kaibigang nasa may bintana. "Picture ulit kami ni Nate!"

"Gumu-Gossip Girl, Jick?" asar ni Jersey habang pinipicturan sina Jicker. "Sath, pag babae ang kasunod ni Nathan pangalanan nyo ng Serena. Para SereNate pa rin!"

"Plano ko nga Robin ang ipangalan e," may pagtatampo sa boses ni Jerro. Crush na crush kasi nito si Cobie Smulders, yung gumanap na Robin sa How I Met Your Mother.

"JE! Kayo naman ni Baby Nathan o!" tawag sa kanya ni Kat.

"H-ha?"

Inagaw ni Amae yung camera nito sa kanya. "Picture!"

Ayaw ipahalata ni Jersey na medyo kabado sya sa tabi ni Baby Nathan. Ayaw/takot kasi sya sa mga bata. Sure, harmless ngayon si Nathan. What if sa future diba? Nagpromise pa naman sya dati kay Sath nung high school na aalagaan nya ang magiging anak nito, and vice-versa. Pero ngayon kung kelan sila tumanda, tsaka pa sya natakot sa bata! Kamusta naman diba? (-\_\_\_-)

Dumikit lang si Jersey sa hinihigaan ni Baby Nathan. "Okay na ba?"

"ANO BANG KLASENG NINANG YAN JE!!! WALANG KAFEEL-FEEL!!!" halos batuhin na ni Jicker si Jersey ng orange. Halata kasi na awkward si Je sa baby.

Napatingin si Jersey kay Baby Nathan, then kay Sath. Nginitian sya ng bestfriend. "Je okay lang yan. You can do it."

Inalalayan pa sya ni Jerro na kargahin ang baby. Nanginginig talaga sya! Nang makarga nya si Nathan.. may something sa kanya na parang biglang natuwa na kumalma. Tinitigan nya ang baby. Sana ganito na lang palagi! Wag na sana sila tumanda. Natandaan nya tuloy yung sa American Horror Story.. joke lang! Di nya kaya yun! XD

"Ang.. cute nya!" naiiyak na si Jersey. Todo picture naman si Jicker. Sa wakas! "Baby Nathan.. ang gwapo gwapo mo! Sana magaling ka sa Math ah? Di tulad ng mommy mo na kumukopya pa kay Daddy mo nung high school.."

"Salamat ha Je, salamat!" - Sath

Sobrang natuwa naman si Jersey kay Nathan at ayun, kahit nasa nursery na ang baby e binantayan pa rin nya. Wala lang, tuwang-tuwa sya sa 'angel' na yun. Feel tuloy nyang magkaanak na rin. Joke lang!

\*ring ring\*

"Hello?"

[Kamusta si Sath?]

"Ayun.. okay na! Kevin!!!"

[What?!]

"Ang.. gwapo ni Nathan."

[Alam ko. Gwapo si Jerro eh!]

"Ewan ko sa'yo!"

[Eto naman di mabiro!]

"Tagal mo naman umuwi!"

[Malapit na rin yan, don't worry. Matatapos na 'to, promise.]

"Makakaabot ka sa wedding nina Sath diba? Pupunta sina Ken at Jill. Uupakan kita pag ikaw pa wala don."

[Galit ka ba kasi wala ako o dahil wala kang partner?]

"Ewan ko sayo!!!"

[Haaay kaya ayaw kong kausapin ka eh!]

"Bakit? Kasi may babae ka? Ewan ko sayo."

[Siraulo. Mas namimiss kita pag kausap kita.]

"Kung namimiss mo ako e di umuwi ka na dito!"

[Ay hindi. Kung miss mo ako ikaw ang pumunta dito.]

"@ss."

[Bakit totoo naman diba? Tss.]

"Si.. Blanche? Kamusta?"

[Ayun, okay naman. Feel na feel ang pagiging tita dito. Tapos nagtatake na rin sya ng classes.]

"Invited sya sa wedding ah! Pakisabi yan sa kanya, galing mismo kay Amae yun!"

[Nako.. malabo yan. Tindi ng punishment ng baliw nay un dito. 6 months syang walang tigil na papasok.]

"What? Grabe naman yun!"

[Wow.. nagaalala ka ba kay Blanche?]

"H-ha? Asa! Kay Jicker ako nag-aalala!"

[Kamusta na sya?]

"Ayun, kunwari di madrama pero... mej malungkot. Ewan, ayaw pumunta dyan."

[Things you do for love nga naman.. buti pa si Blanche..]

"TUMAHIMIK KA NA NGA DYAN!!!"

[Hoy.]

"Hm?"

[Ich liebe dich.]

"Eew."

[Bahala ka. Hindi ako uuwi.]

"Joke lang! I love you, too?"

[Naaaks naman! Sige, bye muna ah? May meeting pa ako eh.]

"Sige na, girlfriend mo na yang meetings mo! Hmmp."

[Mas mahal naman kita kesa sa meetings ko pero importante 'to. Okay? Tawag ulit ako mamaya ah?]

"Okay fine! Ingat ka! Pati na rin si Blanche. Pakisabi wag syang b\*tch masyado!"

[Sige sasabihin ko. Bye love!]

"Bye! Wag kang tanga!"

\*\*

"Mr. Santos?"

Napatingin si Kevin sa nurse na tumawag sa kanya.

"Dr. Lee wants to see you now."

Nilagay muna nya sa bulsa ang cellphone bago pumasok sa opisina ng doctor nya. Si Dr. Ivan Lee, isang Fil-Chinese, ang doktor nya sa Germany nung nadiagnose sya ng lupus. Bukod kasi sa thesis, kasama sa agenda nya ang pagpapacheck-up sa doktor nya. Medyo kinakabahan sya sa result ng blood test nya. Pag positive pa rin ang katawan nya sa anti-histone, may sakit pa rin sya. Sana negative!

"Kevin! Looking good ah!" sabi ng doktor nya at nakipagkamay sya rito.

"Syempre naman Van!" umupo sya at tinignan ang relo. "Wait lang, hintayin lang natin kasama ko."

"Sino, girlfriend mo?"

"Hindi ah! Wait lang, nasa elevator na yun kanina e!"

Saktong bumukas ang pinto.

"Sorry! Nakalimutan ko kung anong floor!"

Natawa naman ang doktor. "Talaga tong si Blanche! Tambay ka dati dito pero di mo pa rin kabisado ang office ko!"

"I am so sorry, Dr. Lee! Hassle week sa department. Tons of readings!" pinatong ni Blanche ang limang makakapal na libro sa table ng doktor. "I need to read all of these. Ugh."

"Mamaya na natin pag-usapan yan, okay?" bumaling si Kevin sa doktor. "So Van.. anong result?"

May kinuhang papel ang doktor muna sa drawer nito. "2 years ago I diagnosed you with.. ano nga yun ulit?"

"Drug induced lupus," supplied Blanche.

"Right right.. so drug induced lupus. Drug-induced lupus is a condition mimicking the symptoms of SLE (systemic lupus erythematosus), but brought on by certain types of drugs, usually taken over long periods of time. In your case.. you took Apresoline, for your hypertension. Which happened when you went here, am I right?"

"Yup. For 4 months," sagot ni Kevin.

"Dapat nagtanong ka muna sa doctors about your hypertension medicine. Since your grandmother had SLE, may chances na matrigger 'to nung Apresoline. Ayun, kaya ka nagmanifest ng symptoms na tulad sa SLE patients."

"Wait wait lang Ivan," extra ni Blanche. "Is it possible na maging ibang type ng lupus ang sakit nya? I mean maging SLE?"

"There's a little chance for that to happen," mahinahon na sabi ni Dr. Lee. "As I said DIL only mimicks SLE symptoms. Pati mas malaki ang chance ng mga babae na magkaron ng lupus kesa sa mga lalaki so.. medyo malabo na magkaron ng SLE."

"And.." dagdag nito. "Considered na mild lupus ang DIL dahil wala namang major organs ang inaapektuhan, though in your case nagkaron ka rin ng pneumonia kaya akala naming may SLE ka."

"Wait.. ano yung result?" atat na atat na si Kevin.

"The good news is that if the offending medication is stopped, drug-induced lupus may be essentially cured.."

Nagkatinginan sina Kevin at Blanche. "Oh my god!!! OH MY GOD!!!" halos tumalon na sa tuwa si Blanche.

"..However.." napaupo ulit sila.

"However what?"

"However, this may take months or years, and can re-occur if the patient begins the medication again too soon," their faces fell. "Since hindi na nagtatake si Kevin ng Apresoline.. hindi na babalik



yon. Though hindi lang Apresoline ang nagtrigger ng lupus. There are 400 medicines available na pwedeng magtrigger nito. You've been taking a lot of medicines for 2 years, and since di kita namonitor nung umuwi ka ng Pinas.. kaya kita pinakuha ng blood test. You told me na naospital ka?"

Pinalo naman ni Blanche si Kevin. "KELAN KA NAOSPITAL!? Bakit di ko alam yun?"

"Valentines yun. Don't worry, wala lang yun."

"There.. so.. ready for the result?"

Kinabahan si Kevin. "Shoot."

Binuksan ni Dr. Lee ang papel..

"Negative."

Napangiti na lang si Blanche sa announcement. "Told ya, you're not gonna die yet!"

"Masamang damo 'to, Blanche!"

"Pero the ANA still remains positive. Mawawala rin yan in due time."

"So it means that I'm..." di masabi ni Kevin ang sunod na salita.

Ngumiti si Dr. Lee sa kanya. "Yes, you're completely DIL-free! Mag-ingat ka lang sa mga gamot mo."

"Thanks Van! Maraming salamat talaga!" napayakap pa si Kevin sa doktor.

"You're welcome Kevin. That's my duty!"

Tumayo na rin si Blanche. "Sige na Ivan, magaling ka na!"

"Naman!" \*beat\* "Nga pala.. pinuntahan nyo na sya?"

Natahimik naman sina Blanche. "After this pupunta kami. We want to share the news. Ikaw?" tanong ni Blanche.

"Bago ako pumunta dito dumaan nako. But still, say hi to Anton for me."

"Sure. Sige, una na kami!"

Dumiretso sina Blanche at Kevin sa may burol kung saan nila nilibing ang urn ni Anton, yung friend nila na kasama ni Kevin sa accident. Umupo sila sa tabi ng marker na 'to.

"Kevin.."

"Hm?"

"Hindi ka ba nagalit sa kanya?"

Nilingon ni Kevin si Blanche. "Dahil dun sa inemail nyang video kay Jersey? Hindi. Bakit naman?"

"W-wala lang.. Akala ko magagalit ka sa kanya after nyang gawin yun. I mean, dun nagsimula sa email na yun lahat, diba?"

"He died for me, Blanche. Kahit pa dahil sa email na sinend nya kay Jersey kaya nagkagulu-gulo kami, in the end I still owe him my life. Tsaka gusto lang naman nya na masurprise ako nun kaya nya sinend. Pati.. kung hindi nangyari ang lahat ng yon.. di ko marerealize na posible ko pa palang mahal in si Jersey higit pa dun sa pagmamahal ko sa kanya dati. Pati maraming bagay akong natutunan dahil don. I should be thankful for that."

"Yeah, you're right. On the lighter note, kung di nangyari yon, di ako magagalit kay Jersey, tapos hindi rin ako makakapunta ng Pinas a-"

"At never mong mamimeet si Jicker?" natawa si Kevin.

Namula si Blanche. "Ewan ko sayo!"

"Kausap ko si Jersey kanina. Actually kinakabahan ako. Di nya alam yung check-up e. Pag-uwi ko na lang tsaka ko sasabihin."

"Sabihin mo agad! Alam mo naman yun, may pagkamakitid ang utak."

"Bakit ka tumanggi dun sa invitation? Nagsinungaling pa tuloy ako kanina kay Jersey. Kausapin mo na si Jicker. Wala na si Anna sa Pinas."

"Ayoko muna sya kausapin. Not now."

"But when?"

"Someday. Someday I will find a person who fits me so well and so completely that I will forget all my previous heartbreaks. But today is not that day."

"Si Jicker na yun, ano ka ba. Wag tanga."

"Sa'yo dapat sinasabi yan e. Pagbalik mo nga sa Pinas pakasalan mo na si Jersey! Ang kupad nito eh. Hoy Anton, tama ako diba? Dapat magpakasal na sila ni Jersey? Diba diba diba diba?"

"Ewan ko sa'yo Blanche!" sabi ni Kevin na nakatawa.

\*\*

TWO MONTHS LATER

AUGUST

A week before Romero-Cruz Nuptials

JERSEY'S POV

HAGGARDO VERZOSA NA ITEY!!!

Shet nahawa na ata ako kay Jicker! Pano ba naman, palagi kaming magkasama nitong The Great Pretender na 'to. Ang haba ng tinalon ng timeline noh? XD Ganun talaga!

So.. quick recap lang tayo sa nangyari nung past two months ah?

Ayun, cute pa rin si Baby Nathan! Nabinyagan na sya last week! =)) Syempre ninong at ninang kaming barkada (May proxy si Kevin, kapatid ni Jerro!).. and speaking of barkada.. nandito na sina Jill at Ken! At si Ken ay engaged na! Basta end of the year daw ang kasal nila ni Marianne! Baka raw dito sa Pinas yung wedding! Excited na ko! :">

Ano pa bang kwento? Ay ayun! Isa sa mga nagpangarag samin nina Kat at Jicker (Hindi na sumama si Sath. Hello, pano naman si Baby Nathan?) ay yung venue sa kasal nina Amae. May something na nangyari sa resort na kinuha naming sa Pagudpud kaya no choice kami na irelocate ang kasal! Good thing ni-refer kami nung isang resort sa Playa Tropical sa may Currimao. OMG Amae and Keith fell in love with the place! OMG LANG!!

Wala naman kasi masyadong nangyari samin since busy kaming lahat for the wedding. Ay wait, meron pa pala.

"O, ba't ka nakatulala dyan?"

Ugh. Gusto ko nga ng matahimik na lugar eh! Eextra na naman 'tong si Jicker! Nasa Bel-Air house nga pala kami. Fitting ng damit. Ugh.

"May iniisip lang ako," sagot ko sa kanya. Umupo sya sa may tabi ko. "Nakasuit ka sa wedding, right?"

"Naman! Alangang magcross dress ako? Pero type na type ko damit mo teh!"

"Feel mo naman maid of honor ka!"

"Si Kevin ba pabalik na?"

Ayan ang problema ko. Biglang naging busy na naman si Kevin ngayong malapit na ang kasal nina Amae. Tapos na sya sa thesis, nakagraduate na lahat lahat pero nandun pa rin! Nagtatampo na nga ako eh!

"Nagpakasal na sila ng computer nya."

"Wow, ganda ng codename for the kabit! Computer! Anong OS? German?"

"Ewan ko sayo. Basta may pinapagawang project sa kanya yung prof nya dun. Badtrip!"

"Haaay buti na lang ako walang problema!"

"Anong walang problema?" tinignan ko sya ng masama. "Di lang pupunta si Blanche sa kasal eh!"

"Pake ko dun?"

"Kunwari pa!"

"Maiba lang talaga ng usapan teh!"

"Balita ko.." shet dapat ko bang sabihin kay Jicker yon?

"Ano?" kunwari wala syang pake.

"May.. suitor daw si Blanche dun ah. French."

"O ano ngayon?"

"Kupad mo kasi e."

Sya naman ang tumingin sa kinang masama. "Tigilan mo nga ako Jersey. Busy tayo pareho ngayon, ayt?"

"Ewan ko sayo. Habulin mo na kasi. Or make her want to come back."

"Kung para sa kinang, e di para sa kinang! Tapos." Iniwang ako ni Jicker dun na asar na asar. Haha! Deny pa, affected pa XD

\*\*

12mn na nang nakauwi ako sa pad ko. Pinipilit na nga ako ni Amae na dun na lang matulog since may gagawin din kami bukas kaso ayaw ko. Mas malambot yung kama ko kesa sa kama ng guest room nila don. HAHAAH! Choosy lang? XD

Bago ako matulog, sinubukan kong tawagan si Kevin. NAKAPATAY NA NAMAN ANG PHONE!! Nakakainis!! Pag kami kinasal sisiguraduhin kong w- OKAY JERSEY SAN NANGGALING YON? Matulog ka na nga lang!

\*

Naalimpungatan ako ng mga 6:30 am. May weird kasi akong panaginip na kumakain daw ako ng gabundok na chocolate! KYAAAA SANA TOTOO YON! As in gabundok talaga! Kahit medyo inaantok pa ako, pinilit ko na bumangon. 12 nn dapat nasa Bel Air house nako para magcheck ulit ng chepar chepar. Two days from now kami pupunta ng Ilocos Norte. Yeaaaahbah!

Diretso ako ng CR para magtoothbrush. Muntik pa ngang pH Care ang malagay ko sa toothbrush ko. Sorry naman inaantok eh! Ugali ko na mag-ikot sa kwarto habang nagtotoothbrush. Ayoko na nakatengga lang ako sa harap ng lababo! Paglabas ko ng kwarto...

(>,<) (O.O) (>,<) (O.O)

Halos malunok ko ang bula sa bibig ko.

Is.. this for real?

"Good morning, beautiful."

Oh. Dear. Lord.

Chapter 53

NORMAL POV

It took her 5 seconds to realize who's in front of her.

(>,<) (O.O) (>,<)

Teka. Sino nga ba 'to?

Nakaupo yung taong nagsalita sa harapan nya. "Jersey. Okay ka lang?"



(O\_\_\_\_\_O) "Ano na namang ginawa ko?!?" Ngumiti pa sya ng nakakaloko para mafrustrate pa lalo si Jersey. Ayun, effective.

"Alam mo pang pangarap ko yun? Yung tipong susunduin kita sa airport.. tapos.. basta may airport scene tayo!!! I'll welcome you back with my open arms tapos.. BWISET KA!!! IKAW NAMAN TONG SULPOT NANG SULPOT!!! Dalawang beses ka nang bumabalik ng Pinas bigla bigla!!! You destroyed my dream!!!" with feelings sa sabi ni Jersey.

Gustong pagtawanan ni Kevin ang mga narinig nya. That's so absurd! "Pangarap na yun para sa'yo?"

Napa-ah na lang ang kausap. "EWAN KO SAYO!!! Basta, gusto ko may airport scene tayo! Para kabog yung unang airport scene natin dati!!!"

"Ah ganun ba. Sige," lumayo si Kevin at kinuha nya ang maleta sa may tabi. "Babalik na lang ako ng Germany tapos hintayin mo ulit ako bumalik. Para matupad yang pangarap mo." May emphasis ang word na pangarap. Haha!

"Ewan! BAHALA KA!!!" Jersey even crossed her arms to show him she doesn't care. Ayun, akmang palabas na si Kevin sa kwarto nya nang habulin nya ito at niyakap. "Joke lang! Eto naman!!! Nagtampo agad!"

(--.) "Ako nagtampo? Nako, diba pangarap mo naman yung airport scene? Kaya ayun ang ibibigay ko. Things I do for love.. haaaay. I even sacrificed my 'dream' for this." He sighed.

"Anong dream naman yan?"

"Kung pangarap mo ang airport scene. Ako naman.. pangarap kong maging sa'yo."

('.) ('.) "Ang corny ng pangarap mo! BADUY!! BADUY!!! KINALAWANG NA YANG UTAK MO!!! MAGSAMA KAYO NG COMPUTER MO!!!"

"Joke lang! Nakakainis 'to. Syempre iba pangarap ko."

"ANO NGA!!!"

"Pangarap ko yung.. sasalubungin mo ako pag-uwi tapos.. may kiss." Napangisi pa sya.

Siguro tama nga si Kevin, parang may sakit si Jersey. Hindi nya mawari kung anong problema sa kanya at kanina pa sya nagbublush! Ang bilis ng tibok ng puso nya. Weird, kasi ganito yung naramdaman nya nung college. Kaso.. ba't ngayon ganto pa rin?

"Ganyan din kasi yung akin, kaso sa airport."

"Eh ako kahit saan. Hindi ako ma-"

Jersey kissed him. It was just a chaste kiss, na okay lang naman sa kanya. Nakakagulat na ewan! Nawiweirduhan talaga sya sa babaeng 'to!

"Again, are you sick?" he asked when she pulled away. Tinawanan lang sya nito.

"Pag ganito ba ako may sakit na agad? Hindi ba pwedeng namiss ka ng sobra?"

Mas ginulo pa nya ang nakasamburay na buhok ni Jersey. "Baliw."

"Ilang oras ka na nandito?"

"4 hours."

(O\_\_\_O) "4 HOURS!?!?!? Nakaupo ka lang dyan all this time!?!?"

"Oo. Bakit?"

"Sht ka!! Ang creepy non!!!! Buti na lang hindi ako nagising! Nakatulog ka ba dyan?"

"Nope. Pinanood lang kitang matulog."

"Dude, that's so.."

"Sweet."

"That's way creepier." Humikab ulit si Jersey at nahiga sa kama. "Tulog lang ako."

Umupo naman si Kevin sa may paanan nito. "Gumising ka na! Late na o, 7am!"

"Eeeeh!!" tinakpan ni Jersey ng unan ang mukha. "12 pa naman ako kailangan! Puyat pa ako."

"Pahirapan ka pang gisingin mamaya eh! Bangon na!" hinigit ni Kevin ang braso ni Jersey para mapaupo ito sa kama. "Bangon na."

"Tulog na lang muna tayo. Dali na please?"

"Ayoko matulog. Tara na sa Sta. Rosa! Kailangan na tayo dun e."

"Tulog pa sila dun!!!" Para gumanti, hinigit din ni Jersey si Kevin pahiga sa kama. Ayun, niyakap nya ito. "Basta, we'll sleep."

"Bahala ka. Ikaw magpaliwanag sa kanila kung bakit tayo late," sa kisame na lang tumingin si Kevin.

"Okay lang yon. I have a valid excuse," she said as she snuggled to him.

Nacurious naman si Kevin kaya tumingin na sya dito. "Care to tell me?"

"Coz you're back."

"Ang weird mo ngayon. Seriously."

Inangat ni Jersey ang ulo para makita ang mukha ni Kevin. "Almost 3 months kang wala! Bawal ka bang mamiss?"

"Hindi naman. It's just that.. I'm not used to this. You being sweet."



"Ah so gusto mong nakasigaw ako? Ganon?" Umupo na syang tuluyan sa kama. "E DI UMALIS KA SA KAMA KO!!!!!"

"Panget mo."

(.\_.) (,\_,) "SALAMAT AH."

Ang bilis ng sunod na pangyayari. Umupo rin si Kevin tapos hinigit sya.. and narealize na lang nya na he's on top of her. \*gulp\* \*gulp\* \*gulp\*

"Hehehehehehe" umiwas na si Jersey ng tingin. Bigla kasi syang nailang! "Tutulog nako. Good mornight hehehehe"

"Akala ko ba namiss mo ko?" Napapikit na dun si Jersey. Bedroom voice na ang gamit ni Kevin. Masama ito!!!

"H-hindi na. Sige matutu..tulog nako!!!" sinubukan nyang tumagilid pero loko si Kevin, binabaan pa lalo ang katawan nya. Medyo dikit na silang dalawa.

"Wag muna.."

"INAANTOK NAKO!! LECHE."

"Alam mo naman ang epekto sakin pag nagmumura ka diba?" She felt her face heat up. Di nya alam kung kikiligin ba sya o maiinis. Moments later she felt his breath on her neck. ABA KELAN PA NAPUNTA ANG ULO NITO SA MAY LEEG NYA??!?!"

"Kevin isa.." she threatened.

"Make me." Tapos hinalikan nya si Jersey sa leeg. Tengene lang.

"L-lagot ka sakin!! Tatawagan ko si Jicker sige!!!" Pero wala, tuloy pa rin si Kevin sa ginagawa nya.

"Kevin namaaaan tigil n-"

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA!" malakas na tawa ni Kevin. Ramdam na ramdam nya yung vibrations ng dibdib nito. Pakshet nagawa pang tumawa?!

"What the fck?!?!"

Humiga si Kevin sa tabi ni Jersey at sinubsob ang mukha sa may leeg ng girlfriend. "Ayan, let us sleep." At yumakap ito ng mahigpit.

(O.O) (O\_\_O) "YOU PERV!!!!!" pinagpapalo ni Jersey ng maliit na unan si Kevin sa torso nito. Tawa lang nang tawa ang lalaki. "BASTOS KA TALAGA!!!!!!!!!"

"Kalma na love. Inaantok na ko!"

"Love mo mukha mo!"

"Talaga!" sabay tawa na naman nang makita ang namumulang mukha ni Jersey. "Matulog ka na, baka late ka na naman mamaya."

"UGGH!!!" humiga na ulit si Jersey sa tabi ni Kevin. Sya na mismo ang naglagay ng braso ng boyfriend sa bewang nya. "I hate you so much."

"I love you too."

And they both drifted to sleep.

\*\*\*

HOURS LATER..

Walang pumansin sa kanila pagdating nila sa Bel Air house. Lahat nagkukumahog na ilagay sa trucks ang mga gamit na dadalhin nila sa Ilocos Norte bukas ng madaling araw. Nandun lang sila, pinapanood ang mga kaibigan na natataranta sa mga gamit (lalo na si Jicker na kahit hindi naman maaraw e nakasunglasses). Ayun, napagtripan ni Jersey na kunan na lang ng pictures ang mga kaibigan. Pandagdag to sa video montage na gagawin nya after the wedding.

"Oh, nandito na pala kayo!"

Nilingon nila si Jerro na pababa ng hagdan. Dali-dali naman nila itong nilapitan.

"Daddy Jerro kamusta?" masayang sabi ni Kevin sa kaibigan with matching fist bump.

"Eto poging tatay!" (--.) ? itsura ni Jersey

"Nasan si Baby Nate?"

"Taas!"

Umakyat naman silang tatlo at pumunta sa isang guest room. Doon nila nakita si Sath kasama ni Baby Nathan. Tuwang-tuwa naman si Kevin sa nakita.

"Naaaks! Mommy Sath ikaw ba yan?"

"Keviiin!!!" lumapit si Sath sa dalawa na bitbit si Baby Nathan. "Baby, si Tito Kevin mo oh!"

"Aba! Ang pogi! Manang-mana sa daddy at mas lalo na sa mga tito!" (--..) (..--) ?itsura na naman ni Jersey.

Kinarga ni Kevin ang baby at halatang aliw na aliw sya dito. "Hoy Pangs," tawag nya kay Jersey. "Picture naman kami ni Baby Nathan."

"Opo Sir!" nakangiting sabi ni Jersey. Alam nyang mahilig sa bata si Kevin. Then the thought hit her.. okay wag na muna isipin yon ngayon. Wag na muna!

"Dumating na sina Ken at Jill kanina ah!" extra ni Jerro. "Papunta pa lang ata silang dalawa dito."

"Kasama ni Ken si Marianne?" tanong ni Jersey.

Umiling si Sath. "Hindi eh. Busy daw for their wedding. Apparently may wedding din sila sa New York, then may small church wedding dito next year. January ata."

Ayaw bitawan ni Kevin si Baby Nathan. Kung anu-ano na nga ang pinagsasabi sa 2 month old eh!

"Yan," sabi nya kay Nathan habang tinuturo si Jersey. "Wag Tita Jersey ang itawag mo dyan ah? Call her Devil Woman. Mas cool yun diba?"

"Hoy Kevin wag mo ngang turuan ng ganyan si Nathan!" natatawang saway ni Sath.

"Tapos meron pa," pahabol ni Kevin. Nilapit nya si Baby Nathan tsaka may ibinulong. "I'll marry that woman someday."

Pinalo naman sya ni Jersey sa braso. "ANO NA NAMAN SINASABI MO DYAN AH!?!?! WALA PA NGANG MUWANG SI NATHAN SINISIRAAN MO NA AGAD AKO!!!"

"As if matatandaan nya yan! Tanda mo nung sa Ps-"

"Don't go Freudian on me!"

"Eh Erikson na lang? O Piaget?"

Hinampas na naman nya ito sa ulo. "MAYABANG KA!!!"

Bigla na lang bumukas nang bongga ang pinto. There stood Jicker, na medyo pawis na ewan na. "HOY!!! KANINA KO PA KAYO HINAHANAP!!!"

Nagkatinginan ang apat at sabay-sabay nagsabing, "Sino samin?"

"Edi yung mga ayaw pa magpakasal!!!" Sinamaan nya ng tingin ang KevJe. "Tara na!!!"

"Saan?" inis na tanong ni Jersey. "Kakarating lang namin!"

"Walang VIP-VIP dito!!! Mag-aayos pa tayo ng mga gamit!!!"

Nagpaalam na si Kevin kay Baby Nathan at hinila na si Jersey papunta sa pinto. "Teka, sina Sath hindi kasama?"

Jicker rolled his eyes. "Malamang! Alangang mag-ayos sila ng gamit habang buhat si Nathan?!"

"Madaya! Dapat kasama sila! Ayoko magbuhat!" Jersey pouted.

"Hay nako. Kung ayaw nyong magbuhat ng gamit e di gumawa rin kayo ng bata ni Kevin! Ang aarte nyo!!! UGH!!!"

(O\_\_\_\_\_O) <- itsura ng KevJe.

\*\*\*

#### THE NEXT DAY ( A DAY BEFORE THE WEDDING )

Nakarating na sila sa Playa Tropical Resort, bandang 1pm na. It means taranta mode na sina Kat, Jersey at Jicker. Chineeck nila ang beach kung okay na ang seats, ang arc.. yung paglalagyan ng flowers.. tapos yung guests pa. Then yung venue ng reception.. mga damit.. basta!!!

Yung mga lalaki? Ayun! Walang ginagawa! Sinamahan nina Paolo at Kevin sina Jerro. Ay, kasama rin pala nila ngayon si Ara, isa syang flower girl! Ang cute laaaang! :">

Busy buong maghapon sina Jersey, lalo na nung gabi kasi may dinner chorva pa with the guests. Sina Amae at Keith hindi na rin magkamayaw sa mga kakausapin! Though they tried to keep their wedding a small one, marami pa rin palang tao.

#### DINNER

Magkatabi sina Ara at Jicker sa may table.

"Hey," convo starter ni Ara.

"Ano yun?"

"Are you and freako dating?"

Halos masamid ang buong barkada sa narinig. Mas lalo naman si Jicker na nabilaukan talaga.

"Ara!" saway ni Jersey matapos nitong makarecover sa sinabi ng bata.

"Why Mommy? I'm just asking Tita Jicker! Wait. Should I call you Tito Jicker now?"

"Jersey bakit ba nandito tong kutong-lupang to. Gusto mo ipaanod ko na sa dagat para pumunta sa Vietnam e," bulong ni Jicker.

Napangiti na lang si Kevin. "Ara," mahinahon na sabi nito sa bata. "Don't ask questions like that. You're making Jicker uncomfortable."

"What now? I'm just curious! Kasi if they're dating then.. who's this guy freako called her boyfriend two days ago?"

Nganga ang barkada. Si Jicker naman natameme. Sumama naman ang tingin ni Jersey kay Kevin. So.. yung French guy na yun ay.. boyfriend na ni Blanche? Agad agad? Parang nung huling kwento ni Kevin suitor pa lang ah! UGH.

"We're not dating," mahinahon na sabi ni Jicker. Nagawa pa nga nyang ngumiti kay Ara. "Kumain ka na lang, sayang yang food."

At dahil don.. natahimik silang lahat habang kumakain.

\*\*

AFTER ng practice ng Less Than Three (yung banda nina Kevin, Jersey, Ken & Keith nung college. Well of course hindi makakasama si Keith malamang), kinausap ni Jersey si Jicker. Nasa may bar ito ng resort. Mukhang may amats na.

"Tigil na nga," sabi ni Jersey. Inagaw nito ang iinom ng kaibigan at inamoy ito. "Bacardi? Really?"

Inagaw naman ulit ito ni Jicker. "Pakialamera. Kamusta practice nyo? May kakantahin kayo bukas?"

"Yeep. Bakit ba ako na lang palaging pinapakanta para sa first couple dance? Last year kay Sath tapos ngayon naman kay Amae. Ugh lang."

"Pasalamat ka nga kakanta ka. At least may trust sila sayo. Wanna drink?"

Jersey declined his offer. "Tapos si Kevin pa kakanta ng bridal march bukas."

"Kilig ka naman."

"Hindi ah!!! Sinong kinikilig?" napatungo na lang si Jersey. Tinawanan na lang sya ni Jicker.

Tahimik na lang yung dalawa, sabayan pa ng background music na Waiting In Vain (Bob Marley version) ang katahimikang yon.

Si Jersey na ang unang nagsalita. "Sorry about earlier. Nung dinner."

Napabilis ang lagok ni Jicker. "Alin dun? Nung inagaw mo yung ulam ko? Sanay nako sayo!"

"No.. about what Ara said earlier. I didn't know."

"Well ano nga ba naman ang alam natin sa takbo ng isip nung babaeng yon."

"You see, this is somehow your fault."

"Ako na naman? What did I do?"

"NOTHING! Yun ang ginawa mo. Wala! You're so slow, dude!"

"Don't call me dude."

"You can be your true self when you're with me. Stop being the Great Pretender."

"Who hurt you?"

Jersey hissed. "Ewan ko sa'yo. Kung sana hinabol mo na sya nun e di s-"

"I told you my reason. Isn't that enough?"

"And here you are, drinking. We have a wedding to attend, oh no, not just that, we have a wedding to organize tomorrow. Wag kang b\*tch bukas if you have a hangover."

"I'm a b\*tch with or without hangover, Miss."

"Lasing ka na nga. Itulog mo na lang yang heartbreak mo kay Blanche."

"Shut up. Who say's I'm heartbroken?"

Dumaan yung bartender sa harapan nila at tinawag ito ni Jersey. "Kuya, mukha bas yang devastated dahil sa pag-ibig?"

Tinignan ng bartender si Jicker (na in return ay sinamaan ng tingin nito). "Opo, Ma'am." At umalis na.

"See? Even the bartender says so! I can't believe sila na agad nung French guy!"

"Europe yon. Everything's fast. And I had this French boyfr-"

"Okay let us not talk about that part of your life, shall we?"

"Sige na."

"Bakit ayaw mong maging masaya, Jicker? I mean.. ginagawa mo ang lahat para mapasaya ang mga tao sa paligid mo pero yung sarili mo.. hindi mo magawang pasayahin? You have all means to make yourself happy! Why not grab the opportunity? Tignan mo, you're 26, hot and still single! You're not gay anymore!"

"Being single does not mean that you're loveless, Jersey. I chose to be like this temporarily. And I even proved to myself that I can be happy without the things I thought I needed the most."

Napatanga na lang si Jersey sa monologue ni Jicker. "Sht you're screwed. Really really screwed. Mas malala pa ata ang epekto ni Blanche kesa dun sa isang b\*tch. And I hate it when you're talking like you're a guy. You're way too serious."

Tumawa na lang si Jicker. "Always listen to what a drunk person has to say, because drunken words are spoken by sober hearts."

"Mukha mo. Ngayon mo lang masasabi yan kasi lasing ka. Huwag manghiram ng tapang sa alak dahil bukas duwag ka na ulit."

"Lul. Matulog ka na nga! Kakanta ka pa bukas!"

"Matulog ka na rin! Maaga ka pang kukuha ng pictures bukas."

"Ewan ko sa'yo."

Bago umalis si Jersey.. may pahabol pa ito. "Can you tell me why am I even friends with you?"

"Ewan. Kasi parehas tayong g@ga?" Parehas silang natawa sa sagot ni Jicker. Kasi yun naman talaga ang tamang sagot.

\*\*\*

## THE BIG DAY

Buong umaga nagprepare ang lahat para sa kasal nina Amae. Ngarag na ngarag sina Jersey at Kat, samantalang si Jicker naman ay sobrang b\*tch dahil sa hangover nito. Buti na lang kahit August ay maayos ang panahon dito sa Ilocos Norte. Pinagdadasal na lang nila na sana wag umulan. \*crosses fingers\*

Mga 2pm handa na ang lahat para sa wedding. Nakabihis na ang mga kasama sa entourage. Inaayos na lang nila ang minor details.

"Tita Jill," tuwang-tuwa na sabi ni Ara. Si Jill kasi ang nag-aayos ng buhok nya since si Jersey ang huling inaayusan. "Ang ganda nyo po."

"Why thank you, sweetie! Ikaw rin!" Nilagyan ni Jill ng maliit na rose ang bun na ginawa nya sa buhok ni Ara. "There you go!"

"Magpapakasal na rin po ba kayo?"

Napatingin sina Kat at Sath kay Jill. Hindi pa kasi ito nagkukwento about sa lovelife nya sa Australia. "Naku Ara.. wala pang boyfriend si Tita Jill eh! Busy pa sa work!"

"Nako! Parehas kayo ni Mommy. Bahala kayo!" nakapamewang nyang sabi. Tawa naman ang mga babae.

Humahangos naman si Jersey na pumasok sa kwarto nila. "Sht where's my cam?"

"Chill lang Je!" inabot sa kanya ni Kat ang camera nya. "Tapos na si Amae?"

"Yep! Tara, tignan natin!"

NGANGA naman sila nang makita si Amae. Suot nito ang white bridal gown w/ maroon details na pinagkahirapang ipadesign ni Keith kay Charlize (remember the story? Haha!).

Nangingilid na ang mga luha nina Kat sa nakita nila. "Oh my god."

"Shocks.. okay lang ba?" kabadong tanong sa kanila ni Amae. Niyakap na lang sya ng mga kaibigan in reply.

"Teh ngayon alam ko na maganda ka talaga!" asar ni Jersey.

"Bastos!!!"

Napatingin naman si Amae kay Ara na nakatingin din sa kanya. "Awww Ara you look so beautiful!"

"Thank you po!" masaya nyang sagot. "Maganda rin po kayo Tita Amae pero mas maganda po ako."

Tumawa na lang sila sa sinabi ni Ara.

\*\*

SAMANTALANG SA KWARTO NI KEITH..

"Dre wala ka nang takas!" - Ken

"Yabang mo. Ikaw ilang buwan pa kaya pwede pa. Ako isang oras na lang!"

Nakaupo si Keith sa kama nito habang ang kanyang mga "bata" (Naks goons?) ay nakapalibot sa kanya.

"SHET namumutla ka Keith!" natatawang asar ni Jerro.

"Lul."

"Ganda raw ni Amae," sabi ni Kevin habang binabasa ang text ni Jersey. "Kaya wag ka raw magbabackout."

"Maganda talaga magiging misis ko! Matinik ata to!"

"Suusss. Marinig ka dyan ni Lola Paz eh!"

"La wag kayong magmumulto ah? Mamaya na lang sa ceremony wag lang ngayon. Kinakabahan ako."

"Ano ka ba! Parang timang 'to!"

"Hoy Kevin, ayusin mo pagkanta mamaya. Upakan kita pag nagloko ka don."

"Oo na oo na! Ganyan ba dapat kausapin ang best man?"

"Ewan ko sayo."

....

"T@ngina. Eto na."

"Wag kang kabahan!"

"EH SA KINAKABAHAN TALAGA AKO!!! ANO BA!!!"

Bumaha na naman ng tawanan sa suite na yon.

\*\*



Naunang pumunta sa seashore si Kevin. Magpeprepare pa kasi sya para sa kakantahin nyang bridal march. Si Amae mismo ang nagrequest sa kanya na kumanta, ayaw kasi nito kay Jersey. Pupunta na sana sya dun sa pwesto ng banda nang makita nya si Jicker na nakatulala sa di kalayuan.

"Okay ka lang?"

Nasira naman ang moment ni Jicker. "Okay lang. Hangover."

"Tapos dagdagan pa ng dakdak ni Jersey? Pamatay yan." Benta naman kay Jicker yung sinabi ni Kevin. "Nga pala Jick.."

"Hm?"

"Sorry kung hindi ko sya nasama pauwi. I tried pero.. busy talaga sya."

"Sus, okay lang. Kung gusto nya talaga umuwi dito e di sana sya gumawa ng sariling paraan. Okay na yun."

"Mukhang engot yung lalaki ni Blanche. He has this weird thick accent.. basta nakakainis."

"Ganun naman talaga mga French. Bayaan mo na."

"Babalik yon dito, pagkagraduate nya."

"Talaga?"

"Yun ang sabi nya sakin.. Basta.." tinignan nya si Jicker. "Basta dapat.. pag dumating yung araw na yun, gawin mo na kung ano ang tama. Ha?"

"Bahala na."

\*\*

NAKAPILA NA ANG BRIDAL ENTOURAGE. Lokang-loka na si Jersey sa kaka-arrange kina Ara at sa ibang batang ring bearer at bible bearer. Kaya ayaw nya sa mga bata eh, ang kukulit!! Batuhan nang batuhan ng sand!!!

Inabutan naman sya ni Ken ng tissue. "Kalma lang."

"Kids these days!!!" asar na asar sya. Halos mabitawan nga nya ang mini-bouquet na hawak nya eh.

"Chill lang Je!" nakisali na rin si Jill sa usapan. More than satisfied si Jersey sa relationship ngayon nina Ken at Jill. Silang dalawa ang living proof na may exception doon sa sinabi ni Jersey na "Exes can never be friends" last year.

Minutes later nagsimula na rin ang wedding. Isa-isang naglakad ang mga kasama sa entourage. Kabadong-kabado pa rin si Jersey kahit pang-ilang wedding na nya ito. May something e! Ano ba yun!!!

Nang malapit na ang turn nya, hinagilap nya sa tingin si Kevin. Ayun, malapit sa may altar, nakangiti sa kanya. Todo ngiti naman sya habang naglalakad papunta sa altar. Feel na feel ang lakad? HAHAHA!

"Keith!" sabi nya nang marating nya ang pwesto. "Congrats. Swerte nyong dalawa."

"Thank you Je. For making this possible," sagot naman ni Keith na pinilit kumalma kahit halatang kabadong-kabado sya.

Biglang nag-iba na ng music, hudyat na ito na papasok na si Amae. Sht, kakanta na rin si Kevin.

I have loved you only in my mind

But I know that there will come a time

To feel this feeling I have inside

Deep inside natatawa si Jersey sa kantang Don't Know What To Do ni Ric Segreto. Nung pinag-iisipan kasi nila kung anong magandang kanta para sa entrance ni Sath, ayang ang sinuggest ni Keith. Yan kasi yung kinanta nya sa harap ng isang lecture class nila dati ni Amae nung nanliligaw pa ito. Wala lang, trip lang nyang pakiligin si Amae sa wedding nila.

"OOOOYYYY FEEL NA FEEL MO NAMANG PARA SAYO YANG KANTA!!!" biglang bumulong si Jicker sa tabi ni Jersey. Kumukuha pala ito ng pictures.

"Shut up." Ang totoo, kinikilig talaga sya.

You're a hopeless romantic is what they say

Falling in and out of love just like a play

Memorizing each line, I still don't know what to say

What to say...

Titig na titig naman si Keith kay Amae habang naglalakad ito. Yung kaba na sinasabi nya kanina? Biglang nawala! Eh pano ba naman, sinong hindi makakalma pag ganyang babae ang nasa harap mo? HAHAHAH! Ang ganda ni Amae! Ang gand-

Tapos bigla syang binelatan nito.

Sira ang mood.

Tawang-tawa sina Jersey sa ginawa ni Amae (Si Kevin nakita rin nya, kaso bawal syang tumawa.) Loka-loka talaga tong kabarkada nila!

Don't know what to do whenever you are near

Don't know what to say, my heart is floating in tears

When you pass by I could fly

Ev'ry minute, ev'ry second of the day

I dream of you in the most special way

You're beside me all the time

All the time...

Niyakap naman agad ni Amae si Keith nang makaabot ito sa aisle. Naluluha na ang bride! "I hate you for choosing that song! Kinikilig ako dito!!"

"Eh sa memorable yung kanta eh!" Binalingan naman ni Keith ang daddy ni Amae at nakipagkamay dito. Tsaka nya hinawakan ang kamay ni Amae para umupo na sila sa harap ng altar.

\*\*

#### WEDDING VOWS

Bago sabihin ni Keith ang wedding vow nya, nasamid pa sya.

"O-okay ka lang?" natatawang tanong sa kanya ni Amae.

"Naman!" baling kay Father. "Pwede na po ba?"

"Kanina pa hijo."

Huminga nang malalim si Keith.

"So.. alam naman nating lahat na papakasalan ko lang si Amae dahil sa sya ang gusto ni Lola Paz na mapangasawa ko." Tumawa lahat ng guests sa sinabi nya! Pinalo naman sya ni Amae nang malakas. "Syempre joke lang po 'yon. La Paz! Joke lang yun ah?"

"Amae.. ilang beses ko nang napatunayan sa'yo na mahal na mahal kita. Isa na don yung paggastos ng life savings ko para sa Bel Air house. Joke lang! Speechless ako. Ang ganda mo eh! Tekang seryoso na nga! Ano.. Amae.. tulad ng pangako ko sa'yo, ikaw na ang first and last ko. Salamat sa pagtanggap sa kinang buong-buo. Kahit alam mong topakin ako. \*laughs\* Sa ganito, maraming nagpapangako ng mga bagay na walang katiyakan. Ayoko ng ganun, baduy yun eh. Pasikat yon, mga pangako tapos hindi rin tutuparin. Pero isa lang ang ipapangako ko sa'yo, at sa harap ng lahat ng taong kasama natin ngayon, sa harap ng dagat, kay Lola Paz na ngayon siguro ay naiyak na sa pinagsasabi ko, at syempre kay Lord, pinapangako ko na mamahalin kita nang sobra sobra. Kung papipiliin ako ulit kung sino ang papakasalan ko, kahit ilang beses pa yun, ikaw pa rin talaga. As if may choice pa ako diba? \*laughs\* Swerte ako kasi sa lahat ng lalaking nakapaligid sayo, pinili mo ang isang hamak na Keith Romero para maging asawa mo. And I really really love you for that. I love you, babe."

Pinipigilan na lang ni Amae na umiyak sa sinabi ni Keith. Ayaw nya kasing masira ang eye make-up nya! Masyado syang fascinated dun. HAHAAH! :D Ngayon, turn na nya.

"Keith.. tulad ng sinabi ko sayo one time, may tatlong event sa buhay ko na hindi ko pagsisisihan ever. Yung pangatlo, ay ito, ang pagtayo sa harap ng maraming tao para iaannounce na magiging Engr. Alyssa Mae C. Romero ako. Last night, may pinractice akong vow na sasabihin pero taob sayo eh! Walang practice yung sinabi mo. Pero ang ganda! Sa 7 years nating magkakilala, ikaw yung taong palaging nagreremind sakin na hindi ko kailangang maging perfect. Narealize ko na sa bawat bagay na ginawa at ginagawa ko, mabuti man yon o masama, nagiging perfect yun pag kasama kita. Keith, alam mong mahal na mahal kita. Takot ko na lang kay Lola Paz pag idedeny kita ngayon diba? \*laughs\* Balang-araw, etong lugar na kinatatayuan natin.. itong dagat matutuyo rin yan, aanurin din tong mga buhangin.. but remember this.. my love for you will never fade away. I promise you that. Ang cheesy man nun.. pero yun talaga eh. Nahiya naman ako sa Bel Air house, malaki kikitain mo pag binenta mo yun.\*laughs\* I love you, babe. Till death do us part."

\*\*

#### RECEPTION

Hanggang sa reception ay naiyak pa rin si Jersey dahil sa vows nina Keith. Parang sya yung kinasal noh? XD

"Hoy," tawag sa kanya ni Kevin. Nandun sila sa may pwesto ng banda. Ilang minuto na lang kasi at dadating na sina Keith. "Mamaya ka na umiyak dyan. Baka mag-crack pa mamaya ang boses mo."

"Ehh.. nakakaiyak e!" \*kush kush kush\*

Tinabihan na ni Kevin si Jersey at isinandal ang ulo nito sa balikat nya. "Parang timang to."

"Panget ng boses mo kanina. Ewww."

"Mas panget naman boses mo mamaya! Panira ka eh."

"TSSS."

\*FLASH\*

Sabay na napapikit sina Kevin dahil sa flash na yun.

"JICKER!!!" sabay din nilang sigaw.

Tinignan ni Jicker ang picture ng dalawa. "Kung inggit kayo kina Amae e di pakasal na kayo! Problema ba yun?" Umandar na naman ang b\*tchiness ni Jicker! Bago pa nya madagdagan ang sinabi nya, umalis na ito.

"Tss. Pasalamat sya lasing sya!!!" pahabol ni Jersey.

"Hangover na, tapos na yung lasing part," pagcocorrect ni Kevin. Sinungitan na lang sya ng girlfriend.

\*

Matapos nilang kumain, oras na nila para tumugtog. Sina Paolo at Kat ang emcees ng reception.

"H-hello? Mic test!" sabi ni Jersey. Nang makasiguradong okay na.. "Ayan! So kami po pala ang Less Than Three, bandmates po kami ni Keith nung college, and he's our drummer. We're requesting the newlyweds, my very gorgeous soul sister Amae and the ngayon lang gumwapo na si Keith, joke lang dre! to go down the stage for their first couple dance."

Si Kevin ang nasa beatbox at si Ken naman ang maggigitara.

*I know that the bridges that I've burned along the way  
Have left me with these walls and these scars that won't go away  
And opening up has always been the hardest thing until you came*

"Anong kanta yan?" tanong ni Keith kay Amae habang mabagal silang sumasayaw.

"Ewan ko kay Jersey. Basta sabi nya.. para sayo talaga yung kanta," nakangiting sabi ni Keith.

*I love when you tell me that  
I'm pretty when I just wake up  
And I love how you tease me when I'm moody but it's never too much*

Tawang-tawa naman si Keith. "Para sa'yo nga tong kanta, Amae."

"Shut up!" natawa na rin si Amae.

*And I just can't take my eyes off you  
And I just can't take my eyes off you, off you, off you  
So lay here beside me, just hold me and don't let go  
Oh, this feelin' I'm feelin' is somethin' I've never known  
And I just can't take my eyes off you*

\*\*

"SINGLE LADIES! PROCEED TAYO SA GITNA NG ROOM!"

Nang marinig ni Kevin yon, dali-dali nyang tinulak si Jersey (na kasalukuyang kumakain ng chocolate cake) papunta sa gitna ng ballroom.

"What now?!"

"Yung bouquet daw."

"Single ladies naman daw eh! Hindi nama ako single!"

"Hindi ka rin naman kasal, so it means single ka. Go na!!!"

"AAYOKO KO!!!"

"Paging Ms. Jersey Benitez Santiago!!" announcement ni Paolo sa mic. "Dinedemand po ni Mrs. Romero na sumali kayo sa tossing of bouquet. Kevin, itulak mo na raw yan dito."

"On it!!" sigaw ni Kevin. "Ano, punta na!"

Inis na inis na pumunta si Jersey sa gitna. Bago pa magsimula ang tossing, may tumawag kay Kevin. Ang mama nya. Icheck na pala nito si Ara. Lumabas muna sya sa reception.

Hindi nya narinig kung sinong nakakuha ng bouquet.

\*\*

PAGBALIK NYA SA LOOB, isang nakasimangot na Jersey ang inabutan ni Kevin. Mag-isa na lang ito sa table nila. Nasa Social Dancing part na kasi sila ng program.

"I didn't get the bouquet," matamlay na sabi ni Jersey.

"O ba't ang lungkot mo?"

"Wala lang. Hey, I am not sad. I'm just tired! May natapos na naman akong wedding!"

"Talaga lang ah? Di ka malungkot?"

"Bakit naman ako malulungkot, Kevin? Tell me."

Ngumiti na lang si Kevin. "I have a better idea."

"Siguraduhin mong better yan ah. Uupakan kita pag hindi."

Tumayo si Kevin sa harapan ni Jersey at inextend ang left hand nito. "Shall we dance?"

"You can't dance."

"Thing we do for love, Jersey."

Jersey shrugged. "Fine. Kung makapag-aya na sumayaw 'to parang marunong." Kinuha nya ang kamay ni Kevin at naglakad na sila papunta sa dance floor. Saktong nagbago ang kanta pagkarating nila.

*Maybe I'm amazed at the way you love me all the time  
 Maybe I'm afraid of the way I love you  
 Maybe I'm amazed at the way you pulled me out of time  
 And hung me on a line  
 Maybe I'm amazed at the way I really need you*

"Don't be bothered by that stupid bouquet, Ms. Santiago," bulong ni Kevin habang nilapat ang kanya kamay sa bewang ni Jersey. "Bulaklak lang yon."

"It's easy for you to say cos you're a guy. Try to attend 16 weddings in the past 2 years and fail to get the bouquet, you'll know how I feel at the moment."

"Pasalamat ka nabigyan ka ng chance."

"Yeah right."

*Maybe I'm a girl and maybe I'm a lonely girl  
Who's in the middle of something  
That she doesn't really understand*

"Dadating din yung oras mo dyan," medyo may pang-asar na tono sa boses ni Kevin.

"Shut up."

"Why? Ayaw mo ba akong pakasalan?"

"Ewan ko sayo Santos."

"Maghanda ka. Anytime pwede akong magpropose."

(O\_\_\_\_\_O) "You're not serious."

Hinarap ni Kevin ang mukha ni Jersey sa kanya. "Mukha bang nagbibiro ang mukhang 'to, Jersey?"

"Panget mo."

*Maybe I'm a girl and maybe you're the only man  
Who could ever help me  
Baby, won't you help me understand*

"Kahit na," Jersey sighed. "Gusto ko rin makaranas ng ganun.. na makasalo ng bouquet."

"Bakit, isa yan sa mga pangarap mo? Your absurd dreams are funny."

"Don't call my dreams absurd, @ss. At ano ngayon kung ganun mga pangarap ko? Mababawasan ba yung pagmamahal mo sakin kung ganon?" Tinitigan nyang mabuti ang mga mata ni Kevin.

"Baliw. Fine, I support your dreams kahit hindi matuloy yung iba. But at the end of the day, if you fail, always remember that you'll always be my best girl, Jersey Santiago."

"I know. I'm awesome like that."

Kevin stared into her brown pools and smiled. "Unbelievable."

Nagkatitigan sila for awhile then..

"God, the way you look at me sometimes," she whispered before kissing him.

*Maybe I'm amazed at the way you're with me all the time*

*Maybe I'm afraid of the way I leave you*

*Maybe I'm amazed at the way you help me sing my song*

*Right me when I'm wrong*

*Maybe I'm amazed at the way I really need you*

When they pulled back..

"Guys," extra ni Jicker na halatang medyo bangag pa rin. "Get a room, will you?"

Tumawa na lang silang dalawa.

## **Chapter 54**

ONE YEAR LATER

AUGUST

JERSEY'S POV

Maraming pwedeng mangyari sa loob ng isang taon.

Katulad ng mga ito:

- Nakagraduate na rin ako sa masteral ko! Yeheeeey! >:D< Ang tagal ko naman kasi bago makagraduate diba (-\_\_\_-) Basta nakagraduate na ako! Quality education takes time XD



- Sina Mr. and Mrs. Romero? Anyareh sa kanila? Ayun, may little Amae na! BWAHAHAHAHA! Yep! Amae gave birth to a very beautiful Jessica Marie Romero! As usual ninang at ninong ang buong barkada!
- Si Nathan? One year old na! Nakakatuwa yung Transformers inspired na birthday party nya =)) (Well si Kevin naman talaga ang natuwa dun sa party. Nagpacticure pa don sa mascot ni Optimus Prime. Nakalimutan nya na may girlfriend syang tao for like 5 seconds -\_\_\_-)
- Kami na lang ni Jicker ang nagpapalakad ng studio. Since hindi pa rin kami ayos with Marlo (na nasa Japan ata ngayon, soul searching whatever!), kinuha na rin namin si Kevin for parttime.
- Certified dentist na si Kaaaaaaaat! HAHAHA! Nasa St. Luke's na sya ngayon! Ayan, nagpaparamdam na rin ang wedding bells sa kanila ni Paolo!
- Kasal na rin sina Ken at Marianne! Last December sila nagpakasal sa New York then pumunta sila dito sa Pinas nung January para sa kanilang mini-church wedding! Ang saya laaaaaaang! >:D<
- Si Jill? May boyfriend na rin! Australian!!! At kaaccent ni Hugh Jackman XD
- Si Jicker? Ayun, hindi na sya bitter sa boyfriend ni Blanche. Wag kayo, he's trying to be a man now! Kaso di pa rin mawawala yung ilang "teh" and "imbyerna" moments nya. Hanggang ngayon ayaw pa rin nya ako sagutin ng matino pag usapang Blanche na. Bahala na raw si Mary Walter. Sino ba yun? -.-

Basta, ilan lang yan sa mga nangyari sa barkada namin. Di nga ako makapaniwala na 24 years old na ako! Shocks ang tanda ko naaaaaaa! ;(( Buti na lang kahit ganyan ang mga nangyari samin, nandyan pa rin kami sa isa't isa. Barkada eh! XD

Wait lang.. may naririnig ako na something galing sa inyo. Ano raw? Pakiulit naman? Haaaa? Ano?

Anong hinahanap nyo?

Ah! Kami ni Kevin?

Eto okay naman. In fairness nakaabot ng one year and a half! \m/ Dito lang kami nagcelebrate ng New Year with our families, katamad kasi lumabas ng bansa. Going strong pa rin :>

O ano na naman? Ha? May hinihintay kayo? Ano?

AHHH.

Di ba sabi ko kanina maraming pwedeng mangyari sa loob ng isang taon?

Well, may isang bagay na hindi nangyari.

At yon ang proposal ni Kevin.

Shet. One year na nung sinabi nya sakin na anytime syang pwede magpropose. Ako naman kinabahan! What if mamaya na yun? Habang nagtutoothbrush ako? O nagdidrive? O habang tumatawid ako sa kalsada? KUNG ALAM NYO LANG ANG PARANOIA KO!!!! UGH.

Anytime eh! Anytime! Hinanda ko na yung sarili ko sa moment na yun. Pero syempre iba pa rin pag nahuli ka na, pag nandun ka na sa moment. Naghintay lang ako. Hintay.. hintay...

SHET DI KO NAMAN INAKALA NA YUNG ANYTIME NYA AY AABOT TALAGA NG ONE YEAR.

Look, I really really love that guy. I can see myself spending the rest of my life with him! Kaso "see" lang yon eh, what if nandun na kayo sa moment na actual na magkasama na kayo? Na di ka na pwede magback out? Pano na yun?

And good lord the kids!!! Kahit dalawa na ang baby sa barkada namin, I still have this stupid fear of kids. Fine, kaya ko silang kargahin or whatever, pero pag may kasama akong iba. Kahit kay Nathan na medyo malaki na.. takot pa rin ako! Tapos may pressure pa about marriage? UGGHHH!!

TULAD NGAYON. Teka nasan ba ako? Nandito ako sa bahay nina Jerro at Sath. Wala lang, may get together kaming magkakabarkada kanina dito. Kumpleto kami! Kaso gabi na, kailangan na umuwi nina Amae at Keith kasi malayo pa raw sila (As if malayo ang Alabang sa Sta. Rosa. Hello, SLEX?!?). Sina Paolo and Kat din umuwi na, si Jicker may gig. So kami lang ni Kevin ang naiwan dito.

Ay, make that ako lang ang naiwan dito. Badtrip 'tong gunggong na 'to! Iniwan ako dito para bumil ng ice cream! Saktong umakyat na sina Mr. and Mrs. Torres sa taas, pagod na kasi ang dalawa. Huhuhuhuh ako na lang at si Nathan ang naiwan sa sala! <///3

Tulog naman kasi si Nathan. Nakahiga lang sya sa crib nya.. para syang angel! Sige Nate ganyan ka lang ah? Wait till Uncle Kevin returns.. wag kang iiyak ah? Huhuhuhu Nathaniel wag kang iiya-

UWAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!! UWAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!

Sht!!! Whatamigonnadoooo?!!?!?!?! Bakit sya biglang umiyak!?!?! Hala ano bang ginagawa ni Sath para dito?!?! Isip, Jersey!!! Binuhat ko na agad si Nathan at pinaghele (wtf tama ba yung term?) sya. Kaso Nathan bakit ayaw mo tumahan?!? Anong gusto mo? Gutom ka na ba? Hello I can speak 5 languages pero wala akong clue dito sa baby alien language na 'to! KEVIN NASAN KA NA B-

"Ayusin mo karga mo, baka mahulog si Nathan."

Napatingin ako sa may likuran ko, dun sa entrance ng sala. Wow, there he is, the almighty Kevin Santos! Nakasandal sa pader, nakatingin sakín with that annoying amused face at hawak-hawak ang plastic ng Ministop. Tuwang-tuwa.

"Malay ko ba sa ganto, diba?!? Ugh!"

Tumawa na naman ang loko. "Baka malaglag si Nat-"

"Can you please carry him? Kanina ka pa sabi nang sabi dyan tapos hindi mo naman ako tinutulungan. @ss."

Nakatawa pa rin syang lumapit sakín at kinuha si Nathan. Thank goodness! Kinabahan ako dun ah (-\_\_-) Bago pa ako may masabi, sumegway na ako papunta sa kitchen para kumuha ng kutsara for the ice cream! Nastress ako!!! Pero ba't ganun.. nung kinarga ni Kevin si Nathan, bakít bigla syang tumahimik? Huhuhu ayaw talaga sakín ng mga bata /wrist

Kung anu-ano ang narinig ko mula kay Kevin pagbalik ko sa sala.

"Goo goo ga ga ice cream booger," yan ang pinagsasabi ni Kevin kay Nathan habang kalong nya ito. Bumenta naman sa baby kaya medyo natuwa ata ito.

"Really? You're teaching him to say ice cream booger?" inis kong tanong sa kanya. Umupo ako sa left side ng couch, binuksan ang tub ng ice cream at kumain. Nasa right side sina Kevin.

"Hindi pa naman nya naiintindihan yon. Tsaka funny naman diba?"

"Off ata ang humor mo lately," I said. Ikakain ko na lang 'to!

Sa totoo lang, naiinggit ako kay Kevin. He's already really good at the cool uncle thing. Syempre, may experience na sya with Ara (pero Ara's 2 or 3 na ata when they adopted her) and siguro dun sa baby ni Maxene or God-knows-who. Basta he loves kids. Ako? I don't feel like I'm a cool aunt at all. I'm more like that weird aunt that always smells like mothballs and only lets you eat raisins when you come over to visit. Which doesn't even make sense because I hate raisins. Ugh.

Di muna kami nagpansinan. Masyado akong busy sa paglantak nitong Rocky Road ice cream tapos sya pinapatulog na ata nya si Nathan? Nakahilig na yung ulo ni baby sa balikat nya, malapit na atang makatulog si Kulit.

"Look at you," I said in a barely-there whisper. "Mr. Dad."

"Sshh. Please," he replied. "It's Uncle Badass."

Nasamid ako sa sinabi nya. "Uncle Badass? Really, Kevin? Really? I don't think papayag sina Sath na tawagin ka ni Nate ng.. Uncle Badass." I couldn't even say that.. name!

"Bayaan mo na. Minsan lang naman eh." Chineck nya si Nathan, ayun tulog na. Maingat nya itong kinarga tapos hiniga nya sa crib. Nagstay pa sya dun, pinapanood pa si Nathan.

Tinabihan ko sya sa may crib. "Sana palagi na lang tulog ang mga baby noh?"

"Usog ka nga, baka matuluan si Nathan ng ice cream. Langgamin pa." Ugh fine. Dumistansya ako. "Madali lang naman mag-alaga ng baby ah!"

"I can't keep up with that crying.. and ang kulit!"

Napangiti na naman sya, yung tipong nang-aasar. "You're really.."

"What? Hopeless?" umupo ulit ako sa sofa. "Oh yeah. Sorry naman sa Uncle Badass. Nahiya naman ako dun."

Humarap sya sakin. "Takot ka ba sa bata o sadyang tinatamad ka lang?"

"The.. first one. I'm scared that I might do something wrong. Hindi naman ako magaling na nurse o-"

"Hey, you nursed me once."

"Yeah. That stupid kangkong allergy of yours." I sighed. "Basta! Bunso kasi ako kaya hindi ako naexpose sa mga batang ganyan."

At last, he decided to join me. Inagaw pa nya yung spoon and ice cream sakin. "O e pano na tayo nyan? Don't tell me ako lang mag-aalaga sa anak natin tapos ikaw like a boss ka na lang palagi?"

(-\_\_\_\_\_ -) AYAN NA NAMAN SYA!!! AYAN NA NAMAN SYA!!! NANLAMIG AGAD AKO DUN!!! SHET!!! "Hehehehe funny."

Seryosong-seryoso yung mukha nya. "What if.. habang kumakain ka ng ice cream e may makagat kang singsing? Anong gagawin mo?"

(O\_\_\_\_\_O) "Umayos ka nga!!!" inagaw ko sa kanya yung ice cream at tsaka lumamon ng isang malaking scoop. Pasimple kong hinahanap yung singsing! Inangyan!!

Masyado ata akong obvious sa agenda ko kaya napansin nya. "Utu-uto ka talaga!" inagaw ulit yung ice cream!

"I AM JUST BEING CAUTIOUS!!!!" syempre hindi yan malakas na sigaw. Magising ulit si Nathan eh! "Hello, lamon ang ginagawa ko sa ice cream! What if nalunok ko na yun? Tapos matunaw sa tiyan ko yung silver or something something? Pag ako nama-"

Sinubuan nya ako ng ice cream. Bastos!!! Nasamid ako!!

"Ang ingay mo. Baka magising si Nathan." Balik ulit sya sa pagkain.

"Bagay nga sayo ang Uncle Badass, paghiwalayin lang ang bad & @ss. Coz you're both." Tumawa na naman sya. Ugh.

"Basta.. anytime," he whispered, enough for me to hear it.

"Whatever."

Binaba nya sa sidetable yung ice cream at hinila ako patayo. "Tara."

"Where to?" nagtataka kong tanong.

"Let's get married."

(O\_\_\_\_\_O) SHT NA MALAGKIT IS HE SERIOUS!?!?!? Bumitaw agad ako. "HA!?!?! ARE YOU KIDDING ME?!?!?"

Medyo napalakas ang tawa nya. "Joke lang! As if may bukas na simbahan ngayon o kahit judge man lang dito ngayon, di ba?" umupo ulit sya at ayun, kumain ng ice cream.

PWEDE BANG PAKI-REMIND NGA AKO KUNG BAKIT MAHAL KO TONG LECHENG TO!?! Nakakainis!!!! Umupo na ako sa tabi nya. "Pakshet ka."

"Don't cuss in front of the baby, love." Ginawa pa nyang wand yung spoon. "Baka madala nila yan sa subconscious n-"

"Shut up. Feeling Wilhelm Wundt. Nakakainis."

"I happen to love Psych. I love it so much that my girlfriend's a psycho."

"Konti na lang Kevin hahatawin na kita."

"Okay lang.. tatanggapin ko ang bawat palo at hataw mo. I love you that much," sabi nya with matching kindat.

Okay kinilig ako pero mas nanaig yung inis ko sa kanya. @ss. "Whatever." Sumandal na lang ako sa balikat nya. Inaantok na talaga ako (@.@)

"Until now kinikilabutan pa rin ako," sabi nya sakin. "Di ako sanay na showy ka."

"Wag ka na magreklamo. Upakan kita eh."

"Okay lang. I'll let you spoil me with your love."

"Ugh Kevin ang corny mo. Sagarang sa pagkacorny."

"Matulog ka na lang. Hindi mo na ata ako boyfriend eh. Unan mo na lang ata ako."

"Pwede rin," Ah basta. Matutulog na lang ako. Bahala na sya dyan (-\_-)

\*\*

#### KEVIN'S POV

O, alam ko na ang hinihintay nyo. Wag kasi kayong hapit. Expect the unexpected nga, diba? Tapos dagdagan pa natin ng "Good things come to those who wait".

Siguro nagtataka kayo kung bakit one year na ang nagdaan pero hindi pa rin ako nagpopropose. Tulad nga ng sinabi ko, anytime. Wag kayong hapit! Tsaka.. basta. Nahihiya akong sabihin yung isang dahilan ko.

SHET. Since mahal ko kayo (mas mahal ko pa rin si Jersey, just so you know. Sorry girls!), I'll confess something.

Hinihintay ko kasi yung "spontaneous moment" na yun.

T@ngina masyadong cheesy ata. Kaso.. basta. Hirap iexplain! Ganto na lang. Tumatak kasi sakin yung sinabi ni Jerro dati, two years ago. Yung kinwento nya samin kung pano nya narealize na gusto nyang pakasalan si Sath. Yung moment na ganun, gusto ko ng ganun. Maarte ba? Wala lang. Kasi.. nung narealize ko na mahal ko sya.. diba naglalakad kami nun habang umuulan? Tapos wala lang. Isang tingin ko sa kanya. It hit me. Tagos.

Ganun kasi ako. Ayokong pinagpaplanuhan ang mga bagay. Para kasi sakin yung mga bagay na hindi ko pinagpaplanuhan ang mas tumatatak sa utak at puso (shet corny) ko. Hanggang ngayon nararamdaman ko pa rin yung exact feeling nung araw na maulan na yun. Okay tama na nacarried away nako. Haha!

Tapos ang gusto ko ready kami ni Jersey. Alam kong never kang magiging ready sa lahat ng bagay pero kahit pano gusto kong may alam kaming pareho sa papasukin namin in the future. Kaya todo pakita ako na gusto ko sa bata para hindi sya matakot. Kaso...

"KEVIN WALANG TAXI DITO!!!!"

Kanina pa mainit ang ulo ng babaeng yan. Ganito kasi ang nangyari bago yan. May pupuntahang wedding sina Jerro and Sath sa Quezon Province (wedding ng pinsan ni Sath), eh sumaktong check-up ni Nathan. Hindi available sina Keith at Amae, may trabaho naman sina Paolo at Kat at.. nagdadrama si Jicker. Joke lang, busy si Jicker.

No choice sina Sath kundi samin iwan si Nathan.

Make that sa akin iwan si Nathan, at si Jersey ang magtatatalak dito. (-\_\_\_\_-)

"Sa Asian lang naman tayo pupunta ah ang init agad ng ulo mo!" sabi ko habang karga si Nathan. Karga ko na nga, ako pa nagpapayong. Tapos tong kasama ko nakapamewang pa! Like a boss!

"Nasan ba kasi yang sasakyan mo?"

"Walang gas."

(\*0\*) "UGH!!! Tapos ang magaling na mag-asawa hindi iniwan ang susi ng sasakyan nila! Panalo."

Kanina pa kasi kami naghihintay ng taxi sa may labas ng village nina Sath. Malapit lang naman yung hospital kaso maarte kaming pareho. Hahah joke lang ;) "Hintay lang ng onti Je, walang mawawala."

"Mawawala ang taba ko dito. Ang init parang sauna!"

"August kaya ngayon (-\_\_\_\_-)"

"TAXI!! TAXI!!!" parang weirdong nagtatatalon si Jersey. Buti na lang tumigil agad yung taxi at sumakay agad kami.

"San po kayo?" tanong nung driver.

Inunahan ko na si Jersey. "Ako po sa Asian, tapos tong kasama ko sa Mental po."

"Sa Asian po kami pareho, Kuya." Sinamaan na naman ako ng tingin ni Jersey. Tumawa na lang si Kuya.

"Nako Ma'am Sir! Wag kayong mag-aaway sa harap ng baby nyo, Kahit pano nakakastress yon."

(O\_\_\_\_\_O) <- itsura naming dalawa.

"Ay Kuya," awkward na sabi ni Jersey. "Ni-ninang at ninong lang po kami ng bata. Hehehehe."

Napakamot sa ulo yung driver. "Ay sorry po Ma'am! Akala ko po kasi anak nyo." Nag-peace sign pa si Kuya. Benta!

Tahimik kami hanggang makarating kami sa Asian. Siguro nailang si Jersey sa sinabi ng driver. Ano pa bang bago, lahat naman ng bagay e kinailangan nito? Pagdating namin sa floor ng pedia ni Nathan..

"Oh," inabot ko sa kanya si Nathan.

"Wha- why!?!?" bigla syang nataranta.

"Ako na magcoconfirm ng check-up nya. Kakausapin ko yung nasa front desk."

No choice sya kundi kunin si Nathan. "Kevin! Pano kung umiyak si Nathan?"

"E di patahanin mo! May feeding bottle dyan sa bag, pag umiyak painumin mo."

"B-bu-"

Nilapitan ko sya. "Jersey, wag ka kasi masyadong matense. Kaya umiiyak si Nathan dahil nararamdaman nyang natetense ka sa kanya. Chill lang."

"I hate you, Uncle Badass."

"Umupo ka na don!"

Siguro 3 minutes din akong nakipag-usap dun sa secretary ni Dr. Olivarez, yung pedia ni Nathan. Ang dami ko kasing tanong about sa mga bata. Haha! Pagbalik ko dun sa pila.. nakita kong kinukurot ni Jersey yung pisngi ni Nathan. Patay, may habit nga pala tong mangurot ng mga bagay na cute. (".)

"Ang pogi pogi naman ni Baby Nathan! Cute cute cute!" gigil na gigil nyang sabi. Oblivious sya sa mga matang nakatingin sa kanya. May ilan nga dun na napapangiti, baka iniisip na mental patient si Jersey. Haha! :D

Tumabi na ako sa kanya. "Malamog yang mukha ni Nathan patay ka sa bestfriend mo."

"Suusss! Look at his cheeks! Ang cute!!!"

"Oo look at his cheeks na namumula na sa kakakurot mo. Akin na si Nathan." Inextend ko pa yung mga kamay ko.

"Mamaya na. Ang cute eh!" inis nyang sabi.

Di ko alam kung dapat ba akong matuwa o mainis. Joke lang, actually natuwa ako sa sinabi nya. Medyo chill na sya with Nathan ngayon. San pa kayo, guys?

"Bakit ata biglang bumait ka kay Nathan ngayon?" napangiti ako sa tanong ko.

"Para syang teddy bear!!!"

(-\_\_\_\_\_ -) "T-teddy bear? Iniisip mo na teddy bear si Nathan kaya chill ka lang sa kanya?"

"Masama ba? At least chill ako sa kanya!" tapos nagbaby talk sya. Weird :/

Minutes later tinawag na rin kami. Buti na lang walang sakit si Nathan o kung anuman! Binigyan lang kami ng prescription ng vitamins at yung schedule ng vaccine shots nya. Tinuruan pa nga ni Doc si Jersey kung pano kargahin si Nathan e! Sorry, may pagkatanga talaga sya minsan (-\_\_-)

Hanggang sa taxi sya pa rin ang may hawak kay Nathan. Hanggang mapunta na kami sa ATC sya pa rin ang may hawak kay Nathan. Ayaw bitawan kahit kumakain kami! Teka Kevin, hindi naman kaya nagseselos ka kay Nathan? Aba, ayos nitong batang 'to ah! One year old pa lang chickboy na! Okay tama na (-\_\_-)

"Are you having fun?" tanong ko sa kanya habang nag-iikot kami.

"Interlude?"

(.\_.) "Minsan di ko talaga magets ang sense of humor mo."

"Fine fine fine. I'm having fun. Ba't mo natanong?"

"Enjoy na enjoy ka kay Nathan eh! Baka nangangalay ka na dyan? O tignan mo may laway na yang balikat mo!"

Tumigil sya sa paglalakad at may namuong smirk sa mukha nya. "Are you..jealous?"

"Ha? Asa ka."

"Really? Tensed ka bro."

"Inaantok lang ako." Umiwas nako ng tingin. Badtrip na babae to.

Tapos kinurot nya ako sa pisngi. "Eto naman, sa baby pa nagselos! Parang tanga! Hahahaha!"

"Wag mo nga akong tawaging tanga. Upakan kita dyan eh."

"Hoy wag daw tayo mag-away sa harap ng baby, masstress daw sila sabi ni Kuya Driver."

"Seryoso kasi ako. Baka nangangalay ka na dyan!"

"Tsk tsk," napailing pa sya. "Pano ako masasanay nyan? Kawawa naman magiging anak natin kung wala akong alam diba?"



(;') (;') "What?"

She just smiled at me. "Wala. Sabi ko dalian natin. Uuwi pa ako sa bahay namin!" nauna na sya sa paglalakad.

Narinig ko naman yung sinabi nya, gusto ko lang ulitin nya para klaro. Tama ba yung narinig ko o imagination ko lang?

AAAHH BASTA KEVIN! Kung anuman yang narinig mo.. yun na yun. Sisirain mo pa mood mo eh!

\*\*

Weeks passed.. at medyo nakakaramdam na ata talaga kami ng pressure.

Pressure? Pano ba naman, halos lahat ng mga kakilala naming e nagpapakasal na! At palagi kaming invited sa mga kasal. Tapos pag nandun na, tatanungin ka.. "O kelan na kayo?" "Sunod na ba kayo sa kanila?" blahblahblah.

Bakit ba mas hapit ang ibang tao kesa samin ni Jersey? Sila ba gagastos para sa kasal namin?

Ilang kasal din ang inattendan naming sa loob ng isang taon. Anim! Nyeta adik sa kasal? Dun ko lang narealize na marami kaming kilala. Eto naman kasi si Jersey, halos lahat ata e kinaibigan na.

Anim na kasal. Anim na beses na napasama si Jersey sa tossing of bouquet.

Anim na beses din nyang hindi nakuha ang bouquet.

"O ba't ka nakasimangot?" tanong ko sa kanya nung pauwi na kami from the 6th wedding. Sino yung kinasal? Sina Kuya Mike and Ate Borgs, orgmates namin nung college.

Nagpout na lang 'tong kasama ko. "Malas talaga ako sa bouquet bouquet na yan! Ugh lang."

"Bulaklak lang yan! And don't forget, may garden ka sa Tagaytay. Maumay ka sa bulaklak don."

(-\_\_\_\_\_ -) "Eeehhh.."

"Hoy mahal yon ah! Wag mong iniignore yon. Yung bouquet natatapon yan, yung garde-"

"Yung garden pwede masunog."

"At least the roots are still there."

"Ewan."

\*\*

SEPTEMBER

Malapit na ang birthday ko.

Shet 25 na ako!!!

Kailangan na magpakasal! XD

Next week pa naman ang birthday ko. Etong si Jersey kunwari wala pa raw surprise pero obvious naman na meron. May secret pa silang nalalaman ni Jicker. Problema ng dalawang 'to? Bahala sila! Kunwari na lang na nasurprise ako sa gagawin nila ;)

"KEEEEEVIIIN UMALIS KA NA PLEASE?!?!?" pilit sakin ni Jicker. Nasa studio kaming tatlo, may inaayos na order ng client.

"Bakit ba atat na atat kayong paalisin ako, ha?"

Nagkatinginan na lang sila ni Jersey. "H-ha? Eh.. gutom na ako love! Bili mo na kami ng food please?"

(-\_\_-) "Di ba kakakain nyo lang kanina?"

"HE-HE-HE-HE" tawa nilang dalawa. Mga weirdo. "Kanina pa yon!!"

"E di bumili kayo sa labas!" bumalik na lang ako sa ginagawa ko.

"Kevin gusto ko ng Chocolate Milk tea.." hirit ni Jersey.

"Pupunta pa ako ng SM North? Okay ka lang?"

\*insert beautiful eyes here\* "Please?"

I sighed. "Sige na. Ikaw Jicker anong gusto mo?"

"Kahit ano! Basta masarap!"

"Si Blanche?"

Sinamaan nya ako ng tingin. "Pakyu."

\*\*

Pagdating ko sa SM North dinagsa ako ng text galing sa dalawa. Kung anu-ano pa ang pinabili sakin! Obvious na obvious na. I decided na mag-ikot ikot muna nang mapadaan ako sa isang..

Jewelry shop.

May kung ano sakín na gustong pumasok dun. Ayoko talaga sa mga alahas. Yung Cassiopeia necklace pa lang ang binibigay ko kay Jersey. Ginreet ako nung saleslady.

"Hi Sir! What are you looking for?"

"Uhh.. Can you show me your ring collection?"

"This way sir."

Teka.. tama ba 'tong gagawin ko? Ibibili ko sya ng singsing? Hahaha Kevin nandito ka na, wag na magback-out.

Magaganda naman yung mga singsing nila. Tinuro pa nga sakín nung saleslady yung mga singsing for proposal. Eh, ayoko naman ng infinity ring. Marami nang may ganun eh! Hanap pa ako nang hanap nang may makita akong singsing. Simple lang, walang design, color white gold.

O ayan na naman kayo. Bakit plain? Teka diskarte ko na yun! Babawi ako sa wedding ring, makita nyo. Hahahah!

Nakakwentuhan ko tuloy yung saleslady sa sobrang tagal kong pumili. Sabi nya masyadong plain yung binili kong singsing. Sabi ko naman, masyadong kakaiba si Jersey kaya plain muna. Baka kasi ibato, sayang naman. Joke lang.

Pagbalik ko sa studio, ang sama na ng tingin sakín ni Jersey.

"BAKIT BA ANG TAGAL MO!!!" <- yan ang bungad nya sakín. Nice lang, diba?

"Ang dami nyo kasing pinabili! Etong si Jicker nagpapahanap pa ng barena. San mo naman gagamitin yon?"

Tinaasan lang ako ng kilay nitong he/she na 'to. "Pake mo ba? Babaenahin kita."

"Hindi ako bumili." Inabot ko naman kay Jersey yung milk tea nya. "Babayaran mo ko."

"Eto naman! Parang milk tea lang (-\_-)"

"Tss."

"Bakit ba ang tagal mo?"

"Bumili ako ng libro." Totoo naman yan. "Nasa kotse, in case your wondering."

"Aaahh. Nga pala Kevin," umiwas sya ng tingin. "Alis tayo sa Wednesday ha?"

Thursday pala ang birthday ko. Anong topak na naman nito? "Where to?"

"Punta tayong LB! May dadaanan lang ako for Kuya Tops."

"Sure."

\*\*

SUNDAY

Kanina pa ako naiilang. Pano ba naman, dala-dala ko ngayon yung singsing! Goal ko ngayon ang magpropose. Eto na siguro ang pinakamagandang birthday gift ko para sa sarili ko: ang makamit ang "Yes" ni Jersey. Tangna ang korni ko na. Sunugin nyo na ako.

May kinuha lang si Jersey sa ICS para kay Tops. Ano na naman ang problema nung lalaking yon? (- \_\_\_-) After non, nagpark ako sa Freedom Park, bandang malapit sa swimming pool ng Baker Hall.

"Okay ka lang?" tanong nya sakín habang kumakain ng buko pie. Sa kanya lang yung isang buo. Daig pa ata nito ang naglililihi!

"H-ha? Okay lang naman ako! Ba't mo natanong?"

"Parang kabado ka eh."

Halata ba? Pressured ako. Joke hindi. Feel ko kasi time bomb 'tong singsing sa may bulsa ko. Nakakatakot lang!

Pinatong nya yung paa nya sa dashboard at binaba yung car seat nya. "Hey, I realized something."

"Hm?"

"My bouquet dream is kinda.. ridiculous."

Medyo nagulat ako sa sinabi nya. "Ha? It's not that ridiculous."

"Parang dati ikaw tong nagsasabi na walang kwenta yung pangarap na yun ah!"

"Hindi naman sa walang kwenta. I find it absurd."

"Ganun na rin yon!!!"

"Okay," humarap ako sa kanya. "Ano naman ang nakain mo at naisip mo yan?"

"Narealize ko lang na.. hindi naman lahat ng babae sa mundo ay nakakasambot ng bouquet.. pero pwede silang magkaron ng perfect wedding. Wala na akong pakialam kung makakuha man ako ng bouquet o kung ano man. As long as I'm marrying the guy I love.. perfect na yun."

And she smiled at me. Yung smile na parang ready na sya.

Kevin, that's your chance.

Hindi na ako sumagot. Bahala na! Hinga muna, Kev. Kaya yan.. \*inhale\* \*exhale\*

"Jersey."

"Hm?" kumakain na naman sya ng buko pie. "Gusto mo? Belat."

"No no.. remember what I told you before?"

"Alin don? Marami kang sinabi sakin."

"I told you that I would propose anytime, right?"

"Hmm?" wala pa rin syang reaction. Badtrip. Gulatin ko nga.

"Pano kung.. ngayon na yung 'anytime' na sinasabi ko?"

(O.O) Nabilaukan pa sya. "What the?!?!"

"Jersey.. will you marry me?"

Please say yes.

Chapter 55

JM'S POV

"TAPOS!?!?"

Hindi naman ako hapit sa kwento ni Jersey. Wala lang, naexcite lang ako bigla. O teka, may nakakatanda pa ba sakin? HAHAHAHA! Basta, ako po si Justin Marion, kaibigan nina Jersey at Kevin. Yun na lang, gets nyo na yun.

Ano naman ang kwento ni Jersey?

E di yung nangyari last week!

Oo, last week.

First of October na ngayon, guys.

Nung nalaman nya na uuwi na kami ni Sheena (my wife), agad syang humirit ng "small talk". And as we all know, there's no such thing as "small talk" in Jersey leetspeak. Sa LB kami nagkita since may aasikasuhin si Sheena dun. Eto, nasa Boston kami. Old times.

Medyo nahihya pa syang tumingin sakin bago sumagot. "Ayun.."

"Jersey naman! Magkukwento ka ng ganon tapos bibitinin mo rin ako? Grabe. Kaibigan."

"Eh ang hirap kasi ikwento!!" tumaas ng isang octave ang boses nya. Napatingin tuloy samin yung nasa kabilang table.

"Teka teka.. ulitin ko lang ah. Kung san ka nambitin," umayos muna ako ng upo. "Nasa may Baker Hall side kayo ng Freedom Park, sa loob ng kotse ny. Kumakain ka ng buko pie tapos bigla syang.."

"Bigla syang nagpropose." Nagblush pa ang babae.

"Oh, anong nakakahiyang ikwento dun? Nagpropose na pala sa'yo si Kevin eh! I can't see a reason para ikahiya kang ikwento yan! Nung nagpropose nga ako kay Sheena.. napakanta pa ako ng di oras sa UP Manila. Proud ako dun!"

"It's not that," medyo may defensiveness ang tono nya. "Hindi yung proposal ang ikinakahiya kong ikwento."

"Eh ano nga? Marami kang binibitin na tao, Santiago."

"Nahihiya akong ikwento yung kasunod na nangyari."

"Palagi ka namang napapahiya. Ano pang bago dun?"

(- \_\_\_\_ -) "Fine. Ikukwento ko na nga!!"

(FLASHBACK: JERSEY'S POV)

"Pano kung.. ngayon na yung 'anytime' na sinasabi ko?"

Nabilakuan ako dun!

Pagkarinig ko pa lang nyan iba na ang kutob ko. Actually kanina pa talaga iba ang kutob ko eh. Kanina pa sya agitated! Okay may kalokohan bang ginawa 'tong epal na 'to o malakas lang ang trip? Basta, trip lang yan, just like before. Tsaka hello, si Kevin sa kotse lang magpopropose? That's so not like him! Bongga yang epal na yan noh!

Kaya napasabi ako ng.. "What the?!"

Humarap sya saakin, diretso ang tingin sa mata. Natakot ako, baka makikipagbreak pa ang mokong na 'to. Jersey wait lang, tanga ka. Yung "anytime" chorva pa eh! Anytime raw! NGAYON NA RAW ANG ANYTIME SHEEEEEET OMG LANG WAIT WAIT WAI-

"Jersey.. will you marry me?"

(O.O) (O.O) (o.o) (O////o)

My mind went blank. Kahit masakit ang lalamunan ko dahil sa lecheng buko pie na bumara sa lalamunan ko.. basta, gulat na gulat pa rin ako. OMG. He's.. serious. Sa lagay na yan hindi sya nagbibiro. Bakit? Eh kinikilabutan ako eh! Pag seryoso si Kevin, ewan ko ba pero bigla na lang akong kinikilabutan. Baka may sapak lang talaga ako.

O, e anong isasagot ko? Yes agad? Pwede bang pag-isipa-

"TULONG!!!! TULONGG!!!!!"

May isang highschool student ang lumabas sa may swimming pool area, tarantang-taranta. Imbis pansinin ang proposal ni Kevin, sya ang nakakuha ng atensyon ko. Napatingin naman sa direksyon naming yung student, tapos nagtatatakbo papunta samin.

"Jersey? Okay ka lang?" tanong nya saakin.

"Wai-"

"Hey. Hindi mo ba ako sasa-"

"Kevin mamaya na yan, okay? Someone needs help!!!" hala. Nasigawan ko pa nang di oras. Alam nyo naman ako, madaling mataranta. Nahawa ako kay Ate! Bago pa makalapit yung babae samin, lumabas na ako ng sasakyan.



"Bakit? Anong nangyari?" tanong ko sa kanya.

"Y-yung kapatid ko po! Nalulunod!!!"

Sht. Bakit ba may nakagamit ng pool na hindi estudyante dito? Tsaka nasan yung lifeguard? Tse Jersey mamaya na yan! Tumakbo na ako papunta sa pool. Nakalimutan ko si Kevin sa may sasakyan. Konsensya ko na kung di ko masasagip 'tong kapatid nya.

Nandun yung bata sa pinakamalalim na part ng pool. Good Lord! Feel na feel ko ang Baywatch spirit nang tumalon ako. In a span of 3 minutes naahon ko yung bata. Shet kamusta naman ang itsura ko, basang-sisiw! (-\_\_-) Kinausap ko sila saglit saka lang dumating ang lifeguard. Pinahiram ng damit tapos ayun, gora na.

Pagkaalis ng magkapatid, nakita ko si Kevin na papasok sa swimming pool area, may dalang bag. Hala, nakalimutan ko na yung sa proposal! Anebeeee. What am I going to say?

Nakatawa pa sya nang inabutan nya ako ng towel. "Nag-run na mascara mo."

"Thanks." Inabot nya rin sakín yung bag. Oh, mga damit ko pala 'to! Eto yung mga naiwan ko sa pad nya. Sakto! ;) Nagbihis muna ako. Aaarrggh Jersey bagalan mo pa magbihis!!! Isip ka ng isasagot kay Kevin! Of course, gusto ko syang pakasalan pero.. may something sakín na parang natatakot. Ewan. Gusto ko pero hindi pa ako ready sumagot. Magulo lang talaga ako.

Tahimik kaming dalawa sa biyahe. Ugh panira ka talaga ng mood Santiago! Birthday ng boyfriend mo bukas tapos di mo papansinin ang wedding proposal nya?!?! Kamusta naman ako diba?! Nagugilty ako. Pero mas nakakagilty naman kung half-hearted ang pag-oo ko sa kanya diba? Buti nga hindi sa harap ng maraming tao nagpropose si Kevin! Nakakaloka kasi pag ganun eh. Nandun na yung pressure ng madla sayo. In our case, pressured na nga kami.. sabayan pa ng maraming tao? Please lang.

Bago ako bumaba sa sasakyan, kinausap ko na sya. Bakit kasi ang tahimik nya (-\_\_-)

"Kevin?"

"Hm?"

Okay papano ko naman to sisimulan? "Uhh.. about the thing you said earlier?"

Bigla syang natense at tumingin saakin. "What about that?"

"Can I think about it?"

Hala please sana wag syang sumimangot! Please pl- Oh. He started to laugh.

"Bakit mo naman ako tinatawanan? Hoy!" pinalo ko sya sa balikat. "Seryoso naman kasi ako dito!"

"Wala," tumigil na sya at ngumiti na lang. "I expected that will be your answer."

"So kailangang may pagtawa? Pasalamat ka birthday mo bukas!"

"Look. Ako na ang nagsasabi sa'yo na hindi mo kailangang sumagot ngayon saakin. O agad-agad. Tatal.. ako nga, it took me a year bago magpropo-"

"DON'T SAY THAT WORD!!!"

"Ang alin? Propose?"

(O/////o) "KYAAAAAAAAAAAAA!!! WAG KASI KINIKILIG AKO!!!"

(..\_) (..) "O-okay. Teka pwedeng patapusin mo muna ako?" huminga sya ng malalim. "Ayun nga, it took me a year bago magpropose sa'yo. Yabang ko pa nung sinabi ko na anytime akong pwedeng magpropose sa'yo kaso sa totoo lang hindi pa rin ako ganung handa nung sinabi ko sayo yon. Gusto ko.. pag sumagot ka, hindi ka pressured. Yun lang."

Yung paranoia ko? Nawala bigla. Ewan.. gumaan yung pakiramdam ko eh! "Thank you," I kissed him. "Akala ko magagalit ka sakín eh! Sorry ha, I'm not used to this. Well first time 'to but what the hell, right? I'm just.. waiting for something."

"And what's that?"

"Hmm. That 'shet-gusto-ko-na-magyes- moment. Corny ko diba? Ayoko lang magplano. I want it to be natural. Goodness I'm really really cheesy."

"Haaay.. pero magandang pa-birthday gift sakín yung 'ye-"

"Hey!!!"

(END FLASHBACK)

(O.O) (O.O) <- itsura ko.

"O tignan mo! Ganyan itsura mo ugh. I hate this!!!"

Nakakatawa! HAHAAAAHA! Ako lang ba ang natatawa? Kasi nakakatawa talaga! "Jersey.. hindi sya nakakahiya. I mean.. it's fine!"

"Oo na. Kaso ang problema ko.. kelan pa yun? Hindi pa namin sinabi sa barkada na nagpropose na sya."

"O? Di naman problema yun eh! Teka, pressured ka ba?"

"Medyo.." medyo nalungkot sya. "I really really love him. I want to marry him but the thought of spending the rest of our lives together somehow scares me. Oo, ang sweet tignan sa mga pelikula o mabasa sa kwento pero.. iba pag nandun ka na eh. I'm not saying na nakulong ka na dun, pero may ganung factor eh. JM, natatakot ako na baka mamaya may mali akong magawa.. o di--"

"What?"

"Yung sa inyo ni Kevin, is that the real thing?" yan lang ang natanong ko sa kanya.

"What?"

Tinaasan pa nya ako ng kilay. "Yes! What kind of question is that!?"

"Sige nga, pano mo nasabi na 'real thing' yang sa inyong dalawa?"

"Because we love each other!"

"Yun lang?"

"That's enough for me."

"Yet you're somehow scared."

"AAAAAAAAAAHHH JM I HATE YOU!!!"

"Baka naman.. takot ka lang magcommit sa kanya. Oo, kayo nga, magkarelasyon kayo. Pero feel ko, takot kang magcommit sa kanya forever."

"Hindi naman forever. Ano lang.. the thought of that scares me. Okay wait lang naguguluhan na talaga ako."

"Haaay Jersey!" napangiti na lang ako. "Commitment is only commitment because it has no expiration date. You stand next to someone and watch them floss for 30 years like my parents had, that's the sacrifice. That's how you know the real thing."

"Maybe you're right. Pinag-iisipan ko pa talagang mabuti, JM. Aaaahhh sna hindi na nila ako ipressure! Mga tao naman kasi eh."

"Kaya mag-isip ka muna. Kung ready ka na.. e di mag-yes ka! Ayos naman kayo ni Kevin diba?"

"Yup! Bakit naman kami mag-aaway? He's willing to wait! Tsaka ayokong magpakasal na walang pera. Hahaah! :D"

(--.) Sakit sa ulo nitong babaeng 'to! "Basta Jersey, take your time. Baka mamaya pag-uwi mo nandun na yung moment na hinihintay mo."

"Wag ka namang ganyan, JM! Waaah! Basta pupunta ka sa wedding ko ah? Kung kelan man yon, kahit may pasok ka pa or something! Pumunta ka ah!!!" excited nyang sabi.

"Sagutin mo muna kasi! Baliw. Pero sige, hindi ako mawawala dyan. Ako pa?"

She smiled at me. Halata sa kanya na excited sya sa future, kahit may pangamba sya. Wow, magulong babae talaga 'to (-\_-)

\*\*

KEVIN'S POV

ANG HIRAP ITAGO SA BARKADA NA NAGPROPOSE AKO.

Parang timang lang kami ni Jersey noh? Hindi namin sinabi sa kanila na nagpropose ako. Akala ko nga ako lang ang nag-iisip nun pero pati pala sya! Anong nakain ng lokang 'to?

Oy, hindi masama ang loob ko sa sinabi nya saakin. Mas mabuti na yung pag-iisipan kesa NO agad ang sinagot nya saakin diba? Gusto kong pag-isipan nya yun. Kaso epal talaga yung nalunod eh! Sumakto pa talaga don! Dun pa talaga sa moment na yun! Panira! :/

Next week na ang birthday ni Jersey. So ibig sabihin nun malapit na mag-one month nung nagpropose ako. Hintay lang, Kevin. Hintay lang! Walang mawawala!!

"Bakit ka tulala dyan?"

Badtrip naman 'tong si Jicker! Nag-iisip ako dito tapos makikialam!?!?

"Wala, masakit lang ulo ko."

Tumambay muna sya sa harap ng station ko, parang may sasabihin kaso nahihiya. Weird. "May sasabihin ka ba?"

(<<.) (.>>) "Aahhh.. ano kasi.."

"Kaya mo yan."

"Wala. Sige." Bumalik ito sa station nya.

Anong problema nun? Parang t--

AH SHT. Gets ko na.

"Hoy Jicker," tawag ko sa kanya.

"Ano?"

"Graduation na ni Blanche bukas, if that's what you're asking."

May parang twinkle sa mga mata nya. O ako lang yon? "Hindi naman yan ang itatanong ko."

"Wala lang. Sinasabi ko lang, baka sakaling interesado ka."

"Lul. Di ka na nakakatuwa ah."

"Sige, panalo ka na." Ba't ba in denial pa rin 'to hanggang ngayon? Hindi ko talaga sya maintindihan. Gusto naman nya si Blanche, ayaw pa aminin! Eto namang si Blanche, sila pa rin nung boyfriend nyang French. Pucha baka mamaya magpakasal na yung dalawang yon!

"HOY JICKER," tawag ko ulit. "Sila pa rin pala nung French."

"Nyeta Kevin anong gagawin ko dun?"

"Kahit pano naman siguro kumilos ka diba?"

Sinamaan nya ako ng tingin. "Umayos ka. Nanahimik na nga ako dito!!!"

Nanahimik na lang ako. Baka kasi mamaya masapak nako nito.

"Sila pa rin?" medyo mahina nyang tanong. At last!

"Yeah. Baka umuwi sya dito next year pa. May tinatapos pa syang trabaho eh."

"Okay."

At.. alam nyo nakita ko?

Napangiti si Jicker.

\*\*

OCTOBER 23

JERSEY'S BIRTHDAY

JERSEY'S POV

ALAM NYO BANG ETO ANG PINAKAMASAYANG BIRTHDAY KO NGAYON!!! =))))))



Joke. Of course pinakamasaya yung 18th birthday ko! Pero.. KYAAAAAAAAAAAAAAAAA!!! KINIKILIG AKO!!! KINIKILIG AKO!!!

Whyyyy?

Kasi ano!!! kasi anoo....

REUNION CONCERT NG SUGARFREE!!! TUMAPAT SA 25th BIRTHDAY KO!!! WOOOOHOOOOOOO!!!!  
Ang saya laaaaang! :">

Fine, 7 years na rin since nagdisband sila, at nandun kami ni Kevin sa last gig nila sa Eastwood. Ngayon, after 7 years.. BALIK EASTWOOD NA NAMAN SILA!!! OMG /dies Buti na lang friend ko si Jicker!!! AT KAMI NI KEVIN ANG NAKAKUHA NG PHOTO GIG NA TO OMG kruu.

"Ang saya mo ata ngayon ah!" pasigaw na sabi ni Kevin sakin. Lakas kasi ng hiyawan ng tao after ng 1st song ng Sugarfree.

"Hindi ka ba masaya? HELLO NAMAN O!!! SUGARFREE!!!" tinuro ko pa si Ebe na halos 4 meters lang ang layo samin omg

"Masaya! Pero ikaw iba ang saya mo," sabay kuha ng picture.

"Syempre it's my birthday, you @ss!"

Tinignan nya ako ng parang nawiwirduhan sya sakin tsaka sya bumalik sa pagpicture. Naguilty naman ako bigla. Kasi nung birthday nya may party nga, kaso yung regalo na gusto nya hindi ko mabigay. Matagal na rin akong nag-iisip kung ano nga ba talaga ang dapat kong gawin. Kaso.. wala pa rin yung moment na yun! Hala sige maasar lang kayo sakin dahil ang arte ko. Pero ang akin lang, gusto kong maging special ang moment na 'to. Gusto kong balang-araw pag nagrereminisce ako, matandaan ko yung eksaktong moment na kung saa naramdaman kong ready na akong magpakasal

sa kanya. Ayaw kong malimutan ang isang napakagandang bagay na tulad na ganun. That's why I'm waiting for that perfect moment.

Promise ng Sugarfree na may mahaba silang setlist ngayong gabi. Nakakaexcite kasi sobrang miss ko na sila live! Namukhaan pa nga kami ni Ebe eh! Ang galing lang!

Malapit na sila sa encore nang kausapin ulit ako ni Kevin.

"San tayo after nito?"

"Tara McDo!"

Nagpout pa ang loko. "McDo lang? Birthday mo tapos McDo lang? Ano ka, highschool?"

"Tsss. Ikaw na nga ililibre eh! McDo na lang! Bibili kita ng maraming french fries!" I singsonged. French fries yan, Kevin! Hindi ka makakatanggi! XD

"Sige na nga!! Basta maraming fries yan ah!"

Hinalikan ko sya sa pisngi. "Opo, sir! Birthday ko naman e :)"

Hiyawan ulit yung tao para sa last song ng Sugarfree. Wait, nawala ako sa tally ko kanina. Ano kaya ang last so--

"This.." nagsalita bigla si Ebe sa mic. "is song is dedicated to everyone. Matatagpuan nyo rin ang tunay nyong pag-ibig balang araw. Sa mga nakatagpo na ng kanilang tunay na pag-ibig, wag nyo nang pakawalan yan."

Tapos.. biglang nilang tinugtog yung isang familiar na kanta.

Kung saan-saan napadpad..

Sht.

lubdub.. lubdub..

Ikaw Pala. Yan yung sinabi ko kay Paolo nung high school na magiging wedding song ko. Tapos eto rin yung kinanta sakín ni Kevin nung gabi bago sya umalis papuntang Germany.

Para sakín yan ang pinakamagandang kanta ng Sugarfree. Tagos ang lyrics eh! Sa buhay kasi natin palagi tayong naghahanap, ang hinahanap natin ay yung mga bagay na gusto lang natin makita. Hindi natin alam na may iba pang mas makakahigit pa sa hinahanap natin, na yun talaga ang para satin. Sht ano ba 'tong pinagsasabi ko? Tsaka bakít ako naiiyak? Fine iyakin ako pagdating sa Sugarfree pero nakangiti pa kasi ako eh!

Dati, pag naririnig ko yang kantang yan.. wala akong naiisip na tao. Pero ngayon...

"Debs? Hoy! Ba't ka umiiyak dyan? Okay ka lang? Tinignan ka ni Ebe kanina!"

Napalingon ako kay Kevin. Sht sht sht. Palagi ko syang kasama pero.. bakít ganto yung background? Parang naka-macro ang mga mata ko tapos.. ang lamlam ng background. And to top all of these craziness.. bakít parang timebomb ang puso ko?

Jersey, quit denying. Eto na yun.

Yung 'shet-gusto-ko-na-magyes- moment.

Natatawa ako sa sarili ko! Natatawang naiiyak. Alam mo yung sobrang saya? Feel ko nabuhay ang lahat ng veins sa katawan ko! OMG!!!

"Jersey. What's wrong?" nakakunot na yung noo ni Kevin, halatang asar na sa drama ko. Pinagtitinginan na kami ng ibang tao. Bahala sila!

"Nothing," mas natawa ako na naiyak. Baliw!! "It's just.. the song."

"O bakit? Anong meron?"

"Remember the first and last time you sang that to me?"

"Nung.. bago ako pumunta ng Germany. Bakit? Anong meron?"

Napangiti na lang ako. "Di ba.. nagpropose ka rin sakin non? Remember?"

Inalala nya saglit, tapos natawa sya. "Okay.. bakit ka nagrereminisce? We have work to do."

"Wala lang. Kasi sabi mo sakin non.. pag hindi ko pinag-isipang mabuti, patay ako sayo. Alam mo ba that time, I was about to say yes. I really really wanted to marry you that night. Para hindi ka na umalis. Kaso kung sinabi ko pala yun sayo dati, hindi pa ako handa nun."

Nakatitig lang sya sakin na parang naguguluhan. Ako rin, naguguluhan sa mga pinagsasabi ko.

"What I'm trying to say is.. I thought to myself you were the boy for me, and I kind of put-- I put everything into that, and you know, I don't doubt for a minute that you're the best guy I'll know, and I wish that, you know, you'd just marry me."

(O.O) "W-wait a minute.. are you--"

"I'm just going to say this once, okay? Kevin, I love you and I want to spend the rest of my life with you."

His face.. goodness. Kitang-kita don na sobrang saya nya. Bigla na lang nya akong niyakap ng mahigpit.

"Thank you thank you thank you! Oh God I love you so much Jersey!" shet di na ako makahinga sa yakap nito! Hello, sino pa ba ako para magreklamo? IKAKASAL NA AKO GUYS! YEEEEEEEEHEEEEEY!!!

Napansin ko na hindi na kumakanta si Ebe.. ayun pala nakatingin na silang tatlong samin ni Kevin. Yung mga tao, nakatingin na rin pala samin tapos pumapalampak. Nailang naman kami ni Kevin kaya bumitaw na kami sa isa't isa.

"LUHOD NAMAN DYAN OH!!!" sabi ni Jal, yung bassist ng Sugarfree. Nagchant tuloy ang mga tao ng "Luhod! Luhod! Luhod!!!"

Binalingan ko si Kevin.. na unti-unting lumuluhod. Tapos nakangit pa ng nakakaloko! UGH.

"TUMAYO KA NGA DYAN!!!" malakas kong sigaw.

"Trip ko 'to, bayaan mo na."

Si Ebe naman ang nagsalita. "SINGSING! SINGSING!!!"

Kinapa ni Kevin yung bulsa nya.. "Sht."

"Why?"

"Naiwan ko sa isang pantalon ko yung singsing."

(O.O) <- itsura ko.

Yung mga tao napa-aww na lang, yung iba nagchant na lang ng KISS! KISS!!! Sila na lang muna ang binalingan ko, bahala na muna tong si Kevin! IWANAN DAW BA ANG SINGSING!?!?!? UGH.

few seconds later...

"Jersey, kamay mo."

"What?"

Hinigit na lang nya bigla yung right hand ko tapos.. may tinaling..

sintas.

Natawa yung mga tao sa ginawa ni Kevin. ANO BA YAN!!!

Pati si Kevin, natawa sa ginawa nya. "Jersey sorry kung sintas lang 'to ah. May singsing talaga akong binili sayo, promise. Naiwan ko lang talaga. Ahh.. speechless na naman ako. Ganda mo kasi! Ano.. uhh.."

"Kevin," natatawa na rin ako sa kanya. "It's okay. Go on."

"Sabi sakín ni Mama dati, 'Don't marry the person you think you can live with, marry only the individual you think you can't live without.' Alam kong ikaw na yun eh. Hindi ko pwedeng sabihin na I can't live without you kasi alam nating exaggeration lang yon. Hindi tayo mabubuhay na walang tubig o pagkain o hangin.. pero para sakín.. hindi buo ang bawat minuto ng pagkain, pag-inom at

paghinga na wala ka. Pucha ang corny ko na, pero totoo yan. I love you, and Happy Birthday, love. Alam kong hindi ka magsisisi sakín. Hahahahah!"

I asked him to stand up and I hugged him. "I know, hindi talaga ako magsisisi. Sana hindi ka rin magsisi kasi Devil Woman ata tong papakasalan mo. I love you."

"And I love you, too."

Umalis kami sa Eastwood Central Plaza na may nakataling sintas sa ring finger ko, mga taong nagpiprisinta na maging abay/ninong/ninang/ringbearer, isang pangako mula sa Sugarfree na kakanta sa kasal namin at.. syempre..

umalis ako ng Eastwood na natupad ko ang birthday wish naming dalawa.

At yun ay ang pakasalan ang isa't isa.

Chapter 56

(KEVIN'S POV)

Nagising ako dahil sa sunud-sunod na malakas na katok sa pintuan ko.

Sino naman kaya 'to? Si Jersey? Impossible. Isa pang tamad bumangon yun eh! Nakakatamad talagang bumangon (=\_\_\_=)

HAH. ANO KAYO SA PROPOSAL NA YUN!?! IMBA NOH? HAHAHAHA! Para-paraan lang yan! Sa totoo lang, akala ko talaga hindi na sasagot si Jersey. Isang buwan ba naman kasi! Dapat nga uulitin ko ang proposal ko right after the concert kaso naunahan nya ako. May paiyak-iyak pang nalalaman!

HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA SAN KAYO!?!? IKAKASAL NA KO!!! WOOOOHOOOO!!! Sorry girls!  
:P

Teka teka mamaya na nga muna ako magsasaya! Sino ba 'tong balahurang epal na 'to?!?!

\*bukas pinto\*

(..\_) (O.O)

Si Jersey?

Na bagong gising? Anong ginaga-

"HALA PASOK!!!!"

Ay. Hindi pala sya nag-iisa. Biglang sumulpot sa likuran si Jicker.. tapos sina Keith.. tapos sina.. eh buong barkada? An-

"ANO BA JICKER!!! PAPASOK NA NGA AKO!! NO NEED TO PUSH ME!!!" sigaw ni Jersey habang papasok sya sa pad ko. Sunud-sunod na silang pumasok lahat, leaving me alone by the door. Okay.. this is strange.

"Kevin! Samahan mo ko dito! I'm scared!!! -\_\_-" tawag sakin ni Jersey. Agad naman akong pumunta sa tabi nya.

"Okay bakit kayo napasugod dito?"

Nagtinginan muna silang pito tsaka bumaling samin. "MAY KASALANAN KAYO SAMIN!!!"



Kami naman ni Jersey ang nagkatinginan. "H-ha? Anong kasalanan?"

Etong si Jicker ang pinakamadrama sa lahat. Pano ba naman, inikutan kami ni Jersey na parang nasa isang investigation kami. Kulang na lang ng spotlight, kumpleto na ang skit nya. "Ayon sa mga ebidensya na aming nakalap... may nangyari sa inyo na hindi nyo samin sinasabi."

Sabay siguro kaming napalunok ni Jersey dun. Sht. Alam na nila! Eh dapat surprise naming sa kanila yun mamaya eh! May plano kaming dalhin sila sa Tagaytay tapos.. dun namin sasabihin!

"Anong balita yan?" Jersey tried to remain calm. Sige lang, love. Artehan mo yang si Jicker!

"Akala pa naman naming friends tayong lahat!" si Kat na ang nagdrama. Patay. "And friends should trust each other! Tapos.. tapos..."

Inakbayan na ni Paolo ang girlfriend. "Kat wag ka na magdrama, di bagay."

Naguguluhan na talaga ako. Baka naman ibang balita 'to? "Sige nga.. ano ba yang nabalitaan nyo?"

"IKAKASAL NA PALA KAYO HINDI NYO MAN LANG SINABI!!!!" sigaw nilang pito.

|(O.O)| |(O.O)| <- nagtakip kami ng tenga ni Jersey.

"P-pano nyo nalaman yan? Sinong nagsabi sa inyo?"

....

"Hoy sinong nagsabi sa inyo! Papasabugin ko yung mukha non! SINONG NAGSABI SA INYO!!!!"

....

"Isang mataray na ninja," sabi ni Sath. \*kruu kruu kruu\*

"Jicker..."

"He-he-he.. oo! Ninja nga nagsabi samin! He-he-he" pinagpapawisan na ang loko.

Sino kaya yung panirang ninja na yun? Epal lang ah! Bakit, sya ba ang ikakasal? Tsaka pano nya nalaman yon, aber? Sya ba magssponsor sa kasal namin? PAKIALAMERA!!!

"Tsaka naman Je," extra ni Amae "May pictures kaya na kumalat sa net! Seriously, Kevin? Sintas?"

"At least unique!"

"Ang sabihin mo t@nga ka kasi iniwan mo yung singsing!" lumapit pa si Jicker kay Jersey at niyakap ito, parang pinapatahan. "There, there.."

"Parang t@nga lang, Jick."

Pinaupo namin sila sa may sala para mapag-usapan na ang lahat. Mukhang mas excited pa ang barkada kesa saming dalawa ni Jersey eh!

"Je ano bang gusto mong kasal?" tanong ni Keith.

"Sabi ni Jersey nung highschool gusto nya simple lang," epal ni Amae.

"Anong theme?"

Saglit na nag-isip si Jersey. "Wala pa talaga akong maisip eh! Basta ang gusto ko simple lang yung wedding. Ayoko ng maraming tao!"

"Eh ikaw naman Kevin?"

"Kahit anong gutso ni Jersey okay lang. Di naman ako mapili."

"Je alam mo na ah," seryosong sabi ni Jicker.

"Alam ko na ang ano?"

"Ako maid of honor!" \*paaaak!\* "ARAY! Di ba ganun naman sa Made of Honor? Ang hot kaya ni Patrick Dempsey dun!"

"KAHIT NA!!! AYOKO!!!"

"Eh little bride?"

"Gusto mong magmumog ng ngipin ngayon, Herrera?" tumalas ang tingin ni Jersey. Natameme tuloy si Jicker. Scary.

Sa mga sumunod na oras, nagplano na kaming barkada ng details sa kasal. Wow.. ang bilis! Parang nung isang araw lang kakapropose ko lang tapos ngayon.. may date agad! Ni hindi pa nga alam ng nanay ko na sinagot nako ni Jersey! Well yung sa parents ni Jersey okay na yun, since kumuha na ako ng permission sa kanila nung June pa.

Details ng kasal:

- When: April 30, 4pm
- Where: St. Marc's Chapel, National Arts Center, UP Los Baños

Yan pa lang ang napag-uusapan namin kasi gustong pag-isipan ni Jersey kung anong theme ang bagay samín. Sabi ko Rockstar theme, ayaw nya. Para raw kaming siraulo nun. Walking Dead theme, baka raw pagalitan kami ni Father. Nagtataka nga ako eh, sya tong wedding planner pero gusto nyang simple lang ang samín.

"For once," sabi nya nung nakaalis na sina Jicker. "Gusto kong maging simple yung pinakaimportanteng event sa buhay ko. Kasi.. we've been through this crazy drama for years.. and eto lang yung breathing space ko. Ayoko ng engrande, hindi ko maeenjoy yun. Sa sobrang dami ng details baka makalimutan ko yung mga importante. And.. for once, I want us to be normal. Without the drama or weird antics."

"Ay ayan pala ang ayaw sa drama ah? Dami mong sinabi!"

"Ayoko nga gumastos ng malaki! Hello!! Pwede naman tayo ikasal na di gumagastos ng malaki diba?"

"What if I want to spoil my future wife on our wedding day? May magagawa ka pa ba?"

She smiled. "Wag na. Sa bahay na lang yan! Maganda naman ako, kerí yon."

(-\_\_\_-) "Hangin mo."

"Sinabi mo na sa mom mo yung tungkol dito?"

"Hindi pa-"

\*ring ring ring\*

Nilabas ni Jersey ang phone nya. "H-hello?," nilayo nya ng onti yung phone. "Wait lang don't shout!! \*\* WHAT!?!? WHO TOLD YOU!?!?! \*\*\* Haaa?!?! \*\*\* Eeehh as in today? Di ba pwede bukas? \*\*\* Nakakainis naman 'to! \*\*\* FINE!!! I'll tell him!!! \*\*\* Oo na sige na!!! \*\*\* HINDI RIN KITA NAMIMISS!!! UGH.\*\* BYE!!!"

"Sino na naman yang kaaway mo?"

Umupo sya ulit sa tabi ko. "Si Kuya Tops."

AY NAKNGTUCHA. Si Kristoffer? Yung bwiset na kuya ni Jersey? (= \_\_ =) "Bakit daw?"

"Apparently may pictures nga tayo sa net, since reunion concert ng Sugarfree yon. And I forgot my brother's a big fan so.. he saw the pictures. May video pa nga raw sa Youtube. People!"

"O anong meron dun? Mamaya nga idownloado-" hinampas na naman ako. "Ba't ba ang hilig mong manghampas!? Battered husband ata ako sayo eh!"

"HINDI PA KASI AKO TAPOS!!! At naisip mo pang idownload ah!"

"E di tapusin mo! Problema ba yun?"

"He wants to talk to us. I mean, silang dalawa pala ni Kuya Tatan."

(O\_\_\_O) "P-pati si Tatan?"

"Yep. Meet the brothers, love. Courtesy na yun para sa mga kuya ko." Nagsmirk pa ang baliw.

Patay tayo dyan.

\*\*\*

HOURS LATER

(JERSEY'S POV)

Kanina pa kinakabahan si Kevin.

Well.. dapat lang! Haharapin nya ang mga kuya ko noh!

Ano kayang pumasok sa utak ng dalawang 'to at kakausapin nila si Kevin? Hmm... naexplain ko na sa kanila yung Germany fiasco years ago, and mukhang okay naman sila nung sinabi ko sa kanila yun. Actually ako pa nga ang napagalitan eh! Dapat daw nilapitan ko sina Kevin that time para hindi na umabot sa sobrang chorva ng kwento namin. Nakakainis! Ako yung kapatid eh! (=o=)

Bakit kaya kami kakausapin? Hmm.. nandito na kami sa bahay naming sa Alabang. Dito kasi nagsstay sina Kuya pag nandito sila sa Pinas. Ako na nga lang naiwan dito, silang apat nina Mama nasa US na, nagtatrabaho pa rin.

"Jersey.. ba't ang tagal nilang bumaba?" tanong sakín ni Kevin na halatang di mapakali sa upuan nya.

"Hintayin mo lang kasi! Eto talaga. Wag ka ngang kabahan! My brothers like you!"

Sumimangot na lang sya. Natandaan ko tuloy nung una syang kinausap nina Kuya, 7 years ago. Una ang sungit pa ng nina Kuya sa kanya tapos.. after ng isang guitar showdown.. Kuya na rin ang tawag nya! Sakit sa ulo! Syempre iba naman ang siste ngayon, kasal na 'to e. Hindi 'to basta ligaw-ligaw.

Natakot naman ako bigla. Bakit nga ang tagal nina kuya sa taas?

"Te-"

May narinig kaming mga yabag na pababa sa hagdan. Uh oh, this is it.

"Sorry. A client called," sabi ni Kuya Tatan na nakangiti pa saakin. Ako naman, syempre kuya's girl, sinalubong sila sa ibaba ng stairs.

"KUYAAAAAAAAAAAAAAA!!! Miss ko na kayo!!!!"sigaw ko, with matching hug.

Ayun, ngayakapan kaming tatlo dun. Minsan ko lang kasi sila makita, once every 2 years. Parehas na kasi silang kasal ngayon at dun sa US nakatira kaya ganun. Nakakamiss talaga mga kuya ko! ;(((

"Jersey parang bata! 25 ka na!!" asar saakin ni Kuya Tops na parang natatawa pa.

"Eeeehhhh minsan ko lang kayo makita!!! Hindi nyo ba ako namiss?"

"Syempre namiss ka namin! Ikaw pa?" kinurot pa ako ni Kuya Tatan sa pisngi. Masakit!!!

Siguro isang minuto rin naming nakalimutan na may nag-eexist na Kevin Santos na kasama namin sa oras na yun. Kung hindi pa kakalas si Kuya Tops sa yakapan namin e.. goodbye Kevin na talaga.

Sumeryoso na sina Kuya. "Ahem."

I can't explain kung anong itsura ni Kevin. Di ko sure kung kinakabahan ba sya o ano. Ngumiti na lang sya tapos.. "Hi Tatan! Tops!"

Lumapit sa kanila sina kuya at nakipagkamay. Business deal? (>,,<)

"Tara, sa may garden tayo. May pinahanda ako kay Ate na meryenda," yaya ni Kuya Tops.

Nauna sina kuya na naglakad papunta sa garden, tas nasa likod naman kami ni Kevin. Ang higpit ng grip ng mokong sa kamay ko! Kabadong-kabado?

Bakit naman sya kakabahan? As if may gagawin sina Kuya, right?

"So Kevin," panimula ni Kuya Tops. "Nakita ko sa pictures na nagpropose ka nga sa kapatid ko."

"At sintas pa ang ginamit mo? Nasan na yung singsing?" - Kuya Tatan.

"Bakit bigla kang nagpropose sa kapatid namin?"

"Handa ka na ba sa buhay mag-asawa?"

"Ilang anak ang ibibigay mo kina Mama at Papa?"

"Marunong ka ba naman mag-alaga ng bata?"

"May trabaho ka ba? May pera ka ba?"

"San mo balak patirahin ang kapatid namin?"

(@.@) <- AKO

(.\_.) (@.@) <- KEVIN



Sunud-sunod ba namang tanong?!? Waaaah! Nakakatakot naman ata sila masyado ngayon! (X.x)  
HUHUUUU!!!

Napangiti na lang si Kevin. Siguro nakaisip na sya ng madaling sagutin dun sa mga tanong nina Kuya. "Kaya ko papakasalan si Jersey kasi..

she's pregnant."

(O.O) (O.O) (O.O) <- kaming tatlong magkapatid

SH-WHAT!?!?! ANONG SABI NYA!?!?! BUNTIS AKO!!! SHET!!! IT'S NOT TRUE!!! IT'S NOT TRUE!!!  
IT'S NOT T-

"B-buntis ka.. Jersey?" pinipilit ni Kuya Tatan na kalmahin ang sarili nya.

"Ku-kuya wai-" bago pa ko matapos may narinig na akong sumisirit na tubig! Ano y-

"HAYOP KANG LALAKI KA!!!!!!"

(O.O)

Si Kuya Tops may hawak na hose!!!!!!

Naalarma naman si Kevin sa itsura ni Kuya. "W-wait lang Tops mag-eexp-"

AYUN. NAPALIGUAN NA SI KEVIN.

"PINAGKATIWALA NAMIN KAPATID NAMIN SAYO HAYOP KA!!! TAPOS BUBUNTISIN MO LANG!!!  
HINDI PA KAYO KASAL!! GUNGGONG KA!!!"

"KUYA WAIT LANG!!! WAIT LANG!!!" sinubukan kong harangan si Kuya Tops na hinahabol pa rin si Kevin ng hose pero hinila ako ni Kuya Tatan.

"WHAT ARE YOU THINKING!?!?!" galit na galit nyang sabi sakin. Feeling ko tuloy sasaktan nya ako!  
(~.~)

"KUYA ANO BA!!! HINDI AKO BUNTIS!!!!!!!"

...

(O.O) (O.O) (O.O) <- itsura nina Kuya at Kevin.

OH SHT. Oh. T@nga. T@nga. T@nga..

imagination ko lang pala lahat yon!

Nakaupo lang silang tatlo, gulat na gulat sa sinabi ko. Oh my God I am so stupid!

"J-jersey.. hindi ka naman talaga buntis ah," sabi sakin ni Kevin, nawiweirduhan na ata sakin 'to.

Napailing si Kuya Tatan. "Anong pinagsasabi mo dyan? May sakit ka ba?"

"Nag-iimagine lang siguro yan. Baliw!" - Kuya Tops.

OMG STONE ME TO DEATH STONE ME TO DEATH!!!! San ba nanggaling yun, Jersey!?!? SAN!?!?!?  
Hiyang-hiya akong umupo. "Ehh.... suggestion lang!" (^.^)V (~~.)

(@\_\_\_\_\_@) <- iisa lang ang itsura nilang tatlo.

Tumahimik na lang ako. Guy stuff pala pinag-uusapan nila! About sa mga trabaho.. sports.. mga ganun! O san mo napulot ang buntis don, Jersey?!?! NAKAKAHIYA SA MGA KUYA MO!!! MAS LALO NAMAN KAY KEVIN!!! DI PA NGA KAYO KASAL BUNTIS AGAD!?!?! NYEEEEETAAAAAAAAA omg lang /wrist

Bago kami umalis...

"Hoy Kevin," pahabol ni Kuya Tatan. "Alam mo na siguro kung anong mangyayari sa'yo pag may ginawa kang masama sa kapatid namin." Pinatunog pa nya ang mga daliri nya to prove his point. May gangster side pala ang kuya ko (O.O)

"At ikaw naman," si Kuya Tops naman ginulo ang buhok ko. "Wag tanga, ha? Makinig ka kasing mabuti. Wag padalos-dalos."

"Hmmm! Oo na!" I pouted. "Eh kasi naman e..."

"Hay nako! Basta Kevin! Kung kailangan nyo ng tulong sa kasal.. don't hesitate to ask our help, ha? Tawag lang kayo!"

"Opo boss!" ang saya naman ata ng katabi ko. "Ako na pong bahala dito! Basta.. pag ako'y naging battered husband, kayo ang unang tatawagan."

"ANG KAPAL MO TALAGA!!!" pinagpapalo ko sya.

"See what I mean? Battered fiancee na ako o!!!" (= \_ =)

Nagpaalam na kami kina Kuya. Shocks hanggang ngayon nahihiya pa rin ako! (><) NAKAKAINIS!!!!

(sa sasakyan...)

"Hey," sabi nya.

"What?"

"So tell me.. saan mo napulot yung 'hindi ako buntis' drama mo kanina? Are you trying to imply something."

"Just shut up and take me home."

Drat.

\*\*

FAST-FORWARD

APRIL

(JICK'S POV)

^ O NABASA NYO NAMAN YON!

Jick na lamang po ang itawag nyo sa akin. Ako ay nagbabagong buhay na.

HAHAHAHAHAHAHA ASA!!!

Wait, seryoso na nga muna. Medyo busy kasi ako since last November. Pano ba naman, nag-volunteer (actually pinilit ako) ni Jersey na maging wedding coordinator. PINILIT AH. Buti na lang may bayad!

Eto namang si Jersey, minsan na nga lang ikakasal gusto simple pa! Tapos dun pa sa St. Marc's Chapel ang gusto, e ang liit non! Tapos ang daming gustong imbitahin! Ano kami don, gagawing sardinas sa sikip!?!?

BASTA!!!! AYAW NYA SA ENGRANDE!!! Pero sya nagdesign ng gown nya ah. Simple pero bagay naman sa kanya. EEEHHH!!! Marami na kaming naayos na bagay: venue, catering, guests, invitations, band (Sugarfree syempre!), souvenirs.. pati honeymoon tapos na!!! TAPOS NA TALAGA!!!

Kaso.. may isang bagay na ayaw si Jersey. Oh, make that two.

"AYOKO NGA SABI JICKER!!!!"

Ayan, mahadera na naman si Ateng. May appointment sya sa derma nya today kaya nagmamadali sya.

"Jersey hindi kumpleto ang kasal kung wala non!!!!"

"AYOKO NGA SABI!!! ANO BA!!! Look, may naencounter na rin akong brides na ayaw non kaya please lang, itulad mo na lang ako sa kanila."

"Friend..."

Tinutok sya sakin yung eyeliner nya. "Itutusok ko 'to sa mata mo!!!"

"Go ahead! Para ang peg ng wedding mo ay sa Bilibid!"

"I hate you." Umalis na sya sa harap ng salamin at nagsuot ng sapatos.

"Jersey answer me, bakit ayaw mo ng ganon?!? Yung ibang babae nga dyan gustung-gusto magkaganon eh! Hello, rite of passage yon to marriage!"

"AYOKO NGA!!!"

"ANG KJ MO!!!! BAKIT AYAW MO NG BRIDAL SHOWER!?!?"

See? Yan ang ayaw nya: bridal shower. At ayaw din nyang magkaron ng stag party si Kevin. Anong klaseng bride 'to, KJ!!

"Can you please just respect my decision? Hello, I don't want guys gyrate their.. ugh in front of me! Ayoko talaga ng ganon!"

"Eh hind--"

"Alam ko ang mga nangyayari sa bridal showers, Jick. I've attended one. Please lang. The horror!" Halata nga sa facial expression nya na natrauma nga sya. Poor girl.

"Sabi kasi ni Kat you need to have one! Kahit wala nang macho dancer! Pero mas masaya yun kung meron..."

"Ikaw lang ata matutuwa don!!!"

"Hoy, hindi ako sasama sa bridal shower mo teh, excuse lang."

Ano, gulat kayo noh?!?! HAHAAHAH! You see, I am a reformed... person. I'm trying to get out of the confusing stage of my life. Ang korni ba? SORRY NAMAN! NAGPAPAKATINO LANG NAMAN AKO!

"Bakit? Kasi balik ka na sa dating circle?" natawa pa sya.

Kainis! Batuhin ko kaya ng vase 'to? "Sira. That was just a date. Alam mo naman, Date 101, ang first date ang magiging basis mo kung may kasunod pa ba o wala na."

"Oh. Blanche really did hurt you."

"Do you want me to hurt you instead? Hah?"

"TARAY!!" humarap ulit sya sa salamin. "Basta, ayoko ng bridal shower. Kahit dinner na lang okay na. At subukan mong gawan ng stag party si Kevin, malilintikan ka sakin."

"Oh I'm scared!"

"I am serious, Herrera."

"Tsss. KJ!!!"

KASO...

"Jick."

Nasa studio kaming dalawa ni Kevin, may inaayos para sa isang pictorial. Si Jersey may appointment na naman sa designer kuno. Bahala na sya!

"Hmm?"

"Ano.. about sa stag party..."

Anong sapak nito? Pati ba naman sya ayaw? "Bakit?"

"Alam kong ayaw ni Jersey na magkaron ng bridal shower at stag pa--"

"Syempre hindi sasama si Jersey stag party diba."

(-\_-) "Ayun nga.. so.. I was thinking.. I..."

"Look Kevin, okay lang naman na hindi ka mag-stag party. Pwede naman siguro yon. Kaso sayang! M--"

"Wait lang. I want you to kidnap me."

(O\_\_\_\_\_O) "WHAT!?!?!?"

Natawa sya sa reaction ko. "Ano kasi.. gusto ko rin naman maexperience yung ganon, the rite of passage thing. And besides.. my mothers wants me to experience that."



(O\_\_\_\_\_O) \*gulp\* "S-sure ka dyan?"

"Yes. Just don't let Jersey know about this."

\*\*\*

A WEEK BEFORE THE WEDDING.

Palabas si Kevin ng studio nang may tumabi sa kanyang dalawang lalaki na nakabonnet.

"Pre," sabi ni Bonnet Boy 1. "Sasama ka samín."

"Wag kang papalag," sabi naman ni Bonnet Boy 2.

Helpless na si Kevin kaya sumama na sya sa dalawa. Sinakay sya sa isang SUV at humarurot agad ito.

....

"SHET KAHIT STAGED YON KINABAHAN AKO!!!" tawang-tawa nyang sabi.

Tinanggal naman nina Jerro at Keith ang mga bonnet sa ulo nila. "Okay ba acting? Pwedeng pang-goons?"

"Okay dre!" nagfist bump pa yung tatlo.

You may ask kung nasan ako. Ako ang driver. (-\_-) At san kami pupunta? Sa isang club na rinentahan namin para sa stag party ni Kevin. Invited lahat ng guy friends ni Kevin dito. San ka pa?

"O, anong paalam nyo kina Sath?" tanong ko dun sa may mga asawa na.

"Game night kina Kevin!" sabay nilang sabi.

Napatingin naman sakin si Paolo. "Ganun din excuse ko kay Kat."

Tahimik lang si Kevin, pero halata sa kanya ang excitement. May kidnap kidnap pang nalalaman tong ugok na 'to!?!? DAMING ALAM!!! Nang makarating kami sa destination, binlindfold muna namin si Kevin para walang takas.

"Baka mamaya nandito si Jersey, tatadyakan ko kayo," sabi nya samin. Si Paolo ang guide nya sa paglalakad.

"Busy si Jersey! Sure yon," pag-aassure ko sa kanya.

Dinig sa labas ng club ang party music. Bago buksan ni Jerro ang pinto, may pahabol pa 'to.

"Kevin, enjoy this night."

\*

So ayun. Since magaling na si Kevin, umiinom na rin sya kahit pano pero moderate lang. Ayaw nya raw malasing. Baka mamaya kasi pag-uwi nya nakaabang si Jersey, lagot na. Sa isang table lang kaming lima, umiinom nang...

"Excuse me boys.."

Tingin naman kaming lahat.

(O.O) (O.O) (O.O) (O.O) (O.O) \*gulp\*

Since ayaw ni Leng na magmukhang pornish ang description, let's just say na.. revealing si Ateng Stripper. (-\_\_-)

Hindi kami makapagsalita. Eh kasi.. ang hot eh! Naks bumabalik na talaga ako! Bergud!!!

Tumawa ng malandi tongs stripper. "So.. who's the groom?" Isa-isa nya kaming tinitigan.

"Married," sabay na sabi nina Jerro at Keith.

"I'm bi but not dead" - ako yan

"I'm single but.. he's the groom," sabi ni Paolo sabay turo kay Kevin.

Nilapitan naman ng stripper si Kevin at--

OKAY HINDI NA PAMBATA ANG KASUNOD. BAHALA NA KAYONG MAG-ISIP NG KUNG ANO!  
HAHAHAH! =)))

Matapos nun, umikot na lang kaming lima sa club. Actually nagpatulong ako sa isa kong friend para iorganize 'to, at ang dami nyang dinalang babae! Don't worry, nanay naman ni Kevin ang sponsor nito. Bait naman nun! XD

Pabalik na kami sa table namin nang...

"Hey!!!"

May humila kay Paolo sa isang table... wow. Body shot!

Tawang-tawa naman kami nina Kevin, di kasi alam ni Paolo kung anong gagawin nya.

"Parang di marunong magbody shot to! Dali!" tinulak na sya ni Kevin palapit dun sa babae na nakahilata sa table. Ayun, napilit naman si Pao.. pero after few seconds...

biglang bumulagta na lang ito.

"Paolo!!!" sabay-sabay naming sabi. Binitbit naman namin sya agad palabas at sinugod sa ospital.

"Anong nangyari!?!?!" shet kinakabahan ako!!!

"T@ngina. Yung alak, strawberry. Allergic si Paolo sa strawberry."

(O\_\_\_\_\_O)

Patay.

Sa St. Luke's namin sya dinala since yun ang pinakamalapit. Mukha pa kaming wasted sa Emergency Room. Patay patay patay..

"OH MY GOD!!!"

Gulat na gulat kami. Sht nakalimutan ko.

Si Kat nga pala nagtatrabaho dito sa St. Luke's. PATAY.

"WHAT HAPPENED!?!?!" kinakabahan syang pumunta sa pwesto namin. Nagkatinginan na lang kami.

"Ba't ganyan mga itsura nyo?!?! Si Paolo?!?!?" napalunok na lang kaming apat.

Sasagot na sana si Jerro nang...

"Excuse me, kayo po ba yung kasama ni Paolo Inciong?"

Tumaas bigla ang kilay ni Kat. "Ate Mic!"

SHT MAGKAKILALA PALA SILA NUNG NURSE!!! "Dra. Beltran! Ba't andito pa kayo?"

"May naiwan lang ako sa office ko. Wait, Paolo's my boyfriend. What happened?"

"Allergy attack po Doc. Pero okay na po sya ngayon. Anaphylactic shock lang."

Nagthank you si Kat sa nurse at tsaka bumaling sakin. "WHAT THE FCK HAPPENED!?!?! Allergic si Paolo sa stra--" nahalata na nya siguro na medyo nakainom na kaming apat. "Oh God. Stag Party? Really guys?!"

"Look," si Kevin na ang nag-explain. "We could ex--"

"Wait till Jersey hears about this."

Napalunok na lang kaming apat.

Patay tayo kay Devil Woman nyan. (=\_\_\_=)

Chapter 57

JICKER'S POV

Kung sino man ang makakabasa nito, pakisabi po sa nanay ko na ito na ang aking huling habilin. Pakisabi na rin na mahal na mahal ko sila ni Dad, at kay Mom na lang ang make-up na nakatago sa cabinet sa condo ko. Wag lang nya pakialaman yung mga moisturizer don, kasi isasama yun pag iki-cremate. Yung mga camera ko pakibigay na lang sa kung sinong photography enthusiast, at may guarantee yun na hindi ako magmumulto.

HUHUHUHUHUHUHUHU LORD PLEASE AYOKO PA PONG MAMATAY

HUHUHUHUHUHUHUHUHU I REPENT!!! HUHUUUUUUUU

"ISA KA PANG BWISEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEETTTT!!!!!!"

Galit na galit talaga si Jersey. Nakakatakot. Parang nameet ko na rin si Santanas sa sobrang takot ko sa babaeng 'to. Shet ayoko na talaga!!! HUHUUUUUU!!!

So.. 5 hours ago, nagkaron ng anaphylactic shock si Paolo dahil sa nakainom nya ng strawberry-flavored drink. Aba, malay ba ko ba na allergic yun sa strawberry? Well.. duh, strawberry allergy? Eww. Sarap kaya ng strawberry! Tapos wala pang dala si Paolo na epi-pen, edi kung meron edi sana hindi na namin sya sinu---

"ANO JICKERSON HINDI KA BA MAGPAPALIWANAG!?!?!?!?"



Tameme kami ni Kevin dito. Oo, kasalanan naman talaga namin 'to. Kaso ang hindi ko lang magets, bakit ayaw nyang magkaron ng stag party si Kevin? Well I understand her reason kung bakit ayaw nya magkaron ng bridal shower, pero duh, may choice naman si Kevin para sa sarili nya, diba?

"YUNG DALAWANG MAY ASAWA SINAMA NYO PA!!! DI NA KAYO NAHIYA!!!! NAKAKAINIS!! TAPOS SI PAOLO INATAKE PA NG ALLERGY!!! SECOND TIME PA LANG YAN!!! TAPOS NAG-AKSAYA PA KAYO NG PERA PARA SA PARTY!?!?! WTF IS THAT!!!"

"Kasi nung first time kasalanan mo?" sabi ni Kevin.

Mas tumalim ang tingin ni Jersey. Shet scary! "HINDI KITA KINAKAUSAP!!!"

"Eh kung hindi mo kami kinakausap ano pang sense ng pagpapaluhod mo samin dito?" extra ko. Unti-unti nang nawawala ang takot ko. Mas naiinis nako sa drama nito.

"WAG MO KONG SAGU--"

"E DJI WAG KANG SUMIGAW DYAN!!!! T@NGINA PROBLEMA MO?!?!?" tumayo nako. Well this is bullsh\*t. Alam kong galit sya pero wala syang karapatan para umacting ng ganyan! ASAR!!!!

"IKAW NA NGA MAY KASALANAN DITO TAPOS GANYAN KA PA!!!!"

"LET US EXPLAIN!!! OH WAIT, YOU'RE ON YOUR DEVIL WOMAN MODE!!!!"

Binato nya ulit ako ng case ng DVD, but this time umilag nako. "Hindi mo ako madadaan sa Devil Woman mode mo dyan!" Si Kevin naman binalingan ko. "AT IKAW NAMAN MAGSALITA KA DYAN!!!! ANG TAHIMIK MO KASI!!! PAGTANGGOL MO SARILI MO!!! MAY DAHILAN NAMAN TALAGA TAYO, DIBA?!?! HAYNAKO EWAN KO SA INYONG DALAWA!!! NAKAKAINIS KAYO!!!!"

"AT AKO PA ANG NAKAKAINIS NGAYON!!!! BADTRIP KA!!!" ayaw paawat ng babaeng 'to ah!



Hinga muna, Jicker. Don't lose your cool. Subukan mo nalang na intindihin si Jersey ngayon, disappointed lang talaga sya. Hinga lang, Jicker. Hinga lang. Hinga lang. Hinga lang... "Look Jersey.. I am so sorry. Alam kong disappointed ka pero may dahilan naman kasi kami eh. Yung nanay ni Kevin.. sya yung sumagot ng stag party. Gusto nya kasing maexperience ni Kevin yung ganun, I really don't know why."

.....

Nagkatinginan na lang kami ni Kevin. Haayy.. Ayan nag-explain nako! Ano pang gusto nyang gawin namin? Sumirko dito? Magpaka-engeng? Hello kapagod lang maygad! Kailangan kong matulog kasi may aasikasuhin pa ako bukas.

Siniko ko si Kevin. "Hoy. Kilos-kilos naman dre. Bahala ka na dito."

\*blag\*

(O.O) (O.O)

At nagkulong pa sya sa kwarto!!! Feel na feel ang drama? Napahiga na lang tuloy si Kevin sa carpet. "Sht. Pano na 'to."

"Wag kang mag-aalala. Hindi nya icancel yang wedding. Maraming magbabanta sa buhay nya pag ginawa nya yun."

"Sana nga."

Pinalo ko sya sa ulo. "Alam mo naman yang si Jersey, sadyang madrama talaga. Mamaya okay na rin yan, kakausapin ka na. Gamitan mo ng charms mo."

(=\_\_\_=) "Sorry Jick. Nadamay pa kayo dito. Si Mama kasi eh."

"Sus ang cool nga ng nanay mo eh! Yung akin nga.. basta, wag na natin puntahan yon." Kinuha ko na yung bag ko. "Hala, aalis na ako. May aayusin pa ako para sa wedding of the year! Nakakastress kayong dalawa. Sana pag kinasal na kayo mabawasan yan ah?"

"Ako na bahala dito," tumayo na rin sya.

Dumaan muna ako sa tapat ng kwarto ni Jersey. "Teh, wag na magdrama, di bagay sayo! 25 ka na, hindi cute yang ginagawa mo. Baka mapikot ng iba si Kevin sige ka! K alis na ko! Yung gowns mamaya natin pupuntahan, umayos ka kundi susunugin kita. Bye!"

(=\_\_\_\_=) <- itsura na naman ni Kevin. "Di mo sya matatakot sa ganyan."

"We'll see."

Iniwang ko na dun si Kevin. Goodluck na lang sa kanila! Talagang hindi mawawalan ng problema bago ang kasal noh? Drama at its best (-\_-)

\*\*

NORMAL POV

Simula nang makaalis si Jicker sa condo ni Jersey, kanina pa kumakatok si Kevin sa pintuan ng kwarto nito.

"Jersey.. labas na dyan. Let's talk."

"GO AWAY!!!"

"Wag na matigas ang ulo.. Je.. come on Kausapin mo naman ako oh."

"I SAID I DON'T WANT TO TALK NOW. GO AWAY!!!"

"Hindi ako aalis dito!!!"

"BAHALA KA!!! HINDI NAMAN AKO LALABAS DITO!!!"

Pinipilit ni Kevin na pigilin ang inis nya. "Jersey.. umayos ka kundi sisirain ko 'tong pinto."

"Kung sisirain mo yan parang di mo na rin ako nirespeto, dumb@ss."

"Jersey hindi natin pwede ipagpabukas 'to. Ang dami nating gagawin! Sa Monday na kasal natin o!"

"SANA INISIP MO YAN BAGO KA PUMAYAG SA STAG PARTY NA YUN!!!"

Huminga ulit sya ng malalim. "Si Mama nga ang may gusto nun. Hindi lang ako makatang--"

"Fine, mama mo na ang may gusto. Bakit hindi mo sinabi sakin!?!"

"Magagalit ka kasi!"

"Kung sinabi mo yan, maiintindihan ko. Hindi ako galit dahil sa stag party.. nagalit ako kasi hindi mo sinabi sakin na.. may mas maayos na rason pa kung bakit mo gusto magganyan. May kidnap kidnap ka pang nalalaman!!!"

Umupo si Kevin sa tapat ng kwarto at sumandal sa pinto. "Yun nga ang mali ko. I'm sorry. I admit that. Kahit alam kong magagalit ka tinuloy ko pa rin. Gusto ko lang naman ma-relish ang single days ko, kahit papano. Oo na, ang g@go lang ng dahilan ko. Inaamin ko na hindi ko inisip ang magiging feelings mo tungkol dito, nadala ako sa excitement. Pero nung sinasayawan na a--"

"WHAT THE FCK!?!?!? LAP DANCE!?!?!? OH MAN YOU ARE SO SCREWED!!!" Nakarinig si Kevin ng isang thud sa pinto, baka nagbato ulit si Jersey ng unan.

"Oo, lapdance. I'm not gonna hide that. I really felt bad when that happened. Mali ko rin na pumayag ako sa gusto ni Mama. Ewan, medyo tradition ata samin na may ganung rite of passage."

"Oh yeah? Ano pang traditions ng Santos family ang kailangan kong malaman?!? May mas malala pa ba dun?"

"Wala na. Look... I'm sorry, okay? Sana pala hindi ko na lang sinuggest kay Jicker yun. Ako na selfish."

Sa loob-loob ni Jersey gusto na nyang lumabas at magsorry din kay Kevin kaso.. alam nyo naman sya, madaling uminit ang ulo. Kanina pa nya pinipigilan ang Devil Woman instincts nya, baka lumabas na naman ang impulsiveness nya, kung ano pa masabi nya kay Kevin.

"Jersey. Dali na, usap na tayo."

Hindi naman sya umiiyak. Ayaw nya iyakan ang bagay na yun. Baka masira pa lalo ang mood nya pag umiyak sya. Katulad ni Kevin, pumunta sya sa harap ng pinto, umupo at sumandal din dito.

"Nakakainis ka kasi," yan lang nasabi nya. Nakarinig sya ng isang mahinang thud, baka ulo ni Kevin na naumpog lang sa pinto.

"I'm sorry. Please buksan mo na yung pinto? Usap na tayo."

"Bukas na lang. I need to clear my head."

"Please?"

"Kevin wag na makulit."

....

Ay, umalis na nga? Tss.

Babalik na sana si Jersey sa kama nang..

may narinig syang tunog ng gitara sa labas. Lumapit sya ulit dito.

You don't need to live

It seems a bit naive

No need to disagree

Or seek my history

You're staring at my soul

My sanity you stole

But then I knew all along

That anything could go wrong

Though I can see you

I can feel you

I'm so glad you opened the door

When I get near  
All my fears disappear  
And I won't be alone anymore..

Binuksan na nya yung pinto.

Nakatayo dun si Kevin, hawak-hawak ang gitara nya.

"Okay," nakapamewang na si Jersey. "Anong konek nung kanta?"

"Wala lang.. random song. Joke. I was actually looking for a song with "open the door" sa lyrics.. at yan lang ang alam ko."

Umiwas sya sa tingin ni Kevin, syempre pakipot muna ang onti. "Funny."

"Huy. Bati na tayo. Please?"

"No." At bumalik ulit si Jersey sa kwarto.

2 HOURS LATER

Hindi namalayan ni Jersey na nakatulog na pala sya. 6am na pala. And feeling nya umalis na nga si Kevin. Ts--

OH. Hindi pa pala.

Gulat na gulat sya nang makita si Kevin na tulog sa harap ng pintuan nya. Ni hindi ito gumamit ng unan at yakap pa ang gitara. Hay nako, pasaway! Humiga na lang sya sa tabi nito at niyakap.

"Kevin.. bangon dyan."

"Hmmm.." niyakap naman ni Kevin si Jersey nang mahigpit.

"Kevin gising na.. Sasakit likod mo dito eh."

Nakapikit pa rin ang mga mata nya. "Ayaw.."

No choice si Jersey. Kinurot nya si Kevin sa may tiyan na syang kinagising nito. "Aray!!!"

"Dun ka na matulog sa loob. Wag ka dyan."

"Ayaw." Niyakap nya ulit si Jersey.

"Isa."

"Bati na tayo." At dun lang nya minulat ang mga mata.

Nagkatitigan lang silang dalawa dun for seconds... then natawa sila.

"Fine," bumigay na rin si Jersey. "I'm sorry about earlier. Yung sa pagbabato and everything. I forgive you."

"I'm sorry.. bati na tayo ah?" hinalikan nya sa noo si Jersey.

"One thing: about that lap dan--"

"Isang beses lang yon. I won't risk a lifetime's worth of your lap dance for that one night thing."

(O \_\_\_\_\_ O) "ANONG LAP DANCE KO!?!?!?!? EXCUSE ME!?!?"

"Hey, I am entitled for that one, right?"

"PERVERT!!!! KAKAAYOS LANG NATIN TAPOS KUNG ANU-ANO NA SINASABI MO!!!"

"Suggestion lang!" (^^.)

"Goodness amoy bar ka nga. Yuck." Bumitaw si Jersey sa yakap ni Kevin at umupo.

"Ayaw mo na sakin?" At nagpout pa ang loko.

(--.) "Muntimang."

"Wag na tayong mag-away, okay? 6 days left before the wedding.. gusto ko good vibes lang tayong dalawa, okay?" seryosong sabi ni Kevin.

"Pasalamat ka at hindi rage blackout yung kanina!!!"

(.\_\_\_\_) "Hindi pa ba rage blackout yun? Umulan ng unan?"



"Gusto mo gitara ang umulan ngayon sayo?"

"Heheheh joke lang po Debs! Peace."

"Tell me, bakit ba kita papakasalan?" sumeryoso si Jersey.

"Well miss, I can enumerate reasons why you should marry me," Kevin answered cockily.

"And I can enumerate reasons why I should not marry you," sinimulan na ni Jersey ang pagbibilang. "First, you're an @ss. Second, bully ka. Third, you can't even cook a decent meal. What if nagkasakit ako, take-out lang ang ipapakain mo sakin? Fourth, ang hangin mo. Fifth, y--"

"Not fair! Bakit bad points ko ang sinasabi mo dyan?"

"Kaya nga why I should NOT marry you eh. Fifth, may pagkat@nga ka."

"Salamat ah."

"There are a lot of reasons why I should not marry you, mainly because of the things that happened to us, the traumatic drama and everything. But if you ask me why should I marry you... there's only one reason. And that's because I--"

"You love me. Yeah, I know."

Hinampas nya si Kevin. "Badtrip, inunahan mo na naman ako!"

"Eh.. given na kasi yon. Tsaka duh, magaling ata ako sa fill in the blanks."

"Baliw," tuluyan nang tumayo si Jersey. "Matulog ka dun sa loob. I'll cook breakfast."

Tumayo na rin si Kevin at niyakap si Jersey. "Tulog na lang tayo.. tapos kain na lang tayo sa McDo mamaya."

"Wow, great. Magandang exercise yan for a future father."

"Oh. You mentioned kids... so can w--" Bago pa sya matapos sa sasabihin nya. nasuntok na sya ni Jersey sa tiyan. "O..kay. Not now."

Pinagkatulakan ni Jersey ang fiancee papunta sa kwarto nito. "Matulog ka na lang! Gigisingin na lang kita pag ready na."

"Pwedeng request?" sabi ni Kevin bago nya isara ang pinto. "Pag kinasal na tayo pwedeng pakibawasan yang rage blackouts and panununtok mo?"

"You're marrying me, the one you branded as Devil Woman. Package na yun!"

"Exception? Please?"

"I'll try. Tulog ka na lang."

\*\*

3 DAYS BEFORE THE WEDDING

Busy ang lahat sa pag-aayos ng kasal nina Jersey. Dumating na ulit sina Ken (with his wife, Marianne) at Jill para sa wedding. Haggard kung haggard ang pag-aayos ng wedding pero enjoy naman nilang barkada. Si Ara nga, excited kasi sya ang Little Bride! Para mas mafeel ni Ara ang pagiging Little Bride nito, nagpagawa si Jersey ng gown na kagaya ng wedding gown nya na kasya kay Ara.. na color light brown (favorite color ni Ara).

Si Jicker ang kasama ni Ara habang sinusukat ang gown. Kanina pa naiirita ang bantay kasi reklamo nang reklamo ang bata.

"Tito Jick, this is itchy!!!"

Pilit na ngumiti si Jick (ganyan na talaga ngayon). "Wala tayong magagawa dyan, yan ang gusto ni Jersey."

"AYOKO NITO!! Bawal ba palitan ng tela?"

"Hindi na pwede Ara. 3 days na lang before the wedding!"

"Ugh I hate this!!!"

"Hoy, hindi ka na 5 years old para magdrama ng ganyan ah! Gusto mo bang upakan kita?"

"Tsss," umupo na lang si Ara sa sofa. "Kaya ka hindi binabalikan ni Blanche eh."

Di nakatakas yun sa bionic ears ni Jick. "May sinasabi ka?"

"Wala. Sabi ko kelan ka ikakasal, malapit ka na mag-30 years old. Like eew."

"Hindi pa yun matanda."

"Kahit na. Pang-DOM na yun. Or DOBi or something."

"Kutong-lupa."

"Tearst!!!"

Bago pa nya masaktan si Ara.. "JERSEY!!! DALIAN MO NGA DYAN!!!!!"

Sinusukat ulit ni Jersey ang gown nya. Kakapa-adjust lang nya ulit nito nung isang araw, pumayat kasi ulit sya. "Saglit lang!!!"

"DALIAN MO BAGO AKO MAKATIRIS NG KUTO DITO!!!!!"

"Funny," sarcastic na sabi ni Ara. Konti na lang!!!

Moments later lumabas si Jersey sa fitting room suot-suot ang wedding gown na sya mismo ang nagdesign. "O-okay ba?"

Napatulala na lang sina Ara at Jicker sa nakita. Well third time na nilang makikita si Jersey na suot ang gown pero parang may iba ngayon. Dahil ba 3 days na lang totohanan na?

"Okay lang po Mommy. You look great!" pasipsip ni Ara.

"Pumayat ka nga teh, lalo tuloy naaccentuate ang boobs mo," puna ni Jicker. "But it's okay. Maganda ka pa rin."

"Thank God!" todo paypay naman si Jersey. "In fairness ha, mas trip ko ang fit ngayon ng gown!"

"Kumain ka naman kasi! Masyado kang stressed! Wala ka na ngang ginagawa masyado eh."

"Oo na sige na.."

"Hoy.. hindi ka pa pala bumibili ng sapatos para dyan sa gown mo! Kelan mo pa trip, sa Monday na mismo?"

"Meron na kaya! Secret nga lang kung ano." Napangiti na lang si Jersey.

"Mommy bawal ba talaga 'to papalitan? The cloth's too itchy."

Napuno na si Jicker. "HINDI NA NGA SABI PWEDE ANG KULIT NITO."

"Kung itchy sa arms mo, bibili na lang kita ng gloves. Okay lang sayo?"

Inimagine naman ni Ara ang itsura nya with gloves. "Okay po Mommy! Ang ganda ko po siguro non!"

(=\_\_\_\_=) <-- si Jicker.

Habang nagpapalit na ulit si Jersey, kinausap sya ni Jick.

"Hoy, mamaya alis tayo ah."

"Bawal ako maggala. Mahirap na!"

"Eto naman KJ! Saglit lang naman yun!"

"Saan tayo pupunta? Don't tell me bridal shower yan?"

"No no.. natakot na ko sayo after what happened to THAT incident. Ano lang... basta!!! BASTA!!! Mamaya, 8:30. I'll pick you up!"

"8:30.. okay! Wala naman si Kevin mamaya, sa San Pedro ata sya with his brother. Goodness makikita ko na naman si Trina! Nakakahiya!" (>,<)

"Okay lang yon! Dapat ka lang mahiya na pinagkamalan mo si Trina na girlfriend ni Kevin. Duh naman! Magiging sister-in-law mo yung tao so it would be awk--"

"OO NA. FINE. FINE!!! Basta mamaya! 8:30 yan ah?"

\*\*\*

FAST FORWARD: 830PM

"San mo ba ako dadalhin?"

Nasa kotse na silang dalawa. Kanina pa kinukulit ni Jersey si Jicker na sabihin kung saan ang destinasyon nila pero ayaw sagutin ng driver.

"Eeehhh secret nga!"

"May nagpapasalvage ba sakin?"

(O.O) "Minsan nagtataka ako kung saan mo nahuhugot yang imagination mo, Jersey. Salvage? Really?"

"Eh san nga?!?!?"

Tumigil sila saglit sa isang gas station. "Okay malapit na tayo," sabi ni Jicker. May nilabas syang malaking panyo at handcuffs.

"OKAY BAKIT MAY GANYAN!!!" nataranta na si Jersey. "JICKERSON PA YAN AY NAKO.. NAKO MALILINTIKAN KA SAKIN!!!! BRIDAL SHOWER TO NOH!?!?"

"RELAX TEH HINDI TO BRIDAL SHOWER! NOW SHUT UP!!!" pinosasan na nya si Jersey. Wala nang magawa si Jersey kaya ayun, bumigay na rin ito.

"Jicker, I trust you with my life. Now please tell me where are we going!!!"

"To the beach!"

"UMAYOS KA!!!"

"Kung sasabihin ko sayo hindi ka na masusurprise!!! Wait lang ah?!?!? Malapit na talaga tayo!!!"

Pinili na lang ni Jersey ang tumahimik, baka ihulog sya ni Jicker sa sasakyan. Moments later naramdaman nyang tumigil ang sasakyan at binuksan ni Jicker ang car door sa gilid nya.

"NASAN BA TAYO!?!?!? BAKIT ANG TAHIMIK!?!?!?"

Inalalayan ni Jicker si Jersey sa paglalakad. "Relax lang teh! Hindi kita malilimuta-- este hindi kita papabayaang madapa! Not unless sadyain ko. Haha!"

Familiar kay Jersey ang amoy ng lugar na 'to. Nakapunta na sya dito dati eh!!! Kaso ang tahimik ng lugar.. grabe!!! "IPAPASALVAGE MO TALAGA AKO!?!?! I TRUSTED YOU!!!"

Tawang-tawa si Jicker sa hysterics ni Jersey. "G@ga hindi kita ipapasalvage! Sosyal naman kung dito pa kita ipapapatay, diba?"

May inakwatan si Jersey na parang mini-stage tapos pinaupo sya ni Jicker sa isang upuan. "HELP ME!!! HELP ME!!!"

"Jersey?" may taong nagsalita sa may tabi nya.

"KEVIN!!! THANK GOD YOU'RE HERE!!!" naiiyak na talaga si Jersey sa takot. Hala, sino naman kaya may pasimuno nito?

"It's alright. Don't panic!" pag-aasure sa kanya ng fiancee. "Who brought you here?"

"Si Jicker!!! Ikaw? Ba't ka nandito?"

"Si Keith ang nagda--"

Dun lang nila realize...

"ANO NA NAMANG PAKULO 'TO, GUYS!?!?!?!" sabay nilang sigaw.



May naramdaman silang mga kamay na humawak sa kanila and before they know it, wala na silang blindfold...

"SURPRISE!!!!!"

(O.O) (>,<) (O.O) (>,<) (OO) <- silang dalawa.

Kaya pala parang familiar kay Jersey ang lugar.. nasa Mako's sila, yung bar ni Kat!!! Gulat na gulat sila sa mga nasa harapan nila.. parents nila, mga kuya ni Jersey, kuya ni Kevin.. orgmates nung college, friends.. sina JM at Sheena Louise (Hanggang ngayon magkaiba pa rin ang tawag nina Kevin at Jersey sa asawa ni JM), at kung sinu-sino pa. Lahat sila nakatingin sa kanilang dalawa, nakangiti.

"W-what's this?" naiiyak na sabi ni Jersey.

"Ahemm ahemm mic test!!!" si Keith yun, nasa stage. "Kevin and Jersey.. sorry kung tinakot namin kayo kanina. Don't worry hindi ito salvage or anything. You see.. pinagplanuhan namin ng SS ang gagawin for tonight. Alam nyo naman na importante kayo samin kaya para sa inyo ito. Ayaw kasi naming ikasal kayo na walang proper engagement party. Well we're too late for that so.. here. Let us pay a tribute for the two of you and your love for each other.. the Secret Society style."

Nagpalakpakan ang mga bisita at umupo na rin habang sina Jersey naman (na nasa may mini-stage sa gitna ng audience) ay hindi pa rin makamove on sa nangyari. Tribute? May ganto?

Dumilim sa Mako's, at ang tanging ilaw lang ay ang spotlight na naka-sentro sa stage. Biglang lumitaw si Jicker, na in fairness medyo manly ang dating.

"The great loves are the crazy ones," panimula nito. "I can still remember the day na sinabi ko yan kay Jersey 2 years ago nang nagdadrama kaming dalawa about our love lives. Kakabalikan lang nila ni Kevin nun, at ako.. basta. Never mind! Anyway.. totoo naman diba? The great loves are the crazy ones. At living example dyan sina Kevin and Jersey. Pero.. pano nga ba nagsimula ang nakakawindang na love story ng tinatawag nating KevJe duo?"

"Ang alam ng lahat at ni Jersey, nagsimula ito dun sa fateful day na nagkita sila sa harap ng Oblation sa may UP Los Baños nung sila'y first year college. Pero ayon kay Kevin, nagsimula yan nung nakita nya si Jersey na naglalaro ng Guitar Hero sa ATC nung 3rd year highschool. Kaso.. ayon naman sa research ng Secret Society.. nagsimula raw ang lahat noong August 2, 2009 sa UP Diliman. Anong meron nung araw na yun? Well.. yan ang UPCAT, na kung saan.. una silang nagkausap."

Umalis si Jicker sa stage at bumukas ang curtains. Sina Ken at Jill pala ang nasa likod nun. Nakabihis na ala Jersey at Kevin.

Ken: (hindi mapakali) Hala nasan ba yung Math Building dito? Kapal talaga ng mukha ko para pumunta dito mag-isa!!! (nakita si Jersey na may katext) Wow, ang hot naman tignan non!!!

Natawa ang audience sa sinabi ni Ken. Si Jersey naman, nagreact agad kay Kevin. "You actually said that!?!?"

Ngumiti na lang si Kevin. "Hmmm. I really don't remember. 9 years ago na rin kasi yon."

(nilapitan ni Ken si Jill)

Ken: Excuse me Miss.. Alam mo ba kung san yung Math Bldg?

Jill: Hmm.. Math Building? Ano kita mo yun? (may tinuro si Jill) Ayan, yun yung Benitez Hall. Walk straight ahead then pagdating mo sa may Benitez, turn right. The diretsuhin mo na lang.

Ken: Thank you!

(paikot-ikot naman si Ken sa stage, kunwari mahaba na ang nilakad nya hanggang napagod na ito. Biglang sumulpot si Amae na may dalang AFTER ONE HOUR. Nakarating na rin kunwari si Ken sa room, hingal na hingal.)

Ken: Badtrip.. ang lalayo naman ng building dito!! (sagot sagot sagot.. napatingin sa may northeast nya..) Sht, ba't andito agad sya? Baka may wheels. Mukhang maarte eh. Magsasagot na nga lang ako!

(nang matapos ang kunwaring exam, lumabas si Ken at nagtanong sa guard na si Jerro)

Ken: Kuya, san po yung shortcut pabalik sa Palma Hall?

Jerro: Sa Palma? Pag labas mo dito, may madadaan kang parang Teletubby land.. diretsuhin mo lang yun, nasa Palma ka na.

Ken: HA?! Eh yung daan sa may Benitez Hall?

Jerro: Ang layo naman nun!

Ken: NAKAKAINIS!!!!

(close curtain)

Nagpalakpakan ang audience. Si Sath naman ngayon ang mag-iintro.

Sath: Fast forward to June 2010. Eto na siguro ang buwan kung saan sobrang nainis sina Kevin at Jersey sa isa't isa. Nagsimula yan sa pagpapakilala ni Kevin bilang Edward kay Jersey, na nabuko rin days later sa kanilang SOSC3 class. Sumunod pa dito ang pagiging super classmates at blockmates ng dalawa at idagdag pa dyan ang pagiging buddies. Ang susunod na scene natin ay nangyari after ng block representative elections, kung saan naelect sina Kevin at Jersey bilang Lakan at Lakambini ng block nila. AKA The Origin of the Devil Woman. \*bows\*

(bumukas ang curtain, at nandun sina Amae at Keith; naglalakad nang mabilis si Amae)

Keith: Jersey! Ano ba, tumigil ka naman saglit!!!

Amae: Whatever, creep!!!

Keith: Anong creep ka dyan? HOY! STOP, DEVIL WOMAN!!!

Amae: \*tumigil sa paglalakad\* What did you just call me?

Keith: \*painosente\* Devil Woman. Bakit?

Amae: WHAT THE HELL!?!?! DEVIL WOMAN KA DYAN!?!?! ANG PANGET!!!

Keith: Hah, talagang Devil Woman! Inaatake ka na naman ng DWS!!!

Amae: WTF's DWS!?

Keith: Devil Woman Syndrome. A very rare case na ikaw lang ang meron. Lagot ka, pag di ka pa nagkaron ng boyfriend bago ka magdebut, you'll be an old maid forever."

Amae: AH!! You're so mean! ANG BULLY MO!!!

Keith: \*smirks\* See you around, Devil Woman.

(curtain closes)

Nganga si Jersey. "OH MY GOD. THAT WAS THE EXACT THING!!! Ganyan na ganyan yun!"

"Oo nga. Pero mas epic pa rin yung itsura mo nun. Your nostrils flared."

"Shut up."

Next naman na sumalang ay si Paolo.

"Away-bati, aso't pusa. Roadrunner and Coyote. Yan ang drama ng relasyon nina Kevin at Jersey nung una. Isama pa natin dyan ang isang stalker ni Kevin, isang upperclassman na nagsasabi ng TUHMAAAA!, isang first love na umalis.. basta, marami pa silang problema ng panahong yon. Pero despite of all those things, naging close ang dalawa. May away pa rin, pero naayos naman. At dahil sa closeness na yun, nagkacrush si Jersey kay Kevin pero hindi nya ito pinahalata dahil nga sa may binabalikan si Kevin. Nang umalis si Maxene papuntang Germany, akala naming lahat ay magiging okay na. Kaso.. may nagbabalik. Si Paul. Si Paul na umeepal kay Jersey. December 2010 nung nag-away ang dalawa dahil pupuntahan ni Kevin si Maxene sa Germany para magcelebrate ng Christmas. Eventually by January 2011, nagkabati na rin ang dalawa, not to mention ang engrandeng Christmas gifts sa isa't isa.

Ang next scene natin ay nangyari nung Valentines 2011. Actually ewan ko ba kung bakit kasama 'to sa script. Sina Amae kasi ang mastermind sa pangyayaring ito kaya.. eto."

(curtain opens...)

Sina Jerro at Sath. Nasa magkabilang side sila ng stage, kunwaring naghahanap ng damit.

JerSath: NASAN NA BA YUNG WHITE TSHIRT KO!?!?!?

May nakitang white shirt sa upuan.

JerSath: BAHALA NA NGA!! ETO NA LANG!!! \*sinuot ang shirt\*

Dumaan si Amae na may dalang placard SA MAY FERTILITY TREE. Nagkumpulan ang Secret Society para sa picture. Nasa gitna ang JerSath.

Jicker (photographer): Okay compress! Compress pa! Ayan!! Teka 1... 2... Ay shet Valentines na Valentines! Ang cute!

Keith: Ha? Anong meron?

Jicker: Ayun o! \*turo sa JerSath\*

(tinginan naman ang barkada sa kanila)

JerSath: WHAT!?! \*napatingin sa tshirt\*

I may be hard to get, but I got her.

JerSath: \*gulat na gulat\* SAY WHAAAAAT?!?!?

(curtain closes)

"Sht, I think I still have that shirt!" sabi ni Jersey na tinawanan naman ni Kevin. "Ewan ko sayo!!!"

Si Jicker naman ang kasunod na magnanarrate.

"Days after that, niyaya ni Jersey si Kevin para manood ng gig nito sa isang cafe sa may campus. And.. the unexpected happened: naganap sa gabing yon ang first kiss ng dalawa. Make that ninakawan ng halik ni Jersey si Kevin. At ewan ko, may fetish ata sa elevator ang dalawang 'to, dun kasi tinuloy ang make-out session!"

"UMAYOS KA JICKER!!!" sigaw nina Kevin mula sa audience.

"Eh yun naman ang totoo diba? Sabi nina Sath yun! Anyway... naging okay naman ang dalawa after that stolen kiss. Kaso.. ang problema: narepress na ni Jersey ang feelings nya kay Kevin kung kelan tumigil na sa pagdedeny si Kevin ng feelings nya. So.. in short, maarte silang dalawa. Joke lang! Pagpasok ng second year college, ganun pa rin ang dalawa, nagpapakiramdaman. Hindi sila naging magkklase sa Math, at dito nila nakilala si JM na pinagselosan ni Kevin before. Pero thanks to JM, narealize na rin ni Kevin na.. deads talaga sya kay Jersey.

So.. let's go back to this epic confession night. Kung saan nagpapractice si Jersey para sa Minsan Ako Si Madonna play nila."

(curtain opens)

Nandun si Kat, may hawak na script, nagmomonologue. Enter Paolo na may hawak na yellow paper..

Paolo: Ahemm.. The best way to lose is to sacrifice yourself. The best way to lose would be to actually

lose and know you're losing. Blahblahblahblah The best way to lose is to lose yourself to someone you love. So yeah.. I accept defeat. I love you Jersey.

Kat: Hehehehe gutom lang yan! Tara kain na!!! Siomai Foodhaus!!!

Paolo: Hoy Jersey seryoso ako dun!!!

Kat: Heheheheh \*headbutt\*

Paolo: AY PI!!! MASAKIT YON!!!!

Kat: TIGILAN MO NA KASI ANG PANTITRIP SAKIN!!!!

Paolo: Seryoso ako dun!!

Kat: Kahit na! Ang jo-- \*hinalikan sya ni Paolo sa lips\* BASTOS KA!!!!

"HEY!!! SA NOO KO LANG HINALIKAN SI JERSEY NUN!!!" depensa ni Kevin.

"WAG KA NA UMEXTRA KEVIN!!! SECRET SOCIETY STYLE TO!!!" sigaw ni Jicker mula sa baba ng stage.

(curtain closes)

Sunod naman si Jerro.

"Hindi naging madali ang quest ni Kevin para mapa-oo si Jersey. Sa sobrang ilang ni Jersey, umabot sa point na lumayo si Kevin dito, thus sumulpot ang Shawarma Girl spiel nila nung mismong play ng Minsan Ako Si Madonna, saktong birthday ni Kevin. Hanggang ngayon hindi namin alam kung pano nagkabati sina Kevin after ng play, basta ang sinabi lang nila samin na type nilang mameet ang Wakwak Gang. Tapos nagkaron pa sila ng pataasan ng score sa Math finals, na ang stipulation: pag si Kevin ang mas mataas, girlfriend na nya si Jersey, at kung hindi, magdedate sila. Panalo raw si Jersey nun kaya nagdate sila sa EK.

Ang next scene natin ay eto. Panoorin natin."

(curtain opens)

Sina Amae at Jicker. Kunwari nasa loob sila ng isang sasakyan.

Amae: Wait lang.. I have to tell you something..

Jicker: Ano yun?

Amae: \*nilabas yung bluebook na covered w/ yellow paper\* Here.

Jicker: Wow, ganda ng wrapper ah! \*binuksan\* Nang-aasar ka ba? Sayo to eh!

Amae: Look closely.

Jicker: Wait.. sakin? Ako yung nakaperfect sating dalawa?

Amae: Yep.. so that means.. four days mo nakong girlfriend, idiot.

Unti-unting nilapit ni Jicker ang mukha nya kay Amae.. nang malapit na...

Jicker: \*tingin sa audience\* JOKE LANG GUYS!!!!

Sumunod sa mga niroleplay ng SS ang mga sumusunod:

- debut ni Jersey (JerSath)
- pag-alis ni Kevin/airport scene (KeMae)
- first meeting nina Jersey at Kevin sa wedding nina Sath (JicKat)
- "pakipot moments" ng KevJe (photoshoots, weddings, studio moments) (silang lahat)
- roommates for 3 weeks (JicSath)
- fall out/the truth (PaoKat)
- NEW YEAR SCENE (KeMae)
- break-up (JicMae)
- Boracay/Gatecrash/Damon Scene (JerSath)
- alis ni Kevin/pagbalik

\*\*

Lumabas si Jicker after ng scene nila ni Amae. Naiwan nya sa kotse yung props para sa last scene nila for that night: yung Sugarfree proposal ni Kevin. Nang pabalik na sya sa loob, may nakabangga sya.

"Ay sorry di kita nak--"



(O.O)

"Wow. Hello."

Si Blanche.

Parehas silang natulala. Totoo ba 'to? Si Blanche.. nandito na sa Pinas? Hindi sya makapaniwala sa nasa harapan nya. Si Blanche. Si Blanche. Si Bl--

Bumukas na lang bigla ang pinto. "JICKER!!! ANO BA!!!!" sigaw ni Amae. Nagulat din sya na makita si Blanche. "Oh my god Blanche!!! You're back!" Niyakap na lang nya ito.

Di na nakapalag si Blanche. "Oh my god indeed."

"Shocks kakabalik mo lang ba? Tara go inside!!!" yaya ni Amae.

"Ha? Eh.. napadaan lang ako!" tumingin si Blanche kay Jicker para humingin ng tulong pero.. gulat pa rin si Jicker. Nahila na ni Amae si Blanche sa loob. Pero imbis na sa audience nya dalhin si Blanche, sa backstage nya ito dinala.

(OO) <- itsura ng SS nang makita si Blanche.

"Sakto!!! Alam ko na!!!!" sabi ni Kat. Hinigit nya si Blanche at inayusan.

"Wait what are you doing?" halos sabay na sabi nina Blanche at Jicker. Natigilan din ang dalawa.

Nakakatakot ang ngiti ni Kat. "You'll see."

\*\*

Si Amae ang huling narrator para sa palabas na yun.

"Tama nga si Jicker, the great loves are the crazy ones. Nakita naman siguro natin mula sa aming munting drama ang mga pinagdaanan nina Kevin at Jersey. Nakakatawa nga yung ginawa namin, pero alam namin ang bawat sulok ng kwento dahil magkakasama kaming barkada sa mga nangyaring yon. Kung alam nyo lang kung gaano kami nalokang lahat dahil sa dalawang yan!" tumawa ang crowd.

"So.. it all comes down to this. Last year, sa 25th birthday ni Jersey, something happened. A month before that, naganap ang 'anytime proposal' ni Kevin. Ang hinihintay na lang ay ang Yes ni Jersey. Let's take you back to that moment, kung saan inagaw nina Kevin at Jersey ang spotlight sa reunion concert ng Sugarfree. And I must say, eto na ang pinakaspontaneous proposal, ever. Napanood nyo na siguro to sa YouTube.. but here you go!"

(curtain opens)

"OH MY GOD! BLANCHE!!!!" sigaw ni Jersey.

Yep. Ang gaganap na Kevin at Jersey para sa proposal scene ay sina Jicker at Blanche. Sina Jerro, Paolo and Keith naman ang aastang Sugarfree. Kumakanta pa ng Ikaw Pala si Keith ah!

Medyo naiilang sina Jicker at Blanche sa isa't isa. Well, alam naman ni Blanche yung proposal dahil meron ngang video sa YouTube pero.. hindi sya sure kung kaya nyang umacting na Jersey. Si Jicker naman kasi 'to eh! Kaya yan!!

Jicker: Jersey.. what's wrong?

Blanche: Ahh.. nothing. Tanda mo ba dati, kinanta mo sakín yan bago ka umalis for Germany.. diba?

Jicker: Y-yeah. Why?

Blanche: What I'm trying to say is.. I thought to myself you were the boy for me, and I kind of put-- I put everything into that, and you know, I don't doubt for a minute that you're the best guy I'll know, and I wish that, you know, you'd just marry me.

Siniko ni Jersey si Kevin. "OMG. KINIKILIG AKO!!!"

"Ha? Panong kinikilig ka dyan?"

"Now I know the feeling.. nung nasa Madonna tayo."

"They're not changing their lines."

"You'll see."

Jicker: W-wait.. are you saying..

Huminga muna si Blanche ng malalim. Alam nya kung anong next line na sasabihin. Bahala na!!!

Blanche: I'm.. I'm just going to say this once, okay? \*huminga ulit\* J-Kevin, I love you and I want to spend the rest of my life with you.

...

At..

niyakap ni Jicker si Blanche.

(O////////O) <- JERSEY

Jicker: Thank you! Thank you!

Lumakas na yung pagkanta ni Keith ng Ikaw Pala, sakto sa chorus. Lumuhod na si Jicker at itinali yung sintas sa ring finger ni Blanche. After that, niyakap nya ulit si Blanche.

Sumulpot ulit sina Amae, Kat at Sath.

"Pero hindi pa dyan nagtatapos ang kwento nina Kevin at Jersey. Sa Monday, may isang chapter na naman ang madadagdag sa kwento nila. Para samin pong barkada, isa ang kasal nila sa di makakalimutang moment. Importante kasi silang dalawa samin eh! Kaya Kevin and Jersey, goodluck and godbless sa inyo sa Monday. Isang chapter na naman ang madadagdag sa Always and Forever nyo. Kasama nyo pa rin kami dyan ah?!"

Umiiyak na si Jersey sa upuan nila ni Kevin. "Guys naman eh.. bakit ang hilig nyo akong paiyakin?"

"Okay lang yan Je! Pambawi namin sa'yo to dun sa nangyari last time!" explain ni Keith.

"Thank you guys!" natatawang sabi ni Kevin. "Salamat talaga.. kahit yung ibang scenes dyan inexaggerate nyo. Ang layo sa katotohanan!"

"Kaya nga Secret Society style eh!" - Amae.

After ng skit ng SS, nagsimula na ang party. Kamustahan, may AVP nina Jersey.. party kung party!! Nahuli ni Jersey na papaalis na agad si Blanche kaya kinorner nya ito sa may parking lot.

"HOY G@GA!!!" sigaw nya.

Tumigil naman si Blanche sa paglalakad at lumingon. "Hey b\*tch!"

Tumakbo si Jersey papalapit kay Blanche at nagyakapan ang dalawa. "Hindi ka multo!!"

"Siraulo ka na talaga. Ikakasal ka lang e!" bumitaw na sila sa yakap.

"Kelan ka pa dumating?"

"7 hours ago? Nalaman ko lang na nandito kayo ngayon. Actually napadaan lang talaga ako."

"Alam ba 'to ni Kevin?"

"He.. uh.. told me to come back early. Dapat bukas pa ang alis ko dun kaso.. napilit ako eh."

Tuwang-tuwa si Jersey na nagkita sila ni Blanche. Namiss din naman nya ang b\*tchiness nito kahit papano! "Basta pumunta ka sa Monday ah? Pero please wag ka lang magsusuot ng black dress. Uupakan talaga kita."

"Hindi naman ako ganun! Congratulations, Jersey. I am really really happy for the both of you!"

"Salamat, Blanche! Buti naman nakauwi ka na! So.. ano nang plano mo?"

Nagets naman ni Blanche ang tinutukoy ni Jersey kaya ngumiti na lang sya. "Ewan. Malay natin. But.. that skit was a start."

"Let's talk, okay? But you need to talk to him first."

"Him na ulit sya?" gulat nyang tanong.

"Pinaghahandaan nya pag-uwi mo teh. Wag mo na tong sayangin."

Bumalik na si Jersey sa loob ng Mako's habang si Blanche naman palakad na para pumara ng taxi. Saktong may tumigil nang taxi nang..

"Blanche!"

Sht. Napaligon naman sya. Si Jicker, palapit na sa kanya. Automatic syang ngumiti. "Yes?"

Walang masabi si Jicker. Bigla kasi syang nahiya. "Uhh.. where are you staying?"

"Dusit. Wala pa akong mahanap na pad eh."

"Need help? I could con--"

"Okay na. I already have a contact. Thanks, anyway."

Bumukas naman yung pinto ng taxi. "Mam," extra ng driver. "Sasakay pa po ba kayo?"

"I have to go." Sumakay na si Blanche sa taxi.

Kinatok naman ni Jicker yung car window, na syang binaba ni Blanche. "Hey. Kelan tayo pwede mag-usap?"

"Let's wait and see, Jicker. If you're ready, then I'm ready. Just approach me."

"Blanche I--" tinakpan ni Blanche ang bibig ni Jicker.

"Don't say it right now. If you're ready.. we'll see." Hinila nya si Jicker at hinalikan sa cheeks.

That left Jicker shocked and perplexed.

Chapter 58 (The Wedding Part 1)

APRIL 29

A DAY BEFORE "THE DAY"

"Daddy malapit na ba tayo?"

Naglulupasay na si Ara sa backseat ng sasakyan ni Kevin. Sunday morning, at paakyat sila ng Jamboree sa Los Baños para sa practice ng wedding ceremony. Actually, naka-convoy silang lahat papunta sa National Arts Center. Sa bahay nina Kevin sa Bay, Laguna sila magsstay mamayang gabi.

"Malapit na tayo, Princess. Wait lang."

Papasok pa lang sila ng campus. Nauna na sina Jersey sa NCA kasi sa PCCARD sila dumaan. Eto namang si Kevin, trip atang sa campus dumaan. Grabe lang.

"Daddy.. ayoko po talaga ng gown ko. It's so itchy," reklamo na naman ni Ara.

"Nako.. ilang beses na ba natin napagusapan yan? Pagtiyagaan mo na lang Ara, saglit lang naman yung ceremony."

"Psh. Saglit lang daw. Eh after that may reception pa!"

"Ara.. chill lang. Do this for us, okay? Saglit lang naman yung wedding. Kahit magpalit ka na bago ang reception."

"Talaga! Magpapalit talaga ako right after the wedding!" nakapamewang pa ito.

"Pero ikaw rin," Kevin singsonged. "Ikaw lang ang panget sa pictures. Emo ka dun, ikaw lang ang di nakadress sa girls."

Nakonsensya ata si Ara sa sinabi ni Kevin. "Fine. I'm doing this for the pictures, not for you and Mommy." \*pouts\*

"Sira ka talagang bata ka."

\*\*

"NASAN NA BA YANG SI JOHN KEVIN!!!! MALILINTJIAN TALAGA SAKIN YON!!!!" nanggagalaiti na si Jersey sa sobrang asar. Kanina lang magkasabay lang ang kotse nila sa may Calamba tapos.. biglang nawala pagdating ng Los Baños! Lakas trip lang!!!

"Je calm down! Tinatakot mo yung guests eh!" bulong ni Jicker sa kaibigan. Napatingin kasi yung flowergirls kay Jersey.

"Paano kakalma? E hindi sinasagot ang tawag ko!!!"

"Baka nakasilent yung phone! Kasama naman nun si Ara!"



"Kahit na!!!"

"O baka sumaglit sa campus?" extra ni Jill. "Narinig ko kasi sila ni Ara kanina. Gusto raw ipasyal saglit ni Kevin si Ara sa campus."

"MAY WEDDING REHEARSAL KAMI NGAYON!!! MAMAYA NA SILANG MAG-IKOT!!!!!"

Nagkatinginan sina Jicker at Jill.. at sabay na natawa. "Wedding jitters at its best," pang-asar ni Jicker.

Napa-HAH si Jersey. "Excuse me? I am not jittery. I am not nervous. I am COOL. C-O-O-L!!!"

"Oh shut up LL Cool J! Normal lang ang kabahan sa kasal!!!"

"Wow, nagsalita!!! Ikaw naman 'tong kinakabahan pag binabanggit ang pangalan ni Blanche!!!"

(--.) "Nakakalalaki ka na ah!"

"OH!!!" sarcastic na tumawa si Jersey. "You suddenly turned into a man when she came back! Tapos nung wala sya ikaw tong 'Ay teh di ko knows kung bagay sayo ang color na to!' REALLY??!?! The Great Pretender ka pa rin!!!"

"OH SHUT UP!!!!!"

"GUYYYYYYYYYYYS!!!!" sumingit na si Kat sa dalawa. "Tigil na tayo bago pa magkaron ng Royal Rumble dito, okay?"

Inayos naman ni Jicker ang polo nya. "Pasalamat ka kinakasal ka lang!!!"

May narinig silang tumigil na sasakyan. Sasakyan ni Kevin.

"Oh, ayan na ang prisoner of love mo," pahabol ni Jicker. Tinarayan na lang nya kilay ang nambwiset na kaibigan.

Nakashade pang lumabas si Kevin sa sasakyan nito. Instant ang smile nya nang makita si Jersey na halatang galit na galit. "Good morning, Love."

"San ka galing? San ka dumaan?"

"Bakit ka naman galit agad?" tinanggal nya ang shades nya.

"You're not answering your phone."

"Nasa bag ko, na ginawang unan ni Ara." Niyakap nya na lang si Jersey. "Sorry na."

"Get off me." Kunwari pa!

"Sorry na love.. please? May practice pa tayo oh!"

Nagpout pa si Jersey bago sumagot. "Fine. Accepted. Let's go." At.. nagnakaw pa ito ng isang quick kiss sa pisngi ni Kevin.

"I am marrying a kiss stealer," natatawang sabi ni Kevin at sinundan na lang si Jersey.

\*\*

Nakakatense lang ang wedding practice nila.

Si Jicker ang nag-aarrange sa mga pwesto nila since kausap nina Kevin yung priest na magpepreside sa kasal nila. Kaso stress talaga.

Una, ang kukulit ng flowergirls. Takbo nang takbo sa paligid ng chapel.

Pangalawa, sa sponsors.

Nagkakagulo kasi yung sponsors. Sa kabilang side, nag-aaway sina Jasmine at Miranda about sa regalo nila para sa KevJe.

"Ay nako sabi ko sayo hindi yan yon! Dapat color silver!!!" reklamo ni Jasmine.

"E di sana Ma'am kayo na lang bumili! Pero cute naman po diba? Bagay naman sa kanila yun!"

"AHEM AHEM MGA TEH!" epal ni Jicker sa dalawa. "Excuse me lang po, ano? Umayos na po tayo ng pila."

"Jicker mas magandang pangregalo ang color silver kesa sa green diba?" tanong ni Jasmine sa kausap.

Umextra naman si Miranda. "Mas cute ang green! Para maiba!!!"

"AY EWAN!! PUMILA NA NGA LANG KAYO!!!" natakot ata ang dalawa kaya sumunod na lang sila kay Jicker. Pero that doesn't mean ay tumigil na sila sa pagtatalo.

Aalis na sana si Jicker nang..

"HI JICKER!!!"

\*lingon lingon\*

Sino yung tumawag sa kanya? Yung ibang sponsors.

Pilit na kumaway si Jicker. "H-hi!"

Napangiti naman sina Mira, Leigh, Koleen, Rojen, Alyssa, Jessica, Jiza at Marielle kay Jicker. Patay ka.

Marielle: Hello Jick! Kamusta ka na? ;)

Leigh: Part ka ba ng entourage? =))

Mira: May private photography workshops ka ba this summer? :>

Jessica: May alam ka bang place dito sa LB na pwede tayong mag-hangout? ;>>

Jiza: Bagay ba yung black pumps ko sa dress ko for tomorrow? :D

Koleen: Are you single?

Rojen: Ang gwapo mo ata ngayon ah! Lalaki ka na ba talaga?

Alyssa: Sino ba yung Blanche? Maganda ba yun? Ako na lang!

Jicker: (O\_\_\_\_\_O)

"W-wait lang..." nailang si Jicker sa mga tingin sa kanya ng mga babae. "Nag-aayos lang ako ng entourage byebye meheheh!" sabay takbo sya kina Amae.

"JICKER WAIT LANG!!!!" sigaw naman ng mga bababe. Disappointed sila kasi tinakbuhan ang mga beauty nila!!!

Takang-taka naman sina Keith at Amae nang hinihinal si Jicker na tumabi sa kanila. "What happened?" tanong ni Amae. Binigay pa nya si Jessica kay Keith para alalayan si Jicker.

"Gusto ko na talaga maging bading forever!!! Gusto ko na talagang maging bading forever!"

KeMae: (--\_\_--) BAKIT!?!?!?

"ANG HIRAP MAGING HABULIN!!!!"

(oO\_)

kruu kruu

"Okay lang yan Jicker!" pinalo pa ni Keith si Jicker sa balikat. "Nandyan nama si Blanche!"

"Ha?!?! Wag mo nga akong lokohin Keith! Anong Blanche ka dyan?"

Nagkatinginan ang mag-asawa. "Hindi mo alam?"

Napatingala tuloy si Jicker sa dalawa. "Ang alin?"

Bago pa makasagot ang dalawa....

"JICKERSON HERRERAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!"

Isang galit na galit na Jersey ang nagsisigaw.

"B-bakit?!?!?" dali-dali namang lumapit si Jicker sa pila. Nakita nya dun si Jersey, sa pwesto ng groomsmen and bridesmaids. Nakapamewang na.

"Kanina pa kita hinahanap!!!"

"Inayos ko yung pila ng sponsors! Chill lang!!!"

Hindi na sumagot si Jersey. Instead, hinila nya si Jicker papunta sa dulo ng pila ng groomsmen. "Dito ka!"

"Teka ako una sa groomsmen ah?!?! Ba't nagpalit kami ni JM?!?!"

Kinaladkad din ni Jersey si JM papunta sa harap. "Hi Tanya! Meet JM. Sya ang partner mo sa entourage."

Nahihiya namang naggreet si Tanya. "H-hi JM! Nice to meet you."

"Ikaw naman Mong, kay Shiela ka. Then Lean, kay Danica," pag-eenumerate ni Jersey.

Nawawarla na si Jicker sa pinaggagawa ni Jersey. Hindi naman ganito yung nasa entourage ah!!!  
"ANONG SAPAK MO JERSEY!! SINONG PARTNER KO?!?!?"

"Jersey don't drag me!"

(=\_\_\_=)

Dahan-dahan na tinabi ni Jersey si Blanche kay Jicker. "Kayo ang magkapartner."

Nagkatinginan sina Blanche at Jicker. "Seriously!?!?"

"Bride's orders." At iniwan na sila ni Jersey don.

"Sh\*t no." Pumunta si Blanche sa pwesto ng sponsors at hinila si Guadalaine.

Gulat naman ang hinila nya. "B-bakit po?"

"Gusto mo bang maging bridesmaid? Palit na lang tayo please!!!" pagpipilit ni Blanche.

"Ay okay na po ako sa sponsor!!!" natakot ata si Guadalaine kay Blanche.. "Si Rendell po! Kung ayaw nyong kapartner yung Jicker si Rendell na lang ipalit nyo dun!!! Gusto nyang maging groomsman!!!"

"Hoy anong gusto kong maging groomsman?" gulat din si Rendell. "Ayoko po Miss! Okay na ko as sponsor!!!"

Kukulitin pa sana sila ni Blanche nang hilahin sya ni Jicker pabalik sa pila nila.

"Let me go!!! Don't touch me!! Nangangati katawan ko pag hawak mo ako!!!" piglas ni Blanche.

"Eh ano ngayon kung nangangati katawan mo? Nakita ko na lahat yan. Di ka naman ganun kakinis."

(o/////o) Hinampas ni Blanche si Jicker ng malakas. "SHUT UP!!!!!"

Tumawa na lang si Jicker. "Chill lang. Nasa simbahan tayo, hindi kita huhubaran sa isip ko."

Pulang-pula na si Blanche sa puwesto nya.

\*\*

## EVENING

Pagod na pagod sina Kevin at Jersey sa pag-aayos ng last minute details nila for their wedding. Kalagitnaan ng dinner nila, tinakas ni Kevin ang bride nya.

"Huy san tayo pupunta?" bulong ni Jersey kay Kevin. Patago silang umexit sa backdoor ng bahay nina Kevin.

"Basta. Tara na lang!"

Sumakay sila sa kotse ni Kevin at nagdrive papunta sa campus.

Takang-taka naman si Jersey sa inaasta ni Kevin. "Okay.. ba't papunta tayong college?"

"To relive the days," he answered with a smile.

Ilang taon din silang nagstay dito, bilang hamak na estudyante at bilang professors. Sa campus sila nagsimula ang lahat, dito sila nagkakilala, nagkaasaran.. nagkadevelopan. Basta lahat na! Dito nagsimula yun. Looking back, hindi ganung kaimportante para sa kanila ang paglilibot sa campus. Pampalipas oras lang nila ito. Pero ngayon na ikakasal na sila.. mixed emotions ang nararamdaman nila habang lumilibot. Kumbaga naging significant ang bawat landmark o maliit na lugar na nadadaan nila.. kasi may mga alaala silang dalawa sa bawat lugar na yon.



Ginawa nila yung mga bagay na ginagawa nila dati sa campus: kumain sa BatCave, tambay saglit sa lib, lakad sa Palma Bridge, nagpaprogram kay Oble at kung anu-ano pa.

Last stop nila ay ang CAS Ruins. Alam nyo namang lahat kung bakit isa ang lugar na ito sa pinakaimportanteng lugar para sa kanila.

Natatawag nireminisce ng dalawa ang gabing yon, kung saan ninakaw ni Kevin ang The Best Way To Lose essay ni Jersey at nagconfess.

"Alam mo," sabi ni Jersey habang nakasandal ang ulo nya sa balikat ni Kevin, "Para kang tanga non. Halatang kinakabahan ka."

"Ako kinakabahan? Epic ng mukha mo nung after kong magconfess! Paputol-putol ka pa ngang tumawa nun eh!"

"EH KASI NAMAN!!!!"

"Galit ka na nyan?" tumawa na naman si Kevin. Hindi naman gaanong nagbago ang CAS Ruins. Okay nga yun, para na ring napreserve ang memory nung gabing yon.

"Buti.. umabot tayo sa ganito noh?" mahinang sabi ni Jersey. Nakasmile naman sya.

"Talaga. Manghinayang ka kung hindi ako ang papakasalan mo."

"KAPAL!!!" beat. "Kevin.. bakit gustung-gusto mong pakasalan kita?"

"Seryosong tanong yan?"

"Just answer me, please?"

Huminga muna si Kevin nang malalim at ngumiti. "I want you to marry me because I love you and I want to spend my life with you. Is that so hard to believe?"

She shook her head. Because really, she felt the same way.

"You just.. don't seem like.. the marrying kind, that's all."

"Are you kidding me? A chance to get dressed in a tux, turn a few heads and be the center of attention for a day? I'd get married every day of the year if you gave me half the chance."

"Hang on a minute.. isn't a wedding day when the bride is meant to get all the attention?"

"Wow. 2019 na ngayon, Jersey. Sinong old-fashioned sating dalawa?"

"Ewan ko sayo! Pero alam mo.. mas excited ako sa honeymoon," nagregret agad si Jersey nang sabihin nya yun. Kasi...

"Okay.. excited ka sa honeymoon natin.." a naughty smile formed on Kevin's face. "Hintay ka pa ng honeymoon e pwede naman dito?"

(O.O) "HOW ROMANTIC!!!"

Tawang-tawa si Kevin.

"Hindi naman kasi yun ang point ko!!!" pagpapaliwanag ni Jersey. "I mean.. excited ako kasi sa St. Tropez ang honeymoon natin. It's France! Come on."

"Di naman kagandahan sa France eh."

"Tsss. Buzzkill. Basta maganda dun!!!!"

"Nga pala.. di ko pa pala nakikita ang wedding gown mo."

Evil plan yon ni Jersey, ang hindi ipakita ang wedding gown nya kay Kevin. 6 months nyang tinago sa fiancee ang gown design na yun! Alam nyang may pagka-ninja si Kevin kaya nagdrawing din sya ng ilang fake gown sketches. Matalino talaga si Jersey pagdating sa evil plans. HAHHAHAH!

"Ha? Nakita mo na kaya!"

"Talaga? Wedding gown mo yung katulad ng kay Ursula? Seryoso ka? Di kita pakasalan dyan eh!"

HAH!!! Kapal! "Excuse me! Kung ikaw kaya ang di ko pakasalan dyan! Ni hindi ko alam kung anong itsura ng wedding ring natin!!! Baka mamaya sintas o ugat ng puno lang yon!!!"

Di rin papatalo si Kevin sa evil plan nya. Dahil gusto nyang makabawi sa engagement ring na sintas (na eventually naging simpleng white gold na singsing), pinabonggahan nya ang wedding ring nila. Anong design?

White-gold ring. Na may maliliit na diamonds na nagfoform ng Cassiopeia constellation. Sya nagdesign.

Wala lang. Gusto lang nyang panindigan ang Cassiopeia designs para kay Jersey.

"Grabe naman 'to! Ugat ng puno? Walangya. Hindi naman kita titipirin ng ganon! Basta maghintay ka nalang!!!"

"AH BASTA!!! BAHALA KA!!! BUKAS MO PA MAKIKITA ANG GOWN KO!!!"

"AT BUKAS NA RIN ANG SINGSING!!!"

At hanggang pabalik sila ng bahay nina Kevin, yan pa rin ang pinagtatalunan nilang dalawa.

\*\*

THE DAY

"Still nervous?"

"Will you stop asking me that? Hindi ako kinakabahan. Look at me, chill lang."

Tinawanan na lang ni Keith ang groom na kasama nyang naghihintay sa altar ng St. Marc's Chapel. Sure, ang cool lang tignan ni Kevin, hindi kinakabahan kunwari.. pero panalo ang sweaty palms nito.

"Sure, you don't. I believe you, bro."

"She's 20 minutes late! At hindi naman ganong kalayo ang SEARCA Hotel mula dito. How can she be so late?" Kevin grumbled.

"It's a woman's prerogative to be late.. or something like that," Keith shrugged. Hindi na nya matandaan kung ano yung dahilan ni Amae at late ito ng 30 minutes sa kasal nila almost 2 years ago.

"Palagi naman," sumang-ayon si Kevin. "I need a drink. Pwede kaya yung wine dyan ni Father?"

"Baliw. Naririnig ka kaya ni Lord. Gumaling ka lang balik tomador ka na naman."

"Seryoso ako Keith."

"Oh, that's a surprise, but no. Baka mamaya kung ano pa ang masabi mo sa vows mo, maging Devil Woman bigla si Jersey dito sige ka."

"Naks dre, you care."

"Bakit hindi mo sinabi kay Jersey yung sa wedding ring?"

"Wala lang. Gusto ko lang syang masurprise."

"Baka mamaya naiwan mo na naman yon, tapos baging ang gamitin mo na sub. Wag ganun dre."

"Hawak nung Rommel yung rings. Mas kabado ka pa ata sakin eh!" natawa na lang si Kevin.

"Sira," ngumit si Keith. "Naeexcite lang ako, that's all. Ready na talaga kayo for this."

"Ako hindi ako kinakabahan. Baka si Jersey. Nangangatog na siguro yun sa sobrang nerbyos."

\*

"JERSEY!! STOP FIDGETING!!!"

Hinampas ni Sath si Jersey habang tinatali nito ang corset ng wedding gown nya. Kanina pa kasi malikot ang bestfriend nya.

"I look.. huge," reklamo ni Jersey. "I knew this was the wrong gown! Dapat kinuha ko yung isang gown! Ugh."

"Talaga? Para magmukha ka namang jejemon don. Seriously, pumayat ka talaga! Anong huge huge ka dyan!?!?" mukhang matatalo na si Sath kasi hinihigit na naman pababa ang gown. "...Oh god. Calm down!"

Hinigit ni Sath ang kamay ni Jersey at pinaupo ito sa kama ulit. Sinubukan na naman nitong tumayo.

"..SANTIAGO!!! Look, I know you're nervous but you will ruin your gown! Reklamo ka pa dyan ikaw naman nagdesign! Or worse, you'll give me Bell's Palsy from all the stress How's that going to look in your wedding album? Pag nakita yan ni Nate paglaki nya.. lagot ka sakin."

"Oh great parehas lang tayo. Tell me, why am I even doing this?!?!"

Pinipigilan n iSath na sabunutan ang buhok nya, baka masira na ang kulot na halos 2 hours na ginawa kaninang umaga. Sayang naman yung effort ng hairdresser! Imbis mainis, hinila na lang nya ang full length mirror sa gitna ng room at tinulungan si Jersey na tumayo at humarap sa salamin.

"You chose to marry him, not us. Don't you dare to back out, Miss. Patay ka sakin."

Tumawa ng pilit si Jersey. "Yeah, it's my choice. And I am stupid."

Hinampas na naman sya ulit ni Sath, this time sa ulo. "Isa pang reklamo dyan, susuntukin na talaga kita."

"Masakit yun ah!!!" hinipo ni Jersey yung ulo nya. "Manic issues."

"Kawawa nga si Kevin sa'yo, battered husband."

(= \_\_\_\_ =) "Ang panget ko na."

"Sige sabihin mo pa yan talagang papanget ka."

Tinignan ni Jersey ang reflection nya sa salamin. Actually natutuwa naman talaga sya sa wedding gown na dinesign nya, eto na yung dream gown nya e. Ang inaalala lang nya, baka hindi magustuhan ni Kevin. Sure, gumaganti lang sya. Ayaw ipakita ni Kevin ang wedding rings, sya naman wedding gown! Quits lang.

"Seriously Je, you look stunning," yan na lang ang nasabi ni Sath.

"Do you think.. we can last forever? I mean.. for a long time? You know me, madali akong magfreak out. Impulsive ako and everything.. do you think I could do this for the rest of my life?" parang iiyak na tanong ni Jersey.

Sath held her hand and said,"If you can love him for the rest of your life, then you'll do great. Tiwala lang, Jersey. Alam kong hindi naging madali para sa inyong dalawa ang makarating sa point na 'to.. pero at the end of the day, isa pa rin ang maiisip mo eh. Lahat ng yon ay worth it. And you really deserve each other."

"Hnggggh.. Pinapaiyak mo naman ako Sath eh!!!" niyakap ni Jersey ang bestfriend. Mukha silang timang sa harap ng salamin.

"Tandaan mo 'to ha, nandito kaming lahat para sa inyong dalawa. Kasi ganun din naman kayo samin eh. Sino pa bang magdadamayan diba? Tayo-tayo lang din naman."

"Ano kayang mangyayari samin ni Kevin kung wala kayo?"

"Eh di.. hindi kayo aabot sa kasalang 'to, Jersey." Tumawa silang dalawa.

Naistorbo ang kanilang dramahan dahil sa isang katok sa pinto. Daddy pala 'to ni Jersey.

"So.. ready na ba ang ipapamigay kong anak sa kasal nya?" biro ng daddy nito.

"Daddy naman eh!" tumakbo si Jersey sa ama para yakapin ito. "I'll always be your little girl, Daddy."

Malakas namang tumawa ang daddy nya. "My little girl in her wedding gown. Buti naabutan ko pa 'to. I love you, my little girl."

"I love you more, Daddykins." Mas humigpit pa ang yakap nito.

Bumitaw na ang daddy nya sa yakap. "Teka nga! Dalian na natin, baka sumabog na ang pantog ni Kevin sa sobrang kaba. Let's go."

"Oh wait lang!" nataranta na naman si Jersey. May kinuha itong box sa ilalim ng kama. "This is it."

Naki-extra naman si Sath. "Ano ya-- Oh my God. You still have that?"

"Yes!" binuksan ni Jersey ang box.. ng Yves Saint Laurent pumps na niregalo sa kanya ni Kevin 9 years ago. Sinukat nya ulit ito at.. "Perfect fit!"

"Pano nagkasya yan sayo!?!?"



"Well.. medyo maluwag to sakin before.. and pina-adjust ko lang sya ng onti. Kasya pa!" tuwang-tuwa si Jersey, parang bata.

"Tara na nga! Naeexcite nako!"

Lumapit si Jersey sa daddy nya at kumapit sa braso nito. "So Daddy.. handa ka na bang ipamigay ako?"

"Hmmm," medyo seryosong sabi ng daddy nya. "Eh.. kung mahal mo yung pagbibigyan ko.. hahadlang pa ba ako? Let's go!"

\*\*

CHAPEL

Natataranta naman sina Amae, Jill at Kat sa pag-aayos sa bridal entourage. Si Amae.. ang nakatoka sa flower girls.

"Tricia!!!" saway nito sa bata. "Mamaya pa ihahagis yang flowers!!!"

"Eeehhhh," sagot ni Tricia na parang iiyak na. "Bakit po hindi pa pwede?"

"Mamaya after the wedding pa kayo maghahagis ng flowers!" pinulot ni Amae isa-isa yung petals na nasa lupa. Okay na sana nang...

"WAAAAAAAAAAAAAHHHHHH!!!"

Umiiyak na si Aynirr sa may gilid. Dali-dali naman itong pinuntahan ni Jicker.

"O ba't ka umiiyak dyan?"

"Kasi po.. \*sniffs\* ayaw ko po ng shoes ko!!!" humikbi-hikbi ulit ang bata.

"Ang bata mo pa sapatos agad ang pinoproblema mo!!! Patingin nga!" inangat naman ni Aynirr ang dress nya. "Cute kaya ng shoes mo!!!"

"AYAW KO NITO WAAAAAAAAAAAAAAAAHHHHHHH!!!!" hala nagtantrums na!!! "Gusto ko yung sapatos ni Danix!!!"

Napatingin naman si Jicker sa isa pang flower girl na kahapon pa tahimik. "Danix, patingin nga ng shoes mo." Dahan-dahan namang tinaas ng bata ang dress nya. (O.O) "AKO ATA NILOLOKO MO!!! PAREHAS LANG KAYO NG SAPATOS!!!"

"Color silver yung akin tapos sa kanya blue!!! Gusto ko ng blue!!!!"

(-\_\_\_\_\_ -) "Haynako bata ka! Konti na la--" natigilan si Jicker nang..

"Okay lang naman yang color silver ah! It looks good on you."

Extra na naman si Blanche.

Tumahan naman si Aynirr dahil sa sinabi ni Blanche. "T-talaga po?"

"Naman! Wag ka na umiyak.. sige ka panget ka sa picture!!!" nanakot pa.

"S-sige po tatahimik nako!" pinunasan na ng bata ang luha sa mukha nya. Nang okay na ito, umalis na sina Jicker at pumunta sa pwesto nilang dalawa.

"Magkaibigan nga kayo ni Jersey," sabi ni Blanche kay Jicker. "You're not good with kids."

"Nagsalita ang babaeng nagpakain ng ice cream na may suka at tinatawag na Freako ng Little Bride," gatong ni Jicker.

Kunwaring naoffend si Blanche. "Excuse me! FYI I had enough practice with Maxene's kid."

"Sucks for that kid. Cruella Devil for an aunt."

She playfully smacked Jicker's shoulder and said. "Yabang!"

Sasagot na sana si Jicker nang...

"THE BRIDE'S HERE!!!!!"

Biglang tumahimik ang lahat ng tao sa chapel. Si Kevin naman, for some reason ay biglang natense. Yung coolness ni Kevin kanina? Biglang nawala. Reality hit him.

THIS IS IT.

\*

Jersey took one deep breath as she prepared to stand in front of the pergola and walk down the long pathway to where her groom stood. She couldn't see him just yet, but she could imagine him in his tux, waiting to take her hand. It gave her goosebumps.

"Are you ready?" her Daddy asked her.

Tinginang lang ni Jersey ang Daddy nya and she gave him her most assuring smile, letting the weight on her shoulders finally slip away as she realized what was about to happen.

"More than you could know, Daddy."

With one final kiss on the cheek, nauna nang lumakad sina Sath at ang daddy nya para sumama sa entourage. Si Kevin na mismo ang nagrequest na may solo entrance ang kanyang bride, at tsaka na lang sya ihahatid ng daddy nya pag nasa 3/4 na ito ng aisle ng chapel. Kung anu-ano talaga ang pinag-iisip ng mokong na yun.

Hindi man ito kasing laki o engrande ng mga pinaplano nila nina Amae, Sath at Kat nung high school pa sila, pero at least pinayagan sya ni Kevin na pumili ng mga kanta para sa kasal nila. Magkaiba ang background music na pinili nya para sa entourage march at of course, sa kanyang bonggang entrance.

One deep breath.. and she's ready to go.

\*

Nag-umpisa na magmartsa ang bridal entourage.

"Wow nice," sambit ni Blanche. "Astig, violin version ng Mr. Brightside pa ang music ng entrance natin."

"Baliw talaga yang si Jersey. Plano pa nga nyang Smells Like Teen Spirit ng Nirvana kesa yang Mr. Brightside eh. Buti na lang napagalitan sya ni Kevin."

"I am excited for the both of them," she said with a smile.

Kanina pa may gustong sabihin si Jicker kay Blanche, kaso bwiset 'tong mga daga sa dibdib nya. Natatakot tuloy sya na ewan. "BI--"

Bago pa masabi ni Jicker, biglang kumapit si Blanche sa braso nito. "Get ready. We're next."

Nauna sa kanila sina Tanya at JM, na kanina pa atang magkakwentuhan. Mas lalo tuloy syang kinabahan, pano ba naman sina Kevin at Keithm nakangisi sa may altar na parang ewan!

"Go na!" bulong sa kanya ni Blanche. Ayun, naglakad na sila. Dinaan na lang ni Jicker ang kaba sa pagsabay sa background music. I just can't look, it's killing me.. and taking control...

"Jicker," bulong sa kanya ni Blanche. Nasa gitna pa lang sila ng aisle.

"Blanche, let's talk later." SA WAKAS NASABI NA NYA!!!

Nashock naman si Blanche, pinigilan na lang nya ang sarili na tumigil sa paglalakad. "What?"

"Sabi mo mag-uusap tayong dalawa kung ready na ako.. So.. I am ready. After the wedding, let's talk."

As if on cue, naghiwalay silang dalawa ng landas.

\*

Nang magfade out na ang Mr. Brightside, isang bagong kanta naman ang tumugtog mula sa mga violin. Jersey took her first step towards the aisle setting her eyes to where Kevin stood with the most perfect smile. She couldn't do anything else but return it with a loving smile of her own.

Nasi-tayuan naman ang lahat para sa pagpasok ni Jersey. Amazed ang ilan sa wedding gown nito. Palakpakan naman sila.

Ang goal lang ni Jersey ng moment na yun ay makarating sa altar nang di umiiyak at nadadapa.

Magkatitigan lang silang dalawa ni Kevin sa oras na yun. Wala lang, parang mas balanced si Jersey pag nakatingin sya kay Kevin. Kahit malayo ito, nabasa naman nya ang mga salitang lumabas sa bibig nito.

"About time, too," sabi ni Kevin.

Yes, it's time.

Chapter 59 [Wedding Part 2]

----

Well here we are again

I guess it must be fate

We've tried it on our own

But deep inside we've known

We'd be back to set thing straight

Todo ngiti si Kevin nang makita nyang naglalakad si Jersey palapit sa aisle ng simbahan. Marami syang dahilan kung bakit sya nakangiti ng ganyan ngayon. Una, sa choice of song. Pinabayaan nya si Jersey na mag-isip ng sarili nyang entrance march (nung una kasi biniro nya ito. Enter Sandman ng Metallica ang sinuggest nya, para pang Devil Woman ang dating.) at hindi naman sya binigo nito. Peter Cetera's After All. Wow. Bagay na bagay sa kanilang dalawa yung kanta.

Pangalawa, tinupad ni Jersey ang request nyang bagalan ang lakad nito papunta sa altar. Gusto lang nyang irecord sa utak nya yung exact moment na naglalakad si Jersey papunta sa altar, na para pag ikinwento nya sa mga anak at mga apo nya, saktong-sakto. Wala syang makakalimutan. Detailed: ang hiyawan ng mga tao, ang pamamawis ng mga palad nya, ang paulit-ulit na bulong ni Keith ng "Shet dre swerte mo!", ang pag-iyak nina Sath sa mga kinauupuan nila at.. syempre.

Si Jersey na naglalakad papunta sa altar, na nakasuot ng wedding gown na hindi nya inakalang ganun ang design. Shoot, his bride looks more than beautiful. Iniisip nga nya, may hihigit pa ba sa superlatives ng sa English language?

At pangatlo?

Walang hesitation sa mukha ni Jersey.

"About time, too."

\*\*

I still remember when your kiss

Was so brand new

Every memory repeats

Every step I take retreats

Every journey always

Brings me back to you

Ganito pala ang feeling nun, sabi ni Jersey sa sarili.

Pag nag-oorganize o umaattend sya ng kasal, palagi nyang iniisip kung ano nga ba ang feeling ng bride habang naglalakad sa aisle. Siguro eto na ang isa sa pinakamasayang moment para sa buhay

ng isang babae, lahat ng atensyon ay nasayo. Feel na feel mo na ikaw na ang pinakaswerteng babae sa mundo.

Tapos.. sa dulo ng aisle, naghihintay ang Prince Cha--

Joke. Napangiti na lang si Jersey. Si Kevin, Prince Charming? Lul! Asa! He's the mixture of Dr. Jekyll AND Hyde, Barney Stinson and.. Nathan Scott. Basta, hindi Prince Charming si Kevin. May mapang-asar bang Prince Charming?

Natatandaan nya tuloy yung usapan nila ni Kevin sa kasal nina Sath at Jerro almost 3 years ago. Sabi sa kanya ni Kevin dati, "Always the bridesmaid but will never be the bride."

Well newflash, Mister. She's gonna be your bride now.

\*\*

After all the stops and starts

We keep comin' back to these two hearts

Two angels who've been rescued from the fall

Muntanga si Kevin sa may altar, todo ngiti. Medyo binilisan na nya ang paglalakad, which made Kevin more excited. Nang nasa gitna na sya ng aisle...

tumigil sya.

Napa-awww ang mga tao. Kinabahan naman ang daddy ni Jersey na naghihintay sa may gilid.

"Ano ba yan Jersey! Bagal!" pang-asar ni Kevin, na tumatawa pa.

Nagsmirk na lang si Jersey at unti-unting tinaas ang gown nya, revealing the YSL pumps.



(O.O) <- itsura ni Kevin.

"You still have that?" muntanga nyang tanong.

"AY HINDI KO SUOT!!!!" Tumawa tuloy ang guests.

"NAKO!! BABAGAL PA YAN!!!" ngising-ngisi na si Kevin.

Gumanti naman si Jersey. "Babagalan ko pa!"

Palakpakan naman ang guests kaya binilisan na ni Jersey ang paglalakad. Dumating din sya sa may pwesto ng daddy nya. Nakatawa rin ang daddy nito.

"May topak ka ba ngayon, iha?" tanong ng daddy nya.

"Masaya lang po, Daddy. Come on!" She linked her arms to his.

Kinabahan naman si Kevin sa tatay ni Jersey. Natandaan nya kasi ang banta (hindi naman sa banta, si Kevin lang talaga ang naniniwalang banta yun. Haha!) ng tatay nito nung nagpaalam sya para pakasalan si Jersey. Akala nya kung ano pang ipapagawa ng tatay nito, yun pala inom lang tapos usap. There, binigay din nya ang blessing kay Kevin.

Todo ngiti si Kevin nang ilang metro na lang ang layo sa kanya ni Jersey. Ganun din naman si Jersey, todo ngiti rin. Sinundo ni Kevin ang bride nya.

"Kevin," seryosong sabi ng daddy ni Jersey. "Alam mo na ang mangyayari sa'yo pag umiyak 'to ah."

"Opo Sir!" pinawisan lalo ang mga palad nya.

Sumingit din ang mommy ni Jersey at ang parents ni Kevin. May yakap effect pa ang mga ito. After that, nagkatitigan sila ni Jersey sabay...

Nakapamewang pa si Jersey. "Ano na? Papatali ka na sakin?"

"Pwede ka pang tumakbo. Ano na?"

Tawanan pa silang dalawa. Inextend na ni Kevin ang left hand nito kay Jersey. "Bilis na, para direktso honeymoon!"

(- \_\_\_\_\_ -) <-- itsura nina Sath

(--/) <- itsura nina Keith

Pumwesto na ang dalawa sa harap ng pari nang magkaholding hands.

\*\*

After all that we've been through

It all comes down to me and you

I guess it's meant to be, forever you and me, after all

"Friends, we have been invited here today to share with Kevin and Jersey a very important moment in their lives. In the time they have been together, their love and understanding for each other has grown and matured, and now they have decided to live their lives together as husband and wife. Now, who gives this woman to be wedded to this man?"

Jersey's father stood up and nodded, "I do."

"Thank you," sagot ng priest, "the gift of marriage brings husband and wife together in the delight of sexual union and joyful commitment to the end of their lives. It is given as the foundation of family life in which children are born and nurtured, and in which each member of the family, in good times and in bad, may find strength, companionship and comfort, and grow to maturity in love. The vows you are about to take are to be made in the presence of these witnesses, therefore if either of you knows a reason why you may not lawfully marry, you must declare it now."

Kevin and Jersey both shook their heads.

"At dahil hindi ko na kayang mag-Ingles," natatawang sabi ng pari na bumenta naman sa kanilang lahat, "Kung sino man ang tumututol sa kasal nina Kevin at Jersey, maaari lamang ika'y magsalita na."

"Wala po yan Father," confident na sabi ni Jersey. Tumawa tuloy ang pari.

Luminga-linga ang pari sa paligid, baka mamaya may sumulpot na kung sino dyan at sumigaw ng "Itigil ang kasal!" Pero.. mukhang wala naman.

"Hmm. Akala ko pa naman may sisingit ngayong hapon sa kasalang ito. Sayang, hinanda ko pa naman ang sarili ko," natawa na rin sya sa sarili nya. Binalingan naman nya ang bride at groom. "Kayong dalawa, ready na ba kayo?"

"Naman Father! Go lang!" excited na sabi ni Kevin. Mas hinigpitan pa nya ang pagkakahawak nya sa kamay ni Jersey.

\*\*

## WEDDING VOWS

Medyo kinakabahan si Jersey sa wedding vow nya. Actually wala syang hinandang vow. Gusto lang nyang maging natural ang sasabihin nya. Humarap sya kay Kevin at.. binelatan ito.

"Wow ha," kunwaring nahurt si Kevin. "Nice vows."

"Quiet nga muna! Ako muna please?!"

"Opo Ma'am."

Huminga ulit sya ng malalim.

"Kevin.. wala akong pinrepare na speech for this. Ang goal ko lang kanina ay hindi madapa habang naglalakad ako sa aisle, wag na yung vow. Joke lang! I want this to be natural as much as possible. Sorry kung ganito ah?"

Alam mo bang Icelot ang nickname ko sayo? You may ask why. Because.. you are possibly the most complicated, annoying and bothersome person I have ever come to know, yet you're also caring, passionate and loving. I love your crooked, smug smile and the way you laugh. I love how you make me feel like the most beautiful woman in the world, sometimes without even saying a word. I know I don't always believe in you, but you persist in telling me until I give in. That's another thing, I love your determination and passion.

Kevin.. hindi tayo katulad ng iba na naging madali ang pinagdaanan bago makaabot sa ganitong point. Ang drama kasi natin eh! Mas lalo ka na, parang action movie lang nangyari sayo sa Germany! Ngayon maraming makakaalala satin kasi araw natin 'to.. tatagal yan ng ilang araw, linggo buwan.. pero saglit lang yun eh. Feel na feel natin ang atensyon satin ng mga taong yon. Pero Kevin eto lang ang tandaan mo, hindi ako natatakot na makalimutan ng maraming tao itong araw na 'to, wala akong pakialam kung after 3 days hindi na nila tayo pag-usapan. Well sino ba tayo? Hindi naman tayo malalaos eh, kasi never naman tayong naging sikat.. except ikaw. Joke lang :D

I promise when I am old and cranky, we will still hold hands, go on dates and share our dessert.. pero syempre dapat mas marami ang akin. Thank you for you respect. Thank you for still loving me when I buy yet another stash of vinyl CDs that cost a fortune and I will probably play them once. From this day onward, I am your wife, and you are my husband. And through the course of true love never did run smooth, with you at my side.. those bumps in the road will be so much easier to bear. Through the tears and the laughter we will remain strong and our love will be real.

Cheesy man, pero alam mong totoo 'to. I love you always and forever. Don't ever forget about that."

Partida, hindi umiyak si Jersey habang sinasabi yan ah!

Si Kevin naman, medyo threatened sa speech ni Jersey. Wala rin syang pinrepare! Bibiruin na lang nya ang vow nya.

"I think it would be safe to say that when we first met, neither of us would ever have predicted we would end up here today. I'm sure that if anyone ever suggested it, you would have likely said that they would need to tie you down, and drag you here to marry me, something I'm sure I would have gained immense enjoyment out of nonetheless. Always spoiling my fun, Jersey. Well played." di napigilan ni Jersey na paluin si Kevin.

"See? Battered husband na agad ako! Joke lang guys," sumeryoso na sya. "Yet here we are. And I'm not a fool, I know that it hasn't been an easy road, for either of us. Yet you have trusted, understood and brought out the best in me. You've even perfected your own little eye roll just for me. Joke lang! It's the way I need to be loved. And I want to thank you for that.

Dati may nagtanong saakin, kung magbibigyan daw ba ako ng pagkakataon na baguhin yung 3 years na pinagdaanan nating dalawa, kukunin ko ba yun o hindi? Alam nyo ba kung anong sagot ko? I told him no. Sa 3 years na yun, marami akong natutunan about love and life. Kung babaguhin ko yun, parang niloloko ko ang sarili ko eh. Kung hindi nangyari ang mga yon, siguro hindi ko rin marerealize na pwede pa palang mainlove ako sa'yo nang sobra sobra, Jersey. Akala ko sobra na yung dati, may hihigit pa pala. Ang dami nating natutunan, we even have scars that serves as a reminder for those trials. I don't want to erase those things because no matter how painful and excruciating they are, they deserve the credit for bringing us here today. Sabi ko nga, worth it lahat ng sakit at pagod na napagdaanan natin kasi alam nating pareho ang gagawin na kung may dadating mang problema sa susunod.

Mahal na mahal kita Jersey. Alam mo yan, sobra. Just like what I've told you before, you and I will always be the first. Now, we'll always be the first and last. Not unless.. hmmm. Alam mo na."

Iyak naman nang iyak ang mga babae sa vows ng dalawa. Si Blanche kanina pa nakayuko, kanina pa kasi sya sinisilip ni Jicker kung umiiyak sya o hindi. Drat.

Sumunod naman ang pagpapalitan ng wedding ring.

(O.O) <---- gulat na gulat si Jersey nang makita nya ang wedding rings nila.

"Oh my.." dun na sya naluha. "I love you. Hindi mo naman masyadong kinareer 'tong singsing ah?"

"Pambawi yan sa sintas, sabi ko sayo diba?" ngumiti na lang si Kevin.

Pinipigilan ni Jersey ang sarili na halikan si Kevin, mamaya pa kasi yon. Haha! :D Sumunod na rito ang pagkakabit ng veil courtesy of Paolo and Kat, cord nina Ken at Jill.

"By the power vested in me," mabagal na sabi ng pari, medyo iniinis ata si Kevin. "I now pronounce you husband and wife. You may now.. kiss the bride."

"YEAHMEEEEEEEEEEEEENN!!!!" Kevin exclaimed as he leaned in to finally kiss his wife, ignoring the shouts of "May honeymoon pa! SPG!! SPG!!" from Jicker and "Dude that's my sister" from Tatan and Tops.

Matapos ng kiss na yun...

"MORE!!! MORE!!!!!"

Tawang-tawa si Jersey sa request ng guests. "Ano, Mr. Santos.. more raw?"

"Sa St. Tropez na lang, Mrs. Santos. Para mas matagal."

"Shut up!!!"

Tumugtog na ang Sugarfree ng Ikaw Pala, signal ng kanilang pagmartsa palabas ng chapel.

Nagkatabi na naman sina Jicker at Blanche sa pila. Dapat didiretso sila sa Bulwagang Sarimanok (sa NCA din) for the reception kaso...

"Jicker wait lang, san mo ba ako dadalhin?!?!" gulat na inis na kinikilig na tanong ni Blanche habang kinakaladkad sya ni Jicker sa may tagong part ng garden.

Tahimik lang si Jicker nang dumating sila sa part na yun. Ayaw pang magsalita, kaya nainis si Blanche.

"Sabi ko sayo kausapin mo ako pag ready ka na. Look at you, you're not ready."

Tinignan sya ni Jicker sa mga mata. "Ikaw, ready ka na?"

That caught her offguard. Maski sya hindi sigurado kung ready na ba sya o hindi.

"Mamaya na lang tayo mag-usap. I'm hungry." sabay alis.

\*\*

Punung-puno ng tawa ang Bulwagang Sarimanok. May AVP kasi na pinapalabas about kina Kevin and Jersey. Hiyang-hiya si Jersey sa napanood.

"My goodness that's so embarrassing!!!" nagtakip pa sya ng table napkin sa mukha.

"Ano pa bang bago dun, Mrs. Santos?"

(.\_.) "Thanks ah." Kakakasal lang asaran na agad! Grabe lang.

Sumunod na nangyari ang usual happenings sa wedding. Basta tawa lang sila nang tawa dun! Ang saya lang.

"Okay," sabi ni Amae, na syang emcee para sa reception. "May we request our favorite couple to come down for their first dance."

Inextend ni Jersey ang kamay kay Kevin. "Dali na, sasayaw tayo."

He sighed. "Akala ko pa naman makakaligtas nako!" Kinuha nya ang kamay ni Jersey at inalalayan itong bumaba ng mini-stage.

Busy naman sina Jicker sa table nang..

"OMG," Sath exclaimed. "Yung kakanta.. diba yun yung.. I saw her somewhere!"

Nagtaka naman ang barkada at tumingin na lang sa pwesto ng banda. Oo nga, parang familiar yung babae! Sino yun?!?!

"SHET NA MALAGKET!!!" gulat na inis na sabi ni Jicker. "Yan yung ninja!!! Yung nagsabi sakina nagpropose si Kevin!!!!"

Gulat din ang barkada. Sabay-sabay silang napasabi ng "Yan din ang nagsabi sayo!??!" (---\_\_\_\_----) ang itsura nilang lahat.

Bago magsimulang kumanta ang banda, hiniram muna ni Jersey ang mic kay Amae.

"Yung ibang couples dyan, join us. Naiilang kasi si Kevin, di kasi sya marunong sumayaw. Gusto may ibang kasama."

(o\_o) <- itsura ni Kevin.



\*\*

Every time I look at you the world just melts away

All my troubles all my fears dissolve in your affections

You've seen me at my weakest but you take me as I am

And when I fall you offer me a softer place to land

Nagpunta sa dance floor ang JerSath, KeMae at PaoKat, leaving Jicker and Blanche alone. Magkaharap ang dalawa sa table. Si Blanche busy sa pagkain ng blueberry cheesecake habang si Jicker naman ay kanina pa inom nang inom ng champagne.

Biglang...

nagkatinginan ang dalawa.

"Tara sayaw," yaya ni Jicker. Parehas silang nagulat don.

Parang tuod naman si Blanche, di alam ang gagawin. Naartehan naman si Jicker kaya pinuntahan nya ito sa pwesto at maayos na inalok na sumayaw. Buti naman pumayag si Blanche.

\*

You stay the course you hold the line you keep it all together

You're the one true thing I know I can believe in

You're all the things that I desire, you save me, you complete me

You're the one true thing I know I can believe

"Kevin," bulong ni Jersey. Kanina pa sila paikot-ikot dun sa dancefloor. Buti na lang marami silang kasamang sumayaw.

"Yes, love?"

"Ilang beses na akong nagsasabi ng I love you sayo today?"

"Hmmm.. 23 times."

"Wow, binilang mo ah!"

"Naman. Gusto ko alam ko ang small details sa kasal natin, para memorable."

Nagtitigan na naman silang dalawa.

"Ang saya ko today," nakangiting sabi ni Kevin.

"I know. Sinong lalaki ba ang malulungkot kung ako ang asawa?"

"Yabang."

"Thank you, for all of these. I don't know how to repay you. Sobrang saya ko."

"Repay me? I know a way... it's called honeymoon?" tusong sabi ni Kevin.

"TIGILAN MO NGA AKO!!! Lakas pa ng boses mo!!!" napalingon kasi si Sath sa dalawa at kumindat pa.

"Eh yun lang alam ko eh!!! Ayaw mo?"

"Heheheh France yun di ako tatangi hehehe. Iba na lang muna, wala naman tayo sa France."

"Tsss.. Sige, iba na lang muna. Kiss mo ko."

"Parang bata." Hinalikan nga ni Jersey si Kevin kaso smack lang. "Okay na?"

"Ay kulang. Gusto ko marami."

"Kung sakalin kaya kita?"

"Ganto.. bawat word na sasabihin mo na may letter A.. may kiss ako."

"Eh halo--" hinalikan sya ni Kevin. "What the?!"

"Halos ang sasabihin mo diba? May letter A yon. May kiss."

"Oh.. okay.. so this is a game, right?"

"Yup. Why'd you ask?"

"We should play this often."

Natawa si Kevin. "Baliw ka talaga."

"Yup, I am this crazy to marry you. Now shut up and kiss me. Kasal natin 'to, okay lang PDA."

\*\*

I get mad so easy but you give me room to breathe

No matter what I say or do 'cause you're too good to fight about it

Even when I have to push just to see how far you'll go

You won't stoop down to battle but you never turn to go

Awkward na nagsasayaw sina Jicker at Blanche sa may gilid. Nakita na sila ni Kevin, nginitian pa nga eh. Lalo tuloy silang kinabahan.

"So.." ice breaker ni Jicker. "I heard you're in a relationship. With a French guy."

Blanche surprisingly smiled. "Oh. Yeah, Martin."

"Good for you."

"Actually we broke up," cool pa nyang sabi.

Nagulat si Jicker.. tapos parang natuwa sya. Weird. "Oh. I'm sorry."

"Okay lang. I just wasted a year with that guy. Boring pala ang mga French. Sorry."

"Tama ka dyan. I had this F--"

"AWKWARD!!!" Natawa silang pareho.

Turn naman ni Blanche para magtanong. "May dinata ka raw ah. Congrats! You're definitely back."

"Ah yun? Wala na yun. Epal lang yun."

"May epal palang umabot sa second date? Bakit hindi ka kayo tumuloy for a third one?"

"Ayokong mag-aksaya ng oras," he stared into her eyes.

"Don't look at me like that," medyo bumitaw si Blanche, hininaan ang boses nya.

"What? Anong look?"

"Don't look at me as if nothing happened between us. As if you didn't chose Anna over me. I get it, she's your first love and anything. I don't know what... ugh sh\*t this is so frustrating!!! Hindi ko alam. Baka hindi pa ako ready. I'm sorry." At naglakad ito palayo.

"Blanche wait!" sigaw ni Jicker, sakto lang para marinig ni Blanche. "I have to tell you something. This is important."

Humarap ulit sa kanya si Blanche at medyo lumapit. "What are you gonna tell me? Ha? Ano pang kulang? Don't tell me something crazy like 'You can't live without me' or 'I complete you' or worst, 'You love me'. We both know that's bullsh\*t."

"Wait lang Blanche let me talk f--"

"Just don't say anything! Please. 2 years. I dreaded this moment for 2 freaking years. Jicker.. don't tell me those crazy things.. coz I might do something crazy like.. believe them. I'm scared to do that."

Natameme na naman si Jicker sa sinabi ni Blanche. Habang si Blanche naman, matiyagang naghihintay sa sasabihin ni Jicker. Nang wala itong masagot.. "I get it. After all these years, si Anna pa rin. That b\*tch." Lumakad ulit sya palayo.

"Blanche teka lang!!" hinabol na nya ito palabas ng reception.

Napasabunot na si Blanche. "What?!?! Ano ba yang sasabihin mo ha?!?!"

"Be crazy for me, please."

"Ha?"

"Be crazy for me. If that's the only way for you to believe what I'm going to say, then please be crazy for me. "

Di na napigilan ni Blanche ang maluha. "G@go ka. You don't have to ask, matagal nakong may topak."

Nilapitan sya ni Jicker at hinalikan nito. At first may awkwardness sa kiss na yun, pero unti-unti rin itong nawala.

"I love you," sabay nilang sabi nang lumayo na sila sa isa't isa.

Tapos tumawa na naman sila.

"Baliw ka nga Blanche."

"Told you."

Jicker held her hand tightly. Palakad na sana sila pabalik ng reception nang higitin sya ni Jicker papalayo. "San na naman tayo papunta?"

"Kay Father. Hahabol ng kasal."

(O\_\_\_\_\_O) "OKAY KA LANG!?!?!?"

Benta kay Jicker ang itsura ni Blanche. "Joke lang!!!" umikot ulit silang dalawa pabalik sa may reception. "Kinilig ka naman."

"Hello, kung kinilig ako e di sana namula ako diba. Namutla ako so it means kinabahan ako."

"Okay lang naman, girlfriend na kita."

Girlfriend? Natawa si Blanche sa word na yun. "Lalaki ka na ba talaga?"

"Baka gusto mong patunayan ko sayo ulit? Sa kotse naman, hindi sa sofa?" pang-asar ni Jicker.

Pinalo na lang sya ni Blanche sa ulo. Malakas.

\*

Saktong pagpasok ng dalawa sa reception, naabutan nila ang bouquet throwing. Tinignan ni Jicker si Blanche.

"Oh no," she groaned. "Ayoko."

"Kasal agad iniisip mo eh wala pa nga tayong 5 minutes? Tinignan lang kita ah!!!" Siniringan na lang sya ni Blanche. Akmang hahalikan sana ulit ni Jicker ang girlfriend nang...

"OMG OMG OMG!!!"

Si Jersey yun, nahyper na naman. Sinilip ng dalawa kung anong meron.. at..

si Kat ang nakasambot ng bouquet.

ALAM NA KUNG SINO ANG KASUNOD.

## Chapter 60

Nasa eroplano na pabalik ng Pilipinas sina Kevin at Jersey. Nasa tabi ng bintana si Jersey, nakasandal sa balikat ni Kevin.

"So," Jersey said with eyes closed, "Babalik pa ba tayo sa France, husband?"

Hindi napigilan ni Kevin ang mapangisi nang marinig nya ang word na "France". He caressed Jersey's hair and whispered, "Anytime, wife. Anytime."

Natawa na lang silang dalawa na parang teenager.

Teka, ano bang nangyari sa France?



---

FLASHBACK

4 DAYS AGO

MAY 1

(JERSEY'S POV)

Kanina pa ako natataranta sa pag-aayos ng gamit dito. Yeheeeey! We're going to St. Tropez! YEEEEEEEEEEYYY!!! ANG SAYA KO LAAAAAAAAAAAAAANG!!! >:D<

"BAH YAN!!! ANG BAGAL!!!"

Pumasok si Jicker sa condo ko na parang sya ang may-ari (-\_\_-) Pabayaang nyo na, lalaki na raw sya. Bastos 'tong lalaki (Wow di ako sanay!) na 'to! Kagabi ba naman bigla akong kinidnap para ikwento yung "Be crazy for me" drama nila ni Blanche! Pero in fairness kinilig ako! Capable pala 'tong eps na 'to na magpakilig! XD

"Sorry naman boss ah! Sino ba kasing may kasalanan nito?"

Umupo pa sya sa kama ko. "Ikaw. Ang bagal mong mag-empake! 3 days 2 nights lang naman kayo don!!!"

"Hoy excuse me kasalanan mo kaya 'to! Dapat kagabi pa ako nakapag-empake kung di mo lang ako kinidnap!!!"

"Hoy hindi kita kinidnap ah! Nagpaalam ako kay Kevin! Tss," inagaw pa nya yung tshirt na dadalhin ko sa St. Tropez. "Ewww. Ganyan lang mga damit mo? Wala ka bang revealing dyan or something?"

>/////<

"Wala!!!" inagaw ko sa kanya yung tshirt. Ano ba 'tong si Jick!!! Nakakailang nga eh!!!

Waaaaahh di ko alam kung anong mangyayari samin sa St. Tropez.. well ako naman ang pumili ng pupuntahan namin don, yung resort na overlooking sa beach. WAAAAAAAAAAAAH PERO ANONG GAGAWIN NAMIN DON!!! OMG LANG I DON'T KNOW WHAT TO DO MAYGAAAAAS BIGAAAS!!! Well nagplano nako ng activities namin don pero waaahhhhh!!! \*disturbing mental images\*

"Weak ka pala Je! Art of Seduc--" binato ko na sya ng sapatos ko. "ARAY!!! Suggestion lang naman, Mrs. Santos. Matagal-tagal din kayong magsasama, hindi mo matatakas yon."

"Sus, kayo nga ni Blanche hindi pa nagsasama kung ano na..." I trailed off. Mali kasi akong nasabi!!!

"O ANO MALI KA PA!!! Kami nga ni Blanche hindi pa mag-asawa non, pano pa kaya kayo nun!?!?"

(-\_\_\_\_\_ -) Tumigil ako sa pageempake at tumabi kay Jick sa kama. "Eh kinakabahan ako!!!"

"Jersey, ang first time ay parang katulad lang nung first time kang makakuha ng singko sa college, it hurts," malumanay pa nyang advice.

"Uhhh.. never akong nakakuha ng 5, Jick."

Hinampas nya ako ng unan. "YABANG!!! IKAW NA MATALINO!!!"

"Eh totoo naman eh!!!! Ugh."

Nag-ayos sya ng damit at bumaba sa lapag, sya na ata ang mag-eempake for me. "Wala ka naman lang VS na lingerie?"

( \_ \_ ) "WALA!!!"

"Wait lang," lumabas ito ng kwarto. After 2 minutes, bumalik ito na may dalang black paper bag.

"What the heck is that?"

"Wedding gift," sabay haggis ng paper bag.

(O \_\_\_\_\_ O)

"OH NO I AM NOT WEARING THIS!!!!" hinaggis ko palayo yung paper bag. Yung laman kasi.. ano.. BASTA!!!!

Amused na amused naman si Jick sa reaction ko, hagalpak eh! "B-bakit ayaw mo? Binili ko yan for you!!!"

"PANO MO NALAMAN SIZE KO!???"

"Duh, photoshoots. Nagpakasal ka lang t@nga ka na."

"Lul."

Pinulot nya yung paper bag sa may sulok ng kwarto ko. "Eto naman, walang thoughtfulness! Niregaluhan na nga eh!!!"

"HINDI NGA KASI AKO NAGSUSUOT NG GANYAN!!!"

"NUNG PHOTOSHOOT MO NGA NAGSUOT KA NG GANYAN!!! ALAM BA NI KEVIN YON!!!!!"

Ayshet. Hindi ko pala nasabi kay Kevin yon! Eh ang tagal na nun! A year before bumalik si Kevin dito sa Pinas. Ungaktin ko pa? UGH.

"Ewan ko sayo! Chupi!!!" tinulak ko sya palayo sa maleta ko. Baka kung ano pa gawin eh!

"Ano ako, aso?"

"Pwede rin! Bantay!!!!"

"Tsss." humiga sya sa kama ko. Feel at home talaga? Ugh. "Advice lang Je, wag kang masyadong uptight sa honeymoon nyo. Fail na nga yung stag party nya tapos... alam na!"

"Pwede ba wag mo nga pakialaman ang diskarte ko!? Imbyerna ka eh!"

"WOW! May plano ka na?" he exclaimed. Biglang naging excited!!! "Share naman dyan!"

"SECRET!!!!"

Sa totoo lang wala akong plano. Eh kamalayan ko ba dun, diba? huhuhuhu shet lang. Bahala na talaga!

--

PLANE

Kahit tahimik si Kevin, feel na feel ko ang excitement nito. Goodness mga lalaki talaga. Sakit sa ngipin!!! Ayun, para makaiwas sa usapan.. natulog na lang ako. Super inaantok na talaga ako zzzZZzzzz...

Ayos na sana ang tulog ko nang..

\*poke poke poke\*

"Kevin ano ba..."

\*poke poke poke\*

"Inaantok ako..." humarap na lang ako sa kabilang side. Bahala sya.

"Je.. hoy pansinin mo naman ako."

....

Fine, I turned around and faced him, one eye open. "What?"

Nginitian lang ako ng lokong 'to. "Nothing."

"Psh. Inaantok nga ako! Kulit nito."

"Sandal ka na lang sakin." He even patted his shoulders. What iz.

Syempre mabait naman ako, sumandal nako sa kanya. May yakap effect pa syang nalalaman! Kaloka talaga 'to.

"You smell nice," sabi ko. Waaahhhh ang bango talaga ng pabango nya!

"I know," sabay kurot sa tagiliran ko.

"Wag mo kong kurutin masasapak kita!"

Sinandal naman nya yung ulo nya sa ulo ko. Parang tanga. "Sige ka, magrereport ako. Battered husband."

"Wow, so ipapakulong mo ako? Pababayaang mo na lang masayang ang ganda ko sa kulungan?"

Tumawa naman sya. Baliw! "Joke lang po, Mrs. Santos. Shet sarap pakinggan!"

"Funny," pero kinilig ako dun. WAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAHHHHH ANO BAAAAAAAAAAAAAAAA >///<  
Hinawakan ko yung kamay nya na nasa may bewang ko, baka kasi kung saan mapunta eh. Haha! :D  
Parehas kaming nakatulog sa ganung pwesto. Kinikilig talaga ko >/////<

--

Sa Marseille International Airport nagland ang plane na sinakyan namin. From here sasakay kami ng train papuntang St. Tropez. Another 2 & 1/2 hours ng byahe! Kapagod (O.O)

Magkaharap kami ni Kevin sa train. Ang ganda pala sa France pag 7am! Kitang-kita yung green pastures.. tapos yung sunlight parang gold.. waaahhhh!

\*click\*

\*lingon\*

"Stolen na naman ako dyan!!!" inis kong sabi kay Kevin. Nakakainis naman kasi 'to! Kanina pa ko kinukunan ng picturr, stolen naman!

"Hindi kaya. Mukha ka lang timang," tuwang-tuwa pa sya sa shot na yun. Arrgg.

Bakit kaya hindi ako tinabihan nito? "Uyy, wala akong katabi."

"Ha? Okay lang yan, matanda ka na."

"Sungit!!!" tumingin na lang ulit ako sa labas. Bahala sya dyan wag syang tatabi sakin! Uupakan ko 'to.

\*few minutes later\*

"Usog."

Akala ko kung sinong foreigner o Pinoy yung nagsabi sakin non. Asawa ko pala.

"Tanga, wala na kong uusugan. Nasa may bintana nako. Dun ka na." Aba, may karapatan akong magtampo!!!

Natural hindi natinag tong ever pogi kong bo--asawa. Shet di ako sanay! Umupo sya sa tabi ko tapos kinutingting na naman ang camera nya. Bakit ba ayaw ako pansinin nito? Huhuhu <////3 Alam ko na! Kahit kilabutan man 'tong eps na 'to.. magpapakute ako. Hahaha joke lang :D

Niyakap ko yung braso nya. "Uuyyy..."

"Hmm." Hindi man lang tumingin! Isa pa Jersey! Kaya yan!

"Bakit hindi mo ako pinapansin?"

"Nilawayan mo ako kanina sa eroplano."

(- \_\_\_\_\_-) Tinignan ko naman yung balikat nya, inamoy ko na rin...

NAKAKAHIYAAAAAAAAAAAAAAA!!!

Bumitaw agad ako. "S-sorry.." Ano ba yan! Kainis!

"HAHAHAHAHAHAHAHAH!" sabi na nga ba epal 'to eh. Hinigit nya yung buhok ko. "Okay lang, sanay nako."

"Ewan ko sayo! Yun lang pala hindi ka na namamansin! Badtrip."

"Galit na misis ko?" nakangisi na naman sya. Kainis.

"Hindi mo ako madadaan sa misis mong yan. Nakakainis ka."



Hinawakan nya yung right hand ko. "Mrs. Santos hindi yan cute."

Jersey kagat ng labi!! Wag kang ngu--

"Ngingiti ka rin pala ah!" inasar pa ko. Psh.

\*tingin sa bintana\* "Hindi kaya."

"Ang ganda talaga ng asawa ko!" bulong nya sakín sabay nakaw ng kiss sa pisngi.

EH KINIKILIG AKO ANO BA!!! HAHAHAAH "Fine fine fine. Hindi na galit!"

"Talaga?" tumango na lang ako. "Kiss mo ko."

(\*.\* "Mamaya na. PDA!!"

Sumilip pa sya sa paligid. "Walang nakatingin! O dali kiss na." Humarap pa sya sakín. Tapos.. nilapit ang mukha nya. WTF!!! Kiss? Ayun, I gave him a quick peck on the lips.

"Ayan na okay na yun."

"Bitin. Honeymoon eh."

"Subukan mo pa idahilan sakín ulit yan uupakan kita."

Ngumiti na lang sya at medyo lumayo sakín. At last makakahinga na rin! "Fine, okay lang. Tiba-tiba naman ako mamaya."

\*gulp gulp\* SHET ANO RAW!?!?! KUNG ANU-ANO NA NAISIP KO!!!! WAAAAAAAAAAHHH JICKER HELP MEEEEEEEEEEEEEEEEHHHH!!!

--

Nakarating kami sa St. Tropez around 8:45 am. WAAHHH ANG GANDA! In fairness ang galing kong pumili ng resort! Ang cute cute lang!

"Ano ba yan," reklamo ni Kevin. Binababa nya yung blinds sa kwarto namin. "Medyo malamig pala ngayon dito. Badtrip."

"Sorry naman ah! Kung gusto mong pumunta ng Egypt e di go. Ako na lang dito!" gumulong na ako sa kama. Ang lambot!!! Sa sobrang aliw ko sa kama di ko namalayan na humiga na sya don. So paggulong ko pabalik... bigla nya akong niyakap.

"Heheheh nandyan ka na pala." Medyo madilim na sa room, nakababa na lahat ng blinds. "T-tara na! 9:30 na yung start ng tour natin hehehe"

Ayaw patinag ng loko! Mas hinigpitan pa nya yung yakap sakin. "Pass muna tayo sa tour, please? We're not here for a vacation. Honeymoon 'to, Mrs. Honeymoon."

"Shut up, smart @ss! Parehas naman yung dalawang yon ah!" di ko na keru ang tignan sya sa mata! KYAAA!!!! Ayoko na kung ano na naiisip ko oh help me here!

"Iba kaya ginagawa pag honeymoon." TANGNA WALA NA WALA NA GOODBYE V-CARD NA JERSEY BEDROOM VOICE NA GAMIT!!!! Somebody catch me~ Di na lang ako nagreply. Bahala sya!

Maya-maya.. may naramdaman ako sa may spine ko. His fingers are trailing my back!!! Kinilabutan ako shet lang!!!!

"Jersey.. don't sleep. Let's do something.. productive."

(O.O) AYOKO NA TALAGA! KUNWARI TULOG KA! KUNWARI TULOG KA!!! KUNWARI TULOG KA!!!

Yung fingers nya.. lumipat naman sa braso ko.. huhuhu tulungan nyo po ako dito ples....

Sasagot na sana ako nang.. kinurot nya ako sa tagiliran.

"ARAY!!!!!" gising agad ako! Sakit non ah!

Tumayo na sya at naglakad papunta sa may CR. "Malapit na mag-9:30! Malalate tayo sa tour."

WOW. Bipolar talaga 'to. (-\_\_\_-)

---

Buong araw lang kaming nag-ikot dito sa St. Tropez. Ang lamig dito ngayon!!! Huhuhuhu tama nga siguro si Kevin, dapat sa Egypt na lang kami pumunta. Pero okay na rin dito, ever since talaga pangarap ko na makapunta dito sa St. Tropez! Ang ganda kasi pakinggan ng pangalan eh! XD

In fairness, kahit trip talaga ni Kevin sa Egypt, nagustuhan nya rin dito sa France. Ang dami naming nalibot! Saint Tropez Citadel, tapos yung Old Town! ANG GANDAAAAA!!!!!! Nakakatuwa talaga! Tapos yung museums pa! Todo tanong si Kevin sa curator non, syempre in French. Sakit sa ulo! Ni hindi ko sila maintindihan. Sana pala tinuloy ko na lang yung French lessons ko before! Ugh.

Pero pinaka naelibs kaming dalawa sa Musée de la Photographie et de la Musique. Shet, a musician's dream 'to! Ang daming musical instruments maygad! Sayang gusto ko pa naman hawakan yung harp, kaso bawal. Tsss.

Sinabay na rin namin ang foodtrip at shopping habang nasa town kami. Ang cute ng hats nila dito! Waaaahhhh! Pera pera pera mahal kita XD

Around 4pm na nang puntahan namin ang last destination namin for the day, ang Moulins de Pallas. Sobrang taas nitong lugar na 'to, and sabi ng tour guide, maganda raw ang view mula doon, at kitang-kita raw ang Cap Camarat at Bay of Cavalaire. Habang paakyat kami don, may isang American tourist ang nagtanong dun sa tour guide kung saan daw yung nude beach sa Saint Tropez.

"Oh nude beach?" the tour guide exclaimed. "It's Plage de Tahiti! There!" tinuro pa nya kung san banda.

"Naks, malapit lang pala yun sa resort natin," bulong sakin ni Kevin. Kaming dalawa lang yung Pinoy sa group na yun.

"So anong gagawin ko? Maninilip ako?"

"Wala akong sinabi.." nagsmirk na naman. Bwiset.

"Feel ko mamaya after natin dito didiretso ka dun. Go lang, di kita pinagbabawalan."

Inakbayan nya muna ako bago sumagot. "Sus, nude beach pa. Nandyang ka naman."

>/////////< OH DEAR LORD PLEASE LANG. Siniko ko nga sya!!! ARG.

Jersey isip isip isip!!!! ISIP!!! Malapit na magdilim!!! ISIP!!! ANO BANG PWEDENG GAWIN!?!?! Teka wait nakakahingal naman akyatin 'tong Moulins de Pallas na 'to! UGH!!! Pa-- AHA!!!

\*minutes later\*

"OUCH!!!"

Tingin naman lahat sakin, si Kevin nag-alala bigla.

"What happened?" tanong ng tour guide. Niready nya agad yung first aid kit nya.

"Uhh... I think I sprained my ankle." Syempre joke lang yan!! Hindi talaga ako nasprain pero masakit talaga ang mga paa ko. Hello naman hiking di ako prepared!!!

"Oh we need to go back!" sabi nung isang British na kasama namin, mukhang nag-alala sakin.

Si Kevin naman biglang bumaba sa harap ko. "Buhatin na lang kita."

(O.O) "H-ha? Wag na! Okay lang ako."

"Isa Jersey ihuhulog kita dito."

(--\_\_-- ) Pasalamat sya hindi sya naiintindihan ng mga kasama namin! Akala nung foreigners nakakakilig yung sinabi ni Kevin. Kung alam nyo lang!

Sumakay na lang ako sa likuran nya habang paakyat kami. PLAN SUCCESSFUL!!! Hanggang pababa ako aacting ng ganito para mapagod sya tapos makatulog na lang mamaya! HEHEHEHEHEHE! =)))  
ANG TALINO KO TALAGAAAAAAAAAAAA!

"Hey," sabi ko sa kanya habang pababa na kami ng Moulins de Pallas. Ang ganda nga ng view! Pero feel ko mas maganda dun pag sunrise. HAHAHA! :D "O-okay nako. Put me down."

"Ayoko nga."

"Mabigat ako! Okay la-"

"Gumaan ka nga eh. Hindi ka kasi kumakain. Pagbalik sa resort nako kumain ka."

"Ehhh.." nakonsensya naman ako bigla! Nakakaloka!

Nilingon nya ako. "Masakit pa ba?"

"M-medyo."

"Sa susunod wag tanga, okay? Akala ko pa naman sinadya mo yun para mabuhat kita, yun pala masakit talaga." Ay di nya pansin na acting lang yon? HAHAHAHA! Galing ko talaga! (^.^)

"Opo."

"Badtrip naman yan oh," inis nyang sabi. "Wrong timing yang sprain mo. Pano na mamaya? Badtrip."

WOW HA. AKALA KO PA NAMAN NAWALA NA YUN SA ISIP NYA!!! GRABE TALAGA TONG LALAKING TO!! Ganto ba talaga 'to katigang? kruuu kruuu

-

So pagbalik nga namin sa resort, pinakain nya ako ng marami. Nakakainis ang sakit ng tiyan ko! Pano kaya ako makakatulog nito? UGH. Kinakabahan akong pumasok ng kwarto namin. Kahit na alam nyang may sprain ako.. feel ko di pa rin ako ligtas! Waaahhh shet ayoko na. May isa pa kaming gabi!!! WAHHH NO NO NO.

Nauna na sya sa CR para maligo, buti hindi ako ininvite. HAHAHA! Asa ka girl. Ako naman nag-ayos ako ng gagamitin ko pang tulog nang...

(O.O) (O/////////O)

"ANONG GINAGAWA NITO DITO!?!?!?" napasigaw tuloy ako!

Yung lingerie na regalo sakin ni Jicker! BAKIT NASA GAMIT KO!!!

"Jersey okay ka lang?" sumilip si Kevin mula sa bathroom door.

Agad ko namang tinago yung lingerie. "H-ha? Okay lang. Nawawala kasi yung charger ko. Naiwan ko ata."

"Sira, iniwan mo talaga. Share tayo ng charger, remember?" binelatan pa nya ako bago sya bumalik sa CR.

PANO NALAGAY 'TO NI JICKER DITO!?!?!? OMG!!! Pinagkasuksok ko sa hidden compartment ng maleta ko yung lingerie. Grabe shet lang (O.O) Ayun tuloy, ilang na ilang ako nung lumabas si Kevin sa CR. Buti na lang nakadamit sya!!! WAAHHHH!!! Nung ako naman ang maliligo, sinigurado ko na nakalock yung pinto. Tinagalan ko na rin! Almost an hour din akong nasa CR!! Sana tulog na sya sana tu--

SHET HINDI PA PALA.

Ayun, naglalaptop na naman. Program na naman. Eto talaga ang kabit ni Kevin eh. Nakakainis!

"Bawal trabaho dito aba!" biro ko sa kanya. Umupo ako sa right side ng kama, nagpapatuyo ng buhok.

"Hindi naman 'to trabaho. Selos ka naman."

"Heh." The usual lang naman ang suot ko: malaking tshirt tapos boxers. Aba ayoko nang magsuot ng kung anong revealing dyan! Baka.. waaaaahhhh!!! Moments later, napahikab nako. Pinatay ko na yung lampshade sa side ko.

"Tulog ka na?" tanong nya sakin. Sa wakas binitawan na rin nya ang laptop nya! WAAH JOKE SANA WAG NYANG BITAWAN YON!!!

"Yup. Good night!" tumagilid agad ako. Naramdaman kong humiga na rin sya at.. niyakap ako.

He placed his chin on my shoulder. "Tell me, hindi ka talaga nasprain noh?"

Napamulat agad ako dun!! Hala patay! "H-ha? Masakit kaya! Nakita mo naman kanina diba na hindi ako makalakad?"

"Eh bakit nung lumabas ka ng CR parang ang ayos ng lakad mo?" hala shet patay!

"Hehehehe.."

Pinihit nya ako para mapaharap ako sa kanya. Kahit madilim kitang-kita ko pa rin ang facial features nya. Kahit madilim, pogi pa rin. Shet ano raw? HAHAHAH! Mag-eexplain pa sana ako nang bigla nya akong halikan. Nakakagulat naman 'to! Yung halik nya.. bumaba na sa may leeg ko. Sht lang please ple--

Bigla na lang syang natawa. Nakiliti naman ang leeg ko dahil don! ANO BA!!!

"W-why are you laughing?" okay bakit utal utal nako? (-\_\_\_\_-)



Inangat nya ang mukha nya para magkalevel ulit kami. "Nothing. I.. won't force you. If you're not ready.. then it's okay. Inaasar lang kita kanina, mas maganda ka pag naiinis."

Di ko napigilan ang sarili ko na sapukin sya. "Wow ha. Salamat sa biro mong yan, naparanoid akong buong araw! SALAMAT AH!!!" Napatigil na lang ako, nakatitig na pala sya saakin. "Kevin.. thank you. For understanding. And I'm so sor--"

"Sshhh. Okay nga lang eh, wag na makulit. Tulog na lang tayo, sakit ng likod ko kanina. Kalabaw ka na naman."

ROMANTIC NA YUNG MOOD EH!!! ROMANTIC NA!!! BIGLANG MANG-AASAR!?!?!? "Salamat ah. Joke lang pala yung gumaan speech mo kanina? Thanks, husband."

"No, thank you, wife. Nang dahil sayo.. pang number 3 na ang salitang self-control sa dictionary ko."

>/////< Hinampas ko sya ng unan. "MATULOG KA NA NGA LANG!!!"

---

The next day si Kevin naman ang boss. Sya ang gumawa ng aming itinerary. Una muna nagrent sya ng yacht para dun kami nagstay for the night. Isang gabi lang talaga kami dun sa resort. Ewan ko ba dito kung bakit yacht pa ang gusto! Dun ko lang nalaman na marunong pala syang magpaandar ng yacht! Bongga ng asawa ko! WAAAAAHHHH >///<

After naming mag-ikot gamit ang yacht (ayoko ng yate, gusto ko yacht para sosyal! XD), bumalik kami sa town para bumili ng pasalubong at kumain na rin. Nagdecide kaming maghiwalay sa pamimili ng pasalubong since maarte sya sa mga bagay na yun.

Habang nasa isang souvenir shop ako...

\*ring ring\*

Ha? Si Jicker? Ay oo nga pala, nakaroaming ako. Suggestion ni Amae XD

"KAMUSTA????? EFFECTIVE BA ANG LINGERIE!?!?!?" sigaw nya sakin.

"Sshhhh Jicker ang ingay mo!"

[Sorry naman naexcite! Ano, nasurrender mo na??]

"Bakit mas excited ka pa sakin ha?"

[Hindi pa? Ay korni.]

"Excuse me! Okay lang sa kanya. Kung ready ako, then go."

[Jersey ano ka high school!!!!]

Si Blanche ba yon? (O.O)

"Walanya ka Jicker! Nakaspeakerphone ba ako?"

[Naman!]

"Sht ka!!! Nakakainis kayong dalawa!"

[Hoy Jersey, bumawi ka naman kay Kevin! Tagal din naghintay sayo nyan!!!]

(-\_\_\_\_\_ -) "Don't gang up on me!!!"

[Suggestion lang namin ni Blanche yon. Sige, goodluck sa'yo Je. Dapat pagbalik mo dito.. alam na.]

At binabaan ako ng phone! Kainis!!!

Hala nagUILTY naman ako bigla. Waaahhhh ano baaa! Ano baaaa ano baaaaaaaaa!!! >///  
<

BAHALA NA NGA!!!

---

## NORMAL POV

Enjoy naman ng mag-asawa ang buong araw nila, foodtrip at todo pasyal silang dalawa. Last night na nila sa St. Tropez kaya sinusulit na nila ang panahon sa napakagandang lugar na yon. They decided na sa yacht na lang kumain ng take-out nila, with matching wine.

Kwentuhan lang, picture dito blahblah blah. Boring.

Fastforward sa after dinner.

Pumasok na ang dalawa sa kwarto nila. Spacious naman ang room nila. Medyo nahihilo si Jersey kasi gumegewang yung yacht. Mas nauna syang maligo kesa kay Kevin, na busy sa pagtransfer ng pictures nila ni Jersey sa laptop nito.

Slightly disappointed si Kevin nang makita nyang malaking tshirt at boxers pa rin ang suot ni Jersey sa pagtulog. Oo, sinabi nyang okay lang sa kanya maghintay, pero di naman mapipigilan ang umasa sya na ngayong gabi na yun diba? Sya na atat.

Konting usap ang dalawa bago maligo si Kevin. Habang nasa CR na si Kevin.. kumatok si Jersey.

"Kevin?"

"Ano?!"

"Pwede bang dalian mo?"

Nainis naman si Kevin, kakagamit lang nya ng CR ah! Anong problema nun? "Bakit?"

"May surprise ako sayo."

Biglang namilog ang mga mata ni Kevin nang marinig nya ang word na 'surprise'. Wow, eto na talaga! Dali-dali nyang tinapos ang paliligo, nagtoothbrush pa bago lumabas. Iniisip nya kung ano kaya ang nagpabago sa isip ni Jersey at bigla 'tong naging ready. Nakonsensya kaya? Eh hindi naman sya nangongonsensya ah!

"Okay hormones, chill lang muna," bulong ni Kevin sa sarili bago nya pihitin ang doorknob. Medyo nakakapikit pa sya nang lumabas.

"Jersey ano ba yang surprise mo?" tanong nya, nakapikit.

"Lapit ka dito sa kama!"

\*gulp shet eto na\*

Narinig nyang tumawa si Jersey. "Hey, bakit ka nakapikit? Okay ka lang?"

"A-ano ba yang surprise mo?"

"I'm sure matutuwa ka! Open your eyes, husband," medyo seductive na sabi ni Jersey.

Nang buksan ni Kevin ang mga mata nya....

(O.O) (O.O)

"ANO YAN!?!?!?"

Tuwang-tuwa si Jersey nang inangat nito ang 'surprise' nya para kay Kevin.

"Duh Kevin, ngayon ka pa lang ba nakakita nito?!?"

(O.O) (O.O)

"KEVIN ANG OA!!! COLORING BOOK LANG GANYAN REAKSYON MO!!!"

Oo.. coloring book.

Coloring book.

Coloring book ang surprise ni Jersey sa kanya.

Wala na. Nawala na yung excitement nya. (\_ \_)

Umupo si Kevin sa tabi ni Jersey. Coloring book? Dora the Explorer? Ben 10? ANONG GAGAWIN NYA DYAN!?!?! HA!?!?!?! "P-para san yan?"

"Masaya magcolor! Tara!!!" May pinulot na paper bag si Jersey sa ilalim ng kama. "Ay sh\*t!"

"Bakit?"

"Wala akong crayons!!!!"

(-\_\_\_\_\_ -)

Tarantang-taranta naman si Jersey. "WAAAAH CRAYONS!! CRAYONS!!"

"Jersey parang bata!"

"Gusto ko magcolor!!!!"

(-\_\_\_\_\_ -)

Lumapit si Jersey sa asawa, parang nagpapacute. Nakaramdam naman si Kevin. "Nako.. Jersey..."

"Kevin... bili mo naman ako ng crayons..." ginamit na nito ang bedroom voice nya. patay.

"Ha? Bukas na lang! Matulog na lang tayo!"

"Please? Please? Please?" nagpabeautiful eyes pa ito.

Bumigay na rin si Kevin. "Sige na nga! Wait lang, magpapantalon lang ako."

"Yeheeeey! Gusto ko yung 64 colors!!!" (-\_\_\_\_\_ -)

-

Kahit malamig sa labas, bumili pa rin si Kevin ng crayons. Buti na lang may malapit na taxi sa may yacht port kaya madali syang nakapunta sa town. Hindi nya mahanap ang point ng pagbili ng crayons! At bakit ba may coloring book? Baliw na ba ang asawa nya? (--\_\_\_\_--)

Halos 40 minutes din bago sya nakabalik ng yacht. 3 shops pa ang napuntahan nya bago nakahanap ng 64 Crayola Crayons. (---\_\_\_\_---)

Nagulat naman sya nang.. nakalock ang pinto ng kwarto nila.

"Jersey!!!" katok katok.

"Wait lang!!!"

....

"Okay na!!!"

Saktong di na nakalock ang doorknob nang pihitin nya ito.

"Hoy eto na yung crayons m---"

(O.O) (O.O) (O.O) (O.O)

Nahulog nya ang paper bag na may crayons.

"Oh. Hello there," amused na sabi ni Jersey.

Nanuyo na ang lalamunan ni Kevin sa nakita nya.

Pano ba naman si Jersey.. si Jersey..

\*gulp\*

She's wearing nothing but a roll of wrapping paper and several strategically placed bows.

ALAM NA.

\*\*\*\*\*



END FLASHBACK

----

Di talaga mabura sa mukha ng mag-asawa ang ngiti sa kanilang mukha nang sinalubong sila nina Jicker sa airport.

"Kamusta Saint-Tropez? Okay ba?" masayang tanong ni Amae kay Jersey after nya yakapin ito.

Tumingin muna si Jersey sa asawa na nakangiti rin pala sa kanya. "Unforgettable. Babalik nga kami don next year."

Silang dalawa na lang ang nakaintindi non.

--

## Leng's Note:

HI GUYS!

Yes, bitin po ang ending ng nasa soft copy na ito. For the special chapters, please go to: [www.wattpad.com/user/shirlengtearjerky](http://www.wattpad.com/user/shirlengtearjerky) and click the TDG Book 2 Story Group. Nandun po nakapost ang special chapters! Thanks guys XD